
MGA TURO NG MGA PANGULO NG SIMBAHAN

# BRIGHAM YOUNG



MGA TURO NG MGA PANGULO NG SIMBAHAN

# BRIGHAM YOUNG

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Lungsod ng Salt Lake, Utah

Pahina 8: *Pagtawid sa Mississippi sa Ibabaw ng Yelo*, ni C.C.A. Christensen. © sa kagandahang-loob ng Museum of Art, Brigham Young University. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.

Pahina 48: *Ang Sermon sa Bundok*, ni Carl Bloch. Ang orihinal ay nasa Chapel of Frederiksborg Castle, Denmark. Ginamit nang may pahintulot ng Frederiksborgmuseum.

Pahina 102: *Sa Kanila na nasa Huling Bagon*, ni Lynn Fausett. © sa kagandahang-loob ng Museum of Art, Brigham Young University. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.

Pahina 144: *Gawin Ito Bilang Pag-alaala sa Akin*, ni Harry Anderson. Ginamit nang may pahintulot ng Pacific Press Publishing Association.

Pahina 148: Kopyang larawan sa kagandahang-loob ng Utah State Historical Society, Charles W. Carter.

Pahina 170: Kopyang larawan sa kagandahang-loob ng Utah State Historical Society.

Pahina 255: *Panghuhuli ng mga Pugo*, ni C. C. A. Christensen. © sa kagandahang-loob ng Museum of Art, Brigham Young University. Ang lahat ng kaalaman ay nakalaan.

Pahina 260: *Nilusob ng mga Mandurumog ang Unang Paninirahan sa Jackson County, Missouri, 1883*, ni C. C. A. Christensen. © sa kagandahang-loob ng Museum of Art, Brigham Young University. Ang lahat ng kaalaman ay nakalaan.

Pahina 264: *Milano ni Haun*, ni C. C. A. Christensen. © sa pagpapaunlak ng Museum of Art, Brigham Young University. Ang lahat ng kaalaman ay nakalaan.

Pahina 345: *Dinalaw ni Joseph Smith si Brigham Young mula sa Daigdig ng mga Espiritu*, ni Clark Kelley Price. © Clark Kelly Price.

© 1997 ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Pagsang-ayon sa Ingles: 10/95
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 10/95
Pagsasalin ng *Teachings of Presidents of the Church: Brigham Young*
Tagalog

# Mga Nilalaman


| | Pamagat | Pahina |
|---|---|---|
| | Pambungad | v |
| | Buod ng Kasaysayan | vii |
| 1 | Ang Paglilingkod ni Brigham Young | 1 |
| 2 | Ipinaliwanag ang Ebanghelyo | 17 |
| 3 | Pamumuhay ng Ebanghelyo | 25 |
| 4 | Pagkilala at Paggalang sa Panguluhang Diyos | 35 |
| 5 | Pagtanggap sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo | 43 |
| 6 | Ang Komunikasyon sa Pagitan ng Diyos at ng Tao | 47 |
| 7 | Ang Plano ng Kaligtasan | 57 |
| 8 | Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo | 63 |
| 9 | Pagsisisi at Pagbibinyag | 71 |
| 10 | Ang Impluwensiya ng Espiritu Santo | 77 |
| 11 | Pagpili na Maging Masunurin | 81 |
| 12 | Paghadlang sa Personal na Lubusang Pagtalikod | 89 |
| 13 | Paghahanda sa Walang Hanggang Pagsulong | 97 |
| 14 | Mga Dispensasyon ng Ebanghelyo | 105 |
| 15 | Ang Paninirahan sa Kanluran | 113 |
| 16 | Pagtatatag ng Sion | 125 |
| 17 | Ang mga Banal na Kasulatan | 133 |
| 18 | Ang Pagkasaserdote | 141 |
| 19 | Ang Samahang Damayan at Indibiduwal na Pananagutan | 147 |
| 20 | Ang Balangkas at Pamamahala sa Simbahan | 155 |
| 21 | Paggalang sa Sabbath at sa Sakramento | 163 |
| 22 | Ikapu at Paglalaan | 175 |
| 23 | Pag-unawa sa Bago at Walang Hanggang Tipan ng Kasal | 183 |
| 24 | Pagtuturo sa Mag-anak | 191 |

25 Pagkakaroon ng Dagdag na Pasasalamat, Kababaang-loob, at Katapatan . . . . . . . . . . 197
26 Kaligahayan at Kasiyahang sa Pakikisawalamuha sa Kapwa . . . . . 205
27 Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pag-aaral at sa Pamamagitan ng Pananampalataya . . . . . . . . . . 215
28 Pagsasanay ng Pagtitimpi sa Sarili . . . . . . . . . . 225
29 Pamumuhay ng Salita ng Karunungan . . . . . . . . . . 235
30 Pagbubuo ng mga Saloobing Tulad ng kay Cristo Tungo sa Kapwa . . . . . . . . . . 241
31 Katipiran, Kasipagan, at Pag-asa sa Sariling Kakayahan . . . . . . . . 251
32 Kayamanang Temporal at ang Kaharian ng Diyos . . . . . . . . . . 263
33 Gawaing Misyonero . . . . . . . . . . 273
34 Pagpapalakas sa mga Banal sa Pamamagitan ng mga Kaloob ng Espiritu . . . . . . . . . . 281
35 Ang mga Biyayang Dulot ng mga Pagsubok, Pagpaparusa, at Pag-uusig . . . . . . . . . . 291
36 Mga Pamahalaan sa Lupa at ang Kaharian ng Diyos . . . . . . . . . . 299
37 Pag-unawa sa Kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli . . . . . . . . . . 305
38 Ang Daigdig ng mga Espiritu . . . . . . . . . . 311
39 Hatol na Walang Hanggan . . . . . . . . . . 319
40 Kaligtasan sa Pamamagitan ni Jesucristo . . . . . . . . . . 325
41 Mga Ordenansa sa Templo . . . . . . . . . . 335
42 Paglilingkod sa Templo . . . . . . . . . . 343
43 Ang Ating Paghahanap sa Katotohanan at Pansariling Patotoo . . . . 353
44 Ang Kaharian ng Diyos at ang Pagtitipon ng Israel . . . . . . . . . . 361
45 Ang mga Huling Araw . . . . . . . . . . 369
46 Responsibilidad ng Magulang . . . . . . . . . . 375
47 Ang Patotoo ni Pangulong Brigham Young Tungkol kay Propetang Joseph Smith . . . . . . . . . . 383
48 Isang Panawagan para sa Pagkakaisa, Isang Patotoo, at Isang Pagpapala . . . . . . . . . . 393
Indese . . . . . . . . . . 404

# Pambungad

Itinuro ng propetang si Brigham Young ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo sa isang simple at praktikal na paraan na nagbigay ng inspirasyon at pag-asa sa mga Banal na nagsisikap na magtatag ng tahanan sa ilang. Bagamat mahigit nang isang siglo ang nakaraan, ang kanyang mga salita ay sariwa at naaangkop pa rin sa atin ngayon habang tayo ay patuloy na gumagawa sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

Ipinahayag ni Pangulong Young na bilang mga kasapi ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay taglay natin ang "doktrina ng buhay at kaligtasan para sa lahat ng may tapat na puso" (*DBY,* 7). Ipinangako niya na mapupukaw sa puso ng mga tatanggap ng ebanghelyo ang "higit na pagnanais na malaman at maunawaan ang mga bagay ng Diyos na kailan man ay hindi pa nila naramdaman sa kanilang buhay" at magsisimulang "magtanong, magbasa at magsaliksik at kapag dumulog sila sa kanilang Ama sa pangalan ni Jesus sila ay hindi niya iiwan nang walang patotoo" (*DBY,* 450).

Ipinakikita ng aklat na ito ang pagnanais ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol na mapalawak ang pang-unawa sa doktrina ng mga kasapi ng Simbahan at mapukaw silang magkaroon ng higit na pagnanais na malaman ang mga bagay ng Diyos. Ito ay magbibigay-sigla at manggaganyak sa mga indibiduwal, korum ng pagkasaserdote, at mga klase sa Samahang Damayan na magtanong, magbasa, magsaliksik at dumulog sa kanilang Ama sa Langit para sa patotoo sa katotohanan ng mga turong ito.

Ang bawat kabanata ay naglalaman ng dalawang bahagi—"Mga Turo ni Brigham Young" at "Mga Mungkahi para sa Pag-aaral." Ang unang bahagi ay binubuo ng mga sipi mula sa sermon ni Brigham Young sa sinaunang mga Banal. Ang bawat pangungusap ay nilagyan ng sanggunian kung saan ito makikita, gayon pa man, ang mga binanggit na mapagkukunan ay hindi agad makukuha ng karamihan sa mga kasapi. Hindi kailangang magkaroon ng mga orihinal na mapagkukunang materyal na ito upang maging mabisa sa pag-aaral o pagtuturo mula sa aklat na ito. Hindi kailangang bumili ang mga kasapi ng mga karagdagang sanggunian at komentaryo upang pag-aralan o ituro ang mga kabanatang ito. Ang mga tekstong napapaloob sa aklat na ito, kabilang na ang mga banal na kasulatan, ay sapat na sa inyong pag-aaral o pagtuturo. Dapat basahin at pag-aralan nang may panalangin ng mga kasapi ang mga

---

*Para sa paliwanag ng mga daglat na ginamit sa aklat na ito na nagpapakita ng mga sanggunian kung saan kinuha ang mga pahayag ni Pangulong Young, tingnan sa "Mga Binanggit na Sanggunian at Ginamit na Daglat" sa pahina 402.

turo ni Pangulong Young nang sa gayon sila ay magkaroon ng bagong kaalaman sa mga alituntunin ng ebanghelyo at matuklasan kung paano naaangkop ang mga alituntuning iyon sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Sa pamamagitan ng matapat at mapanalanging pag-aaral ng mga bahaging ito, magkakaroon ang mga Banal sa mga Huling Araw ng higit na pang-unawa sa mga alituntunin ng ebanghelyo at higit nilang mapahahalagahan ang masidhi at inspiradong mga turo ng dakilang propetang ito.

Ang pangalawang bahagi ng bawat kabanata ay nag-aalok ng sunud-sunod na mga tanong na manghihikayat ng malalim na pag-iisip, personal na pagsasagawa, at pagtalakay sa mga turo ni Pangulong Young. Dapat sumangguni at maingat na basahing muli ng mga kasapi ang kanyang mga salita tungkol sa alituntuning tinatalakay. Ang masusi at mapanalanging pag-aaral ng mga turong ito ay makapagbibigay inspirasyon sa mga kasapi upang magkaroon ng higit na pansariling paninindigan at makatutulong sa kanila na magpasiyang sumunod sa mga turo ng Tagapagligtas, na si Jesucristo.

Kung mapanalanging susundin ng bawat isa at ng mga mag-anak ang mga alituntunin sa aklat na ito, bibiyayaan sila at bibigyan sila ng inspirasyong magkaroon ng higit na dedikasyon at espirituwalidad, tulad ng naunang mga Banal na nakarinig sa mga salitang ito mula mismo sa mga labi ng "Leon ng Panginoon" (*HC*, 7:434)—ang propeta, tagakita, at tagahayag, si Pangulong Brigham Young.

---

## Mga Tagubilin sa mga Guro

Mangangailangan ng maingat na paunang pagbabasa, pag-aaral, at paghahanda nang may panalangin ang pagtuturo ng mga araling ito. Maging lubhang bihasa sa mga turo at magplano ng iba't ibang paraan kung paano ilalahad at ituturo ang mga alituntuning ito sa klase. Dapat matulungan ang mga kasapi ng klase na makita kung paano nauukol sa pang-araw-araw na buhay ang mga alituntuning ito ng ebanghelyo . Humikayat ng mga talakayan tungkol sa kung paano maaaring makaimpluwensiya ang mga alituntuning ito sa ating mga nadarama tungkol sa Ama sa Langit, kay Jesucristo, sa ating sarili, ating mag-anak, at ating kapwa. Anyayahan ang mga kalahok na mamuhay ayon sa mga alituntuning itinuturo.

Isali ang maraming tao hangga't maaari sa oras ng pagtuturo sa pamamagitan ng pag-anyaya sa kanila na magbasa nang malakas, sumagot sa mga tanong, o magbahagi ng mga karanasan. Maaari kayong magbigay ng natatanging takdang gawain kapag naghahanda ng mga aralin, at maging sensitibo sa kahandaang makilahok ng mga kasapi ng klase. Maingat na iwasan ang pagtatalo. Magtiwala sa mga banal na kasulatan para sa suporta at pag-unawa. Mapagpakumbabang hangarin ang Espiritu ng Panginoon, at ang mga kapatid na inyong tinuturuan ay pagpapalain. Tulad ng ipinangako ng Panginoon, "Dahil dito, siya na nangangaral at siya na nakatatanggap, ay nauunawaan ang isa't isa, at sila ay kapwa pinagtitibay at magkasamang magsasaya" (Doktrina at mga Tipan 50:22).

# Buod ng Kasaysayan

| | |
|---|---|
| 1801, ika-1 ng Hunyo: | Isinilang sa Whitingham, Windham County, Vermont. |
| 1815–21: | Namatay ang ina; nagsimula si Brigham na maghanapbuhay at suportahan ang kanyang sarili, na sa bandang huli ay naging karpintero (14). |
| 1824: | Ikinasal kay Miriam Works (23). |
| 1832: | Bininyagan sa Simbahan at inordenang elder. Namatay ang asawa (31). |
| 1834: | Ikinasal kay Mary Ann Angell. Naging kapitan sa pagmartsa ng Kampo ng Sion. (33). |
| 1835, ika-14 ng Pebrero: | Inordenan bilang isa sa mga orihinal na kasapi ng Korum ng Labindalawa (34). |
| 1839–41: | Nagmisyon sa Britanya (38–40). |
| 1844–47: | Pinatay si Joseph Smith. Pinamunuan ni Brigham Young ang Simbahan bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa (43–46). |
| 1847: | Tinanggap ang bahagi 136 ng Doktrina at mga Tipan. Nakita si Joseph Smith sa isang pangitain at binigyan ng mahalagang tagubilin (45). |
| 1846-47: | Pinamunuan ang exodo patungo sa Lungsod ng Salt Lake at bumalik sa Winter Quarters (45–46). |
| 1847, ika-27 ng Disyembre: | Sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan sa Kanesville (Council Bluffs), Iowa (46). |
| 1851: | Naging gobernador ng Teritoryo ng Utah (49). |
| 1853, ika-6 ng Abril: | Naglatag ng panulok na bato para sa Templo sa Salt Lake (52). |
| 1857–58: | Digmaan sa Utah. Hinalinhan bilang gobernador matapos ang walong-taong panunungkulan (56–57). |
| 1867: | Natapos ang Tabernakulo. Muling itinatag ang Samahang Damayan (66). |
| 1869: | Umabot ang riles ng tren sa Utah. |
| 1875: | Itinatag ang *Mutual Improvement Associations* ng Mga Kabataang Lalaki at Mga Kabataang Babae (68). |
| 1877, ika-6 ng Abril: | Inilaan ang Templo sa St. George. Nagbigay ng panibagong pagbibigay-diin sa tamang pagtatatag ng pagkasaserdote (75). |
| 1877, ika-29 ng Agosto: | Namatay sa Lungsod ng Salt Lake, Utah (76). |



Pangulong Young noong mga 1847–50. “Nais kong ihiyaw at ipagsigawan ang ebanghelyo sa mga bansa. Ito’y tulad ng apoy na nag-aalab sa aking kaluluwa na nais makawala . . . Hindi ito maaapula kundi ko ipahahayag sa buong daigdig ang ginagawa ng Panginoon sa mga huling araw” (*DNW*, ika-24 ng Ago. 1854, 1).

# Ang Paglilingkod ni Brigham Young

*Si Brigham Young ang pangalawang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang mananakop at tagapagtatag ng isang kahanga-hangang komunidad ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Kanlurang Amerika, at isang mapagmahal na asawa at ama. Isa siyang matapat na disipulo at Apostol ng Panginoong Jesucristo. "Si Jesus ang aming kapitan at pinuno," pagpapatotoo niya. (*DNW*, ika-24 ng Mayo 1871, 5). "Ang aking pananampalataya ay nakasalalay sa Panginoong Jesucristo, at ang aking kaalaman ay tinanggap ko mula sa kanya," ang pahayag niya (*DNW*, ika-21 ng Nob. 1855, 2). Nakasentro ang buhay niya sa pagtatatag at pagtataguyod ng kaharian ng Panginoong Jesucristo sa mundo.*

## Mga Karanasan mula sa Buhay ni Brigham Young

**Pagkatuto sa pamamagitan ng masigasig na paggawa**.

Isinilang si Brigham Young sa Vermont noong 1801, ang ikasiyam sa 11 anak nina John at Abigail Howe Young. Nagbinata siya sa makapal na kakahuyang lupain ng sentrong estado ng New York, kung saan ang tahanan ng kanyang mag-anak at ang nakapaligid na mga lupain ang kanyang naging silid-aralan (tingnan sa *DNW*, ika-22 ng Abr. 1854, 4). Mahirap ang kanyang mga magulang. Sinabi niya kinalaunan na, "Hindi kami nagkaroon ng pagkakataong makapasok sa paaralan noong aming kabataan, subalit nagkaroon kami ng pribilehiyong gumamit ng brutsa, pumutol ng mga puno, magpagulong ng mga troso, at magbungkal ng lupa, at magalusan ang aming mga binti, paa, at daliri sa paa" (*DNW*, ika-12 ng Ago. 1857, 4). Ang batang si Brigham ay gumawa nang masigasig upang makatulong sa paghawan ng mga lupain, pagtatanim dito, at pagtulong sa gawaing bahay. Kailanman ay hindi niya nalimutan ang mahigpit na turo ng kanyang ama tungkol sa moralidad o kung paano ang kanyang ina ay "nagturo sa kanyang mga anak na igalang sa lahat ng oras ang pangalan ng Ama at ng Anak, at pagpitaganan ang [Biblia]; sinabi ng kanyang ina, Basahin ito, sundin ang mga turo nito, ipamuhay ang mga ito hangga't kaya ninyo; gawin ang lahat ng mabuti; huwag gumawa ng masama; at kung makakikita kayo ng sinumang naghihirap, tulungan sila sa kanilang mga pangangailangan" (*MSS*, 1853, 55). Namatay ang ina ni Brigham noong siya ay 14 na taong gulang.

Noong 16 na taong gulang si Brigham, siya ay naging aprentis na karpintero, tagasugpong, tagapinta, at tagaputol at tagakabit ng salamin sa bintana. Ipinagmalaki niya ang kanyang hanapbuhay at sinabi niyang kanyang itinuturing ang "tapat, maaasahang gawain, gawaing tumatagal, para sa mga pinagtatrabahuhan ko" na "bahagi ng aking relihiyon" (Brigham Young kay George Hickox, ika-19 ng Peb. 1876, BYP).

Sa gulang na 23 ay pinakasalan niya si Miriam Angeline Works. Isinilang ang dalawang anak na babae sa mag-asawa. Itinaguyod ni Brigham ang kanyang mag-anak sa pamamagitan ng paggawa at pagkumpuni ng mga upuan, mesa, kabinet at pagkabit ng mga bintana, pinto, hagdan, at *fireplace*. Sa sakahan ng kanyang ama sa Mendon, New York, nagtayo siya ng tahanan at pagawaan ng mga kagamitang yari sa kahoy sa tabi ng maliit na sapa, gamit ang isang *waterwheel* na nagpapaandar ng makinarya niya sa molino.

Nang magkasakit si Miriam ng tuberkulosis, binalikat ni Brigham ang halos lahat ng gawain ni Miriam bilang karagdagan sa kanyang sariling gawain. Habang lumalala ang pagkakaratay sa higaan ng kanyang asawa, palagian na siyang nagluluto ng almusal para sa mag-anak, binibihisan ang kanyang mga anak na babae, naglilinis ng bahay, at "binubuhat ang kanyang asawa sa tumba-tumba na malapit sa *fireplace* at iiwan niya roon hanggang sa makabalik siya sa gabi," na kung kailan siya ay magluluto ng hapunan, patutulugin ang kanyang mag-anak, at tatapusin ang mga gawaing bahay (*LSBY*, 5). Ang kanyang mga karanasan noong kanyang kabataan at maagang pag-aasawa sa pag-aalaga ng mga anak at pamamahala sa tahanan ang nagturo sa kanya ng malaki tungkol sa pagtutulungan sa mag-anak at gawaing bahay. Pagkaraan ng mga taon, pinayuhan niya ang mga Banal sa mga paksang ito at pabirong nagyabang na mahihigitan niya ang karamihan sa mga kababaihan sa komunidad sa gawaing bahay" (*DNW*, ika-12 ng Ago. 1857, 4).

---

### Pagkakaroon ng patotoo ng Espiritu.

Sina Brigham at Miriam ay sumapi sa Simbahan ng mga Metodista noong taong ikinasal sila, subalit patuloy pa rin si Brigham na bumuno sa mga tanong tungkol sa relihiyon. Hinanap niya ang isang simbahang itinatag ayon sa huwarang itinatag ni Jesus, ayon sa huwaran ng Bagong Tipan na lakip ang isang "sistema ng mga ordenansa" (*DNW*, ika-19 ng Hul. 1866, 3) at ang lahat ng kaloob ng ebanghelyo. Dahil sa pagpupunyaging misyonero ng kapatid ni Joseph Smith na si Samuel, nakakuha ang mag-anak ni Brigham Young ng dalawang kopya ng Aklat ni Mormon noong Abril 1830, isang buwan pa lamang matapos ilathala ang aklat. Binasa ng ilan sa mga kapatid ni Brigham ang aklat at nagpahayag ng katotohanan nito, subalit hindi agad ito tinanggap ni Brigham (tingnan sa LL, 33). " 'Huwag magmadali,' sinabi ko sa aking sarili. . . . 'Maghintay nang sandali; ano ang doktrina ng aklat, at ng mga paghahayag na ibinigay ng Panginoon?

Hayaang pag-isipan ko muna ang mga ito.' . . . Sinuri ko ang bagay na ito nang maigi, sa loob ng dalawang taon, bago ko ipinasiyang tanggapin ang aklat. Napag-alaman kong ito ay totoo, tulad ng pagkakaalam kong nakakikita ako sa pamamagitan ng aking mga mata, o nakadarama sa pamamagitan ng aking mga daliri, o makaalam sa pamamagitan ng paggamit ng pandamdam. Kung hindi nagkagayon, hindi ko sana ito natanggap hanggang sa araw na ito" (*MSS*, 15:45).

Kailangang malaman ni Brigham mismo. Sa dakong huli ay itinuro niya sa mga Banal na hindi nilayon ng Diyos na sila "ay ganap na pamunuan ng ibang tao, na pinipigil ang kanilang sariling pang-unawa, at umaasa sa ibang tao para sa kanilang sariling paniniwala (*DNW*, ika-24 ng Ago. 1854, 1). "Tungkulin kong malaman ang kalooban ng Panginoon tungkol sa aking sarili," ang sabi niya sa kanila (*DNW*, ika-22 ng Set. 1875, 4). "Pribilehiyo at pananagutan ninyong mamuhay upang sa gayon ay malaman ninyo kung kailan binibigkas sa inyo ang salita ng Panginoon at kung kailan inihahayag sa inyo ang kaisipan ng Panginoon" (*DNW*, ika-22 ng Set. 1875, 4).

Ang mga misyonerong mula sa isang sangay ng Simbahan sa Columbia, Pennsylvania, ay dumaan sa Mendon noong 1831, na ipinangangaral na ang kalangitan ay binuksan at ang ebanghelyo at ang banal na pagkasaserdote ay ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith. Matapos dalawin ni Brigham at ng ibang kasapi ng kanyang mag-anak at mga kaibigan ang Sangay ng Columbia, pinaniwalaan niyang natagpuan niya ang relihiyong matagal na niyang hinahanap, ngunit nahirapan pa rin siya sa pagpapasiya kung maisasakripisyo nga niya ang lahat para dito. Pagkatapos, habang nagpapatotoo ang isa sa mga misyonero, "ang Espiritu Santo na nagmumula sa taong ito ay pinaliwanag ang aking pang-unawa, at ang liwanag, kaluwalhatian, at imortalidad ay nasa harapan ko," ang paggunita niya. Sinabi niya na siya ay napalibutan at napuspos ng mga ito, at nalaman niya sa kanyang sarili na ang patotoong binigkas ng lalaking ito ay totoo (*DNW*, ika-9 ng Peb. 1854, 4). Noong ika-15 ng Abril 1832, isang malamig at maniyebeng araw, si Brigham Young ay bininyagan sa sapang malapit sa kanyang molino, siya ay pinagtibay, at inordenang isang elder (tingnan sa *DNW*, ika-2 ng Abr. 1862, 1). Ayon sa mga salita ng Tagapagligtas, nakadama ako ng isang mapagkumbaba at kaloobang gaya sa isang bata, na nagpapatotoo sa akin na ang aking mga kasalanan ay pinatawad na," ang paggunita niya (*MHBY-1*, 3). Bininyagan si Miriam pagkaraan ng mga tatlong linggo (*MHBY-1*, 3). Lahat ng pinakamalapit na kasapi ng mag-anak ni Brigham Young ay bininyagan, at sila ay nanatiling tapat na mga Banal sa mga Huling Araw.

Noong malapit nang matapos ang tag-araw ng 1832, pagkabalik mula sa paglalakbay bilang misyonero sa karatig na mga bayan, inalagaan ni Brigham si Miriam sa mga nalalabing linggo ng kanyang karamdamang tuberkulosis. Namatay si Miriam noong Setyembre 1832.

**Pagsasakripisyo upang maitatag at maipagtanggol ang kaharian ng Diyos.**

Ibinaling ni Brigham Young ang kanyang buong pansin at sigla sa Simbahan. Sa kasabikang makilala si Propetang Joseph Smith, umalis siya agad patungong Kirtland, Ohio, kasama ang kanyang kapatid na si Joseph at matalik na kaibigang si Heber C. Kimball. Nadatnan nila si Joseph Smith na nagsisibak ng kahoy na kasama ang kanyang mga kapatid na lalaki. Si Brigham ay "lubos ang kaligayahan sa pribilehiyong makamayan ang Propeta ng Diyos" at matanggap ang "tiyak na patotoo, sa pamamagitan ng Diwa ng propesiya, na si Joseph nga ay tunay na Propeta tulad ng paniniwala ng iba" (*MHBY-1*, 4). Ito ang naging simula ng isa sa mga pinakamahalagang pakikipag-ugnayan ni Brigham Young. Nang bumalik siya sa New York, ipinamigay niya ang marami sa kanyang ari-arian at binawasan ang kaabalahan niya sa pamumuhay upang makapaglaan ng higit na maraming oras sa Simbahan. Nang makatiyak na aalagaan ni Vilate Kimball, asawa ni Heber, ang kanyang mga anak na babae, naglingkod siya ng sunud-sunod na misyon. Nagdaos siya ng mga pulong at nagbinyag sa karatig na mga bayan sa paligid ng Mendon. Naglakbay rin siya sa itaas na bahagi ng New York at Ontario, Canada, upang ipangaral ang ebanghelyo at magpatotoo na si Joseph Smith ay isang propeta ng Diyos.

Sa pagnanais na sundin ang payo ng Propeta na makipagtipon sa mga Banal, noong Setyembre 1833 ay inilipat ni Brigham Young ang kanyang mag-anak mula sa Mendon patungo sa Kirtland. Doon, si Brigham ay "nagkaroon ng pribilehiyong makinig sa mga turo ng Propeta at tamasahin ang samahan ng mga Banal, na masigasig na gumawa sa [kanyang] dating hanapbuhay" (*MHBY-1*, 7). Tumulong siyang magtayo ng mga tahanan, ng Templo sa Kirtland, at ilang gusaling pambayan.

Noong ika-18 ng Pebrero 1834 pinakasalan niya si Mary Ann Angell; sa loob ng sumunod na 10 taon, anim na anak ang isinilang sa kanilang mag-anak. Isinulat ni Brigham na si Mary Ann ay "tapat na gumawa para sa kapakanan ng aking mag-anak at ng kaharian" (*MHBY-1*, 8).

Sa mga taong ipinamalagi niya sa Kirtland (1833–38), nalaman ni Brigham na ang pagtatatag ng kaharian ng Diyos ay nangangailangan ng pagsunod at pagsasakripisyo. Noong tagsibol ng 1834, kusang-loob siyang nagmartsang kasama ng Kampo ng Sion, isang pangkat ng 205 kalalakihang kinalap ni Joseph Smith upang maghatid ng tulong at panustos sa mga Banal na pinilit na iwan ang kanilang mga tahanan sa Jackson County, Missouri. "Kami ay naglakbay ng tatlong libo at dalawang daang kilometro sa pamamagitan ng paglalakad," ang paggunita ni Brigham Young (*DNW*, ika-8 ng Okt. 1856, 2). Naalala niya na dahil sa labis na kahirapan at sakit ay "nagkaroon kami ng mga mareklamo sa kampo." Ang kalalakihan ay kinailangang maturuan ng pagtitiis at pakikipagtulungan kaya, sinabi ni Brigham, "pinamunuan, pinayuhan, ginabayan ni Joseph Smith ang pangkat," lalo na ang

kalalakihang nagtataglay ng "hindi mapalagay, hindi mapamahalaan at hindi nasisiyahang diwa" (*DNW*, ika-3 ng Dis. 1862, 1). Ang mahirap na paglalakbay ay nagpatatag sa katapatan ni Brigham Young kay Joseph Smith at nagbigay ng walang kasing halagang pag-aaral sa pagsunod sa Diyos at sa kanyang propeta (tingnan sa *DNW*, ika-3 ng Ago. 1854, 2).

Siyam na beterano ng Kampo ng Sion, kasama si Brigham Young, ang piniling maging kasapi ng unang Korum ng Labindalawang Apostol sa isang natatanging komperensiya noong ika-14 ng Pebrero 1835 (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 18:26–32). Inordenan si Brigham Young sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay at binasbasan "nang siya ay makahayo at makatipon ng mga hinirang, bilang paghahanda sa dakilang araw ng pagdating ng Panginoon." Siya at ang iba pang mga kasapi ng korum, na "tinawag upang mangaral ng Ebanghelyo ng Anak ng Diyos sa mga bansa sa mundo" (*HC*, 2:196), ay umalis noong Mayo 1835 para sa apat-na-buwang pagmimisyon sa mga silangang estado. Bumalik siya sa mga silangang estado bilang misyonero noong mga tag-araw ng 1836 at 1837.

Pinangasiwaan ni Elder Young ang pagpipinta at pagtapos ng Templo sa Kirtland. Naroroon siya nang ipanukala ni Propetang Joseph ang mga paunang ordenansa roon, at dinaluhan niya ang mga serbisyo ng paglalaan kasama ang daan-daang mga Banal na nagsakripisyo nang malaki upang itayo ang unang templo sa dispensasyong ito (tingnan sa *MHBY-1*, 12; *HC*, 2:428).

Bago lubos na matamasa ni Elder Young ang pagkakaisa na nabuo ng mga karanasang ito, ang ilang tao na tumututol ay naging maingay sa kanilang oposisyon sa Propeta kung kaya tinangka nilang agawin mula sa kanya ang pamumuno sa Simbahan. Noong Enero 1838 hinarap ni Elder Young sa Templo sa Kirtland ang mga taong ito na lubusang tumalikod: "Tumayo ako, at sinabi ko sa kanila sa isang simple at kapani-paniwalang pananalita na si Joseph ay isang Propeta, at alam ko ito. Dumaing man sila at sirain man nila ang kanyang pangalan hangga't nais nila ay hindi nila maaalis ang pagkakahirang ng Propeta ng Diyos. Bunga nito ay mawawala lamang nila ang kanilang sariling awtoridad, mapuputol ang pisi na nag-uugnay sa kanila sa Propeta at sa Diyos at maibabaon ang kanilang sarili sa impiyerno" (*MHBY-1*, 16).

---

**Pagbalikat sa responsibilidad.**

Nagunita ni Brigham Young nang maghintay siya kasama ni Joseph Smith sa loob ng "maraming gabi na handang makipaglaban sa mga mandurumog na naghahangad kumitil sa buhay [ng Propeta]" (*DNSW*, ika-15 ng Mayo 1877, 1). Napakatatag ng kanyang pagsuporta sa Propeta kung kaya iniulat niya na ang mga taong lubusang tumalikod ay "nagbantang papatayin ako" (*MHBY-1*, 23–24). Lumikas siya sa Kirtland at nagtungo sa kanlurang Missouri, sumama kina Joseph Smith at iba pang mga pinuno ng

Simbahan na binantaan na rin ang buhay. Subalit habang maraming bilang ng Banal sa mga Huling Araw ang patuloy na dumadayo sa kanlurang Missouri, ang ibang nakatira roon ay nangamba, natakot sa pangingibabaw ng bilang ng mga Banal sa larangan ng pulitika at ekonomiya. Ang mga tensiyong ito ay sumiklab noong tag-araw at taglagas ng 1838 at umabot sa sukdulan nang iutos ng gobernador sa militanteng grupo ng mamamayan ng estado na lipulin ang mga Banal sa mga Huling Araw o itaboy sila palabas sa estado. Ang pagkakulong nina Joseph Smith at ng iba pang mga pangunahing pinuno at ang lubusang pagtalikod o pagkamatay ng ilang kasapi ng Korum ng Labindalawa ay nagbigay ng bagong mga responsibilidad kay Brigham Young, na ngayon ay Pangulo ng Korum. Tanging siya at si Apostol Heber C. Kimball ang mga kasapi ng namumunong korum ng Simbahan ang naroroon upang gumabay at tumulong sa mga Banal sa kanilang mahirap na exodo sa panahon ng tagyelo mula sa Missouri. Sa ilalim ng kanilang tagubilin, nakipagtipan ang mga Banal na tulungan ang mahihirap, ilikas ang lahat ng Banal sa mga Huling Araw mula sa estado, at maghandang magtipon muli.

Ang itinapong [exiled] mga Banal ay nagtayo ng bagong lungsod sa Commerce, Illinois, na pinangalanan nila sa huli na Nauvoo. Gayunman, lumagi doon ng ilang buwan lamang si Pangulong Young dahil nakatanggap si Propetang Joseph ng isang paghahayag na tawagin ang Korum ng Labindalawa na magmisyon sa Inglatera. Noong taglagas ng 1839, nilisan ni Pangulong Young ang Illinois na determinadong balikatin ang bagong pananagutan sa kabila ng karamdamang dinaranas niya at ng kanyang mag-anak. Pagkaraan ay nagunita niyang hindi siya makalakad nang napakalayo nang walang tulong at ang kanyang kapatid na babaeng si Fanny ay nagsumamo sa kanyang huwag umalis. Sumagot siya ng: " 'Fanny, kapatid ko, hindi pa ako nakaramdam nang mas maigi sa buhay ko.' Isa siyang hindi pangkaraniwang babae, at habang nakatingin siya sa akin, na may luha ang mga mata, sinabi niyang 'nagsisinungaling ka.' Wala akong sinabi, subalit determinado akong magtungo sa Inglatera o mamatay sa pagsisikap. Ang aking matatag na pasiya ay gagawin ko ang kailangan kong gawin sa Ebanghelyo ng buhay at kaligtasan, o mamamatay akong nagsisikap gawin ito" (*DNSW*, ika-2 ng Ago. 1870, 1).

Walong kasapi ng Korum ng Labindalawa ang nagmisyon sa British Isles noong 1840 at 1841, at si Brigham Young, bilang Pangulo ng Korum, ang namahala sa kanilang mga paggawa. Noong napakahalagang taon na iyon ang Labindalawa ay nagkaroon ng kahanga-hangang tagumpay. Habang naghahanda si Pangulong Young na umalis sa Liverpool noong Abril 1841, inalala niya nang may pasasalamat ang pakikitungo ng Diyos "sa akin at sa aking mga kapatid sa Labindalawa sa lumipas na taon ng aking buhay. . . . Tunay na waring isang himala ang pagtunghay sa kaibahan ng pagdaong at pag-alis namin mula sa Liverpool. Dumaong kami noong tagsibol ng 1840,

bilang mga dayuhan sa di kilalang lupain at wala ni kusing, ngunit sa pamamagitan ng awa ng Diyos nagkaroon kami ng maraming kaibigan, nakapagtayo ng mga Simbahan sa halos lahat ng kilalang bayan at lungsod sa kaharian ng Britanya, nakapagbinyag ng mga pito hanggang walong libo, nakapaglimbag ng 5,000 Aklat ni Mormon, 3,000 Aklat ng mga Himno, 2,500 tomo ng *Millennial Star* at 50,000 polyeto, at tumulong sa 1,000 kaluluwa na makapanirahan sa Sion, . . . at iniwang nakatanim sa puso ng marami ang mga binhi ng walang hanggang katotohanan, na magbubunga para sa karangalan at kaluwalhatian ng Diyos, at maging gayunman hindi kami nagkulang sa pagkain, inumin o isusuot: sa lahat ng bagay na ito ay pinasasalamatan ko ang kamay ng Diyos" (*MHBY-1*, 96–97).

Sa pamamagitan ng buong pusong pagbalikat sa bagong mga responsibilidad, napalakas ni Pangulong Young at ng kanyang mga kasamang Apostol hindi lamang ang kanilang pansariling kakayahan kundi gayon din ang kakayahan ng korum na gumawa nang nagkakaisa at mabisa para sa Simbahan. Nanalig si Joseph Smith sa kanilang "nagkakaisang karunungan" at nagpahayag sa Nauvoo noong Agosto 1841 "na dumating na ang panahon kung saan ang Labindalawa ay tatawagin upang tumayo sa kanilang kalalagyan na katabi ng Unang Panguluhan" (*HC*, 4:403). Ang Labindalawa ay binigyan ng higit na malalaking responsibilidad, kabilang ang pangangaral ng ebanghelyo, pagtulong sa mga taong lumikas patungong Nauvoo upang doon makapanirahan, pagbili ng lupain, at pagtatayo ng Templo sa Nauvoo.

Bago natapos ang templo, lihim na ipinaalam ni Joseph Smith kina Pangulong Young at sa iba pang kasapi ng labindalawa ang mga ordenansa ng templo, kabilang ang pagbibinyag para sa mga patay, endowment sa templo, mga pagbubuklod sa mag-anak, na umaasang ituturo ng Labindalawa ang mga ordenansang ito sa mga kasapi ng Simbahan. Nakipagkita ang Propeta sa Labindalawa noong tagsibol ng 1844 upang igawad sa kanila ang lahat ng susi at awtoridad na kinakailangan upang maisulong ang gawain ng kaharian. "Inililipat ko ang dalahin at responsibilidad ng pamumuno sa Simbahang ito mula sa aking mga balikat patungo sa inyo," ang pahayag ng Propeta. "Ngayon, balikatin ninyo ito at manindigan kayo bilang mga tunay na lalaki; dahil ako'y pagpapahingahin muna ng Panginoon" (walang petsang Katibayan ng Labindalawa, BYP).

Sa loob ng tatlong buwan ay namatay ang Propetang si Joseph Smith. Samantalang nasa misyon noong tag-araw na iyon si Pangulong Young sa pook ng Boston, napag-alaman niyang pinaslang sina Joseph at Hyrum Smith ng isang pangkat ng mandurumog sa Carthage, Illinois. Nang marinig niya ang balitang ito ay naitatanong niya sa kanyang sarili "kung dinala ni Joseph sa hukay ang mga susi ng kaharian mula sa mundo," ngunit agad siyang nakadama ng katiyakan na ang mga susi ng kaharian ay nasa sa Labindalawa (*MHBY-1*, 171). Sa kanyang pagbabalik agad sa Nauvoo, natuklasan niya na ang Unang Tagapayo ni Joseph, na si Sidney

Rigdon, ay nag-alok na mamahala sa pumumuno sa Simbahan, at isang pangkalahatang pagtitipon ng mga Banal ang itinawag na upang sang-ayunan ang bagong pinuno. Nagsalita si Pangulong Young sa pagtitipong iyon ng mga Banal nang napakalinaw:

"Sa unang pagkakataon sa aking buhay, sa unang pagkakataon sa inyong buhay, sa unang pagkakataon sa kaharian ng Diyos sa ika-19 na siglo, nang walang Propeta sa ating pamunuan, ay nasa harapan ninyo ako ngayon upang gampanan ang aking tungkulin na may kaugnayan sa Korum ng Labindalawa, bilang mga Apostol ni Jesucristo sa salinlahing ito—mga Apostol na tinawag ng Diyos sa paghahayag sa pamamagitan ng Propetang Joseph, na inordenan at pinahiran ng langis upang balikatin ang mga susi ng kaharian ng Diyos sa buong daigdig.

" . . . Ngayon, kung nais ninyong pamunuan kayo ni Sidney Rigdon o ni William Law, o ng sinuman, maaari ninyong gawin ito; subalit sinasabi ko sa inyo, sa pangalan ng Panginoon na walang taong maaaring maglagay ng iba sa pagitan ng Labindalawa at ng Propetang si Joseph. Bakit? Dahil si Joseph ang kanilang pinuno na susunod na may pinakamataas na antas ng awtoridad, at inilagak niya sa kanilang mga kamay ang mga susi ng kaharian sa huling dispensasyong ito, para sa buong daigdig" (*HC*, 7:232, 235).

Maraming saksi ang nakapansin na kamukha at katunog ng tinig ni Pangulong Young si Propetang Joseph habang siya ay nagsasalita, isang mabisang pagpapakita ng pagsang-ayon mula sa langit. Halos 5,000 Banal na nagtitipon ang sumang-ayon sa Labindalawa bilang namamahalang korum ng Simbahan. Tatlong araw pagkatapos ng pulong kung saan sinabi ni Pangulong Young sa mga Banal na nais niya ng "pribilehiyong lumuha at magdalamhati sa loob ng hindi kukulangin sa tatlumpung araw" (*HC*, 7:232), ay tahimik niyang ipinahayag ang kanyang kalungkutan: "Panahon ng pagdadalamhati [simula] noong araw na dalhin sina Joseph at Hyrum mula sa Carthage patungong Nauvoo. Ipinagpalagay ng marami, sa loob at sa labas ng simbahan, na mahigit pa sa limang bariles ng luha ang tumulo. Hindi ko makayanang isipin ang anumang bagay tungkol dito" (*MHBY-1*, 177).

Sa halos isang dekada ng paglilingkod bilang Apostol ni Jesucristo, ay natutuhan ni Brigham Young ang pamamaraan ng Panginoon. Ang kanyang kahandaang gumawa nang masigasig, sumunod, magsakripisyo, at tumanggap ng responsibilidad at ang kanyang kakayahan sa pagtanggap at pagkilos ayon sa panghihikayat ng Espiritu ay naghanda sa kanya upang pamunuan ang mga Banal sa mga Huling Araw, una bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa at pagkaraan ng Disyembre 1847 bilang Pangulo ng Simbahan. Sa ilalim ng kanyang di-pangkaraniwang pamumuno, na tumagal ng mga 33 taon, tinuruan niya ang mga Banal kung paano itatag ang Sion sa Kanlurang Amerika at sa kanilang sariling puso, mga mag-anak, at purok. "Si Kapatid na Joseph, ang Propeta, ay naglatag ng saligan para sa isang dakilang gawain, at tayo ay magtatayo sa ibabaw nito," ang pangako

niya sa mga Banal noong Agosto 1844. "Makapagtatatag tayo ng isang kahariang walang kahalintulad sa buong daigdig" (*HC*, 7:234). Ang kanyang walang tigatig na pananampalataya sa Diyos; kanyang dedikasyon, karanasan, at ugaling mapagpatawa; ang pag-ibig niya sa doktrina at mga ordenansa ng ebanghelyo; at ang pag-unawa niya sa orden ng pagkasaserdote at organisasyon ng Simbahan ang nagbigay sa kanya ng kakayahang pag-isahin ang mga Banal sa puso at isipan.

**Pagtitipon ng mga Banal upang magtatag ng kaharian ng Diyos.**

Pinamunuan ni Pangulong Brigham Young ang exodo ng mga Banal sa mga Huling Araw mula Nauvoo patungong Lambak ng Salt Lake sa Rocky Mountains. Pinahintulutan nito ang mga Banal na magtipon sa paraang hindi nila nagawa sa Ohio, Missouri, o Illinois. Nang tanawin ni Pangulong Young ang lambak ng Great Salt Lake noong ika-24 ng Hulyo 1847, nakatiyak siyang natagpuan niya ang kanlungang nakini-kinita ni Joseph Smith para sa mga Banal sa Kanluran at nakita rin niya sa isang pangitain bilang ang tamang lugar. "Ang espiritu ng liwanag ay dumapo sa akin at pinaligiran nito ang lambak, at nadama kong doon ay makatatagpo ang mga Banal ng proteksiyon at kaligtasan," ang pagsulat ni Brigham (*MHBY-2*, 564). Makatatagpo rito ang mga Banal ng panahon at lugar na kailangan upang maitatag ang kanilang sarili bilang mga mamamayang hiwalay sa daigdig.

Ang pagtitipon sa Kanluran, na nagsimula sa pagdating ni Pangulong Young at ng pangkat ng tagabunsod noong Hulyo 1847, ay nagpatuloy sa sumunod na mga dekada. Walong libong Banal ang nahirapan sa paglalakbay pakanluran bago sumapit ang 1869 kung kailan mas pinadali ng riles ng tren ang paglalakbay. Maging pagkaraan noon, patuloy pa rin ang mga Banal sa paglisan ng kanilang mga tahanan at kadalasan ng kanilang mga mag-anak upang magsama-sama sa Sion. Ang kanilang heograpikong paglikas ay sumagisag sa kanilang espirituwal na paglikas mula sa daigdig. Ipinahayag ni Pangulong Young na tinawag ng Diyos ang mga Banal na "magtipon mula sa kadulu-duluhang bahagi ng mundo . . . upang maging isang puso at isang isipan sa lahat ng gawain at pagpupunyagi natin sa pagtatatag ng espirituwal at temporal na kaharian ni Cristo sa mundo, upang maghanda para sa pagdating ng Anak ng Tao sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian" (*DNSW*, ika-21 ng Ene. 1868, 2). Umasa siya at malaki ang kanyang hiniling mula sa kanyang mga tao tungkol sa temporal at espirituwal na pagtatatag ng Sion. Hindi lamang sila naglakbay sa tuktok ng mga bundok kundi nagbigay rin sila ng kanilang yaman upang matulungan ang ibang mga Banal na makasunod sa kanila sa pagtitipon.

Sa ilalim ng pangunguna ni Pangulong Young, nilisan ng mga Banal ang Lambak ng Salt Lake upang sakupin ang halos 400 paninirahan sa Kanlurang Amerika. Nagtrabaho sila para magkaroon ng sariling pagkain,


Paglalarawan ng isang pintor sa mga Banal na patawid ng nagyeyelong Ilog Mississippi sa exodo mula sa Nauvoo, Illinois, noong Pebrero 1846.

nanahi ng kanilang sariling damit, at nagtatag ng lokal na industriya nang sa gayon ay magkaroon sila ng sariling kakayahan sa ekonomiya. Natuto silang umasa sa Panginoon at sa bawat isa.

Hindi lahat ng gawaing pang-ekonomiya na itinagubilin ni Pangulong Young na isagawa ng mga Banal ay naging matagumpay. Ang pagtatagumpay sa ekonomiya, gayunman, ay hindi niya pangunahing alalahanin. Sa huli ay hindi siya gaanong nag-alala sa pag-aalaga ng mga pananim at pagkakaroon ng salapi sa halip ay inisip niya ang pagtulong sa kanyang mga tao upang maging isang banal na bansa. Alam niya mula sa karanasan na uunlad sila mula sa paggawa nang masigasig at pagtanggap ng responsibilidad. "Magandang lugar ito upang gumawa ang mga Banal," ang sabi niya sa kongregasyon ng mga kasapi sa Lungsod ng Salt Lake noong 1856 (*DNW*, ika-10 ng Set. 1856, 5).

Sa loob ng maraming taon ay naglingkod si Brigham Young sa isang pook na pinangalanang Deseret (na sa huli ay naging estado ng Utah) bilang gobernador ng teritoryo at tagapamahala sa mga kapakanan ng mga Indiyan. Dumating ang panahon kung kailan hinalinhan siya ng mga hinirang ng pamahalaang pederal. Gumugol siya ng mga taon sa pagtatangkang malutas ang tunggalian ng mga Banal sa mga Huling Araw at ng pamahalaan ng Estados Unidos ng Amerika dahil sa pagnanais ng mga Banal ng kalayaang pulitikal. Tiniis niya ang pamimintas at panlilibak mula sa mga ministro, mamamahayag, mga taong nanghihingi ng pagbabago, at mga pulitikong tumutuligsa sa kanila dahil sa kanilang mga paniniwala sa relihiyon at kanilang mga kaugaliang panlipunan, pang-ekonomiya at pampulitika. Subalit hindi binago ng mga hamong ito ang kanyang malinaw na pang-unawa sa pangangailangang "gumawa ang mga Banal" at sa gayong paraan ay maitatag ang Sion. Ipinahayag ni PangulongYoung na: "Nakita ko ang komunidad ng mga Banal sa mga Huling Araw sa isang pangitain; at namasdan ko silang nakatatag bilang isang dakilang mag-anak ng langit; kung saan ginagawa ng bawat isa ang kanyang mga tungkulin sa uri ng kanyang gawain, na higit na gumagawa para sa kabutihan ng lahat kaysa sa pagpapayaman ng sarili; at dito ay namasdan ko ang pinakamagandang kaayusan na maaaring maisip ng tao, at ang pinakamarangyang mga bunga para sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos at ang pagpapalaganap ng kabutihan sa mundo" (*DNSW*, ika-21 ng Ene. 1868, 2).

---

## Pagtatatag ng Sion sa pamamagitan ng mga ordenansa at organisasyon ng pagkasaserdote.

Tinanggap ni Pangulong Young na hindi maitatatag ang Sion sa pamamagitan lamang ng masigasig na paggawa. Kailangang pamahalaan ang Sion sa pamamagitan ng pagkasaserdote, na batid niyang ang "Pamahalaan ng Anak ng Diyos" (*DNW*, ika-10 ng Ago. 1864, 2). Alam

niyang ang mga Banal ay maaaring "maging isang puso at isang isipan sa lahat ng . . . gawain at pagpupunyagi" (*DNSW*, ika-21 ng Ene. 1868, 2), sa pamamagitan lamang ng isang "dalisay at banal na uri ng pamahalaan" (*DNSW*, ika-8 ng Nob. 1870, 3). Itinuro niya na ang mga kasapi ng Simbahan ay mapapabanal lamang sa pamamagitan ng paglahok sa mga ordenansa ng pagkasaserdote; samakatwid, pangunahin sa kanyang mga turo at pamumuno ang mga ordenansa at organisasyon ng pagkasaserdote.

Mula 1844 hanggang 1846, binigyan ng mahalagang priyoridad ni Pangulong Young at ng Labindalawa ang pagtapos ng Templo sa Kirtland. Ginawa rito ang mga endowment at pagbubuklod bago pa man matapos ang paggawa nito. "Gayon na lamang ang pananabik na ipinakita ng mga Banal na makatanggap ng mga ordenansa, at gayon na lamang ang pananabik namin na mangasiwa sa kanila; kaya't inilaan ko na ang aking sarili sa gawain ng Panginoon sa Templo sa gabi at araw. Karaniwan ay hindi natutulog nang higit pa sa apat na oras sa bawat araw, at umuuwi ako minsan lamang sa isang linggo," ang itinala ni Pangulong Young sa kanyang talaarawan (*MHBY-2*, 10). Mula ika-10 ng Disyembre 1845 at ika-7 ng Pebrero 1846 ay may mga 5,615 Banal ang tumanggap ng ordenansa ng endowment at napakaraming mag-anak ang ibinuklod. Pagkaraan lamang ng isang taon, tatlong araw matapos dumating sa Lambak ng Salt Lake, ay pinili ni Pangulong Young ang lote na pagtatayuan ng Templo sa Salt Lake. Ito ay itatayo sa sentro ng lungsod at sa sentro ng buhay ng mga Banal. Ang kahanga-hangang templo, na nangailangan ng 40 taon upang maitayo, ay natapos pagkaraang mamatay si Pangulong Young, subalit nagtalaga siya ng ibang banal na lugar kung saan maaaring isagawa ang mga endowment at pagbubuklod sa templo para sa mga nabubuhay samantalang hinihintay matapos ang templo. Sa paglalaan ng mababababang palapag ng Templo sa St. George noong ika-1 ng Enero 1877, ilang buwan bago siya mamatay, ay masiglang nagsalita si Pangulong Young tungkol sa muling pagpapasimula ng gawain ng ordenansa para sa mga patay. "Kapag pinag-iisipan ko ang paksang ito ay gayon na lamang ang pagnanais kong magkaroon ng tinig na kasing lakas ng dagundong ng mga kulog upang magising ko ang mga tao. Maliligtas ba ang mga ninuno kung wala tayo? Hindi. Maliligtas ba tayo kung wala sila? Hindi." (*MS*, 39:119).

Napakahalaga ng mga ordenansa ng templo sa pagbubuklod ng mga salinlahi at sa pagsasalin ng mga banal na katotohanan mula sa isang salinlahi hanggang sa susunod. Ang mga Banal sa mga Huling Araw na isinilang at nagbalik-loob sa huling bahagi ng ikalabinsiyam na siglo ay hindi na makararanas ng mga pag-uusig sa Missouri o personal na makaalala sa Propetang si Joseph Smith. Sa pagdaan ng panahon, mas higit na kakaunti sa kanila ang makararanas ng mga pagbubunsod at pananakop, ngunit sila rin ay kailangang matuto ng mga sagradong katotohanan tungkol sa pagtatatag ng Sion. Hinikayat ni Pangulong Young ang mga pagpupunyagi sa pagtuturo ng ebanghelyo sa mga kabataan ng Simbahan

at gumawa upang maisaayos ang organisasyon ng Simbahan, na nagpapahiwatig ng pagnanais na makapag-aruga ng isang salinlahi ng kalalakihan at kababaihan na magmamahal at magpapanatili ng katotohanan at kabutihan sa mundo" (*MFP*, 2:288). Ang mga Panlinggong Paaralan ng mga purok para sa mga bata, na unang itinatag noong 1849, ay nagsimulang gumawang sama-sama sa ilalim ng sentrong lupon noong 1867. Sa kahilingan ni Pangulong Young, at sa pagsisimula sa sarili niyang mga anak na babae, itinatag ang mga samahan noong 1869 upang palakasin ang mga kabataang babae sa kanilang pag-unawa sa ebanghelyo at pangakong mamuhay nang masinop. Noong 1875 ay binuo ang katulad na mga samahan upang turuan ang mga kabataang lalaki at bigyan sila ng karanasan sa pamumuno.

Dahil kinikilalang ang Sion ay hindi maitatatag nang wala ang mga kapatid na babae, muling itinatag ni Pangulong Young ang Samahang Damayan noong 1867 tulad ng pagkakatatag nito sa Nauvoo ng Propetang si Joseph Smith. Tumulong ang kababaihan sa mga obispo sa pagbibigay ng tulong sa mahihirap at sawim-palad, hinikayat nila ang mga mag-anak na gawin sa tahanan ang anumang kanilang kailangan, tinuruan ang bawat isa ng ebanghelyo, at pinangasiwaan ang pagtuturo sa mga nakababatang babae at bata.

Sa huling taon ng kanyang buhay, isinaayos ni Pangulong Young ang korum ng pagkasaserdote. Hinati at inayos niyang muli ang mga istaka at dinagdagan ang bilang ng istaka mula sa walo hanggang sa labingwalo. Pinangasiwaan niya ang pagsasaayos ng korum ng mga elder at tinagubilinan ang mga elder sa kanilang temporal at espirituwal na mga responsibilidad. Binigyang-diin niya ang purok bilang ang pangunahing lokal na yunit ng gawain ng Simbahan at pinalawak ang tungkulin ng obispo bilang pinuno ng purok. Hinalinhan niya ang mga kasapi ng Korum ng Labindalawa sa pamumuno sa mga lokal na yunit upang magawa nila ang kanilang mga tungkulin bilang natatanging mga saksi ni Jesucristo sa mga bansa. Sa kanyang kamatayan noong ika-29 ng Agosto 1877, naitatag na ang Simbahan sa kaayusang kinikilala ng halos lahat ng Banal sa ngayon.

Ang sigasig ni Pangulong Young sa pagtatatag ng Sion sa pamamagitan ng pananakop, gawaing pang-ekonomiya, mga sagradong ordenansa ng templo, at organisasyon ng pagkasaserdote ay nasa hibla ng kanyang mga sermon. Hindi maaaring ilarawan ng isang sermon ang kabuuan ng kanyang pangitain. "Bahagya ko pa lamang natutukoy ang dakilang Sermon ng Ebanghelyo," ang pahayag niya sa pagtatapos ng isang panayam (*MSS*, 15:49). Pinaniniwalaan niya ang kabuuan ng ebanghelyo, ay maaari lamang ituro nang paunti-unti, at taludtod sa taludtod. "Ang ebanghelyo ng Anak ng Diyos," ang sabi niya, " . . . ay mula sa kawalang hanggan hanggang sa kawalang-hanggan. Kapag nabuksan ang pangitain sa isipan, maaari ninyong makita ang malaking bahagi nito, ngunit makikita ninyo ito tulad

ng kung paano nakikita ng isang nagtatalumpati ang mga mukha ng isang kongregasyon. Ang pagtingin, at pagkausap sa kanila nang isa-isa, at pag-iisip na lubusang makilala sila, ang paggugol ng limang minuto sa bawat isa sa kanila ay uubos ng napakaraming oras, at hindi ito magagawa nang madali. Gayon din ang mga pangitain ng kawalang-hanggan; makikita natin at mauunawaan ito, subalit mahirap maipaliwanag" (*DNW*, ika-26 ng Okt. 1854 2). Sa pamamagitan ng kanyang turo at kanyang pamumuno, ay pinagsisikapan ni Pangulong Brigham Young sa tuwina na tulungan ang mga Banal na kapwa makita at maunawaan ang walang hanggang katotohanan ng ebanghelyo.

Nakasentro ang buhay ni Brigham Young sa pagtuturo ng ebanghelyo at pagtatatag at pagtataguyod ng kaharian ng Diyos. "Ang Kaharian ng langit ay higit sa lahat ng nasa atin," ang sabi niya sa mga Banal (*DNW*, ika-27 ng Hul. 1864, 2).

Marahil ang pamumuno ni Pangulong Young ay pinakamabuting mailalarawan ng mga Apostol na naglilingkod sa oras ng kanyang kamatayan: "Sa loob ng talumpu't tatlong taon na pinamunuan niya ang Simbahan, buhat noong pagkamatay bilang martir ng Propetang si Joseph, hindi kailanman nangatog ang kanyang mga tuhod, hindi kailanman nanginig ang kanyang mga kamay; hindi siya kailanman nag-atubili o nasiraan ng loob. Kahit na nakakatakot ang mga kapaligiran o pagkakataon, hindi siya kailanman nangamba; bagkus sa mga panahong iyon ay nagpakita siya ng tahimik na pagtitiwala at pananampalataya, at sumambit ng mga salitang nagpapalakas ng loob, upang mang-aliw at magbigay-lakas sa lahat ng tao, at mapasakanya ang kanilang pagmamahal at paghanga. Ang Panginoon, gayunman, ay hindi lamang siya biniyayaan ng kagitingan, subalit binigyan din siya ang dakilang karunungan. Ang kanyang mga payo, kapag sinunod, ay may karugtong na kaligtasan, at bilang isang tagapagtatag at tagapangasiwa ay wala nang dadaig pa sa kanya. . . .

Pinutungan ng Panginoon ng pinaka-kahanga-hangang tagumpay ang kanyang mga gawain, ang kanyang mga salita ay pinarangalan at tinupad ng Panginoon, at ang mga sumunod sa kanyang payo ay biniyayaan at kinalinga. Darating ang panahon na ituturing ang kanyang pangungulo sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw bilang isang panahon kung kailan naganap ang mga kahanga-hanggang pangyayari" (*MFP*, 2:298).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

- Paano nalaman ni Brigham Young na totoo ang Simbahan?
- Paano nakatulong kay Brigham Young ang kanyang kahandaang maging masunurin at magsakripisyo sa kanyang pagtatatag at pagtatanggol sa kaharian ng Diyos?

- Ano ang matututuhan ng mga kasapi ng Simbahan ngayon tungkol sa palagiang pagsuporta ni Brigham Young kay Propetang Joseph Smith?
- Ano ang ilan sa mga pangyayaring naganap sa buhay ni Brigham Young na naghanda sa kanya sa pamumuno sa Simbahan? Paano inihahanda ng Panginoon ang bawat isa sa atin sa paglilingkod sa kaharian ng Diyos?
- Ano ang sinabi ni Pangulong Young na partikular na layunin ng pagtitipon ng mga Banal? Sa anong mga paraan itinatag ni Pangulong Young ang kaharian ng Diyos?
- Ano ang binanggit ni Brigham Young na ang "Pamahalaan ng Anak ng Diyos"? Paano ginampanang mabuti ni Pangulong Young ang kanyang pagkasaserdote?
- Ano ang kailangan upang "makapag-aruga ng isang salinlahi ng kalalakihan at kababaihan na magmamahal at magpapanatili ng katotohanan at kabutihan sa mundo"? Ano ang ginawa ni Brigham Young para matupad ito? Bakit ito napakahalaga ngayon?
- Paano tinulungan ni Pangulong Young ang mga Banal na makita at maunawaan ang walang hanggang mga katotohanan ng ebanghelyo? Sa palagay ninyo bakit makatutulong ang pag-aaral at pagmumuni-muni sa mga turo ni Brigham Young sa susunod na dalawang taon?



Ang Templo sa Salt Lake noong mga 1880. Nakadama ng matinding pagnanais ang mga Banal na magtayo ng isang templo para sa kanilang Diyos.

# Ipinaliwanag ang Ebanghelyo

*Kilala ng daigdig si Pangulong Brigham Young bilang dakilang mananakop na nangangasiwa sa pagbabagong-anyo ng isang disyertong ilang tungo sa pagiging isang magandang tirahan. Mas mahalaga rito ang katotohanang isa siyang masidhing tagapagturo ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo na nagbigay inspirasyon sa naunang mga Banal upang ipamuhay ang malinaw na doktrina ng isang relihiyong tumitiyak sa lahat ng pagkakataong makabalik sa piling ng Diyos.*

## Mga Turo ni Brigham Young

**Sinasaklaw ng ebanghelyo ni Jesucristo ang isang sistema ng mga batas at ordenansa na humahantong sa kaligtasan.**

Ang ating relihiyon ay walang iba kundi ang tunay na patakaran ng langit—ang sistema ng mga batas na namamahala sa mga diyos at mga anghel. Sila ba ang pinamamahalaan ng batas? Tiyak iyan. Walang nilalang sa lahat ng kawalang-hanggan ang hindi pinamamahalaan ng batas (*DBY*, 1).

Ang ipinahayag na Ebanghelyo ng Anak ng Diyos ay isang plano o sistema ng mga batas at ordenansa, na kung saan sa pamamagitan ng ganap na pagsunod ng mga taong naninirahan sa mundo, ay tinitiyak na maaari silang makabalik muli sa piling ng Ama at ng Anak. Ang mga batas ng Ebanghelyo ay ilan lamang sa mga alituntunin ng kawalang-hanggan na ipinahayag sa mga tao sa pamamagitan nito sila ay makababalik sa langit kung saan sila nagmula (*DBY*, 1).

Kapag nag-uusap tayo tungkol sa batas selestiyal na ipinahayag mula sa langit, ibig sabihin, ang Pagkasaserdote, ay pinag-uusapan natin ang tungkol sa alituntunin ng kaligtasan, isang ganap na sistema ng pamahalaan, ng mga batas at ordenansa, na sa pamamagitan nito ay maihahanda tayo na makadaan sa isang daluyan patungo sa isa pa, at mula sa isang tanod patungo sa isa pa, hanggang marating natin ang kinaroroonan ng ating Ama at Diyos (*DBY*, 130).

Matatanggap natin ang katotohanan, at malalaman ito, hanggang sa bawat sulok ng ating kaluluwa, na ang Ebanghelyo ay ang kapangyarihan

ng Diyos tungo sa kaligtasan; na ito ang daan tungo sa buhay na walang hanggan (*DBY*, 90).

Ang ating relihiyon, tulad din ng lahat na ang Diyos ang May-akda, ay isang sistema ng batas at patakaran. Pinasimulan niya ang mga batas at ordenansa para sa pamamahala at sa kapakanan ng mga anak ng tao, upang makita kung susundin nila ang mga ito at patutunayan nilang karapat-dapat sila sa buhay na walang-hanggan sa pamamagitan ng batas ng selestiyal na mga daigdig (*DBY*, 1).

Hindi gumawa ang Panginoon ng mga batas na pumipilit sa akin na ipagawa ko ang aking mga sapatos sa isang natatanging estilo. Hindi siya kailanman nagbigay ng batas na nagtatakda na kailangan kong magkaroon ng sapatos na ang dulo ay palapad o na ang dulo ay patulis; kung ako man ay magkakaroon ng amerikana na ang baywang ay lampas lamang sa aking mga siko, at ang laylayan ay abot sa aking sakong; o kung kailangan akong magsuot ng amerikanang tulad ng suot ko ngayon. Ang katalinuhan, sa isang banda, ay ipinagkaloob sa kapwa Banal at makasalanan, upang gamitin nang may kalayaan, bukod pa sa kung sila ay may batas ng Pagkasaserdote o wala, kung narinig na nila ito o hindi (*DBY*, 63).

Alam ninyo, ang isang kaibahan ng ating pananampalataya at relihiyon ay ang hindi kailanman paghiling sa Panginoon na gawin ang isang bagay nang hindi tayo handang tumulong sa kanya sa abot ng ating kakayahan; at pagkatapos ang Panginoon na ang gagawa ng iba. Hindi ko hihilingan ang Panginoon na gawin ang bagay na hindi ko handang gawin (*DBY*, 43).

---

## Sinasaklaw ng ebanghelyo ni Jesucristo ang lahat ng katotohanan.

Ang lahat ng katotohanan ay para sa kaligtasan ng mga anak ng tao—para sa kapakinabangan at pagkatuto—para sa kanilang pag-unlad sa mga alituntunin ng banal na kaalaman; at ang banal na kaalaman sa katunayan ay—katotohanan; at ang lahat ng katotohanan ay nauukol sa Diyos (*DBY*, 11).

Maging handang tumanggap ng katotohanan, hayaan itong magmula kahit kanino; wala itong kaibahan, ni katiting. Hindi mahalaga kung tanggapin ninyo ang Ebanghelyo mula kay Joseph Smith o kay Pedro, na nabuhay noong panahon ni Jesus. Tanggapin ninyo ito mula sa isang tao o sa iba. Kung tumawag ang Diyos ng tao at inutusan siyang mangaral ng Ebanghelyo ito ay sapat na sa akin; hindi mahalaga kung sino siya, ang ibig ko lamang malaman ay ang katotohanan (*DBY*, 11).

Ang "Mormonismo," tulad ng bansag ng iba, ay sumasaklaw sa lahat ng alituntuning tungkol sa buhay at kaligtasan, para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Sinuman ang maytaglay nito. Kung ang taong hindi

naniniwala sa Diyos ay may katotohanan ito ay pag-aari ng "Mormonismo." Ang katotohanan at tamang doktrina na taglay ng ibang sekta ng relihiyon, at marami sila nito, ay pag-aari lahat ng Simbahang ito. Tungkol naman sa kanilang moralidad, marami sa kanila ang kasimbuti natin. Lahat ng mabuti, kaaya-aya, o maipagkakapuri ay pag-aari ng Simbahan at Kahariang ito. Nakapaloob sa "Mormonismo" ang lahat ng katotohanan. Walang katotohanan na hindi nakapaloob sa Ebanghelyo. Ito ang buhay, buhay na walang hanggan; ito ang kaligayahan; ito ang kaganapan ng lahat ng bagay na nasa mga diyos at sa kawalang-hanggan ng mga diyos (*DBY*, 3).

Sa ibang salita, kung hindi ang "Mormonismo" ang buhay ko, hindi ko alam kung nabubuhay nga ako. Hindi ko nauunawaan ang iba pa, dahil sinasaklaw nito ang lahat ng abot ng pang-unawa ng tao. Kung hindi nito saklaw ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, hindi ito totoo sa ipinahayag nitong katangian (*DBY*, 2).

Nais kong sabihin sa lahat ng aking kaibigan na naniniwala tayo sa lahat ng mabuti. Kung makatatagpo kayo ng katotohanan sa langit, lupa o impiyerno, ito ay pag-aari ng aming doktrina. Naniniwala kami rito; ito ay amin; inaangkin namin ito (*DBY*, 2).

Sinasaklaw ng [ebanghelyo] ang lahat ng moralidad, lahat ng kagalingan, lahat ng liwanag, lahat ng katalinuhan, lahat ng kadakilaan, at lahat ng kabutihan. Pinasisimulan nito ang sistema ng mga batas at ordenansa (*DBY*, 3).

Nakalakip sa gayong plano ang lahat ng sistema ng tunay na doktrina sa mundo, maging ito man ay pansimbahan, alinsunod sa moralidad, pilosopiya, o batas panlipunan; kalakip nito ang lahat ng mabuting batas na ginawa mula noong panahon ni Adan hanggang ngayon; saklaw nito ang mga batas ng mga bansa, dahil hinihigitan sila nito sa kaalaman at kadalisayan, saklaw nito ang mga doktrina ngayon, at kumukuha ito mula sa kanan at sa kaliwa, at pinagsasama-sama ang lahat ng katotohanan saiisang sistema, at iniiwan ang mga iba na kumalat sa lahat ng dako (*DBY*, 3–4).

Ating gawain at tungkulin, bilang mga ministro ng kaligtasan at Ebanghelyo, na tipunin ang lahat ng katotohanan at tanggihan ang lahat ng kamalian. Matagpuan man ang katotohanan sa mga taong hindi naniniwala sa Diyos, o sa mga naniniwala na ang mga kaluluwa sa huli ay maliligtas sa pamamagitan ng awa ng Diyos, o sa Simbahan ng Roma, o sa Metodista, o sa Simbahan ng Inglatera, sa mga Presbiteryo, Baptist, Quaker, Shaker, o alinman sa marami pang iba't ibang sekta at pangkat, lahat ay may taglay na katotohanan kahit paano. Gawain ng mga Elder ng Simbahang ito (si Jesus, ang kanilang Nakatatandang Kapatid, bilang kanilang pinuno) na tipunin ang lahat ng katotohanan sa daigdig tungkol sa buhay at kaligtasan, sa Ebanghelyong ating ipinangangaral, . . . sa mga siyensiya, at sa

pilosopiya, saanmang bansa, lahi, wika, at tao ito matagpuan at dalhin ito sa Sion (*DBY*, 248).

Ang lahat ng kaalaman at karunungan at bawat kabutihan na maaaring naisin ng puso ng tao ay saklaw ng pananampalatayang ating niyakap (*DBY*, 446).

Sinasaklaw nito ang lahat ng katotohanang matatagpuan sa kalangitan at sa pinakamataas na—bawat katotohanan sa ibabaw ng lupa, sa ilalim ng lupa, at sa mabituing kalangitan; bilang buod, saklaw nito ang lahat ng katotohanan sa lahat ng kawalang-hanggan ng mga Diyos (*DBY*, 448).

Sinusukat, tinitimbang at sinasaklaw ng ating relihiyon ang lahat ng karunungan sa daigdig—lahat ng ipinahayag ng Diyos sa tao. Ipinahayag ng Diyos ang lahat ng katotohanan na ngayon ay nasa daigdig, maging ito man ay tungkol sa siyensiya o relihiyon. Ang buong mundo ay may pananagutan sa kanya dahil sa nalalaman at tinatamasa nila; sila ay may pagkakautang sa kanya dahil sa lahat ng ito, at kinikilala ko siya sa lahat ng bagay (*DBY*, 2).

Sakop nito ang lahat ng tunay na siyensiya na alam ng tao, ng mga anghel, at ng mga diyos. May isang tunay na sistema at siyensiya ng buhay; lahat ng iba pa ay nagiging sanhi ng kamatayan. Ang sistemang ito ay nagmumula sa Bukal ng buhay (*DBY*, 2).

Mananatili ang katotohanan bagama't lumipas na ang kamalian. Mananatili ang buhay bagama't silang tumanggi sa mga salita ng walang hanggang buhay ay mamamatay na. Nais ko ng katotohanan dahil ito ay totoo, dahil ito ay kaaya-aya at kalugud-lugod, dahil sa napakaluwalhating katangian nito, at lubos na karapat-dapat sa paghanga, pananampalataya at pagsasaalang-alang ng lahat ng matalinong nilalang sa langit o sa lupa (*DBY*, 9).

Nalulugod ako rito, dahil nilalayon ng katotohanan na itaguyod ang kanyang sarili; ito ay nababatay sa walang hanggang katotohanan at mananatili, samantalang ang iba, sa malao't madali ay maglalaho (*DBY*, 11).

Ang bawat taong namumuhay alinsunod sa mga batas na ibinigay ng Panginoon sa kanyang mga tao, at tumatanggap ng mga pagpapalang inilaan niya para sa matatapat, ay dapat na may kakayahang malaman ang mga bagay tungkol sa Diyos, mula sa mga bagay na hindi sa Diyos, ang liwanag mula sa kadiliman, ang nagmumula sa langit at yaong nagmumula sa ibang dako. Ito ang pampalubag-loob at kasiyahang tinatamasa ng mga Banal sa mga Huling Araw sa pamumuhay nila ng kanilang relihiyon; ito ang kaalaman na taglay ng lahat ng namumuhay nang gayon (*DBY*, 35).

Napakadaling mamuhay sa katotohanan. Inisip na ba ninyo ito, mga kaibigan ko? Inisip na ba ninyo ito, mga kapatid ko? Sa bawat pangyayari sa buhay, maging sa mga mapagpakumbaba o mapagmataas man, ang

katotohanan sa tuwina ay ang pinakatiyak at pinakamadaling gabay upang maisaayos ang ating buhay (*DBY*, 11).

Sa madaling salita, ang ating relihiyon ang katotohanan. Nakasaad ito sa isang pagpapahayag na ito—saklaw nito ang lahat ng katotohanan, saanman ito matatagpuan, sa lahat ng gawa ng Diyos at tao na nakikita at hindi nakikita ng mata ng tao (*DBY*, 2).

---

### Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote, ang ebanghelyo ang paraan ng kaligtasan para sa lahat ng anak ng Diyos.

Ang Ebanghelyong ipinangangaral natin ay ang Ebanghelyo ng buhay at kaligtasan. Ang Simbahang ating kinakatawan ay ang Simbahan at Kaharian ng Diyos, at taglay nito ang tanging pananampalatayang makapagpapabalik sa mga anak ng tao sa kinaroroonan ng ating Ama at Diyos. Itinaas ng Panginoon ang kanyang mga kamay upang ipanumbalik ang lahat ng bagay tulad noong simula, at sa pamamagitan ng pangangasiwa ng kanyang banal na Pagkasaserdote, ay maliligtas ang lahat nang maaaring maligtas, lilinisin sa mundo ang bunga ng Pagkahulog, at ibibigay ito sa mga kamay ng kanyang mga Banal (*DBY*, 4).

Ang Pagkasaserdote . . . ay isang ganap na kaayusan at sistema ng pamamahala, at ito lamang ang makapagliligtas sa sangkatauhan mula sa lahat ng kasamaan na nagpapahirap sa mga kasapi nito, at tumitiyak sa kanila ng kasiyahan at kaligayahan sa kabilang buhay (*DBY*, 130).

Ang Ebanghelyo at ang Pagkasaserdote ay ang mga paraang ginagamit niya upang iligtas at dakilain ang kanyang mga masunuring anak sa pagkakaroon nila ng kaluwalhatiang tulad ng sa kanya at ng kapangyarihang maputungan ng korona ng kaluwalhatian, kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan (*DBY*, 5).

Lahat ng gawain natin ay dapat na pinamamahalaan ng patnubay ng Pagkasaserdote (*DBY*, 133).

Walang ordenansang ibinigay ang Diyos sa pamamagitan ng sarili niyang tinig, ng kanyang Anak na si Jesucristo, o ng bibig ng sinuman sa kanyang mga Propeta, Apostol, o Ebanghelista, na walang saysay. Ang bawat ordenansa, bawat kautusan at hinihingi ay mahalaga para sa kaligtasan ng sangkatauhan (*DBY*, 152).

Hinggil sa mga ordenansa ng Diyos, maaari nating sabihin na sumusunod tayo sa mga ito dahil hinihingi niya ito; at bawat kaliit-liitan ng kanyang mga hinihiling ay may kaakibat na makatwirang pilosopiya. . . . Ang pilosopiyang iyon ay umaabot sa buong kawalang-hanggang, at ito ang pilosopiyang pinaniniwalaan ng mga Banal sa mga Huling Araw. Bawat butil ng katotohanan na tinanggap ng bawat tao ay kaloob ng

Diyos. Tinatanggap natin ang mga katotohanang ito, at nagpapatuloy mula sa isang kaluwalhatian tungo sa kasunod na kaluwalhatian, mula sa isang buhay na walang hanggan tungo sa kasunod na buhay na walang hanggan, nagtatamo ng kaalaman tungkol sa lahat ng bagay, at nagiging mga Diyos, maging mga Anak na lalaki ng Diyos (*DBY*, 152).

Ang Ebanghelyo ni Jesucristo ay ang bukas na daan—ang bukas na lagusan sa daan na mula sa lupa patungong langit, na kung saan ang tuwirang paghahayag ay dumarating sa mga anak ng tao sa kanilang iba't ibang katungkulan, ayon sa kanilang mga tungkulin at katayuan sa lipunang kanilang pinaninirahan. Ang Ebanghelyo ng kaligtasan ay bahagi ng batas na nauukol sa kaharian na kung saan naninirahan ang Diyos; at ang mga ordenansa na nauukol sa banal na Pagkasaserdote ay ang paraan kung paano ang mga anak ng tao ay nakatatagpo ng daan tungo sa buhay, kung saan maaari nilang patagalin ang kanilang paglalakbay hanggang sa makabalik sila sa piling ng kanilang Ama at Diyos (*DBY*, 6).

Ang mga batas at ordenansa na ipinahayag ng Panginoon sa mga huling araw na ito, ay sinadya upang mailigtas ang lahat ng mga anak na lalaki at babae nina Adan at Eva (*DBY*, 1).

Ipinapahayag namin ito sa lahat ng naninirahan sa mundo mula sa mga lambak na nasa mga tuktok ng mga bundok na ito, na kami ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw . . . at nasa amin ang doktrina ng buhay at kaligtasan para sa lahat ng may matapat na puso sa buong daigdig (*DBY*, 7).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

### Sinasaklaw ng ebanghelyo ni Jesucristo ang isang sistema ng mga batas at ordenansa na umaakay tungo sa kaligtasan.

- Ayon kay Pangulong Young, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ang "kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan." Paano maihahambing ang pangungusap niya sa pakahulugan ng Tagapagligtas sa ebanghelyo sa 3 Nephi 27:13–14?
- Ano ang ginagampanan ng ebanghelyo ni Jesucristo sa pagsasakatuparan ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan sa tao? (Tingnan din sa Moises 1:39; Abraham 3:25.) Bakit kailangan natin ng isang sistema ng mga batas at ordenansa upang makabalik sa piling ng Diyos? Sa anong paraan para sa "kapakinabangan ng mga anak ng tao" ang mga batas at ordenansa ng Diyos? (Tingnan din sa 2 Nephi 2:13, 16.)

- Itinuro ni Pangulong Young na ang Diyos ay “pinamamahalaan ng batas.” Paano nakatutulong sa atin ang kaalamang ang Diyos ay pinamamahalaan ng batas? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 82:10.)
- Inilarawan ni Pangulong Young ang ebanghelyo bilang isang maayos na sistema. Sa anu-anong bagay inaasahan ng Diyos na gamitin natin ang ating sariling mabuting pagpapasiya? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 58:26–29.)

---

**Sinasaklaw ng ebanghelyo ni Jesucristo ang lahat ng katotohanan.**

- Hinamon ni Pangulong Young ang mga Banal sa mga Huling Araw na hanapin ang katotohanan. Bakit kailangan nating maunawaan na sinasaklaw ng ebanghelyo ni Jesucristo ang lahat ng katotohanan? Bakit kailangan nating tanggapin ang katotohanan saanman ito matatagpuan? Ano ang maaari nating matutuhan sa pahayag ni Pangulong Young na ang “lahat ng katotohanan ay nauukol sa Diyos”?
- Ano ang itinuturo ng mga pangungusap ni Pangulong Young tungkol sa pagtanggap at pagmamahal sa mga taong may ibang pananampalataya?
- Paano natin malalaman ang kaibahan ng katotohanan sa kamalian? (Tingnan din sa I Mga Taga Corinto 2:11, 14; Moroni 7:12–17.) Bakit napakahalaga ang magkaroon ng kakayahang “tipunin ang lahat ng katotohanan at tanggihan ang lahat ng kamalian” sa mga huling araw?
- Paano nakaaapekto sa ating buhay ang pagkaalam sa mga katotohanan ng ebanghelyo? Bakit ang katotohanan ang tuwinang “pinakatiyak at pinakamadaling gabay upang maisaayos ang ating buhay”? Paano naaapektuhan ang ating buhay kung namumuhay tayo sa kasinungalingan at pagbabalatkayo? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 88:86.)

---

**Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote, ang ebanghelyo ang paraan ng kaligtasan para sa lahat ng anak ng Diyos.**

- Ano ang kaugnayan ng pagkasaserdote at ng ebanghelyo ni Jesucristo? Bakit mahalaga ang ordenansa ng pagkasaserdote sa plano ng ebanghelyo?
- Ano ang tungkulin ng mga lokal na korum ng pagkasaserdote, pangkat, at komite sa pagiging mga ministro ng ebanghelyo? Ano ang tungkulin ng Samahang Damayan sa pagtuturo ng katotohanan at pagpapatatag ng pananampalataya sa ebanghelyo ni Jesucristo? Anu-ano ang karanasan

ninyo sa isang taong naglilingkod na tulad ni Cristo? Paano nakaimpluwensiya ang mga karanasang ito sa inyo?

- Itinuro ni Pangulong Young na ang ebanghelyo ay "ang bukas na lagusan sa daan na mula sa lupa patungong langit." Anong responsibilidad na nakapataw sa mga tumanggap ng ipinanumbalik na ebanghelyo na palaganapin ang kanilang patotoo tungkol sa mga batas, ordenansa, at katotohanan nito? (Tingnan din sa Mateo 28:19–20; Mga Kawikaan 22:6.)

# Pamumuhay ng Ebanghelyo

*Bilang isang kahanga-hangang mananakop, pinuno ng Simbahan at pangkat sibiko, at tagapagtaguyod ng kanyang mag-anak, si Pangulong Brigham Young ay nagpakita ng magandang halimbawa ng buhay at praktikal na ebanghelyo. Binigyang-diin niya sa kanyang mga turo at buhay na ang ebanghelyo ni Jesucristo ang daan tungo sa kaligtasan ng sangkatauhan at gayundin ay "isang relihiyong isinasagawa, at naaangkop sa pang-araw-araw na tungkulin at katotohanan ng buhay na ito" (*DBY*, 12).*

## Mga Turo ni Brigham Young

**Ang ating pansariling pag-unlad sa ebanghelyo ay natatamo nang unti-unti at taludtod sa taludtod habang ipinamumuhay natin ang mga alituntuning natututuhan natin.**

Tinatanggap natin . . . ang lahat ng batas, tuntunin, ordenansa, at pamamalakad na nakapaloob sa mga Banal na Kasulatan at isinasagawa ang mga ito hangga't maaari, at pagkatapos ay patuloy na pag-aralan at paunlarin hanggang maipamuhay natin ang bawat salita na nagmumula sa bibig ng Diyos (*DBY*, 3).

Nasa atin ang Ebanghelyo ng buhay at kaligtasan upang gawing mabuti ang masasamang tao at higit pang pabutihin ang mabubuting tao (*DBY*, 6).

Kamakailan lamang sa aking pakikipag-usap sa isang panauhin na pabalik na sa Silangang Estado ay sinabi niyang: "Kayo, bilang tao ay nagtuturing sa inyong sarili na walang kapintasan?" "Naku, hindi", ang sabi ko, "hindi sa anumang paraan. . . . Ang doktrina na aming tinanggap ay walang kapintasan; ngunit kapag pinag-usapan ang mga tao, ay marami ding makikitang kapintasan. Hindi kami perpekto; subalit ang Ebanghelyong ipinangangaral namin ay naglalayong gawing perpekto ang mga tao upang matamo nila ang isang maluwalhating pagkabuhay na mag-uli at makapasok sa kinaroroonan ng Ama at ng Anak" (*DBY*, 7).

Ang mga tao (ay hindi matatanggap ang mga batas) sa kanilang buong kaganapan; subalit makatatanggap sila nang kaunti dito at kaunti doon, kaunti ngayon at kaunti bukas, kaunti pa sa susunod na linggo at higit pa

doon sa susunod na taon, kung gumagawa sila ng matalinong pag-unlad sa bawat kaunting katotohanan na kanilang tinatanggap; kung hindi, sila ay mananatili sa kamangmangan, at ang liwanag na ipinahahayag ng Panginoon ay magmimistulang kadiliman sa kanila, at ang kaharian ng langit ay magpapatuloy at iiwan silang nangangapa. Kung gayon, kung ninanais nating kumilos sa kaganapan ng kaalamang nilalayong ipahayag ng Panginoong nang unti-unti sa mga naninirahan sa lupa, kailangan nating pagbutihin ang bawat maliit na bagay habang ito ay inihahayag (*DBY*, 4).

Aking . . . nadarama na kailangan kong itanim sa isipan ng mga Banal sa mga Huling Araw ang pangangailangan sa isang masusing pagsasagawa ng mga alituntunin ng Ebanghelyo sa ating buhay, kilos at mga pananalita at sa lahat ng ating ginagawa; at hinihingi nito ang kabuuan ng isang tao, ang buong buhay upang italaga sa patuloy na pagsulong nang sa gayon ay malaman ang katotohanang tulad ng taglay ni Jesucristo. Dito nakasalalay ang kabuuan ng kaganapan. Naipakita ito sa katauhan ng ating Tagapagligtas; kahit na kaunti lamang nito ang naipamalas sa mga tao, bunga ng kanilang hindi pagkatanggap nito. Ibinigay niya sa kanila ang lahat ng handa nilang tanggapin. Ibinibigay sa atin ng Panginoon ang lahat ng nakahanda nating tanggapin; ang lahat ng nahahandang tanggapin ng mga bansa sa mundo ay ipinababatid niya sa kanila (*DBY*, 11–12).

Nasusulat sa Biblia ang tungkol sa Tagapagligtas na nagpakababa-baba sa lahat ng bagay upang umakyat sa itaas ng lahat. Hindi ba ganoon din sa bawat tao? Walang alinlangang ito ay totoo. Nararapat, kung gayon, na tayo ay dapat magpakababa sa tuwina sa lahat ng bagay at dahan-dahang umakyat, at matuto ng kaunti sa tuwina, tumanggap ng "taludtod sa taludtod, utos sa utos, kaunti dito, kaunti doon" [tingnan sa Isaias 28:9–10; Doktrina at mga Tipan 98:12] (*DBY*, 60) hanggang sa makarating tayo sa kawalang-hanggan at yakapin ang kaganapan ng kanyang kaluwalhatian, kagalingan at kapangyarihan (*DBY*, 3).

---

### Iisa ang espirituwal at temporal na aspeto ng Ebanghelyo.

Sa Diyos, gayundin sa mga nakauunawa sa mga alituntunin ng buhay at kaligtasan, sa Pagkasaserdote, sa mga orakulo ng katotohanan at sa mga kaloob at tawag ng Diyos sa mga anak ng tao, ay walang pagkakaiba sa mga gawaing espirituwal at temporal—lahat ay iisa. Kapag ako ay gumaganap sa aking tungkulin, ay ginagawa ko ang kalooban ng Diyos, nangangaral din ako; nananalangin, gumagawa sa pamamagitan ng aking mga kamay para sa isang marangal na pagtataguyod; kung ako man ay nasa bukid, sa talyer ng mekaniko, o nasa negosyong pangangalakal, o saan man tinatawag ng tungkulin, ay gayon pa rin ang paglilingkod ko sa Diyos saanman naroroon; at gayundin sa lahat, bawat isa sa kanyang lugar, pagkakataon at panahon (*DBY*, 8).

Sa isipan ng Diyos ay walang anumang bagay na naghihiwalay sa espirituwal mula sa temporal, o temporal mula sa espirituwal sapagkat iisa ang mga ito sa Panginoon (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 29:34–35) (*DBY*, 13).

Anumang bagay na nauukol sa pagtatayo ng kaharian ng Panginoon sa lupa, maging ito man ay sa pangangaral ng Ebanghelyo o pagtatayo ng mga templo sa kanyang pangalan, tayo ay tinuruang isaalang-alang ang gawaing espirituwal, kahit malinaw na nangangailangan ito ng lakas ng katawang natural upang maisagawa ito (*DBY*, 13).

Ni hindi tayo makapapasok sa templo kapag ito ay naitayo, at makapagsasagawa ng mga ordenansang iyon na humahantong sa mga biyayang espirituwal, nang hindi isinasagawa ang gawaing temporal. Ang mga ordenansang temporal ay kailangang isagawa upang matiyak ang mga biyayang espirituwal na inilalaan ng Dakilang Makapangyarihan para sa kanyang matatapat na anak. Ang bawat gawa ay una munang temporal na gawa. Sinasabi ng Apostol na, ang pananampalataya ay nakakamtan sa pamamagitan ng pakikinig (tingnan sa Mga Taga Roma 10:17). Ano ang dapat marinig upang magkaroon ng pananampalataya? Ang pangangaral ng Salita. Dahil dito ay kailangan nating magkaroon ng tagapangaral; at hindi siya espiritung hindi nakikita, kundi isang temporal, na pangkaraniwang tao na tulad ng ating sarili, at napasasailalim sa katulad na mga pamamalakad at tuntunin ng buhay, Ang pangangaral ng Ebanghelyo ay isang gawaing temporal, at ang paniniwala sa Panginoong Jesucristo ay bunga ng isang gawaing temporal. Ang pagbibinyag ay isang gawaing temporal, kapwa sa taong binibinyagan at sa nagbibinyag. Ako ay isang buhay na saksi sa katotohanan ng pahayag na ito, sapagkat maraming panahon na nasugatan ang aking mga paa, at lubhang nahapo sa paglalakbay at pangangaral, upang sa pamamagitan ng pakikinig ng Ebanghelyo ay magkaroon ng pananampalataya ang mga tao. Ang mga biyayang hinahangad natin nang labis ay mapapasaatin sa pamamagitan ng paggawa sa mga hinihinging manwal na gawain, at sa gayon ay inihahanda ang lahat ng bagay na kailangan upang matanggap ang mga biyayang inilaan ni Jehova para sa kanyang mga anak (*DBY*, 13–14).

---

## Ang ebanghelyo ay gabay sa pang-araw-araw na buhay— isang relihiyong isinasagawa.

Ang relihiyon ni Jesucristo ay isang tunay na relihiyon, at naaangkop sa pang-araw-araw na mga tungkulin at katotohanan ng buhay na ito (*DBY*, 12).

Ang mga alituntunin ng kawalang-hanggan at walang hanggang kadakilaan ay walang halaga sa atin, maliban kung ang mga ito ay maiakma sa ating mga kakayahan upang maisagawa natin ang mga ito sa ating buhay (*DBY*, 14).

Iniaakma ko ang Ebanghelyo sa kasalukuyang panahon, kalagayan, at katayuan ng mga tao (*DBY*, 8).

Ang pamamaraang iyon na nagdudulot ng katiwasayan at kapayapaan ay ang pinakamabuting ipamuhay at pinakamabuting ikamatay; ito ang pinakamainam sa pagnenegosyo, ito ang pinakamainam sa pagsasaka, sa pagtatayo ng mga lungsod at templo, at ang pamamaraang iyon ay ang batas ng Diyos. Subalit hinihingi nito ang lubos na pagsunod. Ang tuntunin ng tama at ang pamantayang itinatag ng Diyos para ipamuhay ng mga tao ay nagbigay katiyakan sa kapayapaan, kaginhawahan, at kaligayahan sa ngayon at walang hanggang kaluwalhatian at kadakilaan; subalit ang lubos na pagsunod lamang sa Diyos ang makapagdudulot nito (*DBY*, 8).

Sa mga pagkakataong naiisip kong magsalita sa inyo, sumasagi sa isip ko na ang mahigpit na pangangaral sa mga paksang nauukol sa malayong hinaharap, o pagbabalik-tanaw sa kasaysayan ng nakaraan, ay walang pag-aalinlangang makapagbibigay lugod at lubhang kagigiliwan ng aking mga tagapakinig; subalit ang aking pagpapasiya at diwa ng katalinuhan na nasa akin ay nagtuturo na, sa paggawa ng gayon, ay hindi matuturuan ang mga tao tungkol sa kanilang pang-araw-araw na mga tungkulin. Sa dahilang ito, hindi ko nadaramang turuan kayo ng mga tungkuling isasagawa sa darating na isandaang taon, kundi ibigay ang mga tagubiling iyon na nauukol sa kasalukuyan, sa ating pang-araw-araw na buhay at pag-uugali, upang malaman natin kung paano makikinabang ang ating sarili sa pagdaraan ng panahon, at sa kasalukuyang pribilehiyo, at makapagtatag ng pundasyon para sa kaligayahan sa hinaharap (*DBY*, 12).

Ang aking misyon sa mga tao ay turuan sila ng nauukol sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Inaakala ko na marami dito ang nakarinig na sa akin na nagsabi, maraming taon na ang nakararaan, na hindi ko gaanong inaalintana ang magaganap pagkatapos ng Milenyo. Maaaring nangangaral ang mga Elder ng mahahabang pagtalakay hinggil sa naganap sa panahon ni Adan, kung ano ang naganap bago ang paglikha, at, kung ano ang magaganap libu-libong taon mula ngayon, na nagbabanggit ng mga bagay na naganap na o magaganap pa lamang, na lingid sa kanilang kaalaman, ay tinuturuan ang mga tao nang walang saysay; subalit hindi iyon ang aking paraan ng pagtuturo. Ang nais ko ay ituro sa mga tao kung ano ang magagawa nila ngayon, at hayaan ang Milenyo na mangalaga sa sarili nito. Ang aking misyon ay turuan silang paglingkuran ang Diyos at itayo ang kanyang Kaharian. Itinuro ko ang pananampalataya, pagsisisi, pagbibinyag para sa kapatawaran ng kasalanan, at ang pagpapatong ng mga kamay sa ulo para sa pagtanggap ng Espiritu Santo. Dapat tayong maturuan ng nauukol sa ating pang-araw-araw na buhay sa isang temporal na pananaw (*DBY*, 8–9).

Hindi natin hinahayaan ang ating sarili na magpunta sa bukid upang mag-araro nang hindi ipinamumuhay ang ating relihiyon; hindi tayo pumapasok sa opisina, sa likod ng despatso (counter) upang magbenta ng paninda, sa

negosyong namamahala sa gawaing may kinalaman sa pananalapi, o saanman upang mag-asikaso o magsagawa ng anumang bagay nang hindi natin dala-dala ang ating relihiyon. Kung tayo ay nagmamadali o nagliliwaliw ay kailangang kasama natin ang ating Diyos at relihiyon (*DBY*, 8).

Nais naming lalong maging mabuti ang mga Banal, hanggang sa ang ating mga mekaniko, halimbawa, ay maging lubos na matapat at maaasahan kung kaya masasabi ng Kompanya ng Tren na ito ay makapagsasabing, "Bigyan ninyo kami ng isang Elder ng 'Mormon' para maging inhinyero, sa gayon ay wala nang matatakot sumakay, dahil kung alam niyang may panganib ay gagawin niya ang lahat kailangang gawin upang mapangalagaan ang buhay ng mga ipinagkatiwala sa kanya." Nais kong makita ang ating mga Elder na puno ng dangal upang mas gustuhin sila ng kompanyang ito para gawing mga tagagawa ng kanilang makina, tagabantay, inhinyero, kawani, at tagapamahala ng negosyo. Kung ipinamumuhay natin ang ating relihiyon at karapat-dapat tayo sa pangalang mga Banal sa mga Huling Araw, tayo na ang mga taong mapagkakatiwalaan ng ganitong mga negosyo nang buong kaligtasan; kung hindi ito maaaring mangyari ay patutunayan nito na hindi natin ipinamumuhay ang ating relihiyon (*DBY*, 232-233).

Kalakip ng ating relihiyon ang bawat gawa at salita ng tao. Walang taong dapat mangalakal maliban kung ginagawa niya ito ayon sa kalooban ng Diyos; walang taong dapat magbukid o magnegosyo ng anuman maliban kung ito ay ayon sa kalooban ng Panginoon. Walang sinumang miyembro ng sanggunian ang dapat umupo upang humatol sa mga tao maliban kung hahatol siya na kaisa ang Panginoon, upang malaman niya nang makatarungan at walang kinikilingan ang tama at mali, katotohanan at kamalian, liwanag at kadiliman, katarungan at kawalang katarungan (*DBY*, 9).

Sa masusing pagbabasa ng Luma at Bagong Tipan ay matutuklasan natin na karamihan sa mga paghahayag na ibinibigay sa sangkatauhan noong sinauna ay nauukol sa kanilang pang-araw-araw na mga tungkulin; ganito rin ang landas na tinatahak natin. Ang mga paghahayag na nilalaman ng Biblia at Aklat ni Mormon ay mga halimbawa sa atin, at ang aklat na Doktrina at mga Tipan ay naglalaman ng tuwirang paghahayag sa Simbahang ito; ang mga ito ay gabay natin, at hindi natin ninanais na mawala sa atin ang mga ito; hindi natin gustong mawalan nang kabuluhan at isaisantabi na lamang ang mga ito. Nais nating magpatuloy ang mga paghahayag ng Panginoong Jesucristo araw-araw, at patuloy na mapasaatin ang kanyang Espiritu. Kung magagawa natin ito, hindi na tayo lalakad sa kadiliman kundi lalakad tayo sa liwanag ng buhay (*DBY*, 12).

Kung tatamasahin natin ang Espiritu ng Sion, kailangan nating mabuhay para dito. Ang ating relihiyon ay hindi lamang isang teoriya o pala-palagay; ito ay isang relihiyong isinasagawa, upang magdulot ng lugod sa bawat puso (*DBY*, 12).

Ang gawain ng pagtatatag ng Sion ay isang praktikal na gawain sa lahat ng bagay; hindi lamang ito isang teoriya. Ang isang di-praktikal na relihiyon ay nagdudulot ng napakaliit na kahalagahan o kapakinabangan sa sinumang tao. Ang pagkakaroon ng mana sa Sion o Jerusalem—sa hinagap o imahinasyon lamang—ay makakatulad na rin ng hindi pagkakaroon ng anumang mana. Kailangang magkaroon ng legal na karapatan dito, upang gawing praktikal, makabuluhan at kapaki-pakinabang ang isang mana. Kung kaya huwag tayong manatiling kuntento sa relihiyong nakasalalay sa teoriya lamang, bagkus ay gawin itong praktikal, nagpapadalisay at nagtataguyod sa sarili, na pinananatili ang pagmamahal ng Diyos sa ating kalooban, na nabubuhay sa bawat utos, sa bawat batas, at sa bawat salita na ibinibigay upang akayin tayo (*DBY*, 12).

At kung inaasikaso ko ngayon ang nakaatang sa akin, at pagkatapos ay gagawin ko kung ano ang darating sa kinabukasan, at sa mga susunod pa, kapag dumating ang kawalang hanggan ay magiging handa akong pumasok sa mga bagay na may kinalaman sa kawalang-hanggan. Subalit hindi ako magiging handa para sa ganoon kalawak na pagkilos, maliban kung mapamamahalaan ko ang mga bagay na ngayon ay abot ng aking kakayahan. Kailangan ninyong lahat na matutuhang gawin ito (*DBY*, 11).

Ang pangunahing layon ng ating buhay dito ay pamahalaan ang mga bagay na temporal ng daigdig na ito at supilin ang mundo, at paramihin ang mga halaman at hayop na nilayon ng Diyos na manirahan dito (*DBY*, 15).

Ang buhay ay para sa atin, at tungkulin nating tanggapin ito ngayon, at hindi na maghintay para sa Milenyo. Gumawa na tayo ng paraan upang maligtas ngayon, at, kapag dumarating ang gabi, muling isipin ang mga ginawa sa maghapon, pagsisihan ang ating mga kasalanan, kung mayroon tayong anuman dapat pagsisihan, at manalangin; pagkatapos ay mahiga at matulog tayo nang payapa hanggang umaga, bumangon na nagpapasalamat sa Diyos, simulan ang gawain sa panibagong araw, at sikaping ipamuhay ang buong araw para sa Diyos at wala ng iba pa (*DBY*, 16).

---

### Ang pananagutang pangalagaan ang ating sarili at ating mag-anak ay isang mahalagang praktikal na pagsasagawa ng ebanghelyo.

Patuloy kong sinikap na himukin ang mga taong ito na ipagpatuloy ang paraan na tutulong sa kanila upang maitaguyod nila ang kanilang sarili, mapangalagaan ang kanilang mahihirap, ang lumpo, ang utal, at bulag, na hinahango ang mga mangmang mula sa kung saan ay wala silang pagkakataong mapansin ang mga nangyayari sa mundo, at sa pag-unawa sa karaniwang kaalaman na taglay ng mga anak ng tao, na tinitipon sila mula sa apat na sulok ng daigdig, at ginagawa silang mga taong matatalino, matitipid at nakapagtataguyod sa sarili (*DBY*, 16).

Ang aking ipinaglalaban maging sa mga taong lumipas, ay ipaunawa sa mga tao na kung hindi nila pangangalagaan ang kanilang mga sarili ay hindi sila pangangalagaan; na kung hindi tayo maghahanda na maglaan upang pakainin at damitan at bigyan ng masisilungan ang ating mga sarili tayo ay mamamatay sa gutom at lamig; maaari din tayong magdusa sa panahon ng tag-araw mula sa direktang sikat ng araw sa ating walang saplot at walang pananggalang na mga katawan (*DBY*, 16–17).

Sino ang mga nararapat papurihan? Ang mga taong nag-aalaga sa kanilang sarili o ang mga laging nagtitiwala sa dakilang awa ng Panginoon na pangangalagaan sila? Ito ay katugon lamang ng pag-asam na pagkakalooban tayo ng Panginoon ng bunga kahit hindi tayo nagtatanim ng puno; o na kung hindi tayo nag-aararo at nagtatanim at hindi naghihirap sa pag-ani, ay dapat tayong magmakaawa sa Panginoon upang iligtas tayo sa kagipitan, tulad ng paghiling sa kanya na iligtas tayo mula sa ibubunga ng ating sariling kalokohan, pagsuway at pagsasayang (*DBY*, 293).

Sa halip na paghanapan ang Panginoon sa kung ano ang gagawin niya para sa atin, itanong natin kung ano ang magagawa natin para sa ating sarili (*DBY*. 293).

Habang mayroon tayong matabang lupa sa lambak na ito, at butong itatanim, hindi natin kailangang hilingin sa Panginoon na pakainin tayo, ni sundan-sundan tayo na dala-dala ang tinapay at nagsusumamong kainin natin ito. Hindi niya gagawin ito, at hindi ko rin gagawin, kung ako ang Panginoon. Mapakakain natin ang ating sarili dito; at kung tayo man ay malagay sa kalagayang hindi natin makakaya, sa gayon ito ang magiging sapat nang panahon para gumawa ang Panginoon ng himala upang itaguyod tayo (*DBY*, 294).

Kung hindi ninyo matustusan ang inyong natural na buhay, paano kayo makaaasang magkakaroon ng katalinuhan upang matamo ang buhay na walang hanggan? Binigyan kayo ng Diyos ng buhay—ang inyong katawan at espiritu, at pinagkalooban kayo ng kakayahan, at sa gayong paraan ay itinatag ang saligan ng lahat ng kaalaman, karunungan, at pang-unawa, at lahat ng kaluwalhatian at buhay na walang hanggan. Kung hindi pa ninyo nakakamtan ang kakayahang maglaan para sa inyong likas na mga pangangailangan, at para sa asawa at ilang anak, ano ang karapatan ninyo sa mga bagay na makalangit? (*DBY*, 13).

Tingnan ang inyong mga sarili sa tungkulin ninyo bilang mga Samahang Damayan sa lungsod na ito at sa buong kabundukan. Tingnan ang inyong kalagayan. Isaalang-alang ninyo ito, at magpasiya kung magsisimulang gumawa upang malaman ang impluwensiyang taglay ninyo, at pagkatapos ay gamitin ang impluwensiyang ito sa paggawa ng mabuti at upang tulungan ang mahihirap na mga tao (DNW, 17 Ago. 1869, 3).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

**Ang ating pansariling pag-unlad sa ebanghelyo ay dumarating nang unti-unti at taludtod sa taludtod habang ipinamumuhay natin ang mga alituntuning natututuhan natin.**

- Bakit itinuturo ng Panginoon sa atin ang mga katotohanan ng ebanghelyo nang "kaunti ngayon at kaunti bukas"? (Tingnan din sa Isaias 28:9–10; 2 Nephi 28:30; Doktrina at mga Tipan 98:12.) Ano ang kailangan nating gawin upang matanggap ang mas malaking bahagi ng mga katotohanan ng ebanghelyo? (Tingnan din sa Alma 12:9–11.) Ano ang maaaring mangyari kung bibigyan tayo ng higit na katotohanan kaysa sa nahahanda nating tanggapin?
- Bakit kung minsan ay mahalagang ipamuhay ang isang alituntunin ng ebanghelyo sa pagkatuto ng alituntuning iyon? (Tingnan din sa Juan 7:17; Doktrina at mga Tipan 93:28.)
- Paano natin nalilimitahan ang maaaring ituro sa atin ng Diyos?

---

**Iisa ang espirituwal at temporal na aspeto ng ebanghelyo.**

- Sinabi ni Pangulong Young na "hindi totoong naihihiwalay ang espirituwal mula sa temporal." Paano dapat makaapekto ang pagkaunawa sa pangungusap na ito sa ating pagtugon sa ating pang-araw-araw na mga gawain?

---

**Ang ebanghelyo ay gabay para sa pang-araw-araw na buhay— isang relihiyong isinasagawa.**

- Itinuro ni Pangulong Young sa mga Banal na isagawa ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa praktikal na paraan sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Paano dapat maimpluwensiyahan ng ebanghelyo ang ating mga pagpapasiya tungkol sa ating mag-anak, trabaho, at iba pang mga pananagutan?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Pangulong Young nang sabihin niyang hindi tayo dapat magpunta "saanman upang mag-asikaso o magsagawa ng anumang bagay nang hindi natin dala-dala ang ating relihiyon"? Paano natin madadala ang ating relihiyon saanman tayo magpunta at maging sensitibo pa rin sa mga paniniwala ng iba? Paano tayo higit na makaaasa sa Espiritu na tutulungan tayong dalhin ang ating relihiyon saanman tayo naroroon?
- Bukod sa gawaing misyonero at paglilingkod sa Simbahan, ano ang ating pananagutan sa pamayanan?

**Ang pananagutang pangalagaan ang ating sarili at ating mga mag-anak ay isang mahalagang praktikal na pagsasagawa ng ebanghelyo.**

- Ano ang itinuro ni Pangulong Young tungkol sa ating pananagutang pangalagaan ang ating sarili? Paano tayo makapagtitiwala sa sariling kakayahan sa mga paraang espirituwal, pang-edukasyon, pisikal, emosyonal at pangkabuhayan? Paano natin matutulungan ang iba na gawin ang gayon?
- Bakit mahalagang bahagi ng ebanghelyo ang pagtitiwala sa sariling kakayahan?
- Nagsalita si Pangulong Young tungkol sa kabutihan at pangangailangan ng paglalaan para sa ating sarili? Anong mga biyaya ang dumarating sa ating buhay habang ginagawa natin ito? Sa ilalim ng anong mga kalagayan sinasabi ni Pangulong Young na ang Panginoon ay "gagawa ng himala upang itaguyod tayo"?



Pananaw ng isang pintor tungkol sa Unang Pangitain ni Joseph Smith. Sinabi ni Pangulong Young na "kinuha [ni Joseph Smith] ang langit . . . at ibinaba ito sa lupa" sa pamamagitan ng paghahayag ng tunay na katangian ng Panguluhang Diyos (*DBY*, 458).

# Pagkilala at Paggalang sa Panguluhang Diyos

*Ang Panguluhang Diyos ay binubuo ng Diyos Ama, ng kanyang Anak na si Jesucristo, at ng Espiritu Santo. Itinuro ni Pangulong Brigham Young sa mga Banal sa mga Huling Araw na sambahin ang Diyos Ama at ialay ang mga panalangin sa Kanya sa pangalan ni Jesucristo. Itinuro pa niya na ang Diyos Ama ay minsang naging tao sa iba pang planeta na "napagtagumpayan ang mga kahirapang ating dinaraanan ngayon; nagkaroon siya ng karanasan, siya ay nagdusa at nagsaya, alam niya ang lahat ng alam natin tungkol sa paggawa, pagdurusa, buhay at kamatayan sa mortalidad na ito" (*DBY*, 22).*

## Ang mga Turo ni Brigham Young

### Binalangkas at pinamamahalaan ng Diyos Ama ang hindi mabilang na mga daigdig, nilikha ang sangkatauhan, at isang katauhang maaaring makilala at sambahin.

Naniniwala kami sa isang Diyos, sa isang Tagapamagitan at isang Espiritu Santo [tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:1]. Hindi kami makapaniniwala sa isang saglit na ang Diyos ay walang katawan, mga bahagi ng katawan, damdamin, o katangian. Ang mga katangian ay maipakikita lamang sa pamamagitan ng isang buong katauhan. Lahat ng katangian ay napapaloob at bunga ng maayos na pamumuhay (*DBY*, 23).

Pinaniniwala tayo ng ilan na ang Diyos ay nasa lahat ng dako. Hindi ito totoo. Ang kanyang katauhan ay hindi nasa lahat ng dako ni ang Ama at ang Anak ay iisang katauhan (*DBY*, 23–24).

Ipinapalagay na ang Diyos ay nasa lahat ng dako sa iisang sandali at sinabi ng Mang-aawit, "Saan ako tatakas na mula sa iyong harapan?" [Mga Awit 139:7]. Naroroon siya sa lahat ng kanyang nilikha sa pamamagitan ng kanyang impluwensiya, sa pamamagitan ng kanyang pamamahala, espiritu, at kapangyarihan, subalit siya mismo ay isang katauhang may katawan, at tayo ay nilikha ayon sa kanyang sariling anyo (*DBY*, 24).

Naniniwala o inaakala ng ilan na mababawasan ang ating pagtingin sa Diyos kung atin siyang makikilala; subalit para sa akin masasabi ko na ang maunawaan ko ang anumang alituntunin o katauhan, sa lupa o sa langit, ay

hindi nakababawas sa tunay na halaga nito para sa akin, bagkus sa kabaligtaran pa, ito ay nadaragdagan; kapag higit na marami akong nalalaman tungkol sa Diyos, higit na napapamahal at nagiging mahalaga siya sa akin, at higit na nagiging mataas ang aking pagtingin sa kanya (*DBY*, 18).

Hayaan ang lahat ng tao ay maging kaibigan ng Diyos [tingnan sa Santiago 2:23] (*DBY*, 18).

Ang dakilang arkitekto, patnugot at tagapangasiwa, tagasupil at ganap na tagapamahala na gumagabay sa gawaing ito ay hindi nakikita ng ating likas na mata. Naninirahan siya sa ibang daigdig; nabubuhay siya sa ibang kalagayan; napagtagumpayan ang mga kahirapang ating dinaranas sa ngayon; nagkaroon siya ng karanasan, siya ay nagdusa at nagsaya, alam niya ang lahat ng alam natin tungkol sa paggawa, pagdurusa, buhay at kamatayan sa mortalidad na ito; dahil napagdaanan niya ang lahat ng ito, at natanggap na niya ang kanyang korona at kadakilaan at hinahawakan ang mga susi at kapangyarihan ng Kahariang ito; naghahari siya, at ginagawa ang kanyang kalooban sa mga anak ng tao, sa mga Banal at sa makasalanan, at naghahatid ng mga bunga na aangkop sa kanyang layunin sa mga kaharian, bansa at emperyo, nang ang lahat ay mauwi sa kanyang kaluwalhatian at kaganapan ng kanyang mga gawain (*DBY*, 22).

Namumuno siya sa hindi mabilang na mga daigdig na tumatanglaw sa maliit na planetang ito, at sa milyun-milyong daigdig na hindi natin nakikita, gayunman kinakalinga niya ang pinakamaliit na bagay na kanyang nilikha; ni isa man sa kanila ay hindi niya nakakaligtaang mapansin; at wala ni isa man sa kanila ang hindi niya nilikha sa pamamagitan ng kanyang karunungan at kapangyarihan (*DBY*, 20).

Anak ng ating Ama sa Langit ang lahat ng espiritu noon, o ang mga darating pa, sa mundong ito [tingnan sa Mga Hebreo 12:9]; at isinilang sila bilang espiritu sa walang hanggang daigdig. Pagkatapos ay binuo ng Panginoon sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan at karunungan ang mortal na katawan ng tao. Una ay espirituwal tayong ginawa, pagkatapos ay temporal (*DBY*, 24).

Nasusulat na alam ng Diyos ang lahat ng bagay at nasa kanya ang lahat ng kapangyarihan [tingnan sa I Nephi 9:6] (*DBY*, 20).

Siya ang Ganap na Tagasupil ng sandaigdigan. At sa kanyang pagsaway ay natutuyo ang dagat, at nagiging ilang ang mga ilog. Tumatakal siya ng tubig sa palad ng kanyang mga kamay, at sumusukat sa langit ng dangkal, at nagsisilid ng alabok ng lupa sa isang takal, at tumitimbang ng mga bundok sa mga panimbang, at ang mga burol sa timbangan; para sa kanya ang mga bansa ay parang isang patak ng tubig sa timba, kanyang itinataas ang mga pulo na parang napakaliit na bagay, at ang mga buhok ng ating ulo ay pawang bilang niya, at kahit isa sa mga maya ay hindi mahuhulog sa lupa kung hindi ipinahihintulot ng Ama; at nalalaman niya ang lahat ng saloobin at layunin ng mga puso ng lahat ng may buhay, sapagkat siya ay naroroon sa lahat ng dako sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang Espiritu—

kanyang ministro, ang Espiritu Santo. Siya ang Ama ng lahat, nangingibabaw sa lahat, sumasa lahat, at nasa lahat [tingnan sa Mga Taga Efeso 4:6]; alam niya ang lahat ng bagay tungkol sa mundong ito, alam niya ang lahat ng bagay tungkol sa milyun-milyong mundong tulad nito (*DBY*, 19).

Binigyan niya ng anyo, galaw at buhay ang mga bagay sa daigdig; ginawa niya ang malalaki at maliliit na nagniningning sa kalangitan sa itaas; nagtakda sa kanila ng mga sandali at kanilang mga panahon, at minarkahan ang kanilang saklaw. Pinapangyari niyang managana sa buhay ang hangin at ang mga tubig, at nilatagan ang mga burol at kapatagan ng mga gumagapang na bagay, at ginawang tagapamahala ang tao sa kanyang mga nilalang (*DBY*, 18).

Ang Diyos ang pinagmumulan, ang bukal ng lahat ng katalinuhan, maging sinuman ang may taglay nito, maging ang tao man sa lupa, mga espiritu sa daigdig ng mga espiritu, mga anghel na nananahanan sa mga kawalang-hanggan ng Diyos, o ang mga pinakamababang katalinuhan sa kalipunan ng mga diyablo sa impiyerno. Nanggaling ang bawat katalinuhan, liwanag, kapangyarihan, at buhay ng lahat mula sa Diyos—mula sa gayon ding pinagmulan ng tinanggap natin. Ang bawat mabuting kaloob at ang bawat sakdal na kaloob ay pawang buhat sa Diyos [tingnan sa Santiago 1:17]. Lahat ng pagtuklas sa siyensiya at sining, na tunay at kapaki-pakinabang sa sangkatauhan ay ibinigay sa pamamagitan ng tuwirang paghahayag mula sa Diyos, bagamat iilan lamang ang kumikilala dito. Ito ay ibinigay na ang layon ay ihanda ang daan para sa ganap na tagumpay ng katotohanan, at ang pagtubos ng mundo mula sa kapangyarihan ng kasamaan at ni Satanas (*DBY*, 18).

Marami ang nagtangkang tumuklas sa Unang Lumikha ng lahat ng bagay; subalit magiging kasindali ito na mabilang ng isang langgam ang bawat butil ng buhangin sa mundo. Hindi ito para sa tao, sa kanyang limitadong katalinuhan, na maunawaan ang kawalang-hanggan . . . Magiging kasindali ito na matunton ng isang niknik ang kasaysayan ng tao sa kanyang pinagmulan tulad ng matarok ng tao ang Unang Lumikha ng lahat ng bagay, mahawi ang tabing ng kawalang-hanggan, at mahayag ang mga hiwaga na hinahanap ng mga pilosopo mula pa sa simula. Ano ngayon, ang dapat na maging tungkulin at gawain ng mga anak ng tao? Sa halip na magtanong tungkol sa pinagmulan ng mga Diyos—sa halip na tangkaing tarukin ang kalaliman ng mga kawalang-hanggang nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap, sa halip na magsikap na tuklasin ang mga hangganan ng walang hanggang kalawakan, hayaang maghangad silang malaman ang layunin ng kanilang kasalukuyang buhay, at kung paano magagamit, sa paraan lubos na kapaki-pakinabang para sa kanilang kabutihan at kaligtasan, ang kanilang angking katalinuhan. Hayaang hangarin nilang malaman at ganap na maunawaan ang mga bagay na abot ng kanilang kakayahan, at mabatid na mabuti ang layunin ng kanilang buhay rito, sa pamamagitan ng masigasig na paghahangad ng kaalaman mula sa pinakamakapangyarihan at sa pamamagitan ng masusing pag-aaral ng mga pinakamabuting aklat (*DBY*, 25).

## Si Jesucristo, ang Bugtong na Anak ng Ama sa laman, ay nagbayad-sala para sa mga kasalanan ng lahat ng nagsisisi.

Naniniwala ang mga Banal sa mga Huling Araw kay Jesucristo, ang bugtong na Anak ng Ama [sa laman], na pumarito sa kalagitnaan ng panahon, gumanap sa kanyang gawain, nagdusa ng kaparusahan at binayaran ang orihinal na kasalanan ng tao sa pamamagitan ng pag-aalay ng kanyang sarili, nabuhay na mag-uli mula sa mga patay, at umakyat sa kanyang Ama; at tulad ng pagpapakababa ni Jesus sa lahat ng bagay, aakyat siya at mangingibabaw sa lahat ng bagay. Naniniwala kami na darating muli si Jesucristo, tulad ng nasusulat tungkol sa kanya: "At samantalang tinititigan nila ang langit habang siya'y lumalayo, narito may dalawang lalaking nakatayo sa tabi nila na may puting damit; na nagsasabi naman, Kayong mga lalaking taga Galilea, bakit kayo'y nangakatayong tumitingin sa langit? itong si Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit [Ang Mga Gawa 1:10–11]" *DBY*, 26).

Ang ating pananampalataya ay nakatuon sa Anak ng Diyos, at sa pamamagitan niya ay nakatuon din ito sa Ama (*DBY*, 26).

Ang mga Banal sa mga Huling Araw at ang iba pang may karapatan sa kaligtasan, at lahat maliban sa mga nagkasala laban sa Espiritu Santo, ay maaaring makaalam na si Jesus ang Cristo sa paraang katulad ng kung paano ito nalaman ni Pedro [tingnan sa Mateo 16:13–19]. Hindi idinudulot ng mga himala ang kaalamang ito sa sangkatauhan, bagamat maaaring magbigay ng karagdagang patunay ito na magpapalakas sa naniniwala. Batid ng mga Judio ang mga himala ni Jesus, ngunit hinayaan nilang patayin siya bilang isang manlilinlang ng sangkatauhan at sinapian ng diyablo (*DBY*, 28).

Nangako si Jesus na itatatag niya ang Kaharian ng Diyos sa mundo. Ibinigay niya ang mga batas at ordenansa ng Kaharian (*DBY*, 29).

Wala siyang ginawa na sarili lamang niyang kagustuhan. Gumawa siya ng mga himala at nagsagawa ng magandang gawain sa mundo; ngunit hindi siya gumawa sa kanyang sarili. Sinabi niya, "Tulad ng nakita kong ginawa ng Ama, ito'y aking gagawin" [tingnan sa Juan 5:19]. "Hindi ko pinaghahanap ang sarili kong kalooban, kundi ang kalooban niyaong nagsugo sa akin" [tingnan sa Juan 5:30]. Kaya't maipapasiya natin na ang Anak ng Diyos ay hindi nagmungkahi, nag-utos, kumilos, o nagpakita ng kanyang kapangyarihan, ng kanyang kaluwalhatian, o ng kanyang sadya dito sa mundo, maliban na ito ay mula sa isip at kalooban ng kanyang Ama (*DBY*, 26).

"Ako at ang Ama ay iisa," [Juan 10:30] ang sabi ni Jesus; ano, isang katawan? Hindi. . . . Hindi sila iisang tao tulad din ng ako at ang anak ko ay hindi iisa. Kung tinatanggap ng anak ko ang aking turo, lalakad sa daang aking ipinakita para sa kanya, kung ang kanyang pananampalataya ay katulad ng sa akin, ang kanyang layunin ay gayon din, at ginagawa niya ang gawain ng kanyang ama tulad din ng paggawa ni Jesus sa gawain ng kanyang Ama, kung gayon ako at ang aking anak ay iisa sa diwa ng banal na kasulatan (*DBY*, 28).

Ipinahayag ng Panginoon sa atin ang isang plano na makapagliligtas sa atin dito at sa kabilang buhay. Ginawa ng Diyos ang lahat ng mahihiling natin, at higit pa sa mahihiling natin. Ang sadya ni Jesus sa lupa ay dalhin ang kanyang mga kapatid na lalaki at babae pabalik sa piling ng Ama; ginawa niya ang kanyang bahagi; at nasa atin na lamang kung gagawin natin ang ating gawain. Wala ni isang bagay na nakalimutang gawin ang Panginoon para sa kaligtasan ng sangkatauhan; at nasa mga anak ng tao na lamang kung tatanggapin ang katotohanan o tatanggihan ito; lahat ng magagawa para sa kanilang kaligtasan, hindi kabilang ang kanilang sarili, ay ginawa na at sa pamamagitan ng Tagapagligtas. . . . Siya ngayon ay Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon, at darating ang panahon na ang bawat tuhod ay magsisiluhod, at ang bawat dila ay magtatapat [tingnan sa Mosias 27:31], sa kaluwalhatian ng Diyos Ama, na si Jesus ang Cristo [tingnan sa Mga Taga Filipos 2:10–11]. Ang mismong taong itinuring, hindi bilang Tagapagligtas, kundi bilang taong itinakwil, na ipinako sa krus sa gitna ng dalawang magnanakaw at pinakitunguhan nang may paghamak at panunuya, ay sasalubungin ng lahat ng tao bilang ang tanging Katauhan na mapagmumulan ng kanilang kaligtasan (*DBY*, 27).

---

### Ang Espiritu Santo ay personaheng espiritu na sumasaksi sa katotohanan.

Ang Espiritu Santo, naniniwala tayo, ay isa sa mga personaheng bumubuo . . . sa Panguluhang Diyos. Hindi isang tao sa tatlo, ni tatlong tao sa isa; subalit ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo ay isa sa diwa, tulad ng puso ng tatlong tao na nagkakaisa sa lahat ng bagay. Isa siya sa tatlong personahe na ating pinaniniwalaan, na ang katungkulan ay maglingkod sa sangkatauhang nagmamahal sa katotohanan. Sinabi ko na sila ay iisa, tulad ng kung paano ang puso ng tatlong tao ay maaaring maging iisa. Upang ako ay inyong maintindihan, sasabihin kong hindi ko nais na maunawaan ninyo na ang Espiritu Santo ay isang personahe na may katawan, tulad ng Ama at ng Anak; kundi siya ay sugo ng Diyos na nagpapalaganap ng kanyang impluwensiya sa lahat ng gawain ng Pinakamakapangyarihan (*DBY*, 30).

Ang Espiritu Santo ay ang ministro [ng Ama at ng Anak] na nagpapaalaala ng mga katotohanan sa atin, nagpapahayag ng bagong katotohanan sa atin, at nagtuturo, gumagabay, at umaakay sa daloy ng isipan ng lahat, hanggang sa tayo ay maging ganap at handang umuwi, kung saan ay makikita at makakausap natin ang ating Ama sa Langit (*DBY*, 26).

Nasiyahan akong napatunayan ko sa aking sarili, ayon sa pinakamahusay na kaalaman na aking matitipon, na ang tao ay malilinlang sa pamamagitan ng paningin ng kanyang likas na mata, malilinlang siya sa pamamagitan ng pandinig ng kanyang tainga, at sa pamamagitan ng pakiramdam ng kanyang kamay; na siya ay malilinlang ng lahat ng tinatawag na likas na pandamdam. Subalit may isang bagay kung saan hindi siya malilinlang. Ano ito? Ito ay ang

mga pagkilos ng Espiritu Santo, ang Espiritu at kapangyarihan ng Diyos sa tao. Itinuturo nito sa kanya ang mga bagay na mula sa langit, inaakay siya nito sa daan ng buhay, ibinibigay nito sa kanya ang susi na susubok sa mga pakana ng tao, at nagmumungkahi ng mga bagay na sa Diyos. Hindi lamang ang mga Banal na naririto, at ang mga natitipon sa Sion, kundi ang mga nasa lahat ng bansa, lupalop, o isla na namumuhay ng relihiyong itinuro ng Tagapagligtas at ng kanyang mga Apostol, at gayon din ni Joseph Smith; sila ay nagbibigay rin ng gayong patotoo, ang kanilang mga mata ay binigyang ningning ng Espiritu ng Diyos, at iisa ang kanilang pananaw, ang kanilang puso ay pinasigla, at iisa ang kanilang damdamin at pang-unawa, at walang pagtatalu-talo sa kanila tungkol sa mga doktrina ng Tagapagligtas (*DBY*, 31).

Kung walang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang isang tao ay maaaring mapunta sa kanan o sa kaliwa mula sa matuwid na landas ng [kanyang] tungkulin; maaari silang makagawa ng mga bagay na kanilang pagsisisihan; maaari silang makagawa ng mga pagkakamali; at kapag tinatangka nilang gawin ang pinakamabuti nilang makakaya, masdan na ginagawa nila ang ayaw nila (*DBY*, 31).

Nais kong makita ang kalalakihan at kababaihan na ginagawa ang Espiritu Santo na isang mahalagang bahagi ng kanilang buhay, tuwinang namumuhay ayon sa kalooban ng Diyos (*DBY*, 31).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

**Binalangkas at pinamamahalaan ng Diyos Ama ang hindi mabilang na mga daigdig, nilikha ang sangkatauhan, at isang katauhang maaaring makilala at sambahin.**

- Ano ang itinuro ni Pangulong Young tungkol sa kahalagahan ng pagkakilala sa Diyos Ama? (Tingnan din sa Juan 17:3.) Paano naaapektuhan ng ating pagkakilala sa isang tao ang ating relasyon sa kanya? Ano ang mga bagay na nakatulong sa inyo na makilala ang Diyos Ama?
- Paanong ang impluwensiya ng Diyos ay "maipapalagay na nasa lahat ng dako sa iisang sandali"? Ano ang ilang halimbawa ng pagkalinga ng Ama sa Langit maging sa "pinakamaliit na bagay na kanyang nilikha"?
- Ang doktrina na ang Diyos ay minsang naging tao at siya ay umunlad upang maging Diyos ay doktrina lamang ng Simbahang ito. Ano ang nararamdaman ninyo, sa pagkaalam na ang Diyos, sa pamamagitan ng kanyang sariling karanasan ay, "alam niya ang lahat ng alam natin tungkol sa paggawa [at] pagdurusa" sa mortalidad?
- Itinuro ni Pangulong Young na ang lahat ng kabutihan at tunay na pagtuklas sa siyensiya at sining ay "ibinigay sa pamamagitan ng tuwirang paghahayag mula sa Diyos." Paano nakatulong sa pagpapasulong sa mga gawain ng Diyos ang inspiradong pagsulong sa mga larangang ito?

- Ano ang sinasabi ni Pangulong Young na "[ang] tungkulin at gawain ng mga anak ng tao"? Paano natin higit na mauunawaan ang mga bagay na abot ng ating kakayahan at paano natin mabatid ang ating layunin sa mundo? Saan natin dapat hanapin ang ganitong pang-unawa?

---


**Si Jesucristo, ang Bugtong na Anak ng Ama sa laman, ay nagbayad-sala para sa mga kasalanan ng lahat ng nagsisisi.**

- Ano ang itinuro ni Pangulong Young tungkol kay Jesucristo at sa kanyang misyon sa mundo?
- Ang unang alituntunin ng ebanghelyo ay ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Sa anong mga paraan nakapagpapabago sa ating buhay ang pagkakaroon ng pananampalataya sa Anak ng Diyos? (Tingnan din sa Jacob 4:10–11 at Moroni 7:41–42.)
- Itinuro ni Pangulong Young na maaaring malaman ng bawat Banal sa mga Huling Araw na si Jesus ang Cristo tulad ng pagkakaalam ni Apostol Pedro (tingnan din sa Mateo 16:13–19). Paano malalaman ng isang tao na si Jesus ang Cristo? Bakit hindi sapat na maibibigay ng mga himala sa isang tao ang sapat na kaalaman na si Jesus ang Cristo? Bakit napakahalaga ng kaalamang ito sa ating kaligtasan?
- Kaninong utos ang sinunod ni Jesus nang siya ay maglingkod sa mga naninirahan sa mundo? Ano ang matutuhan at maipamumuhay natin mula sa halimbawa ni Jesus? Paano natin malalaman at matatanggap ang mga ipinag-uutos sa atin mula sa Panginoon ?
- Ipinaalala sa atin ni Pangulong Young na isang araw, "ang bawat tuhod ay luluhod at ang bawat dila ay magtatapat" na si Jesus ang Cristo (Mosias 27:31; tingnan din sa Mga Taga Filipos 2:9–11). Ang mamuhay bilang isang tunay na disipulo ni Jesucristo ay higit na mahirap kaysa sa magsabi lamang na si Jesus ang Cristo. Ano ang makapagbibigay sa inyo ng lakas upang ipamuhay ang ebanghelyo bilang isang tapat na disipulo?

---

**Ang Espiritu Santo ay personaheng espiritu na sumasaksi sa katotohanan.**

- Ano ang misyon ng Espiritu Santo? Paano siya gumagawa sa buhay ng mga anak ng Diyos?
- Paano kaiba ang personahe ng Espiritu Santo mula sa personahe ng Diyos Ama at sa kanyang Anak na si Jesucristo? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 130:22.) Sa anong paraan "iisa" ang tatlong kasapi ng Panguluhang Diyos?
- Paano naging tagapaglingkod ng Ama at ng Anak ang Espiritu Santo?
- Ano ang mga naging karanasan ninyo na nagpapatotoo sa inyo sa kakayahan ng Espiritu Santo na maturuan at magabayan kayo?



Itinuro ni Pangulong Brigham Young na “lahat ng magtatamo ng anumang kaluwalhatian, sa alinmang kaharian, ay magtatamo nito dahil binayaran na ito ni Jesus sa pamamagitan ng kanyang pagbabayad-sala” (*DBY*, 30).

K A B A N A T A  5

# Pagtanggap sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo

*Hinggil sa Pagbabayad-sala, isinulat ni Pangulong Young ang sumusunod sa isa sa kanyang mga anak na lalaki: "Ang pagtatamo ng ganap na kapakinabangan sa walang hanggang pagbabayad-salang iyon na ginawa ng ating Panginoon at Tagapagligtas ay abot kamay natin—iyon ay atin—buong-buo at lahat-lahat, subalit mangyayari lamang iyon sa kondisyon na magiging matapat tayo sa pagtupad sa ating mga tipan at sa tungkulin natin na pagsunod sa mga kautusang ibinigay sa atin mula sa langit" (*LBY, *259). Itinuro ng Pangulong Young na ang lahat ng pag-asa sa kaligtasan ay nakasalalay sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, si Jesucristo.*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ipinagkaloob ni Jesucristo sa sangkatauhan ang isang walang hanggang pagbabayad-sala.

Naniniwala ang mga Banal sa mga Huling Araw sa pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, at nais kong maunawaan ng mga Elder ng Israel hangga't kaya nila ang lahat ng bahagi ng doktrina tungkol sa pagtubos ng sangkatauhan, upang malaman nila kung paano ipahahayag at ipaliliwanag ang mga ito (*DNSW*, ika-8 ng Ago. 1874, 2).

Pumarito si Jesus upang itatag ang kanyang espirituwal na kaharian, o upang pasimulan ang isang alituntunin ng moralidad na dadakila sa mga espiritu ng mga tao tungo sa pagkadiyos at sa Diyos, nang sa gayon ay matiyak nila sa kanilang sarili ang isang maluwalhating pagkabuhay na mag-uli at karapatang maghari sa mundo kapag ang mga kaharian sa daigdig na ito ay naging mga kaharian ng ating Diyos at ng kanyang Cristo. Pumarito rin siya upang ipakilala ang kanyang sarili bilang Tagapagligtas ng daigdig, upang ibuhos ang kanyang dugo sa altar ng pagbabayad-sala, at buksan ang daan ng buhay para sa lahat ng naniniwala (*DNW*, ika-13 ng Ago. 1862, 1).

Sinabi sa atin ni Joseph Smith na si Jesus ang Cristo—ang Tagapamagitan sa Diyos at sa tao—at ang Tagapagligtas ng daigdig. Sinabi niya sa atin na wala nang ibang pangalan ang ibinigay sa kalangitan ni sa ilalim ng kalangitan, at wala nang ibibigay pa, na makapagliligtas sa sangkatauhan sa kinaroroonan ng Ama, kundi sa pamamagitan at sa pangalan at ministeryo ni Jesucristo, at sa pagbabayad-salang ginawa niya sa Bundok ng Kalbaryo. Sinabi rin ni

Joseph na hinihingi ng Tagapagligtas ang mahigpit na pagsunod sa lahat ng kautusan, ordenansa at batas tungkol sa kanyang kaharian, at kung gagawin natin ito ay gagawin tayong kabahagi ng lahat ng pagpapalang ipinangako sa kanyang Ebanghelyo (*DNW*, ika-22 ng Okt. 1862, 1).

Sa sandaling hindi na pairalin pa ang pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, sa sandaling iyon, sa isang kisap-mata, ang mga pag-asa ng kaligtasang pinanghahawakan ng mga Kristiyano ay mawawala, ang saligan ng kanilang pananampalataya ay kukunin, at wala nang matitira sa kanila upang asahan. Kapag nawala ito lahat ng paghahayag na ibinigay ng Diyos sa bansa ng mga Judio, sa mga Gentil, at sa atin ay ituturing na walang halaga, lahat ng pag-asa ay kukunin sa atin sa isang kisap-mata *(DBY, 27).*

---

### Sa pamamagitan ng kaloob na Pagbabayad-sala, na maibibigay lamang ni Cristo, ang mga anak ng Diyos ay magmamana ng isang kaharian ng kaluwalhatian.

Naniniwala ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Ebanghelyo ng Anak ng Diyos, dahil ito ay totoo. Naniniwala sila sa pagbibinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan, para sa kanilang sarili at sa pamamagitan ng kinatawan; naniniwala sila na si Jesus ang Tagapagligtas ng daigdig; naniniwala sila na lahat ng magtatamo ng anumang kaluwalhatian, sa alinmang kaharian, ay magtatamo nito dahil binayaran na ito ni Jesus sa pamamagitan ng kanyang pagbabayad-sala (*DBY*, 30).

Hinirang si Jesus, mula sa simula, na mamatay para tayo ay matubos, at dumanas siya ng isang napakasakit na kamatayan sa krus (*DBY*, 27).

Ang masasabi ko sa inyo hinggil kay Jesus at sa pagbabayad-sala (ito ay nasusulat, at matibay kong pinaniniwalaan ito), na si Cristo ay namatay para sa lahat. Binayaran niya nang buo ang utang, tanggapin man ninyo ang kaloob na ito o hindi. Ngunit kung magpapatuloy tayong magkasala, magsinungaling, magnakaw, sumaksi nang walang katotohanan, kailangan tayong magsisi at tumalikod sa kasalanang ito upang mapasaatin ang buong bisa ng dugo ni Cristo. Kung wala nito, ito ay mawawalan ng bisa; dapat magkaroon ng pagsisisi, nang sa gayon makinabang tayo sa pagbabayad-sala. Hayaan ang lahat ng gumagawa ng mali na tumigil sa paggawa ng mali; huwag nang mamuhay sa paglabag, maging anuman ang uri nito; bagkus ay araw-araw na mamuhay ayon sa mga paghahayag na ibinigay, at nang sa gayon ang inyong mga halimbawa ay maging karapat-dapat na tularan. Ating alalahanin na kailanman ay hindi tayo dapat lumayo sa saklaw ng ating relihiyon—hinding-hindi kailanman! (*DBY*, 156–57).

Kukunin ni Jesus, sa pamamagitan ng kanyang pagtubos, ang bawat anak na lalaki at babae ni Adan, maliban ang mga anak na lalaki ng kapahamakan, na itataboy sa impiyerno. . . . Tunay na ang bawat taong hindi nagkasala nang sapat upang mawala ang awa ng Diyos at maging anghel ng Diyablo, ay pagmamanahin ng isang kaharian ng kaluwalhatian (*DBY*, 382).

Si Jesus ang panganay sa mga patay, na inyong mauunawaan. Maging

sina Enoc, Elijah, Moises, o sino pa mang tao na nabuhay sa mundo, gaano man siya kahusay na namuhay, ay nakatamo lamang ng pagkabuhay na mag-uli pagkatapos tawagin ng anghel ang katawan ni Jesucristo mula sa libingan. Siya ang panganay sa mga patay. Siya ang Guro ng pagkabuhay na mag-uli—ang unang laman na nabuhay rito pagkatapos matanggap ang kaluwalhatian ng pagkabuhay na mag-uli (*DBY*, 374).

Hindi ito himala para sa kanya. Nasa kanya ang kapangyarihan ng buhay at kamatayan; may kapangyarihan siyang ibigay ang kanyang buhay at kapangyarihang kunin itong muli. Ito ang kanyang sinasabi, at dapat nating paniwalaan ito kung naniniwala tayo sa kasaysayan ng Tagapagligtas at sa mga sinasabi ng mga Apostol na nakatala sa Bagong Tipan. Ang kapangyarihang ito ay kay Jesus at galing sa kanya; iniwan ito sa kanya ng Ama; ito ang kanyang mana, at may kapangyarihan siyang ibigay ang kanyang buhay at kunin itong muli (*DBY*, 340–41).

### Dahil sa Pagbabayad-sala ni Cristo ay mangyayari ang kapatawaran para sa mga may pananampalataya, nagsisisi, at sumusunod sa Diyos.

Pinahintulutan ang kadiliman at kasalanan na mapunta sa mundo. Kinain ng tao ang ipinagbabawal na bungang-kahoy ayon sa planong ginawa mula sa kawalang-hanggan, upang ang sangkatauhan ay maiharap sa mga alituntunin at kapangyarihan ng kadiliman, upang malaman nila ang mapait at ang matamis, ang mabuti at ang masama, at malaman ang kaibahan ng liwanag at kadiliman, upang sila ay patuloy na makatanggap ng liwanag (*DBY*, 61).

Ililigtas ng Ebanghelyong ito ang buong sangkatauhan; ang dugo ni Jesus ay magbabayad-sala para sa ating mga kasalanan, kung tatanggapin natin ang itinakda niyang mga kondisyon; ngunit kailangan nating tanggapin ang mga kondisyong iyon dahil kung hindi ay wala tayong matatamo para sa ating sarili (*DBY*, 7–8).

Upang maging mga Banal ay kailangang malupig nila ang lahat ng maling impluwensiya na nasa kanila, bilang mga indibiduwal, ay kanilang malupig, hanggang sa mapuksa ang lahat ng masamang pagnanais, at ang bawat damdamin ng kanilang puso ay mapasailalim sa kalooban ni Cristo (*DBY*, 91).

Kailangan nito na lahat ng pagbabayad-sala ni Cristo, awa ng Ama, habag ng mga anghel at awa ng Panginoong Jesucristo ay mapasaatin tuwina, at pagkatapos ay gawin ang pinakamabuting magagawa natin, na maalis ang kasalanang ito na nasa atin, upang makatakas tayo sa daigdig na ito tungo sa kahariang selestiyal (*DBY*, 60).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

### Ipinagkaloob ni Jesucristo sa sangkatauhan ang isang walang hanggang pagbabayad-sala.

- Bakit naparito si Jesus sa mundo at nagtatag ng kanyang “espirituwal na kaharian”? Ano pa ang mga dahilan kung bakit naparito siya sa mundo?

Paano binuksan ni Jesus "ang daan ng buhay para sa lahat ng naniniwala"? Paano natin matuturuan ang ating mag-anak nang sa gayon ay "dakilain ang [kanilang] espiritu . . . sa pagkadiyos at sa Diyos'?

- Paano tayo "maliligtas sa kinaroroonan ng Ama" at "maging tagabahagi ng lahat ng pagpapalang ipinangako sa kanyang Ebanghelyo"?
- Ayon kay Pangulong Young, ano ang mangyayari sa mga Kristiyano kung mawawala ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo? (Tingnan din sa 2 Nephi 9:6–9.)
- Pagbalik-aralan ang sumusunod na mga banal na kasulatan upang matutuhan ang iba pang aspeto ng Pagbabayad-sala: Mosias 13:28, 32–35; Alma 7:11–12; 34:9–12; Moroni 8:8–12; Doktrina at mga Tipan 88:6.

---

**Sa pamamagitan ng kaloob na Pagbabayad-sala, na maibibigay lamang ni Cristo, ang mga anak ng Diyos ay magmamana ng isang kaharian ng kaluwalhatian.**

- Hinirang si Jesus sa buhay natin bago pa ang buhay natin sa mundo "na mamatay para tayo ay matubos." Tinubos niya tayo mula sa pisikal at espirituwal na pagkakawalay mula sa Diyos. Ito ay tinawag na Pagbabayad-sala. Sinabi ni Pangulong Young na binayaran ng Pagbabayad-sala ni Cristo "nang buo ang utang, tanggapin man ninyo ang kaloob na ito o hindi." (Tingnan din sa Helaman 14:15–18.) Paano natin natatanggap ang buong kapakinabangang dulot ng Pagbabayad-sala?
- Itinuro ni Pangulong Young na lahat ng makaaabot sa anumang kaluwalhatian sa alinmang kaharian ay makatatamo dahil binayaran na ito ni Jesus ng kanyang Pagbabayad-sala. Paano niya binayaran ang utang ni Adan? Paano niya binayaran ang ating utang? (Tingnan din ang 2 Nephi 2:8–10.)
- Paano naging "Guro ng pagkabuhay na mag-uli" si Jesus?

---

**Ginawang posible ng Pagbabayad-sala ni Cristo ang kapatawaran para sa mga may pananampalataya, nagsisisi, at sumusunod sa Diyos.**

- Bakit "pinahintulutan ang kadiliman at kasalanan na mapunta sa mundo"? Ano ang mga bunga ng pagkahulog ni Adan? (Tingnan din sa 2 Nephi 2:22–25.)
- Inilaan ng Pagbabayad-sala ang pagtubos mula sa mga kasalanan natin sa mga kondisyong "itinakda" ng ating Manunubos? Ano ang mga kondisyong iyon? (Tingnan din sa 2 Nephi 2:26; Doktrina at mga Tipan 18:44.)
- Ano ang tulong na makukuha natin sa langit upang "tayo ay makatakas sa daigdig na ito tungo sa kahariang selestiyal"? Ano ang hinihiling mula sa atin?

KABANATA 6

# Komunikasyon sa Pagitan ng Diyos at Tao

*Itinuro ni Pangulong Brigham Young na ang ating "una at pangunahing tungkulin ay hanapin ang Panginoon hanggang mabuksan natin ang daan ng komunikasyon mula sa Diyos patungo sa sarili nating kaluluwa." Makaraan ang kaunting panahon matapos ang pagkamatay ni Propetang Joseph Smith, nagkuwento si Brigham Young tungkol sa isang panaginip na kung saan ay dinalaw siya at tinagubilinan ni Joseph: "Humakbang palapit sa amin si Joseph, mukhang taimtim, ngunit masayang nagwikang: 'Sabihin mo sa mga tao na maging mapagpakumbaba at matapat, at tiyaking nasa kanila ang espiritu ng Panginoon at sila ay aakayin nito sa tama. Maging maingat at huwag itaboy ang marahan at banayad na tinig, ituturo nito sa kanila ang kanilang gagawin at patutunguhan; ibibigay nito ang mga bunga ng Kaharian. . . . Sabihin sa mga kapatid na kung susundin nila ang espiritu ng Panginoon, sila ay mapupunta sa tama'" (*JH*). Ang lahat ng anak ng Diyos ay may pribilehiyong maliwanagan ng espiritu ni Cristo at makatanggap ng personal na paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu Santo habang masigasig nilang hinahanap ang Panginoon.*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang espiritu ni Cristo ay ibinibigay sa lahat ng anak ng Diyos upang maliwanagan sila at tulungan silang malaman ang mabuti sa masama.

Ang Espiritu ng Panginoon ay nagbibigay-liwanag sa bawat tao na pumaparito sa sanlibutan. Walang nabubuhay sa mundo na hindi, humigit kumulang, nabigyang-liwanag ng Espiritu ng Panginoong Jesus. Sinabi tungkol sa kanya, na siya ang ilaw ng sanlibutan. Iniilawan niya ang bawat taong pumaparito sa daigdig at bawat tao, sa pana-panahon, ay nagtataglay ng liwanag ng espiritu ng katotohanan sa kanyang sarili [tingnan sa Juan 1:9; 8:12; Moroni 7:16; Doktrina at mga Tipan 84:46] (*DBY*, 32).

Hindi ako naniniwala ni sa isang saglit na may isang lalaki o babae sa ibabaw ng mundo, mula sa panahon ni Adan hanggang sa araw na ito, na hindi naliwanagan, nabigyang-tagubilin, at tinuruan sa pamamagitan ng

mga paghahayag ni Jesucristo. "Ano! maging ang mga mangmang na pagano?" Oo, bawat taong may matinong isipan. Hindi ko pinaniniwalaan na ang mga anak ng tao ay napagkaitan ng pribilehiyong makatanggap ng Espiritu ng Panginoon upang turuan sila ng tama sa mali (*DBY*, 32).

Naniniwala . . . akong ganap na walang bagay na nalalaman maliban na lamang sa pamamagitan ng paghahayag ng Panginoong Jesucristo, ito man ay tungkol sa teolohiya, siyensiya, o sining (*DBY*, 38).

May mga taong may talino, may dakilang isipan, may kapangyarihan sa pag-iisip at kaalaman sa lahat ng mekanikal na bagay; dalubhasa sila rito, bagamat hindi nila alam kung saan nagmula ang kanilang katalinuhan. Ang Espiritu ng Panginoon ay hindi pa humihinto sa pananatili sa mga tao, na naghahandog sa kanila ng kaalaman at katalinuhan; samakatwid, naghahayag ito sa kanila, nagtatagubilin sa kanila, nagtuturo sa kanila, at gumagabay sa kanila (*DBY*, 33).

Ang Diyos ay narito: ang kanyang impluwensiya ay pumupuno sa kalakhan ng kalawakan. Ipinadala niya ang kanyang mga sugo sa pamamagitan ng lahat ng gawa ng kanyang mga kamay. Binabantayan niya ang bawat isa sa kanyang mga nilikha; ang kanilang mga damdamin, kanilang mga pagsinta, at iniisip ay batid niyang lahat; dahil ang kanyang katalinuhan at kapangyarihan ay pumupuno sa kalakhan ng kalawakan [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:6–13]. Hindi ito ginagawa ng kanyang katauhan, kundi ng kanyang Espiritu; at siya ay naritong nagtuturo, gumagabay at nagtatagubilin sa mga bansa sa mundo (*DBY*, 32).

---

## Nagsasalita ang Diyos sa kanyang mga anak sa pamamagitan ng paghahayag.

Ang mga taong ito ay naniniwala sa paghahayag. Ang mga taong ito ay naniwala at naniniwala na ang Panginoon ay nagsalita mula sa mga kalangitan. Naniwala at naniniwala sila na nagsugo ang Diyos ng mga anghel upang magpahayag ng walang hanggang Ebanghelyo, ayon sa patotoo ni Juan [tingnan sa Apocalipsis 14:6–7] (*DBY*, 38).

Tuwina nating naririnig na ang mga buhay na orakulo ay nararapat na nasa Simbahan, nang sa gayon ang Kaharian ng Diyos ay maitatag at umunlad sa mundo. Magbibigay ako ng ibang salin tungkol sa kuru-kurong ito. Sinasabi ko na ang mga buhay na orakulo ng Diyos, o ang Espiritu ng paghahayag ay nararapat na nasa bawat isang indibiduwal, upang malaman ang plano ng kaligtasan at tahakin ang daan na maghahatid sa kanila sa kinaroroonan ng Diyos (*DBY*, 38).

Madalas katauhan ng Panginoon ay hindi naroroon sa lahat ng dako; ngunit may mga kinatawan siyang nagsasalita at gumagawa para sa kanya. Ang kanyang mga anghel, kanyang mga sugo, kanyang mga apostol at

tagapaglingkod ay hinirang at binigyang-karapatan upang kumilos para sa kanyang pangalan. At ang kanyang mga tagapaglingkod ay binigyang-karapatan na magpayo at mag-atas sa pinakadakila at inaakalang pinakamaliit na mga bagay upang magtagubilin, mamahala at gumabay sa kanyang mga Banal (*DBY*, 41).

Walang sinuman ang magkakaroon ng impluwensiya sa Kahariang ito, at mapapananatili niya ang kanyang sarili rito, magagampanang mabuti ang kanyang tungkulin kung wala sa kanya ang kapangyarihan ng Diyos. Nararapat na mamuhay ang mga tao sa paraang matatamasa nila ang liwanag ng Banal na Espiritu, kung hindi, sila ay hindi magkakaroon ng tiwala sa kanilang sarili, sa kanilang relihiyon, o sa kanilang Diyos, at sa malao't madali ay mawawala sa pananampalataya (*DBY*, 33).

Itinanong sa akin ng isang ginoo kung paano ko ginagabayan ang mga tao sa pamamagitan ng paghahayag. Tinuturuan ko silang mamuhay sa paraang maipauunawa sa kanila ng Espiritu ng paghahayag ang kanilang tungkulin sa araw-araw nang kanilang magabayan ang kanilang sarili. Upang matanggap ang paghahayag na ito kailangang mamuhay ang mga taong ito sa paraang ang kanilang espiritu ay kasing dalisay at linis ng isang walang sulat na papel na nakapatong sa mesa ng [manunulat], na handang tumanggap ng anumang sulat na maaaring ilagay roon ng manunulat (*DBY*, 41).

Walang katwiran sa mundo, walang pagpapaliwanag ang makapagbubukas sa mga isipan ng matatalinong tao at makapagpapakita sa kanila ng mga makalangit na bagay; ito ay magagawa lamang sa pamamagitan ng Espiritu ng paghahayag [tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:9–14] (*DBY*, 37).

Ang mga paghahayag ng Panginoong Jesucristo, ang espiritu ng katotohanan ay makatutuklas sa lahat ng bagay, at maipauunawa sa lahat ng maytaglay nito ang tama sa mali, ang liwanag sa kadiliman, ang mga bagay ng Diyos sa mga bagay na hindi sa Diyos. Ito lamang ang makapagpapaunawa sa atin ng Ebanghelyo ng Anak ng Diyos, ng kalooban ng Diyos, at kung paano tayo maliligtas. Sundin ito, at ito ay aakay sa inyo sa Diyos, ang Bukal ng liwanag, kung saan ang lagusan ay bukas, at ang isipan ay mabibigyang-liwanag upang ating makita, malaman at maunawaan ang tunay na katangian ng mga bagay (*DBY*, 34).

Walang sinuman ang makakikilala kay Jesus na Cristo maliban na ito ay ipahayag sa kanya mula sa langit [tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:3] (*DBY*, 37).

Kung walang paghahayag na tuwirang nagmumula sa langit ay imposibleng hindi ganap na mauunawaan ng sinumang tao ang plano ng kaligtasan (*DBY*, 38).

Kung walang mga paghahayag mula sa Diyos ay hindi natin malalaman kung sino tayo, saan tayo galing, ni kung sino ang lumikha sa mundo na kung saan tayo ay nabubuhay, kumikilos, at mayroong tayong pagkatao (*DBY*, 37).

Kapag binibigyang-inspirasyon ng Espiritu ng paghahayag na mula sa Diyos ang isang tao, nabubuksan ang isipan niya sa ganda, kaayusan, at kaluwalhatian ng pagkakalikha sa mundong ito at sa mga naninirahan dito, ang dahilan ng kanyang paglikha nito, at ang layunin ng kanyang Manlilikha sa paglalagay ng kanyang mga anak dito. Mauunawaan niya ngayong mabuti na ang ating buhay dito ay para sa tanging layunin ng kadakilaan at pagpapanumbalik sa kinaroroonan ng ating Ama at Diyos (*DBY*, 37).

Upang maunawaan nang maayos ang bawat bahagi ng mga paghahayag ng Diyos na ibinigay sa mga anak ng tao, o kanino mang tao sa langit o sa mundo, kailangan ng tao ang Espiritu na nagbigay nito—ang Espiritu na naghahayag ng mga bagay na ito sa pag-unawa, at nagpapakilala sa mga ito sa isipan (*DBY*, 39).

Kaya nga dapat tayong mamuhay sa paraang ang Espiritu ng paghahayag ay makapag-aatas at makaaantig sa ating puso at makapagsasabi sa atin kung ano ang ating nararapat gawin sa halip na umasa sa mga kaugalian ng ating mga magulang at guro. Subalit upang magawa natin ito kailangan tayong maging maliliit na bata; at sinabi ni Jesus kung hindi natin gagawin ito hindi tayo makapapasok sa kaharian ng langit. Napakadali nito! Mamuhay nang malaya sa inggit, masamang hangarin, poot, alitan, masamang damdamin, at pagsasalita ng masama sa ating mga mag-anak at tungkol sa ating kapwa at kaibigan at lahat ng naninirahan sa mundo, saan man natin sila makikita. Mamuhay sa paraang malaya, malinis at dalisay ang ating budhi (*DBY*, 36).

Kapag nakatanggap kayo ng isang pangitain o paghahayag mula sa Pinakamakapangyarihan, isang pangitaing ibinigay sa inyo ng Panginoon tungkol sa inyong sarili, o mga taong ito, ngunit hindi ninyo dapat ipahayag dahil hindi kayo ang nararapat na taong magpahayag nito, o dahil hindi pa ito dapat malaman ng mga tao sa kasalukuyan, dapat ninyo itong sarilinin at ganap na ipinid, at susian nang mahigpit tulad ng pagkakasara at pagkakapinid ng langit sa inyo, at gawin itong ligtas tulad ng isang bangkay ay ligtas sa loob ng libingan. Walang tiwala ang Panginoon sa mga naghahayag ng mga lihim, dahil hindi niya matiwasay na maihahayag ang kanyang sarili sa gayong uri ng mga tao (*DBY*, 40–41).

Paano natin nalalamang isinulat ng mga propeta ang salita ng Panginoon? Sa pamamagitan ng paghahayag. Paano natin nalalaman na si Joseph Smith ay tinawag ng Diyos upang magtatag ng kanyang Kaharian sa mundo? Sa pamamagitan ng paghahayag. Paano natin nalalaman na ang mga pinuno ng mga taong ito ay nagtuturo ng katotohanan? Sa pamamagitan ng paghahayag (*DBY*, 38).

Paano ninyo malalaman na ang gawain sa mga Huling Araw ay totoo? Malalaman ninyo ito sa pamamagitan lamang ng espiritu ng paghahayag mula mismo sa langit. Ano ang nagpatunay sa inyo na ang gawaing ito

ay totoo . . . ? Hindi ba ang espiritu ng paghahayag na nasa inyo?. . . . Nararapat ninyong dagdagan ito araw-araw; dapat ninyo itong dagdagan habang binibigyan kayo ng Panginoon—kaunti rito at kaunti roon, at pakaingatan ang katotohanan sa inyong pananampalataya at pag-unawa, hanggang kayo ay maging ganap sa harapan ng Panginoon at maging handa sa pagtanggap ng karagdagang mga bagay ng Kaharian ng Diyos (*DBY*, 36).

Kapag kayo ay matapat na naglingkod sa loob ng maraming taon, matututuhan ninyo ang simpleng katotohanang ito—na kung ang inyong puso ay nasa tama, at nagpapatuloy kayo sa pagsunod, nagpapatuloy sa paglilingkod sa Diyos, nagpapatuloy sa pananalangin, ang Espiritu ng paghahayag ay mapapasainyo tulad ng isang balon ng tubig na bumubukal sa buhay na walang hanggan [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 19:38; 63:23]. Huwag pahintulutan ang sinuman na tumigil sa pananalangin dahil wala sa kanya ang espiritu ng panalangin, ni bayaan ang alinmang kalagayan sa mundo na madaliin kayo sa pagganap sa mahalagang tungkuling ito. Sa pamamagitan ng pagyuko sa harapan ng Diyos upang hilingan siyang pagpalain kayo, tiyak na matatagpuan ninyo ang ganitong kahihinatnan—higit kayong pagpapalain ng Diyos sa temporal at sa espirituwal.

## Isa sa pinakamahalagang tungkulin natin ay alamin ang kalooban ng Diyos sa araw-araw na panalangin.

Kung gagawa ako ng pagtatangi sa lahat ng tungkulin na kinakailangan sa mga anak ng tao, mula sa una hanggang sa huli, ilalagay ko sa una at pinakamahalaga ang tungkulin ng paghanap sa Panginoon nating Diyos hanggang mabuksan natin ang daan ng komunikasyon mula langit patungo sa mundo—mula sa Diyos patungo sa ating sariling kaluluwa. Panatilihing malinis at dalisay sa harapan niya ang lahat ng landas ng inyong puso (*DBY*, 41).

Kung lalapit tayo sa kanya, lalapit siya sa atin; kung hahanapin natin siya nang maaga, matatagpuan natin siya; kung matapat at masigasig nating gagamitin ang ating isipan upang malaman at maunawaan ang isipan at kalooban ng Diyos, kasing-dali ito, oo, masasabi kong mas madali pa ito kaysa sa malaman ang isipan ng bawat isa (*DBY*, 42).

Tayo ay maging mapagpakumbaba, taimtim, mabait, masunurin sa kalooban ng Panginoon, at walang panganib dito bagkus ay mapapasaatin ang kanyang Espiritu upang gabayan tayo. Kung bubuksan natin ang ating labi at tatawag sa ating Ama sa Langit, sa pangalan ni Jesus, mapapasaatin ang diwa ng panalangin (*DBY*, 44).

Sinasabi ng Panginoon, lalapit sa akin ang aking mga tao para sa mga pagpapalang kailangan nila. At sa halip na ituring natin ang panalangin na kabilang sa mga tungkuling kinakailangan mula sa atin bilang mga Banal sa mga Huling Araw, dapat tayong mamuhay na ipinapalagay na ito ay isa sa

mga dakilang pribilehiyong ipinagkaloob sa atin; dahil kung hindi sa bisa ng panalangin ano na lamang ang mangyayari sa atin bilang mga tao at bilang indibiduwal? (*DBY*, 43).

Tungkulin ng mga Banal sa mga Huling Araw na manalangin nang walang tigil, at sa lahat ng bagay ay magpasalamat, upang kilalanin ang kamay ng Panginoon sa lahat ng bagay, at mapasailalim sa kanyang mga kahilingan (*DBY*, 42).

Pahintulutang manawagan ang bawat lalaki at bawat babae sa pangalan ng Panginoon, at gayon din, mula sa dalisay na puso, habang sila ay gumagawa at habang sila ay nasa kanilang mga silid, habang sila ay nasa publiko at habang sila ay nag-iisa, humihiling sa Ama sa pangalan ni Jesus, na pagpalain sila, at pangalagaan at gabayan sila, at turuan sila, ng daan sa buhay at kaligtasan at upang makapamuhay sila sa paraang matatamo nila ang walang hanggang kaligtasan na ating hinahangad (*DBY*, 43).

Hindi mahalaga kung nais ninyo o nais kong manalangin, kapag dumating ang oras ng pananalangin, manalangin kayo. Kung hindi natin nais na manalangin, dapat tayong manalangin hanggang sa naisin natin ito (*DBY*, 44).

Ilan sa mga kapatid natin ang lumapit sa akin at nagsabing, "Kapatid na Brigham, tungkulin ko bang manalangin kung wala ni katiting akong diwa ng panalangin sa aking sarili? Tunay, na may mga panahon, na ang tao ay naguguluhan at puno ng pagkabalisa at suliranin, ang kanilang mga araro at iba pang kagamitan ay sira, nangaligaw ang kanilang mga hayop at may libu-libong bagay ang nakagugulo sa kanila; gayunman itinuturo sa atin ng ating pagpapasiya na tungkulin natin ang manalangin, may tunay na diwa man tayo ng panalangin o wala. Ang aking doktrina ay, tungkulin ninyong manalangin; at kapag dumarating ang oras ng pananalangin, dapat sabihin ni Juan na, "Ito ang lugar at ngayon ang oras upang manalangin; ititiklop ang mga tuhod sa sahig, at gagawin ito agad." Ngunit sinabi ni Juan, "Hindi ko gustong manalangin; hindi ko nararamdaman na gusto ko." Mga tuhod kayo ay lumuhod, sinasabi ko; at lumuhod ang mga tuhod, at nagsimula siyang mag-isip at magbulay-bulay. Maaari ka bang magsabi ng kahit ano? Hindi mo ba masasabing, Diyos ko maawa ka sa akin na isang makasalanan? Oo, magagawa niya ito, kung makatatayo siya at maisusumpa ang kanyang kapwa dahil sa ilang pagkakamali. Ngayon Juan, buksan mo ang iyong bibig at sabihing, Panginoon, maawa kayo sa akin. "Ngunit hindi ko nararamdaman ang diwa ng panalangin." Hindi mo ito maikakatwiran, dahil alam mo kung ano ang tungkulin mo (*DBY*, 45).

Kung sinasabi ng Diyablo na hindi kayo maaaring manalangin kapag galit kayo, sabihin ninyo sa kanya na wala na siyang pakialam doon, at manalangin hanggang sa maitaboy ang uring ito ng kabaliwan at maipanumbalik sa isipan ang kapayapaan(*DBY*, 45).

Sa pagbangon ninyo sa umaga, bago ninyo pahintulutan ang inyong

sariling kumain ng isang subo ng pagkain, tipunin ang inyong asawa at mga anak, yumuko sa harap ng Panginoon, hilingin na patawarin niya ang inyong mga kasalanan, at pangalagaan kayo sa buong araw, ilayo kayo mula sa tukso at lahat ng masama, gabayan ang mga kilos ninyo sa tama, nang makagawa kayo sa araw na iyon ng isang bagay na makabubuti sa Kaharian ng Diyos sa mundo. May oras ba kayo para gawin ito? Mga elder, at kapatid na babae, may oras ba kayong manalangin? (*DBY*, 44).

Manalangin kayo bago kayo pumunta sa trabaho. Huwag kailanman kalimutan ito. Ang isang ama—ang haligi ng tahanan—ay hindi kailanman dapat kalimutang tipunin ang kanyang mag-anak at ilaan ang kanyang sarili at mag-anak sa Panginoon ng mga Hukbo, na humihiling ng patnubay at tagubilin ng kanyang Banal na Espiritu na akayin sila sa buong araw—sa araw na iyon. Akayin kami sa araw na ito, gabayan kami sa araw na ito, pangalagaan kami sa araw na ito, iligtas kami sa pagkakasala sa inyo o sa sinuman sa langit o sa lupa sa araw na ito! Kung gagawin natin ito araw-araw, sa huling araw ng buhay natin ay magiging handa tayong magtamasa ng mas mataas na kaluwalhatian (*DBY*, 44).

Alam ninyo na isang kaibahan ng ating pananampalataya at relihiyon ang hindi paghiling sa Panginoon na gawin ang isang bagay na hindi tayo handang tumulong sa kanya sa abot ng ating makakaya; at pagkatapos nito ang Panginoon na ang gagawa ng iba pa (*DBY*, 43).

Hindi ako hihiling sa Panginoon na gawin ang isang bagay na hindi ko rin handang gawin (*DBY*, 43).

Kung hihingi ako sa kanya ng karunungan hinggil sa anumang pangangailangan sa buhay, o tungkol sa sarili kong gawain, o ng aking mga kaibigan, aking mag-anak, aking mga anak, o ng mga taong aking pinamumunuan, at hindi makatanggap ng kasagutan mula sa kanya, at pagkatapos ay gagawin ko ang pinakamabuting paraan na mapagpapasiyahan ko, kanyang aariin at igagalang ang kasunduang iyon, at gagawin niya ito sa lahat ng layon at hangarin (*DBY*, 43).

Kapag nanalangin ang bawat Banal, hayaan siyang humiling sa Diyos ng mga bagay na kailangan niya upang maitaguyod ang kabutihan sa mundo. Kung hindi ninyo alam kung ano ang hihilingin, ipahintulot ninyong turuan ko kayo kung paano manalangin. Kapag kayo ay nananalangin nang lihim na kasama ang inyong mag-anak, kung hindi ninyo alam kung ano ang inyong hihilingin, ibigay ninyo ang inyong sarili sa inyong Ama sa Langit at magsumamo sa kanya na gabayan kayo sa pamamagitan ng inspirasyon ng Espiritu Santo, at gabayan ang mga taong ito, at iatas ang mga gawain ng kanyang Kaharian sa mundo, at iwan na ito rito. Hilingin sa kanyang ilagay kayo kung saan niya kayo nais, at sabihin sa inyo kung ano ang nais niyang ipagawa sa inyo, at ipadama sa kanya na naroroon kayo upang gawin ito (*DBY*. 45–46).

Hayaang maging mataimtim sa pananalangin ang lahat ng tao, hanggang sa malaman nila ang mga bagay ng Diyos para sa kanilang sarili at maging tiyak na naglalakad sila sa daan na patungong buhay na walang hanggan; pagkatapos ang inggit, ang bunga ng kamangmangan, ay mawawala at mawawalan ng hangarin ang sinuman na itaas ang kanyang sarili sa iba; dahil ang mga damdaming ito ay hindi katanggap-tanggap sa orden ng langit. Hindi kailanman ninais ni Jesucristo na maging iba sa kanyang Ama. Sila noon at maging ngayon ay iisa. Kung ang mga tao ay pinamumunuan sa pamamagitan ng mga paghahayag ni Jesucristo, at batid nila ang katotohanan sa pamamagitan ng kanilang katapatan, walang pangambang hindi sila magiging iisa kay Jesucristo, at magkakaunawaan (*DBY*, 42).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

### Ang espiritu ni Cristo ay ibinibigay sa lahat ng anak ng Diyos upang maliwanagan sila at tulungan silang malaman ang mabuti sa masama.

- Pag-isipan ang mga gawain ng liwanag ni Cristo o espiritu ng Panginoon. (Tingnan din sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Ilaw, Liwanag ni Cristo," 725; Doktrina at mga Tipan 88:6–13; Moroni 7:12–19.) Ano ang ibig sabihin ng "maliwanagan ng Espiritu ng Panginoong Jesus"?
- Paano natin malalaman ang walang hanggang pamantayan ng "tama sa mali"?
- Ayon kay Pangulong Young, sa anu-anong paraan "nanatili sa mga tao" ang espiritu ng Panginoon?
- Sa pamamagitan ng anong kapangyarihan na "pumupuno ng kalakhan" naiimpluwensiyahan ng Panginoon nakaiimpluwensiya sa kanyang mga anak? Sa anong paraan hindi malayo ang Diyos sa bawat isa sa atin? (Tingnan din sa Mga Gawa 17:27.) Anong katibayan ang nakikita ninyo na iniimpluwensiyahan ng Diyos ang mga pangyayari sa buong mundo?

---

### Nagsasalita ang Diyos sa kanyang mga anak sa pamamagitan ng paghahayag.


- Sino ang binibigyan ng Panginoon ng karapatang tumanggap ng paghahayag para sa buong Simbahan? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 21:4–5; 28:2; 43:3–4; 90:3–5.) Sino ang mga "buhay na orakulo"? Ano ang ating mga responsibilidad kaugnay sa mga buhay na orakulo?
- Sinabi ni Pangulong Young na ang mga turo ng kaligtasan ay malalaman lamang sa pamamagitan ng paghahayag. Ano ang mga paghahayag na ibibigay sa atin ng Panginoon bilang mga indibiduwal? (Tingnan din sa 2 Nephi 32:5; Mga Bilang 11:29.)

- Ayon kay Pangulong Young, paano natin malalaman na tayo ay inaakay ayon sa kalooban ng Diyos? Sa anong mga kalagayan tayo makatatanggap ng gumagabay na paghahayag sa ating pang-araw-araw na buhay?
- Anong pangako ang ginawa para sa mga matapat na "naglingkod sa loob ng maraming taon" sa panalangin, pagsunod, at paglilingkod? Ano na ang mga naging karanasan ninyo sa panalangin na nakatulong upang mapasainyong buhay ang Espiritu?

---

**Isa sa pinakamahalagang tungkulin natin ay alamin ang kalooban ng Diyos sa araw-araw na panalangin.**

- Ayon kay Pangulong Young, ano ang ating "una at pinakamahalagang tungkulin" bilang mga kasapi ng Simbahan?
- Sa anong mga kalagayan higit na mapapasaatin ang Espiritu upang tayo ay gabayan? (Tingnan din sa 3 Nephi 19:9, 24.)
- Anong tiyak na payo ang ibinigay ni Pangulong Young tungkol sa panalangin?
- Ano ang pinakamahigpit na paalala ni Pangulong Young sa mga walang pagnanais na manalangin?



"Hindi ititigil ni Jesus ang kanyang gawain hangga't hindi nagkakaroon ng kaharian ang lahat ng tao sa mga mansiyon ng kanyang Ama" ( *DBY*, 56).

KABANATA 7

# Ang Plano ng Kaligtasan

*Bilang propeta at guro ng plano ng kaligtasan, itinuro ni Pangulong Brigham Young na ang "hangad at layunin [ng] Pinakadakilang Hari" (*DBY, *49) ay upang matamasa ng kanyang mga anak ang walang hanggang kaligayahan. Ayon sa dakilang "plano ng kaligayahan" na ito [Alma 42:16], bilang mga anak ng Diyos namuhay na tayo sa piling niya bago pa tayo pumarito sa lupa, na kung saan nagkaroon tayo ng tanging karapatan na magkaroon ng katawang-lupa at piliing sumunod sa mga utos ng Diyos. Ayon sa ating katapatan, dadalhin tayo ni Jesucristo sa isang kaharian ng kaluwalhatian.*

## Mga Turo ni Brigham Young

**Nais ng Diyos na umunlad tayo magpakailanman sa liwanag, katotohanan, at kaligayahan.**

Ang buhay na ito na nasasaatin ay para sa kawalang-hanggan. Pag-isipan natin ang ideya ng mga nilalang na pinagkalooban ng lahat ng kapangyarihan at kakayahan na mayroon tayo, na nalilipol, naglalaho, nawawala, at pagkatapos ay itugma natin ito sa ating mga damdamin sa ating buhay ngayon. Walang matalinong tao ang makagagawa nito. Gayunman, sa pamamagitan lamang ng Espiritu ng paghahayag natin mauunawaan ang mga bagay na ito [tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 2:11]. Sa pamamagitan ng paghahayag ng Panginoong Jesus nauunawaan natin ang tunay na katangian ng mga bagay noon, na ipinaalam sa atin; mga bagay na nasa buhay na tinatamasa natin ngayon, at ang magiging tunay na katangian ng mga bagay sa hinaharap [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:24], hindi sa kabuuan nito, ngunit lahat ng hinahangad ng Panginoong maunawaan natin, upang maging kapaki-pakinabang sa atin, upang mabigyan tayo ng karanasang kinakailangan sa buhay na ito upang maihanda tayong matamasa ang buhay na walang hanggan sa kabilang buhay (*DBY*, 47).

Kung ating mauunawaan ang tunay na pilosopiya upang maunawaan ang ating sariling pagkakalikha, at kung para saan ito—ano ang hangad at layunin ng Pinakadakilang Hari sa pagbubuo ng elemento at paghahatid nito sa kakayahan kung paano kita namamalas dito ngayon, maaari nating maunawaan na ang elemento ay hindi masisira—ito ay napaiilalim sa pagbubuo at pagbabagu-bago; at mauunawaan natin na ang elemento ay

mabubuo at mabibigyan ng katalinuhan, at magkaroon ng mas higit na katalinuhan at magpatuloy na magkaroon ng higit na katalinuhan; at matututuhan ang mga alituntuning iyon na nagbuo sa elemento na maging hayop, gulay, at matatalinong nilalang; at makikilala ang kilos, pamamahala at pagpapalaganap ng Diyos ng mga alituntunin sa mga elemento upang makalikha ng matatalinong nilalang at dakilain sila—para saan? Kaligayahan. Ganap bang mabibigyang kasiyahan ang espiritu na ipinagkaloob sa atin kung bibigyan tayo nang kulang pa kaysa rito? Hindi [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 131:7] (*DBY*, 49).

---

**Tayo ay mga espiritung anak ng Diyos.**

Walang sinumang tao ang nagkaroon ng kapangyarihang lumikha sa kanyang sarili. Dahil may isang nakahihigit sa atin. Pag-aari ba natin ang ating katawan? Pag-aari ba natin ang ating espiritu? Hindi natin pag-aari ang ating sarili. Tayo ay pag-aari ng ating mga magulang ng—ating Ama at ating Diyos [tingnan sa Mga Gawa 17:29] (*DBY*, 50).

Espirituwal munang nilikha ang mga bagay; ang mga espiritu ay tunay na nagmula sa Ama [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:24], at sila ay ipinanganak at nabuhay na kasama niya. Pagkatapos ay nagsimula siyang lumikha ng mga katawang-lupa, tulad ng pagkakalikha sa kanya sa lamang ito, sa pamamagitan ng pagkuha ng likas na materyal na binuo at bumubuo ng mundong ito, . . . samakatwid ang katawan ng kanyang mga anak ay binuo mula sa likas na materyal ng mundong ito (*DBY,* 50).

Narinig ko na ang bantog na si G. [Henry Ward] Beecher, ng Brooklyn, ay nagsalita minsan na ang pinakamalaking kasawian na maaaring mangyari sa tao ay ang isilang; ngunit sinasabi ko ang pinakadakilang kapalaran na nangyari o maaaring mangyari sa mga tao ay ang maisilang sa mundong ito, sapagkat sa gayon ang buhay at kaligtasan ay maaaring makamtan nila, pagkatapos may pribilehiyo silang mapagtagumpayan ang kamatayan at yurakan ng kanilang mga paa ang kasalanan at kasamaan, ilakip sa kanilang pang-araw-araw na buhay ang bawat alituntunin ng buhay at kaligtasan at walang hanggang manirahan kasama ng mga Diyos (*DBY*, 51).

Ang mga espiritu na nananahanan sa mga katawang ito ay kasing dalisay ng kalangitan, nang sila ay pumasok sa mga [katawang] ito. Pumasok sila sa maruruming katawan, tinutukoy ang laman, sa pamamagitan ng pagkahulog ng tao. Sinasabi ng Mang-aawit, "Narito, ako'y inanyuan sa kasamaan; at sa kasalanan ay ipinaglihi ako ng aking ina" [Mga Awit 51:5]. Ang Banal na Kasulatang ito ay naglagay sa mga isipan ng ilang doktrina ng ganap na kasamaan—na imposible para sa kanila na magkaroon ng isang mabuting kaisipan, na sila ay lubhang makasalanan, na walang kabutihan, walang kagalingan, at walang kalusugang espirituwal sa kanila. Hindi ito

totoo, ngunit mayroon pa ring salungatan sa kalooban natin. Kailangan nating makipagtunggali laban sa masasamang simbuyo ng damdamin, o sa mga masasamang impluwensiya gumawa ng masama na umiiral sa ating mortal na katawan nang dahil sa pagkahulog. Ang mga dalisay na espiritu na nananahan sa mga katawang ito ay iniimpluwensiyahan, at karapatan niya na nagpadala sa kanila sa mga katawang ito na panatilihin itong napakahalaga, at sa tuwina ay ibigay ang Espiritu ng katotohanan upang impluwensiyahan ang mga tao, upang ang Espiritu ng Katotohanan ay magtagumpay at makapangyarihang maghari sa ating mga katawan, ang Diyos at Panginoon ng buhay na ito (*DBY*, 51–52).

---

**Malaya nating mapipili ang mabuti sa halip na masama, ang kadakilaan sa halip na kahirapan.**

[Itinanong ng Ama,] "Sino ang tutubos sa mundo, sino ang hahayo at magsasakripisyo para sa mundo at sa lahat ng bagay na nilalaman nito?" Sinabi ng Panganay na Anak na Lalaki na: "Narito ako"; at pagkatapos ay idinagdag niya, "Isugo ako." Subalit ang pangalawa, na si "Lucifer, ang Anak ng Umaga," ay nagsabing, "Panginoon, narito ako, isugo ako, tutubusin ko ang bawat anak na lalaki at anak na babae nina Adan at Eva na nabubuhay sa mundo, o ang sinumang mabubuhay sa mundo." "Subalit," sinabi ng Ama, "hindi ito sasapat. Binigyan ko ang bawat isang indibiduwal ng kalayaang pumili; dapat gamitin ito ng lahat upang matamo ang kadakilaan sa aking kaharian; yayamang mayroon silang kapangyarihang pumili nararapat nilang gamitin ang kapangyarihang ito. Sila ay mga anak ko; ang mga katangiang nakikita ninyo sa akin ay nasa aking mga anak at kailangan nilang gamitin ang kanilang kalayaan sa pagpili. Kung iyong tatangkaing iligtas ang lahat, maililigtas mo lamang sila sa kasamaan at katiwalian" [tingnan sa Abraham 3:23–28; Moises 4:1–4] (*DBY*, 53–54).

Nang magkaroon ng himagsikan sa langit, ang paghahatol ay tinimbang at ang kabutihan ay sinukat, at ang kasamaan ay itinakwil (*DBY*, 54).

Pinahintulutan ng Panginoong Pinakamakapangyarihan ang pagkakapangkat-pangkat na ito sa langit upang malaman kung ano ang gagawin ng kanyang mga nasasakupan bilang paghahanda sa kanilang pagparito sa mundong ito (*DBY*, 54).

Ngunit sila [ang naghimagsik na mga espiritu] ay kailangang lumisan sa langit, hindi sila maaaring manatili roon, kailangan silang itapon sa lupa upang subukin ang mga anak ng tao, at gumanap sa kanilang mga gawain na magbubunga ng kasalungat ng lahat ng bagay, upang ang lahat ng naninirahan sa mundo ay magkaroon ng pribilehiyong mapaunlad ang karunungang ibinigay sa kanila, ang pagkakataong mapagtagumpayan ang kasamaan, ang matutuhan ang mga alituntunin na namamahala sa

kawalang-hanggan, nang sila ay madakila sa kawalang-hanggan (*DBY*, 54).

Hindi ninyo maibibigay sa sinumang tao ang kanilang kadakilaan maliban kung kanilang nalalaman kung ano ang masama, kung ano ang kasalanan, kalungkutan, at kahirapan, sapagkat walang taong makauunawa, makapagpapahalaga at makatatamasa ng kadakilaan sa pamamagitan ng iba pang alituntunin (*DBY*, 55).

Sa palagay mo ba ay napakaraming pinagtutuunan ng pansin ng Panginoon? . . . Sa palagay ko ay walang sinuman ngayon sa mundo, na nabuhay bago tayo, o darating pagkamatay natin, na hindi niya kilala. Kilala niya kung sino ang kanyang hihirangin, pinagtutuunan niya sila ng pansin sa lahat ng oras, tulad ng ginawa niya kay Moises, Faraon, Abraham, Melquisedec, at Noe, ang piniling sisidlan na gagawa ng arka at magliligtas ng ilang nalalabi mula sa baha (*DBY*, 55).

Isang maling ideya ang isipin na itinakda ng Diyos ang lahat ng bagay na nangyayari, dahil ang kalayaang magpasiya para sa kanilang sarili na nasa bawat nilalang ay kasing-laya ng pagkilos ng hangin. Maaari kayong magtanong kung kami ay naniniwala sa pag-oordena sa tao bago pa isilang sa mundo; naniniwala kami, na tulad din ng sinumang tao sa mundo. Naniniwala kami na si Jesus ay inordenan noon pa man bago pa itatag ang mga pundasyon ng daigdig, at ang kanyang misyon ay itinalaga sa kanya sa kawalang-hanggan upang maging Tagapagligtas ng daigdig, gayunpaman nang pumarito siya sa laman binigyan siya ng kalayaang piliin o tanggihang sundin ang kanyang Ama. Kung kanyang tinanggihang sundin ang kanyang Ama, siya ay maaaring naging anak na lalaki ng kapahamakan. Malaya rin nating piliin o tanggihan ang mga alituntunin ng buhay na walang hanggan. Iniatas at inordena noon pa ng Diyos ang maraming bagay na nangyari na, at magpapatuloy siya sa paggawa nito; ngunit kapag nag-atas siya ng mga dakilang biyaya para sa isang bansa o indibiduwal ang mga ito ay iniaatas niya sa ilalim ng mga tiyak na kondisyon. Kapag nagpapadala siya ng matitinding salot at matinding pagkawasak sa mga bansa at tao, ang mga atas na ito ay ibinibigay dahil ayaw talikdan ng mga bansa at taong ito ang kanilang mga kasamaan at bumaling sa Panginoon. Itinakdang wawasakin ang Nineve sa loob ng apatnapung araw, ngunit ang pangyayaring ito ay ipinagpaliban dahil sa pagsisisi ng mga naninirahan sa Nineve. Namamahala at naghahari ang Diyos, at ginawa niyang malaya ang kanyang mga anak na tulad niya, upang pumili ng tama o ng mali, at tayo ay hahatulan ayon sa ating mga gawa (*DBY*, 55).

---

### Ayon sa ating katapatan, dadalhin tayo ni Jesucristo sa isang kaharian ng kaluwalhatian.

Ito ang plano ng kaligtasan. Hindi ititigil ni Jesus ang kanyang gawain hangga't hindi nagkakaroon ng kaharian ang lahat ng tao sa mga mansiyon

ng kanyang Ama, kung saan maraming kaharian at maraming kaluwalhatian, upang maangkop sa mga gawa at katapatan ng lahat ng taong nabuhay sa mundo. Susundin ng ilan ang batas selestiyal at tatanggapin ang kaluwalhatian nito, susunod ang ilan sa batas terestriyal at ang ilan sa telestiyal, at ang iba ay hindi makatatanggap ng kaluwalhatian (*DBY*, 56).

Milyun-milyong tao na ang sumakabilang buhay, mga Kristiyano at hindi binyagan, tapat, mabubuti at makatarungan tulad ng sinumang nabubuhay ngayon. Sinasabi ng buong Kristiyanismo na sila ay naligaw na; ngunit ililigtas sila ng Panginoon, o kahit paano, ang lahat ng tatanggap ng Ebanghelyo. Ang plano ng kaligtasan na ipinahayag ni Jesus, at ang ating ipinangangaral, ay nakaaabot sa mga pinakamababa at pinakaaping naliligaw na lahi ni Adan (*DBY*, 60–61).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

**Nais ng Diyos na umunlad tayo magpakailanman sa liwanag, katotohanan, at kaligayahan.**

- Paano natin malalaman na ang "buhay na ito na nasasaatin ay para sa kawalang-hanggan"? Anong kaibahan ang magagawa sa inyo ng kaalaman na ang buhay ay walang hanggan?
- Ano ang "hangarin at layunin" ng Diyos sa pagbuo ng daigdig?
- Itinuro ni Pangulong Young na ang pangunahing layunin ng buhay ay "magkaroon ng mas higit na katalinuhan at magpatuloy na magkaroon ng higit na katalinuhan." Ano ang kaugnayan ng pagkakaroon ng higit na karunungan, o liwanag at katotohanan (tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 93:36; 130:19), at ng pagtatamo ng walang hanggang kaligayahan? Paano nagkatotoo ito sa inyong buhay?

---

**Tayo ay mga espiritung anak ng Diyos**

- Ano ang nadarama ninyo sa kaalamang kayo ay tunay na espiritung anak ng ating Ama sa Langit? Anong kaibahan ang nagawa nito sa inyong buhay?
- Bakit ang "isilang sa mundo" ang "pinakadakilang kapalaran na . . . maaaring mangyari sa mga tao"? Basahin at pag-isipang mabuti ang Doktrina at mga Tipan 93:33. Anong mga pagpapala ang nauugnay sa hindi na mapaghihiwalay ang inyong espiritu at katawan pagsapit ng takdang panahon?
- Ayon sa Pangulong Young, ano ang dulot ng Pagkahulog ng tao? Ano ang maling ideya ng ilang tao tungkol sa Pagkahulog? Ano ang papel ng Espiritu ng Katotohanan sa "salungatan sa kalooban natin" sa pagitan ng mabuti at masama? Paano natin gagawing mas malakas na puwersa sa ating buhay ang Espiritu ng Katotohanan?

### Malaya nating mapipili ang mabuti sa halip na masama, ang kadakilaan sa halip na kahirapan.

- Ayon kay Pangulong Young, ano ang papel na ginagampanan ng ating kalayaang pumili sa ating pagtatamo ng kadakilaan? Bakit tinanggihan ng Diyos Ama ang alok ni Lucifer na kumilos para sa bawat isa sa atin? (Tingnan din sa 2 Nephi 2:15–16.)
- Bakit pinahintulutan ng Panginoon ang "pagkakapangkat-pangkat sa langit"? Ano ang "gawain" ng mga itinaboy sa kinaroroonan ng Ama? Bakit kailangang magkaroon ng "salungatan sa lahat ng bagay"? Bakit kailangan nating maunawaan "kung ano ang kasamaan" at "ano ang kasalanan, kalungkutan, at kahirapan" upang matamo ang kadakilaan? (Tingnan din sa 2 Nephi 2:11.)
- Ano ang maaari ninyong gawin upang matupad ang kahilingan ng Panginoon at umunlad sa pinakaabot-kaya ng inyong kakayahan?
- Paano maitatakda ng Diyos o maioordena sa simula pa ang mga tiyak na pangyayari at gayon pa man ay mabigyan tayo ng kalayaan sa pagpili?

### Ayon sa ating katapatan, dadalhin tayo ni Jesucristo sa isang kaharian ng kaluwalhatian.

- Kailan matatapos ang gawaing pagliligtas ni Jesucristo?
- Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, lahat, maliban sa mga anak na lalaki ng kapahamakan ang "makatatamasa ng isang kaharian sa mga mansiyon ng kanyang Ama." Sinabi rin ni Pangulong Young na "maraming kaharian at maraming kaluwalhatian." Bakit maraming kaharian? Sino ang magtatalaga kung saang kaharian pupunta ang isang tao?
- Paano "makaaabot sa mga pinakamababa at pinakaapi" gayon din sa mga "tapat, mabuti at makatarungan" ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas?

# Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo

*Itinuro ni Pangulong Brigham Young na ang pananampalataya kay Cristo ay isang kaloob ng Diyos na kailangang nakasalig sa katotohanan at sinasamahan ng mga gawa. Halimbawa, noong Linggo, ika-30 ng Nobyembre 1856, nang nalaman ni Pangulong Young ang tungkol sa isang parating na pangkat ng mga Banal sa Lambak ng Salt Lake, inihinto niya ang mga serbisyo ng pagsamba na kanilang idinaraos, at nagsabing, "Hindi natin idaraos ang pulong ngayong hapon, dahil nais kong umuwi ang mga kapatid na babae at maghanda ng makakain para sa mga kararating pa lamang, at mapaliguan sila, at magamot sila. . . . Mabuti ang manalangin, ngunit kapag (tulad sa pagkakataong ito) ang hinurnong patatas, at puding, at gatas ang kailangan, hindi ito maaaring mapalitan ng panalangin. Gawin ang bawat tungkulin sa tamang oras at lugar" (*CHC, *4:100–101).*


## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo ang unang alituntunin ng ebanghelyo at maaaring maunawaan lamang sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Ang Ebanghelyong ating ipinangangaral ay ang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan; at ang unang alituntunin ng Ebanghelyong iyon ay . . . pananampalataya sa Diyos, at pananampalataya kay Jesucristo, na kanyang anak, at ating Tagapagligtas. Kailangan nating paniwalaan na siya ang taong ipinakikilala sa mga Banal na Kasulatan. . . . Kailangan nating paniwalaan na siya rin si Jesus na ipinako sa krus para sa mga kasalanan ng daigdig (*DBY*, 153).

Maaari ninyong sabihin na ang Panginoon at ang kanyang Ebanghelyo ay hindi karapat-dapat pansinin, o maaari ninyong isuko ang inyong sarili sa mga ito (*DBY*, 153).

Upang maunawaan ang unang mga alituntunin ng Ebanghelyo—upang maunawaan ang mga ito nang wasto, ang isang tao ay kailangang magkaroon ng karunungan mula sa itaas; kailangan siyang maliwanagan sa pamamagitan ng Espiritu Santo; . . . kailangan niyang matamasa ang mga pagpapala ng kaligtasan para sa kanyang sarili, upang maibahagi ang mga ito sa iba (*DBY*, 152).



Nagpakita ng dakilang pananampalataya sa Panginoon ang naunang mga Banal habang nililisan nila ang kanilang mga tahanan at lupang tinubuan upang magtipon sa Sion sa ilalim ng tagubilin ni Pangulong Brigham Young.

Ang bawat piraso ng katotohanan na tinanggap ng bawat tao ay kaloob ng Diyos. Tinatanggap natin ang mga katotohanang ito, at nagpapatuloy mula sa isang kaluwalhatian patungo sa isa pang kaluwalhatian, . . . nagtatamo ng kaalaman ng lahat ng bagay, at nagiging mga Diyos, maging mga Anak ng Diyos. Ang mga ito ang mga taong selestiyal. Sila ang mga pinili ng Panginoon dahil sa kanilang pagsunod. Hindi nila tinanggihan ang katotohanan, nang kanilang marinig ito. Sila ang mga hindi tumanggi sa Ebanghelyo, bagkus kinilala nila si Jesus at ang Diyos sa kanilang tunay na katauhan; at kinilala ang mga anghel sa kanilang tunay na katauhan. Sila ang mga gumagawa para sa kaligtasan ng sangkatauhan (*DBY*, 152).

---

## Ang pananampalataya kay Cristo ay isang kaloob ng Diyos na nakakamit sa pamamagitan ng paniniwala, pagsunod, at mabubuting gawain.

Kapag pinaniniwalaan ninyo ang mga alituntunin ng Ebanghelyo hanggang makamit ang pananampalataya, na kaloob ng Diyos, nagdaragdag siya ng higit pang pananampalataya, patuloy na nagdaragdag ng pananampalataya. Nagbibigay siya ng pananampalataya sa kanyang mga nilalang bilang kaloob; ngunit likas na nasa kanyang mga nilalang ang pribilehiyong paniwalaan kung tama o mali ang Ebanghelyo (*DBY*, 154).

Kung nagsasalita tayo tungkol sa pananampalataya sa pangkalahatan, ito ay ang kapangyarihan ng Diyos na kung saan ang mga daigdig ay nililikha at nalikha, at ito ay kaloob ng Diyos sa mga naniniwala at sumusunod sa kanyang mga utos. Sa kabilang banda, walang nabubuhay na matalinong nilalang, naglilingkod man sa Diyos o hindi, ang kumikilos nang walang paniniwala. Mas mabuti pang tangkain niyang mabuhay nang hindi humihinga kaysa mabuhay nang walang alituntunin ng paniniwala. Ngunit kailangan niyang paniwalaan ang katotohanan, sundin ang katotohanan, at isagawa ang katotohanan, upang makamit ang kapangyarihan ng Diyos na tinatawag na pananampalataya (*DBY*, 153).

Tungkulin nating magtiwala sa Diyos; at ito ang saligan ng lahat ng ating magagawa (*DBY*, 154).

Kapag binabasa ninyo ang mga paghahayag, o kapag naririnig ninyo ang kalooban ng Panginoon tungkol sa inyo, para sa inyong kapakanan ay huwag ninyong tanggapin ito na may pusong nag-aalinlangan (*DBY*, 155).

Hindi palaging inihahayag ng ating Ama sa Langit sa kanyang mga anak ang lihim na nagagawa ng kanyang mga pagkalinga, ni ipinakikita niya sa kanila ang wakas mula sa simula, dahil dapat silang matutong magtiwala sa kanya na nangakong makikipaglaban sa ating mga pakikipaglaban, at magpuputong sa atin ng tagumpay, kung tayo ay tapat tulad ni Abraham na matapat (*DBY*, 156).




Larawan ng mga bagon sa Lungsod ng Salt Lake noong unang bahagi ng taong 1860.

Kapag nakagawian ng taong mamilosopo sa bawat punto, na umaasa lamang sa tinatawag nating kaisipan ng tao, sila ay palagiang nasa panganib na magkamali. Ngunit ilagay ang isang tao sa situwasyon na kung saan nauubliga o napipilit siya na itaguyod ang kanyang sarili, na magkaroon ng pananampalataya sa pangalan ni Jesucristo, at siya ay dadalhin nito sa puntong malalaman niya ito para sa kanyang sarili; at maligaya ang mga taong nakapapasa sa mga pagsubok, kung kanilang napapanatili ang kanilang integridad at ang kanilang pananampalataya sa kanilang tungkulin (*DBY*, 154).

## Ipinakikita at pinalalakas ng mabubuting gawa ang pananampalataya.

Upang ipaliwanag kung gaanong pagtitiwala sa Diyos dapat mayroon tayo, kung gagamit ako ng salitang naaangkop para sa akin, ang sasabihin ko ay *ganap* na pagtitiwala. May pananampalataya ako sa aking Diyos, at ang pananampalatayang iyon ay umaayon sa mga bagay na aking ginagawa. Wala akong tiwala sa pananampalataya na walang mga gawa (*DBY*, 155).

Kung ang mga tao ay mapupuspos lamang ng mabubuting gawa, titiyakin kong sila ay magkakaroon ng pananampalataya sa oras ng pangangailangan (*DBY*, 154).

Kapag bumukal ang pananampalataya sa puso, ang susunod ay mabubuting gawa, at daragdagan ng mabubuting gawa ang dalisay na pananampalatayang nasa kanila (*DBY*, 156).

Nananampalataya ako na kapag nagawa na natin ang lahat ng ating magagawa, ang Panginoon ay may obligasyon, at hindi niya bibiguin ang matatapat; siya na ang gagawa ng natitira pa (*DBY*, 155).

Kapag ang isang tao ay nalalagay sa mga situwasyong hindi niya makakayanang magtamo ni katiting ng anumang bagay na tutustos sa buhay, pribilehiyo niyang manampalataya upang mapakain siya ng Diyos, na maaari namang mag-utos sa isang uwak na kumuha ng isang piraso ng karne mula kung saan lugar na marami nito, at ilaglag ito sa nagugutom na tao. Kapag hindi ko mapakain ang aking sarili sa paraang sakop ng aking kapangyarihan na ibinigay sa ng Diyos, oras na para ipakita niya ang kanyang pagkalinga sa pamamagitan ng di-karaniwang paraang maipagkaloob ang aking pangangailangan. Subalit habang matutulungan natin ang ating sarili, tungkulin nating gawin ito (*DBY*, 155)

Napakaraming mabuting tao, na malakas na nagtataglay ng Espiritu ng Panginoon ang likas na madaling mag-alinlangan, dahil kakatiting ang tiwala sa sarili kung kaya minsan ay nag-aalinlangan sila kung sila nga ay tunay na mga Banal o hindi. Malimit silang mag-alinlangan nang hindi naman nararapat. Habang namumuhay sila nang mapagkumbaba sa harap ng Diyos, sinusunod ang kanyang mga utos, at ginagawa ang kanyang mga ordenansa, nakahandang ibigay ang lahat para kay Cristo, at ginagawa ang lahat upang maitaguyod ang kanyang Kaharian, hindi sila kailanman kailangang mag-alinlangan, dahil magpapatotoo sa kanila ang Espiritu kung sila man ay sa Diyos o hindi (*DBY*, 155)

Kung mamumuhay ang mga Banal sa mga Huling Araw na karapat-dapat tumanggap sa kanilang mga pribilehiyo, at mananampalataya sa pangalan ni Jesucristo, at mamumuhay na tinatamasa ang kaganapan ng Espiritu Santo araw-araw, walang anumang bagay sa ibabaw ng lupa na hihilingin nila, na hindi ibibigay sa kanila. Naghihintay ang Panginoon na maging magiliw sa kanyang mga tao, at ibuhos sa kanila ang kayamanan, karangalan, kaluwalhatian at kapangyarihan, upang makamit nila ang lahat ng bagay ayon sa mga ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang mga Apostol at Propeta (*DBY*, 156).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

**Ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo ang unang alituntunin ng ebanghelyo at mauunawaan lamang sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.**

- Bakit nagbibigay sa atin ng pag-asa ang ating pananampalataya sa Panginoong Jesucristo?

- Ano ang mga tiyak na bagay na sinabi ni Pangulong Young na kailangan nating paniwalaan upang magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo?
- Bakit ang pananampalataya kay Jesucristo ang unang alituntunin ng ebanghelyo? (Tingnan din sa Moroni 7:33–34; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4.) Ayon kay Pangulong Young, paano natin mauunawaan na ang pananampalataya kay Jesucristo ang unang alituntunin ng ebanghelyo?
- Sino "sila na mga gumagawa para sa kaligtasan ng sangkatauhan"?

---

**Ang pananampalataya kay Cristo ay isang kaloob ng Diyos na nakakamit sa pamamagitan ng paniniwala, pagsunod, at mabubuting gawain.**

- Paano tayo magkakaroon ng pananampalataya kay Cristo? Ano ang ibig sabihin ng patuloy na maragdagan ang pananampalataya? (Tingnan din sa Alma 32:26–28.)
- Bakit kailangan nating paniwalaan, sundin, at isagawa ang katotohanan upang magkaroon ng pananampalataya? (Tingnan din sa Alma 32:21.)
- Bakit sinabi ni Pangulong Young na "tungkulin nating magtiwala sa Diyos"? (Tingnan din sa Ether 12:6–7.) Paano natin ipinakikita ang ating tiwala sa Diyos? (Tingnan din sa Ether 3:11-12.)
- Paano nakasasagabal ang pag-aalinlangan at pag-iisip ng tao sa pananampalataya? Paano natin malalaman sa ating sarili ang ating katayuan sa Diyos? Paano naiimpluwensiyahan ng ating pananampalataya kay Jesucristo ang ating damdamin sa ating sarili?
- Sinabi ni Pangulong Young na, "Maligaya ang mga taong nakapapasa sa mga pagsubok, kung kanilang mapapanatili ang kanilang dangal at ang kanilang pananampalataya sa kanilang tungkulin." Paano natin mapananatili ang ating pananampalataya at dangal sa panahon ng kahirapan? Paano matagumpay na nakatulong sa inyo ang pananampalataya at dangal sa pagharap sa pagsubok? (Tingnan din sa Helaman 12:3; Alma 32:6.)

---

**Ipinakikita at pinalalakas ng mabubuting gawa ang pananampalataya.**

- Paano ipinaliwanag ni Pangulong Young ang kaugnayan ng pananampalataya at mga gawa?
- Ano ang sinabi ni Pangulong Young na kailangan nating gawin upang matulungan ang Panginoon? Ano ang inaasahan ng Panginoon sa mga

"nakahandang magbigay ng lahat para kay Cristo, at ginagawa ang lahat upang maitaguyod ang kanyang Kaharian"?

- Ano ang ipinangako ni Pangulong Young sa mga "nananampalataya sa pangalan ni Jesucristo, at namumuhay na tinatamasa ang kaganapan ng Espiritu Santo araw-araw"? Kung ang ating mga panalangin ay may kalakip na ganitong pananampalataya at inspirasyon, ano ang magiging bunga? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 46:30; Helaman 10:5.)



Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesucristo. Ang binyag ay kailangan upang makapasok sa kaharian ng Diyos (tingnan sa Juan 3:5).

# Pagsisisi at Pagbibinyag

*Noong isang malamig, at maniyebeng araw ng Abril 1832, bininyagan si BrighamYoung sa nagyeyelong tubig ng batis ng kanyang molino, ni Eleazer Miller, isang kasapi ng Simbahan na bininyagan apat na buwan pa lamang ang nakararaan. Sa pangyayaring ito sinabi niyang, "Nakadama ako ng isang mapagpakumbaba at maamong damdamin, na nagpapatotoo sa akin na ang aking mga kasalanan ay pinatawad na" (*MHBY-*1, 2–3). Itinuro niya na ang tubig ay walang "sariling kapangyarihan para mag-alis ng kasalanan" (*DBY*, 159) ngunit ang pagbibinyag ay mabisa sa pag-alis ng ating mga kasalanan kapag isinasagawa ng mga may awtoridad sa mga nasa wastong gulang at kapag pinangungunahan ng pagsisisi at sinusundan ng taimtim na pagpupunyaging igalang ang mga tipan sa pagbibinyag.*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Habang nadaragdagan ang ating pang-unawa, ang ating pananagutan at responsibilidad ay nadaragdagan din.

Ang kasalanan ay binubuo ng paggawa ng mali samantalang nakaaalam at makagagawa tayo ng higit pa roon, at ito ay parurusahan ng nararapat na kaparusahan, sa takdang panahon ng Panginoon (*DBY*, 156).

Bagaman ginagawa natin ang pinakamabuting alam nating gawin sa oras na ito, wala na ba tayong magagawang pagpapabuti pa sa ating buhay? Mayroon pa. Kung nakagagawa tayo ng mali nang hindi natin alam, kapag nalaman nating mali ito, tungkulin nating tumigil agad sa paggawa ng kamaliang iyon at hindi na ito muling gawin kailanman (*DBY*, 156).

### Magagawa nating maging mabisa ang Pagbabayad-sala sa ating buhay sa pamamagitan ng taimtim na pagsisisi.

Kung nasaktan ko ang sinumang tao, nararapat akong magtapat sa taong iyon at itama ang ginawa kong mali (*DBY*, 158).

Naniniwala ako sa pagiging lantaran at prangka at tapat sa mga bagay na dapat malaman ng madla, at sa pagkimkim sa inyong sarili ng mga bagay na

dapat itago. . . . Sabihin sa madla ang para sa madla. Kung nagkasala kayo sa mga tao, magtapat sa kanila. Kung nagkasala kayo sa isang mag-anak o kapitbahayan, pumunta sa kanila at magtapat. . . . Kung nagkasala kayo sa isang indibiduwal, makipagsarilinan sa taong iyon at magtapat sa kanya (*DBY*, 158).

Kapag ang mga tao ay tunay at taos-pusong nagsisisi, at nagpapakita sa kalangitan na ang kanilang pagsisisi ay tapat, sa pagsunod sa mga pangangailangang ipinabatid sa kanila sa pamamagitan ng mga batas ng Ebanghelyo, sila ay may karapatang mabigyan ng kaligtasan at walang kapangyarihan na makapagkakait sa kanila ng mabuting espiritu (*DBY*, 156).

Ang ilan sa ating mga matandang kaugalian ay nagtuturo sa atin na ang tao na may salang kalupitan at pagpatay ay maaaring makapagsisi para sa kanyang kaligtasan kapag siya ay nasa bitayan na; at sa kanyang kamatayan ay maririnig natin ang mga salitang, "Purihin ang Diyos! Nagtungo siya sa langit upang putungan ng kaluwalhatian, sa pamamagitan ng mapagtubos na kabutihan ni Cristo na Panginoon." Ito ay kalokohan. Hindi kailanman makikita ng taong tulad nito ang langit. Ang ilan ay mananalangin, "Sana ako ay sumakabilang buhay na sa gabi ng aking pagbabalik-loob!" Pinatutunayan nito ang maling ideya at walang kabuluhang kuru-kurong isinasaalang-alang ng buong Kristiyanismo (*DBY*, 157).

---

**Ang binyag ay mahalagang ordenansa para sa ating kaligtasan.**

Tayong mga Banal sa mga Huling Araw ay naniniwala sa pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig para sa kapatawaran ng mga kasalanan, ayon sa patotoo ng mga disipulo ni Jesus at sa mga paghahayag na ibinigay ng Panginoon sa mga huling araw na ito. Ang mga sanggol ay dalisay, wala silang nararamdamang kalungkutan, ni kasalanang dapat pagsisihan at talikuran, samakatwid hindi sila maaaring binyagan para sa kapatawaran ng kasalanan. Kung tayo ay nagkasala, kailangang alam natin ang mabuti sa masama; hindi ito alam ng sanggol, hindi niya malalaman ito; hindi pa ito malaki upang makaunawa ng ideya ng kaibahan ng mabuti sa masama; wala siyang kakayahang makinig sa magulang o guro o saserdote kapag sinasabihan nila siya kung ano ang tama o mali o kung ano ang nakasasakit; at hanggang sa ang mga bagay na ito ay maunawaan ng isang tao hindi siya maaaring managot at dahil dito hindi siya mabibinyagan para sa kapatawaran ng kasalanan [tingnan sa Moroni 8] (*DBY*, 158-59).

Walang ordenansa na inihatid ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang sariling tinig, sa pamamagitan ng kanyang Anak na si Jesucristo, o sa pamamagitan ng bibig ng sinuman sa kanyang mga Propeta, Apostol, o Ebanghelista, na walang kabuluhan. Bawat ordenansa, bawat kautusan at pangangailangan ay kailangan para sa kaligtasan ng sangkatauhan (*DBY*, 152).



**Binibinyagan ni Daniel D. MacArthur si Qui-Tuss, pinuno ng mga Indiyan na Shivwits, noong taong 1875. Sa araw ding iyon, 130 pang kasapi ng tribo ang nabinyagan din.**

Kung kayo ay naging mabuti mula noong kayo ay ipinanganak, at hindi nakagawa ng mabigat na mga kasalanan at paglabag, magpabinyag upang tuparin ang lahat ng kabutihan, tulad ni Jesus. Kung masasabi ninyong wala kayong kasalanang dapat pagsisihan, talikuran ang inyong mga maling kurukuro, at mahalin at paglingkuran ang Diyos nang buong puso (*DBY*, 159).

Lahat ng Banal sa mga Huling Araw ay pumapasok sa bago at walang hanggang tipan kapag pumapasok sila sa Simbahang ito. Nakikipagtipan silang titigil sa pagtataguyod, pagtatanggol at pagtatangi sa kaharian ng Diyablo at sa kaharian ng daigdig na ito. Pumapasok sila sa bago at walang hanggang tipan na itataguyod ang Kaharian ng Diyos at wala ng iba pang kaharian. Nanumpa sila ng isang labis na kapita-pitagang sumpa, sa harap ng kalangitan at lupa, at iyon ay ginawa nila, para sa katuparan ng kanilang sariling kaligtasan, na itataguyod nila ang katotohanan at kabutihan sa halip na ang kasamaan at kasinungalingan, at itatatag ang Kaharian ng Diyos, sa halip na kaharian ng daigdig na ito (*DBY*, 160).

Gayunpaman, gaano man natin ipinapahayag ang pagmamahal sa Diyos at sa kanyang layunin ay wala tayong karapatan sa mga pagpapala at

pribilehiyo ng kanyang Kaharian hangga't hindi tayo nagiging mga mamamayan nito. Paano natin magagawa ito? Sa pamamagitan ng pagsisisi ng ating mga kasalanan, at pagsunod sa mga hinihiling ng Ebanghelyo ng Anak ng Diyos na inihatid sa atin. Daan-daan at libu-libong tao ang naniniwala sa Panginoong Jesucristo at nagsisi ng kanilang mga kasalanan, at napasakanila ang Banal na Espiritu upang patunayan sa kanila na ang Diyos ay pag-ibig, na mahal nila siya at sila ay mahal niya, ngunit wala naman sila sa kanyang Kaharian. Hindi sila nakatupad sa mahahalagang pangangailangan, hindi sila nakapasok sa pinto (*DBY*, 152-53).

Wala kayong kapangyarihang binyagan ang inyong sarili, ni wala kayon kapangyarihang buhaying mag-uli ang inyong sarili; hindi ninyo legal na mabibinyagan ang ibang tao para sa kapatawaran ng mga kasalanan hangga't hindi kayo nabibinyagan ng isang tao nagtataglay ng awtoridad at maordenan kayo sa awtoridad na ito (*DBY*, 160).

Ang tubig ba ay may sariling kapangyarihan na mag-alis ng mga kasalanan? Tiyak na wala; ngunit sinabi ng Panginoon, "Kung magsisisi ang nagkasala ng kanyang mga kasalanan, at tutungo sa mga tubig ng pagbibinyag, at doon malilibing sa pagkakawangis ng paglibing sa lupa, at muli ay ihahango mula sa tubig, sa pagkakawangis ng pagsilang—kung taos sa puso niyang gagawin ito, ang kanyang mga kasalanan ay maaalis." [Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 128: 12–13]. Mahuhugasan ba ang mga ito sa pamamagitan ng tubig lamang? Hindi; ngunit ang pagtupad sa mga kautusan ng Diyos ay lilinis sa bahid ng kasalanan (*DBY*, 159).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

**Habang nadaragdagan ang ating pang-unawa, ang ating pananagutan at responsibilidad ay nadaragdagan din.**

- Paano ipinaliwanag ni Pangulong Young ang kasalanan? (Tingnan din sa Santiago 4:17.)
- Ano ang itinuro ni Pangulong Young tungkol sa ating responsibilidad habang nadaragdagan ang ating kaalaman tungkol sa tama at mali? (Tingnan din sa 2 Nephi 9:25–27.)
- Ano ang dapat nating maging saloobin tungkol sa pagpapabuti ng ating buhay? (Tingnan din sa Alma 34:33.) Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa kaalaman, pananagutan, at responsibilidad?

---

**Magagawa nating maging mabisa ang Pagbabayad-sala sa ating buhay sa pamamagitan ng taimtim na pagsisisi.**

- Ano ang bunga ng tunay na pagsisisi? Bakit mahalagang bahagi ng pagsisisi ang pagsunod sa mga batas ng ebanghelyo?

- Ano ang itinuro ni Pangulong Young tungkol sa pagsisisi sa huling sandali ng buhay?

---

**Ang binyag ay mahalagang ordenansa para sa ating kaligtasan.**

- Ano ang bahaging ginagampanan ng binyag sa paglapit kay Cristo? (Tingnan din sa Moroni 8:25–26.)
- Ano ang itinuro ni Pangulong Young tungkol sa kung sino ang dapat at ang hindi dapat binyagan? Bakit hindi angkop na binyagan ang mga taong walang pananagutan? (Tingnan din sa Moroni 8:9–14.) Ano ang sinabi ni Pangulong Young sa mga taong may pananagutan na nagsasabing wala silang kasalanan?
- Itinuro ni Pangulong Young na ang lahat ng ordenansa ng ebanghelyo, kabilang na ang binyag, ay kailangan para sa ating kaligtasan. Paano napagpala ng mga ordenansa ng ebanghelyo ang inyong buhay?
- Itinuro ni Pangulong Young na ang "lahat ng Banal sa mga Huling Araw ay pumapasok sa bago at walang hanggang tipan nang sila ay pumasok sa Simbahang ito." Kapag tayo ay binibinyagan, ano ang ipinagtitipan nating gagawin? Ano ang ipinagtitipan nating hindi natin gagawin? (Tingnan din sa Mosias 18:8–10.)
- Bakit hindi sapat ang paniniwala sa Panginoong Jesucristo at pagmamahal sa Kanya upang makapasok tayo sa pintuan ng kanyang kaharian?
- Bakit kailangan na ang isang tao ay "maordenan . . . sa awtoridad na ito" upang makapagbinyag?
- Sang-ayon kay Pangulong Young, ano ang kahalagahan at isinasagisag ng binyag? (Tingnan din sa Mga Taga Roma 6:3–6, 11; Moises 6:58–60; I Juan 5:7–8.) Ipinaliwanag ni Pangulong Young na, "ang tubig, [ay walang] sariling kapangyarihan na mag-alis ng mga kasalanan." Ano lamang ang makalilinis sa atin mula sa kasalanan?



Itinuro ng Pangulong Young na ang kaloob na Espiritu Santo ay "magpapaalala sa atin ng lahat ng bagay . . . na kailangan nating malaman" para sa ating kaligtasan (*DBY*, 160).

# Ang Impluwensiya ng Espiritu Santo

*Sinabi ni Pangulong Brigham Young na:"Kapag nakakikita ako ng taong walang kahusayan sa pagsasalita, o mga talento sa pagsasalita sa harap ng madla, na nakapagsasalita lamang ng, 'Alam ko, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, na ang Aklat ni Mormon ay totoo, na si Joseph Smith ay Propeta ng Panginoon,' ay binibigyang-liwanag ng Espiritu Santo na nagmumula sa taong iyon ang aking pang-unawa, at ang liwanag, kaluwalhatian, at imortalidad ay nasa harapan ko." Sinabi niya na siya ay napapalibutan at napupuspos ng mga ito, at alam niya sa kanyang sarili na ang patotoo ng taong ito ay totoo (*DNW, *ika-9 ng Peb. 1854, 4). Itinuro ni Pangulong Young na ang Espiritu Santo ay "natatanging kaloob ng Ama" (*DBY, *160), na ibinibigay ayon sa ating katapatan, at maaaring magturo sa atin ng lahat ng bagay at umakay sa atin sa kaganapan.*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang Espiritu Santo ay kaloob mula sa Diyos na tinatamasa natin ayon sa karunungan ng Diyos at ating katapatan.

Upang maunawaan ang unang mga alituntunin ng Ebanghelyo—upang tunay na maunawaan ang mga ito, kailangang magkaroon ang tao ng karunungan na nagmumula sa itaas; kailangan siyang mabigyang-liwanag ng Espiritu Santo; ang kanyang isipan ay kailangang bukas at handang tumanggap ng pangitain o paghahayag; kailangang tinatamasa niya mismo ang mga pagpapala ng kaligtasan, upang kanyang maibahagi ang mga ito sa iba (*DBY*, 152).

Ano ang kailangan nating gawin kapag inabot na natin ang gulang ng pananagutan? Kinakailangan nating, dahil ito ay itinatag sa langit, na ang pinagmulan ay hindi natin masabi, dahil sa simpleng dahilan na ito ay walang simula, ito ay mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan—kailangan nating lumusong sa tubig ng pagbibinyag. Narito ang isang bukal o elemento, karaniwan sa kadalisayan ng kawalang-hanggan. Lumusong sa tubig, at doon ay mabinyagan para sa kapatawaran ng mga kasalanan, at pagkatapos ay ipapatong ang mga kamay sa ating ulo upang

pagtibayin tayong mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Pagkatapos ay tanggapin ang Espiritu ng Katotohanan, o ang Espiritu Santo (*DBY*, 159).

Sa Bagong Tipan at Aklat ni Mormon, natutunan natin na kapag ang Ebanghelyo ay ipinangangaral ang mga tao ay tinuturuang maniwala sa Panginoong Jesucristo, magsisi ng kanilang mga kasalanan, magpabinyag para sa kapatawaran ng kasalanan, at tanggapin ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay; ang Espiritu Santo ay natatanging kaloob ng Ama at ang kanyang ministro. Siya ay nagbibigay rin ng katalinuhan sa pamamagitan ng mga anghel, gayon din sa pamamagitan ng inspirasyon ng Banal na Espiritu, at sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga isipan ng mga Banal upang mamalas sa pangitain ang mga bagay gaya ng nasa kawalang-hanggan. Kapag nagturo ng tunay na mga doktrina, maging bago man ito sa mga nakaririnig, gayunpaman ang mga alituntuning napapaloob dito ay ganap na likas at madaling maunawaan, kaya nga inaakala ng mga nakaririnig na batid na nila ito noon pa man. Nangyayari ito dahil sa impluwensiya ng Espiritu ng Katotohanan sa diwa ng katalinuhan na nasa bawat tao [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:15]. Ang impluwensiyang nagmumula sa langit ay nagtuturo sa mga anak ng tao sa lahat ng oras (*DBY*, 160).

Ibinibigay ang mga kaloob ng Ebanghelyo upang palakasin ang pananampalataya ng mga naniniwala (*DBY,* 161).

Naniniwala kami na may karapatan kami sa kaloob na Espiritu Santo . . . ayon sa pagpapasiya at karunungan ng Diyos at ating katapatan; ang kaloob na nagpapaalala sa amin ng lahat ng bagay, sa nakaraan, kasalukuyan, at sa darating, na kailangan naming malaman, hanggang sa handang tanggapin ng aming isipan ang kaalaman ng Diyos na ipinahayag ng pinakamarunong na Kinatawang iyon. Ang Espiritu Santo ay ministro ng Diyos, at sinugo upang dalawin ang mga anak na lalaki at anak na babae ng tao. Lahat ng matalinong nilalang sa mundong ito ay tinatagubilinan mula sa iisang pinanggalingan (*DBY*, 160–61).

---

## Ang pakikinig at pagkilos ayon sa panghihimok [pagpaparamdam] ng Espiritu Santo ay aalay sa atin patungo sa kaganapan.

Sa aking kaalaman, kung inyong susundin ang mga turo ni Jesucristo at ng kanyang mga Apostol, tulad ng nakatala sa Bagong Tipan, bawat lalaki at babae ay tataglayin ang Espiritu Santo. . . . Malalaman nila ang mga bagay na nangyayari, mangyayari, at nangyari na. Mauunawaan nila ang mga bagay sa langit, mga bagay sa lupa, at mga bagay sa ilalim ng lupa, mga bagay sa panahong ito, at mga bagay ng kawalang-hanggan, ayon sa kanilang iba't-ibang tungkulin at kakayahan (*DBY*, 161).

Kung nais ninyong malaman ang isipan at kalooban ng Diyos, . . . kunin ito, pribilehiyo din ninyo ito tulad ng sinumang ibang kasapi ng Simbahan at Kaharian ng Diyos. Pribilehiyo at tungkulin ninyong mamuhay nang

gayon na lamang upang malaman ninyo ang salita ng Panginoon kapag ito ay winika sa inyo at kapag ang isipan ng Panginoon ay ipinahayag sa inyo. Sinasabi ko sa inyo na tungkulin ninyong mamuhay nang gayon na lamang upang inyong malaman at maunawaan ang lahat ng bagay na ito (*DBY*, 163).

Kaya't mamuhay nang ayon sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos, sa pamamagitan ng mga taong kanyang hinirang dito sa lupa, hanggang sa tayo ay maging ganap (*DBY*, 159).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

**Ang Espiritu Santo ay kaloob mula sa Diyos na tinatamasa natin ayon sa karunungan ng Diyos at ating katapatan.**

- Ano ang kailangang taglayin ng tao upang "tunay na maunawaan" ang unang mga alituntunin ng ebanghelyo? Bakit? (Tingnan din sa Isaias 55:8–9.)
- Sang-ayon kay Pangulong Young, "kapag ipinangangaral ang Ebanghelyo" ay ano ang itinuturo sa mga tao? Ano ang kabuluhan sa inyong buhay ng mga pagpapalang natamo mula sa pagtuturo sa inyo ng ebanghelyo?
- Ano ang papel na ginagampanan ng Espiritu Santo sa inyong buhay? Bakit ginagawa ng impluwensiya ng Espiritu Santo na tila pamilyar sa atin ang mga bagong doktrina? Paano ninyo masasabi kung ang mga damdamin, ideya, at kutob ay mula sa inyong sariling puso at isipan o mula sa Espiritu Santo?
- Sang-ayon kay Pangulong Young, hanggang saan tayo may "karapatan sa kaloob na Espiritu Santo"? Ano ang mga panganib ng pamumuhay nang walang impluwensiya ng Espiritu Santo o sa ilalim ng impluwensiya ng kaalamang hindi maka-diyos?
- Ano ang mga bagay na sinabi ni Pangulong Young na maaaring malaman natin sa tulong ng Espiritu Santo? Ano ang responsibilidad natin sa pagtatamo ng ganitong mga kaalaman? Ano ang ating responsibilidad sa sandaling matamo na natin ang kaalamang ito?

---

**Ang pakikinig at pagkilos ayon sa panghihimok [pagpaparamdam] ng Espiritu Santo ay aakay sa atin patungo sa kaganapan.**

- Paano natin malalaman ang "isipan at kalooban ng Diyos"? Bakit mahalagang malaman ito? Anong mga pagpapala ang nanggaling mula sa paghahanap at pagsunod sa panghihimok [pagpaparamdam] ng Espiritu Santo at sa mga hinirang na tagapaglingkod ng Diyos?
- Ano ang mga naging karanasan ninyo o ng iba na nakatutulong sa inyong maniwala na matutulungan kayo ng Espiritu Santo na maunawaan at sundin ang isipan at kalooban ng Diyos sa inyong pang-araw-araw na buhay? (Tingnan din sa 1 Nephi 22:2 at 2 Nephi 32:2–3.)



Ang mga naunang tagabunsod ay sumunod sa tawag na magtipon sa Sion, kadalasang naglalakbay sa pamamagitan ng natatakpang bagon.

KABANATA 11

# Pagpili na Maging Masunurin

*Pinamahalaan ng Pangulong Brigham Young ang paglalakbay ng libu-libong Banal sa Sion, kadalasa'y nagbibigay ng maliliit at detalyadong tagubilin gaya ng hindi pagsasama sa pamatok ng mga pagod na hayop sa mga nakapagpahinga na. Gayunpaman, binigyan rin niya ng lakas ng loob ang mga Banal na magpakita ng masiglang pagtitiwala sa sariling kakayahan at gumawa ng matalinong mga pagpili. Siya ay nagpayo: "Lubos na kinakailangan ng bawat lalaki, babae, at bata na yumayakap sa gawaing ito at nagtitipon sa Sion na gawin ang kanilang magagawa tungo sa pagsulong ng gawain ng Diyos sa pagtatayo ng Sion, at tumulong sa pagtubos nito. . . . Ang ating sigasig sa gawaing ito . . . ay maaaring makapagbigay ng lakas at pagtitiwala sa sariling kakayahan sa mga Banal na hindi sana nila nakamit, kung hindi sila napilitang nagtiwala sa kanilang mga sariling kakayahan" (*LL*, 220–21). Itinuro ng Pangulong Young na "ang tanging sakripisyo na hiniling ng Panginoon sa kanyang mga tao ay ang mahigpit na pagsunod sa ating mga sariling tipan" (*DBY*, 225)*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Mayroon tayong kalayaang pumili ng mabuti o masama, ngunit hindi natin maaaring piliin ang mga kahihinatnan ng ating mga pagpili.

Lahat ng nakapangangatwirang nilalang ay may sariling kalayaang pumili; at ayon sa kanilang sariling pagpili sila ay maliligtas o mapapahamak (*DBY*, 62).

Nauunawaan kaya ng mga tao na kinakailangan nilang maranasan ang magkakasalungat na alituntunin, kung hindi, ang ating kalagayan ay hindi magiging pansamantala, at hindi tayo magkakaroon ng pagkakataon na magamit ang kalayaang pumili na ibinigay sa atin? Nauunawaan kaya nila na hindi natin makakamit ang buhay na walang hanggan kung hindi natin malalaman at mauunawaan sa pamamagitan ng ating karanasan ang alituntunin ng kabutihan at alituntunin ng kasamaan, ang liwanag at dilim, katotohanan, kabutihan, at kabanalan, gayundin ang bisyo, kasamaan, at kabulukan? (*DBY*, 66).

Magagawa at masusupil ng tao ang kanyang mga sariling kilos, ngunit hindi niya mapipigil ang mga resulta nito (*DBY*, 63).

Walang sinuman sa mundo ang walang sariling kakayahan na iligtas o sirain ang kanyang sarili; at gayon din ang mga bansa (*DBY*, 67).

May mga limitasyon sa kalayaang pumili, at sa lahat ng bagay at sa lahat ng nilalang, at kailangang hindi makahadlang sa batas na iyon ang ating kalayaang pumili. Ang tao ay kailangang pumili ng buhay o kamatayan [tingnan sa Helaman 14:31], at kung pipiliin niya ang kamatayan makikita niyang siya ay walang kalayaan, at ang ibinigay sa kanyang kalayaang pumili ay nakatali at hindi niya ito magagamit sa pagsalungat sa batas, nang hindi siya nanganganib na maituwid at maparusahan ng Pinakamakapangyarihan. (*DBY*, 63).

Maaaring ipamigay ng tao ang kanyang kalayaang pumili o ang kanyang karapatan sa pagkapanganay, gaya ng ginawa ni Esau noong unang panahon, ngunit kapag naitapon na, hindi na niya ito makakamit muli; kaya, kinakailangan nating maging maingat, at nang hindi mawala ang kalayaang pumili na ibinigay sa atin. Ang kaibahan sa mabuti at makasalanan, buhay na walang hanggan at kamatayan, kaligayahan o kapighatian, ay ito, walang hangganan ang mga karapatan ng mga dinakila o limitasyon, nadaragdagan ang mga biyaya, at walang katapusan ang kanilang mga kaharian, trono, pamunuan at kapangyarihan, ang mga ito ay madaragdagan hanggang sa walang hanggan; ngunit ang mga tumatalikod sa mungkahi, ang humamak sa inihahandog na awa ng Panginoon, at inihahanda ang kanilang sarili na mawala sa kanyang harapan, at makasama ng diyablo, ay kaagad na nililimitahan ang kanilang kalayaang pumili, at nilalagyan ng hangganan ang kanilang mga pagkilos. (*DBY*, 63–64)

Hindi pinipilit ng Panginoon ang sinuman na yakapin ang ebanghelyo, at sa palagay ko ay hindi sila pipiliting sundin ito pagkatapos nila itong yakapin (*DBY*, 64).

Binigyan sila ng tanging karapatang pumili para sa kanilang sarili, ito man ay mabuti o masama; ngunit ang resulta ng ating pagpili ay nasa kanyang kamay pa rin (*DBY*, 62).

Ang walang hanggang batas kung saan siya at ang iba pang nabubuhay sa kawalanghanggan ng mga Diyos ay nag-uutos na ang pagsang-ayon ng nilalang ay kailangang makamit bago makapag-hari ng ganap ang Lumalang (*DBY*, 65).

Hindi ko pipilitin ang lalaki o babae na pumunta sa langit. Akala ng nakararami ay mapipilit nila ang tao na mapunta sa langit, ngunit ito ay hindi kailanman maaaring gawin, sapagkat ang karunungang nasa atin ay kasing-laya na tulad ng mga Diyos. Ang mga tao ay hindi dapat pilitin at mailalagay ninyo sa napakaliit na lugar ang lahat ng mga kaluluwa ng mga anak ng tao na pinilit na mapunta sa langit sa pamamagitan ng pananakot tungkol sa apoy ng impiyerno (*DBY*, 64).

Maaari mong malaman kung ikaw ay patungo sa tama o mali, gaya ng iyong kaalaman sa pag-uwi sa iyong tahanan; sapagkat sa bawat alituntunin na inihayag ng Diyos ay naroon ang katiyakan na ito ay totoo sa isip ng tao,



**Larawan ng unang mga Banal na nagpapakita ng kanilang pagiging masunurin sa pagsagot sa tawag ng propeta na humimpil sa *Big Horn Basin* ng Wyoming noong 1900.**

at walang tungkulin ang Diyos sa tao sa mundo na hindi dala-dala ang pagpapatunay ng pagiging totoo nito (*DBY*, 65).

Masasabi ba natin na ang tao ay pinagkakaitan ng kanyang karapatan, dahil pinili niya sa kanyang puso na sundin ang kalooban ng Diyos? Kailangan ba na sumumpa ang tao upang mapatunayang mayroon siyang kalayaang pumili? Pinaninindigan kong hindi kinakailangan ito, kahit na sa pagnanakaw kahit na sa anumang kamalian. Maipakikita ko sa kalangitan at sa mga nilalang sa mundo na ako ay isinilang na malaya, at mayroong kalayaan sa harap ng Diyos, mga anghel at mga tao, kapag ako ay lumuluhod upang manalangin, walang dudang tulad lang ng kung ako ay lalabas at susumpa. Mayroon akong karapatang sama-sama tawagin ang aking mag-anak sa anumang oras upang manalangin at ako ay naniniwala na ang ganitong hakbang ay nagpapatunay na ako ay malayang makapipili, katulad nang kung ako ay magnanakaw, susumpa, magsisinungaling, at malalasing (*DBY*, 64).

Sa pagiging sobrang masunurin, tayo ba ay ginagawang mga alipin? Hindi, ito lamang ang tanging paraan sa ibabaw ng lupa upang kayo at ako ay maging malaya . . . Ngayon upang sabihin na hindi ako makikinabang sa malayang pagpapahayag ng sariling kagustuhan gaya ng kung ako ay nananalangin at kung ako ay magmumura, ay maling panuntunan . . . Ang taong umaayon sa mahigpit na pagsunod sa mga hinihingi ng Langit, ay

kumikilos ayon sa kanyang malayang pagpapahayag sa sariling kagustuhan at ginagamit ang kanyang kalayaan katulad rin ng kapag siya ay alipin ng silakbo ng damdamin . . . Ang tanging hinihiling lang ng Panginoon sa atin ay ang mahigpit na pagsunod sa mga batas ng buhay. Ang tanging sakripisyong hinihiling ng Panginoon sa kanyang nilalang ay ang mahigpit na pagsunod sa ating sariling mga tipan na ating ginawa sa ating Diyos, at ito ay ang paglingkuran siya ng buong puso (*DBY*, 225).

---

## Ang pagsunod sa katotohanan ang magiging dahilan upang tayo ay manirahan sa kinaroroonan ng Pinakamakapangyarihan.

Ang pagsunod ay isa sa pinakamadaling unawain, pinakapangkaraniwan at praktikal na mga alituntunin na inyong maiisip o malalaman tungkol sa anumang bagay (*DBY*,220).

Pinagpapala silang mga sumusunod kapag nagbibigay ng direktang kautusan ang Panginoon, ngunit mas pinagpapala silang mga sumusunod ng walang direktang pag-uutos (*DBY*, 220).

Kung makikinig tayo sa payo, tayo ay magiging pinakamahusay na tao sa mundo; tayo ay magiging kasing liwanag ng ilaw na inilagay sa burol, na hindi maitatago, o parang kandila sa kandelero (*DBY*, 219).

Kung nais ninyong matanggap at matamasa ang kabutihan ng Ama sa Langit, gawin ang kanyang kalooban (*DBY*, 223).

Kung ang mga puso natin ay puno ng Espiritu ng katotohanan, ng Espiritu ng Panginoon, kahit na ano ang totoong mga salita mula sa langit, kapag nagsalita ang Diyos, lahat ng kanyang nasasakop ay dapat sumigaw ng, "Aleluya! purihin ang Diyos! Handa tayong tanggapin ang mga salitang iyon, sapagkat ang mga iyon ay tama" (*DBY*, 219).

Gaano ko minimithing makita ang mga kasapi ng simbahan, kapag narinig nila ang mga salita ng katotohanan na dadaloy sa kanila, handang tanggapin ang mga salitang iyon sapagkat ang mga ito ay ganap na angkop sa kanilang mga damdamin, at bawat kaluluwa ay nagsasabi, "Ang mga salitang iyon na may katangian ng Espiritu na nasa akin; ay aking kagalakan, aking pagkain, at aking inumin; ang mga iyon ay mga batis ng buhay na walang hanggan. Angkop nga sila talaga, sa halip na salungat sa aking mga damdamin" (*DBY*, 219).

Kung kayo ay palaging titigil at sasabihing, wala akong maipayo sa inyo, wala akong maisasagot sa inyo sa paksang ito, sapagkat wala akong nadaramang Espiritu, at nanaising malaman ng mundo na kayo ay ignorante kapag kayo ay mas ignorante, mabilis kayong magiging matalino kaysa magbigay ng payo sa sarili ninyong paghuhusga, nang wala ang Espiritu ng paghahayag (*DBY*, 219).

Bawat tao sa Kaharian ng Diyos ay magbibigay ng parehong payo sa bawat paksa, kung siya ay maghihintay hanggang mapasakanya ang pag-iisip ni Cristo. At lahat ay magkakaroon ng iisang salita at isipan, at lahat ng tao ay lubos na magkakaunawaan (*DBY*, 219)

Ang mga taong ito ay kinakailangang magkaroon ng iisang puso at iisang isipan. Kailangang malaman nila ang kalooban ng Diyos at gawin ito, sapagkat ang malaman ang kalooban ng Diyos ay isang bagay, at ang ipasailalim ang ating mga kagustuhan, ating mga niloloob, doon sa mga bagay na ating nauunawaang kalooban ng Diyos ay iba namang bagay (*DBY*, 221).

Ang mga Banal sa mga Huling Araw na nakikinig sa mga salita ng Panginoon, na ibinibigay sa kanila tungkol sa kanilang pampulitika, panlipunan, at pananalaping kapakanan, sinasabi ko, at sinasabi ko nang tahasan, na magkakaroon sila ng karunungang labis na nakahihigit sa katalinuhan ng mga anak ng kadiliman, o mga anak ng mundong ito. Alam ko ito sa pamamagitan ng paghahayag ng Panginoong Jesucristo, at sa resulta ng aking sariling mga gawa. Sila na nakinig sa mga payong ibinigay sa kanila tungkol sa pansamantalang bagay, ay tuluyang napabuti ang kanilang temporal at espirituwal na katayuan (*DBY*, 219–20).

Lahat ng tumatanggap ng buhay na walang hanggan at kaligtasan ay tatanggapin ito ng walang ibang pasubali maliban sa paniniwala sa Anak ng Diyos at sa pagsunod sa mga alituntunin na kanyang inihayag. Makagagawa ba tayo ng iba pang paraan at plano ng kaligtasan? Hindi natin magagawa (*DBY*, 223–24).

Ang pinakamabisang paraan upang itatag ang relihiyon ng Langit ay ipamuhay ito, kaysa magpakamatay dito: Palagay ko ay ligtas kong sabihin na marami sa mga Banal sa mga Huling Araw ang mas nanaising mamatay para sa kanilang relihiyon kaysa ipamuhay ito ng tapat. Walang ibang katibayang maipakikita sa Diyos, mga anghel, at mga tao, na ang tao ay matapat na ipinamumuhay ang kanilang relihiyon, maliban sa tunay na pagsisisi ng kanilang mga kasalanan, pagsunod sa batas ng pagbibinyag para sa paghuhugas ng mga kasalanan, at patuloy na paggawa ng kabutihan araw-araw (*DBY*, 221).

Sa palagay ba ninyo ang tao ay susunod sa katotohanan dahil ito ay totoo, maliban kung mahal nila ito? Hindi, hindi nila gagawin. Ang katotohanan ay sinusunod kung ito ay minamahal. Ang mahigpit na pagsunod sa katotohanan ang tanging makapagdudulot sa tao na makapamuhay sa piling ng Pinakamakapangyarihan.

Mayroon bang partikular na kasanayan upang gawing masunurin ang mga taong ito? Mayroon lamang na isa. Kung kayo, mga Elder ng Israel, ay matututuhan ang kasanayan sa pagtuturo ng Espiritu Santo sa mga puso ng mga tao, magkakaroon kayo ng mga masunuring tao. Ito lamang ang

kasanayang kailangan. Turuan ang mga tao ng katotohanan, turuan sila ng mga tamang alituntunin; ipakita sa kanila kung ano ang pinakamabuti sa kanila at sa palagay ninyo ba ay hindi sila susunod sa daang iyon? Susunod sila (*DBY*,226).

---

### Natututuhan nating sumunod nang kusang loob at tiisin ang mga kaparusahan kapag tinatanggap natin ang Espiritu ng Katotohanan.

Ang mga Banal na ipinamumuhay ang kanilang relihiyon ay dadakilain, dahil hindi nila kailanman ipagkakaila ang anumang paghahayag na ibinigay o ibibigay ng Panginoon, bagamat, kapag may doktrinang dumarating sa kanila na hindi nila maunawaan nang lubusan, maaaring marinig silang nagsasabi ng, "Ipinadadala ito ng Panginoon sa akin, at idinadalangin ko na ako ay kanyang ililigtas at pangangalagaan sa pagtanggi ng anumang nanggaling sa kanya, at bibigyan ako ng tiyaga na makapaghintay hanggang sa maunawaan" ko ito (*DBY*, 224).

Ang ganitong tao ay hindi kailanman magtatanggi, kundi papayagang manatili ang mga paksang hindi nila maunawaan, hanggang sa mabuksan ang mga pananaw ng kanilang mga isipan. Ito ang daan na walang-salang ipinagpapatuloy ko, at kapag may dumating na hindi ko maunawaan, manalangin ako hanggang maunawaan ko ito (*DBY*, 224).

Huwag tanggihan ang anumang bagay sapagkat ito ay bago o kakaiba, at huwag tuyain o aglahiin ang anumang dumarating mula sa Panginoon, sapagkat kung ito ay gagawin natin, inilalagay natin sa panganib ang ating kaligtasan (*DBY*, 224).

Naniniwala akong impiyernong hindi matitiis para sa tao, mag-anak o taong nag-iisa, na magsikap na hawakan ang katotohanan sa isang kamay, at kamalian sa kabila, na magpahayag ng pagiging masunurin sa mga ipinag-uutos ng Diyos, samantalang, nakikiisa sa damdamin at gawain ng masasama (*DBY*, 223).

Ipinadala ng Panginoon ang kanyang mga batas, kautusan, at ordenansa sa mga anak ng tao, at hilingin na mahigpit na sundin ang mga ito, at hindi natin nais na suwayin ang mga batas na iyon, kundi sundin ang mga ito. Hindi natin nais na baguhin ang kanyang mga ordenansa, kundi sundin ang mga ito; hindi natin nais na labagin ang walang hanggang tipan, kundi sundin ito na kasama ng ating mga ninuno, ni Hesus, ng ating Ama sa Langit, ng mga banal na anghel, at mamuhay nang naaayon sa mga ito (*DBY*, 220)

Paano natin malalaman na sinusunod natin siya? Mayroon lamang isang paraan kung paano natin malalaman ito, at ito ay sa pamamagitan ng inspirasyon ng Espiritu ng Panginoon na nagpapatunay sa ating Espiritu

na tayo ay kanya, na mahal natin siya, at mahal niya tayo. Sa pamamagitan ng espiritu ng paghahayag nalalaman natin ito. Walang magpapatunay sa ating sariling kalooban, kung wala ang espiritu ng paghahayag. Walang magpapatunay sa panlabas, maliban sa pagsunod sa mga ordenansa (*DBY* 224).

Hindi maglalaon, ang anumang bagay na may bahid ay mawawala; maging ito man ay nasa pananampalataya at gawi ng indibiduwal, bayan, bansa, o pamahalaan. Ang kaharian, pamunuan, kapangyarihan o taong iyon na hindi pinamamahalaan ng mga alituntunin na dalisay at banal ay kailangan ring pumanaw at mawala sa kalaunan.

Kapag ang kaligtasan ay ibinibigay sa akin, maaari kong tanggihan o tanggapin ito. Sa pagtanggap dito, tinitiyak ko ang lubusang pagsunod at pagsuko sa dakilang May-akda sa buong buhay ko, at sa mga hihirangin niya upang turuan ako; sa pagtanggi dito, sinusunod ko ang dikta ng aking sariling kalooban nang higit sa kalooban ng aking Lumikha (*DBY*, 390).

Binigyan tayo ng Diyos ng kalooban, at dapat tayong masiyahan na ito ay makontrol ng kalooban ng Pinakamakapangyarihan (*DBY*, 264).

Tayo bilang tao, ay parurusahan hanggang lubos nating maisuko ang ating mga sarili sa Panginoon at maging tunay na mga Banal (*DBY*, 226).

Alam ko na mahirap tumanggap ng kaparusahan, sapagkat walang kaparusahan ang nakalulugod, ngunit nakalulungkot sa oras na ito ay ibinibigay [tingnan sa Mga Hebreo 12:11]; ngunit kung tatanggapin ng tao ang kaparusahan at mananalangin upang mapasakanya ang Banal na Espiritu, nang mapasakanyang puso ang Espiritu ng katotohanan, at mananganan sa nakalulugod sa Panginoon, bibigyan siya ng Panginoon ng biyaya upang matiis ang kaparusahan, at siya ay susuko dito at tatanggapin ito, nalalaman na ito ay para sa kanyang kabutihan (*DBY*, 227).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

### Mayroon tayong kalayaang pumili ng mabuti o masama ngunit hindi natin maaaring piliin ang mga kahihinatnan ng ating mga pagpili.

- Bakit "tunay na kinakailangang maranasan ang magkakasalungat na alituntunin" ng mga anak ng Diyos at magkaroon sila ng "sariling kalayaang pumili"?
- Itinuro ng Pangulong Young na "magagawa at masusupil ang kanyang mga sariling kilos, ngunit hindi niya mapipigil ang mga resulta nito" (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 101:78.) Sa anong mga paraan inaangkin ng ilang tao ang kalayaan sa pagpili habang sinusubukang iwasan ang mga kahihinatnan ng kanilang mga pagpili?

- Paano inilalarawan ng Pangulong Young ang "kaibahan sa pagitan ng mabuti at makasalanan"? Paano natin maaaring malimitahan o malagyan ng hangganan ang ating kalayaang pumili? Itinuro ng Pangulong Young na ang "dinakila" ay "walang hangganan o limitasyon sa kanilang mga karapatan." Paano tunay na makadaragdag sa ating kalayaan ang mahigpit na pagsunod?
- Bakit hindi "pipilitin ng Diyos ang sinumang tao na yakapin ang Ebanghelyo . . . [o] ipamuhay ito pagkatapos nila itong yakapin"? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 88:22–25, 32.)
- Bakit binibigyang-diin ng Pangulong Young na ang pagsunod at pagsuway ay kapwa pagsasagawa ng malayang pagpili? Bakit ang "mahigpit na pagsunod ang tanging paraan sa ibabaw ng lupa upang kayo at ako ay maging malaya? (Tingnan din sa Mosias 2:22–24.)

---

**Ang pagsunod sa katotohanan ang magiging dahilan upang tayo ay manirahan sa kinaroroonan ng Pinakamakapangyarihan.**

- Bakit ang pagsunod ay "isa sa pinakamadaling unawain, pinaka-pangkaraniwan at praktikal na mga alituntunin"? Bakit nagiging dahilan ang pagsunod upang "matanggap at matamasa ang kabutihan ng ating Ama sa Langit"?
- Ano ang ibig sabihin nang maging "iisang puso at iisang kaisipan"? Paano tayo natutulungan ng pagiging masunurin na gawin ito?

---

**Natututuhan nating sumunod nang kusang loob at tiisin ang mga kaparusahan kapag tinatanggap natin ang Espiritu ng Katotohanan.**

- Ayon sa Pangulong Young, ano ang tungkulin natin kapag hindi natin nauunawaan ang doktrina o paghahayag? (Tingnan din sa Ecclesiastes 12:13; Juan 7:17; Ether 12:6; Doktrina at mga Tipan 11:20.)
- Paano natin malalaman kung tayo ay masunurin sa kalooban ng Diyos at paano natin maituturo ang pagkamasunurin?
- Paano makatutulong sa atin na maging lalong katulad ng Tagapagligtas ang ating kahandaang ipasailalim ang ating kalooban sa kalooban ng Makapangyarihan? Ano ang ibig sabihin ng "lubusang maisuko ang ating sarili sa Panginoon"?
- Ang pagpaparusa ay pagtutuwid at pagdalisay. Bakit kadalasan ay mahirap tanggapin ang parusa? (Tingnan rin sa Mga Hebreo 12:11.) Ano ang itinuro ng Pangulong Young tungkol sa kung paano natin matitiis ang parusa? Ano nag kahihinatnan ng pagpaparusa?

# Paghadlang sa Personal na Lubusang Pagtalikod

*Habang nasa Kirtland, nakatagpo si Pangulong Brigham Young ng grupo ng mga taong tumalikod sa katotohanan na nagtatangka ng masama laban sa Propetang Joseph Smith sa loob mismo ng templo. Kanyang inihayag, "Tumayo ako, at sa simple at matatag na pagsasalita ay sinabi ko sa kanila na alam ko na si Joseph ay Propeta, at maaari nilang ireklamo, at siraan siya ng puri hangga't gusto nila, hindi nila masisira ang pagkakahirang ng Propeta ng Diyos, maaari lamang nilang sirain ang sarili nilang awtoridad, putulin ang pisi na nagbubuklod sa kanila sa Propeta at sa Diyos at ibaon ang kanilang sarili sa impiyerno" (*"History of Brigham Young," DNW, *ika-10 ng Peb. 1858, 386). Sa Kirtland, Missouri, Nauvoo, at Utah, nasaksihan ng Pangulong Young ang pagkasira ng mga personal na buhay na dumating sa mga sumuko sa lubusang pagtalikod. Marami sa mga tumalikod sa katotohanan ay dati niyang malalapit na mga kasamahan. Nalaman niya na madalas na "maliliit na bagay" ang pinagmumulan ng kanilang paghiwalay sa katotohanan, at mariin niyang binalaan ang bawat kasapi na masusing magbantay laban sa ano mang antas ng maling gawain.*

## Mga Turo ni Brigham Young

**Ang lubusang pagtalikod ay ang paglayo sa Simbahan at humahantong sa pagtatakwil sa pananampalataya.**

Ano ang nag-uudyok sa mga tao na lumayo sa Simbahan? Maliliit na bagay ang kadalasang pinagmumulan ng kanilang paglayo sa tamang daan. Kung susunod tayo sa kompas, na ang karayom ay hindi nakaturo nang tama, ang kaunting paglihis nito sa simula ay magdadala sa atin, kapag nakapaglakbay na tayo nang may kalayuan, nang napakalayo sa tamang lugar na ating nilalayon (*DBY*, 83).

Kung nakakalimot ang mga Banal na manalangin, at nilalabag ang araw na itinalaga para sa pagsamba sa Diyos, mawawala sa kanila ang kanyang Espiritu. Kung papayagan ng tao na manaig sa kanyang sarili ang galit, at sumumpa at magmura, na sinasambit ang ngalan ng Diyos na walang kabuluhan, hindi niya mapapanatili ang Banal na Espiritu. Sa madaling salita, kung gagawin ng tao ang anumang bagay na alam niyang mali, at



Ipinagkakanulo ni Judas ang Tagapagligtas sa Hardin ng Getsemani. Nagbabala ang Pangulong Young na, "kapag ang tao ay nagsisimulang maghanap ng kamalian" sa mga pinuno at sa itinuturo ng Simbahan, "malalaman mo na ang taong iyon ay humigit kumulang mayroon nang espiritu ng lubusang pagtalikod" (*DBY*, 83).

hindi magsisisi, hindi niya matatamasa ang Banal na Espiritu, kundi lalakad sa kadiliman at magwawakas sa pagtatatwa ng pananampalataya (*DBY*, 85).

Nakamamangha sa bawat alituntunin ng katalinuhan na kahit sinong lalaki o babae ang ipipikit ang kanilang mga mata sa walang hanggang mga bagay pagkatapos na malaman nila ang mga ito, at hayaan ang . . . mga bagay sa mundong ito, ang pananabik ng mata, at pananabik ng laman, na guluhin ang kanilang kaisipan at bahagyang ilayo sila mula sa mga alituntunin ng buhay (*DBY*, 82).

Sinabi rito ngayong umaga na walang tao kailanman na lubusang tumalikod, nang walang ginawang tuwirang paglabag. Ang hindi pagganap sa tungkulin ay patungo sa paggawa ng kasalanan (*DBY* 82).

Marami kayong naririnig na nagsasabing, "Ako ay Banal sa mga Huling Araw, at hindi ako kailanman lubusang tatalikod;" "Ako ay Banal sa mga Huling Araw, at hanggang sa kamatayan." Hindi ako gumagawa ng ganoong mga pahayag, at hindi kailanman. Sa palagay ko ay natutunan ko na sa aking sarili ay wala akong kapangyarihan, ngunit ang aking sistema ay binuo upang umunlad sa karunungan, kaalaman, at kapangyarihan, nakakakuha ng kaunti rito at kaunti doon. Ngunit kung sa akin lamang sarili, wala akong kapangyarihan, at ang aking karunungan ay kahangalan sa gayon; ako ay nananangan sa Panginoon, at nagkakaroon ako ng kapangyarihan sa kanyang pangalan. Palagay ko ay natutunan ko ang Ebanghelyo upang malaman ko na sa akin at sa aking sarili ako ay walang magagawa [Tingnan sa Alma 26:12] (*DBY*, 84).

Kung ang lalaki o babae na nakatanggap ng maraming kapangyarihan ng Diyos, mga pangitain at paghahayag, ay tumalikod sa banal na mga kautusan ng Panginoon, at para bagang ang kanilang mga pandamdam ay inalis sa kanila, ang kanilang pang-unawa at pagtimbang sa kabutihan ay inalis, napupunta sila sa kadiliman, at nagiging katulad ng bulag na nangangapa sa bakod [tingnan Isaias 59: 9–10; Deuteronomio 28:29] (*DBY*, 82–83).

Marami ang tumanggap sa Ebanghelyo sapagkat alam nilang ito ay totoo; sila ay nakumbinsi sa kanilang pagpapasiya na ito ay totoo; tinalo sila ng matinding paliwanagan, at makatwiran silang napilitang aminin na totoo ang Ebanghelyo matapos ang masusing pag-aaral. Tinanggap nila ito, at sinunod ang una nitong mga alituntunin, ngunit hindi kailanman hinangad na maliwanagan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo; ang mga ganito ay kadalasang tumatalikod sa katotohanan (*DBY*, 86).

---

**Kapag nakakakita tayo ng kamalian sa mga pinuno ng Simbahan, sinisimulan nating ihiwalay ang ating mga sarili sa Simbahan .**

Kailanman at may nakikitang saloobin sa sinumang kasapi ng Simbahang ito na tutulan ang karapatan ng Pangulo ng buong Simbahan na mamahala ng lahat ng bagay, nakikita ninyo ang malinaw na mga palatandaan ng

lubusang pagtalikod—ng espiritu na, kung pababayaan, ay hahantong sa paghiwalay sa Simbahan at magwawakas sa pagkawasak (kapahamakan); saanman may saloobing labanan ang sinumang legal na hinirang na pinuno ng kahariang ito, hindi mahalaga saanmang tungkulin siya tinawag, kung ipagpapatuloy, masusundan din ito ng katulad na mga resulta (kahihinatnan); sila ay "magsisilakad" ng ayon sa laman sa masamang pita ng karumihan, at nangapopoot sa pagkasakop. Mga pangahas, mapagsariling kalooban, sila'y hindi natatakot na magsialipusta sa mga pangulo" [tingnan sa 2 Pedro 2:10] (*DBY*, 83).

Kapag ang tao ay nagsisimulang maghanap ng kamalian, tinatanong ang tungkol dito, doon at sa iba pa, nagsasabing, "Ito ba o iyon ay tila baga iniutos ng Panginoon?" malalaman mo na ang taong iyon ay humigit kumulang mayroon nang espiritu ng lubusang pagtalikod. Bawat tao sa kahariang ito, o sa balat ng lupa, na naghahangad nang buong puso na maligtas ang sarili" ay napakaraming gagawin na hindi na niya magagampanan, upang magtatanong pa ng mga bagay na hindi patungkol sa kanya. Kung magtatagumpay siya sa pagliligtas sa kanyang sarili, ang kanyang atensiyon at oras ay makabuluhang nagamit. Tiyakin ninyo na tama ang inyong sarili; tiyakin na ang mga kasalanan at kalokohan ay hindi nagpapamalas sa bawat panibagong araw (*DBY*, 83).

Marami ang nag-iisip na kaya nilang manguna sa pagtuturo ng mga alituntunin na hindi pa naituturo. Hindi nila alintana na sa sandaling bigyang daan nila ang guni-guning ito ang Diyablo ay may kapangyarihang akayin sila sa masamang kalagayan; bagamat ang kaalamang ito ay dapat na natutunan na nila noon pa, ganoon pa man isa ito sa mga natutunan ng iilan noong panahon ni Joseph (*DBY*, 77–78).

[Ang ganitong tao] ay gagawa ng mga maling pagpapahayag, ganoon pa man gagawin niya ito sa pamamagitan ng espiritu ng propesiya; mararamdaman niyang siya ay propeta at siya ay makapagpapahayag, ngunit gagawin niya ito sa pamamagitan ng ibang espiritu at kapangyarihan kaysa ibinigay sa kanya ng Panginoon. Ginagamit niya ang kaloob katulad ng paggamit ninyo at paggamit ko ng sa atin (*DBY*, 82).

Isa sa unang mga hakbang sa lubusang pagtalikod ay hanapin ng kamalian ang inyong Obispo; at kapag ito ay nangyari, kung hindi magsisisi ang ikalawang hakbang ay susunod kaagad, at hindi magtagal ang taong ito ay matitiwalag na sa Simbahan, at ito ang katapusan noon. Papayagan ba ninyo ang inyong mga sarili na hanapan ng kamalian ang inyong Obispo? (*DBY*, 86).

Walang sinuman ang makakakuha ng kapangyarihan mula sa Diyos upang maghasik ng kaguluhan sa anumang Sangay ng Simbahan. Ang ganoong kapangyarihan ay nakukuha mula sa masamang pinanggagalingan (*DBY*, 72).

Gayunpaman, iniiwan ng tao ang Simbahang ito, ngunit iniiwan nila ito dahil sa pagkakasala at kamangmangan, at nang araw rin na iyon na magpasiya sila na kailangang may demokratikong pagpili, o sa madaling sabi, dapat na may dalawa tayong kandidato para sa namumunong Pagkasaserdote sa gitna ng mga Banal sa mga Huling Araw, nagpasiya na sila na tumalikod sa katotohanan. Walang ganoong bagay tulad ng pagkalito, hidwaan, alitan, pagkapoot, pagkasuklam, malisya, o dalawang panig sa suliranin sa tahanan ng Diyos; mayroon lamang isang panig sa suliranin doon (*DBY*, 85).

---

**Ang mga nawalan ng Espiritu ay puno ng kadiliman at pagkalito**.

Kapag nawawala sa tao ang espiritu ng gawain na ating pinagkakaabalahan, nawawala ang kanilang paniniwala sa kanilang damdamin. Sinasabi nilang hindi nila alam kung totoo ang Biblia, kung ang Aklat ni Mormon ay totoo, o tungkol sa mga bagong paghahayag, o kung mayroon o walang Diyos. Kapag nawawala sa kanila ang espiritu ng gawaing ito, nawawala sa kanila ang kaalaman ng mga bagay tungkol sa Diyos sa panahon at sa kawalang hanggan; lahat ay nawawala sa kanila (*DBY*, 83–84).

Nagsisimulang lubos na tumalikod ang mga tao sa pamamagitan ng pagpapalagay na may sariling lakas sila, pakikinig sa mga bulong nga kaaway na unti-unting nagliligaw sa kanila, hanggang sa matipon nila sa kanilang sarili ang tinatawag na karunungan ng tao; sa gayon ay nagsisimula silang lumayo sa Diyos, at ang kanilang isipan ay nalilito (*DBY*, 84)

Ano ang lubusang tatalikuran ng mga Banal sa mga Huling Araw? Lahat ng mabuti, dalisay, banal, maka-Diyos, makapagpapadakila, pagpapalawig ng mga kaisipan, ang kakayahan ng matatalinong nilikha na inilagay ng Ama sa Langit dito sa lupa. Ano ang matatanggap nila bilang kapalit? Maipaliliwanag ko ito sa iilang mga salita. Ito ang mga salita na gagamitin ko: kamatayan, impiyerno at ang libingan. Iyan ang kanilang matatamo bilang kapalit. Maaari nating pag-usapan ang mga detalye ng kanilang mga nararanasan. Nararanasan nila ang kadiliman, kamangmangan, pagdududa, sakit, kapighatian, hinagpis, dalamhati, kalungkutan; walang taong makikidalamhati sa oras ng kaguluhan, walang mahihingan ng tulong sa araw ng kalamidad, walang makikiramay kapag namamanglaw at nanghihina; at natatanto ko ito sa pagsasabi ng kamatayan, impiyerno at ng libingan. Ito ang kanilang matatamo kapalit ng kanilang lubusang pagtalikod sa Ebanghelyo ng Anak ng Diyos (*DBY*, 85).

May mga nakilala kayong mga tao na, habang nasa Simbahan, ay aktibo, maliksi at puno ng katalinuhan; ngunit pagkatapos nilang mawala sa Simbahan, nagiging maigsi ang kanilang mga pang-unawa, nagiging

madilim ang kanilang isipan at lahat ay nagiging misteryo sa kanila, at tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa Diyos, sila ay nagiging katulad ng ibang nilalang sa mundo, na nag-iisip, umaasa at nananalangin na ang mga ganito at ganoong bagay ay maging gayun nga, ngunit hindi nila alam ang kahit na kaunti tungkol dito. Ito ang tiyak na kalalagyan ng mga lumilisan sa Simbahang ito; napupunta sila sa madilim, hindi sila makapagpasiya, makaisip o makaunawa ng mga bagay tulad ng kung ano talaga ang mga ito. Tulad sila ng lasing - iniisip niyang masama ang alak sa lahat maliban sa kanya, at siya lamang ang matino sa kanyang kapaligiran. Iniisip ng mga lubusang tumalikod na ang lahat ay mali maliban sa kanila (*DBY*, 84).

Ang mga umaalis sa Simbahan ay katulad ng balahibo na hinihipan ng hangin kahit saan. Hindi nila alam kung saan patutungo; wala silang nauunawaan tungkol sa kanilang sariling buhay; ang kanilang pananampalataya, pagpapasiya, at ang takbo ng kanilang pag-iisip ay walang katatagan katulad ng galaw ng balahibo na lumulutang sa hangin. Wala tayong makakapitang kahit ano, tanging pananampalataya sa Ebanghelyo (*DBY*, 84).

---

## Tayo ay magiging matatag sa pamamagitan ng pamumuhay ng ating relihiyon at pagsisikap na matamo ang Banal na Espiritu.

Magkakaroon pa ba ng lubusang pagtalikod? Oo, mga kapatid, maaasahan ninyo na ang mga tao ay darating sa Simbahan at pagkatapos ay lubusang tatalikod. Maaasahan ninyo na ang ilang tao ay magiging tapat nang ilang panahon, at pagkatapos ay mawawala sa daanan (*DBY*, 85–86).

Bakit lubusang tumatalikod ang mga tao? Alam ninyo na tayo ay nasa "Minamahal na Barko ng Sion". Tayo ay nasa kalagitnaan ng karagatan. May dumating na bagyo, at, sabi nga ng mga magdaragat, masyado siyang nahirapan sa paglalayag. "Hindi ako mananatili rito," sabi ng isa; "Hindi ako naniniwala na ito and 'Barko ng Sion.'" "Ngunit tayo ay nasa kalagitnaan ng karagatan." "Wala akong pakialam, hindi ako mananatili dito." Hinubad niya ang kanyang kasuotan, at tumalon sa dagat. Hindi ba siya malulunod? Oo. Ganoon rin ang mga titiwalag sa Simbahang ito. Ito ay ang "Minamahal na Barko ng Sion," manatili tayo rito (*DBY*, 85).

Ang Diyos ang may kontrol sa malaking barkong ito, at iyan ang nagbibigay ng kasiyahan sa akin. . . . Hayaang lubusang tumalikod ang may gusto, ngunit ililigtas ng Diyos ang lahat ng mga ibig maligtas (*DBY*, 86).

Kung ipamumuhay ng mga tao ang kanilang relihiyon, walang lubusang tatalikod at wala tayong maririnig na reklamo o pagpuna ng kamalian. Kung gutom ang mga tao sa mga salita ng buhay na walang hanggan, at nakasentro ang kanilang mga puso sa pagtatayo ng Kaharian ng Diyos, bawat puso at kamay ay magiging handa at magkukusa at ang gawain ay matatag na susulong at tayo ay uunlad tulad ng dapat nating gawin (*DBY*, 84).

Nais nating mamuhay nang matwid upang mapasaatin ang Espiritu araw-araw, bawat oras, bawat minuto, at bawat Banal sa mga Huling Araw ay may karapatan sa Espiritu ng Diyos, sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, na gabayan siya sa kanyang sariling mga tungkulin (*DBY*, 82)

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

### Ang lubusang pagtalikod ay ang paglayo sa Simbahan at nagwawakas sa pagtatakwil sa pananampalataya.

- Itinuro ng Pangulong Young ang ilan sa mga pagtalikod sa katotohanan na wari'y pangkaraniwan o maliit na bagay lamang. Ginamit niya ang larawan ng "kompas, na ang karayom ay hindi nakaturo nang tama". Paano katulad ng totoo at tamang kompas ang ebanghelyo ay ? Ano ang ilang paglihis sa mga buhay natin na magliligaw sa atin paglipas ng ilang panahon? Ano ang mga pagtutuwid ng landas na dapat nating gawin?
- Ano ang mga paalalang ipinabot ng Pangulong Young sa taong nagyayabang na, "Ako ay isang Banal sa mga Huling Araw, at hindi ako kailanman lubusang tatalikod"? ((Tingnan din sa 2 Nephi 28:25; Doktrina at mga Tipan 20:31–34.)
- Anong babala ng propeta ang ipinarating ng Pangulong Young sa mga Banal na tumanggap ng "kapangyarihan ng Diyos" at pagkatapos ay "tumalikod sa mga banal na kautusan"?
- Bakit hindi sapat ang matalinong pangangatwiran upang mapanatili tayo sa daan patungo sa buhay na walang hanggan?

---

### Kapag nakakakita tayo ng kamalian sa mga pinuno ng Simbahan, sinisimulan nating ihiwalay ang ating mga sarili sa Simbahan.

- Sa anu-anong paraan mapalalakas tayo nang sama-sama bilang mga indibiduwal, mag-anak, purok, at kasapi ng Simbahan ng pag-aasikaso sa ating sariling mga tungkulin sa halip na pagdududa sa inspirasyon ng pangkasalukuyang mga pinuno?
- Ano ang babala ng Pangulong Young sa mga bumabatikos sa pamunuan ng kanilang purok o sangay? Ano ang magagawa natin sa simbahan at sa tahanan upang sang-ayunan ang Obispo ng ating purok, pangulo ng ating sangay, o iba pang mga pinuno ng Simbahan? Anong paraan ang dapat sundin upang magkaisa kapag nagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan? (Tingnan din sa Mateo 18:15; Lukas 11:34.)
- Ayon sa Pangulong Young, hind maaaring magkaroon ng "demokratiko-ng pagpili" sa pagitan ng "dalawang kandidato para sa namumunong Pagkasaserdote" sa Simbahan. (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan

28:2, 6–7.) Paano naiiba ang "pangkalahatang pagsang-ayon" sa "demokratikong pagpili"? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 20:65; 26:2.)

- Inaanyayahan tayo na ibigay ang ating pagsang-ayon sa mga pinuno ng Simbahan. Paano makapagpapalakas ng buong Simbahan ang ating kahandaan na sang-ayunan ang mga pinunong iyon? Paano makapagpapahina sa Simbahan ang hindi natin pagkukusang-loob na sang-ayunan sila?

---

**Ang mga nawawalan ng Espiritu ay puno ng kadiliman at pagkalito.**

- Ano ang ibig sabihin ng Pangulong Young nang sabihin niya na ang mga lubusang tumatalikod ay nagpapalagay na may lakas sila? Ano ang panganib ng pag-asa sa sarili nating lakas? (Tingnan din sa Helaman 4:13.) Bakit pinipili ng ilan ang "karunungan ng mga tao" kaysa sa karunungan ng Diyos gaya ng paghahayag ng Espiritu? (Tingnan din sa Isaias 29:13–14; 1 Mga Taga Corinto 2:12–14.)
- Basahin ang kasagutan ng Pangulong Young sa mga katanungang ito: "Ano ang lubusang tatalikuran ng mga Banal sa mga Huling Araw? "Ano ang matatanggap nila bilang kapalit"?
- Paano nating gagampanan ang ating pananampalataya upang matulungan ang mga "katulad ng balahibo na hinihipan ng hangin kahit saan"?

---

**Tayo ay magiging matatag sa pamamagitan ng pamumuhay ng ating relihiyon at pagsisikap na matamo ang Banal na Espiritu**

- Bakit patuloy na iiral ang lubusang pagtalikod sa Simbahan? Paano natin maiiwasang pumasok sa ating mga buhay ang mga simula ng lubusang pagtalikod? Paano nakatulong ang ibang kasapi ng Simbahan at ang impluwensiya ng Espiritu na mapanatili kayong tapat noong sana ay natukso kayong maging tapat nang ilang panahon [lamang]?
- Kung mananatili tayo sa "Minamahal na Barko ng Sion", ano ang ipinangangako sa atin?

# Paghahanda sa Walang Hanggang Pagsulong

*Ang Pangulong Brigham Young ay masipag mag-aral. Nagsimula siya bilang manggagawa ng muwebles at pagkatapos ay natuto siya ng mga kasanayang kinakailangan upang maging misyonero, mananakop, gobernador, at propeta. Nakita niya ang buhay na ito bilang panahon upang mabuhay nang lubos, umunlad at maghanda para sa walang hanggan, hindi panahon upang maghanda sa kamatayan. Hinimok niya ang mga Banal na maging abala sa mga makabuluhang gawain, palawakin at palalimin ang kanilang pang-unawa, at pagyamanin ang katotohanan habang palapit sila sa kaganapan. Sa paggawa nito, darating ang panahon na sila ay susulong upang pumasok sa mundo ng espiritu at tumuloy sa maluwalhating daan ng walang hanggang pagsulong.*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Naghahanda tayo para sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng araw-araw na pag-aaral, pagpapakabuti, at pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

Bakit tayo narito? Upang matutuhang maging mas masaya, at upang umunlad sa kaalaman at karanasan (*DBY*, 87).

Ang layunin ng buhay na ito ay upang matuto, na magagawa lamang natin nang unti-unti (*DBY*, 87). Ang buong mortal na buhay ng tao ay walang iba kundi isang kalagayan ng paghahanda na ibinigay sa may hangganang mga katauhan, isang lugar na kung saan sila ay makapagpapabuti ng kanilang mga sarili tungo sa mas mataas na estado ng pagkatao (*DBY*, 87).

Ang unang dakilang alituntunin na dapat na pagkaabalahan ng sanlibutan, na dapat maunawaan ng bata at ng matanda, at ang pinakaugat ng lahat ng gawain, nauunawaan man ng tao o hindi, ay ang alituntunin ng pagpapabuti. Ang alituntunin ng pag-unlad, ng pagdakila, ng pagdagdag sa dati na nating taglay, ay ang pangunahing nagpapakilos na alituntunin at dahilan ng mga pagkilos ng mga anak ng tao. Kahit ano pa man ang kanilang nilalayon, saan bansa sila isinilang, kaninong tao sila nakisalamuha, ano relihiyon ang kanilang itinuturo, o ano pulitika ang kanilang

pinaniniwalaan, ito ang pangunahing dahilan ng mga pagkilos ng tao, niyayakap ang lahat ng kapangyarihang kinakailangan sa pagtupad ng mga tungkulin sa buhay (*DBY*, 87).

Inilagay tayo sa mundong ito upang patunayan kung tayo ay karapat-dapat na magtungo sa mundong selestiyal, sa terestriyal o telestiyal o sa impiyerno, o sa saan mang kaharian, o lugar, at mayroon tayong sapat na buhay na ibinigay sa atin upang gawin ito (*DBY*, 87).

Ito ay isang mundo na kung saan patutunayan natin ang ating mga sarili. Ang buhay ng tao ay araw ng pagsubok, na kung saan ay mapapatunayan natin sa Diyos, sa ating kamangmangan at kawalang katiyakan, sa ating kahinaan, at kung saan ang diyablo ay naghahari, na tayo ay mga kaibigan ng ating Ama, at tumatanggap tayo ng liwanag mula sa kanya at karapat-dapat na maging pinuno ng ating mga anak—maging panginoon ng mga panginoon, at hari ng mga hari—magkaroon ng ganap na kapangyarihan sa bahagi ng ating mga mag-anak na mapuputungan sa kahariang selestiyal ng kadakilaan, kawalang kamatayan, at mga buhay na walang hanggan (*DBY*, 87).

Pakinggan ito, lahat kayong mga Banal sa mga Huling Araw! Gugugulin mo ba ang panahon ng inyong pagsubok sa kawalan, at sayangin ang inyong buhay at pagkatao? Kayo ay nilikha, at binuhay sa layuning magtiis magpakailanman, kung ganap na magagampanan ninyo ang layunin ng inyong pagkakalikha, magpatuloy sa tamang daan, sundin ang mga hinihingi ng batas na selestiyal, at sundin ang mga kautusan ng ating Diyos (*DBY*, 87).

Ang mga tao ay inaasahan ng kanilang Lumikha na laging gumawa ng mabuti sa araw-araw ng kanilang buhay, sa pagpapabuti man ng kanilang sariling mental at pisikal na kalagayan o ng kanilang mga kapwa (*DBY*, 88).

Narito tayo upang mabuhay, magpalaganap, ng karunungan at kaalaman sa mga tao. Narito ako upang turuan ang aking kapwa, turuan ang aking mag-anak sa takbo ng buhay, magparami ng aking lahi, at mabuhay, kung nasa aking kapangyarihan, hanggang sa ang kasalanan, kabuktutan, kabulukan, impiyerno, at ang Diyablo, at lahat ng mga klase at antas ng mga kasamaan ay mapaalis sa mundo. Ito ang aking relihiyon at layunin ng aking buhay. Hindi tayo naririto upang maghanda lamang sa kamatayan at mamatay; kundi narito tayo upang mabuhay at itayo ang Kaharian ng Diyos sa lupa—upang itaguyod ang Pagkasaserdote, paglabanan ang mga kapangyarihan ni Satanas, at ituro sa mga anak ng tao kung bakit sila nilikha—na sa kanila nakakubli ang binhi ng lahat ng katalinuhan. Narito ang simula ng pundasyon na inihanda sa organisasyon ng tao para sa pagtanggap ng kabuuan ng walang hanggan kaalaman at kaluwalhatian. Kailangan ba nating mapasa kabilang buhay upang makamit ito? Hindi; Itataguyod natin ito dito sa lupa (*DBY*, 88).

Ang mga Banal sa mga Huling Araw sa lahat ng dako ng lambak sa mga kabundukang ito at sa buong mundo ay kailangang matutunan ang dahilan ng kanilang pagparito sa mundong ito. Narito sila upang magpakarami,

tipunin ang Tahanan ni Israel, tubusin ang Sion, itayo ang Sion ng ating Diyos, at itaguyod ang walang hanggang katalinuhan na naninirahan kasama ng mga Diyos, at simulang itanim ito dito sa lupa, at paugatin paibaba at pabungahin paitaas sa kaluwalhatian ng Diyos, hanggang sa bawat nakasusuklam na alituntunin sa mga puso nga mga tao ay mawala, at ang lupa ay bumalik sa malaparaisong kalagayan), at darating ang Panginoon at maninirahan kasama ang mga taong ito, at lalakad at makikipag-usap sa kanila katulad ng ginawa niya sa Amang Adan. Ito ang ating gawain, hindi ang hayaang magamit lamang ang ating mga lakas sa paghahanda sa kamatayan (*DBY*, 89).

Ang layunin ng ating buhay ay ang itayo ang Sion ng ating Diyos, tipunin ang tahanan ni Israel, ihayag ang kabuuan ng mga Gentil, ipanumbalik at basbasan ang mundo ng ating kakayahan at gawin itong tulad ng Halaman ng Eden, tipunin ang yaman ng kaalaman at karunungan sa ating sariling mga pang-unawa, padalisayin ang ating sariling mga puso at ihanda ang tao sa pagsalubong sa Panginoon kapag siya ay dumating (*DBY*, 88).

---

**Umuunlad tayo habang lumalawak ang ating kaalaman at karanasan.**

Ang gawaing ito ay tuluy-tuloy na gawain, ang doktrinang ito na itinuturo sa mga Banal sa mga Huling Araw sa kalagayan nito ay nakapagpapadakila, nakapagpaparami, nakapagpapalawak at nakapagpapalawig hanggang sa makakilala tayo tulad ng pagkakakilala sa atin, tumingin tayo tulad ng pagtingin sa atin (*DBY*, 90).

Tayo ay nasa paaralan at patuloy na nag-aaral, at hindi tayo umaasang hihinto sa pag-aaral habang tayo ay nabubuhay sa lupa; at kapag tayo ay dumaan na sa belo, inaasahan pa rin nating magpapatuloy na matututo at dadami ang kaalaman natin. Maaaring magmukhang kakatwa ang kaisipan ito sa iba; ngunit ito ay dahil sa malinaw at simpleng dahilang wala tayong kakayahang tanggapin ang lahat ng kaalaman nang minsanan. Samakatwid, kailangan natin na tanggapin ang kaunti rito at kaunti doon (*DBY*, 91.)

Nagbibigay siya ngayon ng kaunti sa kanyang mapagkumbabang mga tagasunod, at kung pagbubutihan nila ito, bukas ay bibigyan pa sila ng kaunti, at sa susunod na araw ay kaunti pa. Hindi siya magdaragdag doon sa hindi nila pinagbubuti, ngunit sila ay hinihilingan na patuloy na pagbutihin ang karunungang kanila nang tinataglay, at sa ganitong paraan makamit ang reserba ng karunungan (*DBY*, 90.)

Ang simpleng pagtahak sa landas na tinutukoy sa Ebanghelyo ng mga nagbigay sa atin ng plano ng kaligtasan, ay ang pagtahak sa landas tungo sa buhay, sa walang hanggang pag-unlad; ito ay ang ipagpatuloy ang daan kung saan hinding-hindi na kailanman mawawala ang ating natamo, kundi patuloy na tatanggap, magtitipon, darami, lalaganap sa ibang bayan, at magpapatuloy sa walang hanggang panahon. Ang mga taong



**Larawan ng Templo ng Logan. Itinuro ng Pangulong Young na ang mga ordenansa ng kaligtasan at pansariling katapatan ay naghahanda sa atin sa "walang hanggang pag-unlad" tungo sa "mas maluwalhati at dinakilang kaharian" (*DBY*. 16).**

nagsusumikap na matamo ang buhay na walang hanggan, ay matatamo ang mga bagay na magdudulot ng pag-unlad na magbibigay kasiyahan sa kanilang mga puso. Wala ng ibang makapagbibigay kasiyahan sa imortal na espiritu, sa bawat kahulugan ng salita, maliban sa pagkakataong umunlad nang walang hanggan (*DBY*, 93).

Maaari pa tayong umunlad, nilikha tayo para sa layuning iyan, ang kakayahan natin ay ginawa upang lumawak hanggang sa matanggap natin sa ating pang-unawa ang kaalaman at karunungang selestiyal, at sa pagpapatuloy, ang mga daigdig na walang katapusan (*DBY*, 90).

Magpapatuloy na lamang ba tayong mag-aaral at hindi na kailanman darating sa kaalaman ng katotohanan? [Tingnan sa 2 Timoteo 3:7.] Hindi, sinasabi kong hindi; darating tayo sa kaalaman ng katotohanan. Ito ang aking inaasahan at inaasam, at ito ang aking kaligayahan (*DBY*, 90-91). Nasa atin ang alituntunin, at ganoon din sa bawat nilalang sa lupang ito, umunlad at magpatuloy na umunlad, palawakin at tanggapin at pagyamanin ang katotohanan, hanggang sa tayo ay maging ganap (*DBY*, 91).

Nakahanda tayo sa ilang bagay, at tumatanggap tayo nang kasing bilis ng paghahanda ng ating mga sarili (*DBY*, 95).

Sa halip na magmakaawa sa Panginoon na biyayaan kayo ng higit pa, magmakaawa kayo na magkaroon ng tiwala sa inyong sarili, magkaroon ng integridad sa inyong sarili, at alamin kung kailan magsasalita at ano ang sasabihin, ano ang ihahayag, at paano dadalhin ang inyong sarili at lalakad sa harap ng Panginoon. At kung gaano kabilis ninyong patutunayan sa kanya na inyong pag-iingatan ang lahat ng bagay na dapat ilihim—na inyong ibabahagi sa inyong mga kapitbahay ang lahat ng nararapat, at wala nang iba, at pag-aaralan kung paano ibabahagi ang inyong kaalaman sa inyong mga mag-anak, kapatid, at kapitbahay, ipagkakaloob sa iyo ng Panginoon, at ibibigay sa inyo, at ipagkakaloob sa inyo hanggang sa wakas ay sasabihin niya sa inyo, "Hindi kayo madadapa; ang inyong kaligtasan ay nakabuklod sa inyo; kayo ay nakabuklod sa buhay na walang hanggan at kaligtasan sa pamamagitan ng inyong integridad (*DBY*, 93).

---

## Ang buhay na walang hanggan ay ang kakayahang umunlad at lumago magpakailanman.

Ito ang pinakamahusay na kaloob na maigagawad sa matatalinong nilalang, ang mabuhay magpakailanman at hindi kailanman mamatay (*DBY*, 96).

Nakasulat na ang kaloob na buhay na walang hanggan ang pinakadakilang kaloob na maibibigay ng Diyos sa tao. Ang pinakadakilang katuparan na ating maaabot ay ang pangalagaan ang ating pagkakakilanlan sa walang hanggang panahon sa gitna ng hukbo ng langit. Taglay natin ang mga salita ng buhay na walang hanggan na ibinigay sa atin sa pamamagitan ng Ebanghelyo, na, kung ating susundin, ay pagtitibayin sa atin ng napakahalagang kaloob na iyon (*DBY*, 96).

Ang mawala ang katalinuhang nasa akin ay nakakatakot na isipin, ito ay mahirap tiisin. Ang katalinuhang ito ay kailangang magpatuloy; ito ay kailangang manirahan sa isang lugar. Kung tatahakin ko ang tamang landas at pangangalagaan ko ito sa kanyang organisasyon, mapapangalagaan ko sa aking sarili ang buhay na walang hanggan (*DBY*, 96).

Mapapasaatin ang Kaharian ng Diyos sa kabuuan nito, at lahat ng kataasan at kalaliman ng kaluwalhatian, kapangyarihan, at kaalaman; at tayo ay magkakaroon ng mga ama at ina, at mga asawa at mga anak (*DBY*, 97).

Ipagpalagay na posibleng magkaroon kayo ng pagkakataong mapagtibay sa inyong sarili ang buhay na walang hanggan—mabuhay at tamasahin ang mga biyayang ito magpakailanman; sasabihin ninyong ito ang pinakadakilang biyaya na maipagkakaloob sa inyo. . . . Anong biyaya ang katumbas nito? Anong biyaya ang katumbas ng pagpapatuloy ng buhay—sa pagpapatuloy ng pagiging tao? (*DBY*, 96).

Biniyayaan tayo ng Panginoon ng kakayahang matamasa sa piling ng mga Diyos ang buhay na walang hanggan, at ito ay ipinahayag na pinakadakilang kaloob ng Diyos. Ang kaloob na buhay na walang hanggan, kung walang inapo, na magiging isang anghel, ay isa sa pinaka dakilang kaloob na maibibigay; gayunpaman binigyan tayo ng pagkakataon ng Panginoon na maging ama ng sangkatauhan. Ano ang ama ng sangkatauhan na binabanggit sa mga Banal na Kasulatan? Ang tao na may kakayahang mag-apo ng walang hanggan. Ito ang biyayang tinanggap ni Abraham, at ito ay ganap na nagbigay-kasiyahan sa kanyang kaluluwa. Natamo niya ang ipinangako sa kanya na siya ay nararapat na maging ama ng sangkatauhan (*DBY*, 97).

Kung tapat ang mga tao, . . . sila at ang kanilang Lumikha ay iisa palagi, ang kanilang puso at kaisipan ay palaging iisa, magkasamang gumagawa at kumikilos sapagkat kung ano ang ginagawa ng Ama ganoon din ang Anak, at sila ay patuloy sa lahat ng kanilang gawain magpasawalang hanggan (*DBY*, 97).

Gusto makita ng Panginoon na tinatahak natin ang landas patungo sa makipot na pintuan, nang tayo ay maputungan bilang mga anak [na lalaki at babae] ng Diyos, sapagkat ang mga ganoon lamang ang makapagpaparami at uunlad sa kalangitan . . . Ang iba ay pupunta sa mababang kaharian, kung saan ang karapatang ito ay ipagkakait sa kanila. . . . Nasa atin ang pagpili kung tayo ay magiging mga anak, kasamang tagapagmana ni Jesucristo, o tanggapin natin ang mababang kaluwalhatian (*DNSW*, 8 Ago. 1876, 1).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

### Naghahanda tayo sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng araw-araw na pag-aaral, pagpapakabuti, at pagtatatag ng kaharian ng Diyos.

- Anong mga katotohanan ang natututuhan natin mula sa mga pagsubok sa buhay na ito ang makatutulong sa ating walang hanggang pag-unlad? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 122:7–8.) Ano ang sinasabi ng Pangulong Young tungkol sa alituntunin ng “magpakailanmang pagtitiis”? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 121:7–8; 3 Nephi 15:9.)
- Paanong makalilikha ng pundasyon ang pagiging “aktibo sa paggawa ng kabutihan araw-araw” sa “pagtanggap ng kabuuan ng walang hanggang kaalaman at kaluwalhatian”? (Tingnan din sa Alma 5:41; 26:22; Doktrina at mga Tipan 58:26–29.)

- Ayon sa Pangulong Young, isa sa mga pangunahing layunin natin sa buhay ay matuto. Ano ang makapipigil sa atin sa pagkatuto? Paano tayo higit pang matututo sa ating pag-aaral ng ebanghelyo? Paano tayo matututo sa ating mga karanasan? Anong tiyak na katotohanan ang natutunan ninyo sa inyong karanasan at impluwensiya ng Espiritu?
- Binabanggit ng Pangulong Young ang ilang layunin sa pagparito sa lupa. Paano natin higit na magagampanan ang mga layuning ito? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 81:5.)
- Ano ang ilang paraan na makatutulong sa "paghahanda sa tao sa pagsalubong sa Panginoon"? Paano ka tiyak na makatutulong sa paggawa nito?

---

**Umuunlad tayo habang lumalawak ang ating kaalaman at karanasan.**

- Sinabi ng Pangulong Young na tumatanggap tayo ng kaalaman "kaunti dito at kaunti doon". Paano magagamit ang paraang ito sa ating pang-unawa sa ebanghelyo, sa ating pagiging magulang, at sa ating paglilingkod sa Simbahan? (Tingnan din sa 2 Nephi 28:30; Doktrina at mga Tipan 130:18–19.)
- Ano ang itinuturo ng Pangulong Young tungkol sa walang hanggang pag-unlad? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 93:12–14.)
- Ipinahayag ng Pangulong Young na "nasa atin ang alituntunin . . . na umunlad at magpatuloy na umunlad, palawakin at tanggapin at pagyamanin ang katotohanan, hanggang sa tayo ay maging ganap". Paano makatutulong ihanda tayo sa kadakilaan ng ating pagsisikap na makamit ang kaalaman? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 50:40; 93:24, 26–30; 130:18–19.)

---

**Ang buhay na walang hanggan ay ang kakayahang umunlad at lumago magpakailanman.**

- Ipinahayag ng Pangulong Young na ang "pinakadakilang kaloob na maigagawad sa matatalinong nilalang [ay] ang mabuhay magpakailanman at hindi kailanman mamatay". Ano ang sinabi niyang "pinakadakilang katuparan", at paano natin ito mapapangalagaan? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 14:7; 130:20–21.)
- Ano ang ibig sabihin ng maging "kasamang tagapagmana ni Jesucristo"? (Tingnan din sa Mga Taga Roma 8:17.) Anong mga biyaya ang nakalaan lamang sa pinutungang mga anak [na lalaki at babae] ng Diyos?



Ang pagsasalarawan ng pintor pagpapanumbalik nina Pedro, Santiago, at Juan ng mga susi ng nakaraang mga dispensasyon. Sinabi ng Pangulong Young na ang dispensasyon ng kabuuan ng panahon ay, "pangingibabawan sa karilagan at kaluwalhatian ang bawat dispensasyong itinalaga kailanman sa mga anak ng tao" (*DBY*, 442).

# Mga Dispensasyon ng Ebanghelyo

*Itinatag at itinuro ng Diyos ang kanyang ebanghelyo sa simula, ipinahayag itong muli sa iba't ibang dispensasyon sa kalagitnaan ng mga panahon ng lubusang pagtalikod, at ngayon ay ipinanumbalik sa huling panahon na ito. Ang Pangulong Brigham Young ay nagpunyagi sa huling "dispensasyon ng lahat ng dispensasyon," na, sinabi niyang, "pangingibabawan sa karilagan at kaluwalhatian ang bawat dispensasyong itinalaga kailanman sa mga anak ng tao sa lupa" (*DBY*, 442).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Unang inihayag ng Diyos ang plano ng kaligtasan kay Adan sa mortalidad at simula noon ay paulit-ulit na ipinanumbalik niya ang kanyang kaharian sa pamamagitan ng kanyang mga propeta.

Ang dakilang planong tinatawag na plano ng kaligtasan–ang sistema ng doktrina, mga kaisipan, at mga kaugaliang tumutukoy sa lahat ng katalinuhang umiiral sa kawalang hanggan (*DBY*, 56) . . . [ay] ginawa sa langit para sa pagtubos ng sanlibutan mula sa kasalanan, at sa kanilang pagbabalik sa kinaroroonan ng Diyos (*DBY*, 448).

Kapag itinatatag ang Kahariang ito sa anumang panahon [sa lupa], ang Espiritu nito ay nananahan sa mga puso ng mga tapat, habang ang nakikitang bahagi nito ay namamalagi sa gitna ng sanlibutan, na may mga batas, ordenansa, tulong, pamahalaan, namumuno, administrador, at bawat kailangan para sa kabuuang pamamalakad sa pagtatamo ng layunin nito [tingnan sa Moises 6:7; Doktrina at mga Tipan 22:3] (*DBY*, 441).

*Adan*. Kilala na noon pa ang Diyos sa kanyang mga anak sa lupa . . . gaya ng pagkilala natin sa bawat isa. Si Adan ay nakikipag-usap sa kanyang Ama gaya ng pakikipag-usap natin sa ating mga magulang dito sa lupa. Madalas na dinadalaw ng Ama ang kanyang anak na si Adan, at nag-uusap at naglalakad sila; at ang mga anak ni Adan ay humigit-kumulang kilala na rin siya, at ang mga bagay na tumutukoy sa Diyos at sa langit ay alam na rin ng sangkatauhan noong una pa mang panahon ng kanilang pamamalagi sa lupa, gaya ng . . . ang ating mga hardin ay sa ating mga asawa at anak, o gaya ng ang daan tungo sa Dagat Pacific o ay sa dalubhasang manlalakbay [tingnan sa Moises 3:15–21; 4:14–30; 5:4–5, 9, 12; 6:51] (*DBY*, 104).

Ligtas nating masasabi na simula noong araw na nilikha si Adan at inilagay sa Halamanan ng Eden hanggang ngayon, ang plano ng kaligtasan at ang mga paghahayag ng kalooban ng Diyos sa tao ay hindi nagbabago, kahit na sa maraming panahon ang sangkatauhan ay hindi napaboran nito, dahil sa lubusang pagtalikod at kasamaan. Walang katibayang makikita sa Biblia na ang Ebanghelyo ay isang bagay sa panahon ng mga Israelita, iba pa sa panahon ni Cristo at ng kanyang mga Apostol, at iba pa sa ika-19 na siglo, ngunit sa kabilang panig, tayo ay tinagubilinan na ang Diyos ay iisa sa lahat ng panahon, at ang kanyang plano ng pagsagip sa kanyang mga anak ay iisa. Ang plano ng kaligtasan ay iisa, mula sa simula ng mundo hanggang sa katapusan nito [tingnan sa Moises 6:51–68] (*DBY*, 103–4).

Ang Ebanghelyo ay nasa gitna ng mga anak ng tao mula noong panahon ni Adan hanggang sa pagdating ng Mesiyas; ang Ebanghelyong ito ni Cristo ay mula sa simula hanggang sa wakas [tingnan sa Moises 5:58–59; Doktrina at mga Tipan 20:25–26] (*DBY*, 103–4).

*Enoc*. Si Enoc ay nagtataglay ng katalinuhan at karunungang mula sa Diyos na bihira sa mga tao ang mayroon, lumalakad at nakikipag-usap sa Diyos sa maraming taon; ganoon pa man, ayon sa kasaysayang isinulat ni Moises, nagtagal bago niya naitatag ang kanyang [Diyos] kaharian sa sangkatauhan. Ang ilang sumunod sa kanya ay nagtamasa ng kabuuan ng Ebanghelyo, at ang iba sa mundo ay tinanggihan ito (*DBY*, 105).

Kinakailangan kausapin at turuan ni Enoc ang mga tao sa loob tatlong daan at animnapung taon, bago niya sila naihanda bago sila pumanaw, at natamo niya ang kapangyarihang baguhin ang kanyang sarili at ang kanyang mga tao, sa lugar na kanilang tinitirahan, ang kanilang mga tahanan, mga hardin, bukirin, kawan ng mga hayop, at lahat ng kanilang ari-arian [tingnan sa Moises 7:68–69] (*DBY*, 105).

Si Enoc at ang kanyang mga tagasunod ay kinuha mula sa lupa, at patuloy na nahinog sa kasamaan ang mundo hanggang sa sila ay magapi ng matinding baha noong panahon ni Noe; at, "kagaya noong panahon ni Noe, gayundin ang mangyayari sa panahon ng pagdating ng Anak ng Tao" [tingnan sa Genesis 6:5; Moises 6:26–7:69] (*DBY*, 105).

*Noe*. Noong simula, pagkatapos maihanda ang mundong ito para sa tao, sinimulan ng Panginoon ang kanyang gawain sa kontinenteng tinatawag ngayong Amerika, kung saan nilikha ang Halamanan ng Eden (*DBY*, 102).

Ipinadala ng Panginoon ang kanyang Ebanghelyo sa mga tao; sinabi niya, ibibigay ko ito sa aking anak na si Adan, mula kung kanino natanggap ito ni Matusalem; at natanggap ni Noe mula kay Matusalem (*DBY*, 105).

Sa panahon ni Noe, sa panahon ng paglutang ng arka, dinala niya ang mga tao sa ibang panig ng lupa; ang lupa ay nahati; at doon itinatag niya ang kanyang kaharian [tingnan sa Genesis 6:1–8:21] (*DBY*, 102).

*Abraham*. Si Abraham ay tapat sa tunay na Diyos; nilupig niya ang mga idolo ng kanyang ama at tinanggap ang Pagkasaserdoteng Melquisedec [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:14], na alinsunod sa utos ng Anak ng Diyos [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:2–3], at ang pangakong ang pagdami ng kanyang lahi ay walang katapusan; kapag tinanggap ninyo ang banal na Pagkasaserdote na alinsunod sa orden ng Melquisede, na ibinuklod sa inyo, at ang pangakong ang inyong lahi ay magiging kasing dami ng mga bituin sa langit, o ng buhangin sa pampang, at walang katapusan ang inyong pag-unlad, napasa-inyo ang pangako ni Abraham, Isaac, at Jacob, at lahat ng biyaya na ipinagkaloob sa kanila [tingnan sa Genesis 12:2–3; 13:16; 14:18–19; 15:5; Abraham 1:2–4; 18-19; 2:9–11; Doktrina at mga Tipan 84:14] (*DBY*, 106).

*Moises*. Ang Ebanghelyo ay kasama nang mga anak ng tao mula noong panahon ni Adan hanggang sa pagdating ng Mesiyas; ang Ebanghelyong ito ni Cristo ay mula sa simula hanggang sa wakas. Kung gayon bakit ibinigay pa ang batas ni Moises? Sanhi ng paglabag ng mga Anak ni Israelita, ang hinirang ng Diyos; ang tanging binhi na kanyang pinili upang maging kanyang mga tao, at sa kanila niya sinabing ilalagay ang kanyang pangalan. Ang binhing ito ni Abraham na masyadong nagrebelde laban sa kanya at sa kanyang mga kautusan kaya't sinabi ng Panginoon kay Moises, "Bibigyan kita ng batas na magiging tagapagturo na maghahatid sa kanila kay Cristo" [tingnan sa Mga Taga Galacia 3:24]. Ngunit ang batas na ito ay mabigat na batas; ito ay batas ng pisikal na mga kautusan [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:23–27] (*DBY*, 104).

Kung sila ay naging dalisay at banal, ang mga Anak ni Israel ay hindi maglalakbay ng isang taong kasama ni Moises bago nila matanggap ang kanilang mga endowment at ang Pagkasaserdoteng Melquisedec [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:23] (*DBY*, 106).

*Jesucristo*. Ginawa ni Jesus na itatag ang Kaharian ng Diyos sa mundo. Ipinaalam niya ang mga batas at ordenansa ng Kaharian [tingnan sa Mateo 16:18–19; Mga Taga Efeso 1:22–23; 4:11–15] (*DBY*, 29).

## Ang pagkasaserdote at ang kabuuan ng ebanghelyo ng kaharian ay nawala sa lupa sa panahon ng Malawak na Lubusang Pagtalikod.

Noong unang panahon ng Kristiyanismo nauunawaan nating maraming haka-hakang naglaro sa mga isipan ng mga kasapi tungkol sa kanilang paniniwala at kaugalian, at ang pagkalat ng ganitong mga haka-haka ay lumikha ng pagkakawatak-watak at pagkakahiwa-hiwalay dahil sa pagkakaiba-iba ng doktrina. Maging sa panahon ng mga Apostol nagkaroon ng malinaw na pagkakawatak-watak, dahil nababasa natin na ang ilan ay kay

Pablo, ang ilan kay Apolos, at ang iba ay kay Cefas [tingnan sa I Mga Taga Corinto 1:10–13]. ay mga itinatangi ang mga tao sa panahong iyon, na nagturo sa kanila ng kaibang mga doktrina na hindi karaniwang tinanggap at pinalaganap *(DBY*, 107)

Bakit sila naglagalag nang napakalayo sa landas ng katotohanan at kabutihan? Dahil iniwan nila ang Pagkasaserdote at nawalan ng gabay, walang pinuno, walang paraang makita ang tama o mali. Sinasabing kinuha ang Pagkasaserdote mula sa Simbahan, ngunit hindi naman ganoon, tinalikuran ng Simbahan ang Pagkasaserdote at nagpatuloy sa paglalakbay sa kadiliman, tumalikod sa mga kautusan ng Panginoon, at nagtatag ng ibang mga ordenansa [tingnan sa Mga Taga Galacia 1:6–8; 2 Timoteo 1:15; 3 Juan 1:9–10] (*DBY*, 107).

Ngunit iyon ang panahon na kanilang sinimulang labagin paunti-unti ang mga batas, baguhin ang mga ordenansa, at suwayin ang walang hanggang tipan, at ang Ebanghelyo ng kaharian na isinagawa ni Jesus na itatatag sa kanyang panahon at ang Pagkasaserdote ay kinuha sa lupa [tingnan sa Isaias 24:5; 2 Mga Taga Tesalonica 2:1–12; Apocalipsis 12:6; Doktrina at mga Tipan 1:15] (*DBY*, 107).

---

## Ipinanumbalik ng Panginoon ang kanyang ebanghelyo at awtoridad ng pagkasaserdote sa huling dispensasyong ito sa pamamagitan ng Propetang Joseph Smith.

Dumating at nawala ang mga salinlahi nang walang pagkakataong marinig ang [tunog ng] Ebanghelyo, na dumating sa inyo sa pamamagitan ni Joseph Smith—na inihayag sa kanya mula sa langit sa pamamagitan ng mga anghel at pangitain . Nasa atin ang Ebanghelyo at ang mga susi ng banal na Pagkasaserdote [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:17–23, 30; 27:5–13; 110:11–16; 128:18–21] (*DBY*, 107–8).

Tayo ay mga tao na ang pag-akyat at pag-unlad mula sa simula, ay ang naging gawain ng Diyos na ating Ama sa Langit, na sa kanyang karunungan ay nakita niyang wasto na upang simulan ang pagtatatag na muli ng kanyang Kaharian dito sa lupa (*DBY*, 108).

Ngunit kagaya noong panahon ng ating Tagapagligtas, gayundin naman sa pagdating ng bagong dispensasyong ito. Hindi ito naaayon sa mga paniniwala, tradisyon, at mga haka-haka ng mga tao sa Amerika. Ang tagapagbalita ay hindi dumating sa isang tanyag na ministro ng alinman sa tinatawag na kinikilalang relihiyon [orthodoxy], hindi niya ginamit ang sariling pakahulugan nila sa mga Banal na Kasulatan. Ang Panginoon ay hindi dumating na kasama ang mga hukbo ng kalangitan na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian, ni ipinadala ang kanyang mga tagapagbalita [na may baluti] ng anuman maliban sa katotohanan ng



Ang loob ng isinaayos [sa dating kalagayan] na tahanan ni Peter Whitmer, na gawa sa troso, sa Fayette, New York. Ang Simbahan ay itinatag sa orihinal na tahanan noong ika-6 ng Abril 1830.

kalangitan, upang ipabatid sa maamo, mapagkumbaba, sa kabataang nanggaling sa abang pinagmulan, sa tapat na nagsisiyasat sa kaalaman ng Diyos. Ngunit ipinadala niya ang kanyang anghel sa gayunding abang taong ito, si Joseph Smith, Jr., na pagkaraan ay naging Propeta, Tagakita, Tagapaghayag, at ipinabatid sa kanya [ng Panginoon] na hindi siya dapat sumapi sa kahit anong sekta ng relihiyon ng panahon. . . . ., dahil lahat sila ay mali; na sila ay sumusunod sa tuntunin ng mga tao sa halip ng sa Panginoong Jesus: na mayroong ipatutupad na gawain sa kanya, yayamang nararapat na patunayan niyang siya ay tapat sa kanya [tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–26] (*DBY*, 108).

Napagpasiyahan sa mga konseho ng kawalang-hanggan, matagal pa bago inilatag ang saligan ng mundo, na siya, si Joseph Smith, ang nararapat na tao, sa huling dispensasyon ito ng daigdig, na maghatid ng salita ng Diyos sa sangkatauhan, at tumanggap ng kabuuan ng mga susi at kapangyarihan ng Pagkasaserdote ng Anak ng Diyos. Binantayan siya kanya ng Panginoon, at ang kanyang ama, at ang ama ng kanyang ama, at ang kanyang mga hanggang kay Abraham, at mula kay Abraham hanggang sa baha, mula sa baha hanggang kay Enoc, mula kay Enoc hanggang kay Adan. Binantayan niya ang mag-anak na yaon at ang dugong nananalaytay mula sa pinagmulan niyon hanggang sa pagsilang ng taong iyon. Siya ay

inordenan noon pa sa kawalang-hanggan upang mamuno sa huling dispensasyong ito[tingnan sa 2 Nephi 3:6–15] (*DBY*, 108).

Ang Panginoon ay nagpagal nang ilang daang taon upang ihanda ang daan sa pagdating ng mga nilalaman ng Aklat na iyon [ang Aklat ni Mormon] mula sa loob ng lupa, upang ito ay mailathala sa mundo, upang ipakita sa mga nilalang nito na siya ay buhay pa, at kanyang ipagpatuloy, sa mga huling araw, titipunin ang kanyang pinili mula sa apat na sulok ng mundo. . . . Ipinag-utos at pinamahalaan ng Panginoon ang lahat ng ito, para sa pagdating, at pagtatatag ng kanyang Kaharian sa mga huling araw [tingnan sa 1 Nephi 13; Doktrina at mga Tipan 20:6–16] (*DBY*, 109).

Narito ang Aklat ni Mormon. Naniniwala kami na naglalaman ito ng kasaysayan ng mga katutubo ng kontinente [ng Amerika], tulad ng Lumang Tipan na naglalaman ng kasaysayan ng bayan ng mga Judio. Sa aklat na iyon natututuhan natin na dinalaw ni Jesus ang lupalop na ito, dinala ang kanyang Ebanghelyo at inordenan ang Labindalawang Apostol. Naniniwala kami sa lahat ng ito, ngunit hindi namin hinihiling na maniwala kayo rito. Ang hinihiling namin ay ang maniwala kayo sa nakasulat sa Banal na Biblia tungkol sa Diyos at sa kanyang mga paghahayag sa mga anak ng tao. Gawin ito nang buong katapatan, at malalaman ninyong ang Aklat ni Mormon ay totoo. Ang inyong kaisipan ay mabubuksan at malalaman ninyo sa pamamagitan ng . . . Espiritu ng Diyos na ang itinuturo namin ay katotohanan (*DBY*, 109).

Ano ang sinabi ni Oliver Cowdery (isa sa Tatlong Saksi sa Aklat ni Mormon), pagkatapos na lumayo siya sa Simbahan nang maraming taon? Nakita niya at nakipag-usap siya sa mga anghel, na nagpakita sa kanya ng mga lamina, at hinawakan niya ang mga ito. Iniwanan niya ang Simbahan sapagkat nawala sa kanya ang pagmamahal sa katotohanan; at pagkatapos niyang makapaglakbay mag-isa ng ilang taon, isang maginoo ang pumasok sa kanyang tanggapan at sinabi sa kanya, "Ginoong Cowdery, ano ang palagay mo sa Aklat ni Mormon ngayon? Naniniwala ka ba na ito ay totoo?" Sinagot niyang, "Hindi, Ginoo, hindi ako naniniwala!" "Kung gayon," sabi ng ginoo, "Nag-isip ako nang mabuti; aking napagtanto na nakita mo ang kalokohan ng iyong ginawa at nagpasiya na bawiin ang unang ipinahayag na totoo." "Ginoo, nagkakamali ka sa akin; Hindi ako naniniwala na totoo ang Aklat ni Mormon; nalagpasan ko na ang puntong iyon, dahil *alam* ko na ito ay totoo, gaya ng pagkaalam ko na ikaw ay nakaupo ngayon sa harap ko." "Patutunayan mo pa rin ba na nakakita ka ng anghel?" "Oo, gaya ng pagkakakita ko sa iyo ngayon; at alam ko na ang Aklat ni Mormon ay totoo" (*DBY*, 110).

Inilatag ni Joseph Smith ang pundasyon ng Kaharian ng Diyos sa mga huling araw (*DBY*, 458).

Ibig kong sumigaw ng Aleluya, tuwi-tuwina, kapag naiisip ko na nakilala ko si Joseph Smith, ang Propetang hinirang at inordenan, ng Panginoon, at

kung kanino ibinigay ang mga susi at kapangyarihang itatag ang Kaharian ng Diyos sa lupa at itaguyod ito. Ang mga susing ito ay itinalaga sa mga taong ito, at mayroon tayong kapangyarihang ipagpatuloy ang gawaing sinimulan ni Joseph, hanggang ang lahat ay maihanda para sa pagdating ng Anak ng Tao. Ito ang gawain ng mga Banal sa mga Huling Araw (*DBY*, 458).

Ang kahariang ito ay hindi nila [ng masama] masisira, sapagkat ito ay ang huling dispensasyon – sapagkat ito ay ang kabuuan ng panahon. Ito ang dispensasyon ng lahat ng dispensasyon at pangingibabawan sa karilagan at kaluwalhatian ang bawat dispensasyon na itinalaga kailanman sa mga anak ng tao sa lupa. Ibabalik muli ng Panginoon ang Sion, ililigtas ang kanyang Israel, itatatag ang kanyang sagisag sa lupa, at itatatag ang mga batas ng kanyang kaharian, at ang mga batas na iyon ay pairalin (*DBY*, 442).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral.

### Unang inihayag ng Diyos ang plano ng kaligtasan kay Adan sa mortalidad at simula noon ay paulit-ulit na ipinanumbalik ang kanyang kaharian sa pamamagitan ng kanyang mga propeta.

- Paano inilarawan ng Pangulong Young ang "dakilang planong tinatawag na plano ng kaligtasan"? (Tingnan din sa Abraham 3:21–28.)
- Kapag inihahayag ng Panginoon ang plano ng kaligtasan sa sangkatauhan at isinasaayos ang kanyang kaharian sa lupa, ano ang kinakailangan para sa kabuuang operasyon nito"?
- Ayon sa Pangulong Young, kailan ipinaaalam ng Diyos ang plano ng kaligtasan at ang pagkasaserdote sa kanyang mga anak sa lupa? (Tingnan din sa Moises 5:58—59; 6:7.)
- Ano ang natatanging tungkulin ng bawat propetang namuno sa isa sa mga pangunahing dispensasyon ng ebanghelyo?

### Ang pagkasaserdote at ang kabuuan ng ebanghelyo ng kaharian ay nawala sa lupa sa panahon ng Malawakang Lubhang Pagtalikod.

- Ayon sa Pangulong Young, bakit binawi ang naunang Simbahan ni Cristo mula sa lupa?
- no ang ilang katibayan na ang naunang Simbahan ni Cristo at pagkasaserdote ay nawala mula sa lupa? (Tingnan din sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17–20.) Ano ang ginawa ng mga naunang kasapi ng Simbahan upang maglagalag ng "napakalayo sa landas ng katotohanan"? Paano naging "daan ang pagkasaserdote sa paghahanap kung ano ang tama o mali" sa inyong buhay?

**Ipinanumbalik ng Panginoon ang kanyang ebanghelyo at awtoridad ng pagkasaserdote sa huling dispensasyong ito sa pamamagitan ng Propetang Joseph Smith.**

- Ipinabatid ng Diyos ang kanyang katotohanan sa maaamo, sa mapagkumbabang kabataang nagmula sa abang pinagmulan, "sa tapat na nagsisiyasat sa kaalaman ng Diyos." Ano ang kahulugan nito sa inyo at sa lahat ng iba pang tapat na naghahangad sa katotohanan?
- Anong mga katangian ni Joseph Smith ang nakatulong sa kanya na magampanan ang kanyang tungkulin na maging ang "tao, sa huling dispensasyon ng mundong ito, na maghatid ng salita ng Diyos sa sangkatauhan"?
- Ano ang bahaging ginampanan ng Aklat ni Mormon sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 20:6–16.) Ano ang matututunan ninyo sa patotoo ni Oliver Cowdery sa Aklat ni Mormon?
- Ano ang patotoo ng Pangulong Young tungkol sa gawain ng mga Banal sa mga Huling Araw"?

# Ang Paninirahan sa Kanluran

*Inihayag ng Pangulong Brigham Young na: "Ipinakita sa akin ng Diyos na ito ang lugar na pagdadalhan sa mga taong ito, at dito sila uunlad. . . . Habang ang mga Banal ay nagtitipon dito at nagpapalakas upang makamit ang lupain, titimplahin ng Diyos ang panahon at magtatayo tayo ng lungsod at templo para sa Kataas-taasang Diyos sa lugar na ito. Palalawigin natin ang ating mga paninirahan sa silangan at kanluran, sa hilaga at timog, at magtatayo tayo ng daan-daang kabayanan at lungsod, at magtitipon-tipon ang libu-libong Banal mula sa mga bansa ng mundo. Ito ang magiging dakilang daan ng mga bansa" (*JSB*).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Kaguluhan sa Illinois at ang paglalakbay ng mga Banal sa Kanluran.

Ayaw kong isipin ng mga tao na may kinalaman ako sa aming paglipat dito [sa Lambak ng Salt Lake], iyon ay sa awa at tulong ng Pinakamakapangyarihan; ang kapangyarihan ng Diyos ang nagsagawa ng kaligtasan sa mga taong ito, hindi ko kailanman magagawa ang ganoong plano (*DBY*, 480).

Hindi ko ginawa ang dakilang plano ng Panginoon sa pagbibigay daan sa pagpapadala sa mga taong ito sa mga kabundukang ito. Pinag-isipan na ni Joseph nang ilang taon ang pag-alis bago ito nangyari, ngunit siya ay hindi makapunta rito (*DBY*, 480).

Noong panahon ni Joseph ay maraming oras naming pinag-usapan ang tungkol sa bayang ito. Madalas na sabihin ni Joseph na, " Kung ako lamang ay nasa Rocky Mountains kasama ang isang daang matatapat na kalalakihan, magiging maligaya na ako, at hindi na hihingi ng awa sa mga mandurumog" (*DBY*, 480).

Nanirahan kami sa Illinois mula noong taong 1839 hanggang taong 1844, noong panahong iyon [ang mga kaaway ng Simbahan] ay muling nagtagumpay sa pagpapaningas ng diwa ng pag-uusig laban kay Joseph at sa mga Banal sa mga Huling Araw. Pagtataksil! Pagtataksil! Pagtataksil! ang kanilang sigaw, tinatawag kaming mga mamamatay-tao, magnanakaw, sinungaling, mapang-apid, at pinakamasamang tao sa lupa. . . . Kinuha nila



Noong taong 1848 isang salot ng mga kuliglig ang nagbantang sumira sa mga pananim ng mga Banal. Bilang sagot sa mataimtim na panalangin, ang Panginoon ay nagpadala ng mga ibong-dagat [*seagull*] upang sugpuin ang mga kuliglig, tulad ng ipinakikita sa ipinintang larawan na ito.

sina Joseph at Hyrum, at bilang paniguro sa kanilang kaligtasan, ipinangako ni Gobernador Thomas Ford ang tiwala ng Estado ng Illinois. Ikinulong sila [sa Carthage, Illinois], sa pagbabalatkayong sila ay ligtas doon, dahil sa galit at mapusok ang mandurumog. Hinayaan sila ng Gobernador sa mga kamay ng mandurumog, na pumasok sa kulungan at sila ay binaril. Si John Taylor, na kasama natin ngayon, ay nasa bilangguan din, at binaril din, at pagkatapos ay naratay nang ilang buwan sa kanyang higaan. Matapos gawin ng mandurumog ang mga pagpatay, pinuntahan nila kami at sinunog ang aming mga tahanan at butil. Kapag ang mga kasapi ay lalabas upang patayin ang apoy, magtatago sa bakuran ang mandurumog, at sa kadiliman ng gabi, ay kanilang pagbababarilin sila (*DBY*, 473).

Noong taong 1845 sumulat ako sa lahat ng Gobernador ng mga estado at teritoryo sa Union, na humihiling sa kanila ng ligtas na kanlungan, sa kanilang kapaligiran, para sa mga Banal sa mga Huling Araw. Hindi kami binigyan ng ganoong pribilehiyo, kapwa sa pamamagitan ng tahimik na paghamak o tuwirang pagtanggi sa bawat pagkakataon. Lahat sila ay nagkasundo na hindi kami makapupunta sa loob ng nasasaklawan nilang teritoryo o estado (*DBY*, 474).

Tatlong kongresista ang dumating [sa Nauvoo] noong taglagas ng taong 1845, at nakipagpulong sa Labindalawa at iba pa; nais nilang lisanin namin ang Estados Unidos. Sinabi naming gagawin namin iyon, mahabang panahon na rin ang ipinamalagi namin sa kanila; pumayag kaming lisanin ang Estado ng Illinois bunga ng di-matwid na opinyong pang-relihiyon laban sa amin kaya hindi na kami makapaninirahan pa nang payapa. Sinasabi ng mga taong ito na ang mga mamamayan ay laban sa amin. Si Stephen A. Douglas, isa sa tatlo, ay kilala namin. Sinabi niyang, "Kilala ko kayo, kilala ko si Joseph Smith; siya ay mabuting tao," at ang mga taong ito ay mabubuting tao; ngunit ang maling pag-aakala ng . . . hindi maka-Diyos ay gayon na lamang, ang sabi niya, "Mga ginoo, hindi kayo makapananatili rito at makapaninirahan nang payapa." Pumayag kaming umalis. Nilisan namin ang Nauvoo noong Pebrero, taong 1846 (*DBY*, 473).

Tinawid ko ang Ilog Mississippi, kasama ang aking mga kapatid sa Simbahan, patungo sa lugar na ito, hindi ko alam, noong oras na iyon, kung saan kami pupunta, ngunit lubusang naniniwala na may inilaan ang Panginoon sa amin na magandang lugar sa mga kabundukan, at tuwirang gagabayan niya kami tungo roon (*DBY*, 482).

Binantaan kami ng malulupit na pag-uusig sa bawat panig ng matagal na naming mga kaaway; daan-daang mag-anak, na pinilit na paalisin sa kanilang mga tahanan, at napilitang iwanan ang lahat ng kanilang pag-aari, ang nagpagala-gala na parang itinapon sa kalagayan ng napakatinding kahirapan (*DBY*, 482).

Nangingibang bayan kami, ngunit hindi namin alam kung saan, maliban sa aming layunin na makarating sa kung saan hindi kami maaabot ng aming



**Tulad ng pagsalalarawan ng pintor na ito, noong taong 1847 ay pinangunahan ni Pangulong Young ang mga Banal pakanluran" sa pinakamahusay na lugar na aming natagpuan. Imposibleng manirahan ang kahit sino dito maliban kung siya ay nagpakahirap sa paggawa . . . ngunit ito ay napakabuting lugar para sa pagpapalaki ng mga Banal sa mga Huling Araw" (*DBY*, 474).**

mga kaaway. Wala kaming tahanan, maliban sa aming mga bagon at tolda, at walang imbak na mga pagkain at kasuotan; at kailangang maghanap ng makakain araw-araw na nagiging sanhi ng pag-iwan namin sa aming mga mag-anak sa ilang na lugar para sa kanilang kaligtasan, at pakikihalubilo sa gitna ng aming mga kaaway upang maghanapbuhay (*DBY*, 478).

Naglakbay kami pakanluran, humihinto sa iba't ibang lugar, na nagtatayo ng mga panirahanan, kung saan [pansamantala] naming iniwan ang mga kaawa-awa na hindi na makapaglakbay nang malayo kasama ng pangkat (*DBY*, 474).

## Pangangalap ng tauhan at pagmamartsa ng Batalyong Mormon.

Nang kami ay kahalubilo ng mga Indiyan, na sinasabing mababagsik, limandaang kalalakihan ang tinawag upang magtungo sa Mexico upang lumaban [sa Digmaang Mexicano, 1846–48] (*DBY*, 476).

Sumama ako, kasama ang ilan sa mga kapatid ko sa Simbahan, sa pagitan ng isa at dalawang daang milya sa kahabaan ng ilang paglalakbay, pahintu-

hinto sa bawat maliliit na kampo, ginagamit ang aming impluwensiya sa pagkuha ng mga boluntaryo, at sa takdang araw ng pagtatagpo [ika-16 ng Hulyo 1846 sa Council Bluffs, Iowa] ang kinakailangang bilang ng kalalakihan ay natamo; at ito ay nagawa sa loob lamang ng dalawampung araw simula nang ipaalam ang kahilingan (*DBY*, 479).

Sinimulan ng batalyong iyon ang pagmamartsa simula sa Fort Leavenworth sa pamamagitan ng Santa Fe, at sa napakainit at napakahirap na daan, at ipinuwesto ang kanilang mga sarili sa ibaba ng California, sa kasiyahan ng lahat ng namumuno at tauhan na naging matapat. Nang sila ay dumating ay nasa [mahirap] na kalagayan si Heneral [Stephen W.] Kearny at kaagad na pinagmartsa ni Koronel P. St. George Cooke [ang bagong pinuno ng batalyon] ang kanyang mga tauhan upang tumulong at sinabi sa kanyang, "Narito na ang mga bata natin na makapag-aayos ng lahat." Matapat na tinupad ng mga lalaki sa batalyong iyon ang kanilang tungkulin. Hindi ko kailanman maaalala ang maliit na pangkat ng kalalakihang iyon nang hindi kasunod ang, "Pagpalain sila ng Diyos magpakailan man." Lahat ng ito ay ginawa namin upang patunayan sa pamahalaan na kami ay tapat (*DBY*, 477).

Nagtungo ang aming batalyon sa lugar ng labanan, hindi sa maginhawang tulugan sa bapor, o sa ilang buwang pagkawala, ngunit sa paglalakad ng mahigit na dalawang libong milya sa kabila ng mga disyertong walang daan at tuyong kapatagan, nakaranas ng lahat ng antas ng kasalatan, paghihirap, at pagdurusa sa loob ng dalawang taong pagkawala bago nila nakapiling ang kanilang mga mag-anak. Muli ay namagitan sa aming pagkaligtas ang Pinakamatalinong Nilalang na siyang nakakaalam ng katapusan mula sa simula (*DBY*, 479).

Sa ilalim . . . ng mahirap na kalagayan ay kinailangan naming ihiwalay sa aming naglalakbay na pangkat ang limandaang pinakamahuhusay na kalalakihan, iniwan ang matatanda, mga bata, mga kababaihan sa pangangalaga ng mga natira, upang mag-alaga at tumulong (*DBY*, 478).

Kaming mga naiwan ay nagpagal at nag-alaga ng lahat ng aming kinakailangan upang mapakain ang aming mga sarili sa ilang. Kinailangang bayaran namin ang aming mga guro, gumawa ng aming sariling tinapay at gumawa ng aming sariling kasuotan, o magpatuloy ng wala, dahil wala ng ibang paraan (*DBY*, 476).

---

### Ang "kampo ng mahihirap" ay pinangalagaan ng awa ng Panginoon.

May ilang naiwan sa mga pinakakaawa-awa, maysakit at matatanda, na nagdusang muli sa karahasan ng mga mandurumog; sila ay hinagupit at sinaktan, at sinunog ang kanilang mga tahanan (*DBY*, 473–74).

[Itong] mga kapatid na humimpil sa daan [sa kahabaan ng ilog sa itaas ng Montrose, Iowa] ay dumanas ng kahirapan at pighati. Minsan, sinabi sa akin na, mamamatay na sana sila sa gutom, kung hindi nagpadala ng mga pugo ang Panginoon sa kanila. Ang mga ibon ay nagsilipad nang pasalungat sa kanilang mga bagon, at ang mga ito ay nangamatay o nangahilo, inipon ang mga ito ng mga kalalakihan at kababaihan, na naging pagkain nila sa loob ng ilang araw, hanggang sa makalampas sila sa ilang. [Nagpadala si Brigham Young ng mga pangkat ng tagasagip upang dalhin ang mga Banal sa kanilang mga kamag-anak at kaibigan sa mga kampong malayo sa landas na daanan (*DBY*, 474).

## Pinangunahan ng pangkat ng tagabunsod ni Brigham Young ng taong 1847 ang pagtungo sa Lambak ng Salt Lake.

Paminsan-minsan ay sinusundan namin ang mga landas na daanan ng mga Indiyan, paminsan-minsan ay sinunod namin ang kompas; nang lisanin namin ang ilog ng Missouri ay sinundan namin ang [ilog] ng Platte. At napakarami naming pinatay na ahas sa ilang mga lugar; at gumawa ng mga daan at nagtayo ng mga tulay hanggang sa manakit ang aming mga likod. Doon sa mga ilog na hindi namin magawan ng mga tulay, isinakay namin sa bangka ang aming mga tao upang patawid (*DBY*, 480).

Nang makilala namin si G. Bridger [may-ari ng Fort Bridger, Wyoming] sa Big Sandy River [ika-28 ng Hunyo 1847], sinabi niyang, "G. Young, magbibigay ako ng isang libong dolyar kung malalaman ko na may mais na mabubuhay dito [sa mga bundok na ito]". Ang sabi ko ay, "Maghintay ka ng labinwalong buwan at ipakikita ko sa iyo na marami nito." Sinabi ko ba ito mula sa kaalaman? Hindi, ito ay ang aking pananampalataya; ngunit wala kami ni kaunti mang pampalakas ng loob—mula sa likas na pag-iisip at sa lahat ng ating malalaman sa bayang ito—ang pagiging tigang nito, ang lamig at hamog ng yelo, na maniwalang makapagtatanim kami ng kahit ano. . . . Mayroon kaming pananampalataya na makapagtatanim kami ng butil; mayroon bang masama rito? Wala. Kung hindi kami nagkaroon ng pananampalataya, ano ang mangyayari sa amin? Nalugmok na sana kami sa kawalan ng paniniwala, sinira ang bawat mapagkukunan ng aming makakain at hindi na nag-alaga ng kahit ano (*DBY*, 481).

[Noong ika-30 ng Hunyo 1847,] nang marating ng pangkat ng Tagabunsod ang Green River [halos 80 milya sa silangan ng Great Salt Lake Valley], ay nakilala namin si Samuel Brannan at ang iba pa mula sa [San Francisco,] California, at ibig nilang pumunta kami roon. Binanggit ko na, "Pupunta tayo sa California, at hindi tayo maaaring mamalagi doon nang mahigit sa limang taon; ngunit tayo'y manatili sa mga kabundukan, at makapagtatanim tayo ng sarili nating mga patatas, at kakainin ang mga ito; at binabalak kong manatili rito." Nasa lugar pa rin tayo na matatag [Rocky

Mountains], tulad ng gulugod ng hayop, kung saan naroon ang buto at ang litid, at binabalak naming manatili rito, at kahit na ang impiyerno ay walang magagawa rito (*DBY*, 475).

Ako, kasama ng iba, ay nanggaling sa tinawag naming Emigration Canyon; tinawid namin ang Malaki at Maliit na mga kabundukan, at bumaba sa lambak na halos tatlong-kapat na milya sa timog nito. [Dumating si Orson Pratt at Erastus Snow sa lambak ng Salt Lake noong ika-21 ng Hulyo 1847; ang nauna at pangunahing mga pangkat ay dumating noong ika-22 ng Hulyo. Ang huling pangkat kasama ang Pangulong Brigham Young, na naghihirap sanhi ng lagnat na dulot ng kabundukan, ay dumating sa lambak noong ika-24 ng Hulyo.] Naghanap kami, at tumingin sa paligid, at sa wakas nakarating at humimpil kami sa pagitan ng dalawang sanga ng City Creek, ang isa ay bumabaybay sa timog kanluran at ang isa ay sa kanluran. Dito namin ibinaon ang aming bandila sa bloke na pagtatayuan ng templo at sa itaas nito; dito namin itinayo ang aming kampo at tiniyak na dito na maninirahan at titigil (*DBY*, 474).

---

## Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos ay napagtagumpayan ng mga Banal ang kanilang mga kahirapan sa Kanluran.

Dumating kami rito, kung saan natagpuan namin ang ilang . . . Indiyan, ilang oso at kuneho, at napakaraming kuliglig; ngunit kung ang pag-uusapan ay berdeng puno o bungang kahoy, o kahit na anong berdeng kabukiran ay wala kaming nakitang ganoon, maliban sa ilang *cottonwoods* at *willows* sa gilid ng City Creek. Sa habang 1200 o 1300 milya ay dala-dala namin ang aming mga baon nang dumating kami rito. Nang lisanin namin ang aming mga tahanan ay dala-dala namin ang aming mga kabayo, kapong baka at guya na hindi ninakaw ng mga mandurumog at ang ilang kababaihan ay nagpastol ng kanilang sariling mga hayop papunta dito. Sa halip na 365 librang (mga 166 na kilo) panggawa ng tinapay nang magsimula sila sa ilog ng Missouri, ay wala na sa kalahati sa kanila ang may kalahati nito. Kinailangang dalhin namin ang aming mga butil, ang aming mga gamit sa pagsasaka, muwebles, mesa, tukador, sopa, piyano, salamin, mahuhusay na upuan, karpet, magagandang pala at pansipit at iba pang mahusay na mga muwebles, kasama ang kasangkapang gamit sa sala, lutuan, at iba pa, at kinailangan naming dalhin ang mga ito kasama ng ilang kababaihan at mga kabataan, na patung-patong na nakatambak, sa kawawang kalagayan ng mga hayop, . . . mga kapong baka na tatatlo ang paa, at bakang iisa ang utong, ito lang ang tangi naming sasakyan, at kung hindi namin dinala ang aming mga dala-dalahan sa ganitong paraan, hindi kami magkakaroon ng mga ito, dahil walang kahit ano rito (*DBY*, 480).

Mahihirap ang mga Banal nang dumating sa lambak na ito (*DBY*, 475)

Nanguha sila ng kaunting *buckskins*, balat ng *antelopes*, balat ng tupa, balat ng *buffalo*, at ginawang pang-ibabang kasuotan at mokasin ang mga ito, at ibinalabal nila ang *buffalo robe*. Ang ilan ay may kumot at ang ilan ay wala; ang ilan ay may kamiseta, at sa palagay ko ang ilan ay wala. Isang lalaki ang nagsabi sa akin na wala siyang isa mang kamiseta para sa kanyang sarili o sa mag-anak (*DBY*, 475–76)

Mangangahas akong sabihin na wala ni isa sa apat sa mag-anak ko ang may suot na sapatos sa kanilang paa nang dumating kami sa lambak na ito (*DBY*, 476).

Mayroon kaming pananampalataya, nabubuhay kami sa pananampalataya; nakarating kami sa mga bundok na ito sa pamamagitan ng pananampalataya. Nakarating kami rito, madalas kong sabihin, kahit na sa pandinig ng iba ay hindi magandang pakinggan, na hubad at walang sapin sa paa, at ito ay talagang totoo (*DBY*, 481).

Ipinanalangin namin ang lupain, at inilaan ito at ang tubig, hangin at lahat ng nauukol sa kanila sa Panginoon, at pinagpala ng kalangitan ang lupain at ito ay naging masagana, at ngayon ay umaani ng pinakamahusay na mga butil, prutas at mga gulay (*DBY*, 483).

Hanggang sa dumating ang mga Banal sa mga Huling Araw, walang isa man sa lahat ng namumundok at sa mga naglalakbay dito, sa tagal ng aming kaalaman, ang naniwala na magbubunga ang mais dito sa mga lambak. Alam naming masaganang aani ng mais at trigo rito, at alam naming may pinakamahusay tayong rehiyon kung saan makapag-aalaga ng mga baka, kabayo, at lahat ng uri ng maamong hayop na kailangan natin (*DBY*, 485)

Wala pang lupain, simula noong panahon ni Adan hanggang sa ngayon, na labis na biniyayaan ng ating Ama sa Langit nang higit pa sa lupaing ito; at patuloy pang bibiyayaan, kung tayo ay tapat at mapagkumbaba, at nagpapasalamat sa Diyos para sa trigo at mais, abena, prutas, mga gulay, baka at lahat ng ibinigay sa atin, at sikaping gamitin ang mga ito sa pagtatayo ng kanyang Kaharian sa lupa (*DBY*, 483).

Kami ang mga tagabunsod ng bayang ito (*DBY*, 474).

Nilimbag namin ang unang mga pahayagan, maliban sa dalawa, itinakda ang mga unang gulayan, itinanim ang unang trigo, itinatag ang unang mga paaralan, at ginawa ang unang pagpapabuti sa aming mga pinagsimulan, sa malaking bahagi, mula sa ilog ng Mississippi hanggang sa karagatan ng Pasipiko; at kami ay nakarating sa wakas, upang malayo sa daraanan ng kahit sino, kung kinakailangan. Akala namin ay makalalayo kami nang napakalayo na walang naninirahang tao; ibig naming makarating sa ibang bayan, gaya ni Abraham, na kung saan kami ay hindi patuloy na magkakaroon ng hidwaan sa iba o sinuman (*DBY*, 476).

Nais naming maunawaan ng mga estranghero na hindi kami naparito dahil sa aming kagustuhan, kundi dahil sa kami ay napilitang magtungo

kung saan, at ito ang pinakamahusay na lugar na aming natagpuan. Imposibleng manirahan ang kahit sino dito maliban kung siya ay nagpakahirap sa paggawa ay at lumaban sa mga elemento, ngunit ito ay napakabuting lugar para sa pagpapalaki ng mga Banal sa mga Huling Araw, at tayo ay bibiyayaan sa paninirahan dito, at gagawin pa itong katulad ng Halamanan ng Eden; at ipagsasanggalang ng Makapangyarihang Panginoon ang kanyang mga Banal at ipagtatanggol at pangangalagaan sila kung gagawin nila ang kanyang kalooban. Ang kinatatakutan ko lang ay ang hindi natin paggawa ng tama; kung gagawa tayo ng [tama] ay magiging katulad tayo ng lungsod na inilagay sa burol, ang ating liwanag ay hindi maitatago (*DBY*, 474).

Pitong taon pa lamang mula nang lisanin namin ang Nauvoo, at ngayon ay handa na kaming magtayo ng panibagong templo. Nagbabalik-tanaw ako sa aming mga ginawa na may kasiyahan. Narito ang daan-daan at libu-libong tao na hindi nabigyan ng pagkakataon tulad ng ilan sa amin. Itinatanong ba ninyo, kung ano ang mga pagkakataong ito? Aba, ang pagdaan sa matitinding pagsubok. Hindi sila nagkaroon ng pagkakataong manakawan at madambungan ng kanilang ari-arian, na mapagitnaan ng mandurumog at ng kamatayan, kagaya ng naranasan ng marami sa amin (*DBY*, 482).

Itinatanong ninyo kung mananatili tayo sa mga kabundukang ito. Ang sagot ko ay oo, hanggang sa nais nating gawin ang kalooban ng Diyos na ating Ama sa Langit. Kung nasisiyahan tayo sa pagtalikod sa mga banal na kautusan ng Panginoong Jesucristo, tulad ng ginawa noong unang panahon ng mga Israelita ang lahat ay tumatahak ng kanilang sariling daan, tayo ay ikakalat at huhubaran, ipagtatabuyan sa ating mga kaaway at pag-uusigin, hanggang sa matutunan nating maalala ang Panginoon na ating Diyos at kusang lalakad sa kanyang mga landas (*DBY*, 493).

Marami ang maaaring magtanong, "Gaano tayo katagal na mananatili rito?" Mananatili tayo rito hangga't kinakailangan. "Itataboy ba tayo, kapag tayo'y umalis?" Kung tayo ay mamumuhay nang nasisiyahan sa ating mga sarili, at hindi lilisan sa ating mga tahanan hindi tayo ipagtatabuyan mula sa mga ito. Hanapin ang pinakamahusay na karunungan na matatamo ninyo, pag-aralang gamitin ang inyong pinaghirapan, magtayo ng magagandang tahanan, gawing mainam ang mga bukirin, magtanim ng mansanas, peras, at iba pang punong kahoy na mamumunga rito, gayundin ang *mountain currant* at palumpong ng *raspberry*, magtanim ng istroberi, at magtayo at palamutian ang magandang lungsod (*DBY*, 483–84).

Markahan ang ating mga panirahan ng anim na daang milya sa mga kabundukang ito at pagkatapos ay markahan ang ating dinaanan patungo dito, magtayo ng mga tulay at gumawa ng mga daan sa kabila ng mga parang, kabundukan at bangin! Dumating tayo rito ng walang salapi at gamit ay mga lumang bagon, ang ating mga kaibigan . . . ang nagsasabi sa ating "dalhin ninyo ang lahat ng baon na madadala ninyo; sapagkat wala na kayong makukuha pa! Dalhin ang lahat ng butil na madadala ninyo,

sapagkat wala kayong makukuha doon!" Ginawa namin ito, at bilang karagdagan sa lahat ng ito aming tinipon ang lahat ng matitipon naming mahihirap, at inilagay kami sa mga lambak na ito ng Panginoon, nangakong itatago kami ng maikling panahon hanggang sa lumipas ang kanyang poot at ngitngit sa mga bansa. Magtitiwala ba tayo sa Panginoon? Oo (*DBY*, 475).

Sa tulong ng langit ay napagtagumpayan natin ang lahat ng paghihirap na ito, at makapagtitipun-tipon dito sa lugar ng mga kabundukang ito, kung saan wala tayong ikakatakot, malayo sa mga umuusig sa atin, malayo sa kaguluhan at kalituhan ng dating mundo (*DBY*, 482).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

**Kaguluhan sa Illinois at ang paglalakbay ng mga Banal sa Kanluran.**

- Kanino ibinigay ng Pangulong Young ang papuri sa planong dalhin ang mga Banal sa Rocky Mountains at sa Lambak ng Salt Lake?
- Anong mga pangyayari ang nag-udyok sa pag-alis ng mga Banal sa Illinois? Paano nalaman ng Pangulong Young kung saan dadalhin ang mga Banal ?

---

**Pangangalap ng tauhan at pagmamartsa ng Batalyong Mormon.**

- Bakit hinimok ng mga pinuno ng Simbahan ang 500 boluntaryo na sumama sa Batalyon ng Mormon at iwanan ang kanilang mga mag-anak sa maselang oras sa kanilang pakanlurang paglalakbay?
- Hindi na kinailangang lumaban sa digmaan ang Batalyong Mormon sapagkat tapos na ang labanan nang marating nila ang kanilang destinasyon. Ano ang pinagdusahan ng mga Banal dahil sa pagtawag ng pamahalaan sa batalyon? Sa palagay ninyo bakit mahalagang gawin nila ang sakripisyong iyon? Anong mga pakinabang ang idinulot ng karanasang ito?

---

**Ang "kampo ng mahihirap" ay pinangalagaan ng awa ng Panginoon.**

- Paano panandaliang binigyang-lunas ng Panginoon ang gutom ng mga Banal? Paano kayo tinutulungan ng Panginoon sa oras ng pangangailangan?

---

**Pinangunahan ng pangkat ng tagabunsod ni Brigham Young ng taong 1847 ang pagtungo sa Lambak ng Salt lake.**

- Ang Doktrina at mga Tipan 136 ay naglalaman "ng Salita at Kalooban ng Panginoon hinggil sa Kampo ng Israel sa kanilang paglalakbay patungong

Kanluran" (talata 1). Ang paghahayag na ito ay ibinigay kay Pangulong Young sa Winter Quarters noong ika-14 ng Ene. 1847. Bilang karagdagan sa organisasyong ipinaliliwanag sa bahaging ito, ano pa ang ibang payo na ibinigay sa mga Banal na naglalakbay pakanluran?

- Anong pangamba ang ipinahayag ni Jim Bridger kay Pangulong Young? Ano ang batayan sa maaaring sagot ni Pangulong Young kay G. Bridger? Paano kayo nakaranas ng tagumpay na pangunahing idinulot ng pagpapairal ng pananampalataya?
- Bakit pinili ni Pangulong Young na manatili sa Rocky Mountains kaysa magtuloy sa California?

---

**Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos ay napagtagumpayan ng mga Banal ang kanilang mga kahirapan sa Kanluran.**

- Sa anu-anong paraan naghanap ng mga kasagutan ang mga Banal sa kanilang kahirapan?
- Sinabi ni Pangulong Young na, "Wala pang lupain, simula noong panahon ni Adan hanggang sa ngayon, na labis na biniyayaan ng ating Ama sa Langit nang higit pa sa lupaing ito. . . . " Ano ang hinihingi sa mga Banal upang matiyak ang pagpapatuloy ng mga biyayang iyon saanman sila manirahan? Ano ang ibig sabihin ng mabuhay sa pananampalataya? Ano ang magagawa natin upang lubusang mabuhay sa pananampalataya kay Jesucristo?
- Ano ang nagawa ng mga Banal bilang mga tagabunsod ng Rocky Mountains? Ano ang magagawa ninyo upang itayo ang Simbahan kung saan kayo naninirahan?
- Gumawa ng kakaibang pagpapahayag ang Pangulong Young, "Narito ang daan-daan at libu-libong tao na hindi nabigyan ng pagkakataon tulad ng ilan sa amin . . .  Hindi sila nagkaroon ng pagkakataong manakawan at madambungan ng kanilang ari-arian, na mapagitnaan ng mga mandurumog at ng kamatayan, kagaya ng naranasan ng marami sa amin." Ano sa palagay ninyo ang ibig niyang sabihin? Bakit ang Lambak ng Salt Lake "ay napakabuting lugar para sa pagpapalaki ng mga Banal sa mga Huling Araw"? Paano nabiyayaan ang inyong buhay ng mga kahirapan? Ano ang magagawa natin upang gawing pagkakataon para sa pag-unlad ang kahit na pinakamahirap na pagsubok?



Ang Pangulong Brigham Young ay kilala bilang magaling na mananakop
ng Intermountain West (USA). Inialay niya ang lugar para sa Templo sa Manti
(makikita sa itaas na itinatayo) noong taong 1877.

KABANATA 16

# Pagtatatag ng Sion

*Ang buong kaluluwa ni Pangulong Young ay nakalaan sa pagtatatag ng Sion. Pinangasiwaan niya ang pagtitipon ng halos isang daang libong Banal sa mga Huling Araw sa mga lambak ng Rocky Mountains at sinakop ang mga apat na daang lungsod at bayan. Siya ay nagtayo ng mga templo at tabernakulo, nagtatag ng mga istaka at purok sa buong kanluran ng Estados Unidos at nagpadala ng mga misyonero sa halos bawat sulok ng daigdig. Walang higit na nakaunawa sa sakripisyo at pagsisikap na kinakailangan, ngunit, gaya ng sinabi niya, "hindi tayo maghihintay sa mga anghel, . . . tayo [mismo] ang magtatatag ng [Sion] (*DBY, *443).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang Sion ay ang dalisay ang puso.

Hayaang bigkasin ko ang ilang salita tungkol sa Sion. Ipinangangaral nating tayo ng Sion. Tayo ay ganoon nga kung dalisay ang ating puso, sapagkat ang "Sion ay ang may dalisay na puso" [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 97:21] (*DBY*, 118). Nasaan ang Sion? Kung nasaan ang samahan ng Simbahan ng Diyos. At nawa'y espirituwal na manirahan ito sa puso ng bawat nilalang; at nawa ay mabuhay tayo na palaging taglay ang diwa ng Sion! (*DBY*, 118).

Ito ang Ebanghelyo; ito ang plano ng kaligtasan; ito ang Kaharian ng Diyos; ito ang Sion na binanggit at isinulat ng lahat ng Propeta simula nang magsimula ang mundo. Ito ang gawa ng Sion na ipinangako ng Panginoon na mangyayari (*DBY*, 118).

Sa kalaunan ang Sion ay lalaganap rin sa buong mundo. Walang sulok o panulukan sa mundo ang hindi magiging Sion. Lahat ay magiging Sion (*DBY*, 120).

### Ang dapat na maging layunin natin sa buhay ay gawing banal ang ating mga sarili at itayo ang Sion ng ating Diyos.

Ang dapat na maging layunin ng ating buhay ay itayo ang Sion ng ating Diyos, tipunin ang Sambahayan ni Israel, isakatuparan ang kaganapan ng mga Gentil, ibalik at basbasan ang mundo ng ating kakayahan at gawin

itong tulad ng Halamanan ng Eden, mag-ipon ng mga kayamanan ng kaalaman at karunungan sa ating sariling mga pang-unawa, dalisayin ang ating mga puso at ihanda ang tao na salubungin ang Panginoon kapag siya ay dumating (*DBY*, 88).

Wala tayong gagawin dito maliban sa itaguyod at itatag ang Sion ng Diyos. Kailangang gawin ito nang naaayon sa kalooban at batas ng Diyos [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 105:5], ayon sa huwaran at orden na ginamit ni Enoc sa pagtatayo at paggawang perpekto sa sinaunang Sion, na dinala sa langit, kaya nga nakarating sa ibang lugar ang kasabihan na ang Sion ay lumisan [tingnan sa Moises 7:69]. Hindi magtatagal at ito ay babalik na muli, at habang inihahanda ni Enoc ang kanyang mga tao na maging karapat-dapat sa paglipat sa langit nang hindi nakararanas ng kamatayan, gayundin naman tayo, sa pamamagitan ng ating katapatan, ay kailangang ihanda ang ating sarili na salubungin ang Sion mula sa itaas kapag ito ay bumalik sa lupa, at makayanan ang liwanag at kaluwalhatian ng pagdating nito (*DBY*, 443).


Hinihintay natin ang araw ng paghahanda ng Panginoon sa pagtatayo ng Bagong Jerusalem, sa paghahanda sa pagsasanib ng lungsod ni Enoc dito kapag ito ay itinayo na sa mundong ito [tingnan sa Moises 7:62–64]. Inaasam natin na malugod tayo sa araw na iyon, maging tayo man ay nahihimbing na sa kamatayan bago sumapit iyon o hindi. Hinihintay natin, nang buong pag-asam at pagtitiwala na makakamtan ng mga bata mula sa kanilang magulang, na tayo ay naroon kapag dumating si Jesus, at kung wala tayo roon, ay darating tayong kasama niya: alinman man sa dalawa ang mangyari tayo ay naroroon kapag siya ay dumating (*DBY*, 120).

---

### Ang layunin ng pagtatayo ng Sion ay upang gawing banal ang mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng mga ordenansa ng kaligtasan.

Tayo ay tinipon . . . sa tiyak na layunin na dalisayin ang ating mga sarili, na maging makintab na bato sa templo ng Diyos. Narito tayo sa layuning pagtatatag ng Kaharian ng Diyos sa ibabaw ng lupa. Upang makapaghanda sa gawaing ito kinakailangan tayong tipunin mula sa mga bansa at bayan ng mundo [upang tanggapin] ang mga ordenansa ng banal na Pagkasaserdote ng Anak ng Diyos, na kinakailangan para sa kaganapan ng mga Banal sa paghahanda sa kanyang pagdating (*DBY*, 121).

Ang ordenansa ng pagbubuklod ay kailangang ganapin dito [anak na lalaki] sa [ama], at ang babae sa lalaki, at mga anak sa magulang, atbp., hanggang sa maging perpekto ang pagkakadugtung-dugtong ng salinlahi sa pamamagitan ng mga ordenansa ng pagbubuklod pabalik kay Amang Adan; dahil dito, tayo ay inutusang magtipun-tipon upang lumabas sa Babilonia [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 133:5, 7, 14], at pabanalin ang ating sarili, at itatag ang Sion ng ating Diyos, sa pamamagitan ng pagtatayo



Larawan ng Templo sa Salt Lake habang ginagawa. Inialay ni Pangulong Young ang kanyang buhay sa pagtatatag ng Sion at itinuro na "ang dapat na maging layunin ng ating buhay ay itaguyod ang Sion ng ating Diyos" (*DBY,* 88).

ng mga lungsod at templo, pagsisibilisado sa mga ilang na lugar, hanggang ang mundo ay mapabanal at maihanda para sa pananahanan ng Diyos at mga anghel (*DBY,* 407).

---

## Naglaan ng paraan ang Panginoon para maitayo ng mga Banal ng Sion.

Alam ba natin na upang matamasa natin ang Sion sa buhay na ito o sa kawalang-hanggan ay kailangang gawin natin ito para sa ating mga sarili? Na ang lahat, na may Sion sa kawalang- hanggan ng mga Diyos, na mismong gumawa, nagbalangkas, pinagsama, at ginawang ganap ito, at samakatuwid ay may karapatang tamasahin ito (*DBY*, 118).

Kapag nagpasiya tayong gumawa ng isang Sion ay magagawa natin ito, at ang gawaing ito ay magsisimula sa puso ng bawat tao. Kapag ninais ng ama ng mag-anak na gumawa ng Sion sa kanyang sariling tahanan, kailangang pangunahan niya ang magandang gawaing ito, na imposible niyang magawa maliban kung taglay niya ang diwa ng Sion. Bago niya magawa ang gawaing pagpapabanal sa kanyang mag-anak, kailangang gawin niyang banal ang kanyang sarili, at sa ganitong paraan ay matutulungan siya ng Diyos na gawing banal ang kanyang mag-anak (*DBY*, 118).

Ginawa na ng Diyos ang kanyang bahagi sa gawain; pinalibutan niya tayo ng mga elemento na nagtataglay ng trigo, karne, lino, lana, seda, prutas, at lahat ng bagay na kailangan sa pagtatayo, pagpapaganda, at sa

kaluwalhatian ng Sion sa mga huling araw, at tungkulin nating hubugin ang mga elementong ito sa ating mga kagustuhan at pangangailangan, nang naaayon sa ating kaalaman ngayon at sa karunungang ating matatamo mula sa kalangitan sa pamamagitan ng ating katapatan. Sa ganitong paraan ibabalik muli ng Panginoon ang Sion sa lupa, at wala ng iba (*DBY*, 294).

Walang bagay na kakailanganin pa sa lahat ng gawa ng mga kamay ng Diyos upang gumawa ng Sion sa ibabaw ng lupa kapag nagpasiya ang mga tao na gawin ito. Makagagawa tayo ng Sion ng Diyos sa lupa kung kailan natin naisin, sa katulad na alituntunin na tayo ay makapag-aalaga ng taniman ng trigo, o makapagtatayo ng tirahan. Hindi kailanman nagkaroon ng panahon na kung kailan ang materyal sa pagpaparami ng mais, trigo, at iba pa ay nawala rito, at sa mabuting pangangasiwa at pagsasa-ayos nitong umiiral na materyal na ito ay patuloy na maitatayo sa lupa ang Sion ng Diyos (*DBY*, 118).

## Ang pagtatayo ng Sion ay nangangailangan ng sakripisyo at malaking pagsisikap.

Ibig naming maunawaan ng lahat ng mga Banal sa mga Huling Araw kung paano itinatatag ang Sion. Malalampasan ng lungsod ng Sion, sa ganda at karilagan nito, ang anumang bagay na ngayon ay tanyag sa ibabaw ng lupa. Ang sumpa ay aalisin mula sa mundo at ang kasalanan at kasamaan ay aalisin sa balat ng lupa. Sino ang gagawa ng dakilang gawaing ito? Papaniniwalain ba ng Panginoon ang mga tao na kanyang tutubusin ang sentro ng Istaka ng Sion, pagagandahin ito at ilalagay sila roon nang wala man lamang silang gagawing pagsisikap? Hindi. Hindi siya tutungo rito upang magtayo ng Templo, Tabernakulo, Browero, o maghanda ng mga punong kahoy, gumawa ng panapi [apron] na yari sa mga dahon o panapi na yari sa mga balat, o gumawa ng tanso at bakal, sapagkat alam na nating gawin ang mga bagay na ito. . . . Kailangan nating itayo ang Sion, kung gagawin natin ang ating tungkulin (*DBY*, 120).

May nakikita akong mga lalaki at babae sa kongregasyong ito—ilan lang sa kanila—na pinaalis sa sentrong Istaka ng Sion [sa Jackson County, Missouri; tingnan sa Doktrina at mga Tipan 57:2–3]. Tanungin ninyo sila kung dumanas sila ng kalungkutan o pagkabagabag; at hayaan tingnan nila ang magandang lupain na dapat ay naibigay sa kanila kung ang lahat ay naging tapat sa pagsunod sa kanyang mga kautusan, at lumakad nang nararapat sa kanyang harapan; at sila ay tanungin tungkol sa mga biyayang dapat ay kanilang natanggap. Kung sasabihin nila ang nilalaman ng kanilang isipan, sasabihin nilang sana ay naging magaang ang pamatok ni Jesus at naging magaang ang kanyang dinadala, nang sa gayon ay naging kaaya-aya sana ang pagsunod sa kanyang mga kautusan at sana ay naging kaisa sa puso at kaisa sa kaisipan; ngunit dahil sa pagkamakasarili ng ilan, pagsamba sa diyus-diyosan, sa kanilang pag-iimbot na kahalintulad rin ng

una, at sa makamundong pagnanasa ng kanilang mga isipan, sila ay pinaalis at ipinagtabuyan mula sa kanilang mga tahanan (*DBY* 113–14).

Turuan natin ang ating mga isipan hanggang sa ating makalugdan natin ang mabuti, maganda at banal, na patuloy na naghahangad ng karunungang makapagbibigay kakayahan sa atin na isakatuparan ang pagtatayo ng Sion, na kinapapalooban ng pagtatayo ng mga bahay, tabernakulo, templo, daan, at lahat ng bawat kaginhawahan at kinakailangan sa paggagayak at pagpapaganda, na ninanais gawin ang kalooban ng Panginoon sa tanang buhay natin, na pinagbubuti ang ating mga kaisipan sa lahat ng kaalaman sa siyensiya at mekanikal, na masikap na nagsasaliksik upang maunawaan ang dakilang balangkas at plano ng lahat ng nilikhang bagay, nang malaman natin kung ano ang gagawin sa ating mga buhay at paano mapagbubuti ang mga kagamitang inilagay sa abot ng ating makakaya (*DBY*, 247).

Naparito tayo upang itaguyod ang Sion. Paano natin gagawin ito?. . . . Kailangang magkaisa tayo sa ating mga pagsisikap. Kailangan tayong gumawa nang may nagkakaisang pananampalataya katulad ng puso ng isang tao; at lahat ng ating gagawin ay kailangang gawin sa ngalan ng Panginoon, at sa gayon tayo ay bibiyayaan at uunlad sa lahat ng ating ginagawa. Nahaharap tayo sa isang gawain sa ngayon na ang lawak ay napakahirap masabi (*DBY*, 284).

Inaakala ng maraming Banal sa mga Huling Araw na kapag nasunod nila ang Ebanghelyo, nakapagsakripisyo sa pamamagitan ng pagtalikod sa kanilang mga tahanan, marahil ang kanilang mga magulang, asawa, anak, bukirin, lupang tinubuan, o iba pang mga itinatanging bagay, na tapos na ang gawain; ngunit ito ay pasimula pa lamang. Ang gawaing pagpapadalisay sa ating mga sarili at paghahanda sa pagtataguyod ng Sion ng Diyos . . . ay nagsisimula pa lamang sa atin kapag naabot na natin ang gayong kalagayan (*DBY*, 444).

Ang lahat ng may kinalaman sa pagtataguyod ng Sion ay nangangailangan ng tunay at dibdibang paggawa. Walang saysay na pag-usapan ang tungkol sa pagtatayo ng kahit anong kaharian maliban sa pamamagitan ng paggawa; kinakailangan nito ang paggawa ng bawat bahagi ng ating samahan, ito man ay pangkaisipan, sa pisikal, o espirituwal at iyon lamang ang paraan upang maitaguyod ang Kaharian ng Diyos (*DBY*, 291).

Kung ating itataguyod ang Kaharian ng Diyos, o itatatag ang Sion dito sa lupa, kinakailangan tayong gumawa sa pamamagitan ng ating mga kamay, magplano sa pamamagitan ng ating mga isipan, at lumikha ng kaparaanan at pamamaraan upang maisakatuparan ang layuning iyon (*DBY*, 291).

Palaging nasa aking isipan ang Sion. Hindi tayo maghihintay sa mga anghel, o kay Enoc at sa kanyang kasamahan na dumating at itaguyod ang Sion, kundi tayo mismo ang gagawa nito. Magtanim tayo ng trigo, itatayo

natin ang ating mga tahanan, babakuran ang ating mga bukirin, tatamnam ang ating mga ubusan at taniman ng bungang kahoy at aani ng lahat ng bagay na makapagpapaginhawa at makapagpapaligaya sa ating mga katawan, at sa ganitong paraan natin nilalayong itaguyod ang Sion sa lupa at dalisayin ito at linisin mula sa lahat ng mga karumihan. Hayaan magkaroon tayo ng pinagpalang impluwensiya sa lahat ng bagay na nasasakupan ng ating kapangyarihan; sa lupaing ating binubungkal, sa mga bahay na ating itinatayo, at sa lahat ng ating ari-arian; at kung tayo ay titigil sa pakikipagkaibigan doon sa masama at itatatag ang Sion ng Diyos sa ating mga puso, sa ating tahanan, sa ating lungsod, at sa ating buong bayan, sa huli ay mapagtatagumpayan natin ang mundo, sapagkat tayo ang mga panginoon ng mundo; at, sa halip na mga tinik, ang bawat kapaki-pakinabang na halaman na mabuti para sa pagkain ng tao at para sa pagpapaganda at pagpapalamuti ay sisibol sa ibabaw nito (*DBY*, 443–44).

Ako ay biniyayaan ng Panginoon; palagi niya akong binibiyayaan; mula noong simulan kong itaguyod ang Sion, ako ay labis na biniyayaan. Makapagsasalaysay ako ng di-pangkaraniwang pangyayari tungkol sa pagkalinga ng Diyos sa akin, kung kaya't masasabi ng aking mga kapatid sa kanilang mga puso na, "Mahirap kong mapaniwalaan ito" (*DBY*, 452).

Ang aking espirituwal na kasiyahan ay kailangang makamit ng aking sariling buhay, ngunit makadaragdag sa kaginhawaan ng pamayanan, at sa aking kaligayahan, bilang isa sa kanila, kung ang bawat lalaki at babae ay ipamumuhay ang kanilang relihiyon, at tatamasahin ang liwanag at kaluwalhatian ng Ebanghelyo sa kanilang mga sarili, maging matahimik, mapagkumbaba at tapat; magalak nang tuluyan sa harap ng Panginoon, asikasuhin ang mga gawaing iniatang sa kanila, at tiyaking hindi kailanman gagawa ng anumang kamalian (*DBY*, 119).

Sa gayon ang lahat ay magkakaroon ng kapayapaan, kagalakan, at katahimikan sa ating mga daan at sa ating mga tahanan. Ang mga pagsasakdal ay matitigil, walang magiging paghihirap sa harap ng Mataas na Kapulungan at mga Korte ng Obispo, at ang mga hukuman, kaguluhan, at alitan ay hindi na makikilala (*DBY*, 119).

At tayo ay magkaroon ng Sion, sapagkat ang lahat ay magiging dalisay ang puso (*DBY*, 119).

Naitalaga na sa aking puso na gawin ang kalooban ng Diyos, na itaguyod ang kanyang Kaharian sa lupa, itatag ang Sion at ang mga batas nito, at iligtas ang mga tao; at masasabi ko, nang tunay at tapat, na hindi dumating sa aking isipan, sa lahat ng aking ginagawa, kung ano ang aking magiging gantimpala, o kung ang aking korona ay magiging malaki o maliit, o kung mayroong korona man, kaunting ari-arian, maraming ari-arian o kahit walang ari-arian. Hindi ko inisip o pinangarap ito kailanman, o nag-alala tungkol dito. Ang tanging nasa isip ko lamang ay kailangan kong gawin ang kalooban ng Diyos,

at gumawa upang maitatag ang kanyang Kaharian sa lupa . . . sapagkat ang mga alituntuning inihayag ng Diyos para sa kaligtasan ng sanlibutan ay likas na dalisay, banal at nakapagpapadakila. Sa mga ito ay may karangalan at walang hanggang pag-unlad, ang mga ito ay humahantong sa dagdag na liwanag, sa dagdag na kalakasan, dagdag na kaluwalhatian, dagdag na kaalaman, at dagdag na kapangyarihan (*DBY*, 452).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

### Ang Sion ay ang dalisay ang puso

- Paano inilarawan ni Pangulong Young ang Sion? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 97:21).
- Sinu-sino ang may karapatang manirahan sa Sion, at saan matatagpuan ang Sion? (Tingnan din sa Mga Awit 102:16; 4 Nephi 1:15–17; Doktrina at mga Tipan 109:39.)

### Ang layunin natin sa buhay ay upang gawing banal ang ating sarili at itatag ang Sion ng ating Diyos

- Itinuro ni Pangulong Young na, "Ang layunin ng ating buhay ay itayo ang Sion ng ating Diyos." Bilang isang Simbahan, ano ang dapat nating gawin upang itaguyod ang Sion? Paano kayo bilang isang indibidwal makatutulong sa gawaing ito?
- Ano ang "huwaran at orden" na ginamit ni Enoc sa pagtatayo at paggawang perpekto sa sinaunang Sion? (Tingnan din sa Moises 7:10–11, 17–21.) Paano natin masusunod ang ganoong huwaran sa ating mga mag-anak at purok o sangay ngayon?
- Paano makalilikha ng Sion ang mga mag-anak sa kanilang sariling tahanan?

### Ang layunin ng pagtatayo ng Sion ay upang gawing banal ang mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng mga ordenansa ng kaligtasan.

- Paano natin mapababanal ang ating mga sarili at ating mga mag-anak?
- Bakit tayo "inutusang tipunin ang ating mga sarili upang lumabas sa Babilonia" tungo sa Sion? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 44:4–6; 133:4.) Ano ang espirituwal na Babilonia at paano tayo makalalabas dito?
- Ano ang kaugnayan sa pagitan ng pagtatayo ng Sion at ang mga ordenansa ng banal na pagkasaserdote?

### Nagbigay ng paraan ang Panginoon sa mga Banal sa pagtatayo ng Sion.

- Ano ang ipinagkaloob sa atin ng Panginoon upang makibahagi tayo sa pagtatatag ng Sion?
- Ang Sion ay nagsisimula sa "puso ng bawat tao." Ano ang mga kaloob o talino ninyo na makatutulong sa inyo sa pagtatayo ng Sion?

### Ang pagtatayo ng Sion ay nangangailangan ng sakripisyo at malaking pagsisikap.

- Noong mga unang panahon ng Simbahan, ang lugar ng sentrong istaka ng Sion ay inihayag (tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 57:2–3). Sang-ayon kay Pangulong Young, ano ang nakapigil sa mga Banal sa pagpasok sa kanilang mga mana at sa pagtatatag ng Sion noong panahong iyon?
- Paano ipatutupad ng Panginoon ang pagtatatag ng Sion? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 105:5–6.)
- Bakit mahalaga na "turuan ang ating isipan" habang nagsisikap tayong itayo ang Sion?
- Itinuro ni Pangulong Young na kailangang magkaisa tayo sa ating pagsisikap upang maitatag ang Sion. Paano natin matatamo ang pagkakaisa sa ating mga mag-anak, korum, at purok o sangay?
- Bakit hinihiling sa atin ng Panginoon ang "tunay, na dibdibang paggawa" sa pagtatatag ng Sion?
- Ipinahayag ni Pangulong Young na, "Ako ay biniyayaan ng Panginoon . . . noong panahong sinimulan kong itayo ang Sion, ako ay labis na biniyayaan." Anong mga biyaya ang nakalaan sa mga tumutupad ng kanilang tipan sa pagtatatag ng Sion? (Tingnan din sa Isaias 51:11.)

KABANATA 17

# Ang mga Banal na Kasulatan


*Gabi-gabi, pinatutunog ni Pangulong Brigham Young ang kampana ng panalangin at tinitipon ang kanyang mag-anak sa kanyang paligid upang umawit at makinig ng payo, pag-aralan ang salita ng Diyos, at pamahalaan ang panalangin ng mag-anak. Naniniwala siya sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at inihahambing ang mga ito sa "posteng-daliri na nakaturo sa daang dapat nating lakbayin. Saan sila nakaturo? Sa Bukal ng Liwanag (*DBY, *127). Hinikayat niya ang mga Banal: "Nagbabasa ba kayo ng mga Banal na Kasulatan, mga kapatid ko, na para bang isinulat ninyo ang mga ito noong isang libo, dalawang libo, o limang libong taon na ang nakaraan? Binabasa ba ninyo ang mga ito na para bang nasa kinalalagyan kayo ng mga taong sumulat nito? Kung hindi ganoon ang inyong nadarama, pagkakataon na ninyo na gawin ito, nang maging pamilyar kayo sa diwa at kahulugan ng mga nakasulat na salita ng Diyos na katulad ng inyong pang-araw-araw na buhay at pag-uugali, o katulad ng kasama ninyo ang inyong kasamahan sa gawain o ang inyong mga kasambahay" (*DBY, *128).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang pag-aaral at pamumuhay ayon sa mga turo ng mga banal na kasulatan ay nagdudulot ng inspirasyon at direksiyon sa ating buhay.

Pagkakataon at tungkulin ninyo ang mabuhay upang maunawaan ang mga bagay ng Diyos. Nariyan ang mga Luma at Bagong Tipan, ang Aklat ni Mormon, at ang Doktrina at mga Tipan, na ibinigay sa atin ni Joseph, at ang mga ito ay napakahalaga sa taong nabubuhay sa kadiliman. Ang mga ito ay katulad ng parola sa karagatan, o posteng-daliri na nakaturo sa daan na dapat nating lakbayin. Saan sila nakaturo? Sa Bukal ng Liwanag (*DBY*, 127).

Naniniwala ako sa mga salita ng Biblia. . . . Naniniwala ako na totoo ang mga doktrina tungkol sa kaligtasan na nakapaloob sa aklat na iyan, at ang pagsunod sa mga ito ay makapag-aangat sa kahit sinong tao, bansa o mag-anak na naninirahan sa balat ng lupa. Ang mga doktrina na nakapaloob sa




Sa pagbabasa at pananalangin tungkol sa Aklat ni Mormon, nagkaroon ng patotoo si Brigham Young sa katotohanan nito. Itinuro niya na kung susundin ng iba ang kanyang halimbawa "nang buong katapatan, malalaman [nila] na ang Aklat ni Mormon ay totoo" (*DBY,* 109).


Biblia ay mag-aangat sa lahat ng sumusunod sa mga ito sa pinakamahusay na kalagayan; magbabahagi ang mga ito sa kanila ng kaalaman, karunungan, pag-ibig sa kapwa tao, pupunuin sila ng habag at magiging sanhi ng kanilang pag-aalala sa mga pangangailangan ng mga nababagabag, o nagdadalamhati o nasa abang mga kalagayan. Ang mga sumusunod sa mga tuntunin na nakapaloob sa mga Banal na Kasulatan ay magiging patas at tapat at mabuti at mahinahon sa tahanan at ibang lugar. Sundin ang mga doktrina ng Biblia, at ang mga kalalakihan ay magiging mabubuting asawa, ang mga babae ay mahuhusay na asawa, at ang mga bata ay magiging masunurin; magagawa nilang maligaya ang mga mag-anak, at mayaman at masaya ang mga bansa at makaaangat sa lahat ng mga bagay sa buhay na ito (*DBY*, 125).

Sinasabi ko na tinatanggap natin ang aklat na ito (ang Biblia) para sa ating gabay, para sa tuntunin sa pagkilos; ginagamit natin ito bilang pundasyon ng ating pananampalataya. Itinuturo nito ang daan sa kaligtasan tulad ng posteng-daliri na nakaturo sa lungsod, o mapa na nagtatalaga ng kinalalagyan ng mga kabundukan, ilog, o ng *latitude* at *longitude* ng kahit anong lugar sa ibabaw ng lupa na nais nating makita, at wala tayong mas mainam na paraan kung hindi ang paniwalaan ito; kaya nga, sinasabi ko na ang Banal sa mga Huling Araw ang may pinakanalikas na pananampalataya at paniniwala sa lahat ng tao sa balat ng lupa (*DBY*, 125).

Itinuturing natin ang Biblia na . . . isang gabay . . . na nakaturo sa tiyak na patutunguhan. Ito ay totoong doktrina, na hayagan nating itinuturo. Kung susundin ninyo ang mga doktrina, at magagabayan ng mga tuntunin ng aklat na iyon, ituturo nito kung saan kayo maaaring makakita katulad ng pagkakita sa inyo, kung saan kayo maaaring makipag-usap kay Jesucristo, magkakaroon ng pagdalaw ng mga anghel, magkakaroon ng panaginip, pangitain, at paghahayag at mauunawaan at makilala ninyo ang Diyos. Hindi ba ito alalay at tungkod sa inyo? Oo; patutunayan nito sa inyo na sumusunod kayo sa yapak ng mga ninuno. Makikita ninyo ang nakita nila, mauunawaan ang kanilang ikinagalak (*DBY*, 126).

Walang salungatan sa mga alituntunin na nakahayag sa Biblia, sa Aklat ni Mormon, at sa Doktrina at mga Tipan [ang Mahalagang Perlas ay hindi pa nakanonisa sa panahon ng pagpapahayag na ito]; at walang magiging salungatan sa pagitan ng anumang doktrina na itinuro ni Joseph na Propeta at ng mga kapatid na kalalakihan ngayon, kung ang lahat ay mamumuhay sa paraan na mapamamahalaan ng Espiritu ng Panginoon. Hindi lahat ay nabubuhay na nasa kanila palagi ang Espiritu ng Panginoon, at bunga nito ang ilan ay naliligaw (*DBY*, 126).

Naniniwala tayo sa Aklat ni Mormon, at sa Doktrina at mga Tipan na ibinigay ng Panginoon kay Joseph Smith at ibinigay naman niya sa Simbahan. Naniniwala rin tayo na kung wala sa atin ang Espiritu ng Panginoon, at ang ating mga mata ay nakapikit upang hindi natin makita at maunawaan ang mga bagay sa kanilang kalagayan sa pamamagitan ng



Larawan ng bahagi ng orihinal na manuskrito ng Aklat ni Mormon.

espiritu ng paghahayag, na maaari nating ipagwalang-bahala ang lahat ng mga aklat na ito, kahit na gaano karami. Kung nasa atin man ang lahat ng paghahayag na ibinigay simula pa noong panahon ni Adan at wala naman ang espiritu ng paghahayag, at maninirahan sa kalagitnaan ng mga tao, magiging imposible para sa atin na maligtas sa kahariang selestiyal ng Diyos (*DBY*, 128).

Ang aklat ng Doktrina at mga Tipan ay ibinigay para sa mga Banal sa mga Huling Araw dahil para ito sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay at mga pagkilos (*DBY*, 128).

## Ang Biblia ay naglalaman ng mga doktrina ng kaligtasan.

Ang Aklat na ito, ang Luma at Bagong Tipan, ay iisa lamang ang ipinangangaral na sermon mula Genesis hanggang *Apocalipsis [Mga Paghahayag]* (*DBY*, 126).

Ang doktrina na ating ipinangangaral ay ang doktrina ng Biblia, ito ang doktrina na inihayag ng Panginoon para sa kaligtasan ng mga anak ng Diyos, at kapag ang mga tao, na dating sumusunod ay tinalikuran ito, tinatalikuran nila ito nang lubos na bukas ang kanilang mga mata, at alam nilang tinatalikuran nila ang katotohanan at pinawawalang-kabuluhan ang mga payo ng Makapangyarihan (*DBY*, 126).

Totoo ang Biblia. Maaaring hindi ito lahat naisalin nang tama, at maaaring maraming mahahalagang bagay ang inalis sa pagsasama-sama at pagsasalin ng Biblia [tingnan sa 1 Nephi 13:24–27]; ngunit ating nauunawaan, mula sa mga isinulat ng isa sa mga Apostol, na kung ang lahat ng mga salita at gawain ng Tagapagligtas ay naisulat, hindi magkakasya ang mga ito sa mundo [tingnan sa Juan 21:25]. Masasabi kong hindi mauunawaan ng mundo ang mga ito. Hindi nila nauunawaan kung ano ang nasa ating talaan,

ni ang katangian ng Tagapagligtas, kagaya ng paglalarawan sa mga Banal na Kasulatan; ngunit ganoon pa man ito ang isa sa pinakasimpleng mga bagay sa daigdig at ang Biblia, kapag nauunawaan ito, ay isa sa mga pinakasimpleng aklat sa daigdig hangga't tama ang pagkakasalin nito [tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:8], ito ay pawang katotohanan, at sa katotohanan ay walang misteryo maliban sa mga mangmang. Ang mga paghahayag ng Panginoon sa kanyang mga nilikha ay naaangkop sa mga may pinakamababang kakayahan na maunawaan ang mga bagay tungkol sa Diyos, at ang mga ito ay nagdudulot ng buhay at kaligtasan sa lahat ng may pagnanais na matamo ang mga ito (*DBY*, 124).

Naniniwala tayo sa Bagong Tipan, at dahil dito, upang hindi maging pabagu-bago ay kailangang maniwala tayo sa bagong paghahayag, mga pangitain, anghel, sa lahat ng kaloob ng Espiritu Santo, at sa lahat ng pangakong nakapaloob sa mga aklat na ito, at paniwalaan ang mga ito kung paano ito nakasulat (*DBY*, 124).

Mayroon tayong banal na paggalang at paniniwala sa Biblia (*DBY*, 124).

Sa pagbabasa natin ng Biblia ay nalalaman natin na ang Ebanghelyo ay hindi lamang nakapaloob sa Bagong Tipan, kundi sa Luma rin. Nakita at hinulaan ni Moises at ng mga Propeta ang lubusang pagtalikod ng Simbahan. Nakita nila ang pagpupunyagi ng Panginoon na tulungan ang mga tao paminsan-minsan, na kanyang dadalhin sa kanila ang katotohanan at ang Pagkasaserdote; nakita rin nila na dahil sa kasamaan ng mga tao ay papalitan nila ang kanyang mga ordenansa, susuwayin ang mga tipan, at lalabagin ang kanyang mga batas [tingnan sa Isaias 24:5], hanggang sa kunin ang Pagkasaserdote sa lupa, at ang mga naninirahan dito ay maiwan sa lubusang pagtalikod at kadiliman (*DBY*, 124–25).

Tayong mga Banal sa mga Huling Araw ay nangumpisal sa harap ng Langit, sa harap ng mga hukbo ng langit, at sa harap ng naninirahan sa lupa, na tunay nating pinaniniwalaan ang mga Banal na Kasulatan kung paano ibinigay sa atin ang mga ito, ayon sa aming pinakamahusay na pang-unawa at kaalaman hinggil sa pagkakasalin at sa espiritu at kahulugan ng Luma at Bagong Tipan (*DBY*, 125–26).

Ang Aklat ni Mormon . . . ay nagpapahayag na ang Biblia ay totoo, at pinatutunayan ito nito; at ang dalawa ay nagpapatunay na totoo ang bawat isa. Ang Luma at Bagong Tipan ay ang mga tungkod ni Juda [tingnan sa Ezekiel 37:15–19]. Maaalala ninyo na ang lipi ni Juda ay lumagi sa Jerusalem at binasbasan ng Panginoon ang Juda, at ang bunga ay ang mga pagkasulat ng Luma at Bagong Tipan. Ngunit nasaan ang tungkod ni Jose? Masasabi ba ninyo kung nasaan ito? Oo. Ang mga anak ni Jose ay siyang tumawid sa tubig patungo sa kontinenteng ito [ang Amerika], at ang lupaing ito ay napuno ng mga tao, at ang Aklat ni Mormon o ang tungkod ni Jose ay naglalaman ng kanilang mga isinulat, at ang mga ito ay nasa kamay ni Ephraim. Nasaan ang

mga Ephraimites? Nakahalo sila sa lahat ng bansa sa lupa. Tinatawagan sila ng Diyos na magpisan-pisan, at sila ay pag-iisahin niya, at kanilang ipamamahagi ang Ebanghelyo sa buong daigdig (*DBY*, 127).

---

### Ang mga mensahe ng mga banal na kasulatan ay malinaw at madaling maunawaan para sa mga naghahangad ng Espiritu ng Panginoon.

Hindi tayo kaugali ng mga tao noong ilang libong taon na ang nakararaan—sila ay umaasa sa Propeta o mga Propeta, o sa pagkakaroon ng madaling pansariling paghahayag upang malaman ang kalooban ng Panginoon, wala silang talaan ng mga nauna sa kanila, samantalang nasa atin ang mga talaan ng mga nauna sa atin, gayon din ang patotoo ng Banal na Espiritu; at, sa kasiyahan ng lahat ng naghahangad ng patotoo, maaari tayong sumangguni sa aklat na ito at basahin ang ating pinaniniwalaan, matutunan ang layunin ng ating ibig matamo, ang mithiin na inaasahan nating maisagawa,—ang katapusan ng lahi kung pag-uusapan ang buhay sa mundo—ang kabuuan ng kaluwalhatian na nasa kabila ng lambak ng kapighatian na ito; kaya't tayo ay nakalalamang sa mga nauna sa atin (*DBY*, 128).

Ang mga tao sa lahat ng dako ay nagtatanong "Ano ang ibig sabihin ng mga banal na kasulatang ito, at paano namin mauunawaan ito o ang talatang iyan?" Ngayon ang nais ko, mga kapatid ko ay maunawaan natin ang mga bagay sa kung ano talaga ang mga ito sa ngayon, at hindi sa pagbalangkas ng mabilis at pabagu-bagong imahinasyon ng isipan ng tao (*DBY*, 128).

Matanong kita, kapatid na B, paano ko paniniwalaan ang Biblia, at paano mo at ng bawat tagasunod ng Panginoong Jesucristo paniniwalaan ito? . . . Pinaniniwalaan ko ito sa kung ano ito. Hindi ako naniniwala sa ano pang pagpapakahulugan ng tao rito, maliban kung ito ay iniutos mismo ng Panginoon sa ibang paraan. Hindi ako naniniwala na kailangan natin ng mga tagapagpaliwanag ng mga Banal na Kasulatan, upang baguhin ang mga ito mula sa kanilang tunay, malinaw, at simpleng kahulugan (*DBY* 126).

Ang Biblia ay napakalinaw at madaling unawain katulad ng paghahayag na kababasa ko lang sa inyo [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 58], kung nauunawaan ninyo ang Espiritu ng Diyos—ang Espiritu ng Paghahayag, at nalalaman kung paano naaayon ang Ebanghelyo ng kaligtasan sa kakayahan ng mahinang tao (*DBY*, 128).

Tungkol naman sa Biblia, ang gamit na parirala ay ang nakaugalian na noong mga nakaraang siglo; ngunit ano pa man ang wika, iyan ay kaugalian lamang. Ngunit sasabihin ko na ang mga doktrina na itinuturo sa Luma at Bagong Tipan tungkol sa kalooban ng Diyos sa kanyang mga anak dito sa lupa; ang kasaysayan ng kanyang ginawa para sa kanilang kaligtasan; ang mga

ordenansa na kanyang itinatag para sa kanilang pagkatubos; ang kaloob ng kanyang Anak at kanyang pagbabayad-sala—ang lahat ng ito ay totoo, at tayo, ang mga Banal sa mga Huling Araw, ay naniniwala sa mga ito (*DBY*, 129).

Kapag ating pinag-iisipan at inunawa nang wasto, natututunan natin na napakadaling maunawaan ang Ebanghelyo, malinaw ang plano nito, sa bawat bahagi at alituntunin ganap na angkop sa kakayahan ng sanlibutan, na kapag ito ay itinuro sa mga nagmamahal sa katotohanan lumilitaw na ito ay napakadali at napakalinaw, at handang-handa itong tanggapin ng mga tapat na nagsasaliksik ng katotohanan (*DBY*, 129).

Lahat tayo ay dapat mamuhay upang maiparating at maimpluwensiyahan ng Espiritu ng Paghahayag ang puso at masabi sa atin ang dapat nating gawin. . . . Ngunit kailangan natin na maging katulad ng maliliit na bata upang magawa ito; at sinabi ni Jesus na kung hindi natin gagawin ito ay hindi tayo makapapasok sa kaharian ng langit. Napakasimple! Mamuhay nang malaya sa inggit, malisya, alitan, sama ng loob, at masamang pananalita sa ating mga mag-anak at tungkol sa ating mga kapit-bahay at kaibigan at lahat ng naninirahan sa lupa, saanman natin sila makita. Mamuhay nang malaya, malinis at maliwanag ang ating konsensiya (*DBY*, 36).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

### Ang pag-aaral at pamumuhay ayon sa mga turo ng mga banal na kasulatan ay nagdudulot ng inspirasyon at direksiyon sa ating mga buhay.

- Sang-ayon kay Pangulong Young, bakit dapat nating pag-aralan ang mga doktrina ng Panginoon na nakapaloob sa mga banal sa kasulatan? Ano ang mga pangako na ginawa ni Pangulong Young sa mga tatalima sa mga tuntunin ng Biblia at ng iba pang mga banal na kasulatan?
- Sa anong paraan magagabayan ang ating mga buhay sa ngayon ng mga tala na daan-daan at libu-libong taong gulang na? Paano ginabayan ng mga banal na kasulatan ang inyong buhay?
- Sang-ayon kay Pangulong Young, bakit ibinigay ang Doktrina at mga Tipan? Paano nakatulong ang Doktrina at mga Tipan sa inyong "pang-araw-araw na pamumuhay at mga pagkilos"? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 4:3–4; 84:43–44; 86:11; 121:41–42, 45.)

---

### Ang Biblia ay naglalaman ng mga doktrina ng kaligtasan.

- Itinuro ni Pangulong Young na ang Biblia ay "iisa lamang ang ipinangangaral na sermon mula Genesis hanggang Apocalipsis [Mga Paghahayag]." Ano ang sermong ito?

- Paano nakatulong ang mga banal na kasulatan upang maunawaan ninyo "ang katangian ng Tagapagligtas"?
- Ano ang mga tungkod ni Juda at Jose? Ano ang kaugnayan ng Biblia at ng Aklat ni Mormon sa isa't isa? Sang-ayon kay Pangulong Young, sa anong layunin ibinigay sa mga "kamay ni Ephraim" ang tungkod ni Jose?

---

**Ang mga mensahe ng mga banal na kasulatan ay malinaw at madaling maunawaan para sa mga naghahangad ng Espiritu ng Panginoon.**

- Ano ang payo ni Pangulong Young sa mga patuloy na naghahangad sa mga pagpapakahulugan ng tao sa mga banal na kasulatan?
- Ano ang mga kapakinabangan na dumarating sa atin dahil nasa atin ang mga talaan ng mga propeta sa mga banal na kasulatan?
- Inaanyayahan tayo ni Pangulong Young na suriin natin ang malalim at minsan ay mahihirap na wika ng mga banal na kasulatan para sa mahahalagang alituntunin at doktrina na gagabay sa ating buhay. Ano ang doktrina bukod na tangi niyang binanggit? Bakit sadyang mahalaga ang mga doktrinang ito sa atin ngayon?
- Sang-ayon kay Pangulong Young, kanino malinaw at madaling maunawaan ang mga banal na kasulatan?
- Itinuro ni Pangulong Young na dapat tayong "mamuhay upang maiparating at maimpluwensiyahan ng Espiritu ng Paghahayag ang puso at masabi sa atin ang dapat nating gawin." Paano natin mapagyayaman ang espiritu ng paghahayag sa ating buhay upang lalo nating maunawaan nang malinaw ang mga mensahe ng mga banal na kasulatan?

# Ang Pagkasaserdote

*Si Pangulong Brigham Young ay inordenan bilang isa sa orihinal na Labindalawang Apostol sa dispensasyong ito. Bilang bahagi ng biyayang ibinigay sa kanya sa kanyang ordenasyon, sinabi sa kanyang "Ang Banal na Pagkasaserdote ay iginawad sa kanya, na siya ay makagagawa ng mga himala sa ngalan ni Jesus; na siya ay makapagtataboy ng diyablo, makapagpapagaling ng maysakit, makapagpapabangon ng patay, makapagbibigay ng paningin sa bulag, magtutungo sa iba't ibang lupain at karagatan" (*HC, *2:188–89). Ipinahayag niya na ang pagkasaserdote na iginawad sa kanya ay "ganap na paraan ng pamamahala, ng mga batas at ordenansa," na, "kapag naunawaan nang maayos," ay nagbibigay ng kapangyarihan sa mabubuti upang sila ay "talagang makapagbukas ng kaban ng mga biyaya, kaalaman at paghahayag mula sa Panginoon (*DBY, *130, 131).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Pinamamahalaan ng Panginoon ang kanyang gawain sa langit at lupa sa pamamagitan ng pagkasaserdote.

Kung mayroong ibig makaalam kung ano ang Pagkasaserdote ng Anak ng Diyos, ito ay ang batas na kung paano ang mundo ay umiiral, umiral, at patuloy na iiral magpakailanman. Ito ang paraan ng pagkakaroon ng mga daigdig at paglalagay ng sangkatauhan sa mga ito, na nagbibigay sa kanila ng kanilang pag-ikot—kanilang mga araw, linggo, buwan, taon, ang kanilang mga panahon at oras at kung paano ito mababalumbong parang isang ikid, kunwari, at pupunta sa mas mataas na kalagayan ng pag-iral (*DBY*, 130).

Ang Pagkasaserdote ng Anak ng Diyos, na nasa atin, ay ganap na kaayusan at paraan ng pamamahala, at ito lamang ang makapagliligtas sa sangkatauhan mula sa lahat ng kasamaang nagpapahirap sa mga kasapi nito, at tinitiyak sa kanila ang kaligayahan at kagalakan sa kabilang buhay (*DBY*, 130).

Ang Pagkasaserdoteng ito ay narito na sa mundo sa iba't ibang panahon. Tinaglay ito ni Adan, tinaglay ito ni Seth, tinaglay din ito nina Enoc, Noe, Abraham at Lot, at ito ay ipinamana hanggang sa mga panahon ng mga Propeta, pagkalipas ng mahabang panahon ng mga ninuno. Ang Mataas na Pagkasaserdoteng ito ang namumuno, namamahala at nangangasiwa sa lahat ng Pagkasaserdote, sapagkat ito ang pinakamataas sa lahat (*DBY*, 131).

Kapag pinag-uusapan natin ang batas selestiyal na inihayag mula sa langit, iyon ay ang Pagkasaserdote, pinag-uusapan natin ang tungkol sa alituntunin ng kaligtasan, isang perpektong sistema ng pamamahala, ng mga batas at ordenansa na siyang makapaghahanda sa atin sa pagdaan mula sa isang pintuan patungo sa isa pa at mula sa isang bantay patungo sa isa pa, hanggang sa marating natin ang kinaroroonan ng ating Ama at Diyos (*DBY*, 130).

Hindi ang aking pagiging Quaker, Metodista o Mormon ang tunay na dahilan ng hidwaan sa pagitan nitong dalawang malalakas na kapangyarihan . . . si Cristo at si Belial [ang masama] ngunit ito ay sa katotohanang itinatag ng Diyos ang kanyang Kaharian sa ibabaw ng lupa at ipinanumbalik ang banal na Pagkasaserdote na nagbibigay sa mga kalalakihan ng awtoridad at kapangyarihan na mangasiwa sa ngalan niya (*DBY*, 76).

Ang Ebanghelyo ang nagdala sa atin ng Banal na Pagkasaserdote, na muling ipinanumbalik sa mga anak ng tao. Ang mga susi ng Pagkasaserdoteng iyon ay narito; nasa atin ang mga iyon; maaari tayong makapagbuklod at makapaghiwalay. Maaari nating makamit ang kaligtasan, at mapamahalaan natin ito (*DBY*, 130–31).

Kung kayo ay nasisiyahan, sa inyong mga sensitibong kapangyarihan at kakayahan, na inihayag ng Diyos ang banal na Pagkasaserdote, itinatag ang kanyang Kaharian sa ibabaw ng lupa, ipinanumbalik ang kabuuan ng Ebanghelyo, at iniunat ang kanyang kamay upang tipunin ang Sambahayan ni Israel, ito ay makasasapat na sa inyo na para bang nagtungo na rin kayo sa langit upang makita ninyo mismo (*DBY*, 429).


Ang batas na ito ay hindi palaging nasa mundo; at sa pagkawala nito, may ibang mga batas na ibinigay sa mga anak ng tao para sa kanilang pag-unlad, edukasyon, pamahalaan, at upang subukan kung ano ang gagawin nila kapag iniwan sila upang pangasiwaan ang kanilang mga sarili; at ang tinatawag natin ngayong tradisyon ay nagmula sa mga pangyayaring ito (*DBY*, 130).

Walang gawa ang Banal sa mga Huling Araw—walang kinakailangang tungkulin, walang panahong ibinibigay, na tangi at hindi umaasa sa Pagkasaserdote. Ang lahat ay saklaw nito, kahit na sa pangangaral, hanapbuhay, o ano mang gawa na may kinalaman sa wastong pamamahala ng buhay na ito. (*DBY*, 133).

Hindi pahihintulutan ng Makapangyarihang Panginoon na muling maalis ang Pagkasaserdote mula sa lupa (*DBY*, 131).

Kapag ang matatapat na Elder, na humahawak ng Pagkasaserdoteng ito, ay nagtungo sa daigdig ng mga espiritu dala-dala pa rin nila ang gayunding kapangyarihan at Pagkasaserdote na dati nilang taglay habang nasa mortal na tabernakulo (*DBY*, 132).

Marami na ang nasabi tungkol sa kapangyarihan ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang mga tao bang tinatawag na mga Banal sa mga Huling Araw ang may ganitong kapangyarihan, o ito ba ay ang Pagkasaserdote? Ito ang Pagkasaserdote; at kung sila ay namumuhay ayon sa Pagkasaserdoteng iyan, maaari nilang simulan ang kanilang gawain dito at umani ng maraming tagumpay, at maging handa sa pagtanggap ng kaluwalhatian,



**Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol noong taong 1853.**

kawalang kamatayan, at buhay na walang hanggan, na kapag nagtungo sila sa daigdig ng mga espiritu, lubusan nilang malalagpasan ang gawain ng kahit sinong tao o nilalang na hindi nabiyayaan ng mga susi ng Pagkasaserdoteng ito (*DBY*, 131-32).

---

## Ang mga susi ng Pagkasaserdote "ay nakapagbubukas sa kaban ng mga biyaya, kaalaman at paghahayag mula sa Panginoon."

Ang Pagkasaserdote ay ibinibigay sa mga tao at ang mga susi nito, at, kapag naunawaan nang tama, tunay nilang mabubuksan ang kaban ng mga biyaya, kaalaman, at paghahayag mula sa Panginoon, at matatanggap ang kanilang lubos na kasiyahan. Ngunit sa pamamagitan ng ating sariling kahinaan, kapusukan ng likas sa tao, ay wala tayong kakayahang magawa ito (*DBY*, 131).

Nawasak ba nila ito nang pinaslang nila si Joseph? Hindi. Ang "Mormonismo" ay narito, ang Pagkasaserdote ay narito, ang mga susi ng Kaharian ay narito sa lupa; at nang lumisan si Joseph, hindi nangawala ang mga ito. At kung ang masasama ay magtatagumpay sa pagkitil sa aking buhay, mananatili ang mga susi ng Kaharian sa Simbahan (*DBY*, 134).

Ang mga ordenansa ng bahay ng Diyos ay para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Tayo lamang sa mundo sa kasalukuyan, ang alam naming nagtataglay ng mga susi ng kaligtasan na nakalaan sa mga anak ng tao mula sa kalangitan na galing sa Makapangyarihang Panginoon, at dahil sa may mga humahawak sa mga susing ito, mahalagang gamitin ang mga ito para sa kaligtasan ng buong sangkatauhan. Ang pagtatayo ng mga templo, mga lugar kung saan pinangangasiwaan ang mga ordenansa ng kaligtasan, ay kailangan sa pagpapatupad ng plano ng pagtubos, at ito ay maluwalhating paksa na maaaring sabihin sa mga Banal (*DBY*, 396–97).

Nagsasabi tayo ng katotohanan at hindi nagsisinungaling. Kung sinuman ang naniniwala na si Joseph Smith, Jr., ay isang propetang ipinadala ng Diyos, at inordenan niya upang tanggapin at hawakan ang mga susi ng banal na Pagkasaserdote, na alinsunod sa orden ng Anak ng Diyos, at kapangyarihang itaguyod ang Kaharian ng Diyos sa ibabaw ng lupa, upang tipunin ang Sambahayan ni Israel, patnubayan ang lahat ng naniniwala at sumusunod sa pagtubos, ibalik ang mga nangawala dahil sa paglabag . . . ang sinumang naniniwala dito, naniniwala sa Panginoon, at sumusunod sa kanyang mga kautusan, hanggang sa huling sandali ng kanilang mga buhay, ang kanilang mga pangalan ay hindi mabubura sa aklat ng buhay ng Kordero, at sila ay tatanggap ng mga korona ng kaluwalhatian, kawalang kamatayan, at buhay na walang hanggan (*DBY*, 5).

---

## Ang pagtanggap at paggamit sa kapangyarihan ng pagkasaserdote ay nangangailangan ng personal na pagkamatwid.

Ang indibiduwal na nagtataglay ng Pagkasaserdote, na patuloy na tapat sa kanyang tungkulin, patuloy na nasisiyahan sa paggawa ng mga bagay na hinihiling sa kanya ng Diyos, at habang buhay na patuloy sa pagganap sa bawat tungkulin ay makakamit hindi lamang ang pagkakataong tumanggap, kundi ang kaalaman kung paano matatanggap ang mga bagay tungkol sa Diyos, upang patuloy na malaman ang kaisipan ng Diyos; at kanyang malalaman ang tama sa mali, ang mga bagay ng Diyos at ang mga bagay na hindi sa Diyos. At ang Pagkasaserdote . . . ang Espiritung nasa kanya, ay magpapatuloy na lalago hanggang sa ito ay maging katulad ng balon ng tubig na buhay; hanggang sa ito ay maging katulad ng isang puno ng buhay; hanggang sa ito ay maging isang patuloy na pinagmumulan ng karunungan at tagubilin sa indibiduwal na iyon (*DBY*, 132).

Ang mga kalalakihang nagtataglay ng banal na Pagkasaserdote, na pinagkakatiwalaan ng mga salita ng buhay na walang hanggan sa mundo, ay dapat patuloy na magsumikap sa kanilang mga salita at kilos at araw-

araw na gumawa ng karangalan para sa dakilang dangal ng kanilang tungkulin bilang mga ministro at kinatawan ng Kataas-taasan (*DBY*, 130).

Kapag ang banal na Pagkasaserdote ay nasa ibabaw ng lupa, at ang kabuuan ng Kaharian ng Diyos ay nasa tao, ito ay nangangailangan ng mahigpit na pagsunod sa bawat punto ng batas at doktrina at sa bawat ordenansa na inihahayag ng Panginoon (*DBY*, 132).

Kung ang inyong pananampalataya ay nakatuon sa tamang bagay, ang inyong pagtitiwala ay matatag, ang inyong mga buhay ay dalisay at banal, ang bawat isa ay gumaganap sa tungkulin ayon sa Pagkasaserdote at sa kakayahang iginawad sa inyo, kayo ay mapupuspos ng Espiritu Santo, at magiging imposible sa kahit sino ang dayain at dalhin kayo sa kapahamakan kagaya ng balahibong nananatiling hindi natutupok sa gitna ng matinding init (*DBY*, 132).

Hangga't hindi nawawala sa ating mga isipan ang makasariling interes, at tayo ay maging interesado sa pangkalahatang kapakanan, hindi natin kailanman lubusang magagampanan ang ating banal na Pagkasaserdote na tulad ng dapat mangyari (*DBY*, 133).

---

**Ang banal na pagkasaserdote ay nagdudulot ng mga sagradong biyaya sa mga indibiduwal at mag-anak.**

Ipinanumbalik na muli ang Pagkasaserdoteng ito, at sa awtoridad nito ay maiuugnay tayo sa ating mga ninuno, sa pamamagitan ng ordenansa ng pagbubuklod, hanggang sa ganap nating mabuo ang tanikala mula sa Amang Adan hanggang sa katapusan ng mundo [tingnan ang Doktrina at mga Tipan 128:18] (*DBY*, 400). Ako ay nagsusumamo sa mga Elder ng Israel araw-araw, kapag ako ay may pagkakataon, na ipamuhay nila ang kanilang relihiyon—mamuhay upang patuloy nilang makasama ang Espiritu Santo; at sila ay magiging karapat-dapat bilang mga hukom sa Israel, mamuno bilang mga Obispo, namumunong mga Elder, at mga kasapi ng Mataas na Kapulungan at bilang mga tauhan ng Diyos, at aakayin nila ang kanilang mga mag-anak at kaibigan sa landas ng katotohanan at kabutihan, at sa bandang huli sa Kaharian ng Diyos (*DBY*, 136–37).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

**Pinamamahalaan ng Panginoon ang kanyang gawain sa langit at lupa sa pamamagitan ng pagkasaserdote.**

- Sang-ayon kay Pangulong Young, ano ang pagkasaserdote? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 84:17–22).
- Paano nasasaklaw ng pagkasaserdote ang lahat ng ating ginagawa "tungkol sa wastong pamamahala ng buhay na ito"? Paano ito makaaapekto sa inyong mga kilos sa tahanan, sa simbahan, sa paaralan, at sa trabaho?
- Ano ang ipahihintulot ng pagkasaserdote na gawin ng mga tapat na elder sa daigdig ng mga espiritu?

- Paano tayo, bilang mga kasapi ng Simbahan, mamumuhay ayon sa mga alituntunin at orden ng pagkasaserdote? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 20:38–60.) Ano ang naging impluwensiya ng pagkasaserdote sa inyong buhay? Paano ninyo magagawang mas mabisa ang impluwensiya at kapangyarihan ng pagkasaserdote sa inyong buhay at sa buhay ng inyong mag-anak?

---

**Ang mga susi ng pagkasaserdote ay "nakapagbubukas ng kaban ng mga biyaya, kaalaman, at paghahayag mula sa Panginoon.**

- Bakit hindi iniwan ng mga susi ng pagkasaserdote ang Simbahan nang mamatay ang Propetang si Joseph Smith?
- Paano "nabubuksan" ng mga susi ng pagkasaserdote "ang kaban ng Panginoon," at nagdudulot ng kaligtasan sa sangkatauhan?
- Ano ang itinuro ni Pangulong Young tungkol sa mga susi ng Pagkasaserdote? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 107:18–20; 35; 132:7.) Ano ang pinahihintulutan ng mga susing iyon na gawin ng mga lingkod ng Panginoon?

---

**Ang pagtanggap at paggamit ng kapangyarihan ng pagkasaserdote ay nangangailangan ng personal na pagkamatwid.**

- Paano maiimpluwensiyahan ng personal na buhay ng nagtataglay ng pagkasaserdote ang kanyang kakayahang gumanap sa pangalan ng Panginoon? Bakit napakahalaga ng personal na pagkamatwid? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 107:99–100; 121:41–46.)
- Paano maigagalang ng "mga kalalakihan na nagtataglay ng banal na Pagkasaserdote" ang kanilang katungkulan at tungkulin? Anong mga biyaya ang dumarating sa mga kasapi na tumutupad sa kanilang mga tungkulin?
- Paano hindi magkatugma ang pagkamakasarili at ang kapangyarihan ng Pagkasaserdote? Bakit kailangan nating alisin ang pagiging makasarili kung ating gagampanang mabuti ang pagkasaserdote? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 121:37.) Sa anong mga paraan isang problema sa atin ang pagkamakasarili sa panahong ngayon? Paano natin mapaglalabanan ang pagkamakasarili?

---

**Ang banal na pagkasaserdote ay nagdudulot ng mga sagradong biyaya sa mga indibiduwal at mag-anak.**

- Paano biniyayaan at pinatibay ng pagkasaserdote ang inyong mag-anak? Bakit napakahalaga ng kapangyarihan ng pagkasaserdote sa pagbuo ng mga walang hanggang mag-anak? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 128:18; 131:1–4; 132:19.)
- Ano ang maaaring gawin ng mga nagtataglay ng Pagkasaserdote upang "akayin ang kanilang mga mag-anak at kaibigan at samahan sila sa landas ng katotohanan at kabutihan"?

# Ang Samahang Damayan at Indibiduwal na Pananagutan

*Ang Samahang Damayan ng Kababaihan ng Nauvoo na binuo ng Propetang si Joseph Smith, ay mahalagang paraan ng pagtulong sa mahihirap at pagpapalakas ng mga kababaihan sa Nauvoo mula taong 1842 hanggang taong 1844. Matapos ang martir na pagkamatay ni Joseph, ang Samahang Damayan ay itinigil nang ilang taon. Noong taong 1854, dahil sa udyok ng gawain ng mga kababaihan sa kapakanan ng mahihirap ay itinatag ni Pangulong Brigham Young ang Samahang Damayan sa ilang purok sa Utah. Ngunit, nang ipadala ng Estados Unidos ang hukbo ni Johnston sa Utah noong taong 1857, natigil na muli ang mga samahan ng purok, kasama na ang Samahang Damayan. Sa huling bahagi ng taong 1867 napagpasiyahan ni Pangulong Young na hindi magiging mabisa ang pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mahihirap kung hindi itatatag ang mga kababaihan. Tinawag niya ang mga Obispo upang itatag na muli ang Samahang Damayan: "Ngayon, mga Obispo, mayroon kayong matatalinong asawa . . . ; hayaan ninyo silang magtatag ng Samahang Damayan ng Kababaihan sa iba't ibang purok. Maraming matatalinong kababaihan sa atin, at inaasahan natin ang kanilang tulong dito. Ang iba ay iniisip na maliit na bagay lamang ito, ngunit hindi; at makikita ninyo na ang mga kapatid na babae ang magiging pinakaugat ng samahan. Bigyan sila ng kapakinabangan sa pamamagitan ng inyong karunungan at karanasan, ibigay sa kanila ang inyong impluwensiya, patnubayan at pamahalaan sila nang maayos at may katalinuhan, at makahahanap sila ng kanlungan para sa mahihirap, at makahahanap ng mga paraan sa pagtulong sa kanila ng sampung beses na mas mabilis kaysa magagawa ng Obispo" (*DEN, *ika-14 ng Dis. 1867, 2). Ang mga kapatid ngayon sa Samahang Damayan ay tulung-tulong sa pagpapabuti ng kanilang mga mag-anak at pamayanan at sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.*

## Mga Turo ni Brigham Young

**Ang mga kapatid sa Samahang Damayan ay tumutulong sa pag-aaruga sa mahihirap, maysakit, at sa mga nasa kagipitan.**

Mayroon akong maikling sermon para sa aking mga kapatid na kababaihan. Nais kong kayo, sa ilalim ng pamamahala ng inyong mga Obispo at matatalinong kalalakihan, ay magtatag ng inyong mga Samahang Damayan, at buuin ang inyong mga sarili sa ilalim ng pamumuno ng inyong mga kapatid na lalaki (*DBY*, 218).

Kumuha ng mga kababaihang may mabuting pang-unawa upang mamuno sa inyo, at humingi ng payo mula sa maunawaing kalalakihan; at kumilos nang karapat-dapat ayon sa nalalaman ninyong tamang gawin, at maging bihasa sa mabuting katangian na natatangi sa inyong kasarian (*DNSW*, ika-28 ng Abril 1868, 2).

Papagsumamuin ang isang kapatid na babae para sa ikagagaan ng pagdurusa at kahirapan, at halos nakatitiyak na siya na magtatagumpay siya, lalo na kung magsusumamo siya sa kanyang kapwa babae. Kung susundin ninyo ang paraang ito ay higit na mainam ninyong malulunasan ang mga pangangailangan ng mahihirap kaysa sa kasalukuyang pagtulong na ginagawa ninyo sa kanila (*DEN*, ika-14 ng Dis. 1867, 2).

Sasabihin ko ito rito sa mga Banal sa mga Huling Araw, kung inyong pakakainin nang bukal sa puso at bukas na palad ang mahihirap, kayo at ang inyong mga anak ay hindi kailanman mamamalimos ng tinapay. Sa ganitong mga bagay ay tama ang mga tao; tama sila sa pagtatatag ng Samahang Damayan ng Kababaihan, upang ang mga puso ng balo at ulila ay mapaligaya sa pamamagitan ng mga biyaya na buong masagana at malayang ibinabahagi sa kanila (*DBY*, 21).

Mga Kapatid na Babae, may nakikita ba kayong mga bata sa inyong kapitbahayan na hindi maayos ang pananamit at walang mga sapatos? Kung mayroon, sinasabi ko sa inyo Samahang Damayan ng Kababaihan, kunin ang mga batang ito at ibsan ang kanilang mga pangangailangan, at papag-aralin sila. At kung may makikita kayong mga bata, na medyo may-edad o matandang babae na nangangailangan ay hanapan sila ng magagawa upang matulungan silang maitaguyod ang kanilang sarili; ngunit huwag bigyang-ginhawa ang mga tamad, sapagkat ang pagbibigay ginhawa sa mga kayang magtrabaho ngunit walang pagnanais na gumawa ay makasisira sa anumang pamayanan (*DBY*, 217).

Ibsan ang mga pangangailangan ng bawat nangangailangan sa inyong mga kapitbahayan. Ito ay nasa kakayahan at kapangyarihan ng mga Samahang Damayan ng Kababaihan kapag hindi makakayang tustusan ng mga Obispo (*DBY*, 218).



**Iniukit na larawan ni Eliza R.Snow (1804–87). Kadalasang tinatawag na "makata ng Sion," siya ang unang kalihim ng Samahang Damayan ng Nauvoo. Siya ay naglingkod bilang ikalawang pangkalahatang pangulo ng Samahang Damayan sa loob ng 20 taon.**

Tingnan ang inyong kakayahan bilang mga Samahang Damayan sa lungsod na ito at sa buong kabundukan. Tingnan ang inyong katayuan! Isaalang-alang ninyo ito, at magpasiya kung kayo ay magsisimula at pag-aralan ang impluwensiyang inyong tinataglay at gamitin ang impluwensiyang iyon sa paggawa ng kabutihan at sa pagbibigay ginhawa sa mahihirap (*DNW*, ika-14 ng Ago. 1869, 2).

Isang tala ng mga gawain ng lahat ng mga Samahang Damayan ng Kababaihan ang itatago, at malalaman kung sino ang masigasig at tapat sa

pagganap ng mga payo na ibinigay sa kanila upang makayanan nilang gampanang mabuti ang kanilang mataas na mga tungkulin dito sa lupa (*MS*, 31:269).

---

**Maisusulong ng mga kapatid na babae na matatalinong namamahala ng kanilang mga mapagkukunan ang gawain ng Diyos.**

Nais kong tawagin ang pansin ng ating mga kapatid na babae sa ating mga Samahang Damayan. Maligaya nating masasabi na karamihan sa kanila ay marami nang nagawa. Nais natin silang magpatuloy at umunlad. Nawa ay turuan ng ating mga makaranasang kapatid na babae ang mga kabataang babae na huwag gaanong masabik sa pagbibigay-kasiyahan sa kanilang kathang isip na mga kagustuhan, kundi ituon ang kanilang sarili sa mga tunay na pangangailangan. Ang luho ay walang katapusan. . . . Mahilig tayong magbigay daan sa imahinasyon ng ating mga puso, ngunit kung tayo ay magagabayan ng karunungan, ang ating pagpili ay maitutuwid, at makikita nating tayo ay lalong bubuti (*DBY*, 218).

Mga Kababaihan, kung kayo ang magiging sanhi ng pagkalubog ng mga taong ito sa utang na magiging sanhi ng kanilang kahirapan, mayroon ba kayong pananagutan dito? Sa palagay ko ay mayroon, sapagkat kayo ay hahatulan ayon sa inyong mga gawa. Hindi ba kasing luho ng mga kababaihan ang mga kalalakihan? Oo, tunay nga, at kasing hangal rin (*DBY*, 218).

Ang mabuting maybahay ay mag-iipon at matipid at tuturuan ang kanyang mga anak na maging mabubuting maybahay, at kung paano alagaan ang lahat ng ipinagkakatiwala sa kanila (*DBY*, 213).

Tiyakin ninyo na hindi sinasayang ng inyong mga anak ang tinapay at iba pang pagkain. Kung may sosobrang tinapay, ibigay ito sa mahihirap, at tiyaking hindi ito sisirain ng inyong mga anak. Huwag ninyo silang hayaang sirain ang mahahalagang kasuotan, kundi pagsuotin sila ng matibay at tumatagal na damit, at magtipid hangga't maaari, at ibigay ito sa abuloy para sa mahihirap (*DNW*, ika-29 ng Mayo 1861, 2).

Kailangang matutunan nating kamtin ang bawat biyaya at bawat pagkakataong ibinibigay sa atin ng Diyos na kaya nating abutin, at kung paanpo ang matalinong paggamit ng ating oras, ng ating mga talino at ng lahat ng ating kilos para sa pagsusulong ng kanyang Kaharian sa lupa (*DBY*, 53).

Ang panahong ating ginugugol dito ay ang ating buhay, ating kabuhayan, ating puhunan, ating kayamanan, at ang panahong iyon ay kailangang gamitin nang kapaki-pakinabang (*DBY*, 217).

Ngayon, mga kapatid na babae, kung isasaalang-alang ninyo ang mga bagay na ito ay makikita ninyo kaagad na ang panahon ang siya lamang puhunan dito sa lupa; at dapat ninyong ituring na mahalaga ang inyong panahon, sa katunayan ito ay kayamanan, at kung gagamitin sa tamang paraan, magdudulot ito sa inyo ng dagdag na kaginhawahan, kaluwagan, at kasiyahan. Isaalang-alang natin ito, at huwag nang maupo na nakatiklop ang mga kamay, na nagsasayang ng oras, sapagkat tungkulin ng bawat lalaki at bawat babae na gawin ang lahat ng maaari sa pagpapalaganap ng Kaharian ng Diyos sa lupa (*DBY*, 214).

---

## Dapat "gampanang mabuti, itaguyod at ikarangal ng mga kapatid na babae ang buhay nila ngayon."

Narito ang mga bata, medyo may katandaan at may edad na kababaihan, na may mga karanasan ayon sa kanilang mga pinagdaanan. . . . Sisimulan ko sa pagsasabi sa mga ito, na aking mga kapatid na babae, na talagang tungkulin nila sa harap ng Diyos, sa kanilang mga mag-anak at mga kapatid na kalalakihan, na gumawa sila ayon sa kapasidad nila sa kanilang kinalalagyan, ayon sa kanilang kakayahan, upang magampanan nilang mabuti, maitaguyod at ikarangal ang buhay na taglay nila ngayon (*MS*, 31:267).

Hayaang pangalagaan ng mga kapatid na babae ang kanilang sarili, at sila ay magpaganda, at kung mayroon man sa inyong mapamahiin at mangmang na magsasabing ito ay kapalaluan, masasabi kong hindi kayo nabigyang kaalaman tungkol sa kapalaluang makasalanan sa harap ng Panginoon, at mangmang din kayo hinggil sa kabunyian ng kalangitan, at sa kagandahang namamayani sa kalipunan ng mga Diyos. Kung makakakita kayo ng anghel, makakakita kayo ng maganda at kaibig-ibig na nilalang. Gawin ninyo ang inyong mga sariling katulad ng mga anghel sa kabutihan at kagandahan (*DBY*, 215).

Eva ang pangalan o titulong ibinigay sa ating unang ina, sapagkat siya ang talagang magiging ina ng lahat ng nilalang na dapat manirahan sa ibabaw ng mundong ito. Kaharap ko ang isang kongregasyong nilayon upang maging ganoong uri ng mga nilalang (*MS*, 31:267).

Hayaan ninyo ako, mga kapatid na babae, na magsabing, tayo ay pinagkalooban ng kakayahang masiyahan at magdusa at malugod. Nalulugod ba tayo doon sa nakasusuklam? Hindi; kundi doon sa maganda at mabuti (*MS* 31:267).

Pag-aralan ang kaayusan at kalinisan sa inyong iba't-ibang mga gawain. Pagandahin ang inyong lungsod at kapaligiran. Pagandahin ang inyong mga tahanan, at palamutian ang inyong mga puso ng biyaya ng Diyos (*DBY*, 200).

Masasabi ko sa mga kapatid na babae, kung mayroon kayong pinakamahusay na mga talino, tumindig at hayaang magningning ang inyong liwanag. Patunayan sa inyong mga kapitbahay at sa pamayanan na kayo ay may kakayahang turuan ang mga kapatid na kababaihan na inyong inaakalang mangmang o mapagpabaya (*DNW*, ika-15 ng Hunyo 1859, 2).

Kagaya ng madalas kong sabihin sa aking mga kapatid na babae sa Samahang Damayan ng Kababaihan, mayroon tayong mga kapatid na babae rito, na kung nagkaroon lamang ng pagkakataong makapag-aral, ay magiging kasing husay sa matematika o pagtutuos gaya ng kahit sinong lalaki; at inaakala nating kailangang bigyan sila ng pagkakataon na mapag-aralan ang mga sangay na ito ng kaalaman upang mapaunlad nila ang mga kapangyarihang ipinagkaloob sa kanila. Naniniwala tayo na ang mga kababaihan ay kapaki-pakinabang hindi lamang sa pagwawalis ng mga tahanan, paghuhugas ng mga pinggan, paglalatag ng higaan, at pagpapalaki ng mga sanggol, kundi sila ay dapat tumindig sa likod ng despatso [*counter*], mag-aral ng batas o panggagamot o maging mabuting tagapag-ingat ng talaan at makapagnegosyo sa anumang gawaing may kinalaman sa pananalapi [counting house] at ito ay upang mapalawak ang larangan ng kanilang pagiging kapaki pakinabang para sa ikabubuti ng lipunan sa kabuuan (*DBY*, 216–17).

Ang mga kapatid na babae sa Samahang Damayan ng Kababaihan ay nakagawa na ng napakaraming kabutihan. Masasabi ba ninyo kung gaanong kabutihan ang kayang gawin ng mga ina at mga anak na kababaihan sa Israel? Hindi, imposibleng gawin ito. At susundan sila ng kabutihang ginagawa nila sa buong kawalang-hanggan (*DBY*, 216).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

**Ang mga kapatid sa Samahang Damayan ay yumutulong sa pag-aaruga sa mahihirap, maysakit at sa mga nasa kagipitan.**

- Anong biyaya ang ipinangako ni Pangulong Young sa mga “magpapakain ng mahihirap nang bukal sa puso at bukas ang palad”? Anong iba pang mga biyaya ang maaaring dumating sa mga indibiduwal, mag-anak, o pamayanan kapag ibinabahagi natin ang ating mga mapagkukunan? Bakit mahalagang gawin ito nang bukal sa puso?
- Bakit “nakasisira sa anumang pamayanan” ang tumulong sa mga makakayang magtrabaho ngunit walang pagnanais na gumawa? Bakit napakahalagang alintuntunin ang paggawa?

- Ipinayo ni Pangulong Young sa mga kapatid na babae na "ibsan ang mga pangangailangan ng bawat taong nangangailangan sa inyong mga kapaligirian." Anong uri ng mga pangangailangan mayroon ang mga tao? Anong mga tanging pangangailangan sa inyong paligid ang napapansin ninyo at ng iba? Paano ninyo mapaglilingkuran ang mga nangangailangan sa inyong mag-anak, purok o sangay o pamayanan?
- Paano "magagamit ang [kanilang] impluwensiya sa paggawa ng kabutihan" ng mga kapatid na babae sa Samahang Damayan? Kailan ninyo nakitang mas maraming nagawa ang mga sama-samang kapatid na babae sa Samahang Damayan kaysa kapag nag-iisa lamang?
- Paano ninyo maitataguyod ang gawain ng Samahang Damayan? Anong mga biyaya ang iyong natanggap sa pamamagitan ng Samahang Damayan?

---

**Maisusulong ng mga kapatid na babaeng matalinong namamahala ng kanilang mapagkukunan ang gawain ng Diyos.**

- Pinayuhan ni Pangulong Young ang mga kapatid na babae sa Samahang Damayan na turuan ang kabataang babae na bigyang kasiyahan ang kanilang mga pangangailangan at hindi ang kanilang kagustuhan. Paano ninyo malalaman ang kaibahan sa pagitan ng "kathang isip na mga kagustuhan" at "tunay na pangangailangan"? Paano natin matututuhang maging masaya sa kung ano ang mayroon tayo kaysa maghangad ng mga bagay na wala tayo?
- Bakit mahalagang gamitin ang ating mga mapagkukunan nang may katalinuhan at kamatipiran? Paano nakatutulong ang matipid na pamumuhay ng mga Banal sa pagtataguyod ng kaharian ng Diyos? Paano ninyo magagamit ang inyong mga mapagkukunan nang may higit na katalinuhan?
- Tinukoy ng Pangulong Young ang panahon bilang "puhunan," "ating kabuhayan," at "kayamanan." Bakit napakahalaga ng panahon? Paano natin matitiyak na ginagamit natin nang may katalinuhan ang ating panahon?

---

**Dapat "gampanang mabuti, itaguyod at ikarangal ng mga kapatid na babae ang buhay nila ngayon."**

- Paano natin "magagampang mabuti; maitataguyod, at ikararangal ang buhay natin ngayon"?

- Paano kayo makapagbabahagi ng "kaayusan at kalinisan sa inyong iba't-ibang mga gawain"? Bakit mahalaga ang kaayusan at kalinisan? Ano ang ibig sabihin ng "palamutian ang inyong mga puso ng biyaya ng Diyos"? Paano "magagawa ng mga kababaihang Banal sa mga Huling Araw ang [kanilang sarili] na katulad ng mga anghel sa kabutihan at kagandahan"?
- Bakit mahalaga sa kababaihan na paunlarin ang kanilang mga talino? Anong mga talino ang maibabahagi ninyo sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos? Paano kayo makatutulong sa pagsulong ng kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng inyong pang-araw-araw na mga gawain?

# Ang Balangkas at Pamamahala sa Simbahan

*Sa kanyang ika-77 taon, itinatag ni Pangulong Brigham Young ang pagkasaserdote upang mabigyan nang higit na malinaw na paggabay ang mga gawain nito, mapagkaisa ang mga Banal, at matipon at mapangalagaan ang mga tupa ng Israel. Ang naging bunga ng huling malaking proyekto ni Pangulong Young ay pinuri ng kanyang katulong na tagapayo, si Elder George Q. Cannon. Sinabi nito na nagawa ni Pangulong Young na "ilagay sa ayos ang pagkasaserdote na hindi pa kailanman nagawa mula sa pagkakatatag ng Simbahan sa lupa. Kanyang itinakda ang mga tungkulin ng mga Apostol, . . . Pitumpu, . . . Matataas na Saserdote, . . . mga Elder, . . . mababang pagkasaserdote, nang payak at may kalinawan at kapangyarihan—ang kapangyarihan ng Diyos—sa paraang naitala sa salitang hindi sumasala kung kaya't walang sinumang magkakamali sa pagtukoy kung sino ang kinakasihan ng Espiritu ng Diyos" (*CHC, *5:507).*

## Mga Turo ng Brigham Young

### Inihahayag ng Diyos ang kanyang kalooban sa Simbahan sa pamamagitan ng Pangulo ng Simbahan.

Sa paghahayag ng mga paksa ng doktrina tungkol sa pagpapaunlad at sa ibayong pagtatayo ng Kaharian ng Diyos sa lupa, at sa paghahayag ng kanyang isipan at kalooban, ay iisang bibig lamang ang kanyang ginagamit upang ipaalam ang kanyang kalooban sa mga tao. Kapag nais ng Panginoon na magbigay ng paghahayag sa kanyang mga tao, kung nais niyang maghayag ng mga bagong paksa ng doktrina sa kanila, o magsagawa ng kaparusahan, ito ay ginagawa niya sa pamamagitan ng taong kanyang itinalaga sa tungkulin at tawag na iyon. Ang iba pa sa mga tungkulin at tawag sa Simbahan ay mga pantulong at pamamahala para sa pagpapabanal sa katawan ni Cristo at sa pagiging ganap ng mga Banal, atbp., kung saan ang bawat pangulo, obispo, elder, saserdote, guro, diyakono at kasapi ay nakatayo sa kanyang orden at nangangasiwa sa kanyang pagkakatawag at katungkulan sa Pagkasaserdote bilang mga ministro ng mga salita ng buhay, bilang mga pastol na magbabantay sa bawat kagawaran at bahagi ng

kawan ng Diyos sa buong daigdig, at bilang mga katulong upang mapalakas ang mga kamay ng Panguluhan ng buong Simbahan (*DBY,* 137).

Ang matamo at mapanatili ng espiritu ng Ebanghelyo, matipon ang Israel, matubos ang Sion, at maligtas ang daigdig ang dapat na unahin at bigyang pansin, at dapat na siyang palagiang mithiin sa puso ng Unang Panguluhan, ng mga Elder ng Israel, at ng bawat namumuno sa Simbahan at Kaharian ng Diyos (*DBY,* 137).

Sa paghahatol sa lahat ng bagay tungkol sa doktrina, upang magkaroon ng bisa ang isang pasiya, ay kinakailangang matamo ang nagkakaisang tinig, pananampalataya at pasiya. Sa kapasidad ng isang Korum ay kailangang iisa ang tinig ng tatlong Unang Pangulo; kailangang nagkakaisa ang tinig ng Labindalawang Apostol, upang magtamo ng matwid na paghatol sa anumang bagay na idudulog sa kanila, gaya ng inyong mababasa sa Doktrina at mga Tipan. Sa tuwing makikita ninyong nagkakaisa ang pahayag ng mga Korum na ito, maaari ninyong ituring na totoo ito [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:27]. Hayaang magtipun-tipon ang mga Elder, nang matapat at tunay; at kung magkakaisa sila sa anumang paksa, ay malalaman ninyong totoo ito (*DBY,* 133).

Ang Panginoong Makapangyarihan ang nangunguna sa Simbahang ito, at hindi niya kailanman pahihintulutang maligaw kayo kung ginagampanan ninyo ang inyong tungkulin. Maaari kayong magsiuwi at matulog nang mahimbing gaya ng sanggol sa bisig ng kanyang ina nang hindi nag-aalalang ililigaw kayo ng inyong mga pinuno, sapagkat kung tatangkain nilang gawin ito, madali silang aalisin ng Panginoon sa sanglibutang ito. Pinagsusumikapan ng inyong mga pinuno na ipamuhay ang kanilang relihiyon sa abot ng kanilang makakaya (*DBY,* 137).

---

**Hawak ng Labindalawang Apostol ang mga susi ng pagkasaserdote para sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos dito sa daigdig.**

Ang mga susi ng walang hanggang pagkasaserdote, na alinsunod sa orden ng Anak ng Diyos, ay nasasaklawan ng pagiging apostol. Ang lahat ng pagkasaserdote, ang lahat ng susi, ang lahat ng kaloob at lahat ng bagay na kinakailangan bago makabalik sa kinaroroonan ng Ama at Anak, ay binubuo ng, o nasasakupan, o masasabi kong napapaloob sa pagiging apostol (*MS,* 15:489).

Pagkatapos naming bumalik mula sa Missouri, ang kapatid kong si Joseph Young at ako ay nagkakantahan pagkaraang mangaral sa isang pagtitipon; at nang matapos ang pagtitipon, sinabi ni Kapatid na Joseph Smith, "Halikayo, sumama kayo sa bahay ko." Pumunta kami at kinanta siya sa mahabang oras, at nakipagkuwentuhan sa kanya. Pagkatapos ay binuksan

niya ang paksa hinggil sa Labindalawa at mga Pitumpo sa kauna-unahang pagkakataon na pinag-isipan ko ito. Kanyang sinabing, "Mga kapatid, tatawag ako ng Labindalawang Apostol. Sa palagay ko ay magsasama-sama tayo, hindi magtatagal, at pipili ng Labindalawang Apostol, at pipili ng Korum ng mga Pitumpo mula sa mga taong nagsitungo sa Sion. . . . " Noong 1835, sa katapusan ng Enero o sa Pebrero, . . . ay nagdaos kami ng mga pagtitipon araw-araw, at tumawag si Kapatid na Joseph ng Labindalawang Apostol [noong ika-14 ng Pebrero] (*DBY,* 141–42).

Ang tungkulin ng isang Apostol ay upang itayo ang Kaharian ng Diyos sa buong daigdig; ang Apostol ang siyang humahawak sa mga susi ng kapangyarihang ito, at walang nang iba pa. Kapag ginagampanang mabuti ng isang Apostol ang kanyang tungkulin, siya ang salita ng Panginoon sa kanyang mga tao sa lahat ng oras (*DBY,* 139).

Tinangka kong ipakita sa inyo, mga kapatid, sa pinakamaikling paraan, ang orden ng Pagkasaserdote. Kapag inordenan ang isang tao bilang Apostol, ang kanyang Pagkasaserdote ay walang simula ng mga araw, o katapusan ng buhay, tulad ng Pagkasaserdote ni Melquisedec; sapagkat ang Pagkasaserdote niya ang tinutukoy sa salitang ito at hindi ang tao (*DBY,* 141).

Tungkulin at pribilehiyo ng Labindalawang Apostol na mapasakanila ang Espiritu Santo bilang palagiang kasama, at mamuhay palagi sa Espiritu ng Paghahayag, na malaman ang kanilang tungkulin at maunawaan ang pagkakatawag sa kanila; ito rin ang tungkulin at pribilehiyo ng Unang Panguluhan ng Simbahan (*DBY,* 139–40).

Ang isang Apostol ng Panginoong Jesucristo ay nagtataglay ng mga susi ng banal na Pagkasaserdote, at ang kapangyarihan nito ay nakaputong sa kanyang ulo, at sa pamamagitan nito ay may kapangyarihan siyang ipahayag ang katotohanan sa mga tao, at kung tatanggapin nila ito, mabuti; kung hindi, nasa kanilang ulo ang kasalanan (*DBY,* 136).

Ang Mababang Pagsaserdote, samakatuwid, naiisip ninyo, ay napapaloob sa saklaw [sakop ng kapangyarihan] ng pagiging Apostol, sapagkat ang taong may hawak nito ay may karapatang gumawa o mangasiwa bilang Mataas na Saserdote, bilang isa sa Mataas na Kapulungan, bilang Patriyarka, bilang Obispo, Elder, Saserdote, Guro, at Diyakono, at sa lahat ng iba pang katungkulan at tawag sa Simbahang ito, mula una hanggang huli, kung kinakailangan ng tungkulin (*DBY,* 140).

Nabasa ninyo sa tinukoy na paghahayag na kung natawag at naordenan ang Labingdalawa, sumasakanila ang katulad na kapangyarihan at karapatan na nasa mga Unang Pangulo; at sa patuloy na pagbabasa ay matutuklasan ninyong kinakailangang may mga karugtong at katulong na nagmumula sa Pagkasaserdoteng ito [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:22–26]. Ang mga Pitumpu ay may gayon ding kapangyarihan at karapatan; [tumatanggap sila ng ipinagkatiwalang karapatan sa pamamagitan ng pagtatalaga para sa]

pagtatatag, pagtatayo, pamamahala, pag-oorden, at pagsasaayos ng Kaharian ng Diyos sa buong kaganapan nito sa lupa. Mayroon tayong Korum ng Mataas na Saserdote, at napakarami nila. Sila ay sa lokal na kapulungan—nanatili sila sa kanilang pook; samantalang naglalakbay at nangangaral ang mga Pitumpu; gayon din naman ang mga Mataas na Saserdote, kung tinatawag sila. Taglay din nila ang Pagkasaserdoteng katulad ng sa mga Pitumpu at ng Labindalawa at ng Unang Panguluhan; ngunit inordenan ba sila sa lahat ng karapatan, kapangyarihan, at mga susi ng Pagkasaserdoteng ito? Hindi, hindi sila inordenan. Gayunman ay mga Mataas na Saserdote sila ng Diyos; at kung gagampanan nilang mabuti ang kanilang [pagkakatawag sa] Pagkasaserdote, matatanggap nila sa pagdating ng pahanon ang lahat ng karapatan at kapangyarihan na maaaring matanggap ng mga tao (*DBY,* 140).

---

## Ang katungkulan ng obispo ay kabilang sa Pagkasaserdoteng Aaron at hawak nito ang karapatang mangasiwa sa mga temporal at espirituwal na bagay.

Ang katungkulan ng [Nangungulong] Obispo ay kabilang sa mababang Pagkasaserote [Aaron]. Siya ang pinakamataas na pinuno sa Pagkasaserdoteng Aaron, at sumasakanya . . . ang pangangasiwa ng mga anghel, kung may pananampalataya siya, at namumuhay upang matanggap niya at matamasa ang mga biyayang tinamasa ni Aaron (*DBY,* 143).

Ang isang Obispo sa kanyang pagkakatawag at tungkulin ay nasa Simbahan sa lahat ng oras; hindi siya tinatawag na maglakbay sa ibang lugar upang mangaral, kundi nasa sariling pook; hindi siya nangingibang bansa, kundi kasama ng mga Banal (*DBY,* 144).

Dapat maging perpektong halimbawa ang mga Obispo sa kanilang mga Purok sa lahat ng bagay (*DBY,* 144).

Kung gagawa ang isang Obispo sa abot ng kanyang pagkakatawag at katungkulan, at gagampanan itong mabuti, ay wala ni isa mang tao sa kanyang Purok na hindi mapakikinabangan sa pinakamainam na paraan. Titiyakin niyang namumuhay ang lahat nang nararapat, na lumalakad nang may pagpapakumbaba kasama ang kanilang Diyos. Wala ni isa mang tao sa kanyang Purok na hindi niya kilala, at mababatid niya ang kanilang mga katayuan, gawi, at damdamin [tingnan sa 1 Timoteo 3:1–4] (*DBY,* 145).

Dapat tawagin ng mga Obispo ang mga taong pinagkakatiwalaan nila, yaong batid nilang mga matapat, na maging mga tanod sa tore, at ipahanap sa kanila ang mga naghihirap (*DBY,* 145).

Hayaang pangalagaan na buong katapatan ng bawat Obispo ang kanyang Purok, at tiyakin na ang bawat lalaki at babae ay maayos at naghahanapbuhay nang matapat at kapaki-pakinabang; na ang mga maysakit at matatanda ay napangangalagaan nang maayos at walang naghihirap. Maging mapagmahal at mapagbigay na ama ang bawat Obispo sa kanyang Purok, na nagbibigay ng

mapang-alo at mapanghikayat na salita dito, kaunting mungkahi at payo doon, at salita ng pangaral sa iba pang lugar, kung kinakailangan, nang walang kinikilingan, na humahatol nang makatarungan sa lalaki at babae, na nangangalaga at hinahangad ang kagalingan ng lahat, na nagbabantay sa kawan ng Diyos nang may mapagmasid na mata na tulad ng isang tunay na pastol, upang hindi mapasok ng mga aso at lobo ang kawan upang ligaligin ang mga ito (*DBY,* 144–45).

Sinasabi ko sa Obispo, . . . ito ang inyong pagkakaabalahan at pagkakatawag. Huwag hahayaang magkaroon ng isa mang lugar, sa mga pinananahanan ng mga Banal sa inyong mga Purok, na kung saan ay wala kayong kabatiran (*DBY,* 146).

Dapat tiyakin ng mga Obispo, sa pamamagitan ng kanilang mga guro, na ang bawat mag-anak sa kanilang purok, na may kakayahan, ay iniaabuloy kung ano ang likas nilang nakukunsumo sa araw ng ayuno para sa mahihirap (*DBY,* 145).

---

## Ang disiplina sa Simbahan ay makatutulong sa mga tao na bumalik sa pagkamatwid.

Hindi kailanman ipagkatiwala sa atin ang mga susi at karapatan upang mamuno hangga't hindi natin magagawang mamuno na kagaya ng Diyos kung nandito siya mismo (*DBY,* 146).

Ngunit ang Kaharian ng langit, kapag itatatag sa lupa, ay magkakaroon ng bawat pinuno, batas at ordenansa na kinakailangan sa pamamahala sa mga magugulo, o lumalabag sa mga batas, at sa pamamahala sa mga naghahangad gumawa ng mabuti, ngunit hindi magawang lumakad nang matwid; at ang lahat ng kapangyarihan at karapatang ito ay umiiral sa kalipunan ng mga tao (*DBY,* 146).

Mga Obispo, may mga usapin ba kayo? Nagkakalayo ba ang mga damdamin ng mga kapatid sa inyong mga Purok? "Oo." Ano ang dapat nilang gawin sa mga pagkakataong tulad nito? Dapat nilang sundin ang mga patakarang pinaiiral, at kaagad na makipagkasundo sa kanilang mga kapatid. Sa palagay ko ay maaaring ipakita na ang higit na nakararami sa mga suliranin sa pagitan ng mga kapatid ay bunsod ng hindi pagkakaunawaan at hindi dahil sa malisya at masamang puso, at sa halip na ayusin ang bagay na ito sa isang espiritung banal, sila ay makikipagtunggali sa isa't-isa hanggang sa makalikha ng isang tunay na pagkakamali, at magkasala sa kanilang sarili. Kung nakagawa tayo ng siyamnapu't-siyam na kabutihan at pagkatapos ay makagawa ng isang masama, lubhang karaniwan, aking mga kapatid na lalaki at babae, na tininitingnan natin ang isang masama sa buong maghapon at hindi kailanman iniisip ang mabuti. Bago natin hatulan ang isa't-isa, dapat nating tingnan ang layunin ng puso, at kung masama ito, samakatuwid ay pagalitan ang taong iyon, at gumawa ng hakbang upang maibalik siya sa pagkamatwid (*DBY,* 149–50).

Nais kong makita ang Mataas na Kapulungan at mga Obispo at lahat ng Hukom na puspos ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, upang kung may tao mang haharap sa kanila ay mahahatulan nila nang tama at mauunawaan nila ang taong yaon, at madali nilang mapagpapasiyahan ang isang usapin nang mabilis at makatarungan. . . . Nais ko ang mga Obispo at iba pang mga pinuno na magkaroon ng sapat na kapangyarihan at karunungan mula sa Diyos upang ganap nilang mabatid ang tunay na kalagayan ng bawat usapin na maaaring idulog sa kanila (*DBY*, 133).

Sa isang matalinghagang pananalita ay maaari ninyong hatawin ang isang Elder sa ulo sa pamamagitan ng isang pamalo, at hindi niya ito nalalaman at inaakalang binigyan ninyo siya ng isang dayaming inilubog sa kalamay upang sipsipin. Mayroon namang kapag napagsabihan ninyo ng isang salita, o naparusahan nang bahagya, na kaagad nagdurugo ang puso; maramdamin ang kanilang mga saloobin kagaya ng isang sanggol, at malulusaw na parang pagkit na inilapit sa apoy. Hindi ninyo sila dapat parusahan nang matindi; kinakailangan ninyong magparusa ayon sa espiritung nananahan sa tao. May ilang maaari ninyong pagsalitaan nang buong maghapon, at hindi nila nababatid ang inyong sinasabi. May malaking pagkakaiba-iba. Pakitunguhan ang mga tao ayon sa kanilang pagkatao (*DBY,* 150).

Kung kinagagalitan ninyo ang isa't-isa—kung nagkikita kayo ng mga kapatid at nagsasabing, "May pagkakamali ka," dapat ninyong tanggapin itong mabuti, at ipahayag ang inyong pasasalamat sa pagwawasto, at kilalanin ang pagkakamali nang hayagan, at amining maaaring madalas kayong magkamali nang hindi ninyo nalalaman, at sabihing, "Nais kong bigyan ninyo ng liwanag ang aking isipan, at gabayan ako, at makipaghawak-kamay sa akin, at palakasin at tulungan ang isa't-isa." Saan, sa inyong mga kahinaan? Oo. Inaasahan ba ninyong makatagpo ng isang taong perpekto? Hindi habang nandirito tayo sa lupa (*DBY,* 150).

Sasabihin ko sa mga kapatid na lalaki at babae, kung pinarurusahan kayo ng sinuman sa inyong mga pinuno, huwag ituturing na kaaway ang gumagawa nito, bagkus ay palaging tanggapin ito bilang kabutihan mula sa kamay ng isang kaibigan at hindi mula sa isang kaaway. Kung kaaway ninyo ang inyong mga pangulo, hahayaan nila kayo sa inyong mga pagkakamali. Kung iniibig kayo ng Panginoon, parurusahan kayo [tingnan sa Mga Hebreo 12:6]; tanggapin ito nang may kagalakan (*DBY,* 133).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

**Inihahayag ng Diyos ang kanyang kalooban sa Simbahan sa pamamagitan ng Pangulo ng Simbahan**.

- Paano ginagamit ng Panginoon ang Pangulo ng Simbahan at ang Kapulungan ng Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang

Apostol upang patnubayan ang Simbahan? Paano sila natutulungan ng iba pang mga pinuno na humahawak ng iba pang mga katungkulan sa Simbahan? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 107:21–38; 132:7.)

- Bakit maaari tayong mag-ukol ng buong paniwala at pananalig sa nangungulong mga korum ng Simbahan? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 107:27.)
- Bakit hindi pahihintulutan ng Panginoon na iligaw ng propeta ang Simbahan? Anong pangako ang ibinigay ni Pangulong Young sa mga gumaganap sa kanilang tungkulin? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan, Opisyal na Pagpapahayag 1.)

---

**Hawak ng Labindalawang Apostol ang mga susi ng pagkasaserdote para sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos dito sa sanlibutan.**

- Anu-ano ang mga susi ng pagkasaserdote ng pagiging Apostol?
- Anu-ano ang mga tungkulin ng mga Apostol? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 107:23–24, 33, 58.)
- Talakayin ang kaugnayan ng pagkakatawag ng isang Apostol sa iba pang mga katungkulan sa Pagkasaserdoteng Melquisedec at Aaron. (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 107:58.)
- Anu-ano ang mga tungkulin ng Pitumpu ngayon sa kanilang pagganap sa ilalim ng pangangasiwa ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 107:34.)

---

**Ang katungkulan ng obispo ay kabilang sa Pagkasaserdoteng Aaron at hawak ang karapatang pangasiwaan ang mga temporal at espirituwal na bagay.**

- Anu-anong mga susi, kapangyarihan, at karapatan ang taglay ng isang obispo? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 84:26–27; 107:13–17.) Anu-ano ang mga pananagutan ng isang Obispo bilang pangulo ng Pagkasaserdoteng Aaron? bilang nangungulong Mataas na Saserdote sa isang purok?
- Ayon kay Brigham Young, ano ang ginagawa ng isang obispo na "[pinangangalagaan] nang matapat ang kanyang Purok"? (Tingnan din sa 1 Timoteo 3:1–7.)
- Bilang mga tagapagturo ng tahanan at mga tagapagturong dumadalaw, paano tayo higit na makatutulong sa pagbabantay sa Simbahan?

## Ang disiplina sa Simbahan ay makatutulong sa mga tao na bumalik sa pagkamatwid.

- Paano isinalarawan ni Pangulong Young ang mga taong nagkakasala?
- Sinabi ni Pangulong Young na ang "nakararami sa mga suliranin sa pagitan ng [mga tao] ay bunsod ng hindi pagkakaunawaan at hindi dahil sa malisya at masamang puso." Ano ang kanyang payo sa pag-aayos ng mga hindi pagkakaunawaan?
- Ano ang ninais makita ni Pangulong Young sa mga kapulungang tagasupil? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 107:71–84; 134:10.) Paano ang makatutulong ang "kapangyarihan at karunungan mula sa Diyos" sa mga taong nagpapataw ng hatol sa isang kapulungang tagasupil? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 121:41–42.)
- Sa paanong paraan "mahahatulan at mauunawaan" ng mga nanunungkulan sa mga kapulungang tagasupil ang mga taong dinidisiplina?
- Ano ang sinabi ni Pangulong Young tungkol sa "[pagpa]parusa ayon sa espiritung nananahan sa tao"? (Tingnan din sa 3 Nephi 18:28–32.)
- Paano, ayon kay Pangulong Young, dapat tayong tumugon kung pinarurusahan tayo ng ating mga pinuno? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 95:1.)

# Paggalang sa Sabbath at sa Sakramento

*Isang araw pagkaraan ng pagdating ng kampo ng tagabunsod sa Lambak ng Salt Lake, nagbigay ng maikling pananalita si Pangulong Brigham Young sa kanila ukol sa pangingilin sa araw ng Sabbath. Sila ay may ilang na lilinangin, mga pananim na itatanim, at iba pang kinakailangan gawaing dapat harapin sa panahong iyon, sinabi niya sa "mga kapatid na hindi sila dapat gumawa sa araw ng Linggo, na [kung gagawa sila] mawawala ng limang ulit kung anuman ang kanilang tutubuin sa paggawa sa araw na ito, at hindi rin sila dapat mangaso sa araw na ito." Sinabi rin niya na "magkakaroon ng pulong bawat Linggo sa lugar na ito o saan man tayo hihimpil" (*WWJ*, ika-25 ng Hul. 1847). Tuwinang pinapaalalahanan ni Pangulong Young ang mga Banal na panatilihing banal ang Sabbath "bilang pag-alaala sa ating Diyos at sa ating banal na relihiyon" (*DBY*, 165).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath ay nagdudulot ng mga pagpapalang temporal at espirituwal.

Kunin ang aklat na ito (ang aklat ng Doktrina at mga Tipan) at mababasa ninyo rito na ang mga Banal ay dapat magtipun-tipon sa araw ng Sabbath [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:9–16]. . . . Ang mga taong ito na tinawag na Banal sa mga Huling Araw, ay kinailangan, alinsunod sa mga paghahayag na ibinigay ng Panginoon, na magtipun-tipon sa araw na ito. Sa kautusang ito kinailangan tayong magkitang sama-sama at magsisi sa ating mga kasalanan at magsabi ng ating mga kasalanan at kumain ng [sakramento] bilang paggunita sa kamatayan at pagpapakasakit ng ating Panginoon at Tagapagligtas (*DBY*, 164).

Kapag nagsasama-sama ang mga tao upang sumamba dapat nilang iwan ang mga alalahanin sa mundo, kung magkagayon ang kanilang isipan ay nasa tamang kalagayan upang magsamba sa Panginoon, upang tawagin siya sa pangalan ni Jesus, at upang makuha ang kanyang Banal na Espiritu, nang kanilang marinig at maunawaan ang mga bagay sa kawalang-hanggan, at malaman kung paano mauunawaan ang kalooban ng Diyos. Ito ang oras na



Ang sakramento ay isang kinakailangang ordenansa "upang magpatotoo sa Ama . . . na [tayo] ay nananampalataya at naghahangad na sumunod sa kanya . . . nang may buong puso" (*DBY,* 171).

ang kanilang mga isipan ay dapat bukas, upang mamasdan ang mga dinakikitang bagay ng Diyos, na kanyang ipinahahayag sa pamamagitan ng kanyang Espiritu (*DBY*, 167).

Dapat ay tahimik ang lahat ng tao kapag nagtitipon tayo rito upang sumamba sa Diyos. Alalahanin at sikaping maging ganap na tahimik, huwag magbubulungan, mangag-uusap, ni kaladkarin ang inyong mga paa (*DBY*, 167–68).

Sa pamamagitan ng pagtalikod sa ating mga bukid sa maikling panahon, upang magtipun-tipon, upang sumamba sa ating Diyos, tinitiyak ko sa inyo ang inyong mga pananim ay higit na magiging maganda kaysa kung ibubuhos ninyong lahat ang inyong oras sa inyong mga bukid. Maaari tayong magdilig at magtanim at gumawa, ngunit hindi natin dapat kalimutan na ang Diyos ang nagpapalago ng mga pananim; at sa pamamagitan ng pagpupulong nang sama-sama, ang ating kalusugan at espiritu ay higit na mapabubuti, magiging higit na maayos ang ating hitsura, at ang mga bagay sa daigdig na ito ay uunlad sa paligid natin, at malalaman natin kung paano higit na tatamasahin ang mga ito (*DBY*, 167).

Dapat nating ipangilin [ang Sabbath] para sa ating temporal na kabutihan at kagalingang espirituwal. Kapag nakakikita tayo ng isang magsasaka na nagmamadali, na kailangan niyang asikasuhin ng kanyang pag-aani at pag-iimbak ng dayami, paggawa ng bakod, o pagtitipon ng kanyang mga baka sa araw ng Sabbath, sa ganang akin, ibibilang ko siyang isa sa mga may mahinang pananampalataya. Humigit-kumulang ay nawala niya ang diwa ng kanyang relihiyon. Sapat na ang anim na araw sa atin upang gumawa [tingnan sa Exodo 20:9–11], at kung nanaisin nating maglaro, maglaro sa loob ng anim na araw; kung nais nating mag-eskursiyon, gamitin ang isa sa anim na araw na iyon, ngunit sa ikapitong araw, pumunta sa lugar ng pagsamba (*DBY*, 165).

Sa halip na gumawa sa araw ng Sabbath, . . . dapat tayong gumawa nang kaunti lamang; kung kinakailangang magluto ng pagkain, gawin ito; ngunit kung maiiwasan ito, mas mabuti. Tungkol naman sa pagpapanatili ng Sabbath ayon sa batas ni Moises, sa katunayan ay hindi ko ito ginagawa; dahil hindi ito abot ng aking kakayahan. Gayon pa man, sa ilalim ng bagong tipan,, dapat nating panatilihing banal ang isang araw sa isang linggo bilang araw ng pahinga—bilang pag-alaala sa pagpapahinga ng Panginoon at ng pagpapahinga ng mga Banal; gayon din para sa ating temporal na kapakinabangan, dahil ito ay itinatag para sa ikabubuti ng tao. Nasusulat sa aklat na ito (ang Biblia), na ang Sabbath ay ginawa dahil sa tao. Ito ay pagpapala para sa kanya. Dahil kaunti lamang ang dapat gawin sa araw na ito; dapat itong italaga bilang araw ng pamamahinga, upang magtipun-tipon sa lugar na itinalaga, ayon sa paghahayag [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:10–12], ipagtapat ang ating mga kasalanan, dalhin ang ating mga ikapu at handog, at humarap sa ating Panginoon (*DBY*, 164).

Ngayon, tandaan, aking mga kapatid, ang mga nag-iisketing, sumasakay sa mga karwahe upang magliwaliw, o pumupunta sa mga pasyalan sa araw ng Sabbath—napakaraming gumagawa nang ganito—sila ay mahina sa pananampalataya. Baha-bahagya, at unti-unting nawawalay sa kanilang mga puso at damdamin ang diwa ng kanyang relihiyon, at hindi magtatagal, mag-uumpisa silang makakita ng mga kamalian sa kanilang mga kapatid, mga kamalian sa mga doktrina ng Simbahan, mga kamalian sa samahan, at sa wakas ay lilisanin nila ang Kaharian ng Diyos at hahantong sa kapahamakan. Talagang nais kong matandaan ninyo ito, at sabihin ito sa inyong mga kapwa (*DBY,* 165).

Mahirap o mayaman man tayo, kung pinababayaan natin ang ating mga panalangin at ang ating mga pulong sakramento, pinababayaan natin ang Espiritu ng Panginoon, at isang espiritu ng kamangmangan ang sumasaklaw sa atin (*DBY,* 170).

Nasa ilalim tayo ng pangangailangang magtipun-tipon dito bawat araw ng Sabbath, at sa mga pagpupulong ng Purok, . . . upang magturo, magsalita, magdasal, umawit, at magtagubilin. Para anong dahilan? Upang mapanatili tayo sa pag-aalaala sa ating Diyos at sa ating banal na relihiyon. Kinakailangan ba ang kaugaliang ito? Oo; sapagkat madali tayong makalimot—madali tayong maligaw, kung kaya't kailangan nating marinig sa ating mga tainga ang Ebanghelyo nang isa, dalawa, o tatlong ulit sa isang linggo, o, masdan, muli tayong babalik sa ating mga sinasambang bagay (*DBY,* 165).

Nagpunla sa atin ang Panginoon ng kabanalan; at ang banal at walang kamatayan na espiritung iyon ay kailangang pakanin. Masasagot ba ng pagkaing matatagpuan sa mundo ang pangangailangang ito? Hindi; mapapanatili lamang nitong buhay ang katawang ito hangga't pumipisan dito ang espiritu, na nagbibigay sa atin ng pagkakataong gumawa nang mabuti. Ang kabanalang sumasaatin ay nangangailangan ng pagkain mula sa Bukal kung saan ito nanggaling. Hindi ito sa lupa, o makalupa, bagkus ay mula sa langit. Mga alituntunin ng buhay na walang hanggan, ng Diyos at pagkamaka-diyos, ang siyang tanging makapagpapakain sa walang kamatayang kakayahan ng tao at makapagbibigay ng tunay na kasiyahan (*DBY,* 165).

Ang pagpunta sa Tabernakulong ito upang sumamba at gawin ang kalooban ng Diyos sa loob ng isang araw sa isang linggo, at sundan ang ating mga hilig at gawin ang ating sariling kalooban sa iba pang mga araw, ay isang kalokohan; wala itong kabuluhan, at isang tahasang pagkutya sa paglilingkod sa Diyos. Dapat nating gampanan ang kalooban ng Diyos, at gugulin ang lahat ng ating panahon para sa ikatutupad ng kanyang mga layunin, nasa Tabernakulo man tayo o saan pa mang lugar (*DBY,* 166).

Ang Lunes, Martes, Miyerkules, Huwebes, Biyernes, at Sabado ay kinakailangang iukol para sa kaluwalhatian ng Diyos, kagaya rin ng Linggo, kundi ay hindi natin matatamo ang layuning hinahabol natin [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:11] (*DBY,* 166).

### Nagkakatipon tayo upang magpalakas at palakasin.

Sa araw na ito [sa Sabbath] ay nagagawa nating magkatipon at magsalita sa isa't isa, upang palakasin at gawan nang mabuti ang bawat isa (*DBY,* 167).

Habang may tanging karapatan tayong makapagsalita sa isa't isa, magsalita tayo ng mga katagang magbibigay ng ginhawa at aliw. Kung kinakasihan kayo ng Espiritu ng kabanalan at kadalisayan, paliwanagin ang inyong ilaw, ngunit kung kayo ay sinusubok at tinutukso at sinasaktan ni Satanas, sarilinin ang inyong mga iniisip—itikom ang inyong mga bibig; sapagkat ang pagsasalita ay maaaring magbunga ng mabuti o masama (*DBY,* 166).

Kung [ang isang tao] ay sinisimulan o tinatapos ang isang pagtitipon sa pamamagitan ng pagdarasal, ang bawat lalaki, babae, at bata sa kongregasyon na nagpapahayag na Banal siya ay hindi dapat na magkaroon ng hangarin o mga kataga sa kanilang puso at bibig maliban sa mga yaong ipinagdarasal ng [taong] siyang tagapagsalita para sa buong kongregasyon (*DBY,* 170).

Kung mayroon man sa inyong nagsasabing walang sigla sa inyong mga pagtitipon, kagaya ng paminsan-minsang kong naririnig na sinasabi ng mga kapatid, samakatwid ay tungkulin ninyong dumalo at bigyang sigla ang pagtitipong yaon, at gampanan ang inyong bahagi upang magkaroon ng karagdagang Espiritu at kapangyarihan ng Diyos sa mga pagtitipon sa inyong pook (*DBY,* 170).

Gagamitin ko ang kalayaang magmungkahi sa mga kapatid na nagsasalita sa kongregasyon, na ang ating mga sermon ay dapat na maikli, at kung hindi sila naglalaman ng kasiglahan at diwa, paikiliin ang mga ito, sapagkat wala tayong panahon sa Pagpupulong na ito upang mapayagan ang lahat ng Elder na nagsasalita na mangaral nang mahabang sermon, ngunit may panahon tayo upang makabigkas ng ilang salita sa pagbibigay patotoo, sa pagbibigay ng ilang salita ng pagpapayo upang palakasin ang loob ng mga Banal, sa pagpapalakas ng mahina, at sa pagsusumikap na pagtibayin ang mga yaong nag-aatubili, at sa pagsusulong ng Kaharian ng Diyos (*DBY,* 167).

Mga kapatid na lalaki at babae, may isa akong pakiusap sa inyo. Kung magsasalita kayo, magsalita nang naririnig at nauunawaan namin kayo. . . . Kung wala kayong sasabihin, sundin ang payo ko, at manatiling nakaupo. Kung mayroon kayong anumang sasabihin, sabihin ito; at kung matapos na, huminto. Pamahalaan at supilin ang inyong mga damdamin sa pamamagitan ng mga alituntunin ng buhay na walang hanggan, na siyang dapat na ginagawa ng mga anak ng Diyos, na kinalulugdan ang katotohanan at pagkamatwid (*DBY,* 167).

Ang pinakadakila kong minimithi sa aking Amang Diyos ay ang makapagsalita ako na magiging katanggap-tanggap sa kanya ang aking mga pangungusap at kapakipakinabang sa mga yaong nakikinig sa akin (*DBY,* 168).



**Si Rachel Ridgeway Grant (harap, gitna), ang pangkalahatang pangulo ng Samahang Damayan, at ang kanyang mga tagapayo at mga kalihim noong 1875.**

Kapag nahihirapan akong magsalita sa isang kongregasyon, aking . . . hinihiling sa Diyos na aking Ama sa Langit, sa pangalan ni Jesucristo, na pagkalooban ako ng kanyang Espiritu, at ilagay sa aking puso ang mga bagay na nais niyang sabihin ko (*DBY,* 168).

Kinakailangan ko ang pansin ng kongregasyon at ang pananampalataya ng mga may pananampalataya; kinakailangan ko ang karunungan ng Diyos at ang kanyang Espiritu na napasaaking puso upang makapagsalita ako

para sa ikapagpapatibay ng mga tao. Bagamat naging tagapagsalitang pangmadla ako sa loob ng tatlumpu't pitong taon, madalang na tumayo ako sa harap ng isang kongregasyon nang di nakadarama ng pagkahiyang tulad ng sa bata; kung tumanda akong katulad ni Matusalem, hindi ko alam kung mawawala sa akin ito. May mga dahilan kung bakit ganito at nauunawaan ko ito. Kung tinitingnan ko ang mga mukha ng matalinong mga nilalang, nakikita ko ang larawan ng Diyos na aking pinaglilingkuran. Wala sa kanilang hindi nagtataglay sa kanilang sarili ng isang tiyak na bahagi ng kabanalan; at bagamat nababalutan tayo ng mga katawan na nasa wangis ng ating Diyos, gayunman ay nanliliit ang mortalidad na ito sa harap ng bahaging iyon ng kabanalan na mana natin mula sa ating Ama. Ito ang sanhi ng aking pagkahiya (*DBY,* 168).

Sa pagsasalita sa isang kongregasyon, bagamat ang tagapagsalita ay hindi makabigkas nang higit sa kalahating dosenang pangungusap, at ang mga ito ay saliwa ang pagkakabalangkas, kung dalisay ang kanyang puso sa harapan ng Diyos, ang mga ilang putul-putol na pangungusap ay may higit na halaga kaysa pinakadakilang kahusayan sa pananalita na wala ang Espiritu ng Panginoon at may higit na tunay na halaga sa paningin ng Diyos, sa mga anghel, at sa lahat ng mabuting tao. Sa pagdarasal, bagamat ang mga kataga ng isang tao ay iilan at saliwa ang pagkakabigkas, kung dalisay ang puso sa harapan ng Diyos, ang panalanging iyon ay makatatamo ng higit na pagpapala kaysa kahusayan sa pananalita ni Cicero [isang mananalumpating Romano noong unang siglo bago isilang si Cristo]. Ano ang pakialam ng Panginoon, na Ama nating lahat, sa paraan ng ating pagpapahayag? Ang payak at tapat na puso ay may higit na bisa sa Panginoon kaysa kagarbuhan, kapalaluan, karangyaan, at kahusayan sa pananalita na nagagawa ng tao. Kung nakikita niya ang isang pusong puspos ng katapatan, karangalan, at payak tulad ng sa bata, namamalas niya ang isang alituntuning mananatili magpakailanman—"Iyan ang diwa ng aking kaharian—ang diwang ibinigay ko sa aking mga anak" (*DBY,* 169).

Naniniwala akong tungkulin natin na tularan ang lahat ng bagay na mabuti, maganda, kagalang-galang at kapuri-puri. Dapat nating tularan ang pinakamahusay na mga tagapagsalita, at mag-aral upang maiparating ang ating mga kuru-kuro sa bawat isa sa pinakamainam at pinakapiling salita, lalo na kung ipinamamahagi natin ang mga dakilang katotohanan ng Ebanghelyo ng kapayapaan sa mga tao. Karaniwan kong ginagamit ang pinakamainam na salita na kaya ko (*DBY,* 169).

[Gayunman,] ay naniniwala ako . . . na kung mayroon ako ng lahat ng kadalubhasaan sa wika na natamo ng mga pantas, higit na kalulugdan ng aking puso ang isang pag-uusap na parang sa bata, at ito rin, sa isang payak na salita, kaysa pinakamahusay na paraang pampanitikan. Ang isang payak, malinaw na paraan ng pagpapahayag ng mga kuru-kuro ang pinakakalugud-lugod sa akin (*DBY,* 169).

## Itinakda ang araw ng ayuno upang makatulong sa nangangailangan at mapalakas ang mga patotoo.

Batid ninyong ang unang Huwebes ng bawat buwan [ngayon ay sa unang Linggo] ay itinatakda nating araw ng ayuno. Ilan sa naririto ang nakaaalam sa pinagmulan ng araw na ito? Bago ibinayad ang ikapu, ang mahihirap ay tinulungan sa pamamagitan ng mga ambag. Pumunta sila kay Joseph at humingi ng tulong, sa Kirtland, at sinabi niyang dapat na magkaroon ng araw ng ayuno, na napagkasunduan. Gaganapin ito minsan sa isang buwan, kagaya sa ngayon, at ang lahat ng kakainin sana sa araw na iyon, harina, karne, o mantikilya, o prutas, o anuman, ay dadalhin sa pulong-ayuno at ipagkakatiwala sa taong napili para sa layuning pangalagaan ang mga ito at ipamahagi sa mahihirap (*DBY,* 169).

Sa ating mga pagtitipon sa araw ng ayuno, nagtitipon ang mga Banal upang ipahayag ang kanilang mga damdamin at upang palakasin ang bawat isa sa kanilang pananampalataya sa banal na Ebanghelyo (*DBY,* 169).

Hindi ba kayo nakatatanggap nang sapat na diwa ng katalinuhan, diwa ng kaalaman, at mga mapang-aliw na impluwensiya ng Espiritu Santo, sa pagkakaroon ng mga taong tatayo at magpapatotoo sa mga bagay ng Diyos na kanilang nababatid, ng yaong mga bagay na naranasan nila mismo? Hindi ba nito inihahatid nang malinaw sa inyong isipan ang kabutihan ng Panginoon sa paghahayag sa inyo ng katotohanan ng Ebanghelyo. Hindi ba nito pinalalakas ang inyong pananampalataya, binibigyan kayo ng karagdagang pananalig at nagpapatotoo sa inyo na anak kayo ng Diyos? Tiyak na tiyak ito. Samakatwid, kung may sinuman na nagpapatotoo sa mga bagay ng Diyos, pinapagtibay nito ang kanilang mga kapatid, na katulad na katulad din sa ginawa nito noong mga sinaunang araw nang tumutupad sila sa payo na, "Pagsabihan palagi ang bawat isa," "papagtibayin ang mga kapatid," at iba pa (*DBY,* 170).

## Sa pamamagitan ng pakikibahagi sa sakramento, naaalala natin ang Tagapagligtas at sinasariwa natin ang ating mga tipan sa ating Ama sa Langit.

Sinasabi ko sa mga kapatid na lalaki at babae, sa pangalan ng Panginoon, na tungkulin natin at kinakailangan sa atin, ng ating Ama sa Langit, ng diwa ng ating relihiyon, ng ating mga tipan sa Diyos at sa isa't isa, na gampanan natin ang mga ordenansa sa bahay ng Diyos, lalo na sa araw ng Sabbath, na dumalo sa Sakramento ng Hapunan ng Panginoon. At pagkatapos ay dumalo sa mga pagpupulong ng Purok at sa mga pagpupulong ng Korum (*DBY,* 171).

Sa ordenansang [sakramento] dinadaluhan natin dito . . . , ipinakikita natin sa Ama na naaalala natin si Jesucristo, ang ating Nakatatandang Kapatid; nagpapatotoo tayo sa kanya na nakahanda tayong tanggapin sa ating sarili ang

kanyang pangalan. Kung ginagawa natin ito, nais kong nandirito ang mga isipan pati na ang mga katawan. Nais ko nandirito ang buong katauhan kung pumupunta kayo para sa pagpupulong (*DBY,* 171).

Hinihikayat ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na tanggapin ang ordenansang ito bawat Sabbath, kung [kayo] ay nagkakatipon. . . . Nakikiusap ako sa inyo, aking mga kapatid na lalaki at babae, na pag-isipan ninyong mabuti ang ordenansang ito, at maghangad sa Panginoon nang inyong buong puso upang inyong matamo ang ipinangakong biyaya sa pamamagitan ng pagsunod dito. Ituro ang pagtupad nito sa inyong mga anak; ikintal sa kanila ang pangangailangan dito. Ang pagtupad nito ay kinakailangan sa ating kaligtasan kagaya ng iba pa mang mga ordenansa at kautusan na pinaiiral upang pabanalin ang mga tao, upang pagpalain sila ni Jesus at ipagkaloob sa kanila ang kanyang espiritu; at patnubayan at gabayan sila upang kanilang matamo sa kanilang sarili ang buhay na walang hanggan. Ikintal ang kabanalan ng mahalagang ordenansang ito sa isipan ng inyong mga anak (*DBY,* 171–72).

Tayo [ay nakikibahagi sa sakramento] sa pag-alaala sa pagkamatay ng ating Tagapagligtas; kinakailangan ito sa kanyang mga disipulo hanggang pumarito siyang muli, hindi mahalaga kung gaano man katagal iyon. Hindi mahalaga kung ilang salinlahi ang dumating at umalis, ang mga nananampalataya sa kanya ay kinakailangang kumain ng tinapay at uminom ng alak [o tubig, sa ngayon] sa pag-alaala sa kanyang pagkamatay at mga paghihirap hanggang pumarito siyang muli. Bakit kinakailangan silang gumawa nito? Upang magpatotoo sa Ama, kay Jesus at sa mga anghel na sila ay nananampalataya at naghahangad na sumunod sa kanya sa pagpapanibagong espirituwal, tuparin ang kanyang mga kautusan, itayo ang kanyang Kaharian, igalang ang kanyang pangalan at paglingkuran siya nang may buong puso, nang sila ay maging karapat-dapat na kumain at uminom kasama niya sa Kaharian ng kanyang Ama. Ito ang dahilan kung bakit nakikibahagi ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Hapunan ng Panginoon (*DBY,* 172).

Ano ang kapakinabangang natatamo natin mula sa ordenansang ito? Ito ay ang pagsunod sa mga utos ng Panginoon. Kung sumusunod tayo sa mga kautusan ng ating Ama sa Langit, kung tayo ay may wastong pagkaunawa sa mga ordenansa sa bahay ng Diyos, natatanggap natin ang lahat ng pangako na nakakabit sa pagsunod na iniukol sa kanyang mga kautusan (*DBY,* 182).

Isa iyon sa pinakadakilang biyayang matatamo natin, ang lumapit sa harapan ng Panginoon, at sa harapan ng mga anghel, at sa harapan ng bawat isa, upang magpatotoong naaalala nating namatay si Jesucristo alang-alang sa atin. Magpapatunay ito sa Ama na naaalala natin ang ating mga tipan, na iniibig natin ang kanyang Ebanghelyo, na iniibig nating tuparin ang kanyang mga kautusan, at upang parangalan ang pangalan ni Jesucristo sa lupa (*DBY,* 172).

# Mga Mungkahi sa Pag-aaral

## Ang pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath ay nagdudulot ng mga pagpapalang temporal at espirituwal.

- Anu-ano ang mga kinakailangan ng Diyos para sa pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath? Anu-ano ang kapakinabangan sa pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 59:9–16.)
- Sinabi ni Pangulong Young na "Nasa ilalim tayo ng pangangailangang magtipun-tipon . . . sa mga pagpupulong." Ano ang sinabi niyang dapat nating gawin kung tayo ay "nagtitipon-tipon upang sumamba"? Ano ang maaaring makagambala sa atin sa pagtitipun-tipon upang sumamba sa araw ng Sabbath?
- Ayon kay Pangulong Young, ano ang nangyayari nang "unti-unti" kung hindi tayo sumusunod sa kautusang panatilihing banal ang araw ng Sabbath? Sa pagbabatay sa mga sinabi ni Pangulong Young, anu-ano ang ilang katanungan na maaari nating itanong sa ating sarili upang mapagpasiyahan ang pagiging angkop ng ilang gawain sa araw ng Sabbath? (Halimbawa: Ang gawain bang ito ay para sa ating kapakanang espirituwal? Pinapagtibay ba nito ang ating pananampalataya? Nakatutulong ba ito sa atin na mabiyayaan ang iba?)
- Bakit dapat nating sambahin ang Panginoon sa bawat araw at hindi lamang sa araw ng Sabbath? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 59:11.) Paano ang pagsamba sa ibang araw ng linggo magiging katulad o magiging iba sa pagsamba kung Sabbath? Paano natin magugugol ang bawat araw "para sa kaluwalhatian ng Diyos"?

## Nagkakatipon tayo upang magpalakas at palakasin.

- Bakit mahalagang magkatipon-tipon tayo upang sumamba kung Sabbath? Ano dapat ang layunin natin habang binabati natin ang bawat isa, nagsasalita, o nagtuturo sa mga pagtitipon kung Sabbath? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 43:8–9.) Paano nakatutulong sa inyo ang pakikisalamuha sa ibang mga Banal sa mga Huling Araw?
- Anong payo ang ibinigay ni Pangulong Young sa mga yaong naaanyayahang magsalita sa mga pagtitipon sa Simbahan? Bakit higit na mahalaga ang impluwensiya ng Espiritu Santo kaysa mahusay na mga pananalita? Ano ang inaasahan niya sa mga kasapi na nasa kongregasyon? Paano natin nararapat na "bigyang sigla" ang ating mga pagtitipon? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 50:21–24.)

### Itinakda ang araw ng ayuno upang makatulong sa nangangailangan at mapalakas ang mga patotoo.

- Ayon kay Pangulong Young, bakit pinasimulan ang araw ng ayuno?
- Anong impluwensiya ang idinudulot ng pagbibigay nang bukas-palad pagkakaloob ng handog-ayuno sa taong nagbibigay?
- Sa mga Linggo ng ayuno ay may pagkakataon tayo na makapagbigay patotoo sa bawat isa. Ano ang ibig ipakahulugan ng pagbibigay patotoo? Bakit kailangang-kailangan para sa atin na magbigay patotoo at mapakinggan ang iba na gawin din ito? Paano natin nahihikayak ang iba kung nagpapatotoo tayo sa mga bagay ng Diyos? Paano tayo nahihikayat sa pamamaraang ito? Paano napapagtibay ng mga patotoo ng iba ang inyong pananampalataya?

### Sa pamamagitan ng pakikibahagi sa sakramento, naaalala natin ang Tagapagligtas at sinasariwa natin ang ating mga tipan sa ating Ama sa Langit.

- Ang pinakamahalagang bagay na ginagawa natin sa ating mga pagtitipon kung Linggo ay ang makibahagi sa sakramento. Bakit kinakailangan ng Panginoon ang isang mapag-isip na paglahok sa sakramento? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 27:2.)
- Ano ang ating ginagawa kung nakikibahagi tayo sa sakramento? (Tingnan ang mga panalanging sa sakramento sa Doktrina at mga Tipan 20:75–79 o Moroni 4; 5.) Ano ang ibig ipakahulugan ng pagtanggap sa ating sarili sa pangalan ni Cristo? Ano ang ipinangako ng Panginoon sa mga nakikibahagi sa sakramento nang may buong layunin? Paano natin matatanggap ang ipinangakong mga biyayang ito?
- Paano ang pakikibahagi sa sakramento makapagpapalakas sa ating pangangako sa Tagapagligtas sa loob ng buong linggo? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 59:9–12.)




Ang Imbakan ng Ikapu sa Lungsod ng Salt Lake noong mga 1860. Itinuro ni Pangulong Young na ang batas ng ikapu "ay isang walang hanggang batas na itinatag ng Diyos para sa kapakinabangan ng sangkatauhan, para sa kanilang kaligtasan at kadakilaan (*DBY,* 177).

# Ikapu at Paglalaan

*Sa kabila ng lahat ng pagsubok na hinarap ni Pangulong Young, para sa kanya, "walang matatawag" na sakripisyo (*DNW*, ika-24 ng Ago. 1854, 1) dahil ang lahat ng bagay ay pag-aari ng Diyos at ang ipinagkakaloob natin ay nagpapala lamang at naghahanda sa atin para sa kadakilaan. Para sa kanya, ang tinatawag nating sakripisyo ay mga pagkakataon upang ipagpalit "ang isang mas masamang kalagayan sa isang mas mabuti" (*DNW*, ika-24 ng Ago. 1854, 1). Itinuro ni Pangulong Young na maaari tayong makibahagi sa gawain ng Panginoon sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas ng ikapu at paglalaan—pagkilala na ang lahat ng nasa atin ay pag-aari ng ating Ama sa Langit at pagsasauli ng bahagi ng ating pag-aari sa kanya.*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang pagbabayad ng ikapu ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon upang makibahagi sa gawain ng Panginoon sa pamamagitan ng pagsasauli ng bahagi ng pag-aari niya.

Hindi ko inakala saglit man na may sinuman sa Simbahang ito na hindi nakakaalam sa tungkulin ng pagbabayad ng ikapu, ni hindi rin kailangang magkaroon ng paghahayag taun-taon tungkol sa paksang ito. May Batas—magbayad ng ikasampung bahagi (*DBY*, 174).

Napakarami nang naging pagtatanong at nakakasawa na: ang batas ay dapat magbayad ng ikasampung bahagi ang isang tao . . . para sa pagtatayo ng Bahay ng Diyos, pagpapalaganap ng ebanghelyo, at pagtataguyod sa pagkasaserdote. Kapag pumupunta sa simbahan ang isang tao, nais niyang malaman kung dapat niyang isama sa kuwenta ang kanyang kasuotan, malaking pagkakautang, lupain, at iba pa. Ang batas ay magbigay . . . ng ikasampung bahagi ng kanyang kita [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 119:4] (*HC*, 7:301). Ang batas ng ikapu ay isang walang hanggang batas. Hindi pa nangyaring itinatag ng Pinakamakapangyarihang Panginoon ang kanyang Kaharian dito sa lupa nang walang batas ng ikapu na ipinag-uutos sa kanyang mga tao, at hindi niya kailanman gagawin ito. Ito ay isang walang hanggang batas na itinatag ng Diyos para sa kapakinabangan ng sangkatauhan, para sa kanilang kaligtasan at kadakilaan. Ang batas na ito ay nakapaloob sa Pagkasaserdote, subalit ayaw naming sumunod ang sinuman maliban kung maluwag sa kanilang kalooban na gawin ito (*DBY*, 177).

Ang mga tao ay hindi pinipilit magbayad ng kanilang ikapu, nagbabayad sila sang-ayon sa kanilang nais, hinihiling lamang ito sa kanila bilang tungkulin nila sa kanilang Diyos (*DBY*, 177).

Hindi namin pinagbabayad ng ikapu ang sinuman maliban kung handa sila; subalit kung nagpapanggap kayong nagbabayad ng ikapu, bayaran ninyo ito nang tulad ng matapat na tao (*DBY*, 177).

Dapat na magbayad ng kanilang ikasampung bahagi ang lahat. Dapat na ibayad ng mahirap na babae ang kanyang ikasampung manok, kahit na kailangang ibalik sa kanya nang sampung beses ang halaga ng ibinigay niya para sa kanyang pangangailangan (*DBY*, 178).

Sadyang totoo na mas magaling magbayad ng kanilang ikapu ang mahihirap kaysa sa mayayaman. Kung magbabayad lamang ng ikapu ang mayayaman magiging sagana tayo. Ang mahihirap ay matapat at maagap sa pagbabayad ng kanilang ikapu, samantalang ang mayayaman ay halos hindi makabayad—napakalaki ng kanilang ibabayad. Kung sampung piso lamang ang pera niya, kaya niyang magbayad ng isa; kung piso lamang ang pera niya, kaya niyang magbayad ng sampung sentimo; walang anuman ito sa kanya. Kung mayroon siyang isandaang piso marahil ay makapagbabayad siya ng sampu. Kung mayroon siyang isanlibong piso, saglit niya itong titingnan at sasabihing, "Sa palagay ko ay babayaran ko ito; kailangan din namang bayaran ito;" at ibabayad niya ang kanyang sampung piso o isandaang piso. Subalit halimbawang kaya ng isang tao na magbayad ng sampung libong piso, titingnan niya ito nang paulit-ulit at sasabihing, "Sa palagay ko ay maghihintay muna ako hanggang sa makaipon pa ako ng kaunti, at pagkatapos ay magbabayad ako ng malaki." At naghintay sila nang naghintay, tulad ng matandang lalaki sa Silangan; naghintay siya nang naghintay upang magbayad ng kanyang ikapu hanggang sa pumanaw siya sa mundo, at ganito ang nangyayari sa marami. Naghihintay sila at patuloy na naghihintay hanggang sa huli ay dumarating ang tauhang tinatawag na Kamatayan at lumalapit sa kanila nang lingid sa kanilang kaalaman at binabawi ang kanilang hininga, at pagkaraan nito ay pumapanaw sila at hindi na nakapagbayad ng kanilang ikapu, sadyang huli na sila, at ganito ang nangyayari (*DBY*, 175).

Hindi ako maaaring tumayo at sabihing makapagbibigay ako sa Panginoon, subalit sa katotohanan ay wala akong maibibigay. Kahit paano ay mayroon akong maibibigay. Bakit? Dahil ninais ng Panginoon na itaguyod ako, at biniyayaan niya ang aking pagsisikap upang makalikom ng mga bagay na kanais-nais, at ang mga ito ay tinatawag na ari-arian (*DBY*, 176).

Nang dumating ang aking Obispo upang kalkulahin ang halaga ng aking ari-arian, nais niyang malaman kung ano ang kukunin niya bilang ikapu. Sinabi ko sa kanya na kunin ang anumang bagay na mayroon ako dahil hindi ko itinuon sa anumang bagay ang aking puso; maaari niyang kunin ang aking mga kabayo, baka, baboy, o anumang iba pang bagay; ang aking puso ay nakatuon sa gawain ng aking Diyos, sa ikabubuti ng kanyang dakilang Kaharian (*DBY*, 176).

Kung ipinamumuhay natin ang ating relihiyon, magiging handa tayong magbayad ng ikapu (*DBY*, 176).

Hindi sa atin ang ating sarili, tayo'y tinubos, tayo ay pag-aari ng Panginoon; ang ating panahon, mga talino, ginto at pilak, trigo at mga pinong harina, inumin at langis, mga baka, at ang lahat ng pag-aari natin na nasa daigdig na ito ay pag-aari ng Panginoon, at hinihingi niya ang ikasampung bahagi nito para sa pagtatayo ng kanyang Kaharian. Kahit marami o kakaunti ang ating pag-aari, dapat na ibayad ang ikasampung bahagi bilang ikapu (*DBY*, 176).

Kapag ang isang tao ay nagnanais magbigay ng anumang bagay, hayaan ninyong ibigay niya ang pinakamahusay. Ang Panginoon ang nagbigay sa akin ng lahat ng aking pag-aari; sa katunayan ay wala akong pag-aari ni kusing. Maaaring tanungin ninyo, "Ganyan ba talaga ang nararamdaman mo?" Oo, ganito talaga ang nararamdaman ko. Ang amerikanang suot ko ay hindi sa akin, at hindi kailanman naging akin; marangal na ipinagkaloob ito sa akin ng Panginoon, at isinusuot ko ito; subalit kung kailangan niya ito, at pati ang may suot, malugod kong ipagkakaloob ang lahat. Wala akong bahay, o sakahan, kabayo, mola, karwahe, o bagon. . . . na hindi ibinigay ng Panginoon sa akin, at kung kailangan niya ang mga ito, maaari niyang kunin ang mga ito ayon sa kanyang kalooban, kahit na ipabatid o kunin niya ito nang walang paalam (*DBY*, 175).

Sa Panginoon ang lahat ng ito at tayo ay mga tagapangasiwa lamang niya (*DBY*, 178).

Hindi ko inaasahang maging ganap na malaya, hanggang sa ako ay maputungan sa kahariang selestiyal ng aking Ama, at maging kasing laya ng aking Ama sa Langit. Hindi ko pa ganap na natatanggap ang aking mana, at ipinalalagay kong aasa ako hanggang sa matanggap ko ito, sapagkat ang lahat ng pag-aari ko ay ipinahiram sa akin (*DBY*, 177).

---

## Tungkulin nating magbayad ng ikapu at sang-ayunan ang mga tagapag-ingat ng ikapu.

Narito ang isang tao—na nilalang, binuo, hinubog at ginawa ng Diyos,—ang bawat bahagi at kaliit-liitang himaymay ng aking katawan mula sa aking ulo hanggang sa aking talampakan ay ginawa ng aking Ama sa Langit; at hinihingi niya ang ikasampung bahagi ng aking utak, puso, nerbiyos, kalamnan, litid, laman, buto, at ang aking buong katawan, para sa pagtatayo ng mga templo, para sa paglilingkod, para sa pagtataguyod ng mga misyonero at mag-anak ng mga misyonero, para sa pagpapakain ng mahihirap, matatanda, mga lumpo at bulag, at para tipunin ang mga tao mula sa iba't ibang bansa at alagaan sila matapos na sila ay tipunin. Sinabi niya, "Anak, ilaan mo ang ikasampung bahagi ng iyong sarili para sa mabuti at kanais-nais na gawain ng pangangalaga sa iyong kapwa, pangangaral ng Ebanghelyo, pagdadala ng mga tao sa Kaharian; planuhin mong alagaan ang mga hindi kayang mangalaga sa kanilang sarili; pangasiwaan mo ang mga gawain ng mga may kakayahang gumawa; at sapat na sapat na ang ikasampung bahagi kapag ito ay inilaan nang wasto, maingat at buong talino para sa pagsulong ng aking Kaharian sa lupa" (*DBY*, 176).

Kung hinihingi ng Panginoon ang ikasampung bahagi ng aking kakayahan upang ilaan sa pagtatayo ng mga templo, bahay-pulungan, paaralan, sa pagpapaaral sa ating mga anak, pagtitipon ng mahihirap mula sa iba't ibang bansa, pag-uuwi sa mga matanda, pilay, lumpo at bulag, at sa pagtatayo ng mga bahay na kanilang titirahan, upang maging maginhawa sila pagdating sa Sion, at sa pagtataguyod ng Pagkasaserdote, wala akong karapatang mag-alinlangan sa awtoridad ng Pinakamakapangyarihan tungkol sa pagbabayad ng ikapu, ni pag-alinlanganan ang kanyang mga tagapaglingkod na nangangasiwa nito. Kung ipinag-uutos sa akin na magbayad ng aking ikapu, tungkulin kong bayaran ito (*DBY*, 174).

Gusto ko ang salitang [ikapu], dahil matatagpuan ito sa banal na kasulatan, at higit na nanaisin kong gamitin ito kaysa sa anuman. Pinasimulan ng Panginoon ang ikapu, isinagawa ito noong panahon nina Abraham, at Enoc at hindi nakalimutan nina Adan at ng kanyang mga anak ang kanilang mga ikapu at handog. Mababasa ninyo mismo kung ano ang hinihingi ng Panginoon. Nais kong sabihin ang ganito sa mga nagpapahayag na sila ay mga Banal sa mga Huling Araw—kapag kinakaligtaan natin ang ating mga ikapu at handog, parurusahan tayo ng Panginoon. Tiyak na mangyayari ito. Kapag kinaligtaan nating magbayad ng ating mga ikapu at handog, kakaligtaan natin ang iba pang bagay at unti-unti tayong madadaig nito hanggang sa ang diwa ng Ebanghelyo ay ganap na mawala sa atin, at tayo ay mangangapa sa dilim [kamangmangan at kawalang katiyakan] at hindi alam kung saan patutungo (*DBY*, 174).

Hinihingi ng Panginoon ang ikasampung bahagi ng ipinagkaloob niya sa akin; kailangan kong ibayad ang ikasampung bahagi ng aking kita mula sa aking kawan at lahat ng aking ari-arian, at dapat ding gawin ito ng lahat ng tao. Maaaring itanong, "Ano ang gagawin sa ikapu?" Ito ay para sa pagtatayo ng mga templo ng Diyos; para sa pagpapalawak ng mga hangganan ng Sion; para sa pagpapadala ng mga Elder sa mga misyon upang ipangaral ang Ebanghelyo at para sa pangangalaga ng kanilang mag-anak. Di magtatagal, may mapapasukan na tayong mga templo, at matatanggap natin ang ating mga pagpapala, ang mga pagpapala ng langit, sa pamamagitan ng pagsunod sa doktrina ng ikapu. Magkakaroon tayo ng mga templo sa kabundukang ito, sa mga lambak ng Teritoryong ito at sa mga lambak ng susunod na Teritoryo, at sa huli ay sa lahat ng lambak ng kabundukang ito. Inaasahan nating makapagtayo ng mga templo sa maraming lambak. Papasok tayo sa Tahanan para sa Endowment, at bago pumunta, kukuha tayo ng rekomendasyon mula sa ating Obispo na nakabayad tayo ng ating ikapu (*DBY*, 178).

Tungkulin kong pangasiwaan ang mga paggugol ng ikapu na ibinayad ng mga Banal, at hindi ito tungkulin ng bawat Elder sa Kaharian na nag-aakalang pagmamay-ari niya ang ikapu (*DBY*, 178).

Kapag hinahayaan ninyong imungkahi ng diyablo na hindi ko kayo pinamumunuan nang tama, at hinahayaang manatili sa inyong puso ang kaisipang iyan, ipinapangako ko sa inyo na aakayin kayo nito tungo sa pagtalikod sa katotohanan. Kapag hinahayaan ninyo ang inyong sarili na mag-alinlangan sa anumang inihayag ng Diyos, hindi magtatagal ay

kaliligtaan ninyong manalangin, tatanggi kayong magbayad ng inyong Ikapu, at pupulaan ninyo ang mga awtoridad ng Simbahan. Uulitin ninyo ang sinasabi ng lahat ng tumalikod sa katotohanan, "Hindi ginagamit nang tama ang Ikapu" (DNSW, ika-29 ng Ago. 1876, 1).

---

**Ang paglalaan ay ang kahandaang ibigay ang lahat at ang pagkilala na ang lahat ng sa atin ay pag-aari ng ating Ama sa Langit.**

"Nakita ko ang komunidad ng mga Banal sa mga Huling Araw sa isang pangitain; at namasdan ko silang natatatag bilang isang dakilang mag-anak ng langit; ginagawa ng bawat isa ang kanyang mga tungkulin sa kanyang uri ng gawain, gumagawa para sa kabutihan ng lahat higit pa para sa pagpapayaman ng sarili; at dito ay namasdan ko ang pinakamagandang kaayusan na maaaring isipin ng tao, at ang pinakamarangyang mga bunga ng pagtatatag ng kaharian ng Diyos at ang paglaganap ng kabutihan sa mundo. Hahantong kaya sa ganitong kaayusan ang mga taong ito? Handa na ba silang mamuhay batay sa orden ng patriyarka na maitatatag sa kalipunan ng mga tunay at tapat bago tanggapin ng Diyos ang kanyang mga tao? Sang-ayon tayong lahat na kapag natapos na ang buhay na ito, at kasama nito ang mga alalahanin, takot, pagmamahal sa sarili, pagmamahal sa kayamanan at kapangyarihan; at lahat ng magkakasalungat na interes na may kinalaman sa buhay na ito, kapag dumating ang panahong iyon, na ang ating mga espiritu ay bumalik na sa Diyos na nagbigay nito, mapapasailalim tayo sa lahat ng ipag-uutos niya sa atin, mabubuhay tayo kung gayon bilang isang malaking mag-anak; magiging isa at pangkalahatan na ang ating interes. Bakit hindi tayo makapamuhay nang ganito sa daigdig na ito? (*DBY*, 181).

Darating kaya ang panahong masisimulan at maitatatag natin ang mga tao na ito bilang isang mag-anak? Darating. Alam ba natin kung paano? Oo. . . . Sa palagay ninyo kaya ay magkakaisa tayo? Kapag bumalik na tayo sa ating Ama at Diyos, hindi ba natin nanaising mapabilang sa mag-anak? Hindi ba magiging pinakadakilang pangarap at mithiin natin ang makilala bilang mga anak na lalaki ng buhay na Diyos, bilang mga anak na babae ng Pinakamakapangyarihang Diyos, na may karapatan sa sambahayan, at sa pananampalataya na taglay ng sambahayan, na mga tagapagmana ng Ama, ng kanyang mga pag-aari, kayamanan, kapangyarihan, kadakilaan, kaalaman at karunungan? (*DBY*, 179).

At kapag nagkaisa ang mga taong ito, ito ay magiging isa sa Panginoon. Hindi sila magiging magkamukha. Hindi tayo magkakaroon ng magkakatulad na kulay abo, asul, o itim na mata. Magkakaiba ang ating anyo, at sa ating mga kilos, ugali, at paraan ng pagkuha, pamamahagi, at pagbibigay ng ating oras, talino, kayamanan at anumang ipinagkakaloob sa atin ng Panginoon sa ating paglalakbay sa buhay ay magkakaiba rin na tulad ng pagkakaiba ng ating anyo. Nais ng Panginoon na dumating tayo sa punto na susundin natin ang kanyang payo at ipamumuhay ang kanyang salita. Sa gayon ay mapasusunod niya ang bawat isa upang makakilos tayo bilang isang mag-anak (*DBY*, 180).

Nais nating makakita ng isang komunidad na itinatag kung saan ang bawat tao ay magiging masipag, matapat at masinop (*DBY*, 180).

Huwag kailanman maghangad ng isang bagay na hindi ninyo kaya, mamuhay sa abot ng inyong makakaya (*DBY*, 180).

Nang ibigay ng Panginoon ang paghahayag na nagtuturo sa atin sa ating tungkulin na ilaan kung ano ang mayroon tayo, kung ito ay ganap na naunawaan ng mga tao noon, at sinunod ang paghahayag na iyon, nangangahulugan ito ng ganap na pagsasauli ng hindi sa kanila sa tunay na may-ari. At gayon din ang kahulugan nito ngayon (*DBY*, 178).

Ipinahayag ng Panginoon na nais niyang pumasok sa isang tipan ang kanyang mga tao na tulad ng ginawa nina Enoc at ng kanyang mga tao. Kailangan ito bago tayo bigyan ng karapatang itayo ang Sentrong Istaka ng Sion sapagkat ang kapangyarihan at kaluwalhatian ng Diyos ay madarama roon, at walang iba kundi ang mga may dalisay na puso ang maaaring mamuhay at makatamasa nito (*DBY*, 178).

May isa pang paghahayag [marahil ay Doktrina at mga Tipan 42] . . . na nagsasaad na tungkulin ng lahat ng tao na pumupunta sa Sion na ilaan ang lahat ng kanilang ari-arian sa Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang paghahayag na ito . . . ay isa sa mga unang kautusan o paghahayag na ibinigay sa mga taong ito pagkaraang bigyan sila ng karapatang buuin ang kanilang sarili bilang isang Simbahan, kalipunan, bilang Kaharian ng Diyos sa lupa. Napansin ko noon at naiisip ko ngayon na magiging isa ito sa mga huling paghahayag na tatanggapin ng mga tao sa kanilang puso at uunawain nang kusa, at ituturing na kaligayahan, karapatan, at pagpapala na sundin at panatilihing lubhang banal (*DBY*, 179).

May hindi mabilang na dami ng ari-arian, at ginto at pilak sa ilalim at ibabaw ng lupa. Binigyan ng Panginoon ng ilan ang iba at ang iba ay ilan din—ang masasama gayon din ang mabubuti—upang makita kung ano ang gagawin nila rito, subalit ang lahat ng ito ay sa kanya. Pinagkalooban niya ng marami-rami ang mga taong ito. . . . .Subalit hindi ito sa atin, at ang kailangan lamang nating gawin ay pagsikapan at alamin kung ano ang nais ipagawa ng Panginoon sa taglay natin, at pagkatapos ay gawin natin ito. Kapag lumampas tayo rito, o bumaling sa kanan o kaliwa, pumapasok tayo sa isang uri ng gawain na di-naaayon sa batas. Ang talagang gawain natin ay ang sumunod sa ipinagagawa sa atin ng Panginoon sa ipinagkaloob niya at gamitin ito batay sa kanyang utos, maging ito ay ang pagbibigay ng lahat, ikasampung bahagi, o ang labis (*DNW*, ika-23 ng Abr. 1873, 4).

Gaano katagal tayo dapat mabuhay bago natin malaman na wala tayong mailalaan sa Panginoon—na ang lahat ay pag-aari ng Ama sa langit; na ang mga bundok na ito ay Kanya; ang mga lambak, puno, tubig, lupa; sa madaling salita, ang daigdig at ang lahat ng narito? [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 104:14–18, 55 (*DNW*, iak-20 ng Hun. 1855, 5).

Saan kung gayon ang ginawang sakripisyo ng mga taong ito? Walang matatawag na sakripisyo. Ipinagpalit lamang nila ang isang mas masamang

kalagayan para sa mas magandang kalagayan sa tuwing sila ay inililipat; ipinagpalit nila ang kamangmangan sa kaalaman, at kawalan ng karanasan sa kabaligtaran nito (*DNW*, ika-24 ng Ago. 1854, 1).

Halimbawang tinawag tayo upang iwan kung ano ang mayroon tayo ngayon, tatawagin ba natin itong sakripisyo? Kahiya-hiya ang taong tatawag ditong sakripisyo; sapagkat ito ang paraan upang madagdagan ang kanyang kaalaman, pang-unawa, kapangyarihan, at kaluwalhatian. Inihahanda siya nito upang tumanggap ng mga korona, kaharian, trono, at nasasakupan, at upang maputungan ng kaluwalhatian kasama ng mga Diyos sa kawalang-hanggan. Maliban sa paraang ito, hindi natin kailanman matatanggap ang hinahanap natin (*DNW*, ika-3 ng Ago. 1854, 2).

Sasabihin ko sa inyo ang dapat ninyong gawin upang matamo ang inyong kadakilaan, na hindi ninyo matatamo maliban kung susundin ninyo ang landas na ito. Kapag ang puso ninyo ay nakatuon sa anumang bagay na maaaring humadlang sa inyo kahit kaunti upang ialay ito sa Panginoon, unahin ninyong ialay ang bagay na ito, upang maging ganap ang pag-aalay ng sarili (*DNW*, ika-5 ng Ene. 1854, 2).

Ano ang humahadlang sa mga taong ito sa pagiging kasing banal ng mga kasapi ng simbahan noong panahon ni Enoc? Masasabi ko ang dahilan sa ilang salita. Dahil ayaw ninyong linangin ang katangiang maging tulad nila: ito ang buong dahilan. Kapag ang puso ko ay hindi ganap na nakatuon sa gawaing ito, ibibigay ko ang aking panahon, talino, kamay, at mga ari-arian, hanggang sa sumunod ang aking puso; pagaganahin ko ang aking mga kamay sa gawain ng Diyos, hanggang sa sumuko rito ang aking puso (*DNW*, ika-5 ng Ene. 1854, 2).

Sinabi ko na sa inyo ang landas na dapat sundan upang matamo ang kadakilaan. Ang Panginoon ang dapat na una at pinakamahalaga sa ating puso; nangangailangan ng pangunahing pagsasaalang-alang natin ang pagtataguyod ng kanyang layunin at pagtatayo ng kanyang kaharian (*DNW*, ika-5 ng Ene. 1854, 2).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

### Ang pagbabayad ng ikapu ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon upang makibahagi sa gawain ng Panginoon sa pamamagitan ng pagsasauli ng bahagi ng pag-aari niya.

- Tukuyin ang bawat pangungusap kung saan ginamit ni Pangulong Young ang mga salitang "ikasampung bahagi," at pagkatapos ay isulat ang lahat ng kabilang sa pagbabayad natin ng ikapu. Ano ang bumubuo sa ikapu at sino ang dapat magbayad nito? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 119:3–4.)
- Bakit sinabi ni Pangulong Young na wala siyang maibibigay? (Tingnan din sa Mosias 2:19–24; Doktrina at mga Tipan 104:14–18, 55.) Saan nagmula ang lahat ng tinatamasa natin pati ang ibinabayad nating ikapu? Ano ang dapat nating maging saloobin sa natitirang siyam na bahagi na pag-aari ng Panginoon na ipinagkatiwala niya sa atin? (Tingnan din sa

Jacob 2:17–19.) Paano tayo natutulungan ng saloobing ito na maunawaan ang Malakias 3:8–12?

- Basahing mabuti ang 2 Mga Cronica 31:5–6. Kailan nagbayad ng kanilang ikapu ang mga taong ito? Ano ang dapat nating maging saloobin sa pagbabayad ng ikapu?

---

**Tungkulin nating magbayad ng ikapu at sang-ayunan ang mga tagapag-ingat ng ikapu.**

- Ano ang ibig sabihin ni Pangulong Young noong sabihin niya na "hinihingi [ng Panginoon] ang ikasampung bahagi ng . . . aking buong katawan"? Sa anong mga paraan ninyo "mailalaan ang ikasampung bahagi ng inyong sarili" sa pagtatayo ng Kaharian ng Diyos? Paano kayo biniyayaan noong ilaan ninyo ang inyong panahon at talino sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos bukod sa pagbabayad ng ikapu?
- Anong mga kahihinatnan ang binanggit ni Pangulong Young na dulot ng hindi pagbabayad ng ikapu? Paano nakakaapekto kapwa sa Simbahan ng Panginoon at sa kasapi ang hindi pagbabayad ng ikapu?
- Saan ginagamit ang ikapu ayon kay Pangulong Young? Sino ang may pananagutan sa paggugol ng ikapu? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 120.) Ano ang saloobin ni Pangulong Young tungkol sa pag-aalinlangan sa mga binigyan ng panagutang gumugol ng ikapu?

---

**Ang paglalaan ay ang kahandaang ibigay ang lahat at ang pagkilala na ang lahat ng sa atin ay pag-aari ng ating Ama sa Langit.**

- Ano ang kahulugan ng magiging "isang dakilang mag-anak ng langit" at magiging "mga tagapagmana ng Ama" ang "komunidad ng mga Banal sa mga Huling Araw"?
- Bakit "isa . . . sa mga huling paghahayag na tatanggapin ng mga tao sa kanilang puso at uunawain nang kusa, at ituturing na kaligayahan, karapatan, at pagpapala na sundin at panatilihing lubhang banal" ang batas ng paglalaan?
- Bakit tayo binibigyan ng ari-arian ng Panginoon? Ano ang pananagutan natin bilang mga tagapangasiwa ng mga ari-arian ng Diyos? Ayon kay Pangulong Young, ano ang "talagang gawain" natin tungkol sa ikapu at paglalaan? Paano kasing mali ng paggawa nang kaunti ang paggawa nang labis?
- Ano ang dapat nating ilaan kung inaasahan nating matanggap ang lahat ng mayroon ang Diyos? Bakit? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 84:38.) Sa anong mga tiyak na paraan ninyo mailalaan ang lahat ng mayroon kayo at ang inyong sarili sa ating Ama sa Langit? Paano kayo pagpapalain nito? Paano nito pagpapalain ang inyong mag-anak, kapwa kasapi ng Simbahan, at ang inyong mga kahalubilo?

# Pag-unawa sa Bago at Walang Hanggang Tipan ng Kasal

*Sa tagsibol nang 1847, iniwan ng Pangulong Brigham Young ang kanyang mag-anak sa Winter Quarters at pinangunahan ang unang grupo ng mga Banal sa kanluran. Sa liham niya sa kanyang asawang si Mary Ann, inilalarawan ang pagsisikap ng grupo sa "paghahanda sa pag-alis," sinabi niya: "Mahal kong kabiyak na katuwang sa paghihirap, . . . nagpapasalamat ako ng libong beses sa iyong mabubuting liham sa akin lalo na sa iyong mabubuting gawain at isa pa sa mabuti mong puso. Patuloy kitang ipinagdarasal at ang mga bata at ang lahat ng mag-anak natin. Alam ko na biniyayaan ako ng Panginoon ng isa [sa] pinakamahusay na mag-anak na maaaring magkaroon ang sinuman sa mundo" (*MAAY*). Para sa Pangulong Young, ang ebanghelyo ang naghahanda sa mga Banal sa buhay na walang hanggan, buhay na may pangunahing layunin ng pagpapakasal at pagkakaroon ng mag-anak. Ang bago at walang hanggang tipan ng kasal ang naglalagay ng pundasyon para "sa mga mundo, mga anghel, at mga Diyos" (*DBY*, 195.)*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang bago at walang hanggang tipan ng kasal ang naglalagay ng pundasyon sa buhay na walang hanggan.

Ito [walang hanggang kasal] ay walang simula ng araw at katapusan ng taon. . . . May masasabi tayong ilang bagay tungkol dito; ito'y naglalagay ng pundasyon sa mga mundo, mga anghel at mga Diyos; para sa marurunong na nilikha na maputungan ng kaluwalhatian, kawalang kamatayan at buhay na walang hanggan. Sa totoo, ito ang pisi na nag-uugnay sa simula hanggang katapusan ng banal na Ebanghelyo ng Kaligtasan—ng Ebanghelyo ng Anak ng Diyos; ito ay mula sa walang hanggan hanggang sa walang hanggan (*DBY*, 195).

Sundan ng ama at ina, na kasapi ng Simbahan at Kahariang ito, ang tamang daan ng kabutihan, at magsumikap nang buong lakas na hindi gumawa ng kamalian, kundi gumawa ng mabuti sa buong buhay nila; kung may isa silang anak o sandaang anak, kung magpapakabuti sila sa kanila gaya ng nararapat,

ibinubuklod sila sa Panginoon ng kanilang pananampalataya at panalangin, hindi ako nag-aalala sa mga batang iyon kung saan man sila tutungo, sila ay nakabigkis sa kanilang mga magulang sa pamamagitan ng walang hanggang pagkakabuklod, at walang kapangyarihan ng lupa at impiyerno ang makapaghihiwalay sa kanila sa kanilang mga magulang sa kawalang-hanggan; babalik silang muli sa bukal na kanilang pinagmulan (*DBY*, 208).

Marami kaming nakikitang mga kabataan na dumarating sa gulang ng pag-aasawa at nananatili pa ring walang asawa. . . . Dapat isaalang-alang ng ating mga kabataang lalaki at babae ang kanilang tungkulin sa isa't isa, sa Diyos, sa lupa, sa kanilang mga magulang, at sa darating na mga salinlahi para sa kanilang kaligtasan at kadakilaan kasama ng mga Diyos at para sa kaluwalhatian Niya na ating pinaglilingkuran (*DNSW*, ika-25 ng Okt. 1870, 2).

Bibigyan ko ang bawat isa sa mga kabataang lalaki sa Israel, na tumuntong sa gulang ng pag-aasawa, ng misyong humayo at magpakasal sa mabuting babae, magbakod ng lupain, maghanda ng halamanan at taniman at gumawa ng tahanan. Ito ang misyon na aking ibinibigay sa lahat ng kabataang lalaki sa Israel (*DBY*, 196).

Walang kabataang lalaki sa aming komunidad na hindi gustong maglakbay mula rito hanggang Inglatera upang magpakasal nang tama, kung nauunawaan niya ang mga bagay na siya nga; walang kabataang babae sa aming lugar, na nagmamahal ng Ebanghelyo at nagnanais ng mga biyaya nito, na magpapakasal sa ibang paraan; sila'y mabubuhay nang hindi nagpapakasal hanggang sa sila'y maikasal nang tama, [kahit na] sila'y mabuhay nang kasing tanda ni Sarah bago isinilang si Isaac sa kanya [tingnan sa Genesis 17:17]. Marami sa ating mga kapatid na lalaki ang ipinakasal ang kanilang mga anak na hindi ito isinaalang-alang, at inaakala na ito ay hindi gaanong mahalaga, at ipinagsasawalang bahala. Sana ay nauunawaan nating lahat ito gaya ng pagkakaunawa ng langit (*DBY*, 195-96).

Isa sa mga unang paglabag ng mag-anak na tinatawag na Israel, ay ang kanilang pagtungo sa ibang mag-anak o ibang mga bansa upang pumili ng mga kabiyak. Ito ay isa sa mga pinakamalaking pagkakamaling nagawa ng mga anak ni Abraham, Isaac, at Jacob, ang kanilang pakikipag-asawa sa ibang mga mag-anak, kahit na pinagbawalan sila ng Panginoon na gawin ito, at binigyan sila ng napakahigpit na batas sa bagay na iyon [tingnan sa Genesis 28:1–2]. Inutusan niya silang huwag magsipag-asawa sa mga Gentil, ngunit ginawa at gagawin pa rin ito [tingnan sa Genesis 24:3] (*DBY*, 196).

Mag-ingat, O mga ina ng Israel, at huwag turuan ang mga anak na babae sa hinaharap, gaya ng marami sa kanila ang naturuan na magsipag-asawa sa labas ng Israel. Aba sa inyo na gumagawa nito; mawawala ang korona ninyo na kasintiyak na nabubuhay ang Diyos (*DBY*, 196).

Napakaraming dalisay at banal na espiritu ang naghihintay na magkaroon ng katawan, ano ang tungkulin natin ngayon? . . . Tungkulin ng bawat matwid na lalaki at babae na maghanda ng mga katawan para sa lahat ng mga espiritu na makakaya nila (*DBY*, 197).



Ang mga bagong kasal na tagabunsod na sina Sarah Farr Smith at John Henry Smith noong 1866. Itinuro ng Pangulong Young na ang walang hangang kasal "ay ang pising nag-uugnay sa simula hanggang sa katapusan ng banal na Ebanghelyo ng Kaligtasan . . . ; ito ay mula sa walang hanggan hanggang sa walang hanggan" (*DBY,* 195).

## Dapat sundin ng mga ama si Cristo habang kanilang minamahal, tinuturuan, at binubuhay ang kanilang mga mag-anak.

Hayaan ninyong sabihin ko sa Unang Panguluhan, sa mga Apostol, sa lahat ng Obispo sa Israel, at sa bawat korum, at lalo na sa mga namumunong pinuno. Ipakita ang halimbawang iyon sa inyong [asawa] at mga anak, sa inyong mga kapitbahay at sa mga taong ito, nang masabi ninyong: "Sundan ako, gaya ng pag-sunod ko kay Cristo." Kapag nagawa natin ito, lahat ay tama, at ang ating mga budhi ay malinis (*DBY*, 198).

Hayaan ang asawang lalaki at ama na matutong isunod ang kanyang kalooban sa kalooban ng Diyos, at turuan ang kanyang [asawa] at mga anak sa araling ito ng sariling pamamahala sa pamamagitan ng kanyang

halimbawa gayundin sa pamamagitan ng panuntunan, at maging sa kanyang kapitbahay, ipinakikita sa kanila kung paano maging matapang at matatag, sa pagsupil ng mapaghimagsik at makasalanang disposisyon. Ang ganitong pamamaraan ang susupil sa hindi banal na impluwensiya na nagtatrabaho sa mga puso ng mga tao (*DBY*, 198).

Huwag hayaang mawala sa araw-araw mong buhay ang Espiritu Santo; at huwag kailanman tumigil, mga ama, sa panalangin upang tamasahin ng inyong mga asawa ang biyayang ito, nang ang kanilang mga anak ay mabiyayaan ng Espiritu Santo mula sa sinapupunan ng kanilang ina. Kung nais ninyong makita ang isang bansa na umuunlad na puno ng Espiritu Santo at kapangyarihan, ito ang paraan upang ito ay maisakatuparan (*BYP*, ika-8 ng Abr. 1852).

Kung hindi tayo magsisikap na turuan ang ating mga anak, turuan at tagubilinan sila tungkol sa ipinahayag na mga katotohanang ito, kahit paano, ang pagkakasala ay mapapasaatin, bilang mga magulang (*DBY*, 207).

Hayaang ang ama ang mamuno ng mag-anak, ang panginoon ng kanyang sariling sambahayan; at hayaang pakitunguhan sila [kanyang mag-anak] tulad ng gagawing pakikitungo ng mga anghel sa kanila (*DBY*, 197–98).

Tungkulin ng asawang lalaki na matutuhan kung paano paligiran ang kanyang mag-anak ng kaginhawaan ng buhay, paano pigilin ang kanyang damdamin at galit, at paano kunin ang paggalang, hindi lamang ng kanyang mag-anak kundi ng lahat ng kanyang kapatid na lalaki, babae, at mga kaibigan (*DBY*, 198).

Mababait na tingin, mabubuting pagkilos, mabubuting salita, at maganda, banal na pakikitungo sa [mga anak] ay magbubuklod ng ating mga anak sa atin na may bigkis na hindi madaling masira; habang ang pagmamalabis at hindi kagandahang-loob ay magtataboy sa kanila palayo sa atin, at sisira sa bawat banal na tali, na dapat magbuklod sa kanila sa atin at sa walang hanggang tipan na yumayakap sa atin. Kung ang aking mag-anak . . . ay hindi magiging masunurin sa akin sa pamantayan ng kabaitan, at kapuri-puring buhay sa harap ng mga tao, at sa harap ng kalangitan, kung gayon paalam sa lahat ng impluwensiya (*DNW*, ika-7 ng Dis. 1864, 2).

Ang ama ay dapat . . . magsumikap na mabigyang-kasiyahan at mapasaya ang ina, nang ang puso ay mapanatag, at hindi masira ang pagmamahal sa kanyang tagapagtanggol sa lupa, nang ang kanyang pag-ibig sa Diyos at kabutihan ay dumaloy sa kabuuan ng kanyang katauhan, nang siya ay makapagbunga at makapagluwal ng batang nakintalan at napagkalooban ng lahat ng mga katangiang kailangan ng isang nilalang na inihandang maging hari ng mga hari at panginoon ng mga panginoon. (*DBY*, 199).

Bawat lalaki sa lupa ay hayaang . . . mag-asawa, at gumawa sa pamamagitan ng inyong mga kamay at bungkalin ang lupa, o gumawa ng ilang trabahong mekanikal, o ilang marangal na kabuhayan upang mabigyan ng marangal na pamumuhay ang sarili at ang umaasa sa inyo para sa kanilang ikabubuhay; nagpapakahinahon, at nagmamahal sa katotohanan at kabutihan; at sa gayon maaalagaan ang mga babae, mapapakain, maigagalang at mabiyayaan, magiging kagalang-galang na mga ina ng lahi ng

mga lalaki at babae na may higit pang ganap na katawan at kaisipan kaysa sa kanilang mga ama. Ito ay makapagdudulot ng pagbabago sa ating bansa, at magdudulot ng mga resultang walang kasimbuti (*DBY*, 194–95).

Hayaang pagandahin ng asawang lalaki ang kanyang kusina at paminggalan at kanyang silid tulugan para sa ikabubuti ng kanyang mag-anak, at pagandahin ang kanyang halamanan, daanan, atbp., pinagaganda ang inyong tirahan at kanilang kapaligiran, pinapatag ang daanan at nagtatanim ng malilim na mga puno (*DBY*, 198).

---

## Dapat mahalin at turuan ng mga ina ang kanilang mga mag-anak at magkaroon ng magandang impluwensiya sa mundong nakapaligid sa kanila.

Kapag iniisip ko ang mga tungkulin at pananagutang patungkol sa mga ina at kapatid na mga babae, at ang impluwensiyang dinadala nila, itinuturing ko sila bilang pangunahing bukal at kaluluwa ng ating pag-iral dito. Totoo na ang lalaki ang nauna. Ang amang Adan ay inilagay dito bilang hari ng mundo, upang dalhin ito sa pagkakaganap. Ngunit nang dumating ang Inang si Eva siya ay nagkaroon ng kahanga-hangang impluwensiya sa kanya. Napakaraming nag-akalang hindi masyadong mabuti ito; sa palagay ko ito'y napakabuti (*DBY*, 199).

Ang tungkulin ng ina ay subaybayan ang kanyang mga anak at bigyan sila ng maagang edukasyon, sapagkat ang mga kaalamang natatanggap habang bata ay nagtatagal. Alam ninyo, sa inyong karanasan, na ang kaalamang natatanggap nang maaga sa inyong mortal na buhay, hanggang sa kasalukuyan, ang nagdadala ng pinakamabigat ng timbang sa inyong pag-iisip. Ang bata ay walang dudang nagtataglay ng pagtitiwala sa ina, makikita sa kanya ang natural na pagiging malapit [pagmamahal], anuman ang kaanyuan niya, na siyang nagiging dahilan upang isipin niya na ang kanyang ina ang pinakamahusay at pinakamagandang ina sa mundo. Ako na ang nagsasabi. Ang mga bata ay may buong pagtitiwala sa kanilang mga ina; at kung ang mga ina ay magsusumikap, maitatanim nila sa mga puso ng kanilang mga anak anuman ang naisin nila (*DBY*, 201).

Walang alinlangan, na maaalala ninyo sa pagbabasa sa Aklat ni Mormon, ang dalawang libong kabataang lalaki, na pinalaki sa paniniwala na, kung sila ay lubos na magtitiwala sa Diyos, at pagsisilbihan siya, walang kapangyarihan ang makagagapi sa kanila. Naaalala pa rin ninyo sa inyong pagbabasa ang pagtungo nila sa labanan, at napakatapang nila, at napakalakas ng kanilang pananampalataya, na napakaimposible na sila ay mapatay ng kanilang mga kaaway. Ang kapangyarihan at pananampalatayang ito ay nakuha nila mula sa mga turo ng kanilang mga ina (*DBY*, 201).

Tungkulin ng asawang babae at ina na alamin kung ano ang gagawin sa lahat ng bagay na dinadala sa tahanan, nagsusumikap na gawin ang kanyang tahanan na kaaya-aya sa kanyang asawa at mga anak, ginagawang Eva ang kanyang sarili sa gitna ng maliit na paraisong kanyang nilikha,

pinatitibay ang pag-ibig at pagtitiwala ng kanyang asawa, at ibinubuklod ang kanyang anak sa kanya, ng pagmamahal na mas malakas kaysa kamatayan, para sa walang hanggang pamana (*DBY*, 198).

Marami sa mga kapatid na babae ang naghihinagpis dahil sila ay hindi biniyayaan ng supling. Darating ang panahon na magkakaroon kayo ng milyun- milyong anak sa inyong paligid. Kung kayo ay tapat sa inyong mga tipan, kayo ay magiging ina ng mga bansa. (*DBY*, 200).

Hindi ko naging ugali na magpayo sa mga kapatid na babae na suwayin ang kanilang mga asawa, ngunit ang aking payo ay–sundin ang inyong mga asawa; at ako ay umaasa at lubos na nagbibigay-diin sa bagay na iyan. Ngunit hindi ko kailanman pinayuhan ang babae na sundan ang kanyang asawa sa Diyablo (*DBY*, 200–201).

Ang mga ina ang mga gumagalaw na instrumento sa mga kamay ng Maykapal sa paggabay sa destinasyon ng mga bansa. . . . dahil dito, nakikita ninyo kaagad na ang nais kong itanim sa inyong mga isipan ay, na ang mga ina ang makinarya na nagbibigay ng sigla sa buong katauhan, at gumagabay sa destinasyon at buhay ng mga tao sa ibabaw ng lupa (*DBY*, 199–200).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

**Ang bago at walang hanggang tipan ng kasal ang naglalagay ng pundasyon para sa buhay na walang hanggan.**

- Sinabi ng Pangulong Young na ang walang hanggang kasal ang, "maglalagay ng pundasyon para sa mga mundo . . . [at] sa marurunong na nilalang na maputungan ng kaluwalhatian." Paano natin maiaalay ang ating mga kasal sa walang hanggang layuning iyon? Anong mga tiyak na bagay ang magagawa ninyo upang mapanatili ang pananaw na iyon araw-araw?
- Ano ang sinabi ng Pangulong Young na misyon ng bawat batang lalaki? Paano iyon nauukol sa inyo?
- Ano ang tinutukoy ng Pangulong Young nang payuhan niya ang mga kabataan na "mag-pakasal nang tama"? Ano ang mga biyayang dumarating sa mga gumagawa ng lahat ng kailangan sa "pagtatayo ng kaharian"? (Tingnan din sa Abraham 2:9–11.)
- Isa sa mga pinakamalaking pagkakamaling nagawa ng ilan sa mga anak ni Abraham, Isaac, at Jacob ay ang pag-aasawa sa labas ng bago at walang hanggang tipan ng kasal. (Tingnan din sa Genesis 28:1–2.) Anong mga biyaya ang ipinagkakait sa mga nag-aasawa sa labas ng bago at walang hanggang tipan ng kasal? Ano ang magagawa ninyo upang matiyak na kayo ay mananatiling karapat-dapat sa tipan ng kasal at makatatanggap ng mga biyaya nito sa darating na panahon?
- Ano ang "tungkulin ng bawat matwid na lalaki at babae"? Bakit napakahalagang responsibilidad ng kasal sa bago at walang hanggang tipan ang paglikha ng mga katawan para sa mga espiritung anak ng Diyos? Paano nalalaman ng mag-asawa na natupad na nila ang responsibilidad na

ito nang naaayon sa kalooban ng Diyos sa kanila? (Makipagkita rin sa inyong Obispo o pangulo ng sangay tungkol sa payong ibinibigay sa *General Handbook of Instructions*.)

---

**Dapat sundin ng mga ama si Cristo habang kanilang minamahal, tinuturuan, at binubuhay ang kanilang mga mag-anak.**

- Anong halimbawa ang dapat ipakita ng bawat ama sa kanyang asawa at mga anak? Ano ang ibig sabihin ng pagsunod ng ama kay Cristo? Paano "matututuhan ng lalaki na isunod ang kanyang kalooban sa kalooban ng kanyang Diyos"? Ano ang natutuhan ninyo sa mga ama na ipinagkatiwala ang kanilang sarili sa paggawa sa kalooban ng Diyos?
- Anong mga katotohanan ang dapat ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 68:25.)
- Ayon sa Pangulong Young, paano dapat mamuno ang ama sa mag-anak? (Tingnan din Doktrina at mga Tipan 121:41–46.) Paano dapat pakitunguhan ng lalaki ang kanyang mag-anak? Anong mga gawain ang "sisira sa bawat banal na pisi, na magbubuklod sa kanila sa atin, at sa walang hanggang tipan"? Paanong matutulungan ng taong puno ng kabutihan at Espiritu na maisakatuparan ng kanyang asawa at mga anak ang kanilang mga ginagampanan?
- Ano ang sinabi ng Pangulong Young na magiging resulta kung ang asawang lalaki ay tapat na maghahanapbuhay para sa kanyang mag-anak? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 83:1–2.) Paano ito "makapagdudulot ng pagbabago"?

---

**Dapat mahalin at turuan ng mga ina ang kanilang mga mag-anak at magkaroon ng magandang impluwensiya sa mundong nakapaligid sa kanila.**

- Ayon kay Pangulong Young, ano ang mga gawain at tungkulin ng asawang babae at ina?
- Anong pag-alo ang ibinibigay ni Pangulong Young sa mga wala at hindi magkaroon ng mga anak?
- Paano kayo naiimpluwensiyahan ng mga babaeng Banal sa mga Huling Araw, ang inyong mag-anak, at ang inyong komunidad? Paano nila magagawa ito sa hinaharap?
- Ano ang ibig sabihin ni Pangulong Young nang sabihin niyang, "hindi ko kailanman pinayuhan ang babae na sundan ang kanyang asawa sa Diyablo"? Paano malalaman ng asawang babae kung ang kanyang asawa ay sumusunod kay Cristo? Anong mga biyaya ang dumarating sa mag-asawa na magkasamang sumasang-ayon sa kalooban ng Diyos?
- Ipinahayag ni Pangulong Young na ang mga ina ay "gagabay sa destinasyon ng mga bansa." Paano maisasakatuparan ng mga babae ang pangakong ito?



Si Edward Martin kasama ang kanyang mag-anak noong 1870. Si Edward ang kapitan ng nasawing Pangkat ni Martin ng mga naghihila ng Kariton noong 1856. Nakaligtas siya at naging retratista sa Lungsod ng Salt Lake.

# Pagtuturo sa Mag-anak

*"Mamuhay tayo nang buhay sa ating sarili ang diwa ng ating relihiyon, kung magkagayon magkakaroon tayo ng kapayapaan, kagalakan, kaligayahan at kapanatagan, na maglilikha ng mga kalugud-lugod na ama, kaiga-igayang ina, kawili-wiling anak, kawili-wiling sambahayan, kapitbahay, pamayanan at lungsod. Kapaki-pakinabang na mabuhay tayo para rito, at sa palagay ko ang mga Banal sa mga Huling Araw ay nararapat na magsumikap na makamtan ito" (*DBY, *204).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang mag-anak ay institusyong itinatag ng Diyos sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.

Kung ang bawat taong nagsasabing siya ay isang Banal sa mga Huling Araw, ay tunay na isang Banal, ang ating tahanan ay magiging paraiso, wala ritong maririnig, mararamdaman, mangyayari, kundi pagpapapuri sa pangalan ng ating Diyos, paggawa ng ating tungkulin, at pagsunod sa kanyang mga kautusan (*DBY*, 203).

Kapag ang isang lalaki at babae ay tumanggap ng kanilang endowment at pagbubuklod [sa templo para sa kawalang-hanggan], at pagkatapos ay magkaroon ng mga anak, ang mga batang ito ay ang legal na tagapagmana ng Kaharian at lahat ng biyaya at pangako nito, at sila lamang ang mga [legal na tagapagmana] sa mundong ito (*DBY*, 195).

Ang ordenansa ng pagbubuklod ay kailangang ganapin dito . . . ang babae sa lalaki, ang mga anak sa magulang, atbp., hanggang ang pagkakadugtung-dugtong ng mga salinlahi ay mabuo sa mga ordenansa ng pagbubuklod pabalik kay Amang Adan; dahil dito, tayo ay inutusang magtipun-tipon upang umalis sa Babilonia, at pabanalin ang ating sarili, at itatag ang Sion ng ating Diyos, . . . hanggang ang mundo ay mapabanal at maihanda para sa pananahanan ng Diyos at mga anghel (*DBY,* 407).

### Dapat turuan ng mga magulang ang kanilang anak na sundin ang mga utos ng Diyos.

Nakikita natin ang sanggol sa mga bisig ng kanyang ina. Bakit naririto ang sanggol na ito? Ano ang layunin sa paglikha ng maliit na sanggol na ito? . . . Nakikita ninyo ang saligang ito, ang simula, ang binhi ng katalinuhan na

nakalangkap sa sanggol na ito, binalangkas upang lumaking maging binata [dalaga], hanggang maging anghel, pagkatapos ay hanggang sa walang hanggang kadakilaan. Ngunit narito ang saligan. . . . Dito ang unang lugar kung saan tayo matututo, ito ang paanan ng bundok (*DBY*, 205–6).

Tuwina kong pinag-iisipan at sinasabi, "Kung gaano kahalaga para sa mga ina, na siyang unang guro ng kanilang mga anak at ang unang nag-iiwan ng bakas sa kanilang murang isipan, na maging maingat." Maging maingat silang kailanman ay hindi mag-iwan ng maling ideya sa isip ng isang bata! Hindi sila kailanmang dapat magturo ng anumang bagay maliban na kung alam nilang tama ito sa lahat ng kadahilanan. Hindi sila kailanmang dapat magbigkas ng isang salita, lalo na sa abot ng pandinig ng isang bata, na hindi angkop (*DBY*, 206–7).

Turuan ng mga ina ang kanilang mga anak habang sila ay nasa kanilang mga kandungan pa, doon turuan silang magmahal sa Panginoon, at sumunod sa kanyang mga kautusan (*DBY*, 206)

Kung kayong mga ina, ay ipamumuhay ang inyong mga relihiyon, at sa pamamagitan ng pagmamahal at takot sa Diyos ay magtuturo sa inyong mga anak tuwina at lubus-lubos sa daan ng buhay at kaligtasan, sinasanay sila sa daan na dapat nilang lakaran, at kapag tumanda man sila ay hindi nila hihiwalayan ito [tingnan sa Mga Kawikaan 22:6]. Ipinangangako ko ito sa inyo, totoo ito tulad ng nakasikat na araw, ito ay isang walang hanggang katotohanan. Sa tungkuling ito tayo ay bigo (*DBY*, 206).

Palakihin ang inyong mga anak sa pagmamahal at takot sa Panginoon; pag-aralan ang kanilang mga hilig at ang kanilang mga ugali, at makitungo sa kanila ayon dito, hindi kailanmang pahintulutan ang sariling itama sila kapag kayo ay galit, turuan silang mahalin kayo kaya sa katakutan, alalahanin ninyo tuwina na ang mga batang ibinigay sa inyo ng Diyos ay naturuan sa kanilang pagkabata ng kahalagahan ng mga paghahayag ng Diyos, at ng kagandahan ng mga alituntunin ng ating banal na relihiyon, na kapag sila ay naging binata at dalaga ay mamahalin nila ang mga ito at hindi nila kailanman tatalikuran ang katotohanan (*DBY*, 207).

Magulang, turuan ninyo ang inyong mga anak sa pamamagitan ng alituntunin at halimbawa, ang kahalagahan ng paglapit sa Luklukan ng biyaya; turuan sila kung paano mamuhay, kung paano kumuha mula sa mga elemento ng mga pangangailangan ng buhay, turuan sila ng mga batas ng buhay nang malaman nila kung paano pangalagaan ang kanilang kalusugan at makapaglingkod sa iba. At habang nagtatagubilin sa kanila tungkol sa mga alituntunin ng Ebanghelyo, ituro sa kanila na ang mga ito ay totoo, mga katotohanang nanggaling mula sa langit para sa ating kaligtasan, at na ipinaglalakip ng Ebanghelyo ang bawat katotohanang nasa langit, nasa lupa, o nasa impiyerno; at ituro rin sa kanila, na hawak natin ang mga susi ng buhay ng walang hanggan, na kailangan nilang sumunod at tumupad sa mga ordenansa at batas hinggil sa banal na Pagkasaserdoteng ito, na ipinahayag ng Diyos at ipinanumbalik para sa kadakilaan ng mga anak ng tao (*DBY*, 207).

Kung hindi tayo magsisikap na turuan ang ating mga anak, turuan sila tungkol dito sa inihayag na katotohanan, kahit paano, ang pagkakasala ay mapapasa atin, bilang mga magulang (DBY, 207).

---

## Habang ang mga magulang ay mamumuno sa pamamagitan ng angkop na halimbawa, tumutulong sila sa pagtatakda ng mabuting daan para sa kanilang mag-anak.

Kung hindi tayo magsisikap na turuan ang ating mga anak, turuan at tagubilinan sila tungkol sa ipinahayag na mga katotohanang ito, kahit paano, ang pagkakasala ay mapapasaatin, bilang mga magulang (*DBY*, 207).

Hindi natin dapat pahintulutan ang ating sariling gumawa ng isang bagay na hindi nating handang makitang gagawin ng ating mga anak. Dapat tayong magpakita sa kanila ng halimbawa na nais nating gayahin nila. Nauunawaan ba natin ito? Gaano kadalas nating nakikita ang mga magulang na humihingi ng pagsunod, magandang asal, mga mabuting pananalita, kalugud-lugod na anyo, magiliw na tinig, maaliwalas na mukha mula sa isang anak o mga anak samantalang sila ay puno ng sama ng loob at pagpapapagalit! Gaano ito kasalungat at kawalang katwiran! (*DBY*, 208).

Kung sa tuwina ay magpapakita ang mga magulang sa kanilang mga anak ng halimbawang karapat-dapat na gayahin at may pagsang-ayon ng ating Ama sa Langit, mababago nila ang daloy ng damdamin ng kanilang mga anak, at sa huli kanilang higit na nanaisin ang kabutihan kaysa kasamaan (*DBY*, 208).

Sundan ng ama at ina, na kasapi ng Simbahan at Kahariang ito, ang tamang daan ng kabutihan, at magsumikap nang buong lakas na hindi gumawa ng kamalian, kundi gumawa ng mabuti sa buong buhay nila; kung may isa silang anak o sandaang anak, kung magpapakabuti sila sa kanila gaya ng nararapat, ibinubuklod sila sa Panginoon ng kanilang pananampalataya at panalangin, hindi ako nag-aalala sa mga batang iyon kung saan man sila tutungo, sila ay nakabigkis sa kanilang mga magulang sa pamamagitan ng walang hanggang pagkakabuklod, at walang kapangyarihan ng lupa at impiyerno ang makapaghihiwalay sa kanila sa kanilang mga magulang sa kawalang-hanggan; babalik silang muli sa bukal na kanilang pinagmulan (*DBY*, 208).

Magkakaroon ng pagmamahal sa katotohanan ang ating mga anak, kung atin lamang ipamumuhay ang ating relihiyon. Ang daang dapat kunin ng mga magulang ay ang daang masasabi ng kanilang mga anak na, "Hindi ko kailanman nalaman na nanloko o nanamantala ang aking ama sa kanyang kapwa; Hindi ko kailanman nalaman na kinuha ng ama ko ang isang bagay na hindi kanya, hindi kailanman! Hindi, bagkus ay sinabi niya, 'Anak, ikaw ay maging tapat, totoo, mabuti, mabait, masipag, masinop at puno ng mabuting gawa.' Ang mga turong ganito ng mga magulang sa kanilang mga anak ay mamamalagi sa kanila magpakailanman, maliban na lamang kung magkakasala sila laban sa Espiritu Santo (*DBY*, 209).

Maaari nating gabayan, supilin, at pungusin ang isang batang usbong, at susunod ito sa ating kagustuhan, kung ito ay matalino at mahusay na

ginawa. Dahil dito, kung palilibutan natin ang isang bata ng malusog at kapaki-pakinabang na mga impluwensiya, bigyan siya ng mga naaangkop na tagubilin at punuin ang kanyang isip ng mga tamang tradisyon, maaaring gagabayan nito ang kanyang mga paa sa daan ng buhay (*DBY*, 209).

---

**Ang pagpipigil sa sarili at mabait na pagdidisiplina ay nakatutulong sa pagtatatag ng matibay na mag-anak.**

Ang mapamahalaan natin ang ating espirituwalidad, at ang mga impluwensiyang nakapaligid sa atin, sa pamamagitan ng mahigpit na pagdidisiplina ng sarili, ay ang ating unang isaalang-alang, ito ang ating unang gawain, bago natin mailalatag ang daan para sa ating mga anak upang sila ay lumaking walang kasalanan hanggang sa kanilang kaligtasan (*DBY*, 203).

Ano ang ipinangako ninyo sa inyong maliit na anak na babae kung gagawin niya ang isang bagay? Nangako ba kayong bibigyan ninyo siya ng regalo kung nagawa niya ito nang mabuti? "Oo." Inyo bang naaalala itong gawin? "Hind, nawala ito sa isip ko," sinabi ng ina. Kung nakagawa ba siya ng mali ay nangako ba kayong pagagalitan ninyo siya? "Oo." Tinupad ba ninyo ang inyong sinabi? Hindi, at ang anak inyo ngayon ay mag-iisip na ang ina niya ay nagsasabi ng hindi totoo—sinasabi niyang gagawin niya ito o kaya ay ito, ngunit hindi naman niya ito gagawin. Madali lamang na aral na matutuhan ng mga ina kung paano palilipasin ang kanilang mga oras sa kanilang mga anak na hindi kailanman magbibigay sa kanila ng maling impresyon. Mag-isip bago kayo magsalita. . . . Kung nais ninyong bigyan sila ng regalo bigyan ninyo sila; kung nangako kayong magpaparusa, gawin ang inyong sinabi, ngunit maging maingat! (*DBY*, 210).

Hindi kailanman dapat pilitin ng mga magulang ang kanilang mga anak, ngunit kailangan nilang akayin sila, nagbibigay sa kanila ng kaalaman na kaya nilang tanggapin. Agad na pinarurusahan sila kung kailangan, ngunit dapat na pamahalaan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng pananampalataya kaysa sa pamamagitan ng pamalo, inaakay sila sa pamamagitan ng mabubuting halimbawa sa lahat ng katotohanan at kabanalan (*DBY*, 208).

Makapagtuturo ako ng ilang mga kalalakihan sa kongregasyong ito na nagtaboy sa kanilang mga anak mula sa kanilang sarili sa pamamagitan ng pamalo. Kung saan may paghihigpit, doon ay walang pagmamahal o pagmamahalan ng magulang sa anak at ng anak sa magulang; ang mga anak ay magnanais pang malayo sa kanilang ama kaysa makasama siya (*DBY*, 203).

Sa mga araw-araw nating gawain sa buhay, anumang uri o klase, ang mga Banal sa mga Huling Araw, lalo na ang mga nagtataglay ng mahahalagang tungkulin sa Kaharian ng Diyos, ay dapat na maging mahinahon, kapwa kung nasa tahanan at nasa labas ng tahanan. Hindi nila dapat pababayaan ang mga kasawian at hindi kasiya-siyang kalagayan na magpainit ng kanilang ulo, labis na mag-alala at maging mahirap pakisamahan sa bahay, maging dahilan upang makapagsalita nang puno ng sama ng loob at matalas na

pananalita sa kanilang mga asawa at anak, lumikha ng kapanglawan at kalungkutan sa kanilang tahanan, katakutan kaysa mahalin ng kanilang mag-anak. Hindi dapat hayaang bigyang buhay ang galit sa ating dibdib, ang mga salitang dulot ng galit ay hindi nararapat na pahintulutang lumabas sa ating mga labi. "Ang malubay na sagot ay nakapapawi ng poot, ngunit ang mabigat na salita ay humihila ng galit [Mga Kawikaan 15:1]." "Ang poot ay malupit, at ang galit ay mapanghamak" [Mga Kawikaan 27:4]; ngunit "ang bait ng tao ay nagpapakupad sa galit; at ang kaniyang kaluwalhatian na paraanin ang pagsalangsang [Mga kawikaan 19:11]" (*DBY*, 203–4).

Nakakikita kayo, nakaririnig, at nakasasaksi ng maraming pagtatalu-talo sa mga bata—ang ilan sa inyo, kung hindi man lahat—magbibigay ako sa inyo ng ilang salita ukol sa inyong buhay sa hinaharap, nang kayo ay huwag magkaroon ng mga anak na mahilig makipag-away. Maging laging masiyahin kayo, ito ang unang hakbang. Huwag kailanmang pahintulutan ang sariling maging magagalitin at mabugnutin. . . . Punung-puno sila ng sigla kaya't waring ang mga buto nila at puno rin ng lakas. Sila ay puno ng sigla ng—buhay, lakas at paggawa, at kailangan nilang ilabas ito; at ang maliliit na bata ay maaaring makipag-away sa isa't isa. Huwag kayong magalit. Unawain at patahimikin sila. Maging mahinahon at kawili-wili (*DBY*, 209–10).

Sa aking karanasan natutuhan ko na ang pinakamalaking suliranin sa maliliit na alitan at awayan sa pagitan ng dalawang lalaki, sa pagitan ng isang lalaki at isang babae, sa pagitan ng dalawang babae, sa pagitan ng dalawang bata, ay nagmumula sa hindi pagkakaunawaan ng isa't isa (*DBY*, 203).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

### Ang mag-anak ay institusyong itinatag ng Diyos sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.

- Bakit mahalaga ang pagbubuklod para sa kawalang-hanggan ng mga mag-anak? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 128:18.) Paano makatutulong ang pag-unawa sa walang hanggang kahalagahan at banal na pinanggalingan ng mga ugnayan ng mag-anak sa pakikipag-ugnayan natin sa mga kasapi ng ating mag-anak?
- Ano ang magagawa ninyo upang mapatatag ang mga pagkakaugnay ng mag-anak sa pagitan ng mga salinlahi sa inyong mag-anak? Paano maaapektuhan ng inyong mga kilos ang inyong mga ninuno at ang inyong mga inapo?

### Dapat turuan ng mga magulang ang kanilang anak na sundin ang mga utos ng Diyos.

- Kaninong pangunahing tungkulin ang pagtuturo sa mga anak? Kailan dapat magsimula ang mga magulang sa pagtuturo sa kanilang mga anak na maging matwid? Ano ang payong ibinigay ni Pangulong Young sa mga magulang ukol sa kanilang mga papel bilang unang tagapagturo ng kanilang mga anak?

- Sinabi ni Pangulong Young na dapat "palakihin [ng mga magulang] ang kanilang mga anak sa pagmamahal at takot sa Panginoon." (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 68:25–28.) Paano ninyo matuturuan ang inyong mga anak na mahalin at igalang ang Ama sa Langit at si Jesucristo?
- Ano ang mga alituntuning sinabi ni Pangulong Young para sa mga magulang na dapat ituro sa kanilang mga anak? Ano ang maaaring mangyari kung hindi maayos na tinuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak?

---

**Habang ang mga magulang ay mamumuno sa pamamagitan ng angkop na halimbawa, tumutulong sila sa pagtatakda ng mabuting daan para sa kanilang mag-anak.**

- Bakit napakabisang paraan ang halimbawa sa pagtuturo ng mga bata? Anong uring halimbawa ang ipinakikita ninyo sa mga bata sa inyong paligid?
- Sinabi ni Pangulong Young na ang mga bata ay "babalik muli sa sibul na kanilang pinagmulan." Sa paanong paraan ang pangakong ito makaaalo sa mga magulang ng mga batang naligaw ng daan? Ano ang maaaring gawin ng mga magulang upang matulungan ang mga batang naligaw ng daan na magnais na bumalik sa kanilang mga mag-anak?
- Anong mga positibong pagpapahalaga ang natutuhan ninyo sa inyong mga magulang? Ano ang ilan sa mga pagpapahalagang nais ninyong matutuhan sa inyo ng inyong mga anak?
- Paanong makatutulong ang mga tamang tradisyon sa inyong mga anak upang maging higit na buo ang loob na ipamuhay ang katwiran? Anong mga makatwirang tradisyon ang nakapagpalakas sa inyong mag-anak? Anong mga makatwirang tradisyon ang nais ninyong itatatag sa inyong mag-anak?

---

**Ang pagpipigil sa sarili at mabait na pagdidisiplina ay nakatutulong na mapatatag ng malakas na mag-anak.**

- Ano ang kaibahan ng "pagpilit" sa mga bata at ang "pag-akay" sa kanila? Bakit higit na epektibo ang pagtuturo ng katwiran sa mga bata sa pamamagitan ng pag-aakay sa kanila?
- Bakit mahalaga ang "pagiging mahinahon" sa pakikitungo sa iba, lalung-lalo na sa mga bata?
- Ang pag-aalitan at pag-aaway minsan ay karaniwang bahagi ng buhay ng mag-anak. Bakit nakasasama ito sa mag-anak? (Tingnan din sa Mosias 4:14.) Ano ang sinabi ni Pangulong Young na pangunahing dahilan kung bakit nangyayari ang mga bagay na ito? Paano tayo makapagtataguyod ng higit na mainam na komunikasyon at pag-uunawaan sa ating mag-anak? Ano ang ginawa ninyo na nakatulong sa inyong mag-anak upang maipakita nila nang mas madalas ang kanilang pagmamahal sa isa't isa?

# Pagkakaroon ng Dagdag na Pasasalamat, Kababaang-loob, at Katapatan

*Naniwala at namuhay si Pangulong Brigham Young ayon sa mga payak, totoong alituntunin. Batay sa kanyang mga karanasan bilang karpintero at kontratista, natutuhan niyang pahalagahan ang matatapat na manggagawa ng mga pader na tumatagal, pintuang hindi mangangailangan ng pagkumpuni, at mga manggagawang hindi umaalis ng pinagtatrabahuhan nang ang mga kagamitan o pako ng may-ari ay nasa bulsa. Pinayuhan niya ang mga tao sa lahat ng uri ng pamumuhay na "imulat ang kanilang mga mata upang makita nila kung gaano kahalaga ang katapatan at pagkamakatarungan" (*DNW, *ika-2 ng Dis. 1857, 4). Hinimok din ni Pangulong Young ang mga naunang Banal na nagdusa mula sa mga pagsubok na tulad ng pag-uusig, kahirapan, at pagkagutom na tanggapin ang kanilang mga paghihirap nang may pasasalamat at kababaang-loob, sapagkat tunay na pinalakas sila ng Panginoon sa kanilang mga pagdurusa. Sa kanyang mga salita at sa ng kanyang buhay ay binigyang-diin niya na ang ating tungkulin ay ang ipakita ang ating integridad at pasasalamat sa pamamagitan ng paglinang ng anumang ipinagkaloob sa atin ng Panginoon.*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang pagkilala sa kamay ng Panginoon sa ating buhay ay nakapaglilinang ng pasasalamat.

Wala akong alam na anuman, maliban sa walang kapatawarang kasalanan, ang hihigit pa kaysa sa kasalanan ng kawalan ng utang-na-loob (*DBY*, 228).

Maaari kong sabihin ang ilang bagay tungkol sa mga panahon ng kahirapan. Alam ninyong sinabi ko sa inyo na kung may isa man sa atin na takot mamatay sa gutom, paalisin siya, at papuntahin saanman may kasaganahan. Ni hindi ko naiisip na may panganib na magugutom tayo, dahil hanggang hindi kinakain ang huling mola, mula sa dulo ng tainga nito hanggang sa buntot nito, hindi ako natatakot na mamamatay tayo sa

gutom. Maraming tao ang hindi makakuha ngayon ng trabaho, ngunit malapit nang dumating ang tagsibol sa atin, at hindi na tayo magdurusa pa ng anumang hindi para sa ikabubuti natin. Nagpapasalamat ako sa kamay ng Panginoon na namamalas natin; nagpapasalamat ako sa biyaya niyang ito at gayon din sa iba pang aking tinanggap. Sinabi ko na sa inyo, mga taon na ang nakalilipas, ang aking damdamin tungkol sa kanilang mga pakikiramay, kanilang pananampalataya, pagtanaw ng utang-na-loob at pasasalamat, at kanilang pagkilala sa kamay ng Panginoon at ang pagkakaloob niya ng kanyang biyaya. Nagdurugo ang aking kaluluwa sa kapighatian, na makita ang mapag-aksaya at mapangwaldas na ugali ng mga tao sa paggamit ng sagana nilang mga pagpapala. Marami sa kanila ay niyurakan ang mga ito, at handang sumpain ang Diyos na nagkaloob sa kanila ng mga ito. Ninais nila ang ginto at pilak, sa halip na trigo at mais, at pinong harina, at pinakapiling gulay na tumubo sa ibabaw ng lupa. Niyurakan nila ang mga ito, at ipinagwalang-bahala ang mga piling pagpapala ng Panginoon nilang Diyos (*DNW*, ika-6 ng Peb. 1856, 4).

Nagagalak tayo dahil kinakasihan tayo ng Panginoon, dahil nilikha tayong mahina para sa tiyak na layuning makatamo ng higit na dakilang kapangyarihan at kaganapan. Sa lahat ng bagay ang mga Banal ay maaaring magalak—sa pag-uusig, dahil kailangang dalisayin sila, ihanda ang masasama para sa kanilang kaparusahan; sa karamdaman at sakit, bagamat mahirap silang batahin, dahil ginagawa tayong bihasa sa sakit, kalungkutan, at lahat ng paghihirap na mababata ng mga mortal, sapagkat sa pamamagitan ng pagharap dito lahat ng bagay ay maitatanghal sa ating mga pandamdam. May dahilan tayong lubos na magalak na ang pananampalataya ay nasa daigdig, na naghahari ang Panginoon, at ginagawa niya ang kanyang nais sa mga naninirahan sa mundo. Itinatanong ba ninyo kung nagagalak ako dahil nakalalamang ang Diyablo sa mga naninirahan sa mundo, at pinahihirapan niya ang sangkatauhan? Tiyak akong sasagot ng oo; nagagalak ako rito tulad ng pagkagalak ko sa iba pang bagay. Nagagalak ako dahil ako ay nagdurusa. Nagagalak ako dahil ako ay mahirap. Nagagalak ako dahil ako ay nawawalan ng pag-asa. Bakit? Dahil ako ay itataas muli. Nagagalak ako at ako ay mahirap dahil ako ay payayamanin; na ako ay nagdurusa dahil ako ay aaluin, at ihahanda upang tamasahin ang kagalakan ng ganap na kaligayahan, sapagkat hindi tunay na mapahahalagahan ang kaligayahan maliban na sa pamamagitan ng pag-titiis ng mga kasalungat (*DBY*, 228).

Nagsasalita tayo tungkol sa ating mga pagsubok at suliranin dito sa buhay na ito; ngunit ipalagay natin na nakikita natin ang ating sarili libu-libo at milyun-milyong taong matapos ninyong patunayang tapat kayo sa inyong relihiyon sa loob ng ilang maiikling taon sa buhay na ito, at tinamo na ninyo ang walang hanggang kaligtasan at putong ng kaluwalhatian sa harap ng Diyos? Pagkatapos ay magbalik-tanaw sa inyong buhay rito, at tingnan ang

mga pagkatalo, pasanin, kabiguan, at kalungkutan. . . . ; kayo ay bigla na lamang mapabubulalas, "anong kabuluhan nito? Ang mga bagay na ito ay saglit lamang, at ngayon tayo ay naririto. Naging matapat tayo sa ilan saglit sa ating mortalidad, at ngayon ay nagtatamasa tayo ng buhay na walang hanggan at kaluwalhatian, na may kapangyarihan umunlad hanggang sa walang hangganang kaalaman at sa hindi mabilang na antas ng pag-unlad, nagtatamasa ng mga ngiti at pagsang-ayon ng ating Ama at Diyos, at ni Jesucristo na ating nakatatandang kapatid" (*DNW*, ika-9 ng Nob. 1859, 1).

Mayroong isa pang bagay na aking babanggitin ngayon, at hanggang matutuhan natin ang bagay na ito ipinangangako sa inyong hindi natin kailanman mamamana ang Kahariang Selestiyal. Nagtitipon tayo sa layong malaman natin ang dapat gawin sa buhay na ito at sa pagpapalang ipinagkaloob sa atin ngayon. Kung hindi natin matutuhan ang mga aral na ito, paano ninyo maaasahang mapagkatiwalaan ng mga kayamanan ng kawalang-hanggan; dahil siya na tapat sa kakaunting bagay ay gagawing tagapamahala sa maraming bagay [tingnan sa Mateo 25;21]. . . . Kapag pinagpala tayo ng pagdami ng ating baka, at ating ipagwalang halaga ang pagpapalang ipinagkaloob sa atin ng Panginoon, sa ganitong paraan, mapapala natin ang galit Niya, at maglalagay ito sa atin sa panganib ng kaparusahan. Sinong ama sa mundo ang magkakaloob nang may lugod at kasiyahan sa isang anak na patuloy na maglulustay at magsusugal ng mga ito? Paglipas ng ilang panahon ipagkakait na ng amang ito ang kanyang mga pagpapala, at ipagkakaloob ang mga ito sa higit na mga karapat-dapat na anak. Higit na maawain ang Panginoon kaysa atin; ngunit maaaring matigil ang Kanyang pagbibigay ng kaloob, kung ang mga ito ay hindi natin tinatanggap nang may pasasalamat at hindi ito pinangangalagaan nang sapat kapag ay mga ito ay nasa atin na. Alagaan ng mga tao ang kanilang mga baka at kabayo, at ang taong hindi gagawa nito ay mananagot sa sisi sa mata ng katarungan (*DNSW*, ika-29 ng Okt. 1865, 2).

Ano ang ating tungkulin? Tungkulin nating pagyamanin ang bawat pagpapalang ibinibigay sa atin ng Panginoon. Kung binibigyan niya tao ng lupain, pagyamanin ito; kung binibigyan niya tayo ng pribilehiyong makagawa ng mga bahay, pagyamanin ito; kung binibigyan niya tayo ng mga asawa at mga anak, pagsikapan silang turuan ng mga paraan ng Panginoon, at itaas sila sa kadiliman, nakababababa, at masamang kalagayan ng sangkatauhan. . . . Sa kanyang pagkalinga tinawag niya ang mga Banal sa mga Huling Araw mula sa sanglibutan, tinipon sila mula sa ibang mga bansa, at binigyan sila ng isang lugar sa mundo. Pagpapala ba ito? Oo, isa sa mga pinakadakila na matatamasa ng tao, malaya mula sa kasamaan ng masasama,mula sa mga kapahamakan at ingay ng daigdig. Sa pamamagitan ng pagpapalang ito maipakikita natin sa ating Ama sa Langit na tayo ay matatapat na katiwala, at higit pa, pagpapala ring magkaroon ng pribilehiyong maibalik sa kanya ang kanyang ipinagkatiwala sa atin. . . .

Samakatwid malinaw na anumang tila ay akin ay hindi ko tunay na pag-aari, at ibabalik ko ito sa Panginoon kapag kanyang hiningi ito mula sa akin; ito ay sa kanya, at kanya ito sa lahat ng panahon. Hindi ito akin, kailanman ay hindi ito naging akin (*DN*, ika-20 ng Hun. 1855, 4).

Wala ni isang kalagayan sa buhay [o] isang oras ng karanasan na hindi nakabubuti sa lahat ng nag-aaral, at naglalayong mapagyaman ang mga karanasang kanilang tinatamasa (*DNW*, ika-9 ng Hul. 1862, 1).

---

**Ang mga mapagpakumbaba ay nakakikilala ng kanilang pag-asa sa Panginoon.**

Kailangan tayong magpakumbaba at maging tulad ng mga bata sa ating mga damdamin—maging mapagkumbaba at maging tulad ng isang bata sa diwa, nang sa gayon ay tanggapin ang unang liwanag ng diwa ng Ebanghelyo, kung magkagayon mayroon na tayong pribilehiyong umunlad, madagdagan sa kaalaman, sa karunungan, at sa pang-unawa (*DBY*, 228).

Tayo ay wala maliban lamang sa pagkakagawa ng Panginoon sa atin (*DNW*, ika-28 ng Okt. 1857, 5).

Kapag nakikita ng isang tao ang mga bagay sa tunay nilang kalagayan, . . . kung nakikita niyang binibigyang-kasiyahan niya ang Diyos at ang kanyang mga kapatid, siya ay lubos na nagagalak, at nakadarama ng karagdagang kababaang-loob at pagpapasailalim sa kalooban ng Diyos. Kapag ang isang tao ay palalo at mapagmataas, pinupuno siya ng labis na papuri ng kapalaluan at ipinapahamak siya; ngunit hindi ganito kapag siya ay nadaragdagan sa pananampalataya sa Diyos (*DBY*, 228).

Sino ang may pinakamalaking dahilan upang magpasalamat sa kanyang Diyos–ang taong walang masidhing pagnanasa o kagustuhan sa kasamaang dapat mapagtagumpayan, o ang isang nagsusumikap araw-araw na magtagumpay, ngunit nasusumpungan ng anumang pagsuway? Ang kapangyarihan ng kanyang lakas, pananampalataya, at paghahatol ay nadaraig, at siya ay natatagpuang nagkamali sa pamamagitan ng kanyang pagkahilig sa masama, bagamat nagsusumikap siya, araw-araw, gabi-gabi, na magwagi. Sino ang may dahilan na higit na magpasalamat? Ang taong kung paghahambingan ay walang gaanong pagnanasang kailangang mapagtagumpayan ay nararapat na tuwinang lumakad nang mga kababaang-loob, kaysa magyabang sa kanyang kapwa dahil sa kanyang kabutihan. Tayo ay may tungkulin, dahil sa pagmamalasakit natin sa kapwa at pagkakaugnay sa sangkatauhan, na humigit kumulang ay makipagkaibigan sa mga gumagawa ng masama. Kailangan nating pagtiisan ito hanggang marapatin ng Panginoon na paghiwalayin ang trigo sa dayami—hanggang matipon ang mabubuti, at ang masasama ay matipon sa mga bigkis handa na upang sunugin [tingnan sa Doktrina at ma Tipan

86]—hanggang mahiwalay ang mga tupa sa mga kambing [tingnan sa Mateo 25:31–34]. Sila na walang masidhing pagnanasang pinaglalabanan, araw-araw, at taun-taon, ay dapat na lumakad nang may kababaang-loob, at kung ang inyong mga kapatid ay masusumpungan ng pagsuway, ang inyong puso ay dapat na mapuspos ng kabutihan—may pagmamahal sa kapwa, at mabait na damdamin—upang huwag mapansin ang kanilang mga pagkakamali hangga't maaari (*DNW*, ika-22 ng Ago. 1860, 1).

Ang puso ng mga maamo at mapagpakumbaba ay puspos ng galak at aliw sa tuwina (*DBY*, 228).

---

**Ang matatapat ay tapat sa kanilang sarili, sa iba, at sa Panginoon.**

Kinakailangang maging matapat ang mga tao, kinakailangan nilang mamuhay na tapat sa harap ng Diyos, at igalang ang kanilang tungkulin at buhay sa mundo. Itinatanong ninyo kung maaaring gawin ito? Oo; ang doktrinang ating niyakap ay pinapalis ang mga matigas na puso (*DBY*, 232).

Kailangan nating matuto, magsanay, mag-aral, malaman at maunawaan kung paano magkakasamang namumuhay ang mga anghel. Kapag ang pamayanan na ito ay dumating sa puntong siya ay ganap nang tapat at matwid, hindi ka kailanmang makakikita ng isang mahirap; wala ni isang mangangailangan, lahat ay mayroong sapat. Bawat lalaki, babae, at bata ay magkakaroon ng lahat ng kanilang kailangan sa sandaling lahat sila ay maging matapat. Kapag karamihan sa kanilang pamayanan ay mandaraya, pinapangyari nitong maging mahirap ang matatapat, dahil pinaglilingkuran at pinayayaman ng mga mandaraya ang kanilang sarili sa kapinsalaan ng matatapat (*DBY*, 232).

Tinatangka kong pigilin ang pandaraya sa mga indibiduwal, at aking tinatangka sa paraang ito na gawin silang matapat. Kung uupa ako ng isang karpintero at babayaran siya ng tatlong dolyar isang araw, at nakagagawa siya sa loob ng tatlong araw ng anim na entrepanyong pinto na magagawa ng isang magaling na manggagawa sa isang araw, o isa't kalahating pinto sa isang araw, hindi ko siya babayaran ng tatlong dolyar isang araw para sa trabahong iyon. Gayunman may ilan dito na walang sapat na pag-iisip, pagpapasiya, o ideya tungkol sa tama at mali, na nagnanais na bayaran sa trabahong hindi nila ginawa; at ito ay inaakala nilang matapat: ngunit ito ay pandaraya rin gaya ng anupaman sa daigdig (*DNW*, ika-2 ng Dis. 1857, 4).

Subuking maging higit na mabuti ang [lahat ng manggagawa]. . . . May malaking pagbabagong nangyari sa mga taong ito, at magpapatuloy pa silang magiging mahusay. Humingi sa Panginoon ng karunungan . . . at magpatuloy na magpabuti, hanggang mapantayan natin ang batayan ng

katotohanan sa lahat ng ating kilos at salita; kaya't kapag magpapagawa ako sa isang mason ng dingding ay matapat niya itong gagawin, gayon din ng iba pang manggagawa. Samakatwid kung hindi karapat-dapat ang isang tao sa kanyang upa, hindi siya dapat humingi nito o tanggapin ito. . . . Ang katapatan ay hindi kailanman pumapasok sa puso ng taong tulad nito; ang kanilang tuntunin ay ingatan ang nasa kanila at kunin ang kanilang makukuha, maging matapat man o hindi nilang makuha, at maghangad ng higit pa (*DNW*, ika-2 ng Dis. 1857, 5).

Aba sa yaong nagpapahayag na mga Banal at hindi matapat. Maging matapat sa inyong sarili, at magiging matapat kayo sa inyong mga kapatid (*DBY*, 231–32).

Dapat na turuan ang mga bata ng katapatan, at lalaki silang nalalaman sa kanilang sarili na hindi nila dapat kunin ang isang alpiler na hindi sa kanila; hindi kailanman galawin ang anumang bagay, kundi ilagay ang lahat ng bagay sa tama nitong lalagyan. Kung makakita sila ng anumang bagay ay hanapin ang may-ari nito. Kung mayroon mang pag-aari ang kanilang kapwa na masisira, ilagay ito sa lugar na hindi ito masisira, at maging ganap na tapat sa isa't isa (*DNW*, ika-23 Okt. 1872, 5).

Ang matatapat na puso ay lumilikha ng tapat na gawain—ang mga banal na naisin ay lumilikha ng naaayon na kilos na nakikita ng madla. Tuparin ang inyong mga kasunduan at ang inyong salita. Wala akong pakialam sa taong mangangako at hindi tumutupad dito. Ang malinaw na katotohanan, kapayakan, katapatan, pagkamatwid, pagkamakatarungan, pagkamaawain, pagmamahal, kabaitan, paggawa ng mabuti sa lahat at hindi paggawa ng kasamaan kaninuman, ay mga alituntuning kay daling ipamuhay! Isang libong ulit na mas madali kaysa manlinlang! (*DBY*, 232).

Higit na mabuting maging matapat; mamuhay ng matwid, at iwaksi at iwasan ang masama, kaysa maging sinungaling. Napakadaling landas sa daigdig ang maging matapat,—ang maging matwid sa harap ng Diyos; at kapag natutuhan ng mga tao ito, kanilang gagawin ito (*DBY*, 232).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

### Ang pagkilala sa kamay ng Panginoon sa ating buhay ay nakapaglilinang ng pasasalamat.

- Iminungkahi ni Pangulong Young na dapat magpasalamat ang mga Banal para sa trigo, mais, at gulay kaysa ginto at pilak? Ano ang dapat pasalamatan ng bawat isa sa atin? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 59:7, 21.) Paano ninyo ipinahayag ang inyong pasasalamat sa Diyos, sa inyong mag-anak, at sa ibang tao?
- Sa inyong palagay bakit itinuro ni Pangulong Young sa mga Banal na

nagalak sa pag-uusig, karamdaman, sakit, at paghihirap? Anong mga pagpapala ang maaaring maging bunga ng ganitong mga kalagayan? Paanong para sa ating kabutihan ang mga paghihirap at pagsubok? Paano natin matutuhang pasalamatan at pahalagahan ang mga kahirapan sa buhay habang dinaranas natin ang mga ito?

- Sinabi ni Pangulong Young, "Tayo ay [naririto] sa layong malaman natin ang dapat gawin sa buhay na ito at sa pagpapalang ipinagkaloob sa atin ngayon." Anong mangyayari kung hindi tayo magpapakita ng pasasalamat sa pamamagitan ng pagkatuto kung ano ang ating gagawin sa mga pagpapala ngayon? (Tingnan din sa Mosias 2:20–21.) Ano ang maaari nating gawin upang ipakita ang ating pasasalamat sa ating mga pagpapala? Paano natin "papagyamanin ng bawat pagpapalang ibinibigay sa atin ng Panginoon"?

---

**Ang mga mapagpakumbaba ay nakakikilala ng kanilang pag-asa sa Panginoon.**

- Nagsalita si Pangulong Young tungkol sa pangangailangan na maging tulad ng isang bata upang "tanggapin ang unang liwanag ng diwa ng Ebanghelyo" at kanyang sinabi na ang isang tao ay uunlad sa kaalaman at karunungan. Ano ang patunay na nakita ninyo sa inyong sarili o sa iba na ito ay totoo? Anong mga katangiang mayroon ang mga bata na makatutulong sa mga may sapat na gulang na maging mapgkumbaba?
- Itinuro ni Pangulong Young, "Tayo ay wala maliban lamang sa pagkakagawa ng Panginoon sa atin." Paano natin malalaman kung ano ang nais ng Panginoon para sa atin? Paanong ang pagiging mapagpakumbaba natin makatutulong sa Panginoong gabayan tayo? (Tingnan din sa Mosias 3:19.) Paano ginabayan ng Panginoon ang inyong buhay at tinulungan kayong maging mas mabuting tao?
- Sinabi ni Pangulong Young, "Ang taong kung paghahambingan ay walang gaanong pagnanasang kailangang mapagtagumpayan ay nararapat na tuwinang lumakad nang mga kababaang-loob, kaysa magyabang sa kanyang kapwa dahil sa kayang kabutihan." Paanong nagbubunga ng kapalaluan ang paghahambing sa ating mga kalakasan sa mga kahinaan ng iba? Anong mga pagpapala ang matatamo ng mga mapagpakumbaba? (Tingnan din sa Eter 12:27.)

---

**Ang matatapat ay tapat sa kanilang sarili, sa iba, at sa Panginoon.**

- Paanong magiging huwaran ang mga anghel kung paano dapat magkakasamang mamuhay ang mga mag-anak at pamayanan?

- Sinabi ni Pangulong Young na sa isang pamayanan ng matatapat na tao wala ni isang mangangailangan, lahat ay magkakaroon ng sapat. Bakit magiging totoo ito? Paano nakaaapekto ang pagiging hindi matapat? Paano makabubuti ang katapatan sa isang pamayanan?
- Paano natin matuturuan ang ating mga anak na maging matapat? Bakit mahalagang maging tapat sa lahat ng aspeto ng ating buhay?
- Ayon kay Pangulong Young, bakit ang pagiging matapat ay "isang libong ulit na mas madali kaysa magsinungaling" at "ang napakadaling landas sa daigdig"?

# Kaligayahan at Kasiyahan sa Pakikisalamuha sa Kapwa

*Batid ni Pangulong Young na ang totoong kaligayahan ay dumarating lamang sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay, ngunit kanya ring alam na malaking kasiyahan sa buhay ang matatamo sa pamamagitan ng kaaya-ayang mga libangan at aliwan. Mahilig siya sa teatro, musika, at iba pang mga libangang panlipunan at nagbigay ng pagkakataon sa mga Banal na makalugdan ang mga pampalipas-oras na ito, na naniniwalang mahalaga ang mga ito sa kagalingan ng tao. Pinangasiwaan niya ang pagtatayo ng Bulwagang Panlipunan sa Lungsod ng Salt Lake, kung saan ginanap ang mga sayaw at palabas na pang-teatro. Sa pagtukoy sa Bulwagang Panlipunan kanyang sinabi: "Iyan ang ating bulwagan ng tuwa, at hindi isang lugar kung saan pangangasiwaan ang sakramento. Atin itong itinalaga sa layunin ng pagkakatayo nito. . . . Alam ninyo kung anong espiritu ang nananahan sa silid na iyan. Dumalo diyan ang mga gobernador, mga hukom, mga manggagamot, mga abugado, mga mangangalakal, mga taong nagdaraan, atbp., na hindi kabilang sa ating simbahan, at ano ang pangkalahatang pahayag ng bawat isa? 'Hindi ako nakadama ng kasiyahan sa buong buhay ko sa ano pa mang pagtitipong nadaluhan ko na maliban sa isang ito;' at ang mga Banal ay gayundin namang hindi nakadarama ng kasiyahan sa ano pa mang pook ng libangan. . . . Ang bawat bagay sa kanyang tamang panahon, ang bawat bagay sa kanyang wastong kinalalagyan (*DNW, *ika-26 ng Mar. 1862, 1).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang totoong kaligayahan ay matatagpuan sa pagkamatwid at paglilingkod.

Anong pangunahing mithiin ng tao? Kaligayahan. Bigyan ninyo ako ng kaluwalhatian, bigyan ninyo ako ng kapangyarihan, bigyan ninyo ako ng kayamanan, bigyan ninyo ako ng mabuting pangalan, bigyan ninyo ako ng lahat ng mga ito, ngunit hindi ito nangangahulugan na ako ay mapaliligaya ng mga iyon; ito ay batay sa kung paano natamo ang mga iyon (*DBY,* 235).

Lahat tayo ay naghahanap ng kaligayahan; umaasa tayong kakamtin natin ito, naniniwala tayong nabubuhay tayo para dito, ito ang layon natin sa buhay na ito. Subalit nabubuhay ba tayo upang matamasa ang kaligayahang hinahangad natin nang lubos? (*DBY,* 236).

Nasaan ang kaligayahan, ang tunay na kaligayahan? Hindi ito matatagpuan sa iba kundi sa Diyos lamang. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng diwa ng ating banal na relihiyon ay maligaya tayo sa umaga, maligaya tayo sa tanghali, maligaya tayo sa gabi; sapagkat ang diwa ng pag-ibig at ng pagkakaisa ay nasa atin, at tayo ay nagagalak sa espiritu sapagkat, ito ay sa Diyos, at nagagalak tayo sa Diyos dahil siya ang nagkakaloob ng bawat mabuting bagay. Ang bawat Banal sa mga Huling Araw, na nakadama na ng pag-ibig ng Diyos sa kanyang puso makaraang tanggapin ang kabayaran ng kanyang mga kasalanan, sa pamamagitan ng pagbibinyag, at ng pagpapatong ng mga kamay, ay matatanto na siya ay napupuspos ng kagalakan at kaligayahan, at kaaliwan. Maaaring siya ay nasa sakit, nasa pagkakamali, nasa kahirapan, nasa piitan, kung hinihiling ng pagkakataon, gayunpaman, maligaya pa rin siya. Ito ang ating karanasan, at ang isa at bawat isang Banal sa mga Huling Araw ay makapagbibigay ng patotoo dito (*DBY,* 236).

Ano ang nadarama ninyo, mga Banal, kapag kayo ay napupuspos ng kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos? Tiyak na maligayang maligaya kayo (*MSS,* 15:48).

Ang buong mundo ay naghahangad ng kaligayahan. Ito ay hindi masusumpungan sa ginto at pilak, kundi sa kapayapaan at pag-ibig (*DBY,* 235).

Ano ang magbibigay sa tao ng kaligayahan? Yaong magbibigay sa kanya ng kapayapaan (*DBY,* 235).

Kapag ang puso ay masaya, ang tao ay puspos ng liwanag at kaluwalhatian; walang kapighatian (*DBY,* 235).

Kapag ang tao ay masipag at matwid, samakatwid siya ay maligaya (*DBY,* 235).

Isang maling kaisipan ng mga naninirahan sa daigdig ang ipagpalagay na hindi katanggap-tanggap sa kanila ang sumunod sa mga kautusan ng langit, sa takot na mahadlangan nito ang kanilang mga kaginhawaan at kanilang mga kasiyahan; sapagkat walang tunay na kapayapaan, walang tunay na kaligayahan sa anumang bagay sa langit o lupa, maliban sa mga taong naglilingkod sa Panginoon. Sa kanyang paglilingkod ay may kagalakan, may kaligayahan, at ang mga ito ay hindi masusumpungan sa iba. Dito ay may kapayapaan at kaginhawaan, ngunit kung ang kaluluwa ay napupuspos ng kagalakan, ng kapayapaan at ng kaluwalhatian, at lubos na kinalulugdan ang mga ito, ang isang tao gayunpaman, ay may katiting na ideya sa mga tunay na nakalaan para sa lahat ng matapat (*DNW,* ika-15 ng Hul. 1857, 4).

Tayo ay nilikha upang tamasahin ang lahat ng tinatamasa ng Diyos, upang manahin ang lahat ng kanyang namana, para taglayin ang lahat ng kapangyarihan na kanyang taglay, ang lahat ng kadakilaan na ipinagkaloob sa kanya—ang lahat ng bagay ay ipasasailalim sa kanya ng kanyang matatapat na anak, upang matamasa nila ang lahat ng bagay kasama siya; ang mga pagsasaalang-alang na ito ay nagdudulot ng kapayapaan sa puso na nabuksan sa pang-unawa (*DBY,* 237).



**American Fork, Utah, tansong banda, 1866. Mahilig sa musika ang mga Banal, at halos bawat pamayanan ay may banda.**

May isang paraan lamang sa mga Banal sa mga Huling Araw upang maging maligaya, at ito ay ang ipamuhay lamang ang kanilang relihiyon, o sa madaling salita paniwalaan ang Ebanghelyo ni Jesucristo sa bawat bahagi nito, na sinusunod ang ebanghelyo ng kalayaan na may buong layunin ng puso, na tunay na nagpapalaya sa atin. Kung gagawin natin, bilang isang pamayanan, na sumunod sa batas ng Diyos, at tumupad sa mga ordenansa ng kaligtasan, samakatwid ay maaasahan nating masumpungan ang kaligayahang hinahangad natin nang lubos (*DBY,* 236).

Kagaya ng madalas kong isipin, at sabihin, kapag kinakailangan ng tungkulin, maligaya ako sa pag-alis sa aking tahanan at maligaya ako sa pagbalik, sapagkat ang pinakadakila kong kagalakan at kaginhawaan ay ang gawin ang hinihiling ng Panginoon sa akin at alam kong tungkulin ko ito, kahit na ano pa man ito basta't ito ay hinihiling sa akin ng Panginoon. Ang ganitong gawain ay nagdudulot sa akin ng kagalakan at kapayapaan (*DN,* ika-6 ng Peb. 1856, 4).

Tunay na maligaya ang isang lalaki o babae, o ang mga tao, na nagtatamasa sa mga pribilehiyo ng Ebanghelyo ng Anak ng Diyos, at nalalaman kung paano pasasalamatan ang kanyang mga pagpapala (*DBY,* 236).

Nais naming makita ang bawat mukha na puno ng kasayahan, at ang bawat mata na nagniningning sa pag-asam sa darating na kaligayahan (*DBY,* 236).

Sinasabi ko, kung nais ninyo ng pambihirang kagalakan, maging Banal sa mga Huling Araw, at pagkatapos ay ipamuhay ang doktrina ni Jesucristo (*DNSW,* ika-30 ng Hun. 1874, 1).

Ang taong nalulugod sa karanasan ng pagkakaalam sa Kaharian ng Diyos sa lupa, at kasabay nito ay may pag-ibig ng Diyos sa kanyang kalooban, ang siyang pinakamaligayang tao sa mundo (*DBY,* 235).

---

## Ang paglilibang sa tamang diwa ay makadaragdag sa ating pisikal at espirituwal na kagalingan.

Dapat nating matutuhan kung paano masisiyahan sa mga bagay sa buhay—kung paano palilipasin ang ating kalagayang mortal dito. Walang kasiyahan, walang kaginhawaan, walang kaligayahan, walang anuman na kayang arukin ng puso ng tao, sa pamamagitan ng espiritu ng paghahayag na tinanggap natin, na makapagpapaganda, makapapagpaligaya, makapagbibigay ng kaginhawaan at kapayapaan, at makapagpapaangat sa damdamin ng tao, maliban sa inilaan ng Panginoon sa kanyang mga tao. Hindi siya tumutol na matamo nila ang kaginhawaan. Walang siyang inihayag kailanman na doktrinang nalalaman ko, maliban na ito ay may likas at layunin na mapuspos ng kapayapaan at kaluwalhatian, at iangat ang bawat pagdaramdam at simbuyo ng puso mula sa mababa, malungkot, malumbay, mali at nagsusumukot na damdamin. Ninanais ng Panginoon na mabuhay tayo upang matamasa natin ang kabuuan ng kaluwalhatian na tumutukoy sa kahariang selestiyal, at mamaalam sa lahat ng malungkot, makulimlim, at malumbay na damdamin na nakalaganap sa mga naninirahan sa lupa (*DBY,* 273).

Mayroon bang masama sa libangan? Kapag nakikita ko ang aking mga anak na lalaki at babae na masasaya, nagkukuwentuhan, namamasyal, naglilibot, dumadalo sa handaan o sayawan, may bagay bang masama diyan? Pinagmamasdan kong mabuti, at kapag may narinig akong salita, may nakita akong sulyap, o isang pagkutya sa mga banal na bagay, o anumang nakasisira sa kagandahang-asal, ito ay kaagad kong nadarama, at sinasabi kong, "Kung susundin ninyo ito ay hindi kayo nito maaakay sa kabutihan, masama ito; hindi kayo aakayin nito aakay sa bukal ng buhay at katalinuhan; sundan lamang ang landas na patungo sa buhay na walang hanggan" (*DBY,* 237).

Pribilehiyo ng mga Banal ang tamasahin ang bawat mabuting bagay, sapagkat ang daigdig at ang kabuuan nito ay sa Panginoon (tingnan ang Doktrina at mga Tipan 104:14), at ipinangako niya sa lahat ng kanyang matapat na mga Banal; ngunit kailangan itong tamasahin nang walang diwa ng pag-iimbot at karamutan—na walang diwa ng pagnanasa, at sa diwa lamang ng Ebanghelyo; sa gayon ay sisikatan tayo ng araw; ang bawat araw ay mapupuspos ng pagkalugod, at ang lahat ng bagay ay mapupuno ng kagandahan, na magbibigay ng kagalakan, kasiyahan, at kapahingahan sa mga Banal (*DBY,* 237).



Hinimok ni Pangulong Young ang mga Banal na lumahok sa mga gawaing panlipunan at pangkultura. Ang larawang ito noong 1858 ay nagpapakita sa Bulwagang Panlipunan sa Lungsod ng Salt Lake, kung saan maraming mga Banal ang nagkaroon ng pagkakataon na mapaunlad at maipamalas ang kanilang mga talino.

Ang mapaligaya tayo ay kasama sa dakilang panukala ng pagkabuhay ng tao. Natutuhan kong huwag ligaligin ang aking sarili sa mga bagay na hindi ko kaya. Kung may magagawa akong mabuti, gagawin ko ito; kung hindi ko kaya ang isang bagay, sapat na sa aking wala ito. Ito ay nagpapaligaya sa akin sa buong maghapon (*DBY,* 236).

Samakatwid ay matutuhang maging maligaya kapag kayo ay may pagkakataon (*DBY,* 235).

Nasisiyahan na tayo ngayon sa ating mga pampalipas-oras. Madalas tayong magtipon at sumamba sa Panginoon sa pamamagitan ng pag-awit, pananalangin at pangangaral, pag-aayuno, at pakikipag-ugnayan sa bawat isa sa Sakramento ng Hapunan ng Panginoon. Ngayon ay nagtitipon na tayo bilang isang pamayanan—para sa ano? Upang mapahinga ang ating isipan, at matanggap ng ating katawan ang libangan na angkop at kailangan upang magkaroon ng balanseng pamumuhay, para maisulong hakbang para sa kalusugan ng buong pagkatao (*DBY,* 240).

Madalas kong sabihin sa mga tao sa ating mga pook libangan, kung hindi sila mapupunta roon na may Espiritu ng Panginoon ay mas mainam na manatili na lamang sila sa bahay (*DBY,* 240).

Sa lahat ng inyong pakikipagtalastasang panlipunan, o kung ano pa mang pakikipag-ugnayan ninyo, iwaksi ang lahat ng hindi maganda, pagkayamot, pagbulung-bulong, pagkalungkot, at nakasusuyang damdamin—ang lahat ng masasamang bunga ng isipan, hayaang malaglag ang mga ito mula sa puno nang matahimik at hindi napapansin; at hayaang mamatay ito, at huwag nang pulutin at ilahad sa inyong mga kapwa. Ngunit kung kayo ay may kagalakan at kaligayahan, liwanag at katalinuhan, katotohanan at kabutihan, ialay ang mga bungang iyon sa inyong mga kapitbahay, at ito ay makabubuti sa kanila, at sa gayon ay inyong ganap na mapalalakas ang inyong mga kapwa-tao (*DBY,* 240).

---

**Dapat tayong maghangad ng kaaya-ayang libangan na naaayon sa mga pamantayan ng ebanghelyo.**

Aking itinayo [ang] teatro upang maakit ang kabataan sa ating pamayanan at mapaglibangan ito ng mga kabataang lalaki at babae, sa halip na sila ay maghabulan sa kung saan-saan para malibang. Matagal bago pa man [ito] naitayo sinabi ko na sa mga Obispo na, "Itayo ang inyong mga handaan at pook libangan upang maaliw ang mga tao" (*DBY,* 243).

May masama ba sa teatro; sa bulwagang sayawan; sa pook sambahan; sa tahanan; sa mundo? Oo, kapag ang tao ay naghihilig na gumawa ng masama sa alinman sa mga pook na ito. May masama sa mga taong nagtitipon lamang upang maghuntahan, kapag hahayaan nilang makagawa sila ng masama habang nasa ganoong pagkukuwentuhan (*DBY,* 243).

Sa ibabaw ng entablado ng teatro ay maaaring katawanin sa pamamagitan ng gumaganap, ang kasamaan at ang mga kalalabasan nito, ang kabutihan at

ang magandang mga bunga at gantimpala nito; ang kahinaan ng tao, ang karangalan ng kabutihan at ang kadakilaan ng katotohanan. Maaaring gamitin ang entablado para makatulong sa pulpito upang maikintal sa isipan ng isang pamayanan ang isang maliwanag na pagkakakilala sa isang mabuting pamumuhay, gayon din ng naaangkop na lagim ng kabigatan ng kasalanan at ang nararapat na pagkatakot sa mga ibubunga nito. Ang landas ng kasalanan kasama ang mga tinik at patibong nito, ang mga umang at bitag nito ay maaaring ipakita, at gayundin kung paano ito maiwawaksi (*DBY,* 243).

Ang trahedya ay tinatangkilik ng mundo sa labas; hindi ako tumatangkilik nito. Hindi ko nais na ang mga pagpaslang kalakip ang lagim at kasamaan na humahantong sa ganito ay isalarawan sa harap ng ating kababaihan at mga anak; hindi ko nais na dahil dito ay dalhin ng isang bata sa pag-uwi ang pagkatakot . . . sa espada, sa baril, o sa punyal, at mahirapan sa gabi dahil sa nakakatakot na mga panaginip. Nais kong itanghal yaong mga dula na magpapaganda sa pakiramdam ng mga manonood; at nais ko sa mga gumaganap na pumili ng uri ng mga dula na magpapaunlad sa kaisipang panlipunan at magpapaangat sa kagustuhang pampanitikan ng pamayanan (*DBY,* 234–244).

Kung nais ninyong sumayaw, sumayaw kayo; at kayo ay handa pa rin tulad ng dati para sa isang pagpupulong panalangin pagkaraang sumayaw kagaya ng sa lahat ng oras, kapag kayo ay mga Banal. Kung hinahangad ninyong humiling sa Diyos para sa anumang bagay, magiging handa kayong gawin ito kagaya sa sayawan o kahit saan, kapag kayo ay mga Banal (*DBY,* 243).

[Subalit,] yaong hindi makapaglilingkod sa Diyos nang may dalisay na puso sa sayawan ay hindi dapat sumayaw (*DBY,* 243).

Nais kong maunawaan nang maliwanag, na ang pagtugtog ng biyolin at ang pagsasayaw ay hindi kabilang sa ating pagsamba. Maaaring itanong ninyo, Kung gayon ay para sa ano ang mga ito? Ang sagot ko ay, upang umayon ang aking katawan sa aking isipan. Ang aking isipan ay gumagawa kagaya ng taong nagtotroso, sa lahat ng oras; at ito ang dahilan kung bakit mahilig ako sa mga pampalipas-oras na ito—nagbibigay sila sa akin ng tanging karapatan na kalimutan ang lahat, at yugyugin ang aking sarili, upang maehersisyo ang aking katawan, at makapagpahinga ang aking isipan. Para sa ano? Upang makakuha ng lakas, at makapagpanariwa at sumigla, at lumakas, at ganahan, upang ang aking isip ay hindi mahapo (*DBY,* 242).

Marami sa matatanda nating kapatid na lalaki at babae, ang, dahil sa mga kaugalian ng kanilang mga ninuno at pagtatadhana ng maling relihiyon, ay hindi man lamang nakapasok sa bulwagang sayawan o sa teatro hanggang sa sila ay maging Banal sa mga Huling Araw, at ngayon, tila higit pa silang sabik sa ganitong uri ng libangan kaysa sa ating mga anak. Ito ay bunsod ng katotohanang sa maraming taon ay pinagbawalan sila sa libangan na ipinanukala upang pagaanin ang kanilang mga diwa at gawing masigla at malakas ang kanilang katawan, at libu-libong mga tao ang namatay nang wala sa panahon dahil sa kakulangan sa ganitong ehersisyo para sa katawan at isipan. Ang mga ito ay nangangailangan ng sabay na pangangalaga upang

sila ay maging malakas at malusog. Ang bawat kakayahan at kapangyarihan ng katawan at isipan ay kaloob mula sa Diyos. Huwag kailanman sasabihin na ang mga pamamaraan upang makagawa at makapagpatuloy sa malusog na pagkilos ang katawan at isipan ay nagmula sa impiyerno (*DBY,* 242).

Kung nais ninyong sumayaw, lumahok sa takbuhan, . . . o maglaro ng bola, gawin ito, at I-ehersisyo ang inyong mga katawan, at ipahinga ang inyong mga isipan (*DBY,* 243).

Ang mga tumupad sa mga tipan at naglingkod sa kanilang Diyos, kung nais nilang maehersisyo ang kanilang sarili sa anumang paraan upang ipahinga ang kanilang isipan at pagpawisan ang kanilang katawan, humayo at bigyang kasiyahan ang inyong sarili sa sayawan, at ilagay ang Diyos sa inyong mga kaisipan sa bagay na ito kagaya ng sa iba pang mga bagay, at pagpapalain niya kayo (*DBY,* 242).

Ang ating gawain, ang trabaho natin sa araw-araw, ang buong pamumuhay natin ay nasasaklawan ng ating relihiyon. Ito ang pinaniniwalaan natin at pinagsusumikapang ipamuhay. Gayunman, nagpapaubaya ang Panginoon sa maraming bagay na hindi kailanman iniutos. . . . Hindi kailanman iniutos sa akin ng Panginoon na sumayaw, ngunit sumasayaw ako: alam ninyong lahat ito, sapagkat ang buhay ko ay batid ng mundo. Bagama't hindi kailanman ipinag-utos ng Panginoon sa akin na gawin ito, pinayagan niya ito. Wala akong nalalaman na ipinag-utos niya sa kabataang lalaki na humayo at maglaro ng bola, ngunit pinapayagan niya ito. Wala akong nalalaman na ipinag-utos niya sa ating magtayo ng teatro, ngunit pinayagan niya ito, at maibibigay ko ang mga dahilan kung bakit. Ang libangan at dibersiyon ay kinakailangan sa ating kagalingan tulad ng ibang higit na mahalagang mga hangarin sa buhay (*DBY,* 238).

Naniniwala ako na ang mga taong pumapadyak, pumapalakpak, sumisipol, at lumilikha ng iba pang maingay at magulong pagpapasikat sa mga teatro, na wala naman sa panahon, at hindi naman kinakailangan, ay may katiting lamang na pagkakakilala, at hindi nakababatid kung ano ang kaibahan ng isang magandang ngiti ng kasiyahan upang pasayahin ang mukha ng isang kaibigan, o ng mapandustang pagkutya na nagdudulot ng mga sumpa ng tao sa kapwa tao (*DBY,* 241).

[Ngunit] paawitin ang ating mga isipan para sa kagalakan, at pakalatin ang buhay sa bawat bahagi ng katawan; sapagkat ang layunin ng ating pagtitipon ay para maehersisyo ito, para sa kabutihan nito (*DBY,* 240)

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

---

**Ang totoong kaligayahan ay matatagpuan sa pagkamatwid at paglilingkod.**

- Bakit hinahanap ng mga tao ang kaligayahan? Bakit napakaraming mga tao ang tila hindi nakasusumpong nito? Saan natin matatagpuan ang totoong kaligayahan? Paano makapagbibigay ang ebanghelyo ng kaligayahan kahit na sa mga "may sakit, nasa pagkakamali, nasa kahirapan, o nasa piitan"?

- Maraming tao ang naniniwala na ang pagsunod sa mga kautusan ng Diyos ay pipigil sa kanilang kalayaan at magbabawas sa kanilang kaligayahan. Anu-anong mga kalagayan ang inyong naranasan o napansin na nagpapakita na ang kabaligtaran ang siyang totoo—na ang pagsunod sa mga kautusan ang nagpapaligaya sa atin, samantalang ang pagsuway ang nagdudulot ng kalungkutan?
- Ano ang nadarama ninyo sa pagkakaalam na tayo ay "nilikha upang masiyahan sa lahat ng kinasisiyahan ng Diyos" at na ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay nagnanais na maging maligaya kayo?
- Ano ang sinabi ni Pangulong Young na tanging paraan para sa isang Banal sa mga Huling Araw upang maging masaya? Paano kayo mapaliligaya ng pamumuhay ng ebanghelyo?

---


**Ang libangan sa tamang diwa ay makapagdaragdag sa ating pampisikal at pang-espirituwal na kagalingan.**

- Sa inyong palagay, bakit hinimok ni Pangulong Young ang libangan? (Tingnan din ang Doktrina at mga Tipan 136:28.) Paano magagawa ng ating mga gawaing libangan na "mapuspos [tayo] ng kapayapaan at kaluwalhatian, at maiangat ang bawat pagdaramdam at simbuyo ng puso"?
- Anu-anong mga tungkulin ang dapat nating tupdin bago tayo lumahok sa libangan, upang ang ating mga gawain ay magdulot sa atin ng biyayang pang-espirituwal at pampisikal?
- Itinuro ni Pangulong Young na ang libangan ay kinakailangang gawin sa tamang diwa. Paano tayo makatitiyak na napapasaatin ang Espiritu ng Panginoon sa ating libangan?

---

**Dapat tayong maghangad ng kaaya-ayang libangan na naaayon sa mga pamantayan ng ebanghelyo.**

- Bakit mahalagang lumahok sa iba't-ibang uri ng gawain, kabilang ang gawaing aliwan at libangan? Ayon kay Pangulong Young ano ang ilan sa mga tiyak na kapakinabangan ng musika, sayaw, at ng teatro? Ano ang sinasabi niya sa mga yaong naniniwala na ang teatro at bulwagang sayawan ay mga pook ng kasamaan?
- Anu-ano ang dapat nating maging mga batayan sa pagpili ng nararapat na aliwan? Paano kayo makatitiyak na ang "Diyos [ay] nasa inyong mga kaisipan" kahit na lumalahok kayo sa mga gawaing aliwan o libangan? Paano makapagpapakita ang mga magulang ng magandang halimbawa sa kanilang mga anak sa pamamagitan ng uri ng aliwan na pinipili nila?
- Bakit ang libangan ay "kinakailangan sa ating kagalingan tulad ng ibang higit na mahalagang mga hangarin sa buhay"?
- Paano kayo makatutulong na magbigay ng ligtas at kaaya-ayang libangan at aliwan para sa inyong sarili, sa inyong mga anak, at sa mga iba pa sa inyong pamayanan?


Dibuho ni Karl G. Maeser, ang unang guro sa Akademiyang Brigham Young, na nang maglaon ay naging Pamantasang Brigham Young.

# Pagkatuto sa Pamamagitan ng Pag-aaral at Pananampalataya

*Bagama't si Pangulong Brigham Young ay nagkaroon lamang ng 11 araw ng pormal na pag-aaral, batid niya ang pangangailangan ng pagkakatuto sa mga bagay sa mundo at sa karunungan ng Diyos. Hindi siya kailanman tumigil sa pag-aaral mula sa mga aklat, mula sa mga banal na kasulatan, at mula sa mga paghahayag ng Panginoon, at tinuruan niya ang mga Banal na magtayo ng mga paaralan at malugod na mag-aral. Noong taong 1850, itinatag niya ang Pamantasan ng Deseret, na nang maglaon ay naging Pamantasan ng Utah; noong taong 1875 kanyang itinatag ang isang paaralan sa Provo, Utah, na nang magtagal ay naging Pamantasang Brigham Young. Ang Kolehiyong Brigham Young sa Logan, Utah, ay itinatag noong taong 1877 upang magsanay sa mga guro para sa mga paaralan sa buong panirahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw. Kaayon sa kanyang pagpapahalaga sa edukasyon, kanyang pinatakbo ang isang bahay paaralan para sa mag-anak malapit sa kanyang tahanan sa huling 12 taon ng kanyang buhay. Bilang tagapagtatag ng mga pamantasan at isang seryosong guro, itinuro ni Pangulong Young na kung nais nating maging katulad ng Ama sa Langit, kinakailangan nating patuloy na umunlad sa kaalaman at karunungan.*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Tayo ay may "tungkuling mag-aral," matuto, at mabuhay ayon sa walang hanggang mga alituntunin.

Bagama't ang mga nananahan sa daigdig ay iniuukol ang lahat ng kanilang kakayahan, kapwa kaisipan at katawan, sa mga bagay na may katapusan, yaong mga nagsasabi na sila ay mga Banal sa mga Huling Araw, na may pribilehiyong makatanggap at makaunawa sa mga alituntunin ng banal na ebanghelyo, ay may tungkuling mag-aral at tuklasin, at ipamuhay sa kanilang sarili, ang mga alituntuning nilayong manatili, at tumutukoy sa patuloy na pagpapaunlad sa sanlibutang ito at sa sanlibutang darating (*DNW,* ika-20 ng Hulyo 1854, 1).

Hindi lamang ginagawa ng relihiyon ni Jesucristo na makilala ng mga tao ang mga bagay ng Diyos, at mabuo sa kanila ang kadakilaan ng kalooban at

kadalisayan, bagkus nagkakaloob din ito ng lahat ng maaaring paghimok at paghikayat, para maragdagan ang kanilang kaalaman at katalinuhan, sa bawat sangay ng teknolohiya, o sa sining o sa agham, sapagkat ang lahat ng karunungan, at ang lahat ng sining at agham sa daigdig ay mula sa Diyos, at pinanukala para sa ikabubuti ng kanyang mga tao (*DBY,* 247).

Ang bawat sining at agham na batid at pinag-aaralan ng mga anak ng Diyos ay napapaloob sa Ebanghelyo. Saan ba nagmula ang kaalaman na nagbigay-daan upang ang mga tao ay makagawa ng dakila at kahanga-hangang mga bagay sa agham at teknolohiya sa loob ng nakaraang ilang taon? Alam natin na ang kaalaman ay mula sa Diyos, ngunit bakit hindi nila siya kinikilala? Dahil bulag sila sa sarili nilang kapakanan, hindi nila nakikita at nauunawaan ang mga bagay sa kanilang tunay na kalagayan. Sino ang nagturo sa mga tao na supilin ang kidlat? Ang tao ba nang walang tumulong sa kanya ang nakatuklas niyon? Hindi, tinanggap niya ang kaalaman mula sa isang Kataas-taasang Katauhan. At sa kanya rin nagmula ang bawat sining at agham, bagama't ang karangalan ay ibinagay sa taong ito, at sa taong iyon. Ngunit saan nila kinuha ang kaalaman, iyan ba ay nasa kanila at sa kanila lamang? Hindi, dapat nilang kilalanin na kapag hindi nila kayang patubuin ang isang dahon ng damo, o ang isang buhok na puti o itim [tingnan sa Mateo 5:36] nang walang tulong artipisyal, sila ay umaasa sa Kataas-taasang Katauhan kagaya rin naman ng mahirap at mangmang. Saan ba tayo nakatanggap ng kaalaman na gumawa ng mga makinang nakapagpapadali sa trabaho na dahilan kung bakit kahanga-hanga ang panahong ito? Mula sa Langit. Saan ba tayo nakatanggap ng kaalaman sa astronomiya, o ng kakayahang lumikha ng mga largabista upang masilip ang kalaparan ng kalawakan?. . . . Sa [Diyos] nagmula ang kaalaman ng bawat astronomista, pintor [artist], at tekniko na nabuhay dito sa lupa (*DBY,* 246).

Ang pinakamalaking pagsubok na dapat nating lutasin ay yaong matatawag na kamangmangan o kakulangan ng pag-unawa ng mga tao (*DBY,* 247).

Ang relihiyong tinanggap ng mga Banal sa mga Huling Araw, kahit na bahagya lamang maunawaan, ay nag-uudyok sa kanila upang masusing maghanap ng kaalaman [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:118]. Wala nang iba pang taong nabubuhay ang higit na nananabik na makita, marinig, matutuhan, at maunawaan ang katotohanan (*DBY,* 247).

Ipakita ang inyong kakayahan na matuto nang mabilis sa abot ng inyong makakaya, at tipunin ang buong lakas ng isipan at alituntunin ng pananampalataya na magagawa ninyo, at pagkatapos ay ipamahagi ang inyong kaalaman sa mga tao (*DBY,* 247).

Turuan natin ang ating mga isipan hanggang sa ating makalugdan natin ang mabuti, maganda at banal, na patuloy na naghahangad ng karunungang makapagbibigay kakayahan sa atin na isakatuparan ang pagtatayo ng Sion, na kinapapalooban ng pagtatayo ng mga bahay, tabernakulo, templo, daan, at lahat ng bawat kaginhawahan at kinakailangan sa paggagayak at

pagpapaganda, na ninanais gawin ang kalooban ng Panginoon sa tanang buhay natin, na pinagbubuti ang ating mga kaisipan sa lahat ng kaalaman sa siyensiya at mekanikal, na masikap na nagsasaliksik upang maunawaan ang dakilang balangkas at plano ng lahat ng nilikhang bagay, nang malaman natin kung ano ang gagawin sa ating mga buhay at paano mapagbubuti ang mga kagamitang inilagay sa abot ng ating makakaya (*DBY*, 247).

---

## Tinawag tayo upang umunlad sa pagpapala at kaalaman para sa kawalang-hanggan.

Ito ang ating gawain, ang ating pinagkakaabalahan, ang ating tungkulin—ang umunlad sa pagpapala at sa kaalaman sa bawat araw at sa bawat taon (*DBY,* 248).

Hindi ako titigil sa pag-aaral hangga't ako ay nabubuhay, o kahit dumating na ako sa daigdig ng mga espiritu; sa halip ay matututo roon nang may dakilang kakayahan; at sa muli kong pagtanggap ng aking katawan, matututo ako ng isang libong ulit sa loob ng panahong isang libong ulit na maikli; at samakatwid hindi ko ibig sabihin na titigil ako sa pag-aaral, kundi magpapatuloy ako sa aking mga pananaliksik (*DBY,* 248).

Hindi natin kailanman sasapitin ang panahon na hindi na tayo kinakailangang turuan, o na wala nang bagay tayong matututuhan. Hindi ko kailanman inasahan na mararating ko ang panahon na mawawalan na ng dakilang kapangyarihan at dakilang kaalaman, at gayundin, ng mga panghikayat sa patuloy na paglago at pag-unlad (*DBY,* 248).

Kung tumanda tayong katulad ni Matusalem . . . at iukol ang ating buhay sa paghahanap ng mga alituntunin ng buhay na walang hanggan, masusumpungan natin, kapag lumipas na sa atin ng isang kawalang-hanggan, na tayo ay mga bata lamang doon, mga sanggol na nag-uumpisa pa lamang matuto sa mga bagay ukol sa mga kawalang-hanggan ng mga Diyos (*DBY,* 249).

Maaari tayong magtanong, kailan tayo hihinto sa pag-aaral? Ibibigay ko sa inyo ang aking palagay tungkol dito: hindi kailanman, hindi kailanman (*DBY*, 249).

Tinuruan tayo ng karanasan na kinakailangan ang panahon upang matuto sa ilang sangay ng teknolohiya, gayon din ng mga alituntunin at kaisipan kung saan ay nais nating maging dalubhasa. Habang higit na masusing iniuukol ng mga tao ang kanilang isipan sa mga tamang layunin ay higit na mabilis silang lalago at uunlad sa kaalaman ng katotohanan. Kapag natutuhan nilang supilin ang kanilang damdamin, hindi magtatagal ay matutuhan nilang pasunurin ang kanilang mga pagmumuni-muni at pag-iisip sa antas na kinakailangan upang matamo ang mga layuning kanilang hinahangad. Ngunit kapag nagpadala sila sa damdamin o espiritu na gagambala sa kanilang isipan mula sa paksang nais nilang pag-aralan at

matutuhan, hangga't ganoon [ang kanilang damdamin] ay hindi nila kailanman masusupil ang kanilang isipan (*DBY,* 250).

Ang isang matatag, at hindi nagbabagong landas ng pagkamatwid sa buong buhay ang nagbibigay katiyakan sa isang tao ng tunay na katalinuhan (*DBY,* 245).

---

**Dapat nating ituro sa ating sarili at ating mga anak ang mga kaalaman ng mundo at mga bagay ng Diyos.**

Turuan ang mga bata, bigyan sila ng kaalaman ng mundo at ng mga bagay tungkol sa Diyos; paunlarin ang kanilang mga isipan, upang hindi lamang nila maunawaan ang lupang ating nilalakaran, kundi pati rin ang hangin na ating nalalanghap, ang tubig na ating iniinom, at ang lahat ng elementong may kinalaman sa mundo (*DBY,* 251).

Tiyakin na naituro sa inyong mga anak ang mga pangunahing aral ng kanilang sariling wika, at hayaang magpatuloy sila mas matataas na larangan ng kaalaman; gawin silang higit na maalam sa bawat sangay ng totoo at kapaki-pakinabang na kaalaman kaysa sa tinamasa ng kanilang mga ninuno. Kapag bihasa na sila sa kanilang sariling wika, papag-aralin sila ng iba pang mga salita, at gawin silang ganap na nakauunawa sa mga gawi, kaugalian, batas, pamahalaan at panitikan ng ibang bansa, lahi, at wika. Hayaang matutuhan din nila ang lahat ng katotohanan tungkol sa mga sining at siyensiya, at kung paano gamitin ang mga ito sa kanilang temporal na pangangailangan. Hayaang pag-aralan nila ang mga bagay na nasa ibabaw ng lupa, nasa ilalim ng lupa, at ang mga nasa kalangitan (*DBY,* 252).

Ang tagumpay, ang bawat maginoong asal, ang bawat kapaki-pakinabang na natamo sa matematika, musika, at sa lahat ng siyensiya at sining ay para sa mga Banal, at dapat nilang pakinabangan sa lalong madaling panahon ang kayamanan ng kaalaman na idinudulot ng siyensiya sa masikap at matiyagang mag-aaral (*DBY,* 252).

Naliligayahan akong makita ang ating mga anak na nag-aaral at nagsasanay sa musika. Turuan sila sa lahat ng kapaki-pakinabang na sangay ng kaalaman, sapagkat tayo, bilang mga tao, ay kailangan mahigitan sa kaalaman sa hinaharap ang bawat bansa sa mundo sa relihiyon, siyensiya, at pilosopiya (*DBY,* 256).

May daan-daang kabataang lalaki dito na maaaring pumasok sa paaralan, na higit na mainam kaysa sayangin nila ang kanilang panahon. Pag-aralan ang mga wika, magtamo ng kaalaman at pagkaunawa; at habang ginagawa ito, magtamo ng karunungan mula sa Diyos, at huwag itong kalilimutan, at matutong ipamuhay ito, upang masanay kayo rito sa buong panahon ng inyong buhay (*DBY,* 252)

Pumasok sa paaralan at mag-aral. . . . Nais ko sanang asikasuhin ng mga paaralan ang isipan ng mga tao at ganyakin silang mag-aral ng mga sining

at siyensiya. Papasukin sa paaralan ang mga batang may sapat nang gulang, at gayundin ang mga bata pa; wala na akong gusto pang matutunan pa kundi *chemistry*, botanika, heolohiya, at mineralohiya, upang masabi ko kung ano ang nilalakaran ko, ang mga katangian ng hangin na aking nalalanghap, kung ano ang aking iniinom, atbp. (*DBY*, 253).

---

**Dapat tayong maging mga taong may malawak na kaalaman.**

Dapat tayong maging mga taong may malawak na kaalaman tungkol sa mga bagay ng daigdig. Dapat tayong maging pamilyar sa iba't ibang wika, dahil nais nating magpadala ng mga misyonero sa iba't ibang bansa at sa mga pulo ng karagatan. Nais nating maging mahusay sa Pranses ang mga misyonerong ipadadala natin sa Pransiya, at maging pamilyar din ang mga mapupunta sa Alemanya, Italya, Espanya, at sa iba pang bansa, sa mga wika ng mga bansang iyon (*DBY,* 254).

Nais din nating maunawaan nila ang heograpiya, mga gawi, kaugalian, at batas ng mga bansa at kaharian. . . . Ito ay iminumungkahi sa mga paghahayag na ibinigay sa atin [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:78–80; 93:53]. Sa mga ito ay tinuruan tayong pag-aralan ang pinakamainam na mga aklat, upang malaman natin ang heograpiya ng daigdig kagaya ng pagkakakilala natin sa atin mga halamanan, at bilang mga mag-anak ay makilala din naman natin ang mga tao—kahit man lamang ayon sa paglalarawan sa kanila sa mga lathalain—tulad sa ating mga mag-anak at mga kapitbahay (*DBY,* 254–55).

Tayo ay nasa dakilang paaralan ng buhay, at dapat tayong maging masigasig na matuto, at patuloy na mag-ipon ng kaalaman tungkol sa langit at lupa, at magbasa ng maiinam na aklat, bagama't hindi ko masasabing iminumungkahi ang pagbabasa ng lahat ng aklat, sapagkat hindi lahat ng aklat ay mainam. Basahin ang maiinam na aklat, at hanguin mula sa mga ito ang karunungan at kaalaman sa abot ng inyong kakayahan, sa tulong ng Espiritu ng Diyos (*DBY,* 248).

Papayuhan ko kayong magbasa ng mga aklat na mainam basahin; magbasa nang mapagkakatiwalaang kasaysayan, at hanapin ang karunungan mula sa pinakamahusay na mga aklat na inyong makukuha (*DBY,* 256).

Gaano kalugod nating uunawain ang bawat alituntunin hinggil sa siyensiya at sining, at maging ganap na maalam sa bawat pamamaraan ng kalikasan, kasama ang mga pagbabagong kemikal na palaging nagaganap sa ating paligid! Napakaganda ng ganito, at tunay na malawak ang walang hangganang larangan ng katotohanan at kapangyarihan na malaya nating tutuklasin! Papalapit pa lamang tayo sa mga dalampasigan ng malalawak na karagatan ng kaalaman na may kaugnayan sa pisikal na mundong ito, at wala pa rito ang tungkol sa kalangitan, sa mga anghel at mga selestiyal na nilalang, patungo sa pook ng kanilang tinitirhan, pati ang uri ng kanilang pamumuhay, at ang kanilang pag-unlad sa mas mataas pang antas ng kaganapan (*DBY,* 255).



Ang mga guro sa Akademiyang Brigham Young, mga dakong 1885.

Ang mga paghahayag ni Jesucristo sa sangkatauhan ay ang lahat ng kaalamang maaaring mapasaatin. Karamihan sa kaalamang ito ay nagmula sa mga aklat na isinulat ng mga tao na malalim na nag-isip tungkol sa iba't ibang paksa, at ang mga paghahayag ni Jesus ang nagbukas sa kanilang isipan, kanila man itong alam o kinikilala o hindi (*DBY,* 257–58).

Ang ating relihiyon ay hindi makikipaglaban o makikipagsalungatan sa mga katotohanan ng siyensiya sa anumang bagay. Maaari ninyong piliin ang heograpiya, halimbawa, at ito ay totoong siyensiya; hindi ko naman sinasabing ang lahat ng palagay at hinuha ng mga nagtataguyod nito ay totoo, subalit ang mga pangunahing alituntunin nito ay totoo; mga katotohanan ang mga ito—ang mga ito ay walang hanggan; at ang panggigiit na nilikha ng Panginoon ang daigdig na ito mula sa wala ay nakatatawa at hindi maaaring mangyari [tingnan sa Abraham 3:24; Doktrina at mga Tipan 131:7]. Hindi kailanman gumawa ang Diyos ng isang bagay mula sa wala; labag ito sa ekonomiya o batas na umiral, umiiral, o iiral pa lamang sa mga daigdig. May nauna na noong kawalang-hanggang, at iyon ay puno ng mga bagay; at kung sapat lamang ang ating pang-unawa tungkol sa Panginoon at sa kanyang mga paraan, sasabihin nating kinuha niya ang bagay na ito at binalangkas ang mundo mula rito. Hindi ko masasabi kung gaano katagal ito ibinalangkas at wala akong pakialam dito. . . . Kung nauunawaan natin ang proseso ng paglikha ay hindi magkakaroon ng hiwaga tungkol dito, magiging makatwiran at payak ito, sapagkat walang hiwaga kundi sa mga mangmang. Ito ay nabatid na natin sa pamamagitan ng ating likas na natutuhan mula noong mabuhay tayo sa daigdig (*DBY,* 258–59).

---

**Tayo ay may pribilehiyong masaliksik ang karunungan ng Diyos.**

Pribilehiyo ng tao na masaliksik ang karunungan ng Diyos hinggil sa lupa at sa kalangitan. Ang tunay na karunungan ay tunay na pagkalugod; ang tunay na karunungan, kahinahunan, at pang-unawa, ay tunay na kaginhawaan (*DBY,* 262).

Ang taong nag-uukol ng kanyang puso sa karunungan, at masigasig na naghahangad ng pang-unawa, ay magiging makapangyarihan sa Israel (*DBY,* 261).

Ipunla ang karunungan sa inyong puso, at hayaang magbunga ito ng masaganang ani. Higit na kapaki-pakinabang ito sa inyo kaysa lahat ng ginto at pilak at iba pang mga kayamanan sa mundo. Pasibulin ang karunungan sa inyong mga puso, at palaguin ito (*DBY,* 261).

Kagaya ng paghahanda natin ng mga kagamitan upang makapagtayo ng bahay o templo, gayundin naman na makapaghahanda tayo sa pagtanggap ng walang hanggang karunungan. Pumupunta tayo kung saan matatagpuan ang mga kagamitan para sa bahay, at inihahanda ito upang tumugon sa ating mga layunin; kung kaya't maaaring tayo magtungo sa kinaroroonan

ng walang hanggang karunungan at doon ay magsusumikap na makamtan yaon, sapagkat ang halaga niyon ay higit pa sa mga rubi [tingnan sa Job 28:18] (*DBY,* 261–262).

Matapos ang lahat ng ating pagpupunyagi upang matamo ang karunungan mula sa pinakamainam na mga aklat, atbp., may natitira pa ring isang bukal para sa lahat; "Ngunit kung nagkukulang ng karunungan ang sinuman sa inyo, ay humingi sa Dios" [tingnan sa Santiago 1:5] (*DBY,* 261).

Kapag kayo ay namumuhay upang mapasainyo ang Espiritu Santo, . . . agad ninyong makikita ang kaibahan ng karunungan ng mga tao sa karunungan ng Diyos, at maaari ninyong hatulan ang mga bagay at tantiyahin ang tunay na halaga ng mga ito (*DBY,* 323).

Palagiang sanayin ang bawat Banal sa mga Huling Araw sa pagganap ng bawat mabuting salita at gawain, na kilalanin ang Diyos bilang Diyos, na maging mahigpit sa pagtupad sa kanyang mga batas, at matutong ibigin ang awa, itakwil ang kasamaan at kaluguran ang palagiang pagganap ng bagay na kalugud-lugod sa Diyos (*DBY,* 261).

May isa lamang Pinagmumulan kapag ang mga tao ay nagtatamo ng karunungan, at ito ay ang Diyos, ang Bukal ng lahat ng karunungan; at bagama't maaaring angkinin ng mga taong nagagawa nilang makatuklas sa pamamagitan ng sarili nilang karunungan, sa pamamagitan ng pagninilay-nilay at pagmuni-muni, sila ay may pagkakautang pa rin sa ating Ama sa Langit sa lahat ng ito (*DBY,* 259–60).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

**Tayo ay "may tungkuling mag-aral," matuto, at mabuhay ayon sa walang hanggang mga alituntunin.**

- Habang ang iba "ay iniuukol ang lahat ng kanilang kakayahan . . . sa mga bagay na may katapusan," paano dapat gamitin ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang panahon at lakas? Anu-ano ang mga "bagay na may katapusan"? Magtala ng ilan "sa mga alituntunin na nilayong manatili . . . at umunlad . . . sa daigdig na darating."
- Sino ang pinagmumulan ng dakilang kaalaman na natamo? Sino ang karaniwang kinikilala ng mga tao na pinagmumulan ng mga tagumpay na ito?
- Sa anu-anong mga paraan hinihikayat ng ebanghelyo ang mga kasapi ng Simbahan na "dagdagan ang kaalaman at katalinuhan"? Bakit "wala nang ibang pang . . . mga tao ang higit na nananabik na makita, marinig, matutuhan, at maunawaan ang katotohanan"? Bakit dapat nating pagsumikapang huwag huminto sa pag-aaral?
- Paano natin "masasanay ang ating mga kaisipan hanggang sa ating makalugdan ang mabuti, maganda at banal? Ano ang mga nagiging bunga ng "pagpapaunlad ng ating isipan"?

**Tinawag tayo upang umunlad sa pagpapala at kaalaman para sa kawalang-hanggan.**

- Ayon kay Pangulong Young, kailan humihinto ang isang tao sa pag-aaral?
- Anong landas ang ating tatahakin upang masupil ang ating isipan at magtamo ng tunay na katalinuhan?

**Dapat nating ituro sa ating sarili at sa ating mga anak ang mga kaalaman ng mundo at mga bagay tungkol sa Diyos.**

- Iniutos ni Pangulong Young sa atin na turuan ang ating mga anak. Anu-ano ang mga ituturo natin sa kanila? Anu-ano ang magagawa natin upang mahikayat silang magtamo ng edukasyon?
- Paano natin pagpapantayin ang pagtatamo ng kaalamang panlupa at ang pagtanggap ng karunungan mula sa Diyos? Sa anu-anong paraan sabay na magaganap ang mga layuning ito?
- Sa pagtuturo sa mga anak, anu-ano ang pananagutan ng mga guro? ng mga magulang? ng iba pang nasa tamang gulang na?

**Dapat tayong maging mga taong may malawak na kaalaman.**

- Bakit dapat tayong maghangad ng "malawak na kaalaman"? Ano ang dapat nating pag-aralan? Bakit dapat tayong magbasa nang higit pa sa mga banal na kasulatan lamang?
- Tinagubilinan tayo ni Pangulong Young na "magbasa ng pinakamainam na mga aklat." Anong uri ng mga aklat ang tinutukoy niya? Paano natin malalaman ang mabuting aklat sa masama? Anu-anong mga aklat ang napakinabangan ninyo sa pag-aaral na maaari ninyong ituring na kabilang sa "pinakamainam na mga aklat"? Maliban sa pagbabasa ng mainam na mga aklat, paano pa kayo magtatamo ng kaalaman?
- Ano ang pinagmumulan ng "lahat ng kaalamang maaaring mapasaatin"? Paano tayo matututo nang higit na mabisa mula rito?
- Ayon kay Pangulong Young, ano ang kaugnayan ng totoong relihiyon at "mga katotohanan ng siyensiya"?

**Tayo ay may pribilehiyong masaliksik ang karunungan ng Diyos.**

- Sinabi ni Pangulong Young na ang karunungan ng Diyos "ay higit na kapaki-pakinabang sa inyo kaysa lahat ng ginto at pilak at iba pang mga kayamanan sa mundo." Paano magiging "kaluguran" at "kaginhawaan" ang tunay na karunungan?
- Saan tayo dapat pumunta upang magtamo ng "walang hanggang karunungan"? Paano tayo dapat maghanda upang matanggap ang walang hanggang karunungan? Paano natin "makikita ang kaibahan ng karunungan ng mga tao sa karunungan ng Diyos"?



Tinuruan ni Pangulong Young ang mga Banal na sanaying supilin ang sarili sa lahat aspeto ng kanilang buhay.

# Pagsasanay ng Pagtitimpi sa Sarili

*Natutuhan ni Pangulong Brigham Young sa pamamagitan ng karanasan na ang pamumuno patungo sa Sion sa mga taong may matigas at kadalasan ay malayang mga pag-iisip ay nagdulot ng mga sandali ng tagumpay at matinding pagkayamot. Noong 1848, ang pulutong ng mga bagon ng 2,000 mga Banal na kanyang pinamunuan ay nakasalubong ng isang kawan ng bupalo. Bagama't nagtalaga si Pangulong Young ng mga mangangaso sa kampo upang mamaril ng sapat lamang na bupalo upang magkaroon ng karne ang mga manlalakbay, may ibang kalalakihan na umalis sa kanilang mga pangkat upang habulin ang mga hayop sa buong maghapon, at pinagbabaril ang marami sa mga ito at iniwan ang mga patay na bupalo sa parang upang masayang lamang. Pinagalitan niya ang mga tao sa ginawa nilang hakbang [tingnan sa JTB.]. Kinalaunan ay sinabi niyang, "Matutong pamahalaan ang inyong mga sarili" (DNW, ika-15 ng Agosto 1860, 1). "Pagpalain ang inyong mga sarili at mga kaibigan sa pamamagitan ng paglupig at pagsupil sa inyong mga sarili, [dahil] hangga't hindi ninyo sinusupil ang [inyong] mga pagnanasa [at] ipasasailalim ang inyong mga kakayahan sa mga alituntuning inihayag ng Diyos ay hindi ninyo kailanman matatamo ang kaligayahan, kaluwalhatian, kagalakan, kapayapaan, at walang hanggang kaluguran na inyong inaasam" (DNW, ika-15 ng Ago. 1860, 1).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Maaari nating supilin ang sarili at magpasailalim sa kalooban ng Diyos.

Mayroon ba tayong sariling kalooban? Oo, isa itong kaloob, isang katangian ng mga Diyos, na kung alin ay ipinagkaloob sa lahat ng katalinuhan, sa langit o sa lupa,—ang kapangyarihan na tumanggap o tumanggi (*DBY,* 264).

Gawing halimbawa ang mga tao sa bawat larangan ng buhay, ang kanilang mga kalooban ang pinakamahalaga. Maaari ninyong makuha at mapasunod ang damdamin ng mga tao, subalit hindi ninyo sila matatakot, ni hagupitin sila, ni sunugin sila, upang gumawa ng labag sa kanilang

kalooban. Ang sangkatauhan ay nakahandang mamatay masiyahan lamang ang kanilang kalooban. Samakatwid ay matutong gabayan nang wasto ang mga kaloobang iyon at sa gayon ay mapangangasiwaan ninyo ang impluwensiya at kapangyarihan ng mga tao (*DBY,* 264).

Binigyan tayo ng Diyos ng kalooban, at masiyahan tayong supilin ito ng kalooban ng Pinakamakapangyarihan. Ang kalooban ng tao ay gawing di-patatalo maliban sa tama. Nakaugalian na ng mga magulang na supilin ang kalooban ng anak hanggang sa humina ito, at mabawasan at maging katangahan at karuwagan ang mga dakilang kapangyarihang taglay ng bata na tulad ng sa Diyos. Supilin nang maayos at pangasiwaan nang may karunungan ang katangian ng mga tao na nanggaling sa langit, sa halip na gawin ang kabaligtaran, at ito ay magtatagumpay sa layunin ng tama. Huwag sirain ang espiritu ng sinumang tao, bagkos ay gabayan ito upang madama nito na ang pinakadakila nitong kaluguran at pinakamataas na adhikain ay ang masupil ng mga paghahayag ni Jesucristo. Sa gayon ang kalooban ng tao ay magiging tulad ng sa Diyos sa paglupig sa kasamaang inihasik sa laman, hanggang sa maghari ang Diyos sa atin upang pagpasiyahan at gawin ang kabutihang nais niyang gawin (*DBY,* 264).

Matutong supilin ang inyong sarili; matutong ilagak ang sarili sa mga kamay ng Diyos, kagaya ng putik sa mga kamay ng magpapalayok (*DBY,* 265).

Magkaroon ng pagtitika ang bawat tao, sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, na mapaglabanan ang bawat masamang pagnanasa—na maging amo ng kanyang sarili, upang mamahala ang Espiritu na inilagay ng Diyos sa inyong mga katawan; sa gayon ay maaari kayong makipag-usap, mabuhay, magtrabaho, pumaroon o pumarito, gawin ito o gawin iyan, at makipag-usap at makitungo sa inyong mga kapatid na tulad ng nararapat (*DBY,* 265–66).

---

## Masusupil ang sarili hanggang sa "maipasailalim" natin ang lahat ng bagay "sa batas ni Cristo."

Kung kaagad malalabanan ng isang tao ang tuksong gumawa, magsalita, o mag-isip nang masama, hangga't maliwanag [ang kanyang isipan] upang iwasto ang kanyang paghatol, ay gayundin naman kabilis niyang matatamo ang lakas at kapangyarihan na mapaglabanan ang bawat tukso sa kasamaan (*DBY,* 266).

Ang libu-libo at sampu-sampung libo ng mga pangyayaring bumubuo sa buhay ng sangkatauhan, para sa kabutihan man o kasamaan, ay nakabatay sa saglit na pagmamasid at pag-iingat (*DBY,* 267).

Hindi ninyo mamanahin ang buhay na walang hanggan, hangga't hindi ninyo napapasailalim sa espiritu na nananahan sa inyo ang inyong mga hilig, ang espiritu na ipinagkaloob ng ating Ama sa Langit. Ang tinutukoy

ko ay ang Ama ng inyong mga espiritu, ng mga espiritung inilagay niya sa mga tabernakulong ito. Ang mga tabernakulo ay kailangang ganap na mapasailalim sa espiritu, kundi ay hindi maibabangon ang inyong mga katawan upang magmana ng buhay na walang hanggan. . . . Masigasig na magsaliksik, hanggang sa mapasailalim ninyo ang lahat sa batas ni Cristo (*DBY,* 266).

Nagsisikap akong mapabuti ang aking sarili. Sinisikap din ba ninyong gawin ito? Kung nagtagumpay tayo rito, magkakaroon tayo ng kapangyarihan sa ating mga salita at sa ating mga kilos, at, kung pag-uusapan ang ating impluwensiya, ay gayundin sa ating mga kasama. Kapag napabuti na natin ang ating sarili, kahit paano ay handa na tayong tumanggap ng mga bagay na inilaan ng ating Ama at Diyos para sa lahat ng handa sa kanilang sarili na maging mga tagatanggap ng kanyang piling mga kaloob—para sa kaliwanagan, para sa katalinuhan, para sa kaluwalhatian, para sa kapangyarihan, at para sa lahat ng katangian na nais niyang ipagkaloob sa kanyang mga anak dito sa lupa, upang maihanda silang tumahan sa mga mansiyon ng walang hanggang liwanag (*DBY,* 266–67).

Madalas kong sabihin na ang pinakadakilang kaloob na ibinigay ng Diyos sa tao ay ang mabuti, mahusay, at matatag na kaalaman kung paano natin pamamahalaan ang ating sarili (*DBY,* 265).

Walang taong nakagawa, o kailanman ay makagagawa ng makatarungang pamamahala rito sa lupa, na may karangalan sa kanyang sarili at kaluwalhatian sa kanyang Diyos, hangga't hindi niya muna matutuhang pamahalaan at supilin ang kanyang sarili. Kailangan munang pamahalaan nang wasto ng isang tao ang kanyang sarili bago niya magamit ang kanyang kaalaman sa wastong pamamahala ng isang mag-anak, ng kapitbahayan, o bansa, kung saan siya tinawag na mamuno (*DBY,* 265).

Hangga't hindi natin nalulupig ang ating mga pagnanasa, at naipapasailalim sa kalooban ng Diyos ang bawat damdamin at hangarin ng tao ay wala pa tayong ganap na kakayahan sa paggabay at pagtuturo sa iba tungo sa pagkakaroon ng ganap na tagumpay sa Kaharian ng Diyos. Ang gumapi at manlupig, at turuan ang ating sarili hanggang sa madala natin ang lahat ng bagay sa pagpapasailalim sa batas ni Cristo, ang siyang gawain natin (*DBY,* 267).

Sinisikap nating pamahalaan ang ating sarili, at kung patuloy tayong magsisikap at hindi manghihinawa, tayo ay tiyak na magwawagi (*DBY,* 265).

---

## Maaari nating supilin ang mga silakbo ng ating damdamin at emosyon.

Naituro sa inyo ang pamantayan ng tama. Lupigin ngayon ang mapanghimagsik na silakbo ng damdamin, alisin ang lahat ng bagay na alam ninyo o itinuturing na mali, at tanggapin yaong higit na mabuti (*DBY,* 265).

Sa pagsubok na ito ay makikipagtunggali tayo sa kasamaan, at kailangang magapi natin ito sa ating sarili, kundi ay hindi na natin ito magagapi kahit saan pa man (*DBY,* 265).

Ang taong matwid ay hindi kailanman panghihinaan ng loob, bagkus ay walang tigil na makikipagtunggali laban sa kanyang masasamang silakbo ng damdamin, at laban sa kasamaan sa kanyang mag-anak at kapaligiran (*DBY,* 267).

Maraming tao ang nagsasabing masama silang magalit, at sinisikap na bigyang katwiran ang sarili sa mga kahiya-hiyang nagawa nila. Sasabihin ko, wala nang iba pa sa bahay na ito na hindi mapigil at hindi masupil ang galit maliban sa akin. Ngunit walang tao sa mundo na hindi kayang lupigin ang silakbo ng kanyang damdamin, kung masigasig niyang pagsusumikapan ito. Kapag may nadarama kayong silakbo ng damdamin, magtungo kayo sa isang pook kung saan hindi walang makaririnig sa inyo; huwag hayaang makita o marinig kayo ng inyong mag-anak, habang nadarama ninyo ito, ngunit labanan ito hanggang ito ay lumisan; at manalangin para sa kalakasang magtagumpay. Kagaya ng maraming ulit ko nang sinasabi sa mga Elder, manalangin sa inyong mga mag-anak; at kung dumating ang oras ng pagdarasal, at wala sa inyo ang diwa ng panalangin, at ang inyong mga tuhod ay ayaw lumuhod, sabihin sa mga itong, "Mga tuhod, magsiluhod kayo"; paluhurin ang mga ito, at manatiling sa ganoon hanggang sa matamo ninyo ang Espiritu ng Panginoon. Kung nagpapaubaya ang espiritu sa katawan, ito ay nagiging makasalanan; ngunit kung nagpapaubaya ang katawan sa espiritu, ito ay nagiging dalisay at banal (*DBY,* 267).

Huwag magalit nang labis na hindi na kayo makapagdasal; huwag hayaang magalit nang labis ang inyong sarili kung kaya hindi na ninyo magagawang pakainin ang kaaway—kahit na ang pinakamasama ninyong kaaway, kung may darating na pagkakataong tulad nito. May galit na masama at may galit na matwid. Hindi pinahihintulutan ng Panginoon na pumasok ang masamang galit sa kanyang puso, ngunit may galit sa kanyang dibdib, at siya ay makikipagtunggali sa mga bansa, at sasalain sila, at walang kapangyarihan na makapipigil sa kanyang kamay (*DBY,* 269).

Kapag nadarama ko na ang silakbo ng aking damdamin dahil sa galit sa masasamang gawa ng iba ay pinipigilan ko ito, kagaya ng pagpigil ko sa isang mailap na kabayo, at nagtatagumpay ako. Inaakala at sinasabi ng iba na higit na bumubuti ang kanilang pakiramdam kapag nagagalit sila, ayon sa kanila, at inilalabas nila ang kanilang kabaliwan sa pamamagitan ng mga mapang-abuso at hindi nararapat na pananalita. Ito, gayunpaman, ay isang pagkakamali. Sa halip na mapabuti nito ang inyong pakiramdam ay pinalalala pa nito ang masama. Kapag inakala at sinabi ninyong mas pinabubuti kayo nito ay binigyang katwiran na rin ninyo ang isang kabulaanan. Kung ang matinding galit at kapaitan ng puso ng tao ay nahubog at naging mga salita at naipukol nang may karahasan sa bawat isa,

nang walang pagpipigil o paghahadlang, hindi pa man napapawi ang apoy ay muli itong magliliyab dahil sa maliliit na gawa, hanggang sa pagningasin kayo nito (*DBY*, 266).

Muli kong ipinag-uutos sa inyo ngayon, at inuutusan ko rin ang aking sarili na huwag magagalit. Huwag kailanman hayaang magkaroon ng galit sa inyong puso. Huwag, Brigham, huwag kailanman hayaang magkaroon ng galit sa iyong puso, huwag na huwag kailanman! Bagama't maaari kang tawagin upang pagalitan at pagsalitaan nang masakit ang mga tao, huwag hahayaang magkaroon ng galit sa iyong kalooban, huwag, huwag kailanman! (*DBY*, 265).

Itigil ang inyong galit, at ang pagkamainitin ng ulo, at paglingkuran ang Panginoon nang may kagalakan, at katapatan ng puso. Hindi kayo makaaasa ng kaligtasan, maliban kung maigagawad ninyo ang gayon ding kaligtasan sa iba, kapwa sa tuntunin at sa halimbawa. Kung umaasa kayo sa awang mula sa akin, igawad ang gayon din sa akin. Kung umaasa kayong tatanggap ng magagandang salita at magandang pakikitungo mula sa akin, ibigay sa akin ang gayon ding mga pagpapala na hinahangad ninyo mismo; at iyan ang paraan upang maligtas kayo (*DBY*, 268–69).

Kung patatangay kayo sa galit ninyong damdamin, ay papagniningasin lamang kayo nito . . . at malamang na pasiklabin ninyo sa galit ang mga katunggali ninyo. Kapag nadarama ninyong tila punung-puno [sasabog] na kayo ay magtimpi na lamang, at tawanan lamang ang tukso na magsalita ng masama. Kapag ipinagpatuloy ninyong gawin ito, hindi magtatagal ay magiging amo kayo ng inyong mga sarili upang makayanang timpiin, kundi man supilin ang inyong mga dila—na makapagsalita kung nararapat, at tumahimik kung nararapat (*DBY*, 269).

Nais nating pamahalaan at supilin ng espiritu, kaalaman, kapangyarihan at alituntunin na nasa atin ang ating galit; walang panganib sa pagkakaroon ng malaking [galit] kung masusupil lamang natin [ito] sa pamamagitan ng Espiritu ng Pinakamakapangyarihan. Ang bawat matalinong tao dito sa lupa ay iniangkop para sa kaluwalhatian, kagandahan, kadakilaan at kaalaman dito, at para sa kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan sa mga daigdig na darating. Ngunit ang bawat tao na magtatamo nito ay kinakailangan munang gawing banal sa harap ng Diyos at ganap na mapasailalim sa kanyang Espiritu. Kung mapapamahalaan ako ng Espiritu ng Kataas-taasan, isa akong hari. Pinakamataas ako kung ang pagsusupil sa sarili ang pinag-uusapan (*DBY*, 264–65).

---

**Maaari nating supilin ang ating pananalita.**

Kung una ninyong natamo ang kapangyarihang supilin ang inyong mga salita, magsisimula na kayong magkaroon ng kapangyarihang supilin ang

iyong paghatol, at sa huli ay tunay na magtamo ng kapangyarihang supilin ang inyong mga pag-iisip at pagmumuni-muni (*DBY*, 267–68)

Dapat kayong magtagumpay sa pagsupil sa inyong dila, upang kailanman ay hindi makapagsalita ang mga ito ng masama, upang ganap na sumunod ang mga ito sa paghahatol at sa karapatan na ibinigay sa inyo ng Diyos, at maging lubos na masunurin sa kalooban ng banal na Ebanghelyo (*DBY*, 268).

Madalas nating marinig sa mga tao na binigyang-katwiran ang kanilang masagwang pag-uugali at nakasasakit na mga pananalita, sa pagsasabing "Hindi ako taong mapagkunwari," at sa gayon ay tumatanggap sila ng pagpuri dahil sa isang bagay na sa katunayan ay hindi naman dapat papurihan. Kapag may kasamaang umuusbong sa aking sarili, itatago ko ito, lulupigin ito, sa halip na ipakita ito dahil sa maling pagpapalagay na ako ay matapat at hindi mapagkunwari. Huwag pagsasalitain ang inyong dila ng kasamaang nasa inyong puso, bagkus ay utusan ang inyong dila na manahimik hanggang sa mamayani ang mabuti sa kasamaan, hanggang sa mapawi ang inyong matinding galit, at pagwikain ng mabuting Espiritu ang inyong dila ng mga pagpapala at mga salita ng kabaitan (*DBY*, 266).

Kung mayroon mang nakaugalian na ang banggitin ang pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan, tumigil sa paggawa ng ganito ngayon, bukas, at sa loob ng darating na linggo, at magpatuloy, at hindi maglalaon ay tatanggap kayo ng lakas upang ganap na malupig nakaugaliang ito; magkakaroon kayo ng kapangyarihang supilin ang inyong mga salita (*DBY*, 268).

Ang ilan ay may ugaling pag-usapan ang kanilang mga kapitbahay, ikinakalat ang mga kuwentong hindi naman nila nalalaman, malibang sinabi ni Tiya Salud na nabanggit ni Pinsang Fanny kay Tiya Betsy na ang matandang si Tiya Ruth ay nagsabi ng ganito o ganoon, o mayroong nanaginip; at kapag nakarating na sa inyo ang kuwento o panaginip, ito ay nagiging tila makatotohanan, ay kayo naman ay buong kahangalang nag-uukol ng inyong oras sa pagkukuwentuhan ng mga bagay na wala namang kabuluhan, o hindi ninyo dapat pakialaman. Isang ulat ang nagsimula ganito: may nakagawa ng pagkakamali, at sa pagkalat nito, ay nabago na ito ng mga maninirang puri at mga daldalera—at nahaluan na ito ng kanilang diwa. May darating na isa at makikisali naman ang iba pa at sasabihing, "Tama iyan–makatarungan ang ipinaglalaban mo, talagang tama ka, at talagang mali iyong isa," samantalang wala naman silang alam sa bagay na ito, at sa gayon ay lumilikha ng samaan ng loob na wala namang batayan. Bago tayo humatol, maghintay muna tayong malinaw na ipakita ng kalangitan ang pagkakamali ng isang ama, kapatid na lalaki, kapatid na babae, kabiyak, asawa, o kapitbahay. At kapag nagpahayag ang langit ng pagkakamali, hintaying ipadama sa inyo ng Espiritu Santo na iyon nga ay pagkakamali. Hayaang ipahayag ng Ama na ang taong iniisip o pinag-uusapan ninyo ay tunay na nagkamali. Huwag ilalagay sa kahihiyan ang isang tao dahil sa kasinungalingan. Kung batid ninyo kung ano ang tama,

at may kakayahang iwasto ang taong nagkamali, kung gayon ay napapanahon na para kayo ay humatol (*DBY*, 268).

Walang sinumang lalaki o babae sa lupa na ugali ang magnakaw na hindi makatitigil sa gawaing ito . . . kung talagang nais nila. At gayon din sa sinungaling, maaari siyang tumigil sa pagsisinungaling, at hindi na gawin ito, at sabihin ang katotohanan. [Kailangan] lamang [niya] ang tatag ng kaloobang gagawin ito, at tutulungan [nito] ang sinungaling na magsabi ng katotohanan, ang magnanakaw na maging matapat, at ang manunumpa na itigil ang pagsasalita ng masama (*DBY*, 264).

Habang may tanging karapatan tayong makapagsalita sa isa't isa, magsalita tayo ng mga katagang magbibigay ng ginhawa at aliw. Kung kinakasihan kayo ng Espiritu ng kabanalan at kadalisayan, paliwanagin ang inyong ilaw, ngunit kung kayo ay sinusubok at tinutukso at sinasaktan ni Satanas, sarilinin ang inyong mga iniisip—itikom ang inyong mga bibig; sapagkat ang pagsasalita ay maaaring magbunga ng mabuti o masama (*DBY,* 166).

Mayroong isang matandang salawikain, at kadalasan ay talagang mainam. Ito ay, "Mag-isip ng dalawang ulit bago kayo magsalita, at tatlong ulit bago kayo gumawa." Kapag sinasanay natin ang ating sarili na pag-isipan ang ating gagawin, bago gawin ito, at magkaroon ng pang-unawa upang malaman, at kapangyarihang gawin ang mabuti, sa gayon ay makakaiwas tayo sa . . . kasamaan (*DBY*, 268).

Isa ring mahalagang kaloob, na tila nakamtan ng ilang tao, ay ang magkaroon ng sapat na kaalamang huwag magsalita maliban kung ang sasabihin nila ay para sa kapakinabangan at kabutihan ng kanilang sarili, o ng iba, o nilang dalawa (*DBY*, 268).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

### Maaari nating supilin ang ating sarili at magpasailalim sa kalooban ng Diyos.

- Itinuro ni Pangulong Young na ang kalooban ay "isang katangian ng mga Diyos." Sinabi rin niyang ang ating kalooban ay isang kaloob, o regalo, mula sa Diyos. Sa pamamagitan ng anong paraan nagiging katulad ng sa Diyos ang kalooban ng tao? (Tingnan din sa Mosias 3:19). Paano magagawang "gabayan nang wasto" ng mga magulang at pinuno ang kalooban ng mga anak at iba pa ngunit "huwag susupilin ang espiritu ng sinumang tao"? Paano nagawa ng inyong mga magulang na matagumpay na gabayan ang inyong kalooban sa tamang paraan?
- Ano ang ibig sabihin ng ilagay "sa mga kamay ng Diyos kagaya ng putik sa mga kamay ng magpapalayok"? Paano tayo lubos na magpapasailalim sa kalooban ng Panginoon at panatilihin pa rin ang ating sarili kakanyahan?

**Maaari nating supilin ang ating sarili hanggang sa "maipasailalim ang bawat bagay sa batas ni Cristo."**

- Paanong ang paglaban sa isang tukso ay nakadaragdag sa kakayahan nating lumaban sa lahat ng tukso? Itinuro ni Pangulong Young na ang "pagpapasailalim ng ating mga hilig sa espiritu" ay kailangan upang tayo ay "maibangon upang magmana ng buhay na walang hanggan." Paanong ang pagsunod sa mga ninanais ng espiritu sa halip na sa mga makamundong pagnanasa ay makapaghahanda sa atin sa kadakilaan?
- Anong "piling mga kaloob" ang mapaghahandaan nating tanggapin mula sa Diyos nang dahil sa pagsupil sa ating sarili?
- Bakit kailangan tayong magkaroon ng pagtitimpi sa sarili bago tayo makapamumuno sa iba?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Pangulong Young nang ituro niyang "ang pinakadakilang kaloob na ibinigay ng Diyos sa tao ay ang mabuti, mahusay, at matatag na kaalaman kung paano natin pamamahalaan ang ating sarili"? Paano natin mapamamahalaan ang ating mga sarili at kasabay nito ay magpasailalim sa paggawa lamang ng kalooban ng Ama?


**Maaari nating supilin ang mga silakbo ng ating damdamin at emosyon.**

- Ano ang ilan sa "mapanghimagsik na silakbo ng damdamin" na dapat nating supilin. Paano natin matagumpay na magagapi ang mga ganoong silakbo ng damdamin at emosyon?
- Paano natin makikilala ang "makatwirang galit," kagaya ng ipinakita ni Cristo sa ilang pagkakataon, at ang "masamang galit"? (Tingnan din sa 2 Nephi 1:26).
- Anu-ano ang mga kalalabasan ng pagpapaubaya sa galit nating mga damdamin? (Tingnan din sa Santiago 3:5–6.) Ano ang payo ni Pangulong Young hinggil sa pagpipigil ng galit? Paano nakatutulong ang pagpapasailalim sa Espiritu sa ating pagpipigil ng ating galit?

**Maaari nating supilin ang ating pananalita.**

- Paano tayo "magtatamo ng kapangyarihan para supilin [ang ating] mga pag-iisip at pagmumuni-muni"?
- Paano pinayuhan ni Pangulong Young ang mga nagsasabing nagsasalita sila ng nakasasakit upang iwasang ang maging mapagkunwari?

- Paano natin masusupil ang ating mga dila kapag natutukso tayong banggitin ang pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan, (2) pag-usapan ang ating mga kapit-bahay (3) pintasan o siraan ang mabuting pangalan ng ibang tao (tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 136:23–24), o (4) hiyain o hamakin ang isang kamag-anak o kaibigan? (tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 52:16).
- Ano ang dapat nating gawin kapag mayroon tayong hindi mabuting iniisip tungkol sa iba?



Itinuturo ng Salita ng Karunungan na ang mga butil ay kabilang sa mga pagkaing pampalusog na mainam para sa ating mga katawan.

K A B A N A T A  2 9

# Pamumuhay sa Salita ng Karunungan

*Para kay Pangulong Brigham Young, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay isang praktikal na relihiyon. Sa isang sulat niya noong taong 1867 sa dalawa sa kanyang mga anak na lalaki na naglilingkod sa misyon, pinapurihan ni Pangulong Young ang mga Banal sa Lungsod ng Salt Lake sa pagsunod sa Salita ng Karunungan: "Ang mga mangangalakal sa Whiskey St. ay halos walang kinikita sa araw-araw para makabayad sa kanilang mga upa. Ipinamamalas ng mga tao ang matatag nilang pasiya na aming nasaksihan upang isakatuparan ang mga payo na ibinigay hinggil sa Salita ng Karunungan at pagsunod sa mga bagay na temporal at espirituwal. Walang anumang pamimilit na ginamit, o mga tipang kinailangan. Ang alituntunin ay ipinagbigay-alam at ang mga tao ay tila nakahanda na tanggapin at isakatuparan ito nang maluwag sa kalooban. Ang kapayapaan at magandang kalusugan ay namamayani sa buong Teritoryo" (*LBY*, 88). Itinuro niya na inihayag ng Panginoon ang Salita ng Karunungan upang mapaunlad ang kalagayan ng ating mga mortal na buhay, upang tayo ay higit na maging mabisang mga manggagawa sa kaharian ng Diyos sa lupa, at para makatulong sa atin na ganap na magampanan ang layunin ng ating pagkakalikha.*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Naniniwala tayong ang Salita ng Karunungan ay kautusan mula sa Diyos.

Nang pasinayaan ang paaralan ng mga propeta, isa sa pinakaunang paghahayag na ibinigay ng Panginoon sa Kanyang tagapaglingkod na si Joseph ay ang Salita ng Karunungan. Ang mga kasapi sa paaralang iyon ay kakaunti lamang sa simula, at nagsimula ang propeta na turuan sila sa doktrina upang maihanda silang magsiyaon sa buong sanlibutan at ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng kinapal. . . . Sinimulan ng propeta na turuan sila kung paano mamuhay nang higit na nakahandang isagawa ang dakilang gawain kung saan tinawag sila upang isakatuparan (*DNSW*, ika-25 ng Peb. 1868, 2).

Mga Obispo, Elder ng Israel, Mataas na Saserdote, ang Labindalawang Apostol, ang Unang Panguluhan, at ang buong Sambahayan ni Israel, makinig kayo, O aking mga tao! sundin ang salita ng Panginoon, gawin ang Salita ng Karunungan, itaguyod ang bawat isa, itaguyod ang sambahayan ng pananampalataya (*DBY*, 183).

Alam kong sinasabi ng ilan na ang mga paghahayag sa mga bagay na ito ay hindi ibinigay sa pamamagitan ng kautusan. Tama, ngunit tayo ay inutusang sundin ang bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos (*DBY*, 182-83).

Binubulungan ako ng Espiritu na manawagan sa lahat ng Banal sa mga Huling Araw na sundin ang Salita ng Karunungan, na iwasan ang tsaa, kape, at tabako, at mangilin sa pag-inom ng mga inuming nakalalasing. Ito ang ipinahihiwatig ng Espiritu sa pamamagitan ko. Kung ibinubulong ito ng Espiritu ng Diyos sa kanyang mga tao sa pamamagitan ng kanilang pinuno, at sila ay hindi makikinig o susunod, ano ang mga kalalabasan ng kanilang pagsuway? Kadiliman at pagkabulag ng isipan tungkol sa mga bagay ng Diyos ang kanilang kapalaran; mawawala sa kanila ang diwa ng panalangin, at ang diwa ng daigdig ay lalong mananaig sa kanila batay na rin sa kanilang pagsuway hanggang sa lubos na silang tumalikod sa Diyos at sa kanyang mga landas (*DBY*, 183).

Ang pangangatawang taglay ng tao ay dapat palusugin at pagyamanin; at sa tuwing may ipapasok tayo sa ating katawan na pipilit o magpapasigla dito nang higit kaysa likas nitong kakayahan, ito ay nagpapaikli ng buhay. Manggagamot din ako kung kaya alam ko iyan. . . . Kung susundin ninyo ang payong ito, mapupuno kayo ng buhay at kalusugan, at madaragdagan ang inyong katalinuhan, ang inyong kagalakan, at ang inyong kapanatagan (*DBY*, 183).

Itong Salita ng Karunungan na inaakalang hindi na uso, at hindi na ipinatutupad, ay kagaya ng lahat ng payo ng Diyos na ipinatutupad ngayon kagaya noon pa man. Ito ay may buhay, may buhay na walang hanggan dito—ang buhay sa ngayon at ang buhay na darating (*DBY*, 184).

---

## Ang Salita ng Karunungan ay isang inspiradong batas ng kalusugan.

Ang Salita ng Karunungan ay nagbabawal sa paggamit ng mga inuming maiinit at tabako. Narinig kong pinagtatalunan na ang tsaa at kape ay hindi binanggit dito; iyan ay talagang totoo; ngunit ano ba ang kinaugaliang maiinit na inumin ng mga tao nang ibigay ang paghahayag na ito? Tsaa at kape. Hindi natin kinaugalian na uminom ng tubig na napakainit, kundi ang tsaa at kape—ang mga inuming karaniwang ginagamit (*DBY*, 182).

Sa halip na gawin ang trabahong para sa dalawang araw sa loob ng isang araw lamang, ang karunungan ay mag-uutos sa [mga Banal], na kung

minimithi nila ang mahabang buhay at magandang kalusugan, kinakailangang pagkatapos ng kaukulang pagpapagod ay hayaang magpahinga ang katawan bago ito tuluyang mahapo. Kapag hapo na, nangangatwiran ang iba na kailangan nila ng mga pampasigla kagaya ng tsaa, kape, nakalalasing na mga inumin, tabako, o ilan sa mga gamot narkotiko na madalas gamitin upang itulak ang nawawalang lakas nang higit sa makakaya nito. Subalit sa halip na ganitong mga uri ng pampasigla ay dapat nilang bawiin ang lakas sa pamamagitan ng pagpapahinga. Magtrabaho nang sapat lamang, magpagod nang sapat, kumain nang sapat, at tayo ay magiging higit na marunong, malusog, at maunlad na mga tao kaysa sa kung ipagpapatuloy natin ang ginagawa natin ngayon. Mahirap makasumpong ng inuming higit na makapagpapalusog kaysa malamig na tubig, kagaya ng umaagos mula sa mga bukal at niyebe ng ating kabundukan. Ito ang dapat nating inumin. Ito ang dapat nating inumin sa lahat ng oras. . . . Maaaring sabihin na ang ilang kalalakihan na gumagamit ng nakalalasing na inumin ay malulusog, ngunit sa palagay ko ay higit silang malusog kung hindi sila uminom nito, at sa gayon ay may karapatan sila sa mga biyayang ipinangako sa mga tumutupad sa payo na ibinigay sa "Salita ng Karunungan" (*DBY*, 187).

Kapag naglalakbay kami patungo sa mga panirahanan at humihinto sa bahay ng mga kapatid, ay sinasabi nilang, "Kapatid na Brigham, hayaan ninyong ipakita namin ang aming damdamin sa iyo at sa inyong mga kasama." Sinasabi ko sa kanilang gawin iyon, ngunit bigyan lamang ako ng kapirasong tinapay na may halong mais [Johnny cake cornbread]; mas pipiliin ko pa ito kaysa kanilang mga empanada at pastel at mga minatamis. Bigyan na lamang ako ng pagkaing likas ang sustansiya at iiwan ang aking tiyan at buong pangangatawan na malinis upang tanggapin ang Espiritu ng Panginoon at maging malaya sa sakit ng ulo at lahat ng uri ng sakit (*DBY*, 189).

Ang mga Amerikano, bilang isang bansa, ay pinapatay ang kanilang sarili dahil sa kanilang mga bisyo at maluhong pamumuhay. Ang dapat kainin ng isang tao sa loob ng kalahating oras ay nilulunok nila sa loob ng tatlong minuto, na inilululon ang kanilang pagkaing gaya ng [aso] sa ilalim ng mesa, na, kapag hinagisan ng kapirasong karne, ay nilulunok ito bago ka pa man makapagsalita. Kung nais ninyo ng pagbabago, sundin ang payo na kabibigay ko pa lamang sa inyo. Iwaksi ang inyong napakaraming putahe, at, asahan ninyong higit ninyong maililigtas ang inyong mga mag-anak mula sa karamdaman, sakit, at kamatayan (*DBY*, 189).

Alam ba ninyo na pribilehiyo ninyong mabuhay na may ganap na pagpipigil sa inyong isipan sa lahat ng oras? Pag-aralang ingatan ang inyong katawan sa buhay at kalusugan, at magagawa ninyong mapigilan ang inyong isipan (*DBY*, 190).

Ang pag-iisip ang siyang bahagi na walang kamatayan at hindi nakikita, at ito ang gumaganap sa mga gawaing pangkaisipan; at ang tabernakulo, na

binuo at binalangkas para sa tukoy na layuning iyon, ang nagsasagawa o nagbibigay bunga sa gawaing pangkaisipang yaon. Pakilusin ang katawan kasama ng isipan, at magkasabay na pagawain ang mga ito, at, maliban sa iilan, ay magkakaroon ka ng isang tao na matalas ang pag-iisip at matibay ang pangangatawan, malakas ang katawan at kaisipan (*DBY*, 191).

Pag-ingatan ang inyong katawan; maging matalino sa paggamit ng inyong lakas, sapagkat kapag matanda na kayo ay kakailanganin ninyo ang tibay at lakas na inyong sinasayang ngayon. Ingatan ang inyong buhay. Hangga't hindi ninyo ito nalalaman at isinasagawa, hindi pa kayo mabubuting manggagawa o matatalinong katiwala (*DBY*, 193).

At huwag nating gawing biro ang ating misyon, sa pamamagitan ng pagpapasasa sa paggamit ng mga bagay na nakapipinsala. Ang mga ito ang nagpapasimula sa sakit at kamatayan sa pangangatawan ng tao, at ang mga ito ay nadadala sa kanilang mga anak, at isa pang salinlahi ng mahihinang tao ang mamumuhay sa mundo. Ang ganitong uri ng mga bata ay may mahihinang buto, litid, kalamnan, at pangangatawan, at kakaunti ang silbi sa kanilang sarili, o sa kanilang kapwa; hindi sila handang mabuhay (*DBY*, 185–186).

---

## Ang pagtupad sa Salita ng Karunungan ay makatutulong upang higit nating magampanan ang layunin ng ating buhay.

Isa itong mainam na payo na nais ng Panginoon na sundin ng kanyang mga tao, upang sila ay mabuhay sa daigdig hanggang sa ganap na magampanan ang layunin ng kanilang pagkakalikha. Ito ang layuning inisip ng Panginoon sa pagbibigay niya ng Salita ng Karunungan. Sa mga susunod dito ay ipagkakaloob niya ang dakilang karunungan at pag-unawa, na magpapaganda sa kanilang kalusugan, magbibigay ng lakas at tibay sa mga kakayahan ng kanilang katawan at isipan hanggang tumanda sila sa mundo. Ito ang kanilang magiging biyaya kung susundin nila ang kanyang salita nang may mabuti at handang puso at may pananampalataya sa harap ng Panginoon (*DBY*, 184).

Kaya nakikita natin na ang halos pinakaunang mga turo na tinanggap ng unang mga Elder ng Simbahang ito ay kung ano ang dapat kainin, ano ang dapat inumin, at kung paano iayos ang kanilang mga likas na buhay upang mapagkaisa sila sa temporal at gayundin sa espirituwal. Ito ang dakilang layunin na nakita ng Diyos sa pagpapadala sa daigdig, sa pamamagitan ng kanyang mga tagapaglingkod, ng Ebanghelyo ng buhay at kaligtasan (*DBY*, 186).

Ang taong nagpapasasa sa anumang nakagawiang gawain na nakasisira sa pangkalahatang kabutihan dahil sa halimbawa at impluwensiya nito, ay hindi lamang isang kaaway ng kanyang sarili kundi kaaway rin ng pamayanan na naiimpluwensiyahan ng nakagawiang iyon. Ang taong ayaw bitiwan ang isang masamang nakagawiang gawin para sa kabutihang

idudulot nito sa pamayanan ay, masasabi natin kahit paano na, hindi siya interesado sa kanyang pagnanais at paghahangad na maging maunlad ang lipunan at ang lahat (*DBY*, 186).

Ang maghanda para mamatay ay hindi tagubilin ng Simbahan at Kahariang ito; bagkos ang maghanda para mabuhay ang siyang ating tagubilin, at pagbutihin ang lahat sa abot ng ating makakaya sa susunod na buhay, kung saan matatamasa natin ang higit na dakilang kalagayan ng katalinuhan, karunungan, kaalaman, kapangyarihan, kaluwalhatian, at kadakilaan. Samakatwid ay palawigin natin ang buhay ngayon hangga't kaya natin, sa pamamagitan ng pagtupad sa bawat batas ng kalusugan, at sa maayos na pagbabalanse ng gawain, pag-aaral, pamamahinga, at libangan, nang sa gayon ay makapaghanda sa higit na mabuting pamumuhay. Ituro natin ang mga alituntuning ito sa ating mga anak, upang sa unang mga taon ng kanilang buhay, ay maturuan silang itatag ang saligan ng kalusugan at kalakasan at buong pagkatao at kapangyarihan ng buhay sa kanilang katawan. (*DBY*, 186).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

### Naniniwala tayong ang Salita ng Karunungan ay kautusan mula sa Diyos.

- Paano tayo higit na inihahanda ng pamumuhay ng Salita ng Karunungan upang magawa natin ang gawain ng Panginoon?
- Sinabi ni Pangulong Young na "inutusan tayong sundin ang bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos" kabilang na ang Salita ng Karunungan. (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 89:2.) Paano nakatulong sa inyo upang mamuhay ayon sa mga alituntunin nito ang kaalaman na ang Salita ng Karunungan ay isang kautusan at hindi lamang isang mainam na payo? Ayon kay Pangulong Young ano mga kahihinatnan ng pagsuway sa Salita ng Karunungan?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Pangulong Young nang sabihin niyang, "Dito ay may buhay—may buhay na walang hanggan sa" Salita ng Karunungan?

---

### Ang Salita ng Karunungan ay inspiradong batas ng kalusugan.

- Sang-ayon kay Pangulong Young, ano ang layunin ng Salita ng Karunungan? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 3:16–17; Doktrina at mga Tipan 89; 93:35.)
- Ano ang payo ni Pangulong Young hinggil sa pag-iwas sa pagkahapo? Paano ninyo maipapamuhay ang mga alituntuning umiiral sa kanyang payo?

- Paano magagawang "pakilusin ang katawan kasama ng isipan" ng pagtupad sa Salita ng Karunungan? Paano kayo makikinabang sa paggawa nito? Paano makatutulong ang Salita ng Karunungan sa pagtanggap natin ng Espiritu?
- Sinabi ni Pangulong Young na "Huwag nating gawing biro ang ating misyon, sa pamamagitan ng pagpapasasa sa paggamit ng mga bagay na nakapipinsala." Paano nakasasagabal ang mga bagay na ito sa ating misyon?

---

**Ang pagtupad sa Salita ng Karunungan ay makatutulong sa atin upang higit nating magampanan ang layunin ng ating buhay.**

- Paano makatutulong ang pamumuhay ayon sa Salita ng Karunungan upang maisakatuparan ang pagkakalikha sa atin, bilang isang indibiduwal at bilang isang Simbahan?
- Paano mapalalakas ng Salita ng Karunungan ang ating espirituwalidad? Paano makasisira sa kaluluwa ang pagsuway sa Salita ng Karunungan?
- Bakit makapaglilingkod tayo nang mabisa kapag tinutupad natin ang Salita ng Karunungan?
- Paano ninyo masusunod ang payo ni Pangulong Young na "palawigin natin ang buhay ngayon hangga't makakaya natin, sa pamamagitan ng pagtupad sa bawat batas ng kalusugan, at sa maayos na pagbabalanse ng gawain, pag-aaral, pamamahinga, at libangan"? Paano makatutulong ang pagsunod sa Salita ng Karunungan sa ating pamumuhay nang ganap?


# Pagkakaroon ng mga Saloobing Tulad ng kay Cristo Tungo sa Kapwa

*Nakita ni Pangulong Young ang pangangailangan ng pag-ibig sa kapwa tao, "ang dalisay na pag-ibig ni Cristo," upang mapagaan ang buhay. Ang kanyang mga ginawa para kay Lucy Grooves ay mga halimbawa ng kanyang kabutihang-loob at paglilingkod sa kapwa: Sa paglalakbay pakanluran, nahulog at nasagasaan si Lucy ng bagon ng kanyang mag-anak, na ikinabali ng kanyang paa at ilang mga tadyang. Iniayos ni Pangulong Young ang nabaling paa at binigyan siya ng basbas. Pagkaraan ng ilang araw, natapakan ng anak ni Lucy ang paa at nabali ito sa ikalawang pagkakataon. Dahil sa matinding sakit sa bawat paghakbang ng baka, hiniling ni Lucy sa kanyang asawa na humiwalay sila sa pulutong ng mga bagon at hayaan na lamang ang iba na tumuloy na hindi sila kasama. Ipinahayag ni Pangulong Young na hindi niya maaaring iwanan ang mga ito sa tabi ng daan sa isang mapanganib na teritoryo. Iniutos niya sa ilang kalalakihan na putulin ang mga paa ng kama ni Lucy at ibitin ito sa mga arko ng bagon upang ang kutson at ang mga muwelye nito ay malayang makaugoy, kagaya ng duyan. Pagkaraan ay inulit ni Pangulong Young ang kanyang basbas para kay Lucy at tinabihan ito sa paglalakbay sa loob ng ilang araw upang matiyak na wala na siyang karagdagan pang suliranin. "Dahil sa kanyang mabait at maawaing pag-uugali," sumulat ang apong lalaki ni Lucy na, "habampanahon niyang nakamtan ang pagmamahal ni Lucy at ng kanyang angkan" (*HRF, *157–58).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Balutin ninyo ang mga sarili ng bigkis ng pag-ibig sa kapwa tao.

Hindi tayo naririto nang walang kasama at nag-iisa, na kaiba ang pagkakabuo at kaiba ang sangkap na ginamit sa paglikha sa atin kaysa sa ibang tao. Kabilang tayo at bahagi ng angkang ito, at dahil dito ay napapasailalim tayo sa mga tungkulin natin sa isa't isa (*DBY*, 271).



Ginamit ng Panginoon ang kuwento ng mabuting Samaritano upang turuan tayo kung paano natin dapat ibigin ang ating kapwa.

Dapat matutuhan ng mga Banal sa mga Huling Araw na ang kapakanan ng kanilang mga kapatid ay kapakanan din nila, kundi ay hindi sila kailanman maililigtas sa kahariang selestiyal ng Diyos (*DBY*, 271).

Pagpapalain ng Panginoon ang mga taong napupuspos ng pag-ibig sa kapwa-tao, kabaitan at mabuting mga gawa (*DBY*, 280).

*Pag-ibig sa kapwa-tao.* May isang kabutihan, ugali, o alituntunin, na, kapag pinahalagahan at ipinamuhay ng mga Banal, ay magpapatunay sa kaligtasan ng libu-libong mga tao. Ang tinutukoy ko ay ang pag-ibig sa kapwa-tao, o pagmamahal, kung saan nagmumula ang pagpapatawad, pagkamatiisin, kabutihan, at pagpapaumanhin (*DNW*, ika-11 ng Ene. 1860, 1).

Dapat tayong magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao; dapat nating gawin ang lahat ng makakaya upang matubos ang mga anak na lalaki at babae nina Adan at Eva, at muli silang ibalik upang maligtas sa harap ng ating Ama sa Langit. Kapag ginawa natin ito, ang ating pag-ibig sa kapwa-tao ay makararating sa pinakamalayong hangganan na nilayon upang maiparating ang pag-ibig ng Diyos sa kalipunan ng mga taong ito (*DBY*, 273).

Mahalin ang inyong kapwa kagaya ng inyong sarili [tingnan ang Mateo 22:39]; gawin sa iba ang nais ninyong gawin ng iba sa inyo [tingnan ang Mateo 6:12] (*DNW*, ika-20 ng Mar. 1852, 3).

Isang napakalaking kalokohan para sa mga tao ang magsabing iniibig nila ang Diyos; gayong hindi nila iniibig ang kanilang kapwa [tingnan sa 1 Juan 4:20] (*DBY*, 271).

Dapat nating umpisahan ang ating mga gawain ng pag-ibig at kabaitan sa mag-anak kung saan tayo kabilang; at pagkaraan ay iparating ang mga ito sa iba (*DBY*, 271).

Maging matatag, palaging manatili sa katotohanan. Huwag bigyang puwang ang masamang hangarin at poot sa inyong mga puso; ang mga yaon ay hindi angkop sa isang Banal (*DBY*, 273).

Sinasabi ko bang, ibigin ninyo ang inyong mga kaaway? Oo, batay sa ilang alituntunin. Ngunit hindi ninyo kailangang ibigin ang kanilang kasamaan; kailangan lamang ninyong ibigin sila dahil sa paghahangad at pagsusumikap na matulungan silang talikuran ang kanilang masasamang landas, upang sila ay maligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa Ebanghelyo (*DBY*, 272).

Mayroon bang sinuman sa inyong kapwa ang gumagawa ng anumang kamalian? Mayroon. Ang mga tao ay nagpupunta rito mula sa iba't-ibang bahagi ng mundo, upang aariin itong bansa nila, at ang mga dating naninirahan ay umaasang kaagad silang aayon sa kanilang mga kilos, ugali, at tradisyon, at kung hindi ay inaakala nilang ang mga bagong dating ay hindi karapat-dapat sa kanilang pakikipagkaibigan. Sa madaling salita, "kapag ang bawat lalaki, babae, at bata ay hindi gumagawa, nag-iisip, at nakakakita nang katulad ko, sila ay mga makasalanan." Kailangang

magkaroon tayo ng pag-ibig sa kapwa-tao na magtatakip sa napakaraming ipinapalagay nating kasalanan (*DNW*, ika-11 ng Ene. 1860, 1).

Sapat nang katibayan na kayo ay nasa landas ng buhay, kapag iniibig ninyo ang Diyos at ang inyong kapwa nang buong puso ninyo (*DBY*, 271).

Tiyakin na ang tinatahak ninyong landas ay patungo sa buhay na walang-hanggan, at akayin ang kaya ninyong akayin. Tanggapin sila kung ano sila, unawain sila kung ano sila, at pakitunguhan sila kung ano sila; tingnan sila kagaya ng pagtingin ng Diyos sa kanila (*DBY*, 274).

*Kabaitan.* Maging mabait sa lahat kagaya ng Ama sa Langit. Ipinadadala niya ang kanyang ulan sa mga makatarungan at sa hindi makatarungan at pinasisikat ang araw sa masama at sa mabuti [tingnan ang Mateo 5:45]. Kung kaya't ipakita ang ating kabutihan sa lahat ng nilikha ng kanyang mga kamay, kung saan natin ito magagawa; ngunit huwag pasasailalim sa diwa at impluwensiya ng kasamaan (*DBY*, 272).

Iwasan na ang lahat ng maliliit na kasamaan, at ipamahagi ang kabaitan sa lahat. Magparusa, kung ang pagpaparusa ang pinakamainam na kasagutan; ngunit subukin ang paghihikayat bago ninyo subukin ang pagpaparusa (*DBY*, 277).

Kung tatawagin kayo upang magbigay parusa sa isang tao, huwag kailanman magbibigay ng parusa na hindi makakayang pagalingin ng inyong pamahid [tingnan ang Doktrina at mga Tipan 121:43] (*DBY*, 278).

Hindi kailanman nagbabago ang aking pagtingin sa mga tao, sa kalalakihan o kababaihan, kung katulad ko man sila ng paniniwala o hindi. Maaari ba kayong maging mga kapitbahay ko? Ako ay maaaring maging kapitbahay ninyo; at hindi ko pinakikialaman kung kayo man ay katulad ko ng paniniwala o hindi (*DBY*, 278–79).

Sa ating [mga pakikitungo] sa mga taga-labas—huwag silang tatawaging mga Hentil—gawing karapat-dapat na gayahin ang ating halimbawa; sa gayon, ang bawat matapat sa kanila ay magsasabing, "Sa tingin ko ay tama kayo, sa palagay ko ay papariyan ako upang mapabilang sa inyo" (*DBY*, 279).

Ang maging maamo at mabait, mahinhin at makatotohanan, ang mapuspos ng pananampalataya at katapatan, ang hindi paggawa ng mali ay sa Diyos; ang kabutihan ay nagbibigay ningning sa putong ng kagandahan sa isang tao na napupuspos nito, na ginagawang busilak ang liwanag sa kanilang mukha, at ginagawang kaibig-ibig ang kanilang samahan dahil sa kadakilaan nito. Iniibig sila ng Diyos, ng mga banal na anghel, at ng lahat ng mabubuting tao sa daigdig, samantalang sila ay kinapopootan, kinaiinggitan, hinahangaan, at kinatatakutan ng masasama (*DBY*, 280).

*Mabubuting Gawa.* Ang pangunahing kakanyahan ng ating relihiyon ay ang magkaroon ng habag sa lahat, gumawa ng mabuti sa lahat, hanggang sa ipahihintulot nilang gawin nating kabutihan sa kanila (*DBY*, 272).

Magdamayan tayo sa bawat isa, at buong pagmamahal na arugain ng malalakas ang mahihina hanggang sa lumakas, at gabayan ng mga nakauunawa ang mga mangmang hanggang sa makita nila mismo ang tamang landas (*DBY*, 271).

Manalangin palagi para sa lahat ng maaaring tumanggap at makinabang ng dahil sa habag (*DBY*, 279).

Kapag nakikita ninyo ang isang kapwa-tao na nagsisimula nang tumalikod, ipanalangin siya na muling mapasakanya ang Espiritu ng Ebanghelyo. At kung nadarama ninyo ang Espiritung ito sa inyong sarili, ipagdasal na dagdagan ang liwanag na natanggap ninyo noong una kayong tumanggap ng Ebanghelyo, at maililigtas ninyo ang inyong sarili at sambahayan (*DBY*, 272).

Halimbawang sa pamayanang ito ay may sampung pulubi na namamalimos sa bawat pinto para may makain, at siyam sa kanila ay nagkukunwari lamang at namamalimos upang makaiwas sa pagtatrabaho, at dahil sa masamang puso ay pinagsasamantalahan ang mga mapagbigay at maawain, at isa lamang sa sampung kumakatok sa mga pintuan ninyo ang karapat-dapat sa inyong abuloy; ano ang mainam, ang bigyan ng pagkain ang sampu, upang matiyak na matutulungan ang isang tunay na nangangailangan sa kanila, o itaboy ang sampu dahil hindi ninyo alam kung sino ang karapat-dapat sa kanila. Sasabihin ninyo, bigyan ng abuloy ang sampu, sa halip na itaboy pati ang nag-iisang karapat-dapat at tunay na nangangailangan sa kanila. Kapag ginawa ninyo ito, walang kaibahan ang inyong biyaya, kayo man ay tumulong sa karapat-dapat o hindi karapat-dapat na mga tao, yayamang nagbigay kayo ng abuloy na ang tanging layunin ay makatulong sa tunay na nangangailangan (*DBY*, 274).

---

**Huwag manumpa; humatol ng makatarungang hatol.**

Huwag humatol, nang kayo ay hindi hatulan [tingnan sa Mateo 7:1]. Huwag pahahatulin ang isang tao sa kanyang kapwa, maliban kung alam niyang sumasakanya ang isipan ni Cristo [tingnan ang Moroni 7:16–18]. Dapat nating pag-isipang mabuti ang bagay na ito; gaano kadalas nasasabing—"Ang taong iyan ay gumawa ng masama, hindi siya maaaring maging Banal, o hindi niya ito gagawin." Paano ninyo nalaman? . . . Huwag hahatulan ang mga taong ganito, dahil hindi ninyo batid ang panukala ng Panginoon tungkol sa kanila; samakatwid, huwag sasabihing hindi sila Banal. . . . Ang taong magsasabing ang isa ay hindi Banal sa mga Huling Araw, dahil sa maliliit na mga pangyayari sa buhay ng tao ay nagpapakitang hindi sumasakanya ang Espiritu ng Diyos. Isipin ito, mga kapatid na lalaki at babae; isulat ito, upang mapanariwa ninyo ito sa inyong isip; dalhin ninyo ito at madalas na basahin. Kapag hinatulan ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae, maliban kung hahatulan ko sila sa pamamagitan ng mga

paghahayag ni Jesucristo, ay hindi sumasaakin ang Espiritu ni Cristo; dahil kung sumasaakin ito, hindi ko hahatulan ang sinumang tao (*DBY*, 277–78).

Nalulunod ang aking puso sa kalungkutan kapag nakikita kong napakarami sa mga Elder sa Israel ang hinahangad ang bawat isa na abutin ang kanilang pamantayan at sukatin sa pamamagitan ng kanilang mga sukatan. Hinuhusgahan ng ilang tao ang kanilang kapwa [tingnan sa Isaias 28:20], at iniisip na ang mga hindi makaabot sa kanilang mga pamantayan ay dapat piliting sumunod sa mga pamantayang iyon. (*DBY*, 279).

Kapag nakakakita sila ng isang nagkakamaling kapatid na lalaki o babae, na ang ginawa ay hindi sang-ayon sa mga pag-iisip nila sa mga bagay-bagay, kaagad nilang ipinapalagay na ito ay hindi maaaring maging Banal, at ihihinto ang kanilang pakikipagkaibigan, sa pagpapalagay na kapag sila ay nasa landas ng katotohanan, ang iba ay dapat magkaroon din ng mga katangiang tulad ng sa kanila (*DBY*, 279).

Maging mapagpaumanhin tayo sa bawat isa. Hindi ko ganap na nakikita ang mga bagay katulad ng pagkakakita ninyo. Ang aking hatol ay hindi katulad ng sa inyo sa lahat ng paraan, ni ang sa inyo ay kagaya ng sa akin. Kapag hahatol kayo sa isang lalaki o babae, ihatol ang saloobin ng puso. Hindi dahil sa mga salita lalo na, o sa mga gawa, na ang mga tao ay hahatulan sa dakilang araw ng Panginoon; kundi, kaugnay ng mga salita at gawa, ang mga saloobin at layunin ng puso ang isasaalang-alang, at sa pamamagitan ng mga ito ay hahatulan ang mga tao [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 137:9] (*DBY*, 273–74).

Dapat malaman ng bawat Banal sa mga Huling Araw na ang mga kahinaan ng kanilang mga kapatid ay hindi kasalanan. Kapag ang isang lalaki at babae ay hindi sinasadyang nakagawa ng pagkakamali, huwag ipagpalagay na kasalanan nila ito. Matuto tayong maging maawain sa bawat isa; hayaang pawiin ng habag at kabaitan ang bawat galit at pagkayamot, upang tayo ay maging matiisin at kapaki-pakinabang sa pakikitungo natin sa bawat isa (*DBY*, 273).

Paglingkuran ang Panginoon, at sikaping huwag mamintas sa bawat isa [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:124]. Mabuhay kayo nang hindi naghahanap ng kapintasan sa inyong sarili, at huwag nang pansinin ang mga kapintasan ng inyong mga kapatid, sapagkat ang bawat isa ay may sariling mga kapintasan na dapat nilang asikasuhin (*DBY*, 280).

Maaaring nakikita ninyo, o sa palagay ninyo ay nakikita ninyo, ang isang libong kapintasan sa inyong mga kapatid; gayunman, sila ay nilikhang katulad ninyo, sila ay laman ng inyong mga laman, buto ng inyong mga buto; sila ay sa Ama ninyong nasa Langit; tayong lahat ay Kanyang mga anak, at dapat tayong masiyahan sa bawat isa hangga't maaari (*DBY*, 271).

Igalang ang bawat isa; huwag pag-usapan nang may pandudusta ang bawat isa. Ang ilan, kapag sila ay nagkakaroon ng kaunting hinanakit sa



**Ang mga pulutong ng bagon ay kadalasang tinulungan ng abuloy ng mga Banal sa *Perpetual Emigrating Fund*, na itinatag ni Pangulong Young upang makatulong sa mahihirap na Banal na matipon sa Sion.**

isang tao, ay ipinapalagay na dapat itapon sa impiyerno ang taong iyon, at hindi dapat magkaroon ng puwang sa lupa. O, mga hangal! hindi [ninyo] nauunawaan na ang mga hinahatulan ninyo ay mga nilikha ng Diyos na katulad din ninyo! Kinakaligtaan ng Diyos ang kanilang mga kahinaan; at hangga't gumagawa sila ng kabutihan, sila ay katanggap-tanggap na kagaya natin. Magpasalamat sa Diyos at higit kayong nakaaalam, at mapuspos kayo ng habag at kabaitan (*DBY*, 27).

Pagpalain ng Diyos ang mga mapagpakumbaba at ang matwid, at nawa ay kaawaan Niya tayo dahil sa kahinaang likas na nasa atin. At kung isasaalang-alang ang malaking kahinaan at kamangmangan ng mga mortal, magkaroon tayo ng habag sa bawat isa (*DBY*, 272)

Ang mahahabagin ay makasusumpong ng habag [tingnan sa Mateo 5:7] (*DBY*, 273).

Lubos ang aking pagpapasalamat na hindi nating tungkulin, sa ating kasalukuyang kalagayan, ang hatulan ang daigdig; kung mangyayari ang gayon ay mawawasak natin ang lahat ng bagay. Wala tayong sapat na karunungan, ang ating mga isipan ay hindi napupuno ng kaalaman at kapangyarihan ng Diyos; kailangan ng espiritu na unti-unting lupigin ang laman hanggang sa magtagumpay itong supilin ang mga pagnanasa nito, hanggang sa ang buong kaluluwa ay ganap na maiayon sa isip at kalooban

ng Diyos. At kailangan din nating matamo ang karapatan ng Diyos na malasin ang hinaharap, at matiyak at malaman ang mga kahihinatnan ng ating mga gawa sa hinaharap, maging sa kawalang-hanggan, bago tayo magkaroon ng kakayahang humatol (*DBY*, 278).

---

**Bumuo ng pagtitiwala sa bawat isa at iwasan ang pagtatalo.**

Kung matatamo natin ang pananampalataya at pagtitiwala sa bawat isa, at sa ating Diyos, na kapag humingi tayo ng tulong ay magagawa natin ito nang may buong katiyakan at kaalaman na matatanggap natin ito, hindi ba ninyo naiisip na ito ay tuluyang aakay sa atin na gawin sa iba ang nais nating gawin nila sa atin, sa bawat pakikipag-ugnayan at kalagayan sa buhay? Hihikayatin tayo nitong gumawa, hindi lamang ng hinihiling, kundi higit pa. Kapag hiniling ng inyong kapatid na [lalaki] samahan ninyo siya ng isang milya, sasamahan ninyo siya ng dalawa; kapag isinakdal kayo para sa inyong tunika, ibibigay din ninyo sa kanya ang inyong kapa [tingnan sa Mateo 5:40–41]. Ang alituntuning ito ay hihikayat sa ating gawin ang lahat ng makakaya natin para sa kapakanan ng bawat isa, sa layunin ng Diyos sa lupa, at kung ano pa man ang naisin ng Panginoon na gawin natin; inihahanda tayo nito at maluwag sa ating kalooban na gawin ito kaagad (*DBY*, 275).

Subalit kung wala tayong pagtitiwala sa bawat isa, at magiging mainggitin sa bawat isa, ang ating kapayapaan ay mawawala. Kapag inalagaan natin ang mga alituntunin ng hindi matinag na pagtitiwala sa bawat isa ay magiging ganap ang ating kagalakan (*DBY*, 275).

Ang gawaing pinasukan natin ay ang ipanumbalik ang pagtitiwala sa isipan ng mga tao; at kapag naririnig ko ang mga pangyayari kung saan ang mga kapatid ay hindi tumutupad sa kanilang pangako, itinuturing ko itong batik sa pagkatao ng mga taong ito. Dapat nating tuparin ang ating mga pangako sa bawat isa. At kung tayo ay may suliranin o hindi pagkakaunawaan sa bawat isa, pag-usapan ito, pag-aralan ang bagay na ito nang masusi, malalim, at mahinahon, at matatanto natin na ang lahat ng kahirapan ay madaling mabibigyang lunas sa ganitong paraan kaysa sa ibang paraan; at matutuklasan din natin na halos lahat ng mga suliranin sa pagitan ng mga tao ay dulot ng hindi pagkakaunawaan; at kung tunay na maling layon at pakay, kung ang bagay ay pag-uusapang mabuti, ang maysala ay karaniwang madaling makipagkasundo (*DBY*, 276).

Kapag nagkaroon ng magkaibang paninindigan ang dalawang panig, paglapitin sila at ilahad ang kanilang suliranin sa isa't-isa, ilahad nang may pagpapakumbaba, at sabihing, "Kapatid (o kapatid na babae) nais kong gawin ang tama; oo, gagawin ko kahit na magkamali ako, upang maging tama ka." Sa palagay ba ninyo, ang isang lalaki o babaeng gumagawa ng ganito sa kanyang kapwa, ay bibigyang katarungan ng batas ng kabutihan?

Ang kanilang mga kahatulan ay magsasanib, at magkakasundo sila: sa dakong huli ay hindi na kakailanganing tumawag ng ikatlong tao upang lutasin ang suliranin. Makaraang gawin ito, kapag hindi pa rin kayo magkasundo ay tumawag ng ikatlong tao upang lutasin ito (*DBY*, 276–77).

Ang mga pagtatalo ay malimit na humantong sa pagkakalayo sa isa't isa kung kaya nawawala sa mga kapatid ang pagtitiwala sa katapatan at karangalan ng bawat isa, dahil marahil, kapag ang dalawang panig ay nagkamali sa isang maliit, maramot, may kamangmangan, at personal na hindi pagkakaunawaan, ay dala-dala pa rin ito hanggang sa hangarin nilang maitiwalag ang isa't isa sa Simbahan. Madalas idulog sa akin ang mga ganitong usapin. Kapag natuklasan na kung ano ang nangyari, makikitang nag-umpisa ito sa isang walang kabuluhang hindi pagkakaunawaan na may kinalaman sa isang maliit na bagay; ang lahat ng suliranin ay nagmula sa isang walang kabuluhang dahilan. Iwasang lumaki ang maliliit na hindi pagkakaunawaan at maging mga suliranin ang mga ito (*DBY*, 277).

Kapag pinag-uusapan kayo ng inyong mga kapitbahay, at sa palagay ninyo ay mali sila sa pagsasabi ng masama tungkol sa inyo, huwag ipaaalam sa kanila na may narinig kayong salita, at kumilos na tila ba palaging tama ang kanilang ginagawa (*DBY*, 277).

Magmula sa panahong ito ay mamuhay tayo upang sa gayon ay makalikha ng pagtitiwala sa lahat ng tao na pinakikitunguhan natin at nakakasalamuha; at ituring nating yaman ang bawat butil ng pagtitiwala na ating natatamo bilang isa sa pinakamahalagang kayamanan na maaaring makamtan ng mga mortal. Kung sa pamamagitan ng aking mabuting kilos ay nagawa kong magtiwala sa akin ang aking kapwa, idinadalangin ko na hindi ako makagagawa kailanman ng anumang bagay sa makasisira dito (*DBY*, 276).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

---

**Balutin ninyo ang mga sarili ng bigkis ng pag-ibig sa kapwa tao.**

- Anu-ano ang ating mga "tungkulin sa isa't-isa" bilang miyembro sangkatauhan? Paano magkakaroon ng kaugnayan sa ating sariling kaligtasan ang ating mga pakikitungo at gawain sa ibang tao? Paano makatutulong sa atin ang pag-ibig sa kapwa-tao upang "matubos ang mga anak na lalaki at babae nina Adan at Eva"?
- Bakit hindi natin tunay na iniibig ang Diyos kapag hindi natin iniibig ang ibang tao? Bakit napakahalagang "tingnan [ang iba] kagaya ng pagtingin ng Diyos sa kanila"?
- Ang pag-ibig sa kapwa-tao, "ang dalisay na pag-ibig ni Cristo" ay maaaring ipamalas sa maraming paraan (tingnan, halimbawa, sa Moroni 7:45–47). Ano ang ilan sa mga pagpapamalas ng pag-ibig sa kapwa-tao na binigyang

diin ni Pangulong Young. Sa anu-anong mga paraan kayo makapagpapakita ng higit pang pag-ibig sa kapwa-tao na inyong nakakahalubilo? Paano naipakita ng iba sa inyo ang pag-ibig sa kapwa-tao?

---

**Huwag manumpa; humatol ng makatarungang hatol.**

- Ano ang ipinayo ni Pangulong Young hinggil sa paghatol sa bawat isa? Paano ninyo maipamumuhay ang payong ito kapag nakikisalamuha kayo sa mga taong kaiba ang mga pag-iisip at pagkilos kaysa inyo?
- Anu-ano ang mga kalalabasan kapag hinatulan natin ng hindi makatwiran ang ating kapwa-tao? Ano ang makatutulong sa atin upang humatol nang makatwiran kapag tayo ay nasa kalagayan na kung saan ay kailangan nating hatulan ang ibang tao? (Tingnan din sa Moroni 7:14–18.) Bakit mahalaga sa ating magpakita ng habag sa bawat isa?
- Paano makatutulong sa mga ugnayan natin sa ating mga kamag-anak, kaibigan, at mga kakilala ang alaalang mga anak tayo ng Diyos?

---

**Magtitiwala sa bawat isa at iwasan ang pagtatalo.**

- Paano tayo nagkakaroon ng pananampalataya at pagtitiwala sa bawat isa? Anu-ano ang mga kalalabasan kapag ginagawa natin ito? Ano ang mangyayari kung wala tayong pagtitiwala sa bawat isa?
- Anu-ano ang ilan sa mga pinagmumulan ng pagtatalo? (Tingnan sa 2 Nephi 26:32–33.) Ano ang pagtatalo at paano natin ito maiiwasan? Ano ang ginawa ninyo noong mga nakaraan upang matagumpay na makaiwas sa pagtatalo? Ano ang ipinayo ni Pangulong Young na ikikilos natin kapag nagkakaroon ng mga hindi pagkakasundo o pagtatalo?
- Sa palagay ninyo, bakit inilarawan ni Pangulong Young ang pagtitiwala ng iba bilang "isa sa pinakamahalagang kayamanan na maaaring makamtan ng mga mortal"? Anu-anong mga bagay ang maaari ninyong gawin upang madagdagan ang pagtitiwala sa inyo ng ibang tao?

# Pagtitipid, Kasipagan, at Pagtitiwala sa Sariling Kakayahan

*Batid ni Pangulong Brigham Young ang kahalagahan ng gawaing mabibigat sa paghahanda ng mga Banal na itayo ang kaharian ng Diyos. Pinayuhan niya ang mga tagabunsod, "Sa halip na alamin natin kung ano ang gagawin ng Panginoon para sa atin, alamin natin kung ano ang ating magagawa para sa ating sarili" (*DBY, *293). Si Pangulong Heber C. Kimball, na kaibigan at ng Tagapayo ni Pangulong Young sa Unang Panguluhan, ay malimit na nagtrabaho sa mga bukirin na kasama niya, makalipas ay naalala ang panahong iyon nang ganito: "Si [Kapatid na] Brigham at ako ay magkasamang gumawa ng mabibigat na trabaho para sa sahod na limampung sentimos bawat araw, di pa kasama ang pagkain at tirahan; binabayaran kami ng pitumpu't limang sentimos bawat araw kung sa taniman ng trigo kami gumagawa; nagtatrabaho kami mula sa pagsikat hanggang sa paglubog ng araw, at umaabot pa ng ika-siyam ng gabi kapag may nagbabantang ulan. Nagkakalaykay kami at nagtatali kasunod ng tagagapas para sa sahod na isang takal [humigit-kumulang sa 35 litro] ng trigo bawat araw, at nagpuputol ng kahoy ng may niyebe hanggang sa aming mga baywang para sa halagang labingwalong sentimos kada tatlo't-kalahating metro kubiko, at tumatanggap ng sahod na mais na nagkakahalaga ng pitumpu't limang sentimos bawat takalan" (*DNW, *ika-30 ng Hul. 1862). Binigyang-diin ni Pangulong Young ang kahalagahan ng pagtitipid, kasipagan, at pagtitiwala sa sariling kakayahan, sa pagsasabing: "Silang nakatatamo ng buhay na walang hanggan ay mga tagatupad at tagapakinig ng salita" (*DBY, *290).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Nararapat na gumawa tayo nang masigasig at gamitin ang ating oras nang may katalinuhan upang mapaglingkuran ang ating mag-anak at maitayo ang kaharian ng Diyos.

Ano ang mayroon tayo? Ang ating oras. Gamitin ito ayon sa inyong nais. Ang panahon ay ibinibigay sa inyo; at kapag ito ay ginagamit ayon sa

pinakamabuting kapakinabangan para sa pagtataguyod ng katotohanan sa mundo, ito ay ibibilang na puntos para sa atin, at pagpalain kayo; subalit kapag ginagamit natin ang ating oras sa katamaran at kalokohan, ito ay ibibilang laban sa atin (*DBY*, 290).

Mag-uulat tayo ng mga araw na ginamit natin sa kalokohan (*DBY*, 290).

Sa oras ibinigay sa tao rito sa daigdig, walang dapat na sayangin o aksayahin. Pagkatapos ng kaukulang pahinga at paglilibang, walang araw, oras, o sandali ang dapat na sayangin sa katamaran, sa halip ay nararapat na sa bawat sandali ng bawat araw ng ating buhay ay pagsumikapan nating mapaunlad ang ating mga isipan at madagdagan ang ating pananampalataya sa banal na Ebanghelyo, sa pag-ibig sa kapwa-tao, tiyaga, at mabubuting gawa, nang tayo ay umunlad sa kaalaman ng katotohanan kagaya ng pagkakasabi at pagkakapropesiya at pagkakasulat nito (*DBY*, 290).

Ang katamaran at pagsasayang ay di naaayon sa mga patakaran ng langit. Itabi ang lahat ng makakaya ninyo, nang sa gayon ay magkaroon kayo ng kasaganaan upang mabiyayaan ang inyong mga kaibigan at kaaway (*DBY*, 290).

Lahat ng may kinalaman sa pagtataguyod ng Sion ay nangangailangan ng tunay, dibdibang paggawa. Walang katuturang pag-usapan ang tungkol sa pagtatayo ng kahit anong kaharian maliban sa pamamagitan ng paggawa; kinakailangan nito ang paggawa ng bawat bahagi ng ating samahan, ito man ay pangkaisipan, pisikal, o espirituwal at iyon lamang ang paraan upang maitaguyod ang Kaharian ng Diyos (*DBY*, 291).

Di ba gawaing temporal sa lahat ng oras ang pagtatayo ng Kaharian ng Diyos sa mundo? (*DBY*, 290-91).

Ito ang pinakadakilang kayamanang mayroon tayo—ang malaman kung paano pangasiwaan nang tama ang ating mga gawain, ginagamit ang bawat oras nang kapaki-pakinabang para sa kabutihan ng ating mga kabiyak at anak at kapwa (*DBY*, 290).

Kakailanganin nating gumawa at hukayin mula sa mga bundok ang ginto upang ilatag ito, kung lalakad tayo sa mga lansangang nalalatagan ng ginto. Ang mga anghel na nagsisilakad ngayon sa mga kanilang ginintuang lansangan, at na may punungkahoy ng buhay sa loob ng kanilang paraiso, ay kinailangang makuha ang mga gintong yaon at ilagay roon. Kung magkakaroon tayo ng mga lansangang nalalatagan ng ginto, tayo mismo ang kinakailangang maglatag nito. Kapag tinatamasa na natin ang isang Sion sa kagandahan at kaluwalhatian nito, ito ay sa kapag naitayo na natin ito. Kung tinatamasa na natin ang Sion na ating inaasam ngayon, ito ay pagkatapos na nating matubos at maihanda ito. Kung nakatira tayo sa lungsod ng Bagong Jerusalem, ito ay dahil inilatag natin ang mga saligan nito at ito ay ating itinayo. Kung hindi natin matatapos bilang mga tao ang gawaing iyon, ilatag natin ang saligan para sa ating mga anak at anak ng




Mga pamilihang kooperatiba sa Lungsod ng Salt Lake noong mga taong 1869.
Hinimok ni Pangulong Young sa mga Banal ang kasipagan sa mga tahanan, pagtitipid, at pagtitiwala sa sariling kakayahan.

ating mga anak, kagaya ng ginawa ni Adan. Kung tayo ay maliligtas sa isang arko, kagaya ni Noe at ng kanyang mag-anak, ito ay dahil gumawa tayo nito. Kung ang Ebanghelyo ay ipinangangaral sa mga bansa, ito ay dahil ang mga Elder sa Israel . . . ay ipinangangaral ito hanggang sa kasuluk-sulukang bahagi ng daigdig (*DBY,* 291).

Ang pananampalataya ko ay hindi nagbubunsod sa akin na mag-akalang bibigyan tayo ng Panginoon ng mga litsong baboy, tinapay na napahiran na ng mantikilya, atbp.; bibigyan niya tayo ng kakayahang ihasik ang butil, na matamo ang mga bunga ng lupa, na gumawa ng mga tirahan, na makakuha ng ilang pirasong tabla upang makagawa ng kahon, at kapag dumating na ang anihan, na nagbibigay sa atin ng butil, nasa atin na upang iimbak ito—ang pag-imbak ng trigo hanggang sa magkaroon ng nakahandang panustos para sa isa, dalawa, lima, o pitong taon, hanggang sa magkaroon ng sapat na pandugtong buhay na inipon ng mga tao na [makapagbibigay] ng tinapay [para sa] kanila at sa mga darating dito na naghahanap ng pagkalinga (*DBY,* 291–92).

---

## Nagkaloob ng kasaganaan sa lupa ang Panginoon upang magamit natin.

Sinasabi ko sa aking mga kapatid na lalaki at babae, tayo nang matuto kung paano kumuha mula sa mga elemento, upang mapalibutan tayo, ng kasaganaan ng bawat ginhawa sa buhay, at iukol ang mga ito para sa ating pangangailangan at kaligayahan [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:18–20]. Huwag tayong manatiling mangmang, kasama ng mga mangmang, bagkus ay ipakita natin sa mga mangmang kung paano maging marunong (*DBY,* 294).

Ginawa ng Panginoon ang kanyang bahagi sa gawain; pinalibutan niya tayo ng mga elemento na naglalaman ng arina, karne, hilatsa, lana, seda, bungang-kahoy, at lahat na kailangan upang maitayo, mapaganda, at luwalhatiin ang Sion ng mga huling araw, at gawin natin na hubugin ang mga elementong ito tungo sa ating mga hinahangad at pangangailangan, ayon sa kaalaman natin ngayon at sa karunungan na maaari nating matamo mula sa kalangitan sa pamamagitan ng ating katapatan. Sa ganitong paraan muling ibabalik ng Panginoon ang Sion sa lupa, at hindi sa kung ano pa mang paraan (*DBY,* 294).

Tungkulin nating maging maliksi at masigasig sa paggawa ng lahat ng maaaring nating gawin upang buhayin ang ating sarili, upang itayo ang Kanyang Kaharian, upang ipagtanggol ang ating sarili laban sa ating mga kaaway, upang isaayos ang ating mga panukala nang may karunungan, at isagawa ang bawat paraan na maaaring maisip upang maitatag ang

Kaharian ng Diyos sa lupa, at upang gawing banal at ihanda ang ating sarili na manahan sa Kanyang kinaroroonan (*DBY,* 294–95).

Habang mayroon tayong matabang lupa sa lambak na ito, at butong itatanim, hindi natin kailangang hilingin sa Panginoon na pakainin tayo, ni sundan-sundan tayo na dala-dala ang tinapay at nagsusumamong kainin natin ito. Hindi niya gagawin ito, at hindi ko rin gagawin, kung ako ang Panginoon. Mapakakain natin ang ating sarili dito; at kung tayo man ay malagay sa kalagayang hindi natin makakaya, sa gayon ito ang magiging sapat nang panahon para gumawa ang Panginoon ng himala upang itaguyod tayo (*DBY*, 294).

Ang mga tao ay nagtutunggalian, nag-aaway, naghahangad ng paraan kung paano makalamang sa isa't isa, at kung paano matatamo ang lahat ng kayamanang nasa daigdig. . . .  Ngunit halimbawang gumawa tayo upang makuha ang lahat ng nasa ilalim ng lupa at sa ibabaw ng ating inang lupa at gamitin ito, ito ba ay magkukulang ba? Hindi, may sapat para sa lahat. Kung kaya't tingnan ang mga bagay sa kalagayan nila, mga Banal sa mga Huling Araw, at kayong mga hindi Banal sa mga Huling Araw, tingnan ang mga bagay sa kalagayan nila. At umaasa at nananalangin ako para sa kapakanan ninyo, mga taga-labas, at para sa kapakanan ng mga nagsasabing sila ay mga Banal sa mga Huling Araw, nang magkaroon tayo ng maayos na kapayapaan dito sa loob ng ilang panahon, upang maitayo natin ang ating mga pugon, mabuksan ang mga mina, magawa ang mga daang-bakal, mabungkal ang lupa, magawa nang walang abala ang mga pangangalakal; nang mapagkaabalahan natin ang pagpapaganda ng daigdig (*DBY,* 295).

---

## Dapat tayong maging matalino sa paggamit ng mga kayamanang ipinagkaloob sa atin ng Panginoon.

Ang kayamanan ng isang kaharian o bansa ay hindi lamang nababatay sa dami ng kabang-yaman nito, kundi sa katabaan ng lupa at kasipagan ng tao nito (*DBY,* 297).

Ang panahon at kakayahang gumawa ang siyang puhunan ng buong sangkatauhan, at utang nating lahat sa Diyos ang kakayahang gamitin ang panahon nang kapaki-pakinabang. Hihingin niya sa ating ang wastong pagbibigay-sulit sa ating paggamit sa kakayahang ito; at hindi lamang niya hihingin ang pagbibigay-sulit ng ating mga ginawa, kundi ang ating mga salita at kaisipan hahatulan din (*DBY,* 301).

Ang lahat ng puhunang mayroon sa ibabaw ng lupa ay ang lakas at paggawa ng mga manggagawang lalaki at babae. . . .  Ang paggawa ang nagtatayo ng ating mga bahay-pulungan, templo, bahay-hukuman, magagandang bulwagan para sa musika at magagandang bahay-paaralan;

ang paggawa ang siyang nagtuturo sa ating mga anak, at nagpapakilala sa kanila sa iba't ibang sangay ng pag-aaral, at siyang nagpapahusay sa kanila sa sariling wika at sa ibang mga wika, at sa bawat sangay ng kaalaman na nauunawaan ng mga anak ng tao (*DBY,* 300).

Huwag kailanman sasayangin ang anumang bagay. Maging masinop, tipirin ang lahat ng bagay, at kung ano ang labis para sa sarili, hilingin sa inyong mga kapit-bahay na tulungan kayong ubusin (*DBY,* 292).

Tanggapin ang mga bagay nang mahinahon at maluwag, pulutin ang lahat ng bagay, at huwag sasayangin ang anuman (*DBY,* 292).

Huwag kailanman ituturing na may sapat kayong tinapay upang mapahintulutan ang inyong mga anak na sayangin ang balat o katiting na piraso nito. Kung ang isang tao ay nagkakahalaga ng isang milyong takal ng trigo at mais, hindi pa siya ganap na mayaman upang . . . walisin ang isang butil nito patungo sa apoy; ipakain ito sa kung ano man at hayaang bumalik sa lupa, at sa gayon ay maisakatuparan ang layunin kung bakit ito tumubo. Tandaan, huwag sasayangin ang anuman, bagkus ay ingatan ang lahat (*DBY,* 292).

Para sa ating kapakinabangan ang alagaang mabuti ang mga biyayang ipinagkakaloob sa atin ng Panginoon; kung gagawin natin ang kabaliktaran, pinuputol natin ang kapangyarihan at kaluwalhatian na ipinapanukala ng Diyos na dapat nating manahin. Sa pamamagitan ng ating pag-iingat, pagtitipid, at pagpapasiya na ipinagkaloob sa atin ng Diyos, ay nagagawa nating maingatan ang ating mga butil, ang ating mga kawan at hayop, . . . mga bahay at lupain, at maparami sila sa palibot natin, patuloy na nagtatamo ng kapangyarihan at impluwensiya para sa atin bilang mga tao at para sa Kaharian ng Diyos sa kabuuan (*DBY,* 292).

Gumugol nang sapat lamang sa inyong kinikita upang maging maligaya at maginhawa ang inyong mga katawan at mag-anak, at tipirin ang matira (*DBY,* 292).

Kung nais ninyong maging mayaman, tipirin ang kinikita ninyo. Ang isang hangal ay maaaring kumita ng salapi; ngunit mangangailangan ng isang taong marunong para tipirin at gugulin ito para sa kanyang sariling kapakinabangan (*DBY,* 292).

---

**Dapat tayong magtayo ng mabubuting tahanan at lumikha ng magagandang pamayanan.**

Pagtayuin ang mga tao ng magagandang tahanan, pagtanimin ng maiinam na ubasan at mga punong kahoy, pagawin ng mahuhusay na lansangan, palikhain ng magagandang lungsod kung saan matatagpuan ang magagarang gusali para sa kaginhawaan ng madla, magagandang kalsadang nagigiliran ng



**Si William Carter habang nag-aararong malapit sa kanyang tahanan, St. George, Utah, 1893.**

mayayabong na puno, mga bukal ng tubig, malilinaw na batis, at bawat puno, palumpong at bulaklak na mabubuhay sa klimang ito, upang gawing isang paraiso ang ating tahanan sa kabundukan at maging mga balon ng pagpapasalamat ang ating mga puso sa Diyos ni Jose, kinalulugdan ito nang may mga pusong nagpapasalamat, at palaging nagsasabing, "huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo, o Ama" (*DBY,* 302).

Pagandahin ang inyong mga halamanan, ang inyong mga tahanan, ang inyong mga sakahan; pagandahin ang lungsod. Paliligayahin tayo nito, at magbibigay nang sagana. Ang lupa ay mataba, ang mga elemento ay mabuti kung gagamitin ang mga ito para sa sarili nating kapakinabangan, sa katotohanan at kabutihan. Kung gayon ay masiyahan tayo, at humayo nang buo nating lakas, upang gawin ang ating sariling malusog, mayaman, at maganda, at pangalagaan ang ating mga sarili sa pinakamainam na paraan, at mabuhay hanggang sa nararapat, at gawin ang lahat ng mabuting magagawa natin (*DBY,* 302).

Ang bawat pagpapaunlad na ating ginagawa ay hindi lamang nagdaragdag sa ating kaginhawaan kundi gayon din sa ating kayamanan (*DBY,* 302)

Karapatan ninyo, mga kabiyak na babae, na hilingin sa inyong mga asawa na magtanim ng mayayabong at namumungang mga punung-kahoy, at ikuha kayo ng ilang baging at bulaklak upang ipalamuti sa labas ng inyong

mga bahay; at kung walang panahon ang mga asawa ninyo, kayo na mismo ang kumuha at magtanim ng mga ito. Sasabihin ng ilan, marahil, "O wala man lang ako kundi bahay na troso, at hindi ito bagay para sa ganyan." Oo; bagay ito sa ganyan. Linisin at kumpunihin ito, at kumuha ng mga baging na gagapang sa ibabaw ng pintuan, upang ang lahat ng magdaraan ay magsasabing, "Anong gandang maliit na bahay!" Ito ay tanging karapatan ninyo at ninanais ko na gamitin ninyo ang inyong karapatan (*DBY,* 200).

Gumawa ng magagandang bahay; matutong magtayo; maging mahuhusay na mekaniko at mangangalakal, nang matuto kayong magtayo ng bahay, kamalig, bahay-imbakan, kung paano magsaka, at mag-alaga ng mga hayop, at ganap na pangalagaan ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng angkop na silungan at bawat nararapat na kaginhawaan para sa pag-iingat dito sa panahon ng taglamig; at patunayan ang inyong mga sariling karapat-dapat sa mas dakila pang kayamanang ipagkakatiwala sa inyo na higit pa sa lambak na ito at sa kung ano pa mang makukuha rito (*DBY,* 302).

Nakapunta na ako sa mga bahay na wala man lamang katiting na kaginhawaan sa mga babae, walang bangko kung saan nila maipapatong ang timba ng tubig, kung kaya ipinapatong nila ito sa sahig, gayunman ang kanilang mga asawa ay nakaupo lamang, at sa loob ng mga taon ay hindi man lamang nakagawa ng anumang pagpapabuti sa kalagayan gaya ng bangko na pagpapatungan ng timba. Bagamat mayroon silang kakayahan, ayaw nila itong gamitin (*DBY,* 198–99).

Ipaayos sa asawang lalaki ang kanyang kusina at paminggalan at kanyang silid tulugan para sa kapakinabangan ng kanyang mag-anak, at paunlarin ang kanyang mga halamanan, daanan, atbp., na pinagaganda ang mga tahanan at kanilang kapaligiran, ginagawa ang mga palitada at nagtatanim ng mayayabong na puno (*DBY,* 198).

---

**Dapat tayong magtiwala sa sariling kakayahan bilang mga mag-anak at mga tao.**

Magmula ngayon nais naming kayo ay maging mga taong nagtitiwala sa sariling kakayahan [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 78:14]. Dinggin ito, O Israel! dinggin ito, mga kapitbahay, kaibigan at kaaway, ito ang hinihingi ng Panginoon sa mga taong ito (*DBY,* 293).

Kayong mga Banal sa mga Huling Araw, matututong buhayin ang inyong sarili. Kung hindi ninyo matatamo ang lahat ng inyong hinahangad para sa ngayon, matutong mabuhay nang wala ang yaong hindi ninyo kayang bilhin at bayaran; at supilin ang inyong isipan sa nang kayo ay mamuhay at makapamuhay nang ayon sa inyong kaya (*DBY,* 293).

Sino ang mga nararapat papurihan? Ang mga taong nag-aalaga sa kanilang sarili o ang mga laging nagtitiwala sa dakilang awa ng Panginoon na

pangangalagaan sila? Ito ay katugon lamang ng pag-asam na pagkakalooban tayo ng Panginoon ng bunga kahit hindi tayo nagtatanim ng puno; o na kung hindi tayo nag-aararo at nagtatanim at hindi naghihirap sa pag-ani, ay dapat tayong magmakaawa sa Panginoon upang iligtas tayo sa kagipitan, tulad ng paghiling sa kanya na iligtas tayo mula sa ibubunga ng ating sariling kalokohan, pagsuway at pagsasayang (*DBY*, 293).

Ang paraan ng pagpapakita ng pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos ay para sa inyo at sa akin na gawin ang lahat ng magagawa natin para mabuhay at mapangalagaan ang ating sarili; at ang pamayanang tulung-tulong na gumagawa, sa pamamagitan ng puso at kamay, upang matamo ito, ang kanilang pagsusumikap magiging tulad ng pagsisikap ng isang tao (*DBY,* 293).

Mga kapatid, matuto. Marami na kayong natutuhan, iyan ay totoo; ngunit matuto pa nang higit; matutong buhayin ang inyong sarili; mag-imbak ng butil at arina, at mag-ipon para sa araw ng kasalatan. Mga kapatid na babae, huwag hihilingin sa inyong mga asawa na ipagbili ang pinakahuli ninyong takal ng butil upang makabili para sa inyo ng bagay sa mga tindahan, bagkus ay tumulong sa inyong mga kabiyak na mag-imbak nito para sa araw ng pangangailangan, at palaging magkaroon sa inyong mga kamay ng panustos para sa isa o dalawang taon (*DBY,* 293).

Sa halip na alamin natin kung ano ang gagawin ng Panginoon para sa atin, alamin natin kung ano ang ating magagawa para sa ating sarili (*DBY,* 293).

Kung ano man ang natamo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nakuha nila sa pamamagitan ng lubos na pagsusumikap at di malupig na kapasiyahan (*DBY,* 294).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

### Nararapat na gumawa tayo nang masigasig at gamitin ang ating oras nang may katalinuhan upang mapaglingkuran ang ating mga mag-anak at maitayo ang kaharian ng Diyos.

- Ano ang payo ni Pangulong Young tungkol sa paggamit ng “bawat sandali ng bawat araw”? (Tingnan din sa Alma 34:33.) Bakit napakahalagang kaloob ng oras? Anu-anong alituntunin ang nakatulong sa inyo na mapabuti ang paraan ng paggugol ninyo sa inyong oras?
- Bakit salungat sa mga “patakaran ng langit” ang katamaran at pagsasayang? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 42:42.)
- Bakit mangangailangan ng lahat ng uri ng paggawa ang pagtatayo ng Sion? Sa anu-anong paraan kailangan tayong gumawa sa pag-iisip, sa pangangatawan, at sa espiritu sa pagtatayo ng Sion?

## Nagkaloob ng kasaganaan sa lupa ang Panginoon upang magamit natin.

- Paano "muling ibabalik ang Sion sa lupa" ng Panginoon? Sa anu-anong tiyak na paraan tayo makatutulong sa pagtatayo ng Sion.
- Sinabi ni Pangulong Young na sa "ilalim ng lupa at sa ibabaw ng ating inang lupa . . . may sapat para sa lahat"? Kung ganoon, sa inyong palagay, bakit napakaraming paghihirap sa daigdig? Anu-ano ang magagawa natin sa ating mga mag-anak, samahan sa Simbahan, at pamayanan upang maibahagi sa bawat isa ang ipinagkaloob ng Panginoon sa atin? (Tingnan din sa Jacob 2:18–19; Doktrina at mga Tipan 104:14–18).

## Dapat tayong maging matalino sa paggamit ng mga kayamanang ipinagkaloob sa atin ng Panginoon.

- Bakit nararapat nating "huwag sasayangin ang anuman, bagkus ay ingatan ang lahat"? Paano natin magagamit ang payo ni Pangulong Young sa paksang ito sa pag-iimbak ng pagkain at paghahanda para sa kagipitan?
- Paano natin "pinuputol ang kapangyarihan at kaluwalhatian na ipinapanukala ng Diyos na dapat nating manahin"?
- Paano natin maipamumuhay ang payo ni Pangulong Young na, "Ang isang hangal ay maaaring kumita ng salapi; ngunit mangangailangan ng isang taong marunong para tipirin at gugulin ito para sa kanyang sariling kapakinabangan"?

## Dapat tayong magtayo ng mabubuting tahanan at lumikha ng magagandang pamayanan.


- Ano ang sinabi ni Pangulong Young na dapat gawin ng mga Banal upang gawin ang kanilang mga "tahanan na isang paraiso at ang [kanilang] mga puso na mga balon ng pagpapasalamat"? Anu-ano ang magagawa natin upang gawing higit na maganda ang ating mga tahanan at pamayanan? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 82:14.) Paano makatutulong sa ating aspetong pisikal, emosyonal, at espirituwal ang magagandang kapaligiran?

## Dapat tayong magtiwala sa sariling kakayahan bilang mga mag-anak at mga tao.

- Ano ang payo ni Pangulong Young tungkol sa kung paano mamuhay nang naaayon sa ating kaya? Bakit kung minsan ay mahirap sundin ang

payak na mga tuntuning ito? Anu-ano ang ilan sa tiyak na paraan upang makatiyak tayong makapamuhay nang naayon sa ating kaya?

- Pag-aralan kung ano ang sinabi ni Pangulong Young tungkol sa pagbuhay sa ating sarili, at isaalang-alang kung ano ang inyong nagawa upang matiyak na makapagtitiwala sa sariling kakayahan ang inyong mag-anak sa panahon ng pangangailangan? Gumawa ng plano upang mapalawak ang pagtitiwala sa sariling kakayahan sa inyong mag-anak at pamayanan.
- Paano nagpapakita ng pananampalataya ang masigasig na paggawa? Ano ang kaugnayan sa pagitan ng pagtitiwala sa sariling kakayahan at pagtitiwala sa kabutihan ni Cristo?
- Hinikayat ni Pangulong Young ang mga Banal na pangalagaan ang kanilang, ngunit pinayuhan din niya silang magkaisa sa kanilang mga pamayanan. Paano nagkakatulong ang ating mga pagsisikap na buhayin ang ating sarili at ang pagtatayo ang ating mga pamayanan? Paano kayo natulungan na magkaroon ng higit na tiwala sa sariling kakayahan ng mga pagsisikap ng iba?



Itinuro ni Pangulong Young na ang kayamanang temporal ay dapat na iukol sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

# Kayamanang Temporal at ang Kaharian ng Diyos

*Si Pangulong Brigham Young ay isang praktikal at hindi mapag-aksayang tao. At gumawa nang masigasig upang makapagbigay ng materyal na kaginhawahan sa kanyang mag-anak at sa iba pa. Nagtayo siya ng mga bahay, mga negosyo, at mga sakahan. Ngunit, hindi niya itinuon ang kanyang puso sa mga makamundong baga Nagbabala siyang, "ang ating mga damdamin ay kadalasang mariing nakatuon sa mga walang gaanong kabuluhan at nasisirang mga bagay" (*DNW, *ika-16 ng Hul. 1856, 2). "Batid kong ang mga bagay sa daigdig na ito, sapul sa simula hanggang katapusan, . . . ay nakagagawa lamang ng kaunti o walang kaibahan sa kaligayahan ng isang tao" (*DNW, *ika-11 ng Ene. 1860, 1). Itinuro ni Pangulong Young na ang kayamanang temporal ay nararapat na ilaan sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Dapat nating ituon ang ating mga puso sa mga bagay ng Diyos sa halip na sa mga makamundong bagay.

Kapag pinagmamasdan ko ang mga naninirahan sa mundo at namamalas ang kanilang kahinaan, maaari kong sabihin, ang kasukdulan ng kahangalan ay nasa puso ng mga hari, mga pinuno, at ng dakila, at nn mga dapat ay maging marunong at mabuti at marangal. Kapag nakikita ko silang nagsusumukot sa alikabok; nagnanasa, nananabik, naghahangad, nakikipagtunggali para sa mga bagay sa buhay na ito, naiisip ko, O mga hangal, itinutuon ninyo ang inyong puso sa mga bagay sa buhay na ito! . . . Ang isang lalaki o babae na itinatangi ang kayamanan ng daigdig at ang temporal na bagay laban sa mga bagay ng Diyos at sa karunungan ng kawalang-hanggan, ay walang mga matang nakakikita, walang taingang nakaririnig, walang pusong nakauunawa (*DBY,* 306–7).

Nagmamasid ako sa daigdig ng sangkatauhan at nakikita ko silang nag-aagawan, nag-uukyabitan, nagtutunggalian, at bawat isa ay naghahangad na mapayaman ang kanyang sarili, at maisakatuparan ang kanyang pansariling mga layunin, na ipinagwawalang-bahala ang pamayanang tinitirhan niya, na minamata ang kanyang kapwa—ang lahat ay naghahanap, nagpapanukala, nagpapakana sa oras na gising sila, at kapag natutulog ay nananaginip ng, "Paano ko malalamangan ang aking kapwa? Paano ko siya maaagawan ng kayamanan nang ako ay makaakyat sa hagdan ng kabantugan?" Ito ay ganap na maling kaisipan. . . . Ang taong naghahangad ng karangalan at kaluwalhatian sa kapinsalaan ng iba ay hindi karapat-dapat sa lipunan ng matatalino (*DBY,* 307).

Ang pagkakaroon lamang ng kayamanan ay hindi nagdudulot na kaligayahan, bagamat ito ay magdudulot ng kaginhawahan, kapag ito ay maipagpapalit para sa mga pangangailangan at karangyaan sa buhay. Kapag natamo ang kayamanan sa pamamagitan ng pagnanakaw, o ng kung ano pa mang di makatarungan at di marangal na pamamaraan, ang pagkatakot na matuklasan at maparusahan ang nag-aalis sa humahawak nito ng lahat ng kaligayahan. Kung ang kayamanan ay marangal na nalikom ng tao, gayunman ang pagkakaroon nito ay pinapapait ng kaisipang kukunin ito sa kanila ng kamatayan at pagkatapos ay mapupunta ito sa iba. Anong pag-asa mayroon sila sa hinaharap matapos nilang madaanan ang mapanglaw na daigdig na ito? Wala silang nalalaman tungkol sa hinaharap; wala silang nakikita maliban sa kamatayan at impiyerno. Ang ganap ma kaginhawaan at ang dalisay na kagalakang ay di nila nalalaman (*DBY,* 314).

Ang pagkakaroon ng lahat ng ginto at pilak sa daigdig ay hindi makasisiya sa labis na paghahangad ng walang-kamatayang kaluluwa ng tao. Ang kaloob na Banal na Espiritu ng Panginoon lamang ang makapagdudulot ng isang mabuti, kaaya-aya, at panatag na isipan. Sa halip na maghanap ng ginto at pilak, tumingala sa kalangitan at sikaping matuto ng karunungan hanggang sa maisaayos ang mga likas na elemento para sa inyong kapakinabangan; sa oras na ito, at hindi hangga't nangyayari ito, mauumpisahan ninyong ariin ang tunay na mga kayamanan (*DBY,* 305).

May hindi mabilang na dami ng ari-arian, at ginto at pilak sa ilalim at ibabaw ng lupa. Binigyan ng Panginoon ng ilan ang iba at ang iba ay ilan din—ang masasama gayon din ang mabubuti—upang makita kung ano ang gagawin nila rito, subalit ang lahat ng ito ay sa kanya. Pinagkalooban niya ng marami-rami ang mga taong ito. . . . . Subalit hindi ito sa atin, at ang kailangan lamang nating gawin ay pagsikapan at alamin kung ano ang nais ipagawa ng Panginoon sa taglay natin, at pagkatapos ay gawin natin ito. Kapag lumampas tayo rito, o bumaling sa kanan o kaliwa, pumapasok tayo sa isang uri ng gawain na di-naaayon sa batas. Ang talagang gawain natin ay

ang sumunod sa ipinagagawa sa atin ng Panginoon sa ipinagkaloob niya at gamitin ito batay sa kanyang utos, maging ito ay ang pagbibigay ng lahat, ikasampung bahagi, o ang labis (*DBY*, 305).

Ang mga kalalakihan at kababaihan na nagtatangkang mapaligaya ang sarili sa pagkakaroon ng kayamanan o kapangyarihan ay hindi ito matatamo, sapagkat walang anumang bagay maliban sa Ebanghelyo ng Anak ng Diyos ang makapagpapaligaya sa mga naninirahan sa mundo, at makapaghahanda sa kanila na tamasahin ang langit dito at sa kabilang buhay (*DBY,* 315).

---

### Ang pag-ibig sa salapi ay nagbubunsod ng kabiguan at pagkawala ng Espiritu.

Hindi baga ninyo nalalaman na ang pagmamay-ari ng inyong kayamanan ay katulad ng isang anino, o ng hamog sa umaga bago sumikat ang araw sa katanghalian, na hindi kayo magkakaroon ng katiyakan sa pagmamay-ari nito ni sa isang sandali! Ang di nakikitang kamay ng Maykapal ang siyang namamahala rito (*DBY,* 305–6).

Hindi tayo makaaasa sa katiyakan ng mga kayamanang temporal; panandalian lamang ang mga ito, at ang pananalig sa mga ito ay magsasadlak sa walang pag-asang kabiguan sa mga yaong nagtitiwala rito (*DBY,* 306).

Gayon na lamang pinaglalaruan ng Diyablo ang taong sumasamba sa kayamanan! (*DBY,* 306).

Higit akong natatakot sa pag-iimbot ng ating mga Elder kaysa mga kuyog ng impiyerno (*DBY,* 306).

Ang mga mapag-imbot at sakim, na nananabik na masakmal ang buong daigdig, ay di mapalagay sa lahat ng oras, at palagiang nagpaplano at nagpapakana na makuha ito, iyan, at ang iba (*DBY,* 306).

Matakaw ang mga tao sa mga walang kabuluhang bagay ng daigdig na ito. Mapag-imbot sila sa kanilang puso. Totoong ang mga bagay ng daigdig na ito ay nilayong paginhawain tayo, at nakapagpapaligaya ito sa ilang tao; ngunit ang kayamanan kailanman ay hindi makapagpapaligaya sa mga Banal sa mga Huling Araw. Ang kayamanan, sa sarili nilang kalagayan, ay hindi makapagdudulot ng pangmatagalang kaligayahan; tanging ang Espiritu lamang na nagmumula sa itaas ang makagagawa niyon (*DBY,* 306).

Ang mga Banal sa mga Huling Araw na nag-uukol ng kanilang pansin sa paghahanap ng salapi, di naglalaon, ay pinanlalamigan ng kanilang mga damdamin tungo sa mga ordenansa sa bahay ng Diyos. Nakaliligtaan nila ang kanilang mga panalangin, umaayaw sa pagbibigay ng mga ambag; ang batas ng ikapu ay nagiging napakabigat na gawain para sa kanila; at sa wakas ay

tuluyan na silang tumatalikod sa kanilang Diyos, at ang mga pagkalinga ng langit ay tila nakapinid para sa kanila—ang lahat ng ito ay dahil sa pagnanasa sa mga bagay ng daigdig na ito, na tiyak na masisira sa pagtangan, at sa paggamit sa kanila, sila ay maglalaho na mula sa atin (*DBY,* 315)

---

## Ang matiyagang paggawa ay nagdudulot ng mga pag-aaring temporal at kayamanang walang hanggan.

Ang pagkakaroon ng mga bagay ng daigdig na ito ay hindi, sa katunayan, kayamanan, hindi ito kasaganaan, ito ay walang iba kundi katulad din, humigit kumulang, ng anumang karaniwan sa lahat ng tao, sa makatarungan at di makatarungan, sa Banal at sa makasalanan. Sumisikat ang araw sa masama at sa mabuti; nagpapadala ang Panginoon ng kanyang ulan sa makatarungan at di makatarungan [tingnan sa Mateo 5:45]; ito ay malinaw sa ating mga paningin, at sa pang-araw-araw nating karanasan. Ang Matandang Haring Solomon, ang taong marunong, ay nagsabing, ang pag-uunahan ay hindi sa matulin, ni ang pagbabaka man ay sa malakas, ni ang mga kayamanan man ay sa mga taong marunong [tingnan sa Eclesiastes 9:11]. Ang katotohanan ng kasabihang ito ay nakikita sa pang-araw-araw nating pagmamasid. . . . Ang mahina, nanginginig, at kulang sa lakas ang siyang madalas na magwagi sa pakikibaka; at ang mangmang, hangal, at di marunong ay magkakamali sa kayamanan (*DBY,* 308).

Ang tunay na kayamanan ay binubuo ng kasanayan na lumikha ng kaluwagan at kaginhawaan mula sa mga elemento. Ang lahat ng kapangyarihan at karangalan na naidudulot ng kayamanan ay anino lamang, ang diwa ay matatagpuan sa lakas at paggawa ng milyun-milyong manggagawa. Ang paggawang naiuukol nang tama ang tunay na kapangyarihan na nagtutustos sa ating mga kagustuhan. Nagbibigay ito ng kamaharlikahan sa mga pinuno, edukasyon at mga panustos sa mga ministro ng relihiyon at pulitika, at nagtutustos sa mga kagustuhan ng libu-libong milyon sa mga anak ng sanglibutan (*DBY,* 309).

Ang ikatlo o ikaapat na bahagi ng panahong ginugugol sa paghahanap-buhay ay magiging sapat, kung ang inyong mga paggawa ay naiuukol nang wasto. Inaakala ng mga taong yayaman sila sa pamamagitan ng paggawa nang masigasig—sa paggawa ng labing-anim na oras sa loob ng dalawampu't apat na oras; ngunit hindi ito totoo. Ang karamihan sa ating mga kapatid ay halos wala nang panahon upang makadalo sa pagpupulong. Ang anim na araw ay labis sa kinakailangan natin para gumawa (*DBY,* 311).

Ito ang payo ko sa mga Banal sa mga Huling Araw ngayon. Huminto, huwag magmadali. Hindi ko alam kung makakikita ako ng isang tao sa ating pamayanan na hindi nagnanais na yumaman, magkaroon ng lahat ng bagay na magdaragdag sa kanyang kaginhawaan at kaluwagan. Alam ba ninyo kung paano ito makukuha? "Buweno," sagot ng isa, "kung hindi ko alam, nalaman ko sana; ngunit tila hindi ako ganap na mapalad—ang mabuting kapalaran ay tila lumalayo sa akin." Sasabihin ko sa inyo ang dahilan nito—lubha kayong nagmamadali; halos hindi na kayo nakadadalo sa pagpupulong, halos hindi na kayo nananalangin, halos hindi na kayo nakapagbabasa ng mga banal na kasulatan, halos hindi na kayo nagninilay-nilay, sa lahat ng oras kayo ay tila lumilipad, at lubhang nagmamadali na hindi na ninyo malaman kung ano ang unang gagawin. Hindi ito ang paraan upang maging mayaman. Ginamit ko lamang ang salitang "mayaman" upang mahikayat ang isipan, hanggang sa matamo natin ang walang hanggang mga kayamanan sa kahariang selestiyal ng Diyos. Dito ay hinahangad natin ang kayamanan para sa puntong paghahalintulad, nagnanais tayo ng mga kaginhawaan sa buhay. Kung hahangarin natin ang mga ito, gumawa tayo ng hakbang upang matamo ang mga ito. Hayaan ninyong isalin ko ito sa isang payak na pananalita—isa sa pinakapayak at pangkaraniwan na magagamit natin—"Ihanda ang inyong mga pinggan," upang sa pagbuhos ng lugaw ay mapuno ang mga ito. (*DBY,* 310).

Kapag ang [mga tao] ay kumikilos batay sa mga alituntunin na magbibigay-katiyakan sa kanila ng walang hanggang kaligtasan, nakatitiyak silang makukuha ang lahat ng hinahangad ng kanilang puso, sa malao't madali; kung hindi ito darating nayon, maaaring bukas ito dumating; kung hindi ito dumating sa buhay na ito, darating ito sa susunod na buhay (*DBY,* 309).

---

## Dapat tayong magtiwala sa sariling kakayahan at magbahagi ng ating kayamanan sa mahihirap.

Ang mahihirap ay mga tao ng Diyos, at mamanahin nila ang sanglibutan (*DBY,* 316).

Ang taong nagugutom at naghihikahos ay may karapatan sa aking pagkain kagaya ng sino pa mang tao, at dapat maging maligaya akong makisalamuha sa kanya, kung siya ay may mabuting puso, kagaya ng sa mga nakaririwasa, o sa mga prinsipe ng mundo. Lahat sila ay itinatangi ko, hindi batay sa kayamanan at katungkulang hinahawakan nila, kundi sa ugaling mayroon sila (*DBY,* 317).

Ang mga mahihirap ng Diyos ay hindi nakalilimot sa kanilang mga tipan, samantalang ang mga mahihirap ng Diyablo ay hindi nagbibigay pahalaga sa kanilang mga pangako (*DBY,* 317).

Maging tapat ang mahihirap, maging mapagbigay ang mayayaman, at magpanukalang makatulong sa mahihirap, upang maitayo ang Kaharian ng Diyos, at kasabay nito ay mapayaman ang kanilang sarili, sapagkat ito ang daan sa pagtatayo ng Kaharian ng Diyos (*DBY,* 317).

Kung makukuha ng mahihirap ang labis sa pag-aari ng mayayaman, marami sa kanila ang magwawaldas nito sa pagnanasa ng laman, at wawasakin ang kanilang mga sarili sa paggamit nito. Sa dahilang ito ay hindi hinihingi ng Panginoon sa mayayaman na ibigay ang lahat ng kanilang kabuhayan sa mahihirap. Totoong nang lumapit ang kabataang lalaki kay Jesus upang mabatid kung ano ang kailangan niyang gawin upang maligtas, sinabi niya sa kanya "ipagbili ang lahat mong tinatangkilik, at ipamahagi mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit, at pumarito ka, sumunod ka sa akin;" at ipinalalagay ng marami na sinabi niya sa kabataang lalaki na ipamigay ang lahat ng mayroon siya, ngunit hindi kinailangan ni Jesus ang ganoong bagay; ni sinabi niya ito, ngunit sinabi lamang niyang,"ipamahagi sa mahihirap" [tingnan sa Lucas 18:18–23] (*DBY,* 317–18)

Isang kahihiyan sa bawat lalaki at babae na may sapat na isip upang mabuhay, na hindi pangalagaan ang sarili nilang mga kamag-anak, ang sarili nilang mahihirap, at magpanukala sa kanila na gumawa ng anumang bagay na magagawa nila (*DBY,* 318).

---

## Dapat nating iukol ang ating kayamanang temporal sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

Para saan ang kayamanan? Para makapamahagi ng biyaya, upang makagawa ng mabuti. Samakatwid ay ipamigay natin ang mga ibinigay sa atin ng Panginoon sa pinakamainam na paggamit para sa pagtatayo ng kanyang Kaharian, para sa pagtataguyod ng katotohanan sa mundo, nang ating mamalas at matamasa ang mga pagpapala ng Sion ng Diyos dito sa lupang ito (*DBY,* 307).

Kung, sa pamamagitan ng kasipagan at marangal na pagnenegosyo, ay nakalikom kayo ng libu-libo o milyun-milyon, humigit kumulang, tungkulin ninyo na gamitin ang lahat ng inilagay sa inyong pagmamay-ari, sa pinakamatalinong paraang maaabot ng inyong kaalaman, upang maitayo ang Kaharian ng Diyos sa lupa (*DBY*, 313–14).

Kung mayroon tayong daan-daang milyong salapi at iniukol ang yamang ito sa pagtatayo ng Kaharian ng Diyos at sa paggawa ng mabuti sa kanyang mga nilalang, na may matang nakatuon sa kanyang kaluwalhatian, tayo ay may pagpapala at karapatan sa kaligtasan katulad ng sa kawawang pulubi na namamalimos sa bawat pinto; ang matapat na taong mayaman ay may

karapatan sa mga paghahayag ni Cristo kagaya ng matapat na taong mahirap (*DBY,* 314).

Kinakailangan nating magbantay at manalangin, at maingat na pag-aralan ang ating mga paglakad at pakikipag-usap, at manahan malapit sa ating Diyos, upang hindi masakal ng pag-ibig sa mundo ang mahalagang binhi ng katotohanan, at maging handa, kung kinakailangan, na ihandog ang lahat ng mga bagay, kahit na ang buhay mismo, para sa kapakanan ng Kaharian ng Langit (*DBY,* 314).

Maging mulat, mga tao ng Israel, at mag-ingat na hindi ninyo iibigin ang daigdig o ang mga bagay ng daigdig sa kanilang kalagayan sa kasalukuyan, at sa inyong pagkamataas at kapalaluan, ay makalimutan ang Panginoon na inyong Diyos. Huwag na nating pahahalagahan ang ginto at pilak, at ang pagmamay-aring labis na hinahangad ng masamang daigdig, kaysa lupa o graba na ating tinatapakan (*DBY*, 314).

Bagamat ako ay mayroong milyun-milyong salapi at pag-aari, hindi ako nito binibigyang pahintulot na hindi ko na gampanan ang tungkuling ibinigay sa akin, hangga't may lakas at kakayahan ako, kagaya rin namang hindi binibigyang pahintulot ang pinakamahirap na tao sa pamayanan. Kung higit tayong nabibiyayaan ng kayamanan, higit tayong nabibiyayaan ng pananagutan; kung higit tayong nabibiyayaan ng karunungan at kakayahan, higit tayong inilalagay sa pangangailangang gamitin ang karunungan at kakayahang iyon sa pagpapalaganap ng pagkamatwid, ng paglupig ng kasalanan at karalitaan, at sa pagpapabuti sa kalagayan ng sangkatauhan. Ang taong may iisang talento at ang taong may limang talento ay may naaayong pananagutan [tingnan sa Mateo 25:14–30]. Kung tayo ay may mundo ng kayamanan, tayo ay may mundo ng pananagutan (*DBY,* 315).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

### Dapat nating ituon ang ating mga puso sa mga bagay ng Diyos sa halip na sa mga makamundong bagay.

- Bakit kahangalan ang pagtutuon ng ating puso sa mga bagay ng daigdig na ito? Paano natin maitutuon ang ating mga puso sa mga bagay ng Diyos?
- Ayon kay Pangulong Young, bakit biniyayaan ang ilan ng kayamanan? Anong mga panganib ang naghihintay sa mga nabibigong "gawin ang nais ng Panginoong gawin nila ayon sa ipinagkaloob sa kanila"? Paano ninyo malalaman kung ginagawa ninyo ang "labag sa batas na pagnenegosyo"? Anu-ano ang naging karanasan ninyo sa pagbabahagi

ng inyong mga pag-aaring temporal habang sinisikap ninyong ipamuhay ang ebanghelyo?

---

**Ang pag-ibig sa salapi ay nagdudulot ng kabiguan at pagkawala ng Espiritu.**

- Bakit ang pananalig sa kayamanang materyal ay nagdudulot ng kabiguan? Anu-anong patunay ang inyong nakikita upang ating sang-ayunan ang pag-aalala ni Pangulong Young tungkol sa pag-iimbot sa mga puso ng tao? Paano natin maiiwasan ang ganitong mga suliranin?
- Ano ang nangyayari sa mga "nag-uukol ng kanilang pansin sa paghahanap ng salapi"? Paano nagpapatalikod sa tao mula sa templo, panalangin, at ikapu ang maling pagsamba sa salapi?

---

**Ang matiyagang paggawa ay nagdudulot ng mga pagmamay-aring temporal at kayamanang walang hanggan.**

- Ano ang "tunay na kayamanan"? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 6:7.)
- Ano ang payo ni Pangulong Young sa mga yaong gumugugol nang labis-labis na panahon sa pagtatangkang makalikom ng kayamanan ng mundo?
- Ano ang kailangan nating gawin upang magtamo ng "walang- hanggang kayamanan sa kahariang selestiyal ng Diyos"?
- Sinabi ni Pangulong Young na: "Huwag magmadali. . . . Hindi ito ang paraan upang yumaman." Ano sa palagay ninyo ang ibig niyang sabihin? Paano ninyo maipamumuhay ang payo niyang ito?

---

**Dapat tayong magtiwala sa sariling kakayahan at magbahagi ng ating kayamanan sa mahihirap.**

- Ano ang dapat nating maging saloobin tungkol sa pagtulong sa mahihirap? Ano ang hinihingi ng Panginoon mula sa mahihirap? mula sa mayayaman? (Tingnan din sa Mosias 4:16–28.)
- Bakit higit na mahalaga ang pag-uugali kaysa kayamanang temporal?
- Ano ang ating pananagutan sa mga kamag-anak na nangangailangan?

**Dapat nating iukol ang ating kayamanang temporal sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.**

- Anu-ano ang pananagutan ng mga taong tumatanggap ng kayamanang temporal?
- Paano kapwa makapag-aambag nang may kagandahang-loob ang mayayaman at mahihirap sa pagtatayo ng kaharian? Anu-anong biyaya ang nakalaan sa mga gumagawa nito?



Larawan ni Elder Thomas C. Griggs, isang misyonero
sa Kapuluang Britanya, noong 1880.

# Gawaing Misyonero

*Iilan ang nag-ukol ng gayon na lamang sa layunin ng gawaing misyonero kagaya ng ginawa ni Pangulong Brigham Young. Ang paglalarawan sa kanyang pagdating sa Kirtland, Ohio—pagkatapos maglingkod ng misyon sa loob ng humigit-kumulang sa isang taon—ay isang makabagbag damdaming pagsasalaysay ng pagtitiis na kanyang dinanas para sa gawaing ito: "Nang dumating kami sa Kirtland [noong Setyembre 1833], kung may isa man sa mga nakipagtipon sa mga Banal na higit na pulubi kaysa sa akin—iyon ay dahil walang-wala siya . . . May dalawa akong anak na inaalagaan—iyon lamang. Isa akong balo. 'Kapatid na Brigham, may sapatos ka ba?' Wala; walang sapatos sa aking mga paa maliban sa hiniram na mga bota. Wala akong damit panlamig, maliban sa isang amerikanang ginawa sa bahay na ginamit ko na ng tatlo o apat na taon. 'May pantalon?' Wala; 'Ano ang isinuot mo? Hindi ka ba nagpapantalon?' Hindi; nanghiram ako ng isang paris upang maisuot hanggang sa magkaroon ako ng isa pang paris. Naglakbay ako at nangaral at ibinigay ang bawat dolyar ng aking ari-arian. May kaunti akong kayamanan nang magsimula akong mangaral. . . . Naglakbay ako at nangaral hanggang sa wala nang natira para sa sarili ko; ngunit sinabi ni Joseph: 'halika'; at ako ay sumunod sa abot ng aking makakaya." (*DNSW, *ika-9 ng Marso 1867, 2).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ipangangaral ang ebanghelyo sa lahat ng tao.

Tinawag ako ng Panginoon sa gawaing ito, at nadarama kong tila gagawin ko ito. Ipadadala natin ang Ebanghelyo sa mga bansa; at kung hindi tayo tatanggapin ng isang bansa, tutungo tayo sa susunod at iipunin ang mga tapat sa puso, at ang iba ay hindi na natin pakikitunguhan hanggang sa marating natin ang Bundok ng Sion bilang tagapagligtas, upang harapin ang mga ordenansa sa bahay ng Diyos para sa kanila [tingnan sa Obadias 1:21] (*DBY,* 319).

Kinakailangang ipangaral ang Ebanghelyo sa sanglibutan, upang ang masasama ay hindi na magkaroon ng dahilan (*DBY,* 319).

Kinakailangang magkaroon ang lahat ng tanging karapatan na tanggapin o tanggihan ang walang hanggang katotohanan, upang makapaghanda silang maligtas, o makapaghandang mapahamak (*DBY,* 319).

Ang ating Ama sa Langit, si Jesus, na ating Nakatatandang Kapatid at ang Tagapagligtas ng sanglibutan, at ang buong kalangitan, ay nananawagan sa mga taong ito na maghandang iligtas ang mga bansa sa mundo, gayon din ang milyun-milyong namayapa nang walang Ebanghelyo (*DBY,* 319).

Ipinanumbalik ng Panginoon ang Pagkasaserdote sa ating panahon para sa kaligtasan ng Israel. Naglalayon ba siyang magligtas pa ng iba? Oo; kanyang ililigtas ang Bahay ni Esau, at umaasa akong mabuhay hanggang makita kong naitatag ang Bundok ng Sion, at magsiparito ang mga tagapagligtas upang iligtas ang yaong mahihirap, kahabag-habag na mga taong patuloy na umuusig sa atin—ang lahat ng yaong hindi nagkasala laban sa Espiritu Santo. Ang gawain natin ay iligtas ang ating sarili, iligtas ang Bahay ni Israel, iligtas ang Bahay ni Esau, at ang lahat ng bansang Gentil—ang lahat ng maaaring iligtas (*DBY,* 319).

Magiging ganap akong maligaya kung malaman kong. . . . ang mga tao sa bawat pulo at lupalop, kapwa ang mataas at mababa, ang mangmang at matalino, ay nakatanggap ng mga salita ng buhay na walang hanggan, at naipagkaloob sa kanila ang kapangyarihan ng walang hanggang Pagkasaserdote ng Anak ng Diyos (*DBY,* 320).

Darating ang araw na ihaharap ang Ebanghelyo sa mga hari at reyna at mga taong dakila sa daigdig; ngunit ito ay ihaharap nang may ibang lakas kaysa lakas ng paghaharap nito sa mahihirap, bagamat iisang Ebanghelyo ito. Hindi tayo maghaharap ng anupamang Ebanghelyo; hindi ito nagbabago mula sa walang katapusan hanggang sa walang katapusan (*DBY,* 320).

Nakapangaral din ang mga Elder sa iba't-ibang mga bansa sa Europa hanggang kung saan sila pinahihintulutan. Sa ibang mga bansa ay hindi sila pinahihintulutan ng batas; ngunit ganap na babaguhin ng Panginoon ang mga bansang ito hanggan sa mabuksan ang pintuan at maipangaral ang Ebanghelyo sa lahat (*DBY,* 320).

Iniipon natin ang pinakamahirap sa mga tao, at walang pinag-aralan, at ilang may pinag-aralan; ngunit sa pangkalahatan, iniipon natin ang mga mahirap, na nais matubos; na nakadarama ng pang-aapi na pinagtitiisan nila mula sa matataas at palalo; nakadarama sila ng paghahangad na mapalaya, at kasunod nito ay nabuksan ang kanilang mga tainga upang tanggapin ang katotohanan. Tingnan ang mga nagtatamasa ng mga karangyaan sa buhay na ito, natatakpan ang kanilang mga tainga; hindi sila nakaririnig (*DBY,* 321).

At kung kayo ay tinawag na mangaral ng Ebanghelyo sa dayuhang mga misyon, gumawa ng hakbang upang mailigtas ang bawat tao. Walang sinumang lalaki o babae na nasasaklawan ng hangganan ng nakaliligtas na pagpapala ang hindi karapat-dapat mailigtas. Walang sinumang matalinong tao, maliban sa mga nagkasala laban sa Espiritu Santo, ang hindi karapat-dapat, masasabi ko, sa pagpupunyagi ng isang Elder na mailigtas sa Kaharian ng Diyos (*DBY,* 321).

## Dapat na ituon ng mga misyonero ang kanilang isipan at puso sa kanilang misyon at masigasig na gumawa upang makapagdala ng mga kaluluwa kay Cristo.

Walang sinumang lalaki o babae sa Simbahang ito ang hindi nasa isang misyon. Ang misyong yaon ay magtatagal hangga't nabubuhay sila, at ito ay ang gumawa nang mabuti, ang itaguyod ang pagkamatwid, ang ituro ang mga alituntunin ng katotohanan, at ang pairalin sa kanilang sarili at sa bawat isa sa kanilang paligid na ipamuhay ang mga yaong alituntunin upang kanilang matamo ang buhay na walang hanggan (*DBY,* 322).

Nang sumapi ako sa Simbahang ito, kaagad akong nagsimula bilang isang misyonero, at nagdala ako ng aklat, at nagsimulang maglakbay upang mangaral. Ang katotohanan ang aking aklat, ang Ebanghelyo ng kaligtasan ang aking paksa, at ang sanglibutan ang aking paligid (*DBY,* 322).

Hindi natin ninanais na magmisyon ang isang tao, kung ang kanyang puso ay wala rito (*DBY,* 322).

Ang mga kapatid na lalaking natawag sa mga misyon sa ibayong dagat ay inaasahan nating tutugon sa panawagan nang may kagalakan (*DBY,* 322).

Humayo at ipangaral ang Ebanghelyo, magtamo ng karanasan, matuto ng karunungan, at lumakad nang may pagpapakumbaba sa harapan ng inyong Diyos, nang inyong matanggap ang Espiritu Santo na gagabay at aakay sa inyo, at magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay na nakaraan, na nasa kasalukuyan, at sa hinaharap (*DBY,* 322).

Humayong nananalig sa Diyos, at magpatuloy na manalig sa kanya, at kanyang bubuksan ang inyong daan at pararamihin ang inyong pagpapala, at masisiyahan ang inyong kaluluwa sa kanyang kabutihan. Wala akong maipapangakong mabuti sa inyo sa pagtahak sa isang landas na di matwid; nararapat na maging mga halimbawa ng mabubuting gawa ang inyong buhay (*DBY,* 322).

Nais kong maikintal sa isipan ng mga kapatid na lalaki, na ang yaong humahayo sa pangalan ng Panginoon, na nananalig sa kanya nang buo niyang puso, ay hindi kailanman magkukulang ng karunungan upang masagot ang anumang itanong sa kanya, o makapagbigay ng payo na maaaring kailanganin upang maakay ang mga tao sa daan ng buhay at kaligtasan, at hindi siya kailanman malilito nang walang katapusan. Humayo sa pangalan ng Panginoon, manalig sa pangalan ng Panginoon, sumalig sa Panginoon, at manawagan sa Panginoon nang taimtim at walang tigil, at huwag papansinin ang sanglibutan. Makamamalas kayo ng maraming bagay ng sanglibutan—ito ay nasa inyong harapan tuwina—ngunit kung namumuhay kayo sa paraang mapasainyo ang Espiritu Santo higit kayong makauunawa sa pamamagitan nito sa loob ng isang araw kaysa sa loob ng isang dosenang araw kung wala ito, at kaagad ninyong makikita ang kaibahan ng karunungan ng mga tao sa karunungan ng Diyos, at matitimbang ninyo ang mga bagay-bagay at matutuos sila sa tama nilang halaga (*DBY,* 323).

Kung hindi makaaalis ang mga Elder nang may malilinis na kamay at dalisay na mga puso, higit na mabuting dumito na lamang sila. Huwag mag-aakalang pagsapit ninyo sa Ilog Missouri, sa Mississippi, sa Ohio, o sa

Atlantiko, ay doon na ninyo padadalisayin ang mga sarili; ngunit mag-umpisa na ritong may malilinis na mga kamay at dalisay na puso, at maging dalisay mula sa tuktok ng ulo hanggang sa mga sakong ng inyong paa; at mamuhay nang ganito bawat oras [tingnan sa Mga Awit 24:4]. Humayo sa ganitong paraan, at sa ganitong paraan gumawa, at muling bumalik na kasing linis ng isang piraso ng puting papel. Humayo sa ganitong paraan; at kung hindi ninyo ito gagawin, masasaktan ang inyong puso (*DBY,* 323).

Ang mga paglalakbay at paggawa ng mga Elder na papaalis patungo sa mga misyon ay maglalagay sa kanila sa katayuang magbubunsod sa kanilang maghangad sa Panginoon. Kailangan nilang ipamuhay ang kanilang relihiyon, humayong may dalisay na puso at malilinis na kamay, at ipangaral ang Ebanghelyo sa pamamagitan ng kapangyarihang ipinadala ng Diyos mula sa langit. Kinakailangang huwag silang magkakasala, at sa kanilang pag-uwi ay dapat silang dumating na dalisay at malinis, na handang makipagkita sa mga Banal nang may maaliwalas na mukha (*DBY,* 325).

Kung kayo ay pupunta sa misyon upang ipangaral ang Ebanghelyo nang hindi seryoso at may pagbibiro sa inyong puso, na naghahangad ng ganito at ganyan, at upang matutuhan ang tungkol sa sanglibutan, at hindi nakapako ang inyong mga isipan—oo, sasabihin kong nakapako sa krus ni Cristo, aalis at babalik kayong walang kabuluhan. Humayo kayong may mataimtim na pag-iisip na dala ang mahalagang binhi, puspos ng kapangyarihan ng Diyos, at puspos ng pananampalatayang mapagaling ang maysakit maging sa paghaplos ng inyong kamay, na mapagalitan at mapalayas ang masasamang espiritu, at maligaya ang mahihirap sa mga tao, at babalik kayong dala ang inyong mga tangkas [tingnan sa Mga Awit 126:5–6]. Ituon ang inyong mga isipan sa inyong misyon at gumawa nang may pagsusumikap upang makapagdala ng mga kaluluwa kay Cristo (*DBY,* 325).

Italaga sila [ang inyong mga mahal sa buhay] sa Panginoong Diyos ng Israel, at iwan sila na nasa tahanan; at kung nasa Inglatera kayo, o nasa ibang bansa, hindi mahalaga kung saan, kapag ipinanalangin ninyo ang inyong mag-anak, ipanalangin sila . . . at huwag silang dadalhing malapit sa inyo, na para bang nasa loob sila ng inyong maleta. Ipanalangin sila saan man sila naroroon. Nararapat ninyong madamang—kung mabuhay sila, ayos ang lahat; kung mamatay sila, ayos ang lahat; kung mabuhay ako, ayos ang lahat; kung mamatay ako, ayos ang lahat; sapagkat tayo ay sa Panginoon, at muli tayong magtatagpu-tagpo hindi maglalaon (*DBY,* 324).

Kung kinasisiyahan ng mga tao ang diwa ng kanilang misyon at napagtatanto ang pagkakatawag sa kanila at ang kanilang katayuan sa harapan ng Panginoon at mga tao, bumubuo ito sa pinakamaligayang yugto ng kanilang buhay (*DBY,* 328).

---

**Ang Espiritu, hindi ang lohika o pakikipagtalo, ang nagpapanumbalik sa mga tao sa ebanghelyo ni Cristo.**

Nakapaglalakbay pa lamang ako nang maikling panahon upang makapagpatotoo sa mga tao, nang malaman ang katotohanang ito, na



**Mga misyonero ng Simbahan sa Echo Canyon, Utah, 1867. Ipinangaral ng naunang mga misyonero ang ebanghelyo sa Inglatera, Europa, at kapuluan sa Dagat Pasipiko.**

maaari ninyong mapatunayan ang doktrina mula sa Biblia hanggang sa araw ng paghuhukom, at ito ay makakukumbinsi lamang sa mga tao, ngunit hindi magpapanumbalik sa kanila. Maaari ninyong basahin ang Biblia mula sa Genesis hanggang Apocalipsis, at patunayan ang anumang katiting na doktrinang ilalahad sa ninyo, ngunit ang ganito ay walang lakas na magpapanumbalik sa mga tao. Wala anumang bagay maliban sa isang patotoo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ang magdudulot ng liwanag at lakas sa kanila—na magdadala sa kanilang puso sa pagsisisi. Walang anumang bagay maliban dito ang makagagawa nito. Madalas ninyong marinig sa akin na higit kong nanaisin na marinig ang isang Elder, maging dito man o sa sanglibutan, na makabigkas lamang ng limang salitang kinasihan ng kapangyarihan ng Diyos, at higit na makabubuti ang mga ito kaysa makinig sa mahahabang sermon nang walang Espiritu. Ito ay totoo, at batid natin ito (*DBY,* 330).

Pahayuin ang isang maingat na nagpapatunay sa paraan ng lohika sa lahat ng sinasabi niya sa pamamagitan ng pagsipi sa mga paghahayag, at pasamahin sa kanya ang isang makapagsasabi, sa pamamagitan ng Espiritu Santo ng, Ganito ang wika ng Panginoon, at sasabihin sa mga tao kung ano ang dapat nilang paniwalaan—kung ano ang dapat nilang gawin—kung paano sila dapat na mamuhay, at turuan silang magpadala sa mga alituntunin ng kaligtasan,—bagamat hindi siya makagawa ni isang katwirang lohikal, bagamat maaaring nanginginig siya sa kanyang kahinaan, na nananalig sa Panginoon para lumakas, kagaya ng karaniwang nangyayari sa mga tao, halos palagi ninyong matutuklasan na ang taong nagpapatotoo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ay makakukumbinsi at

makakapag-iipon ng higit na maraming matapat at matwid na tao kaysa roon sa nangangatwiran sa pamamagitan ng lohika lamang (*DBY,* 330).

Walang kakayahang makapagligtas ang pakikipagtalo at pangangatwiran tulad ng pagpapatotoo sa katotohanan ayon sa paghahayag ng Panginoon sa Elder sa pamamagitan ng Espiritu. Sa palagay ko ay sasang-ayon kayo sa akin sa bagay na ito; kahit paano, ganito ang aking karanasan. Hindi ko ninanais na ipakahulugang naglalagay ako ng hadlang sa mga Elder na nag-iipon sa kanilang isipan ng lahat ng katwirang makukuha nila para sa pagtatanggol sa kanilang relihiyon, at hindi ko rin nais na pigilin sila kahit bahagya man sa lahat ng kaalamang matatamo nila hinggil sa mga relihiyon at pamahalaan. Higit na maraming alam ang mga Elder, higit na mainam (*DBY,* 330).

Ang espiritu ng katotohanan ay makagagawa nang higit sa paghahatid sa mga tao ng liwanag at kaalaman, kaysa mabulaklak na mga salita (*DBY,* 333).

Kinakailangan ng mangangaral ang kapangyarihan ng Espiritu Santo upang maibahagi sa bawat puso ng tao ang isang mensahe sa tamang panahon, at kinakailangan ng tagapakinig ang Espiritu Santo upang ipamalas ang mga bunga ng ipinangaral na salita ng Diyos para sa kaluwalhatian nito [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 50:17–22] (*DBY,* 333).

Walang sinumang tao ang nangaral ng isang sermon ng Ebanghelyo, maliban sa kaloob at kapangyarihan ng Espiritu Santo na ipinadala mula sa langit. Kung wala ang kapangyarihang ito, walang liwanag sa pangangaral (*DBY,* 333).

Kung ang isang Elder, sa pangangaral ng Ebanghelyo, ay hindi nadarama na sumasakanya ang kapangyarihang mangaral ng buhay at kaligtasan, at ang karapatang pangasiwaan ang mga ordenansa, at ang mga ito rin, ay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, hindi niya mapupunan ang kanyang misyon para sa kanyang sariling kapurihan, o para sa kabutihan ng mga tao, at sa pagsusulong at karangalan ng Kaharian ng Diyos. Mula sa aking mga nabasa, mula sa aking mga napag-alaman, mula sa mga paghahayag ng Diyos sa tao, at mula sa mga paghahayag ng Espiritu sa akin, walang sinuman ang matagumpay na makapangangaral ng Ebanghelyo at aariin, pagpapalain, at kikilalanin ng kalangitan, malibang nangangaral siya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos sa kaparaanan ng tuwirang paghahayag (*DBY,* 336).

---

## Magpatuloy na gumawa nang may katapatan at panatilihin ang espiritu ng pangangaral ng ebanghelyo.

Nais kong makiusap nang ganito: na ang mga Elder na bumabalik mula sa mga misyon ay dapat na ituring ang kanilang sariling nasa misyon pa rin kagaya ng pagmimisyon nila sa Inglatera o saan pa mang bahagi ng daigdig (*DBY,* 328).

Madalas tayong tumawag ng mga kapatid na lalaki na pumunta sa mga misyon upang ipangaral ang Ebanghelyo, at pumupunta sila at naglilingkod nang may katapatan sa abot ng kanilang kakayahan, na taimtim sa espiritu, sa panalangin, sa pagpapatong ng mga kamay, sa pangangaral at pagtuturo sa mga tao kung paano maligtas. Sa loob ng ilang taon ay umuuwi sila, at

pagkaraang hubarin ang kanilang mga kapa at sombrero, ay sasabihin nilang, "Relihiyon, tumabi ka, magtatrabaho ako ngayon upang kumita para sa aking sarili at mag-anak." Ito ay isang kahangalang walang kapantay. Kung ang isang lalaki ay umuuwi mula sa misyon kung saan niya ipinangaral ang Ebanghelyo, nararapat na kasing handa siyang pumunta sa pulpitong ito upang mangaral na parang siya ay nasa Inglatera, Pransiya, Alemanya, o sa mga kapuluan sa dagat. At kung nakauwi na siya ng isang linggo, isang buwan, isang taon, o sampung taon, ang espiritu ng pangangaral at ang espiritu ng Ebanghelyo ay nararapat na sumasakanyang katulad ng ilog na dumadaloy patungo sa mga tao sa magandang mga pananalita, turo, alituntunin, at halimbawa. Kung hindi ganito, hindi niya napupunan ang kanyang misyon (*DBY,* 328–29).

Magsiuwing nakataas noo. Panatilihin ang inyong mga sariling malinis, mula sa tuktok ng inyong ulo hanggang sa sakong ng inyong paa; maging dalisay ang puso,—kundi ay uuwi kayong may mabigat na espiritu at may malungkot na mukha, at madaramang tila hindi ninyo kayang muling tumayo (*DBY,* 328).

Ang mga matapat na Elder na nagpatotoo sa libu-libong tao sa mga lupalop at kapuluan ng karagatan ay makikita ang mga bunga ng kanilang paggawa, sila man ay umusal ng lima o libu-libong salita. Maaaring hindi nila mamalas kaagad ang mga bungang ito, at maaari, sa napakaraming pagkakataon, hangga't hindi pa dumarating ang Milenyo; ngunit ang bisa ng kanilang patotoo ay maisasalin mula sa ama patungo sa anak (*DBY,* 329).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

### Ipangangaral ang ebanghelyo sa lahat ng tao.

- Sinabi ni Pangulong Young na kung ipangangaral ang ebanghelyo sa mga hari at reyna, ito ay "ihaharap nang may ibang lakas kaysa lakas ng paghaharap nito sa mahihirap." Bakit ang iba't ibang tao ay tumutugon sa iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo? Paano natin maiaangkop ang ating pamamaraan ng pagtuturo upang turuan ang iba't ibang tao nang hindi maisasaisantabi ang mga katotohanan ng ebanghelyo?
- Sinabi ni Pangulong Young ang Panginoon ay "ganap na babaguhin ang mga bansa" na ang kung kaninong mga batas ay hindi nagpapahintulot sa pangangaral ng ebanghelyo. Paano natutupad ang propesiyang ito?
- Ayon kay Pangulong Young, sino ang "karapat-dapat iligtas"? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 18:10–16.)

---

### Dapat na ituon ng mga misyonero ang kanilang isipan at puso sa kanilang misyon at masigasig na gumawa upang makapagdala ng mga kaluluwa kay Cristo.

- Ayon kay Pangulong Young, ang bawat lalaki at babae sa Simbahang ito ay nasa isang misyon. Anu-ano ang pananagutan natin? Anu-anong tiyak na kilos ang nagbigay sa inyo o sa iba ng tagumpay sa inyong mga gawaing misyonero? Ano-ano ang natutuhan ninyo mula sa inyong mga

gawaing misyonero na makatutulong sa inyo na maging higit na mabisa sa paghihikayat sa mga tao na lumapit kay Cristo? (Tingnan din sa Moroni 10:32.)

- Itinuro ni Pangulong Young na dapat na ilagay ng mga misyonero ang kanilang puso sa gawain? Batay sa inyong nabasa sa kabanatang ito, ano ang ibig ipakahulugan nito?
- Ano ang ipinangako ni Pangulong Young sa mga yaong nangangaral ng ebanghelyo at nananalig sa Diyos? Bakit dapat nating hangarin ang pakikipagtipan ng Espiritu Santo habang ibinabahagi natin ang ebanghelyo?
- Bakit mahalaga sa mga misyonero na maging malinis bago sila magsimulang maglingkod sa misyon? Ano ang payo ni Pangulong Young hinggil sa pagiging karapat-dapat ng mga misyonero habang naglilingkod at sa kanilang pagbalik?
- Bakit dapat na "ipako" ng mga misyonero ang kanilang isipan sa Tagapagligtas, kay Jesucristo? Ano ang payo ni Pangulong Young sa mga misyonero na humaharap sa pananabik na makauwi?

---

**Ang Espiritu, hindi ang lohika o pakikipagtalo, ang nagpapanumbalik sa mga tao sa ebanghelyo ni Cristo.**

- Bakit higit na mabisa ang mga misyonerong nagpapatotoo sa ebanghelyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu kaysa sa mga nagtuturo lamang sa pamamagitan ng lohika at katwiran? Bakit hindi mabisang pamamaraan ng pagbabahagi ng ebanghelyo ang pakikipagtalo?
- Bakit walang kaliwanagan sa pangangaral ng mga yaong wala sa kanila ang Espiritu Santo?
- Ano ang ipinangako ni Pangulong Young sa mga yaong nangangaral "sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos sa kaparaanan ng tuwirang paghahayag" at nananalig sa Kanya?

---

**Magpatuloy na gumawa nang may katapatan at panatilihin ang espiritu ng pangangaral ng ebanghelyo.**

- Bakit isang "kahangalang walang kapantay" para sa mga misyonero ang isasantabi ang kanilang relihiyon sa kanilang pag-uwi?
- Kung tayo ay hinahalinhan sa ating tungkulin, paano natin mapananatili "ang espiritu ng pangangaral at ang espiritu ng Ebanghelyo . . . katulad ng ilog na dumadaloy patungo sa mga tao sa magandang mga pananalita, turo, alituntunin, at halimbawa"?
- Ano ang ipinangako ni Pangulong Young sa matatapat na misyonero na nagpapatotoo sa gawain ng Panginoon?

# Pagpapalakas sa mga Banal sa Pamamagitan ng mga Kaloob ng Espiritu

*Bilang kabataan, masikap na naghangad si Brigham Young ng isang relihiyon kung saan makikita ang lahat ng kaloob ng ebanghelyo kagaya ng nakatala sa Bagong Tipan. Bago siya bininyagan, tumanggap siya ng isang malakas na patotoo ng Simbahan nang palinawin ang kanyang pang-unawa ng Espiritu Santo (tingnan sa* DNW, *ika-9 ng Peb. 1854, 4). Sa kanyang unang pakikipagkita kay Joseph Smith sa Kirtland, biniyayaan si Brigham Young ng kaloob na mga wika (tingnan sa* MHBY-1, *4–5). Bagamat iyon ay isang pambihirang pangyayari sa kanyang buhay, lagi siyang nagagalak sa pagkakaiba-iba ng mga kaloob ng espiritu na ipinagkaloob sa kanya at sa mga Banal sa mga Huling Araw. "Kung nasa atin ang relihiyon ng Tagapagligtas, may karapatan tayo sa mga biyaya nang walang pagkakaiba kaysa noong una. Hindi sa ang lahat ay nagkaroon ng mga pangitain, hindi sa ang lahat ay nagkaroon ng mga panaginip, hindi sa ang lahat ay nagkaroon ng kaloob ng mga wika o ng pagbibigay-kahulugan sa mga wika, ngunit ang bawat isa ay tumanggap ayon sa kanyang kakayahan at sa biyaya ng Tagapagbigay" (*DNW, *ika-27 ng Peb. 1856, 3).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Nagbibigay ang Panginoon ng mga Kaloob ng Espiritu upang palakasin at pagpalain tayo, ang ating mga mag-anak, at ang Simbahan.

Ang mga kaloob ng Ebanghelyo ay ibinibigay upang palakasin ang pananampalataya ng naniniwala (*DBY,* 161).

Tinatanong tayo kung may mga palatandaang nakikita ang mga naniniwala sa ating panahon kagaya noong unang mga panahon. Sumasagot tayo ng oo. Nakakikita ang mga bulag, nakatatalon ang mga lumpo, nakaririnig ang mga bingi, nakikita ang kaloob na pagpopropesiya, at gayon din ang kaloob na pagpapagaling, ang kaloob na paghahayag, ang kaloob na mga wika at pagbibigay-kahulugan sa mga wika. Sinabi ni Jesus

na ang mga palatandaang ito ay susunod sa kanilang mga naniniwala [tingnan sa Marcos 16:17]. Ang kanyang Simbahan at Kaharian sa lahat ng panahon ay may ganitong mga palatandaang sumusunod sa mga naniniwala sa lahat ng panahong nakatayo ang totoong Simbahan (*DNSW,* ika-19 ng Mayo 1868, 1).

Sinabi ko na naglagay si Cristo sa kanyang Simbahan ng mga Apostol at Propeta; naglagay din siya sa kanyang Simbahan ng mga ebanghelista, pastor, at mga guro; gayon din ng mga kaloob ng Espiritu, kagaya ng iba't ibang wika, pagpapagaling sa maysakit, pagkilala sa mga espiritu, at iba't iba pang kaloob. Ngayon, tatanungin ko ang buong mundo, sino ang nakatanggap ng paghahayag na itinigil na ng Diyos ang mga katungkulan at kaloob na ito sa kanyang Simbahan? Hindi ako. Nakatanggap ako ng paghahayag na nararapat na nasa Simbahan ang mga ito, at na walang [totoong] Simbahan kung wala ang mga ito (*DBY,* 136).

Ipagpalagay na sumusunod kayo sa mga ordenansa ng Ebanghelyo, at di nagsasalita ng mga wika ngayon, huwag pansinin ito. Ipagpalagay na wala kayong kaloob ng paghahayag, hindi bale. Ipagpalagay na wala kayong natatanggap na anumang kaloob na dala ng pag-ihip ng isang humahagibis na malakas na hangin, kagaya noong araw ng Pentecostes, walang anumang pangangailangan na magkaroon kayo ng mga ito. Sa araw ng Pentecostes, may tanging pangangailangan para rito, iyon ay isang kakaibang mapanubok na panahon. Ang ilang tangi at malakas na pagpapakita ng kapangyarihan ng Pinakamakapangyarihan ay kinakailangan upang mamulat ang mata ng mga tao at malaman nilang pinagbayaran na ni Jesus ang kanilang mga kasalanan, at sila mismo ang nagpako sa kanya sa krus na, dahil sa kanyang pagkamatay, ay naging Tagapagligtas ng sanglibutan. Kinakailangan ito sa panahong iyon upang papaniwalain ang mga tao (*DBY,* 161–62).

*Pananampalataya.* Kapag naniniwala kayo sa mga alituntunin ng Ebanghelyo at matamo ang pananampalataya, na isang kaloob ng Diyos, daragdagan pa niya nang higit ang inyong pananampalataya, nagdaragdag ng pananampalataya sa pananampalataya. Ibinibigay niya ang pananampalataya sa kanyang mga nilikha bilang kaloob; ngunit ang mga nilikha niya ay likas na may tanging karapatan na paniwalaang tama o mali ang Ebanghelyo (*DBY,* 154).

*Ang Kaloob ng Pagpapagaling.* Nandito ako upang magbigay patotoo sa daan-daang pagkakataong ang mga lalaki, babae, at mga bata ay napagaling sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, sa paraan ng pagpapatong ng mga kamay, at marami akong nakitang ibinangon mula sa pintuan ng kamatayan mula sa bingit ng kawalang-hanggan; at ilang ang kung kaninong mga espiritu ay ganap nang lumisan sa kanilang mga katawan, na naibalik muli. Pinatotohanan kong nakita ko ang maysakit na pinagaling sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, ayon sa pangako ng Tagapagligtas (*DBY,* 162).

Kapag nagpapatong ako ng kamay sa maysakit, inaasahan kong ang kapangyarihan ng pagpapagaling at impluwensiya ng Diyos ay dadaloy sa akin patungo sa may sakit, at mawawala ang karamdaman. Hindi ko sinasabing napagagaling ko lahat ng pinapatungan ko ng kamay; ngunit marami ang gumaling sa ilalim ng aking pangangasiwa (*DBY,* 162).

Kapag tayo ay handa, kapag tayo ay mga banal na sisidlan sa harapan ng Panginoon, may daloy ng kapangyarihan mula sa Pinakamakapangyarihan na makararaan sa tabernakulo ng

nangangasiwa tungo sa katawan ng maysakit, at siya ay gumagaling; napapawi ang sakit ng ulo, lagnat o iba pang karamdaman (*DBY,* 162).

Madalas akong ipatawag, gayunman tumutugon lamang ako paminsan-minsan, dahil isang tanging karapatan ng bawat ama, na isang Elder sa Israel, na magkaroon ng pananampalataya na mapagaling ang kanyang mag-anak, kagaya rin naman ng aking tanging karapatan na magkaroon ng pananampalataya upang mapagaling ang aking mag-anak; at kung hindi niya gagawin ito, hindi niya ginagampanan ang kanyang tanging karapatan. Ito ay para na ring hinihiling niya sa akin na ipagsibak siya ng kanyang panggatong na kahoy at pangalagaan ang kanyang mag-anak, dahil kung siya mismo ay may pananampalataya, hindi niya ako gagambalain sa iba kong mga tungkulin upang tumugon sa kanyang kahilingan (*DBY,* 163).

Kung maysakit tayo, at hilingin sa Panginoon na pagalingin tayo, at gawin para sa atin ang lahat ng kinakailangang gawin, ayon sa aking pagkakaunawa sa Ebanghelyo ng kaligtasan, mainam na ring hilingin ko sa Panginoon na patubuin ang aking trigo at mais, nang hindi ko na bubungkalin ang lupa at ihahasik ang binhi. Makikitang higit na nararapat na aking gamitin ang lahat ng lunas na napapaloob sa aking kaalaman, at hilingin sa aking Ama sa Langit, sa pangalan ni Jesucristo, na pabanalin ang lunas na iyon para sa pagpapagaling ng aking katawan (*DBY,* 163).

Ngunit ipagpalagay na naglalakbay tayo sa kabundukan, . . . at isa o dalawa ang nagkasakit, na wala man lang anumang bagay sa paligid na makukuha tayo na maipanggagamot, ano ang dapat nating gawin? Ayon sa aking pananampalataya, humiling sa Pinakamakapangyarihang Panginoon na . . . pagalingin ang maysakit. Ito ay ating tanging karapatan, kung nasa kalagayang wala tayong makuha na anumang bagay na makatutulong sa ating sarili. Samakatwid, ang Panginoon at ang kanyang mga tagapaglingkod ay magagawa ang lahat. Ngunit tungkulin ko na gawin ito, kung ito ay nasa aking kapangyarihan (*DBY,* 163).

Nagpapatong tayo ng kamay sa maysakit at umaasang gagaling sila, at nananalangin sa Panginoon na pagalingin sila, ngunit hindi natin maaaring palaging sabihin na gagawin niya ito (*DBY,* 162).

*Propesiya, Paghahayag, at Kaalaman.* Ang bawat lalaki o babae ay maaaring maging tagapaghayag, at magkaroon ng patotoo ni Jesucristo, na

siyang espiritu ng propesiya, at makini-kinita ang isipan at kalooban ng Diyos tungkol sa kanila, maitakwil ang masama, at piliin ang tama (*DBY,* 131).

Ang kaalaman ko ay, kung susundin ninyo ang mga turo ni Jesucristo at ng kanyang mga Apostol, kagaya ng pagkakasulat sa Bagong Tipan, ang bawat lalaki at babae ay pagkakalooban ng Espiritu Santo . . . Malalaman ang mga bagay sa ngayon, sa hinaharap, at sa nakaraan. Mauunawaan nila ang mga bagay sa langit, mga bagay sa lupa, at mga bagay sa ilalim ng lupa, mga bagay sa buhay na ito, mga bagay ng kawalang-hanggan, ayon sa kanilang iba't ibang layunin at kakayahan [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:78–79] (*DBY,* 161).

Magsumikap na hangaring malaman ang kalooban ng Diyos. Paano ninyo ito malalaman? Sa mga bagay patungkol sa inyong sarili bilang mga tao, maaari ninyo itong matamo nang tuwiran mula sa Panginoon. Ngunit sa mga bagay hinggil sa mga gawaing pangmadla [ng Simbahan], ang kanyang kalooban ay natitiyak sa pamamagitan ng tamang daluyan, at maaaring malaman sa pamamagitan ng pangkalahatang payo na ibinibigay sa inyo mula sa tamang pinagmumulan (*DBY,* 136).

Kung ang Pinakamakapangyarihang Panginoon ay magpapahayag sa isang Mataas na Saserdote, o sa sinumang tao maliban sa pinuno ng Simbahan, ng mga bagay na totoo, o naging totoo, o magiging totoo, at ipakita sa kanya ang tadhana ng mga taong ito dalawampu't-limang taon mula ngayon, o ng isang bagong doktrina na sa lima, sampu, o dalawampung taon mula ngayon ay magiging doktrina ng Simbahan at Kahariang ito, ngunit hindi pa naihahayag sa mga taong ito, at ipahayag ito sa kanya sa pamamagitan ng siya ring Espiritu, ng siya ring sugo, ng siya ring tinig, ng siya ring kapangyarihan na nagbigay ng mga paghahayag kay Joseph noong siya ay nabubuhay, magiging biyaya ito sa Mataas na Saserdote o taong iyon, ngunit kinakailangang hindi niya ito ipaaalam sa ibang tao sa ibabaw ng lupa, hanggang sa ipahayag ito ng Diyos sa pamamagitan ng tamang pinagmumulan upang maging pag-aari ng mga tao sa pangkalahatan. Samakatwid, kung maririnig ninyo ang mga Elder na magsasabing hindi ipinahahayag ng Diyos sa pamamagitan ng Pangulo ng Simbahan ang mga nalalaman ng mga Elder na ito, at magkuwento ng pambihirang mga bagay, maaaring ninyong tiyakin bilang isang katotohanan ng Diyos, na ang mga paghahayag na mayroon sila ay nanggaling sa Diyablo, at hindi sa Diyos. Kung nakatanggap sila mula sa tamang pinagmumulan, ang siya ring kapangyarihan na naghayag sa kanila ang magpapakita sa kanila na kinakailangan nilang itago ang mga bagay na naihayag sa kanilang mga dibdib, at bihirang magkakaroon sila ng pagnanais na ibunyag ang mga ito sa ibang tao (*DBY,* 338).

*Iba pang mga Kaloob.* Ang kaloob na makakita sa paggamit ng mga likas na mata ay kasing halaga rin ng kaloob na mga wika. Ibinigay ng Panginoon ang kaloob na ito upang makakita tayo ng anumang naisin nating makita;



**Ang mga kampo ng mahihirap ay itinatag sa kabila ng Ilog Mississippi mula sa Nauvoo noong 1847, kagaya ng ipinakikita sa iginuhit na larawang ito. Naligtas sila nang loobin ng Panginoon na mangahulog ang mga pugo mula sa langit upang makain nila.**

magagamit natin ang ating mata para sa kaluwalhatian ng Diyos, o sa ating sariling kapahamakan.

Ang kaloob na pakikipagtalastasan sa isa't isa ay kaloob ng Diyos, na kasing halaga ng kaloob na pagpopropesiya, pagkakilala sa mga espiritu, mga wika, pagpapagaling, o iba pang mga kaloob, bagamat ang paningin, panlasa, at pananalita, ay pangkalahatang ipinagkaloob kung kaya't hindi sila itinuturing na mahimalang kagaya ng mga kaloob na binabanggit sa Ebanghelyo.

Magagamit natin ang mga kaloob na ito, at bawat iba pang kaloob na ibinigay sa atin ng Diyos, para sa pagpupuri at kaluwalhatian ng Diyos, sa paglilingkod sa kanya, o magagamit natin ito upang siraan Siya at ang Kanyang layunin. . . . Tumpak ang mga alituntuning ito tungkol sa mga kaloob na tinanggap natin para sa tiyak na layuning gamitin sila, upang tayo ay makapagtiis at madakila, at upang ang pagkakalikha na ating tinanggap ay hindi magkaroon ng hangganan, kundi manatili sa lahat ng kawalang-hanggan.

Sa pamamagitan ng maingat na paggamit ng mga kaloob na ibinigay sa atin, matitiyak natin sa ating sarili ang pagkabuhay na mag-uli ng mga katawan natin ngayon, na pinananahanan ng mga espiritu, at kapag sila ay

nabuhay nang mag-uli sila ay padadalisayin at pababanalin; samakatwid ay mananatili sila sa lahat ng kawalang-hanggan (*DNW,* ika-27 ng Ago. 1856, 2).

---

## Pinalalakas at pinagtitibay ng mga himala ang pananampalataya ng mga nagmamahal at naglilingkod sa Diyos.

Ang mga himala, o ang mga di pangkaraniwang pagpapamalas ng kapangyarihan ng Diyos, ay hindi para sa hindi naniniwala; ang mga ito ay para aluin ang mga Banal, at palakasin at pagtibayin ang pananampalataya ng mga nagmamahal, natatakot, at naglilingkod sa Diyos, at hindi para sa mga hindi naniniwala (*DBY*, 341).

Nakakuha kayo ng kaisipan mula sa akin na hindi ang mga himalang ipinamamalas sa mata ng mga tao ang magpapaniwala sa kanya kung ito ay sa Diyos o sa Diyablo; gayunman, kung loloobin ng Panginoon na mapagaling ng isang tao ang maysakit, magagawa ito nang taong iyon; ngunit ito ba ay upang papaniwalain ang masama na ang nagpagaling ay ipinadala ng Diyos? Hindi, ito ay isang biyaya sa mga Banal, at ang masama ay walang kinalaman dito, wala silang karapatang mapakinggan ito; ito ay para sa mga Banal, ito ay para sa kanilang tanging kapakinabangan, at sa kanila lamang (*DBY,* 340).

Ang plano ng Ebanghelyo ay binabalangkas nang gayon, upang ang himala magpapaniwala sa mga tao, ito ay magiging isang pagsumpa lamang sa kanila. Kapag napakikinggan ninyo ang mga tao na nagsasabi kung ano ang kanilang nakita—na nakamalas sila ng dakila at makapangyarihang mga himalang ginawa, at wala silang magawa kundi maniwala, tandaan na ang "mga diyablo ay nagsisisampalataya at nagsisipanginig," dahil wala silang magawa kundi maniwala [tingnan sa Santiago 2:19]. Kapag ang tinig ng Mabuting Pastol ang naririnig, ang tapat sa puso ay naniniwala at tinatanggap ito. Kay inam na maranasan ang isang bagay sa pamamagitan ng damhin, na makakita sa pamamagitan ng matang espirituwal, at magtamasa sa pamamagitan ng pandama ng walang-kamatayang espiritu. Walang tao, maliban na kung siya ay nakikiapid [tingnan sa Mateo 12:39], nangangalunya, mapag-imbot, o sumasamba sa diyus-diyosan, ang kailanman ay maghahangad ng himala; sa ibang salita, walang mabuti, at matapat na tao ang kailanman ay maghahangad (*DBY,* 340).

Ang mga taong nagsasabing kanila nang nakita, nalaman at naunawaan ang halos lahat, sa Simbahang ito, at nagbigay patotoo sa harapan ng malalaking kongregasyon, sa pangalan ng Diyos ng Israel, na nakita na nila si Jesus, atbp., ay siya ring mga taong nagsialis sa Kahariang ito, bago ang ibang namuhay sa pamamagitan ng pananampalataya [tingnan sa Alma 32:21] (*DBY,* 342).

Ang mga pagkalinga ng Diyos ay himala lahat para sa angkan ng tao hanggang sa maunawaan nila ang mga ito. Walang mga himala, kundi sa mga mangmang lamang. Ang himala ay ipinalalagay na nangyari ang isang bagay nang walang dahilan, ngunit walang bagay na ganito. May dahilan sa bawat makita natin; kung nakamamalas tayo ng kinalabasang bagay na hindi nauunawaan ang dahilan, tinatawag natin itong himala (*DBY,* 339).

Likas para sa akin ang maniwala na, kung bubungkalin ko ang lupa at maghasik ng trigo, ako, sa tamang panahon, ay gagapas ng trigo; ito ang likas na kalalabasan. Kagayang-kagaya ito ng mga himala na ginawa ni Cristo sa lupa. Sa kasalan sa Cana sa Galilea [tingnan sa Juan 2:1–11], nang mainom na nila ang lahat ng alak, lumapit sila sa Tagapagligtas at tinanong sa kanya kung ano ang dapat nilang gawin. Ipinag-utos niya sa kanila na punuin ang kanilang mga sisidlan ng tubig, at nang matapos nilang gawin ito ay kumuha sila sa tubig na iyon at nalamang iyon ay naging alak. Naniniwala akong tunay na alak iyon; hindi ako naniniwalang ginawa iyon sa alituntuning ang mga bagay na ito ay ginagawa sa panahon ngayon ng masasamang tao, na kung sino, sa pamamagitan ng tinatawag nilang sikolohiya, pagpapadaloy ng kuryente sa katawan, hipnotismo, atbp., ay nahihikayat ang mga tao at napapaniwala na alak ang tubig, at iba pang mga bagay na may ganitong katangian. Ginawa ng Panginoon ang tubig na maging alak. Batid niya kung paanong iipunin ang kinakailangang mga panangkap upang lagyan ang tubig ng mga katangian ng alak. Nasa paligid natin ang mga panangkap; kinakain, iniinom, hinihinga natin sila, at si Jesus, na nakauunawa sa pamamaraan ng pag-iipon sa kanila, ay hindi gumawa ng mga himala maliban sa mga mangmang sa ganitong pamamaraan. Kagaya rin ito doon sa babaing napagaling sa pamamagitan ng paghipo sa laylayan ng kasuotan ni Jesus [tingnan sa Mateo 9:20–22]; pinagaling siya ng pananampalataya, ngunit hindi iyon isang himala kay Jesus. Nauunawaan niya ang pamamaraan, at bagamat halos naiipit siya ng mga tao, sa kanyang likuran at harapan, at sa bawat tagiliran, kung kaya't halos hindi siya makalakad, sa sandaling hinipo siya ng babae nadama niyang may lumisan sa kanyang bisa, at nagtanong kung sino ang humipo sa kanya. Hindi iyon isang himala sa kanya. Nasa kanyang kapangyarihan ang mga lakas ng buhay at kamatayan; siya ay may kapangyarihang ialay ang kanyang buhay at may kapangyarihang muli itong ibangon [tingnan sa Juan 10:17–18]. Ito ang kanyang sinasabi at kinakailangan nating paniwalaan ito kung naniniwala tayo sa kasaysayan ng Tagapagligtas at sa mga winika ng mga Apostol na nakatala sa Bagong Tipan. Si Jesus ay may kapangyarihan sa kanyang sarili at sumasakanyang sarili; ipinagkaloob ito ng Ama sa kanya; ito ang kanyang pamana, at may kapangyarihan siyang ialay ang kanyang buhay at muli itong ibangon. Sumasakanya ang mga agos at lakas ng buhay at kapag sinasabi niya sa mga taong "Mabuhay kayo", nabubuhay sila (*DBY,* 340-41)

Kung may pananampalataya tayo upang madama na nasa ating kapangyarihan ang mga lakas ng buhay at kamatayan, masasabi natin sa karamdaman, "Sawayin ka, sa pangalan ni Jesus, at panumbalikin ang buhay at kalusugan sa pangangatawan ng taong ito mula sa Diyos upang mapaglabanan ang karamdamang ito"; at papangyarihin ito ng ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay sa pangangasiwa ng ordenansa ng banal na Ebanghelyo (*DBY,* 342).

## Inilalahad ng Espiritu Santo ang mga hiwaga ng kaharian sa mga yaong naghahangad ng pinakamainam na mga kaloob at sumusunod sa mga kautusan.

Ano ang isang hiwaga? Hindi natin ito alam, ito ay hindi abot ng ating pang-unawa. Kapag pinag-uusapan natin ang hiwaga, pinag-uusapan natin ang walang-hanggang kalabuan; sapagkat ang nababatid na ay hindi na hiwaga; at maaari nating mabatid ang lahat ng mga bagay na batid habang tumataas ang antas ng ating katalinuhan. Ang hindi naaabot ng pang-unawa ng lahat ng ating katalinuhan ay hiwaga (*DBY,* 338-39).

Kung masusi nating pag-aaralan ang paksa, mababatid natin na napakakaunting bahagi lamang ng mga bagay ng Kaharian ang ipinahayag, kahit na sa mga disipulo. Kung nakahanda tayong tumingin sa mga hiwaga ng Kaharian, katulad ng nasa Diyos, mababatid nating napakaliit na bahagi nila ang ipinamigay doon at dito. Ang Diyos, sa pamamagitan ng kanyang Espiritu, ay inihayag ang maraming bagay sa kanyang mga tao, ngunit, sa lahat halos ng pagkakataon, kaagad niyang ipininid ang paningin ng isipan. Pahihintulutan niya ang kanyang mga tagapaglingkod na tumingin sa mga bagay na walang hanggan sa isang saglit, ngunit kaagad na ipinipinid ang paningin at sila ay naiiwang kagaya rin ng dati, nang matutuhan nilang kumilos sa pamamagitan ng pananampalataya, o kagaya ng Apostol, hindi naglalakad sa pamamagitan ng paningin, kundi sa pamamagitan ng pananampalataya [tingnan sa 2 Mga Taga Corinto 5:7] (*DBY,* 339).

Kasing bilis ng inyong pagpapatunay sa harapan ng inyong Diyos na kayo ay karapat-dapat na tumanggap ng mga hiwaga, kung iyan ang nais ninyong itawag sa mga ito, ng Kaharian ng Diyos—na kayo ay puno ng pagtitiwala sa Diyos—na hindi ninyo kailanman ipagkakanulo ang anumang bagay na sabihin sa inyo ng Diyos—na hindi ninyo kailanman ibubunyag sa inyong kapwa ang hindi nararapat na ibunyag, kasing tulin ng inyong paghahanda na mapagkatiwalaan ng mga bagay ng Diyos, isang kawalang-hanggan ang kakailanganin upang maunawaan ang lahat ito [tingnan sa Alma 26:22] (*DBY,* 93).

Ngayon, mga kapatid, ipangaral ang mga bagay na tunay nating pinaniniwalaan, at kung dumating tayo sa mga paksa ng doktrina na hindi natin batid, kahit mayroon tayong magandang dahilan upang paniwalaan

ang mga ito, [kahit] na ang ating pilosopiya ay nagtuturo na totoo sila, ipagpaliban ang mga ito at ituro lamang sa mga tao ang mga alam natin (*DBY,* 338).

Kung magiging karapat-dapat lamang sila, napakarami nang mga naituro sa mga kapatid na tumira rito ng maraming taon upang ihanda sila na pumasok sa makipot na pintuan at patungo sa Bagong Jerusalem at maging handa na ikalugod ang kalipunan ng mga banal na anghel (*DBY,* 339).

Ito ang mga hiwaga sa Kaharian ng Diyos sa lupa, ang malaman kung paano padadalisayin at pababanalin ang ating mga damdamin, ang kinatatayuan nating lupa, ang hinihinga nating hangin, ang iniinom nating tubig, ang tinitirhan nating mga bahay at ang itinatayo nating mga lungsod, na kung may mga banyagang paparito sa ating bayan ay makadama sila ng isang banal na impluwensiya at kilalanin ang isang kapangyarihang banyaga sa kanila (*DBY,* 339).

Kung sasabihin ninyong nais ninyo ng mga hiwaga, kautusan, at paghahayag, sasagot ako na halos walang nagdaraang Sabbath sa inyo, kayong mga pumupunta rito, na walang mga paghahayag ni Jesucristo na ibinubuhos sa inyo kagaya ng tubig sa lupa (*DBY,* 343).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

### Nagbibigay ang Panginoon ng mga kaloob ng Espiritu upang palakasin at pagpalain tayo, ang ating mga mag-anak, at ang Simbahan.

- Anu-ano ang kaloob ng Espiritu? Bakit mahalaga na matagpuan ang mga ito sa ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo? (Tingnan din sa mga 1 Mga Taga Corinto 12:4–11; Doktrina at mga Tipan 46:10–26.)
- Paano natin mababatid kung ang mga kaloob ng Espiritu ay naipamumuhay natin? Paano natin magagamit ang mga ito upang pagpalain ang iba?
- Sino ang may pananagutan para sa pagkakilala ng mga kaloob na espirituwal at paggamit ng mga ito sa Simbahan? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 46:27; 107:18.) Paano nagkakaiba ang paggamit ng mga kaloob na espirituwal sa isang tungkulin sa Simbahan mula sa paggamit ng mga kaloob na ito sa pansarili o ugnayang pang mag-anak?

---

### Pinalalakas at pinagtitibay ng mga himala ang pananampalataya ng mga nagmamahal at naglilingkod sa Diyos.

- Ano ang mga himala? Ano ang kanilang layunin?
- Ano ang ibig sabihin ng marinig "ang tinig ng Mabuting Pastol" at

"malugod sa pamamagitan ng mga pandama ng walang-kamatayang espiritu"? Paano mapagtitibay ng mga himala ang ating pananampalataya at mga patotoo? Bakit higit na kapani-paniwala ang mga bulong ng Espiritu kaysa mga kagila-gilalas na pagpapamalas ng kapangyarihan? Paano tayo magiging higit na tumatalima sa lahat ng himala sa ating buhay? (Tingnan din sa 2 Nephi 27:23; Ether 12:12.)

---

**Inihahayag ng Espiritu Santo ang mga hiwaga ng kaharian sa mga naghahangad ng pinakamainam na mga kaloob at sumusunod sa mga kautusan.**

- Ayon kay Pangulong Young, bakit ipinahahayag ng Diyos ang "napakakaunting bahagi lamang ng mga bagay ng Kaharian"? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 78:17–18.)
- Paano natin mapapatunayan ang ating mga sarili na "karapat-dapat na tumanggap ng mga hiwaga"? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 76:5–10.)
- Ayon kay Pangulong Young, anu-ano ang hiwaga na kaharian ng Diyos? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 84:19–22.) Paano magiging isang malinaw at payak katotohanan lamang sa iba ang isang hiwaga para sa isang tao ay? Bakit kung minsan ay nakatutuksong magbigay ng palapalagay sa mga bagay na hindi natin nababatid?
- Sinabi ni Pangulong Young na "halos walang nagdaraang Sabbath sa inyo . . . na walang mga paghahayag ni Jesucristo na ibinubuhos sa inyo kagaya ng tubig sa lupa"? Paano natin maihahanda ang ating mga sarili na matanggap ang mga paghahayag na ito habang tinatanggap natin ang sakramento at pinagiging banal ang araw ng Sabbath?

# Ang mga Biyayang Dulot ng mga Pagsubok, Pagpaparusa, at Pag-uusig

*Naunawaan ni Pangulong Brigham Young ang walang hanggang mga layunin ng Diyos, at ginamit niya ang pagkaunawang ito sa matitinding hirap na pinagtiisan niya at ng ibang mga Banal. Sinabi ni Pangulong Young: "Narinig ko ang napakarami na nagsabi tungkol sa mga paghihirap nila para sa kapakanan ni Cristo. Masaya kong masasabi na hindi ako nagkaroon ng pagkakataon na magsabi nang ganoon. Napakalaki ng kagalakan ko, ngunit kung sa pagdurusa naman, madalas kong ihambing ito, sa aking mga nadarama at sa harap ng mga kongregasyon, sa isang tao na nakasuot ng isang luma, sirang-sira, punit-punit at maruming tunika, at may isang taong dumating at binigyan siya ng isang tunikang bago, buo at maganda. Ito ang paghahambing na nagagawa ko kapag naiisip ko ang aking mga pinagdusahan para sa kapakanan ng Ebanghelyo—itinapon ko ang lumang tunika at isinuot ang isang bago" (*DBY, *348).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Sinusulit at sinusubok tayo ng Panginoon upang mapatunayan natin ang ating sariling karapat-dapat sa kaluwalhatiang selestiyal.

Kinakailangang masubok ang mga tao ng Kataastaasang Diyos. Naisulat na susubukin sila sa lahat ng mga bagay, kagaya din naman ng pagsubok kay Abraham [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 101:1–4]. Kung tatawagin tayo sa Bundok ng Moriah upang ihandog ang ilan nating Isaac, bale wala ito; gagawin natin ito katulad ng iba pa mang bagay. Sa palagay ko ay may pagkakataon sa mga Banal na matanggap ang lahat ng mga pagsubok na naisin o hangarin nila. Ngayon, kung sumasainyo ang liwanag ng Banal na Espiritu, malinaw ninyong makikita na kinakailangan ang mga pagsubok sa laman (*DBY,* 346).



Kagaya ng ipinakikita sa iginuhit na larawang ito, itinaboy ng mga mandurumog ang mga Banal mula sa kanilang mga tahanan sa Kirtland, Ohio; Jackson County, Missouri; at Nauvoo, Illinois.

Nasa araw na tayo ng pagsubok upang patunayan ang ating sarili na karapat-dapat o hindi sa buhay na darating (*DBY,* 354).

Ang lahat ng matalinong tao na napuputungan ng korona ng kaluwalhatian, kawalang kamatayan, at mga buhay na walang hanggan ay kinakailangang malampasan ang bawat pagpapahirap na itinalaga upang danasin ng matatalinong tao, upang matamo ang kanilang kaluwalhatian at kadakilaan. Ang bawat sakuna na maaaring dumating sa mga mortal ay pinapayagang dumating sa ilan, upang ihanda sila na kagalakan ang harapan ng Panginoon. Upang matamo natin ang kaluwalhatian na natamo ni Abraham, kinakailangang gawin natin ang katulad ng kanyang ginawa. Kung tayo man ay nakahandang makisalamuha kina Enoc, Noe, Melquisedec, Abraham, Isaac, at Jacob, o sa tapat nilang mga anak, at sa tapat na mga Propeta at Apostol, kinakailangang pagdaanan natin ang mga katulad na karanasan, at matamo ang kaalaman, katalinuhan, at mga kaloob na maghahanda sa ating pumasok sa kahariang selestiyal ng ating Ama at Diyos. . . .  Ang bawat pagsubok at karanasan na inyong nadaanan ay kailangan para sa inyong kaligtasan (*DBY,* 345).

Kung palalawigin ang ating mga buhay ng isang libong taon, ganoon pa ring mabubuhay at matututo tayo. Ang bawat malaking pagbabago na malagpasan natin ay kailangan para sa karanasan at halimbawa, at para sa paghahanda na tamasahin ang gantimpala na para sa tapat (*DBY,* 345).

Kung hindi nagkasala si Adan, at kung ang kanyang angkan ay nagpatuloy sa lupa, hindi nila maaaring makilala ang kasalanan, o ang mapait sa matamis, ni hindi rin nila makikilala ang pagkamatwid, dahil sa maliwanag at payak na katwirang ang bawat kalagayan ay ganap lamang na maipakikita sa pamamagitan ng kabaliktaran nito. Kung mapagtatanto ng mga Banal ang mga bagay sa kalagayan nila kapag tinatawag silang dumanas ng mga pagsubok, at magdusa ng kung tawagin nila ay mga pagpapakasakit, kilalanin nilang ang mga ito ang pinakadakilang biyayang maipagkakaloob sa kanila. Ngunit ilagay silang humahawak sa mga totoong alituntunin at totoong kagalakan, nang wala ang kabaliktaran, at hindi nila malalaman ang kagalakan, hindi nila malilirip ang kaligayahan. Hindi nila masasabi ang liwanag mula sa kadiliman, dahil wala silang kaalaman sa kadiliman at kasunod nito ay kapos ng pagkakakilala sa liwanag. Kung hindi nila matitikman ang mapait, paano nila malalaman ang matamis? Hindi nila malalaman [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 29:39] (*DBY,* 345–46).

Tayo ang pinakamaligayang tao kapag mayroon tayo ng tinatawag nating mga pagsubok; dahil sa ganito ang Espiritu ng Diyos ay higit na masaganang ibinibigay sa mga tapat [tingnan sa 1 Pedro 3:14] (*DBY,* 347).

Sinasabi ko sa mga Banal sa mga Huling Araw, ang dapat lamang nating gawin ay matuto tungkol sa Diyos. Pagsinungalingin ang mga sinungaling,

at pasumpain ang mga manunumpa, at sila ay pupunta sa kapahamakan. Ang dapat lamang nating gawin ay magpatuloy nang pasulong at paakyat, at sundin ang mga kautusan ng ating Ama at Diyos; at kanyang lilituhin ang ating mga kaaway (*DBY,* 347).

Nadaanan na natin ang napakaraming mga tagpo, masasabi natin, ng matinding hirap, bagamat ninanais ko sa mga kapatid na maunawaang hindi ko ang ginagamit ang salitang ito sa mga nararanasan ko, sapagkat ang lahat ng aking dinanas ay galak at nakagagalak para sa akin; ngunit tila ba nagdusa tayo nang napakatindi, at dumaan sa maraming tagpo ng pagsubok at tukso, walang pagdududa rito. Kinakailangan nating magdusa sa mga tukso, humigit kumulang, at ikinagalak ang pagkakanakaw sa atin ng ating mga pag-aari. Ako mismo, limang ulit bago ako pumarito sa lambak na ito, ay iniwan ang lahat ng bagay na ibinagay sa akin ng Panginoon na tumutukoy sa mga bagay ng mundong ito, na, sa bayan kung saan ako tumira, ay hindi kakaunti lamang (*DBY,* 347–48).

Tungkol sa mga pagsubok, pagpalain ang inyong mga puso, ang lalaki o babae na nagagalak sa espiritu ng ating relihiyon ay walang mga pagsubok; ngunit ang lalaki o babae na nagsisikap na mamuhay ayon sa Ebanghelyo ng Anak ng Diyos, at kasabay nito ay kumakapit sa espiritu ng mundo, ay may mga pagsubok at kalungkutan na matindi at masakit, at wala ring tigil ang mga ito (*DBY,* 348).

Itapon ang pamatok ng kaaway, at isuot ang pamatok ni Cristo, at sasabihin ninyong maginhawa ang kanyang pamatok at magaan ang kanyang pasanin. Batid ko ito sa pamamagitan ng karanasan (DBY, 347–48)

---

### Tinuturuan ng Panginoon ang mga sumusuway na maging mapagpakumbaba sa pamamagitan ng pagpaparusa sa kanila at pagpapahintulot na mausig sila.

Kapag tumitingin tayo sa mga Banal sa mga Huling Araw, nagtatanong tayo, kinakailangan ba ang pag-uusig sa kanila. Oo, kung sila ay sumusuway. May pangangailangan bang parusahan ang isang anak na lalaki o babae? Oo, kung sumusuway sila [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 105:6]. Ngunit ipagpalagay na ganap silang sumusunod sa bawat ipinag-uutos ng kanilang mga magulang, mayroon bang pangangailangan na parusahan sila kung ganoon? Kung mayroon, hindi ko maunawaan ang alituntuning ito. Hindi ko pa nakikita ang pangangailangan ng pagpaparusa sa isang masunuring bata, ni aking nakikita ang pangangailangan ng pagpaparusa mula sa Panginoon para sa kanyang mga tao na ganap na masunurin. Naparusahan na ba ang mga taong ito? Oo, naparusahan na sila (*DBY,* 350).

Ang mga tumatalikod sa mga banal na kautusan ay makasusumpong ng mga pagsubok na tunay na mga pagsubok. Madarama nila ang matinding

galit ng Pinakamakapangyarihan sa kanila. Ang mga mahinahon at mabuting anak ay makatatanggap ng saganang mga pagpapala ng kanilang Ama at Diyos. Maging mahinahon at panatilihin ang inyong pananampalataya sa Pinakamakapangyarihang Panginoon [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 101:16] (*DBY,* 351).

Tayo ay higit na walang-katapusang pinagpala ng mga pag-uusig at kawalang-katarungan na ating pinagdusahan, kaysa kung nanatili tayo sa mga tirahan kung mula saan tayo ay itinaboy—kaysa kung pinayagan tayong manatili sa ating mga sakahan, halamanan, pamilihan, gilingan, makina at lahat ng bagay na pagmamay-ari natin noon (*DBY,* 346).


---

### Uusigin ng masama ang matwid, ngunit pamumunuan ng Diyos ang kanyang mga tao, at magpapatuloy sa pagsulong ang kanyang gawain.

Huwag matatakot, dahil kung totoo ang salita ng Diyos, nararapat pa tayong subukin sa lahat ng bagay; o magalak, at manalangin nang walang hinto, at sa lahat ng bagay ay magpasalamat, kahit na ito ay sa pagkakanakaw ng inyong mga pag-aari, sapagkat ang kamay ng Diyos ang gumagabay sa atin, at magpapatuloy na gawin ito. Pakabanalin ng bawat lalaki at babae ang kanilang mga sarili sa harapan ng Panginoon, at ang bawat pagkalinga ng Pinakamakapangyarihan ay pababanalin sa kabutihan para sa kanila (*DBY,* 347).

Pinamunuan ng [Diyos] ang mga taong ito sa iba't-ibang bahagi ng Estados Unidos, at sila ay kinutya. . . . Ito ay nasa plano ng Panginoon. Maaari ninyong itanong kung ano ang plano niya. Alam ninyong ang lahat ng mga Banal ay kinakailangang mapadalisay, upang makapasok sa kahariang selestiyal. Naitalang si Jesus ay ginawang ganap sa pamamagitan ng pagdurusa [tingnan sa Hebreo 5:8–9]. Bakit natin iisipin kahit sa isang saglit na tayo ay makapaghahandang pumasok sa kaharian at mamahinga kasama siya at ang Ama, nang hindi tayo dadaan sa mga katulad na pagsubok? (*DBY,* 346).

Si Joseph ay hindi maaaring naging ganap, kahit na nabuhay siya ng isang libong taon, kung hindi siya tumanggap ng pag-uusig. Kung nabuhay siya ng isang libong taon, at pinamunuan ang mga taong ito, at ipinangaral ang Ebanghelyo nang walang pag-uusig, hindi siya maaaring naging ganap kagaya noong siya ay nasa gulang na [tatlumpu't walong] taon. Maaari ninyong ipagpalagay, na kung ang mga taong ito ay tinatawag na dumaan sa mga tagpo ng kahirapan at pagdurusa, itinataboy mula sa kanilang mga tahanan, at itinapon, at ikinalat, pinalo, at hinubaran, pinasusulong ng Pinakamakapangyarihan ang kanyang gawain nang may higit na kabilisan (*DBY,* 351).



**Kagaya ng ipinakikita sa iginuhit na larawang ito, may mga pagkakataong sumasalungat at kumakalaban ang mga hukbong sandatahang lokal sa naunang mga Banal.**

Sa tuwing uusigin ninyo ang Mormonismo, inuusig ninyo ito upang umangat, hindi ninyo ito kailanman inuusig upang bumaba. Ito ay ipinag-uutos ng Pinakamakapangyarihang Panginoon (DBY, 351).

Kung hindi natin kinakailangang tiisin ang bakal na kamay ng pag-uusig, ang mga alituntuning pinaniniwalaan natin, na kumukuha sa pansin ng mabuti at masama sa daigdig na ito at pinag-uusapan ng maraming dila at sumasaklaw sa kanilang mga pilosopiya, ay tatanggapin ng libu-libong ngayon ay nagwawalang-bahala sa mga ito (*DBY,* 351).

Sa tuwing uusigin nila at tatangkaing malupig ang mga taong ito, iniaangat nila tayo, pinapahina nila ang kanilang mga kamay, at pinalalakas mga kamay at ang bisig ng mga taong ito. At sa tuwing tatangkain nilang pababain ang ating bilang, pinararami nila tayo. At kapag tinatangka nilang sirain ang pananampalataya at kabutihan ng mga taong ito, pinalalakas ng Panginoon ang nanghihinang mga tuhod, at binibigyang-tiwala ang mga nag-aatubili sa pananampalataya at kapangyarihan ng Diyos, sa liwanag, at sa katalinuhan. Ang pagkamatwid at kapangyarihan sa Diyos ay lumalakas sa mga taong ito na kasukat sa pagsusumikap ng Diyablo na wasakin sila (*DBY,* 351).

Pabayaan ninyo kami, at kami ay magpapadala ng mga Elder sa kadulu-duluhang mga bahagi ng daigdig, at titipunin ang Israel, nasaan man sila; at kung uusigin ninyo kami, gagawin namin ito nang higit na mabilis,

sapagkat kami ay likas na mabagal kapag pinababayaan lamang, at mahilig sa sandaling pag-idlip, sa sandaling pagtulog, at sa sandaling pamamahinga. Kung pababayaan ninyo kami, gagawin namin ito na may kaunting paglulubay; ngunit kung uusigin ninyo kami, tatayo kami kahit sa gabi upang ipangaral ang Ebanghelyo ( 351).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

### Sinusulit at sinusubok tayo ng Panginoon upang mapatunayan natin ang ating sariling karapat-dapat sa kaluwalhatiang selestiyal.

- Sa palagay ninyo, bakit tinawag ni Pangulong Young ang buhay na ito na "araw ng pagsubok"? (Tingnan din sa Abraham 3:22–26.) Paano tayo maihahanda ng mga pagsubok na makapasok sa kahariang selestiyal?
- Bakit kailangang maranasan ang magkatunggaling lakas ng mabuti at masama? (Tingnan din sa 2 Nephi 2:11–14.)
- Sa inyong palagay, bakit lubusang nagpasalamat si Pangulong Young sa mga pagsubok na tinanggap niya at ng iba pang naunang mga Banal? Paano kayo natulungan ng mga pagsubok na maging mas mabuting Banal sa mga Huling Araw?
- Ano ang ibig sabihin ng "isuot ang pamatok ni Cristo"? (Tingnan din sa Mateo 11:28–30.) Paano makatutulong sa atin na magalak kapag humaharap tayo sa mga pagsubok ang pagsusuot ng pamatok ni Cristo? (Tingnan din sa Mosias 24:13–15.)

---

### Tinuturuan ng Panginoon ang mga sumusuway na maging mapagpakumbaba sa pamamagitan ng pagpaparusa sa kanila at pagpapahintulot na mausig sila.

- Bakit tayo pinarurusahan ng Panginoon kung minsan? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 101:2–8.) Ano ang kahalagahan ng ating pagtugon sa pagpaparusang iyon? Paano makatutulong sa mga magulang at anak ang pagkakatuto sa alituntuning ito na makalikha ng higit na mabuting mga mag-anak?
- Sinabi ni Pangulong Young na ang mga Banal ay "ay higit na walang-katapusang pinagpala ng mga pag-uusig at kawalang-katarungan na [kanilang] pinagdusahan . . . kaysa kung pinayagan [silang] manatili sa . . . lahat ng mga bagay sa pagmamay-ari [nila] noon. Bakit higit na malaking pagpapala ang maparusahan dahil sa pagsuway kaysa pahintulutang manatiling maginhawa sa isang makasalanang kalagayan?

**Uusigin ng masama ang matuwid, ngunit pamumunuan ng Diyos ang kanyang mga tao, at magpapatuloy sa pagsulong ang kanyang gawain.**

- Sinabi ni Pangulong Young na ang sumusuway ay uusigin, ngunit binanggit din niya ang tungkol sa masunuring mga tao–kagaya ni Jesucristo, Joseph Smith, at mga misyonero—na pinag-usig. Ayon kay Pangulong Young, bakit pinahihintulutan ng Diyos ang mga masama na usigin ang mga matwid?
- Sinabi ni Pangulong Young na ang pag-uusig laban sa Simbahan ay nagbubunsod lamang sa gawain ng Panginoon na sumulong nang "may higit na kabilisan." Ano ang sinasabi nito sa atin tungkol sa kung paano tayo dapat na tumugon sa mga pagtuligsa laban sa katotohanan. Anu-ano ang magagawa natin upang turuan ang ating mga anak na mapagtagumpayan ang pag-uusig?

# Mga Pamahalaan sa Lupa at ang Kaharian ng Diyos

*Si Pangulong Brigham Young—manananakop, estadista, at unang gobernador ng Utah—ay iginalang at pinaglingkuran ang kanyang pamahalaan. Noong Hulyo 1846, habang naghahanda ang mga Banal para sa paglalakbay mula sa Iowa patungong Lambak ng Salt Lake, nakatanggap sila ng kahilingan mula sa pamahalaan ng Estados Unidos na tumulong sila sa pakikidigma laban sa Mexico. Bagama't hindi natulungan ng pamahalaan ang mga Banal sa panahon ng kanilang mga pagsubok sa Missouri at Illinois, pinangasiwaan ni Pangulong Young ang pangangalap ng tao para sa Batalyong Mormon upang tumulong sa digmaan at ipinangako sa kalalakihan na hindi sila kinakailangang makipagdigma kung magiging maayos ang kanilang mga kilos. Natupad ang pangako. Ang pagpapalista ng Batalyong Mormon ay nagbigay din ng salapi para makatulong sa mga Banal na makapaglakbay pakanluran. Limang daang kalalakihan ang lumisan sa mga Kampo ng Israel para sa isang nakakahapong pagmartsa patungo sa California at Dagat Pasipiko. Sinabi ni Pangulong Young tungkol sa mga sundalo, "Hindi ko maiisip ang maliit na pulutong na ito ng kalalakihan nang hindi ko kasunod na maiisip na 'Pagpalain sila ng Diyos magpakailanman.' Ang lahat ng ito ay ginawa natin upang patunayan sa Pamahalaan na tayo ay matapat" (*DBY*, 476). Tuwinang hinikayat ni Pangulong Young ang mga Banal na maging matapat sa kanilang pamahalaan, na sundin ang mga batas nito, at humalal ng mga taong mabuti at matapat para sa mga katungkulang pambayan.*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Kinakailangang nakabatay ang mga pamahalaan sa lupa sa mga batas ng Diyos upang manatili.

Kung ang isang bansa ay lumalabag sa mabubuting batas at sumisiil sa sinuman sa mga mamamayan nito o sa ibang bansa, hanggang sa mapuno sila ng kasalanan, sa pamamagitan ng mga kilos na ganap na nasasaklawan ng kapangyarihan ng bansang ito, itataboy ng Diyos ang mga yaong may

katungkulan mula sa kanilang kapangyarihan, ay sila ay makalilimutan; at kukuha siya ng ibang mga tao, bagama't mahihirap at hinahamank, at minamata ng bantog na mga bansa, at iluluklok ang mga ito sa kapangyarihan at karunungan; at sila ay dadami at uunlad, hanggang sila sa kanilang panahon ay maging isang dakilang bansa sa lupa (*DBY,* 357).

Ang dakila at makapangyarihang mga kaharian ay itinaas hanggang sa tuktok ng kadakilaan ng mga tao sa pamamagitan niya, upang papangyarihin ang kanyang hindi matiyak na mga layunin, at sa kanyang kapasiyahan ay pinapawi ang mga ito hangang mawala at ganap nang makalimutan. Ang lahat ng dakilang pagbabagong ito ay nagtuturo at naghahanda sa daan upang maipakilala ang kanyang Kaharian sa mga huling panahon, na mananatili magpakailanman at lalawak sa kadakilaan at kapangyarihan hanggang sa isang banal, at pangmatagalang kapayapaan sa relihiyon at pulitika ang magpapagalak sa puso ng mahihirap sa kalipunan ng mga tao sa Isang Banal ng Israel, at ang kanyang Kaharian ay nagtatagumpay sa lahat ng dako (*DBY,* 357).

Ang isang pamahalaang teokrasya [ay] yaong kung saan ang mga batas ay pinaiiral at ipinatutupad sa kabutihan, at kung saan ang mga namumuno ay may kapangyarihang nagmumula sa Pinakamakapangyarihan (*DBY,* 354).

Kung ang Kaharian ng Diyos, o isang pamahalaang teokrasya, ay itinatag sa mundo, marami sa mga gawaing laganap sa ngayon ang mapapawi (*DBY,* 354).

Ang isang pamayanan ay hindi pahihintulutang makipagtunggali sa isa pa upang pilitin ito na tanggapin ang mga pamantayan nila; ang isang sekta ay hindi papayagang usigin ang isa pa dahil magkaiba ang kanilang mga paniniwalang pang-relihiyon at pamamaraan ng pagsamba. Ang bawat isa ay ganap na mapangangalagaan sa pagtatamasa sa lahat ng karapatang pang-relihiyon at panlipunan, at walang estado, walang pamahalaan, walang pamayanan, walang tao ang magkakaroon ng karapatan na labagin ang mga karapatan ng iba; ang isang Kristiyanong pamayanan ay hindi mag-aalsa upang usigin ang isa pa (*DBY,* 354).

Kung sinuman ang mabuhuhay na makita ang Kaharian ng Diyos na ganap nang naitatag sa lupa ay makamamalas ng isang pamahalaang mangangalaga sa bawat tao sa kanyang mga karapatan. Kung ang ganyang pamahalaan ay umiiral na ngayon . . . makikita ninyo ang Romano Katoliko, ang Griyego Katoliko, ang Episkopalyano, ang Presbitero, ang Metodista, ang Baptist, ang Quaker, ang Shaker, ang Hindu, ang Muslim, at bawat uri ng mga mananampalataya na ganap na napapangalagaan sa lahat ng kanilang karapatang panlipunan at sa mga tanging karapatan ng pagsamba sa kung sino, ano, at kailan nila nais, na hindi nilalabag ang mga karapatan ng iba. May tao bang sa kanyang matalinong paghatol ang maghahangad pa ng higit na dakilang kalayaan? (*DBY,* 355).

Paano magtatagal ang isang pamahalaang malayang nahalal? May isang tanging paraan lamang para ito magtagal. Maaari itong manatili; ngunit

paano? Maaari itong manatili, kagaya ng pananatili ng pamahalaan sa langit, sa ibabaw ng bato ng katotohanan at kabutihan; at ito lamang ang tanging saligan kung saan ang anumang pamahalaan ay maaaring manatili (*DBY,* 355).

---

### Ang mga namumuno ay dapat na may karunungan at integridad.

Nais ko ng isang mabuting pamahalaan, at nais ko ring mapangasiwaan ito nang may karunungan at katarungan. Ang pamahalaan ng langit, kung pangangasiwaan nang masama, ay magiging isa sa pinakamasamang pamahalaan sa balat ng lupa. Kahit na gaano man kabuti ang isang pamahalaan, hangga't hindi ito pinamamahalaan ng matwid na mga tao, isang masamang pamahalaan ang lalabas dito (*DNW,* ika-3 ng Hun. 1863, 2).

Walang tao ang karapat-dapat na mamuno, mangasiwa, at mag-utos, hangga't hindi siya . . . sumusunod sa batas, at pinatutunayan ang sariling karapat-dapat, sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa batas na sumasaklaw sa kanya, upang mapamatnugutan ang batas na yaon (*DBY,* 357).

[Ang isang mabuting pamahalaan ay nangangailangan ng isang namumuno na] may kakayahang makipagtalastasan sa abot ng pagkaunawa ng mga tao, ayon sa kanilang mga kakayahan, ng mga kaalaman sa lahat ng paksa hinggil sa makatarungang pangangasiwa ng Pamahalaan. Dapat niyang maunawaan kung anong mga tuntunin ng pangangasiwa ang pinakamainam para sa kapakinabangan ng bansa. Dapat din siyang may kaalaman at may pagkukusa sa paggamit ng kapangyarihang magtalaga, sa abot ng pagpapahintulot sa kanya ng saligang batas, upang pumili lamang ng mabubuti at mahuhusay na mga tao para sa mga katungkulan. Hindi lamang dapat niyang isakatuparan ang makatarungan at naaayon sa batas na mga kahilingan ng kanyang mga pinamumunuan, kundi dapat niya ring paliwanagin ang kanilang pag-unawa at iwasto ang kanilang pananaw. Ang lahat ng mabuting pinuno sa isang tunay na pamahalaang malayang hinalal ay walang tigil na magpupunyagi para sa pangangalaga sa karapatan ng lahat, nang walang-kinalaman ang sekta o partido (*DBY,* 363).

Dapat na ituon ng mga tao ang kanilang mga damdamin, at kanilang lakas, at kanilang pananampalataya, sa paghirang sa pinakamabuting tao na matatagpuan nila na kanilang maging Pangulo, kahit na siya ay kumakain ng patatas at asin lamang—isang taong hindi maghahangad na mahigitan ang mga taong nagtalaga sa kanya, bagkus ay masiyahan na mamuhay kagaya ng pamumuhay nila, na manamit kagaya ng pananamit nila, at maging isa sa kanila sa bawat mabuting bagay (*DBY,* 363).

Nangangailangan tayo ng mga taong magpapatakbo sa bansa na higit na magpapahalaga at lalong iibig sa kapakanan ng bansa kaysa ginto at pilak, kabantugan, at kasikatan (*DBY,* 364).

**May tungkulin ang mga kasapi ng Simbahan na maging mga responsableng mamamayan.**

Ang pamamahala sa bawat sarili ay matatagpuan sa pinakaugat ng lahat ng tunay at mabisang pamahalaan, maging sa langit man o sa lupa. . . . Ang pamahalaan sa mga kamay ng masasamang tao ay kinakailangang magtapos sa kalungkutan para sa mga taong yaon, ngunit sa mga kamay ng matwid ay magiging walang hanggan ito, samantalang umaabot ang kapangyarihan nito sa langit (*DBY,* 355).

Kung ipinamumuhay natin ang ating relihiyon, iginagalang ang ating Diyos at ang kanyang Pagkasaserdote, samakatwid ay nararapat nating igalang ang bawat mabuting pamahalaan at batas na matatagpuan sa lupa. . . . Sa iba't ibang bansa, kaharian at pamahalaan sa lupa ay masusumpungan ang mga batas, ordenansa at tuntunin na siyang pinakamainam na magagawa para sa mga mortal (*DBY,* 358).

Tayo ba ang mga taong pulitikal? Oo, tunay na pulitikal. Ngunit sa anong partido kayo kasapi o boboto? Sasabihin ko sa inyo kung sino ang ihahalal natin: ihahalal natin ang taong magbibigay buhay sa mga alituntunin ng mga karapatang sibil at pangrelihiyon, ang taong pinakahigit ang nalalaman at may pinakamabuting puso at utak para sa isang estadista; at wala tayong pakialam kahit na isang katiting kung siya man ay kabilang sa partidong *whig*, demokrata, . . . o republikana, . . . o kung ano pa man. Ito ang ating pulitika (*DBY,* 358).

Tayo, kagaya ng lahat ng iba pang mabuting mga mamamayan, ay dapat na maghangad na magluklok ng mga tao sa kapangyarihan, na makadarama sa mga tungkulin at pananagutan sa napakaraming tao kung saan sila napapasailalim; na makadarama at makapagtatanto sa mahalagang pagtitiwalang ipinagkaloob sa kanila sa pamamagitan ng tinig ng mga tao na nanawagan sa kanila na pangasiwaan ang mga batas (*DBY,* 362).

Sino ang nais nating iluklok sa ating mga katungkulang pambayan? Nais natin ang pinakamabuting mga tao na makikita natin na maging gobernador, pangulo at mga estadista, at para sa bawat katungkulan ng pagtitiwala at pananagutan; at kung nahalal na natin sila, ipananalangin natin sila at bibigyan ng ating pagtitiwala at impluwensiya upang ganapin ang kalooban ng Diyos at upang pangalagaan ang kanilang mga sarili at ang mga tao sa katotohanan at pagkamatwid (*DBY,* 358).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

**Kinakailangang nakabatay ang mga pamahalaang makalupa sa mga batas ng Diyos upang manatili.**

- Bakit kinakailangang nakabatay sa mga batas ng Diyos ang mga pamahalaan upang maging matagumpay? Ano sa huli ang mangyayari sa

anumang pamahalaang hindi nakabatay sa mga alituntuning matwid? (Para sa mga halimbawa ng mga kalalabasang ito, gamitin ang pagbangon at pagbagsak ng mga kahariang Nephita at Lamanita sa iba't ibang kapanahunan sa loob ng Aklat ni Mormon.)

- Ayon kay Pangulong Young, ano ang layunin ng mga pamahalaan sa lupa? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 134:1.)
- Paano maiiba ang lipunan kung ang isang teokratikong (pinamumunuan ng Diyos) pamahalaan ay nakatatag sa lupa? Ano ang itinuring ni Pangulong Young na pinakadakilang kalayaan na maibibigay ng isang teokratikong pamahalaan? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 134:4, 7, 9.)

---


### Ang mga namumuno ay dapat na may karunungan at integridad.

- Anu-anong katangiang dapat mayroon ang isang namumuno sa pamahalaan? Kung ang mga namumuno sa pamahalaan ay matalino, maalam, at masigasig gumawa, bakit mahalagang magkaroon din sila ng mga katangiang kagaya ng katapatan at kabutihan?
- Bakit ang isang magiging pinuno ay kinakailangang may karanasan na pamunuan bago siya maging karapat-dapat na mamuno? Bakit mahalaga sa mga namumuno na maipakitang naging masunurin sila sa batas?

---

### May tungkulin ang mga kasapi ng Simbahan na maging mga responsableng mamamayan.

- Bakit ang "pamamahala sa bawat sarili" ay mahalaga para sa tagumpay ng isang pamahalaan sa lupa? Paano ang pagiging matwid ng mga taong pinamamahalaan magkakaroon ng kinalaman sa tagumpay ng pamahalaan?
- Bakit mahalagang bumoto kayo kapag binigyang ng tanging karapatan? Paano kayo makapagpapasiya kung sino ang ihahalal?
- Paano ninyo maisasakatuparan ang inyong tungkulin upang maging mga responsableng mamamayan?



Bago umakyat sa kanyang Ama, ang nabuhay na mag-uling si Jesucristo ay nagpakita kay Maria.

# Pagkaunawa sa Kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli

*Sa serbisyo para sa paglilibing para kay Elder Thomas Williams noong ika-13 ng Hulyo 1874, nagsalita si Pangulong Brigham Young tungkol sa paksa ng kamatayan: "Anong madilim na lambak at anino itong tinatawag nating kamatayan! Ang makalagpas mula sa kalagayan ng pananatili dito kung ang katawang mortal ang pag-uusapan, tungo sa isang kalagayan ng kahungkagan, gaano kakaiba ito! Gaano kadilim ang lambak na ito! Gaano kahiwaga ang lansangang ito, at kinakailangang bagtasin natin itong nag-iisa. Nais kong sabihin sa inyo, mga kaibigan at mga kapatid, kung makikita natin ang mga bagay sa kanilang kalagayan, at kagaya ng pagkakakita at pagkakaunawa natin sa kanila, ang madilim na lambak at aninong ito ay napakaliit na bagay lamang kung kaya tayo ay lilingon at muling mamalasin ito at mapag-iisip, kapag nabagtas na natin ito, bakit, ito ang pinakadakilang kapakinabangan ng buo kong pagkabuhay, dahil nilisan ko na ang isang kalagayan ng kalungkutan, kapighatian, pagdadalamhati, kasawian, matinding hirap, sakit, panggigipuspos at kabiguan tungo sa isang kalagayan ng pagkabuhay, kung saan ko matatamasa ang buhay hanggang sa pinakahangganan na maaari itong gawin nang walang katawan. Malaya na ang aking espiritu, hindi na ako nauuhaw, hindi ko na nais matulog, hindi na ako nagugutom, hindi na ako napapagod, tumatakbo ako, naglalakad ako, gumagawa ako, pumaparoon ako, pumaparito ako, ginagawa ko ito, ginagawa ko iyan, anuman ang hinihingi sa akin, wala akong nadaramang hirap o kapaguran, puno ako ng buhay, puno ng kasiglahan, at kinagagalakan ko ang kinaroonan ng aking Ama sa langit, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang Espiritu. Nais kong sabihin sa aking mga kaibigan, kung ipamumuhay ninyo ang inyong relihiyon, mamuhay nang napupuno ng pananampalataya ng Diyos, upang ang liwanag ng kawalang-hanggan ay sisikat sa inyo, at inyong makikita at mauunawaan ang mga bagay na ito para sa inyong mga sarili" (*DNSW, *ika-28 ng Hul. 1874, 1).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Hindi mapapantayan ng kaligayahan sa lupa ang "kaluwalhatian, kagalakan, at kapayapaan at kaligayahan ng kaluluwa" na lumisan sa mortalidad sa matwid na kapayapaan.

Isang malaking dahilan upang magalak at magsaya at maaliw ang kanyang mga kaibigan na mabatid na ang isang tao ay yumao nang mapayapa mula sa buhay na ito, at nakatamo para sa kanyang sarili ng isang maluwalhating

pagkabuhay na mag-uli. Ang sanlibutan at ang kabuuan ng lupa at lahat ng tungkol sa mundong ito sa kalagayan sa lupa ay hindi makakapantay sa kaluwalhatian, kagalakan at kapayapaan at kaligayahan ng kaluluwa na yumayao sa kapayapaan (*DBY,* 370).

Ang pagdadalamhati para sa yumaong matwid ay bunsod ng kamangmangan at kahinaang naihasik sa mortal na tabernakulo, sa pagkakabalangkas ng lalagyang ito kung saan nananahan ang espiritu. Kahit anumang sakit ang ating pinagdurusahan, kahit anuman ang pagdaanan natin, yumayakap tayo sa ating inang lupa at umaayaw na iwan tayo ng sinuman sa mga supling nito. Nais nating panatilihin ang magkakasamang kapisanan ng mga ugnayang pang mag-anak na mayroon tayo sa bawat isa, at umaayaw na mawalay sa isa't isa (*DBY,* 370).

Tunay na napakalungkot na mawalay sa mga kaibigan. Mga nilalang tayong may mga damdamin, pakikiramay, at pag-ibig, at masakit para sa atin na mawalay sa ating mga kaibigan. Nais natin silang manatili sa kalagayang mortal, bagama't kailangan nilang magdusa ng sakit. Hindi ba tayo nagiging makasarili sa ganito? Hindi ba sa halip ay dapat na magalak tayo sa paglisan ng mga taong ang buhay ay iniukol sa paggawa ng mabuti, hanggang sa kanilang katandaan? (*DBY,* 371).

Ngunit kung mayroon tayong kaalaman at nakikita ang kawalang-hanggan, kung tayo ay ganap na malaya mula sa kahinaan, pagkabulag, at katamlayan na bumabalot sa atin sa laman, hindi tayo magkakaroon ng kalooban na manangis o magdalamhati (*DBY,* 370).

Kung kaya't mamuhay upang sa inyong paggising sa daigdig ng mga espiritu ay makatotohanan ninyong masasambit na, "Hindi ko na mapapabuti pa ang aking buhay na mortal kung muli ko man itong babalikan." Hinihikayat ko kayo, para sa kapakanan ng Sambahayan ni Israel, para sa kapakanan ng Sion na kailangan nating maitayo, na mamuhay, magmula sa oras na ito, patuloy, magpakailanman, nang ang inyong mga pagkatao ay masusing siyasatin nang may kaluguran ng mga banal na katauhan. Mamuhay nang tulad sa Diyos, na hindi ninyo magagawa nang hindi namumuhay sa kabutihan (*DBY,* 370).

---

**Sa kamatayan, humihiwalay ang espiritu mula sa katawan, bumabalik ang katawan sa lupa, at pumapasok ang espiritu sa daigdig ng mga espiritu.**

Ang bawat taong ipinamumuhay ang alituntunin ng buhay na walang-hanggan ay dapat na ituring ang kanyang katawan na makalupa habang nasa lupa. Ang ating mga katawan ay kinakailangang bumalik sa inang lupa. Totoo, para sa maraming tao ay isang kahabag-habag na kaisipan na ang ating mga espiritu ay kinakailangan, sa loob ng mahaba o maikling panahon, na mahiwalay sa ating mga katawan, at libu-libo at milyun-milyong tao ang mayroon ng ganitong kaisipan habang nabubuhay. Kung nauunawaan nila ang layunin ng pagsubok na ito at ang totoong mga

alituntunin ng buhay na walang-hanggan, isang napakaliit na bagay lamang para sa katawan ang maghirap at mamatay (*DBY,* 368).

Ikinasiya ng Panginoon na bumuo ng mga tabernakulo rito, at lagyan ang mga ito ng espiritu, at ang mga ito pagkaraan ay nagiging matatalinong nilalang. Pagkaraan ng ilang panahon, kung di man ngayon ay sa hinaharap, ang katawan, itong nahihipo ninyo, na inyong nadarama, nakikita, nahahawakan, atbp., ay magbabalik sa inang alabok. Patay ba ang espiritu? Hindi. . . .  Nananatili pa ang espiritu, kapag nalugmok nang muli sa lupa ang katawang ito, at ang espiritung inilagay ng Diyos sa tabernakulo ay pumupunta sa daigdig ng mga espiritu (*DBY,* 368).

Ang ating mga katawan ay binubuo ng mga nakikita at nasasalat na mga sangkap, kagaya ng pagkakaunawa ninyong lahat; batid din ninyong ipinanganganak sila sa daigdig na ito. Pagkatapos ay sinisimulan nilang gamitin ang mga sangkap na angkop sa kanilang pagkakabuo at paglaki, sa pag-unlad tungo sa pagkalalaki [o pagkababae], sa pagtanda, sa pagkabulok, at sa muling pagbalik sa alabok. Unang-una, bagama't naipaliwanag ko na ito nang maraming ulit, ang tinatawag nating kamatayan ay siyang kalakaran ng buhay, na likas sa sangkap na bumubuo sa ating katawan, na siyang dahilan ng pagkabulok makaraang lumisan ang espiritu sa katawan. Kung hindi ito totoo, ang katawan, na iniwan na ng espiritu, ay mananatili sa buong kawalang-hanggan, kagaya nang kalagayan nito nang lisanin ng espiritu, at hindi mabubulok (*DBY,* 368).

---

## Si Jesucristo ang pangunahing bunga ng pagkabuhay na mag-uli.

Si Jesus ang panganay sa mga patay, na inyong mauunawaan. Maging sina Enoc, Elijah, Moises, o sino pa mang tao na nabuhay sa mundo, gaano man siya kahusay na namuhay, ay nakatamo lamang ng pagkabuhay na mag-uli pagkatapos tawagin ng anghel ang katawan ni Jesucristo mula sa libingan. Siya ang panganay sa mga patay. Siya ang Guro ng pagkabuhay na mag-uli—ang unang laman na nabuhay rito pagkatapos matanggap ang kaluwalhatian ng pagkabuhay na mag-uli (*DBY*, 374).

Hindi ito himala para sa kanya. Nasa kanya ang kapangyarihan ng buhay at kamatayan; may kapangyarihan siyang ibigay ang kanyang buhay at kapangyarihang kunin itong muli. Ito ang kanyang sinasabi, at dapat nating paniwalaan ito kung naniniwala tayo sa kasaysayan ng Tagapagligtas at sa mga sinasabi ng mga Apostol na nakatala sa Bagong Tipan. Ang kapangyarihang ito ay kay Jesus at galing sa kanya; iniwan ito sa kanya ng Ama; ito ang kanyang mana, at may kapangyarihan siyang ibigay ang kanyang buhay at kunin itong muli (*DBY*, 340–41).

Ang dugo na kanyang itinigis sa Bundok ng Kalbaryo ay hindi na muling naibalik sa kanyang mga ugat. Naibuhos na ito, at nang siya ay mabuhay na mag-uli, isang sangkap ang pumalit sa dugong iyon. Ganito rin sa bawat tao



Ang kamatayan ay isang katotohanang tuwinang naroroon para sa mga Banal na tumatawid sa kapatagan, kagaya ng inilalarawan ng iginuhit na larawang ito.

na tatanggap ng pagkabuhay na mag-uli; ang dugo ay hindi kasamang mabubuhay na mag-uli ng katawan, dahil ito ay nilalayon lamang na bumuhay sa kasalukuyang kalagayan. Kapag ito ay nalusaw at, at muli nating matanggap ang ating mga katawan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli, itong tinatawag natin ngayon na buhay ng katawan, na nabubuo mula sa pagkaing ating kinakain at tubig na ating iniinom ay mapapalitan ng ibang sangkap; sapagkat ang laman at dugo ay hindi maaaring magmana ng Kaharian ng Diyos [tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 15:50] (*DBY,* 374).

## Maihahanda tayo ng ating katapatan sa isang maluwalhating pagkabuhay na mag-uli, ang muling pagsasanib ng ating katawan at espiritu.

Inihayag ng Ebanghelyo ng buhay at kaligtasan sa bawat taong tumatanggap nito na ang daigdig na ito ay isang lugar lamang ng pansamantalang panahon, buhay, mga pagsubok, atbp. Ang kasalukuyang anyo at mga gamit nito ay para sa ilang araw lamang, samantalang tayo ay nilalang upang mabuhay magpakailanman. Ang masama ay hindi nakakikita nang higit pa sa mundong ito. Nauunawaan natin na kapag tayo ay nahubaran na sa kasalukuyang katayuan, samakatwid ay nakahanda na tayong mabalot ng kawalang-kamatayan—na kapag hinubad na natin ang mga katawang ito ay isusuot na natin ang kawalang-kamatayan [tingnan sa Alma 11:43–44]. Babalik ang mga katawang ito sa alabok, ngunit ang ating pag-asa at pananampalataya ay muli nating matatanggap ang mga katawang ito mula sa mga sangkap—na matatanggap natin ang mismong pagkakabuo na kagaya ng mayroon tayo ngayon, at, kung matapat tayo sa mga alituntunin ng [ebanghelyo] kalayaan, tayo samakatwid ay magiging handang manatili magpakailanman (*DBY,* 372).

Makaraang lisanin ng espiritu ang katawan, mananatili itong walang tabernakulo sa daigdig ng mga espiritu hanggang ang Panginoon, sa pamamagitan ng batas na kanyang inordena, ay papangyarihin ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:33–34]. Kapag pinatunog na ng anghel na humahawak sa mga susi ng pagkabuhay na mag-uli ang kanyang pakakak, ang naiibang pangunahing mga sangkap na bumubuo sa ating katawan dito, kung ang mga ito ay iginalang natin, bagama't sila ay nailagak sa kailaliman ng dagat, at bagaman ang isa sa kanila ay nasa hilaga, ang isa ay nasa timog, ang isa ay nasa silangan, at ang isa ay nasa kanluran, ay magkakasamang titipunin muli sa isang kisap-mata, at aangkinin sila ng ating mga espiritu. Samakatwid ay mahahanda na tayong manahan kasama ng Ama at Anak, at hindi tayo kailanman magiging handang manahan kasama sila hangga't hindi pa ito nagaganap. Ang mga espiritu, kapag nililisan nila ang kanilang mga katawan, ay hindi nananahan kasama ang Ama at Anak, bagkus ay tumitira sa daigdig ng mga espiritu, kung saan may mga lugar na inihanda para sa kanila. Ang mga gumagalang sa kanilang mga tabernakulo, at umiibig at naniniwala sa Panginoong Jesucristo, ay kailangang maghubad ng mortalidad na ito, sapagkat kung hindi ay hindi nila maisusuot ang imortalidad. Kailangang mapalitan ang katawang ito, kundi ay hindi ito maihahandang manahan sa kaluwalhatian ng Ama (*DBY,* 372).

Makaraang paghiwalayin ng kamatayan ang katawan at espiritu, ano, patungkol sa mundong ito, ang una nating tatanggapin? Ang katawan; ito ang unang bagay na minimithing makasamang muli ng espiritu sa kabilang buhay. Una nating matatamo ang katawan. Ang espiritu [ng isang matwid na lalaki o babae] ay napangingibabawan ang katawan, at ang katawan ay napapasailalim sa bawat aspeto sa banal na alituntuning itinanim ng Diyos sa pagkatao. Ang espiritung napapaloob ay dalisay at banal, at muling bumabalik na dalisay at banal sa Diyos, nananahan nang dalisay at banal sa daigdig ng mga espiritu, at pagkaraan ng ilang panahon, ay magkakaroon ng tanging karapatan na pumarito upang muling kunin ang katawan. [Si Jesucristo,] na humahawak ng mga susi ng pagkabuhay na mag-uli, matapos madaanan na ang pagsubok na ito, ay itatalagang buhayin na mag-uli ang mga katawan, at ang ating mga espiritu ay nandoon at nakahandang pumasok sa [ating] mga katawan. Samakatwid, kung nakahanda tayong tanggapin ang ating mga katawan, ang mga ito ang unang bagay na makalupa na magpapakita sa kabanalang matatamo ng tao. Ang katawan lamang ang namamatay; ang espiritu ay palaging buhay at nakaaalam (*DBY,* 373).

Naririto tayo sa kalagayang inililibing natin ang patay ayon sa orden ng Pagkasaserdote. Ngunit ilan sa ating mga kapatid ang namamatay sa karagatan; hindi sila maililibing sa lupa, bagkus binalot sila sa lona at inihulog sa dagat, at maaaring sa loob ng isa o dalawang saglit ay nasa tiyan na sila ng pating, gayunman ang mga taong ito ay babangon sa pagkabuhay na mag-uli, at tatanggap ng lahat ng kaluwalhatian kung saan sila karapat-dapat, at mababalutan ng lahat ng kagandahan ng isang Banal na nabuhay na mag-uli,

kagaya rin namang kung sila ay inilibing sa isang ginto o pilak na kabaong, at sa isang lugar na sinadyang maging himlayan ng mga patay (*DBY,* 373–74).

Walang sinumang tao ang makapapasok sa kahariang selestiyal at mapuputungan ng kaluwalhatiang selestiyal, hangga't hindi niya natatamo ang kanyang katawang nabuhay na mag-uli (*DBY,* 375).

Ang tanging tunay na kayamanan ay ang matiyak natin para sa ating sarili, ang banal na pagkabuhay na mag-uli (*DBY,* 372).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

### Hindi mapapantayan ng kaligayahan sa lupa ang "kaluwalhatian, kagalakan, at kapayapaan at kaligayahan ng kaluluwa" na lumisan sa mortalidad sa matwid na kapayapaan.

- Bagama't masakit na mawalay sa ating mga mahal sa buhay, sa anong bagay tayo maaaring magalak at makasumpong ng aliw sa kanilang kamatayan?
- Ano ang ipinayo ni Pangulong Young hinggil sa ating panahon ng pagsubok sa mortalidad? Itinuro rin niyang nararapat tayong mamuhay upang ang ating mga pagkatao ay "masusing masiyasat nang may kaluguran ng mga banal na katauhan. Paano natin matitiyak na ang Araw ng Paghuhukom ay magiging isang panahon ng kaligayahan para sa atin?

### Sa kamatayan, humihiwalay ang espiritu mula sa katawan, bumabalik ang katawan sa lupa, at pumapasok ang espiritu sa daigdig ng mga espiritu.

- Bakit bahagi ng kamatayan ang "kalakaran ng buhay"?
- Ano ang itinuro ni Pangulong Young tungkol sa katawan sa sandaling lumisan na ang espiritu?

### Si Jesucristo ang pangunahing bunga ng pagkabuhay na mag-uli.

- Ano ang nagbigay kakayahan kay Jesucristo upang mabuhay na mag-uli?
- Anu-ano ang natututuhan natin hinggil sa mga taong nabuhay na mag-uli dahil sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo? Paano magbabago ang ating mga katawan kapag tayo ay nabuhay na mag-uli?

### Maihahanda tayo ng ating pananampalataya sa isang maluwalhating pagkabuhay na mag-uli, ang muling pagsasanib ang ating katawan at espiritu.

- Ayon kay Pangulong Young, paano magaganap ang pagkabuhay na mag-uli? (Tingnan din sa Alma 11:43; Mga Taga Filipos 3:21.)
- Ano ang ibig ipakahulugan ng paggalang sa ating mga tabernakulo?
- Bakit ang pagtanggap ng "isang banal na pagkabuhay na mag-uli" ang "ang tanging tunay na kayamanan na mayroon"?

# Ang Daigdig ng mga Espiritu

*Sa kanyang pagtatalumpati sa serbisyo sa paglilibing kay Elder Thomas Williams, nagsalita si Pangulong Young tungkol sa daigdig ng mga espiritu nang ganito: "Gaano kadalas lumabas ang katanungan sa isipan ng mga tao—'Sana ay batid ko kung saan ako pupunta!' Malalaman ba ninyo? Buweno, mapupunta kayo sa daigdig ng mga espiritu kung nasaan na ngayon si Kapatid na Thomas. Siya ay nasa isang higit na mataas na antas ng kalagayan na ngayon, ibig kong sabihin ay ang espiritu niya, kaysa noong ito ay nasa katawan pa niya. 'Bakit hindi ko siya makita? Bakit hindi ko makausap ang kanyang espiritu? Sana ay makita ko ang aking asawa o ang aking ama at makausap ko siya!' Hindi makatwirang gawin ninyo ito; hindi wastong gawin ninyo ito; maaaring mawala sa inyo ang pangunahing layunin ng inyong buhay, kung magkaroon kayo ng ganitong tanging karapatan, at naroroon din ang ganoong katulad na pagsubok ng pananampalataya upang pagkaabalahan ninyo, ang hindi gaanong matinding landas ng kahirapan na lalakaran ninyo, ang hindi gaanong dakilang digmaang lalabanan, ang hindi gaanong dakilang tagumpay na pagwawagian, at mawawala sa inyo ang pangunahing layunin ng buhay na hinahangad ninyo. Nararapat lamang na ganito, na ang tabing ay maipinid; nang hindi natin makita ng Diyos, nang hindi natin makita ang mga anghel, nang hindi natin sila makausap maliban sa pamamagitan ng mahigpit na pagtupad sa kanyang mga hinihiling, at pananampalataya kay Jesucristo (*DNSW, *ika-28 ng Hul. 1874, 1).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang mga espiritu ng patay ay pumupunta sa daigdig ng mga espiritu.

Kapag inihimlay na ninyo ang tabernakulong ito, saan kayo tutungo? Sa daigdig ng mga espiritu (*DBY*, 376).

Ang masasamang espiritu na umaalis dito at pumupunta sa daigdig ng mga espiritu, masama ba sila roon? Oo (*DNW,* ika-27 ng Ago. 1856, 3).

Kapag nililisan ng mga espiritu ang kanilang katawan, . . . sila ay nakahanda nang makita, mapakinggan at maunawaan ang mga bagay na espirituwal. . . . Nakakikita ba kayo ng mga espiritu sa silid na ito? Hindi. Ipagpalagay na hihipuin ng Panginoon ang inyong mga mata upang kayo ay makakita, makikita na ba ninyo sa gayon ang mga espiritu? Oo, kasing liwanag nang pagkakakita ninyo sa mga katawan, kagaya ng tagapaglingkod ni [Elisha] [tingnan sa 2 Mga Hari 6:16–17]. Kung pahihintulutan ito ng Panginoon, at layon niyang papangyarihin ito, makikita ninyo ang mga espiritung lumisan sa daigdig na ito, na kasing liwanag ng pagkakakita ninyo sa mga katawan sa pamamagitan ng inyong likas na mga mata (*DBY,* 376–77).

---

## Binuksan ni Jesus ang pintuan ng kaligtasan para sa mga nasa daigdig ng mga espiritu.

Si Jesus ang pinakaunang tao na pumunta upang mangaral sa mga espiritu sa kulungan, na hawak ang mga susi ng Ebanghelyo ng kaligtasan sa kanila. Ang mga susing iyon ay inihatid sa kanya sa araw at oras na siya ay tumungo sa daigdig ng mga espiritu, at sa pamamagitan ng mga ito ay kanyang binuksan ang pintuan ng kaligtasan sa mga espiritu sa kulungan (*DBY,* 378).

Nais nating magtiis sapat upang magawa ang kalooban ng Diyos sa paghahanda na madala ang mga hindi nagkaroon ng tanging karapatan na mapakinggan ang Ebanghelyo habang nasa laman, sa payak na dahilang, sa daigdig ng mga espiritu, ay hindi sila maaaring mangasiwa sa mga ordenansa ng bahay ng Diyos. Nadaanan na nila ang mga pagsubok, at nalampasan na nila ang pagkakataong makapangasiwa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan para sa kanilang kadakilaan, at kasunod nito ay nangangailangan silang manalig sa kanilang mga kaibigan, mga anak, mga anak ng kanilang mga anak na mangasiwa para sa kanila, nang sila ay maiakyat sa kahariang selestiyal ng Diyos (*DBY,* 406).

Ihambing ang mga naninirahan sa lupa na nakarinig ng Ebanghelyo sa ating panahon, sa milyun-milyong hindi kailanman nakarinig nito, o nagkaroon ng pagkakataon na mailahad sa kanila ang mga susi ng kaligtasan, at kaagad ninyong maipapalagay katulad ko, na may napakadakilang gawaing gagampanan sa daigdig ng mga espiritu (*DBY,* 377).

Pagmuni-munihin ang milyun-milyong tao na nabuhay at namatay nang hindi narinig ang Ebanghelyo sa lupa, na walang mga susi ng Kaharian. Hindi sila handa para sa kaluwalhatiang selestiyal, at walang kapangyarihang makapaghahanda sa kanila nang wala ang mga susi ng Pagkasaserdoteng ito (*DBY,* 378).

Si Tatay Smith [Joseph Smith Sr.] at Carlos [Smith] at Kapatid na [Edward] Partridge, oo, at lahat ng iba pang mabuting Banal, ay kasing-abala sa daigdig ng mga espiritu kagaya ko at ninyo rito. Nakikita nila tayo, ngunit hindi natin sila makikita hangga't hindi iminumulat ang ating mata. Ano ang ginagawa nila roon? Nangangaral sila, nangangaral sa lahat ng oras, at inihahanda ang daan para sa atin na mapabilis ang ating gawain na magtayo ng mga templo rito at kung saan pa (*DBY,* 378).

Ang gawain ng bawat matapat na tao ay magpapatuloy na kasing haba ng gawain ni Jesus, hanggang sa matubos ang lahat ng bagay na maaaring tubusin, at maiharap sa Ama. May dakilang gawaing nahaharap sa atin (*DBY,* 378).

Ang mga espiritung nananahan sa mga tabernakulo sa sanlibutang ito, kapag nililisan nila ang mga katawang ito ay pupuntang tuluy-tuloy sa daigdig ng mga espiritu. Ano! Isang kalipunan ng mga espiritung naninirahan doon, na nakikisalamuha sa bawat isa kagaya ng ginagawa nila rito? Oo, mga kapatid, magkakasama sila roon, at kung nakikisalamuha sila sa isa't isa, at nagsama-sama, sa mga angkan o mga samahang katulad ng ginagawa nila rito, tanging karapatan nila ito. Walang pagdududang sila, humigit-kumulang, ay nagagawa pa rin nilang makita, marinig, makausap, at makipag-ugnayan sa isa't isa, maging sa mabuti man o masama. Kung ang mga Elder sa Israel sa mga huling araw na ito ay pupunta at mangangaral sa mga espiritu sa kulungan, makikisalamuha sila sa kanila, kagaya ng pakikisalamuha ng mga Elder sa masasama sa laman, kapag sila ay pumupunta upang mangaral sa kanila (*DBY,* 378).

## Ang daigdig ng mga espiritu ay isang buhay na lugar kung saan maaaring lumaki at umunlad.

Kapag kayo ay nasa daigdig ng mga espiritu, ang lahat ng bagay roon ay lalabas na katulad ng mga bagay na nakikita natin sa ngayon. Ang mga espiritu ay makakikilala sa mga espiritu sa daigdig ng mga espiritu—makikipag-usap, makakikita, at makikipagtalastasan sa iba't ibang uri ng paraan sa bawat isa katulad ng kanilang kinagawian at kinasanayan noong sila ay nandito pa sa laman. Doon, kagaya rito, ang lahat ng bagay ay magiging likas, at mauunawaan ninyo sila katulad ng pagkakaunawa ninyo sa mga likas na bagay. Mamamalas ninyo roon na ang mga espiritung pinag-uusapan natin ngayon ay may ginagawa; hindi sila natutulog. At malalaman ninyong nagsusumikap sila nang may buong pagpupunyagi—gumagawa at gumaganap nang masigasig katulad ng ginagawa ng isang tao upang maisakatuparan ang isang gawain sa daigdig na ito (*DBY,* 380).

Ang mga espiritu ay nakakikila sa mga espiritu, kagaya rin naman ng mga katawang nakakikilala sa mga katawan, bagama't ang mga espiritu ay

binubuo ng mga bagay na napakapino upang madama ng mga katawan. Lumalakad sila, nag-uusap, at nagkakatipon; at ang espiritu ng mabubuting tao katulad ni Joseph at ng mga Elder, na lumisan sa Simbahang ito sa lupa sa ilang panahon upang gumawa sa ibang kalagayan, ay pinagsasama-sama ang kanilang mga lakas at pumupunta sa iba't ibang lugar upang ipangaral ang Ebanghelyo, at si Joseph ang nangangasiwa sa kanila, na sinasabing, humayo kayo, mga kapatid ko, at kung haharangan nila ang inyong mga daan, magpatuloy at utusan silang magwatak-watak. Nasa inyo ang Pagkasaserdote at maaari silang pagwatak-watakin, ngunit kung sinuman sa kanila ang naghahangad na mapakinggan ang Ebanghelyo, mangaral sa kanila (*DBY,* 379).

Masasabi ko tungkol sa pagyao ng ating mga kaibigan, at sa mismong pagyao natin, na ako ay halos nakarating na roon upang maunawaan ang kawalang-hanggan kung kaya't kinailangan ko ang higit pang pananampalataya upang mabuhay kaysa anupamang pananampalataya na aking ginawa sa buong buhay ko. Ang kaliwanagan at kaluwalhatian ng susunod na tahanan ay hindi maisasalarawan. Wala ritong kahirapang kagaya ng sa pagtanda natin ay natitisod tayo kaya't kailangan nating mag-ingat sa pag-aalalang tayo ay madapa. Nakikita nating kahit na ang ating kabataan ay natitisod at nadadapa. Ngunit doon, anong kaibahan! Madali ang kanilang pagkilos at kasing bilis ng kidlat. Kung nais nating pumasyal sa Jerusalem, o dito, o doon, o sa ibang lugar—at ipinalalagay kong pahihintulutan tayo kung nanaisin natin—maparoroon tayo, pinagmamasdan ang mga lansangan nito. Kung nais nating mamalas ang Jerusalem gaya noong panahon ng Tagapagligtas; o kung nais nating makita ang Halamanan ng Eden nang ito ay likhain, nandoon na tayo, at makikita natin kung paano ito sa kalagayang espirituwal, sapagkat una itong nilikhang espirituwal bago naging temporal, at espirituwal na nananatili ito. At kapag nandoon ay makikita natin ang mundo katulad sa simula ng paglikha, o maaari nating madalaw ang anumang lungsod na naisin natin na nasa ibabaw nito. Kung nanaisin nating maunawaan kung paano silang namumuhay dito sa kapuluang ito sa kanluran, o sa Tsina, nandoon na tayo; sa katunayan, katulad tayo ng liwanag sa umaga. . . . Inihayag ng Diyos ang ilang maliliit na bagay, hinggil sa kanyang mga pagkilos at kapangyarihan, at ang pagkilos at galaw ng kidlat ay nagbibigay ng mainam na halimbawa sa kakayahan ng Pinakamakapangyarihan (*DBY,* 380).

Kapag napunta na tayo sa daigdig ng mga espiritu ay mapapasaatin ang isang sukat ng kanyang kapangyarihan. Dito, walang tigil tayong pinahihirapan ng mga sakit at karamdamang may iba't ibang uri. Sa daigdig ng mga espiritu ay magiging malaya tayo sa lahat ng ito at tatamasahin



**Sa pagitan ng kanyang kamatayan at pagkabuhay na mag-uli, pumunta ang Tagapagligtas sa daigdig ng mga espiritu upang simulan ang gawain ng pagliligtas sa mga patay.**

natin ang buhay, kaluwalhatian, at katalinuhan; at kasama natin ang Ama upang kumausap sa atin, si Jesus upang kumausap sa atin, at mga anghel upang kumausap sa atin, at tatamasahin natin ang pakikisalamuha sa mga makatarungan at dalisay na nasa daigdig ng mga espiritu hanggang sa pagkabuhay na mag-uli (*DBY,* 380–81).

Ipagpalagay, samakatwid, na ang isang tao ay masama sa kanyang puso—ganap na nagpadala sa kasamaan, at namatay sa kalagayang iyon, papasukin ng kanyang espiritu ang daigdig ng mga espiritu na naglalayong gumawa ng masama. Sa kabilang banda, kung pinagsusumikapan natin sa pamamagitan ng mga kapangyarihan at kakayahang ipinagkaloob sa atin ng Diyos na paunlarin ang ating mga talino, ihanda ang ating sariling manahan sa buhay na walang hanggan, at sa ganitong katayuan ay tanggapin ng libingan ang ating katawan, anong disposisyon mayroon ang ating espiritu sa pagpasok nito sa susunod na kalagayan? Ipagpapatuloy pa rin nila ang pagsusumikap na magampanan ang mga bagay ng Diyos, kaya nga lang ay sa higit na mataas na antas—natututo, umuunlad, lumalaki sa pagpapala at sa kaalaman ng katotohanan (*DBY,* 379).

Kung matapat tayo sa ating relihiyon, sa panahong pumunta tayo sa daigdig ng mga espiritu, ang nangahulog na mga espiritu—si Lucifer at ang ikatlong bahagi ng mga hukbo sa langit na sumama sa kanya, at ang mga espiritu ng masasamang tao na nanahan dito sa lupa, silang lahat na pinagsama ay hindi magkakaroon ng lakas sa ating mga espiritu. Hindi ba

ito isang kapakinabangan? Oo. Ang natitira pa sa mga anak ng tao ay, humigit kumulang, mapapasailalim sa kanila, at mapapasailalim sila sa kapangyarihan nila kagaya ng pagkakasailalim nila noong nandito pa sila sa laman (*DBY,* 379).

Dito [ang matatapat] ay lilituhin at dadalawin niya; ngunit kung mapunta na tayo sa daigdig ng mga espiritu, doon ay tayo ang magiging amo ng mga kapangyarihan ni satanas, at hindi na niya tayo maaaring pahirapan, at sapat nang mabatid ko ito (*DNW,* ika-1 ng Okt. 1856, 3).

Kung ang isang tao ay mabinyagan para sa kapatawaran ng mga kasalanan, at mamatay siya di pa nagtatagal pagkatapos nito, hindi siya kaagad nakahanda na tamasahin ang kaganapan ng kaluwalhatian na ipinangako sa mga matapat sa Ebanghelyo; sapagkat kinakailangan niya muling maturuan habang nasa espiritu, sa ibang mga bahagi ng bahay ng Diyos, na bumabagtas mula sa isang katotohanan tungo sa isang katotohanan, mula sa isang katalinuhan tungo sa isang katalinuhan, hanggang sa muli siyang maging handang tanggapin ang kanyang katawan at pumasok sa kinaroroonan ng Ama at Anak. Hindi tayo makapapasok sa kaluwalhatiang selestiyal sa ating kasalukuyang kalagayan ng kamangmangan at kadiliman ng isipan (*DBY,* 378–79).

Higit na marami tayong kaibigan sa kabila ng tabing kaysa bahaging ito, at babatiin nila tayo nang may higit na kagalakan kaysa anumang pagsalubong sa inyo ng inyong mga magulang at kaibigan sa daigdig na ito; at higit kayong magagalak kung makakatagpo ninyo sila kaysa anumang kagalakan kung nakakatagpo kayo ng kaibigan sa buhay na ito; at pagkaraan ay tutuloy tayo mula sa isang antas tungo sa isang antas, mula sa isang kagalakan tungo sa isang kagalakan, at mula sa isang katalinuhan at kapangyarihan tungo sa isa pa, na ang kaligayahan natin ay nagiging higit na katangi-tangi at nadarama habang nagpapatuloy tayo sa mga salita at kapangyarihan ng buhay (*DBY,* 379–80).

Kapag nilisan natin ang kalagayang ito, tungo sa kabilang kalagayan, masasabi kong ganoon, hindi tayo titigil doon. Magpapatuloy pa rin tayo, na gumagawa ng lahat ng mabuting magagawa natin, nangangasiwa at namamahala para sa lahat na pinahintulutang pangasiwaan at pamamahalaan natin, at pagkaraan ay tumuloy mga kasunod, hanggang sa putungan ng Panginoon ang lahat ng naging matapat sa lupa, at tapos na ang lahat ng gawain patungkol sa sanlibutan, at ang Tagapagligtas, na siya nating tinutulungan, ay tapos na sa kanyang gawain, at ang mundo, kasama ang lahat ng bagay patungkol dito ay ihaharap sa Ama. Samakatwid ay matatanggap ng matatapat na ito ang kanilang mga biyaya at mga putong, at ang kanilang mga pamana ay maitatatag para

sa kanila at maipagkakaloob sa kanila, at pagkaraan ay magpapatuloy sila sa paglikha ng mga daigdig, patuloy na uunlad magpakailanman man (*DBY,* 376).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

---

### Ang mga espiritu ng patay ay pumupunta sa daigdig ng mga espiritu.

- Kapag namamatay ang katawan, saan pumupunta ang espiritu? (Tingnan din sa Alma 40:11–14.) Bakit hindi natin maaaring makita o makausap ang mga nasa daigdig ng mga espiritu?

---

### Binuksan ni Jesus ang pintuan ng kaligtasan para sa mga nasa daigdig ng mga espiritu.

- Ano ang ibig ipakahulugan ng "binuksan [ni Jesus] ang pintuan ng kaligtasan para sa mga espiritu sa kulungan"? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 138; 1 Pedro 3:18–19.)
- Makaraang buksan ni Cristo ang mga pintuan ng kaligtasan sa daigdig ng mga espiritu, paano naipangaral ang ebanghelyo roon? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 138:30.)
- Kung walang alin man sa mga ordenansa tungkol sa laman ang pinangangasiwaan sa daigdig ng mga espiritu, bakit ipinangangaral ang ebanghelyo sa mga espiritu roon? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 138:58–59.) Ano ang magagawa natin para sa mga nasa daigdig ng mga espiritu na hindi pa nakatatanggap ng mga ordenansa ng kaligtasan? Paano tayo masigasig na makalalahok sa pagtubos ng mga patay, kahit na walang malapit na templo?
- Paano magkakaroon ng kinalaman ang buhay ninyo sa lupa sa magiging buhay ninyo sa daigdig ng mga espiritu?

---

### Ang daigdig ng mga espiritu ay isang buhay na lugar kung saan maaaring lumaki at umunlad.

- Ano ang itinuro ni Pangulong Young hinggil sa buhay sa daigdig ng mga espiritu? Paano magiging katulad ng buhay sa lupa ang buhay sa daigdig

ng mga espiritu? Paano ito naiiba? Anong mga aspeto ng buhay sa daigdig ng mga espiritu ang pinananabikan ninyo?

- Anong kapangyarihan at impluwensiya mayroon si Satanas sa daigdig ng mga espiritu?
- Bakit hindi kaagad nakahandang tumanggap ng kaganapan ng kaluwalhatian ang taong kabibinyag pa lamang? Ano ang kailangang gawin ng taong iyon upang makapaghanda para sa biyayang ito? Saan ito maaaring gawin?

# Hatol na Walang Hanggan

*"Nakarating ako sa paniniwala," ang pahayag ni Pangulong Brigham Young, "na hahatulan tayo alinsunod sa mga gawaing ginawa habang nabubuhay at alinsunod sa mga hangarin at layunin ng puso" (*DNW, *ika-17 ng Ago. 1869, 2; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 137:9). Malinaw niyang itinuro na ang bawat lalaki at babae ay makararanas ng paghuhukom na ito: "Ang bawat matalinong nilalang ay hahatulan . . . alinsunod sa kanyang mga gawa, pananampalataya, mga hangarin, at katapatan o kawalan ng katapatan sa harapan ng Diyos; ang bawat katangian ng kanyang pagkatao ay tatanggap ng kaukulang gantimpala o kaparusahan at hahatulan siya ayon sa batas ng langit" (*DNW, *ika-12 ng Set. 1860, 2).*

## Mga Turo ni Brigham Young

**Hahatulan tayo alinsunod sa ating mga gawa, salita, iniisip, at pagtugon sa katotohanan.**

Isa itong mundo kung saan natin mapatutunayan ang ating sarili. Ang buong buhay ng tao ay isang araw ng pagsubok, kung kailan maaari nating mapatunayan sa Diyos, sa ating kamangmangan, sa ating kahinaan, at kung saan naghahari ang kaaway, na tayo ay mga kaibigan ng ating Ama, at na tumatanggap tayo ng liwanag mula sa kanya at karapat-dapat na mamuno sa ating mga anak—upang maging mga panginoon ng mga panginoon, at mga hari ng mga hari—upang magkaroon ng ganap na kapangyarihan sa yaong bahagi ng ating mga mag-anak na puputungan sa kahariang selestiyal ng kaluwalhatian, kawalang kamatayan, at mga buhay na walang hanggan (*DBY,* 87).

Batid kong hindi magtatagal, ay darating ang araw ng paghuhukom sa inyo at sa akin, at bago maglaon ay ihihimlay na natin ang mga tabernakulong ito at magtutungo sa daigdig ng mga espiritu. At alam kong habang nakahimlay tayo, ganoon tayo mararatnan ng paghuhukom, at ito ay batay sa banal na kasulatan; "sa dakong kabuwalan ng kahoy ay doon ito mamamalagi" [tingnan sa Eclesiastes 11:3], o, sa ibang pananalita, sa pag-iwan sa atin ng kamatayan ay masusumpungan tayo ng paghuhukom (*DBY,* 382).

Pinagpapantay ng kamatayan ang pinakamakapangyarihang hari at ang pinakamahirap at nagugutom na pulubi; at kapwa sila kinakailangang tumayo sa harap ng luklukan ng paghuhukom ni Cristo upang panagutan ang mga ginawa natin habang nabubuhay (*DBY,* 445).

Paniwalain ang bawat isa ayon sa kanyang nais at pasundin sa mga paniniwala ng kanyang sariling isipan, sapagkat ang lahat ay malayang pumili at tumanggi; malaya silang maglingkod sa Diyos o magtakwil sa kanya. Mayroon tayong mga Banal na Kasulatan ng mga makalangit na katotohanan, at malaya tayong maniwala o tanggihan ang mga ito. Ngunit ihaharap tayong lahat sa paghuhukom sa harap ng Diyos dahil sa mga bagay na ito, at kinakailangan tayong magbigay-sulit sa kanya na siyang may karapatang tumawag sa atin upang magbigay-sulit sa ating mga ginawa habang nabubuhay (*DBY,* 67).

Ang panahon at kakayahang gumawa ang siyang puhunan ng buong sangkatauhan, at tayong lahat ay nagkakautang sa Diyos para sa kakayahang gamitin ang panahon nang kapaki-pakinabang at kakailanganin niya sa ating ang pagbibigay-sulit sa ating paggamit sa kakayahang ito (*DBY*, 301).

Ang mga anak ng tao ay hahatulan alinsunod sa kanilang mga ginawa, maging mabuti o masama man ang mga ito. Kung puno ang mga araw ng isang tao ng mabubuting gawa, gagantimpalaan siya alinsunod dito. Sa kabilang banda, kung puno ang mga araw niya ng masasamang gawa, tatanggap siya alinsunod sa mga gawang ito. . . .  Kailan matatanto ng mga taong ito ang yugto ng panahon kung kailan nila dapat na umpisahan ang paglalatag ng mga saligan ng kanilang kadakilaan para sa panahon at kawalang-hanggan, na ito ang panahon upang mag-isip at lumikha ng mabubuting gawa mula sa puso para sa karangalan at kaluwalhatian ng Diyos, kagaya ng ginawa ni Jesus (*DNW,* ika-13 ng Abril, 1854, 1).

Hindi lamang kakailanganin ng [Diyos] ang ating pagbibigay-sulit sa ating mga ginawa, ang ating mga salita at iniisip ay dadalhin din sa paghuhukom (*DBY,* 301).

Ang lahat ng nananampalataya, may tapat na puso, at lumilikha ng mga gawa ng pagkamatwid, ay siyang hinirang ng Diyos at mga tagapagmana ng lahat ng bagay. Ang lahat ng ayaw tumupad sa banal na kautusan ng Panginoon at sa mga ordenansa ng kanyang bahay ay hahatulan ayon sa kanilang mga sinalita, ipapahamak ang kanilang sarili kagaya ng ginagawa nila ngayon, ituturing na hindi karapat-dapat at hindi magkakaroon ng bahagi o parte kasama ng mga matwid (*DBY,* 383–84).

"Kung gayon," wika ng isa, "kung halos tiyak na akong makatatamo ng kalagayan ng kaluwalhatian na higit na mainam kaysa rito, sa palagay ko ay hindi na kailangan pang magpakahirap upang magmana ng anumang bagay na higit pa." Kung gayon, gawin mo ito kung nais mo, may tanging karapatan namang ganito ang bawat tao sa lupa. Ipinangaral ang Ebanghelyo, nabuhay ang kasalanan, namatay ang ilan at nakikipagtunggali ang ilan laban dito [sa ebanghelyo]—tinatanggap ito ng ilan at ayaw naman ng ilan; ngunit ito ang kasalanan ng mga tao—sinabi sa kanila ang katotohanan at tinanggihan nila ito. Ito ang kasalanan ng sanlibutan. "Naparito ang ilaw sa sanlibutan, at iniibig pa ng mga tao ang kadiliman sa kaysa ilaw, sapagkat masasama ang kanilang mga gawa" [tingnan sa Juan 3:19]. Ganito ang sinabi ni Jesus noong panahon niya. Sinasabi natin, narito ang Ebanghelyo ng buhay at kaligtasan,

at sa bawat isang tatanggap nito, ay kaluwalhatian, karangalan, kawalang kamatayan at buhay na walang hanggan ang mapapasakanila; kung tatanggihan nila ito, nagsusugal sila (*DBY,* 384).

Kapag dumarating sa isang tao ang liwanag ng kaalaman ng Diyos, at tinanggihan niya ito, ito ay kanyang kahatulan (*DBY,* 383)

Ang mga alituntunin ng buhay na walang hanggan na inilatag sa ating harapan ay nilayon upang itaas tayo sa kapangyarihan at pangalagaan tayo laban sa pagkasira. Kung pipiliin natin ang salungat na landas at makibahagi sa at ipamuhay ang alituntuning humihilig sa kamatayan, nasa ating sarili ang pagkakamali. Kung hindi natin matatamo ang kaligtasang ating hinahangad, dapat nating kilalaning nakuha natin para sa ating sarili ang bawat gantimpala na nararapat sa atin dahil sa ating mga gawa, at na kumilos tayo ayon sa kalayaang pumili na ipinagkaloob sa atin, at hahatulan batay sa ating mga salita, kung tayo man ay bibigyang katwiran o isusumpa (*DNW,* ika-17 ng Ago. 1859, 1).

---

## Hahatulan tayo batay sa pamumuhay natin ayon "sa pinakamainam na liwanag na mayroon [tayo]."

Lumalabas para sa akin, sapul pa sa aking pagkabata hanggang sa ngayon, na kalokohan, na pag-usapan ang mga nananahan sa sanlibutan na nawala nang di na mapapanauli—na pag-usapan ang aking ama at ina, at ang sa inyo, o ang ating mga ninuno, na namuhay nang matapat alinsunod sa pinakamainam na liwanag na mayroon sila; ngunit dahil hindi sila nagkaroon ng walang katapusang tipan at ng banal na pagkasaserdote sa kanilang kalipunan, ay dapat na silang mapunta sa impiyerno at masunog roon nang walang hanggan. Isa itong kalokohan para sa akin; noon pa man, at sa hinaharap (*DBY,* 384).

Kinakailangang mabatid ng isang lalaki o babae ang mga daan ng Diyos bago sila maging hindi maka-diyos. Maaari maging makasalanan ang mga tao, maaaring maging di matwid, maaaring maging masama, na kailanman ay hindi napakinggan ang plano ng kaligtasan, na hindi man lamang nalaman ang kasaysayan ng Anak ng Diyos, o napakinggan ang pangalan ng Tagapagligtas, at, marahil, ang kasaysayan ng kanyang buhay habang naririto sa lupa, ngunit naturuang di manampalataya sa pamamagitan ng kanilang tradisyon at edukasyon; ngunit upang maging hindi maka-diyos, sa isang mahigpit na pagpapakahulugan sa salitang ito, kinakailangan nilang maunawaan nang may kalawakan ng pagiging diyos (*DBY,* 384).

Kung ang mortalidad ang pag-uusapan, milyun-milyong nananahan sa sanlibutan ang namumuhay alinsunod sa pinakamainam na liwanag na mayroon sila—alinsunod sa pinakamainam na kaalaman na sumasakanila. Madalas kong sabihin sa inyo na tatanggap sila alinsunod sa kanilang mga gawa; at ang lahat, na namumuhay alinsunod sa pinakamainam na mga alituntuning pinanghahawakan nila, o nauunawaan nila, ay tatanggap ng kapayapaan, kaluwalhatian, kaginhawaan, kagalakan at isang putong na malayong higit sa kanilang inaasam. Hindi sila mawawala (*DBY,* 384).

Kung [ang mga tao] ay may batas, hindi mahalaga kung sinuman ang gumawa nito, at ginagawa nila ang pinakamainam na nalalaman nila, magkakaroon sila ng kaluwalhatian na higit pa sa inyong iniisip, sa anumang pagsasalarawang maibibigay ko; hindi ninyo maiisip ang pinakamaliit na bahagi ng kaluwalhatian ng Diyos na inihanda para sa kanyang mga nilalang, ang likha ng kanyang mga kamay (*DBY,* 385).

Sinasabi ko sa bawat saserdote sa balat ng lupa, hindi mahalaga sa akin kung sila ay Kristiyano, Pagano o [Muslim], na dapat kayong mamuhay alinsunod sa pinakamainam na liwanag na mayroon kayo; at kung gagawin ninyo ay matatanggap ninyo ang lahat ng kaluwalhatian na inyong inaasam (*DBY,* 384–85).

---

## Ang lahat maliban sa mga anak na lalaki ng kapahamakan ay magmamana sa huli ng isang kaharian ng kaluwalhatian.

Ang mga disipulo ni Cristo ay magsisipanahan kasama siya. Saan mapupunta ang iba? Sa mga kahariang inihanda para sa kanila, kung saan sila titira at mananatili. Dadalhin ni Jesus, sa pamamagitan ng kanyang sariling pagtubos, ang bawat anak na lalaki at babae ni Adan, maliban sa mga anak na lalaki ng kapahamakan, na itatapon sa impiyerno. Pagdurusahan ng iba ang matinding galit ng Diyos—pagdurusahan ang lahat ng maaaring hingin ng Panginoon mula sa kanilang mga kamay, o ang hingin ng katarungan mula sa kanila; at kung mapagdusahan na nila ang matinding galit ng Diyos hanggang sa mabayaran ang bawat kusing, palalayain sila mula sa kulungan. Ito ba ay mapanganib na doktrina upang ipangaral? Itinuturing ng iba na mapanganib ito; ngunit totoong ang bawat tao na hindi nagkakasala upang mapalayo sa pagpapala, at maging anghel ng Diyablo, ay dadalhin upang magmana ng isang kaharian ng kaluwalhatian (*DBY,* 382).

Higit na marami ang mapapatunayang matapat kaysa sa mga magsisitalikod sa katotohanan. Ang isang uri ng mga taong ito ay mapupunta sa kahariang selestiyal, samantalang ang iba ay hindi makapapasok doon, sapagkat hindi nila kayang manatili sa batas na selestiyal, ngunit matatamo nila ang isang kaharian kagaya ng kanilang hinangad at minithi sa kanilang buhay (*DBY,* 383).

Ang lahat ng magkakaibang kaluwalhatiang ito ay inorden upang iakma sa mga kakayahan at kalagayan ng mga tao (*DNW,* ika-13 ng Ago. 1862, 2).

Nababasa natin sa Biblia na may isang kaluwalhatian ang araw, at ibang kaluwalhatian ang buwan, at ibang kaluwalhatian ang mga bituin [tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 15:40–42]. Sa aklat ng Doktrina at mga Tipan [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76], tinatawag ang mga kaluwalhatiang ito na telestiyal, terestriyal, at selestiyal na siyang pinakamataas. Ang mga ito ay mga daigdig, iba't ibang bahagi, o mga mansiyon, sa bahay ng ating Ama. Ngayon, yaong mga lalaki, o yaong mga babae, na walang nalalaman tungkol sa kapangyarihan ng Diyos, at sa impluwensiya ng Espiritu Santo, kundi ang ganap na pamamahala ng isang tao, na isinasantabi ang kanilang sariling pagkaunawa, at idinikit ang kanilang pananampalataya sa pananampalataya

ng iba, ay hindi kailanman makakayanang pumasok sa kaluwalhatiang selestiyal, at maputungan kagaya ng inaasahan nila; hindi nila kailanman makakayanang maging mga Diyos. Hindi nila mapamamahalaan ang kanilang sarili, at huwag nang pag-usapan pa ang pamamahala sa iba, bagkus ay kinakailangan silang pagsabihan sa lahat ng maliliit na bagay, kagaya ng bata. Hindi nila masupil ang sarili nang bahagya man, bagkus kinakailangang supilin sila ni Santiago, Pedro, o ng iba pa; Hindi sila kailanman magiging Diyos, ni maputungan bilang namumuno ng kaluwalhatian, kawalang kamatayan, at mga buhay na walang hanggan. Hindi sila makapamumuno nang may kaluwalhatian, kamaharlikahan, at kapangyarihan sa kahariang selestiyal. Sino ang makagagawa nito? Yaong magigiting at pinasigla ng tunay na kalayaan ng langit, na hahayong may katapangan sa paglilingkod sa kanilang Diyos, na hinahayaan ang ibang gumawa kung ano ang naisin nila, na nakapagpasiyang gumawa ng tama, bagama't ang buong sangkatauhan ay tumatahak sa kasalungat na landas (*DBY,* 382–83).

Kung ang masasama, sa kanilang mga kasalanan, sa pangangailangang maglakad patungo sa kinaroroonan ng Ama at Anak, ay maglakad nang kakapit-kamay kasama ang yaong mga nananampalatayang maliligtas ang lahat—na wala ni isa mang iiwan si Jesus, ang kanilang kalagayan ay magiging higit na masakit at di makakayanan kaysa manahan sa dagat-dagatan ng apoy at asupre. Ang doktrinang batay sa tadhana ay nagtatalaga sa impiyerno sa sanggol na wala pang isang dangkal ang haba, samantalang ang nakikiapid, nagpapatutot, magnanakaw, sinungaling, bulaang saksi, mamamatay-tao, at iba pang karumal-dumal na mga tao, kung magsisisi lamang sila sa bitayan o sa banig ng kamatayan, ayon sa nasabing doktrina, ay pilit mapupunta sa kinaroroonan ng Ama at Anak, na kung mapapasok nila, ay magiging impiyerno para sa kanila (*DBY,* 385).

Ang parusa ng Diyos ay katulad ng Diyos. Mananatili ito magpakailanman, sapagkat hindi magkakaroon ng panahon kung kailan hindi sila nasa kapahamakan, at nararapat na palaging may impiyerno kung saan sila ipadadala. Kung gaano katagal mananatili sa impiyerno ang mga napahamak, ay hindi ko batid, ni ang antas ng paghihirap na kanilang tinitiis. Kung maaari nating matuos, sa pamamagitan ng anumang paraan, ang kasamaang kanilang nagawa, maaari nating mapiho ang laki ng paghihirap na kanilang matatanggap. Tatanggap sila ayon sa mga gawa nila habang nasa katawan pa. Walang hanggan ang parusa ng Diyos, ngunit hindi ito nagpapatunay na ang taong masama ay mananatiling walang hanggan sa isang kalagayan ng pagpaparusa (*DBY,* 383).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

### Hahatulan tayo alinsunod sa ating mga gawa, salita, iniisip, at pagtugon sa katotohanan.

- Itinuro ni Pangulong Young na "ang buong buhay ng tao ay isang araw ng pagsubok." Ano ang dapat nating "mapatunayan sa Diyos" sa buhay natin sa mundo?

- Saan tayo pananagutin sa araw ng paghuhukom? (Tingnan din sa Alma 12:14; 41:3.)
- Sino ang mga hinirang ng Diyos?
- Sinabi ni Pangulong Young na tayo ay "hahatulan batay sa ating mga salita." Paano natin malalaman kung "[tayo ay] bibigyang katwiran o isusumpa"?
- Itinuro ni Pangulong Young na hahatulan tayo alinsunod sa ating paggamit ng ating panahon. Bakit napakahalaga ang paggamit natin ng panahon? Paano ninyo hahatulan ang inyong paraan ng paggamit ng panahon sa ngayon? Anu-ano ang inyong natutuhan mula sa mga ibang kasapi sa Simbahan, kaibigan, at kapitbahay tungkol sa wastong paggamit ng panahon?

---

**Hahatulan tayo batay sa pamumuhay natin ayon "sa pinakamainam na liwanag na mayroon [tayo]."**

- Anu-anong katayuan o kalagayan sa buhay ng mga tao ang magpapagaan sa mga paghahatol ng Panginoon tungkol sa kanila? Paano natin magagamit ang alituntuning ito sa paraan ng ating pagturing sa mga taong ang pananampalataya ay iba kaysa atin?
- Ayon kay Pangulong Young, sa anong batayan tatanggap ang mga tao sa susunod na buhay ng "kapayapaan, kaluwalhatian, kaginhawaan . . . na malayong higit sa kanilang inaasam"?

---

**Ang lahat maliban sa mga anak na lalaki ng kapahamakan ay magmamana sa huli ng isang kaharian ng kaluwalhatian.**

- Bakit ang masasamang namatay sa kanilang mga kasalanan ay hindi makakayanang manahan kasama ng Ama at ng Anak? (Tingnan din sa Mormon 9:3–4; Doktrina at mga Tipan 88:22.)
- Sinabi ni Pangulong Young na ang mga anak ng Ama sa Langit ay "makatatamo ng isang kaharian kagaya ng kanilang hinangad at minithi sa kanilang buhay" Paano natin malalaman kung namumuhay tayong karapat-dapat sa pagtatamo ng kahariang ating hinahangad?
- Itinuro ni Pangulong Young na ang lahat ng tao maliban sa mga anak na lalaki ng kapahamakan ay magmamana sa huli ng isang kaharian ng kaluwalhatian. Ano ang itinuturo nito sa inyo hinggil sa pamimintuho ng Ama sa katarungan at habag? Ano ang itinuturo nito sa inyo tungkol sa kanyang pag-ibig sa kanyang mga anak?

K A B A N A T A   4 0

# Kaligtasan sa Pamamagitan ni Jesucristo

*Itinanong ni Pangulong Brigham Young, "Mayroon bang mawawalay? Mayroon bang hindi pagdurusahan ang matinding galit ng Pinakamakapangyarihan? Maaari kong sabihin, unang-una, kagaya ng aking sinasabi sa buong buhay ko, kung saan ako nangangaral, na hindi ako kailanman nagkaroon ng lakas ng loob upang ipangaral ang impiyerno at kapahamakan sa mga tao. Tinangka ko sa napakaraming pagkakataon—tinangka ko noong nakaraang Sabbath, at tinangka ko sa araw na ito na makarating sa paksang ito—ang pagdurusa ng masasama. Magdurusa sila, tila baga; ngunit hindi ko magawang tanggapin sa aking puso ang ano pa mang bagay, maliban sa kaligtasan ng mga tao" (*DBY, *388). Itinuro ni Pangulong Young na "mabubuhay na mag-uli ang lahat" (*DBY, *391). Binanggit niya ang kaligtasan na "makararating sa buong angkan ng tao" (*DBY, *389). At binanggit niya ang buhay na walang hanggan para sa mga yaong mahigpit "na sumusunod sa mga pangangailangan ng [mga batas] ng Diyos, at nagpapatuloy sa katapatan" (*DBY, *387).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang kaligtasan na iniaalok ni Jesucristo ay nakararating sa buong angkan ng tao.

Masdan ang kabutihan, ang mahabang pagtitiis, ang kabaitan, at ang marubdob na damdaming magulang ng ating Ama at Diyos sa paghahanda ng daan at pagbibigay ng kaparaanan upang maligtas ang mga anak ng tao—hindi lamang ang Banal sa mga Huling Araw—hindi lamang ang mga may tanging karapatan ng mga unang alituntunin ng batas selestiyal, kundi ang iligtas ang lahat. Ito ay kaligtasan para sa lahat—isang pagtubos para sa lahat (*DBY,* 388).

Ilan ang mapapanatili? Ang lahat ng yaong hindi nagtatakwil o sumasalangsang sa kapangyarihan at katangian ng Anak ng Diyos—ang lahat ng hindi nagkakasala laban sa Espiritu Santo (*DBY,* 387).

Ang lahat ng bansa ay makikibahagi sa mga biyayang ito; ang lahat ay napapaloob sa pagtubos ng Tagapagligtas. Nilasap niya ang kamatayan para sa bawat tao; silang lahat ay nasa kanyang kapangyarihan, at inililigtas niya silang lahat, kagaya ng sinasabi niya, maliban sa mga anak na lalaki ng kapahamakan; at inilagay ng Ama ang lahat ng nilalang sa lupa sa kanyang kapangyarihan. Ang daigdig mismo, at ang sangkatauhan sa ibabaw nito, ang mangmang na mga hayop, ang mga isda sa dagat, at ang mga ibon sa langit, ang mga kulisap, ang bawat gumagapang na hayop, kasama ang lahat ng bagay patungkol sa sansinukob na ito,—ang lahat ay nasa mga kamay ng Tagapagligtas, at tinubos niya silang lahat (*DBY,* 388).

Ang mga pangalan ng bawat anak na lalaki at babae ni Adan ay nakasulat na sa Aklat ng Buhay ng Kordero. Mayroon bang isa mang panahon kung kailan aalisin sila rito? Oo, kung sila ay magiging mga anak na lalaki ng kapahamakan, at tanging doon lamang. Ang bawat tao ay may tanging karapatan na panatilihin ito roon kahit kailan at magpakailanman. Kung pababayaan nila ang tanging karapatang ito, samakatwid ay buburahin ang mga pangalan nila, at tanging doon lamang. Ang lahat ng pangalan ng angkan ng tao ay nakasulat doon, at pananatilihin ng Panginoon ang mga ito roon hanggang sa marating nila ang kaalaman ng katotohanan, na dahil dito ay magagawa nilang maghimagsik laban sa kanya, at maaaring magkasala laban sa Espiritu Santo; pagkatapos ay itatapon sila sa impiyerno; at buburahin ang kanilang mga pangalan mula sa Aklat ng Buhay ng Kordero (*DBY,* 387–88).

Isang magiging kaluguran ang malamang napangalagaan natin ang lahat ng ibinigay ng ating Ama sa ating kapangyarihan [pangangasiwa]. Sinabi ni Jesus na walang nawalay sa kanya maliban sa mga anak na lalaki ng kapahamakan. Hindi niya iwawalay ang alinman sa kanyang mga kapatid, maliban sa mga anak na lalaki ng kapahamakan. Pag-ingatan natin ang lahat ng inilalagay ng Ama sa ating kapangyarihan (*DBY,* 388).

Ang ating relihiyon ay iniakma sa kakayahan ng buong angkan ng tao. Hindi nito pinapangyaring ang isang bahagi ng mga tao na humagulhol sa paghihirap magpakailanman, bagkus ay umaabot ito hanggang sa kahuli-hulihang anak na lalaki at babae nina Adan at Eva, at pakakawalan sila mula sa kulungan, bubuksan ang mga pintuan, at kakalagin ang mga gapos at ibabangon ang bawat kaluluwa na tatanggap ng kaligtasan (*DBY,* 389).

Ang buong kalangitan ay sabik na maligtas ang mga tao. Nananangis ang kalangitan para sa mga tao, dahil sa katigasan ng kanilang puso, kawalan ng pananampalataya, at kabagalan sa paniniwala at pagkilos (*DBY,* 388–89).

Nang ihayag ng Diyos kina Joseph Smith at Sidney Rigdon na may isang lugar na inihanda para sa lahat, alinsunod sa liwanag na kanilang tinanggap at sa kanilang pagtakwil sa masama at sa paggawa nila ng mabuti, ito ay

naging isang malaking pagsubok sa marami, at ang iba ay lubusang tumalikod dahil hindi ipadadala ng Diyos sa walang katapusang kaparusahan ang mga pagano at mga sanggol, bagkus sila ay may puwang ng kaligtasan, sa akmang panahon, para sa lahat, at bibiyayaan ang tapat at mabuti at makatotohanan, kabilang man sila o hindi sa anumang simbahan. Isa iyong bagong doktrina para sa salinlahing ito, at marami ang natisod dahil dito (*DBY,* 390–91).

Hindi ba kalugud-lugod na isipin na may mga kaharian, mga mansiyon ng kaluwalhatian at maginhawang mga tirahan na inihanda para sa lahat ng anak na lalaki at babae ni Adan, maliban sa mga anak na lalaki ng kapahamakan? Hindi magkakaroon ang lahat ng bahagi sa unang pagkabuhay na mag-uli, at marahil marami ang hindi lilitaw sa pangalawa; ngunit mabubuhay na mag-uli ang lahat (*DBY,* 391).

## Sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang lahat ng tapat sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo ay maliligtas sa kahariang selestiyal.

Mayroong pagkakataon [para sa kadakilaan] para sa mga nabuhay noon at para sa mga nabubuhay ngayon. Dumating na ang Ebanghelyo. Ang katotohanan at liwanag at katwiran ay ipinadala sa sanlibutan, at ang mga tumatanggap sa mga ito ay maliligtas sa kahariang selestiyal ng Diyos. At marami sa kanila, sa pamamagitan ng kamangmangan, sa pamamagitan ng tradisyon, pamahiin, at ng maling mga tuntunin ng kanilang mga ninuno, ay hindi tatanggap sa mga ito, ay makapagmamana pa rin ng mahusay at maluwalhating kaharian, at magtatamasa ng higit at tatanggap ng higit kaysa kayang haginapin ng tao, maliban na lang kung ipinahayag na ito sa kanya (*DBY,* 389).

Ang mga salitang ito [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:21–24] ay nagpapahayag sa katunayang tinukoy ni Jesus nang sabihin niyang, “Sa bahay ng aking Ama ay may maraming tahanan” [Juan 14:2; Doktrina at mga Tipan 98:18]. Kung ilan ay hindi ko masasabi; ngunit tatlo ang malinaw na binanggit: ang selestiyal, ang pinakamataas; at terestriyal, na sumusunod sa ilalim nito; at ang telestiyal, ang pangatlo. Kung pagsusumikapan nating basahin ang sinabi ng Panginoon sa kanyang mga tao sa mga huling araw, matutuklasan nating lumikha siya ng mga paghahanda para sa mga nananahan sa lupa; ang bawat nilalang na naghahangad, at nagpupunyagi kahit maliit man, na mapagwagihan ang kasamaan at malupig ang kasalanan sa kanyang sarili, at upang mamuhay nang karapat-dapat sa isang kaluwalhatian, ay magkakaroon nito. Tayo na nakatanggap ng kabuuan ng Ebanghelyo ng Anak ng Diyos, o ng Kaharian ng langit na pumarito sa lupa, ay nanghahawakan sa mga batas, ordenansa,

kautusan at paghahayag na maghahanda sa atin, sa pamamagitan ng mahigpit na pagsunod, na mamana ang kahariang selestiyal, upang makapunta sa kinaroonan ng Ama at Anak (*DBY,* 391).

Hindi mahalaga kung anuman ang panlabas na anyo—kung tunay kong nalalaman na ang mga puso ng mga tao ay ganap na nakahandang gawin ang kalooban ng kanilang Ama sa Langit, bagama't maaari silang mag-atubili at gumawa ng maraming bagay bunsod ng kahinaan ng kalikasan ng tao, gayunman ay maliligtas sila (*DBY,* 389).

Kung tatanggapin natin ang kaligtasan sa ilalim ng mga tadhana kung saan ito inialok sa atin, kinakailangan nating maging tapat sa bawat iniisip, sa ating mga pagmumuni-muni, sa ating mga pagbubulay-bulay, sa ating pansariling mga samahan, sa ating mga pakikitungo, sa ating mga pahayag, at sa bawat kilos sa ating buhay, nang walang takot at walang pagsaalang-alang sa bawat alituntunin ng pagkakamali, sa bawat alituntunin ng kabulaanan na maaaring iharap (*DBY,* 389).

Bagama't iisa ang ating layunin bilang mga tao, tandaan pa rin, na ang kaligtasan ay pansariling gawain; ito ay bawat tao para sa kanyang sarili. Higit na marami akong binibigyang kahulugan sa pamamagitan nito kaysa panahong mayroon ako upang sabihin nang buo, ngunit bibigyan ko kayo ng pahiwatig. Mayroon sa Simbahang ito ng mga nag-aakalang maliligtas sila sa pamamagitan ng pagkamatwid ng iba. Hindi nila matatamo ang kanilang hangarin. May mga darating kung kailan ipipinid na ang pintuan, kung kaya't sa pangyayaring ito ay maaari kayong mapagsarhan; pagkaraan ay tatawag kayo sa iba, na, dahil sa kanilang katapatan, sa pamamagitan ng habag ni Jesucristo, ay nakapasok sa loob sa pamamagitan ng pintuang selestiyal, upang buksan ito para sa inyo; ngunit ang gawin ito ay hindi nila tungkulin. Ganito ang magiging kapalaran ng mga taong walang saysay na umaasang maligtas dahil sa pagkamatwid at sa pamamagitan ng impluwensiya ni Kapatid na [o Kapatid na babaeng] Ganito. Nagbibigay babala ako sa inyo, samakatwid, na linangin ang pagkamatwid at katapatan sa inyong mga sarili, sa siyang tanging pasaporte patungo sa kaligayahang selestiyal (*DBY,* 390).

Kung si Kapatid na Brigham ay maligaw nang landas, at mapagsarahan sa labas ng Kaharian ng langit, walang taong dapat sisihin kundi si Kapatid na Brigham. Ako lamang ang tanging nilalang sa langit, sa lupa, o sa impiyerno na maaaring sisihin (*DBY,* 390).

Paiiralin ito nang pantay-pantay sa bawat Banal sa mga Huling Araw. Ang kaligtasan ay pansariling gawain. Ako lamang ang tanging tao na maaaring magligtas sa aking sarili. Kung ipadala sa akin ang kaligtasan, maaari ko itong tanggapin o tanggihan. Sa pagtanggap ko rito, nagbibigay ako ng ganap na pagsunod at pagpapasailalim sa dakilang May-akda nito sa buong

buhay ko, at sa mga yaong itatalaga niya upang turuan ako; sa pagtanggi ko rito, sumusunod ako sa utos ng sarili kong kalooban na pinili ko kaysa kalooban ng aking Manlilikha (*DBY,* 390).

Walang taong kailanman ang lumabis ang pagkakaligtas; ang mga naligtas, at maliligtas sa hinaharap, ay naligtas lamang nang sapat, at ito hindi nangyayari nang walang pakikibaka upang magtagumpay, na nangangailangan ng paggamit ng lahat lakas ng kaluluwa (*DBY,* 379).

Kung saan nananahan ang Diyos at si Cristo, ito yaong kaharian mismo—ang kahariang selestiyal (*DBY,* 388).

Ang mga lalaki at babae, na naghahangad na makatamo ng luklukan sa kahariang selestiyal, ay mababatid na kinakailangan nilang makipagbaka bawat araw (*DBY,* 392).

Tungkol sa taong naligtas sa kahariang selestiyal ng Diyos nang hindi nakahandang manahan sa isang dalisay at banal na lugar, itong lahat ay kalokohan at nakatatawa; at kung may sinumang mag-aakala na matatamo nila ang kinaroroonan ng Ama at Anak sa pamamagitan ng pakikipaglaban, sa halip na sa pamumuhay sa kanilang relihiyon, magkakamali sila, samakatwid, kung kaagad nating mapagpasiyahang ipamuhay ang ating relihiyon, higit na mainam ito para sa atin (*DBY,* 392).

Ang kalakaran sa langit ay ipunin lahat, at iligtas ang bawat isa na maaaring maligtas (*DBY,* 378).

Dapat maunawaan ng mga tao na walang sinumang lalaki [o babae] na isinilang sa balat ng lupa na hindi maaaring maligtas, kung nakahanda siya rito (*DBY,* 387).

Ang lahat ng nabuhay o mabubuhay sa sanlibutang ito ay may tanging karapatan ng pagtanggap ng ebanghelyo. Magkakaroon sila ng mga Apostol, Propeta, at mga ministro doon, kagaya nang mayroon tayo rito, upang gabayan sila sa mga daan ng katotohanan at kabutihan, at pamunuan sila pabalik sa Diyos. Ang lahat ay magkakaroon ng pagkakataon para sa kaligtasan at buhay na walang hanggan (*DBY,* 378).

Kung nagkakaisa tayo sa pananampalataya, at nagkakaisa upang matamo ang isang dakilang layunin, at ako, bilang isang tao ay maaaring mapunta sa kahariang selestiyal, kayo at ang bawat tao, sa pamamagitan ng ganito ring patakaran, ay maaari ring makapasok roon (*DBY,* 387).

---

### Dadakilain ng Ama sa Langit ang magigiting niyang anak upang manirahan sa kanyang kinaroroonan nang may kapangyarihan at kaluwalhatian magpakailanman.

Ang lahat ba ng espiritu ay pinagkalooban nang magkakatulad? Hindi, hindi sa anumang paraan. Magiging pantay-pantay ba tayo sa kahariang

selestiyal? Hindi. [Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 131:1–4.] Ang ilan sa mga espiritu ay higit na marangal kaysa iba; ang ilan ay may kakayahang tumanggap nang higit kaysa iba. Mayroong pagkakaiba-iba sa kahariang selestiyal kagaya ng nakikita ninyo rito, ngunit sila ay may iisang pinagmulang angkan, iisang Ama, iisang Diyos (*DBY,* 391).

Ito yaong panukala, hangarin, kalooban, at isipan ng Panginoon, na ang mga nananahan sa sanlibutan ay maitaas sa mga luklukan, kaharian, pamunuan, at kapangyarihan, alinsunod sa kanilang mga kakayahan. . . . Kinakailangan silang lahat na mapasailalim muna sa kasalanan at sa mga kapahamakan ng lamang mortal, upang mapatunayan ang mga sarili nilang karapat-dapat; pagkaraan ay nakahanda na ang Ebanghelyo na saklawan sila at itaas, pag-isahin sila, paliwanagin ang kanilang mga pang-unawa, at sila ay pag-isahin sa Panginoong Jesus, upang ang kanilang pananampalataya, mga panalangin, mga pag-asa, mga pagmamahal, at ang lahat ng kanilang hangarin ay ganap na mapag-isa (*DBY,* 391–92).

Ang pagkakaiba sa pagitan ng matwid at makasalanan, buhay na walang hanggan at kamatayan, kaligayahan at kalungkutan, ay ganito, sa mga yaong siyang dinakila ay walang mga hangganan o takda sa kanilang mga tanging karapatan, may pagpapatuloy ang kanilang mga biyaya, at sa kanilang mga kaharian, mga luklukan, at mga nasasakupan, mga pamunuan, at mga kapangyarihan ay walang katapusan, bagkus sila ay umuunlad sa lahat ng kawalang-hanggan (*DBY,* 63).

Sino ang makapagbibigay kahulugan sa kabanalan ng tao? Tanging ang mga yaong nakauunawa sa tunay na mga alituntunin ng kawalang hanggan—ang mga alituntuning tumutukoy sa buhay at kaligtasan. Ang tao, sa pagiging dakila, ay hindi nawawalan ng kapangyarihan at kakayahang likas na ipinagkaloob sa kanya; ngunit, sa kasalungat nito, sa pamamagitan ng pagtahak sa landas patungo sa buhay, nakatatamo siya ng higit na kapangyarihan, higit na lakas at kakayahan sa bawat hakbang sa pagpapatuloy niya roon (*DBY,* 392).

Ang kaharian kung saan naroroon ang mga taong ito ay may kaugnayan sa kahariang Selestiyal; isa itong kaharian kung saan maaari tayong maghanda upang pumunta sa kinaroonan ng Ama at ng Anak. Samakatwid ay mamuhay tayo upang mamana ang kaluwalhatiang iyon. Nangako sa inyo ang Diyos, nangako sa inyo si Jesucristo, at nangako sa inyo ang mga apostol at propeta noong una at sa ating panahon na gagantimpalaan kayo alinsunod sa lahat ng maaari ninyong hangarin sa kabutihan sa harapan ng Panginoon, kung mamumuhay kayo para sa gantimpalang iyon (*DNW,* ika-31 ng Okt. 1860, 1).

Ang kaligtasan ang kabuuan ng buhay ng tao, ng mga anghel, ng mga Diyos; ito ang buhay na walang hanggan—ang buhay na noon, na ngayon, na darating. At tayo, bilang mga tao, ay mga tagapagmana ng lahat ng buhay na ito, kung itutuon natin ang mga sariling mahigpit na sumusunod sa mga pangangailangan ng mga batas ng Diyos, at nagpapatuloy sa katapatan. (*DBY,* 387).

Kung mayroon kayong ginto at pilak, huwag hahayaang mamagitan ito sa inyo at sa inyong tungkulin. Sasabihin ko sa inyo kung ano ang inyong gagawin upang matamo ang inyong kadakilaan, na kung alin ay hindi ninyo matatamo kung hindi ninyo gagawin ito. Kung ang inyong mga pagmamahal ay nakatuon sa anumang bagay na maaaring makasagabal sa inyo bahagya man upang italaga ang mga ito sa Panginoon, gumawa ng pagtatalaga ng bagay na yaon unang-una, nang mabuo ang pagtatalaga ng kabuuan . . . ang puso ko ay hindi ganap na nakatuon sa gawaing ito, ibibigay ko ang aking panahon, talino, kamay, at mga ari-arian, hanggang sa sumunod ang aking puso; pagaganahin ko ang aking mga kamay sa gawain ng Diyos, hanggang sa sumuko rito ang aking puso. . . . Sinabi ko na sa inyo ang landas na dapat sundan upang magkaroon ng kadakilaan. Ang Panginoon ang dapat na una at pinakamahalaga sa ating puso; nangangailangan ng pangunahing pagsasaalang-alang natin ang pagtataguyod ng kanyang layunin at pagtatayo ng kanyang kaharian (*DNW,* ika-5 ng Ene. 1854, 2).

Walang sinumang tao ang maliligtas at makapupunta sa kinaroroonan ng Ama, maliban lamang sa pamamagitan ng Ebanghelyo ni Jesucristo—na siya ring kakailanganin ng bawat isa. Ang Panginoon ay may layunin, may mga paraan, may gawain; tatapusin niya ito. Gumagawa si Jesus nang may kapangyarihan upang pabanalin at tubusin ang sanlibutan at upang maibalik ang kanyang mga kapatid na lalaki at babae sa kinaroroonan ng Ama. Gumagawa tayong kasama niya para sa pagdadalisay ng buong angkan ng tao, nang tayo at sila ay maaaring makapaghandang manahan kasama ng Diyos sa kanyang Kaharian (*DBY,* 389).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

### Ang kaligtasan na iniaalok ni Jesucristo ay nakararating sa buong angkan ng tao.

- Sa anong diwa ang kaligtasan na iniaalok ni Jesucristo ay "kaligtasan para sa lahat—pagtubos para sa lahat"? Paano ipinakikita ng kaligtasang ito ang "marubdob na damdaming magulang" ng ating Ama sa Langit para sa kanyang mga anak? Paano nakapagdudulot ng kagalakan sa inyo ang kaalamang ito?

- Sinabi ni Pangulong Young na maraming tao ang tumalikod sa katotohanan nang ihayag ng Diyos kina Joseph Smith at Sidney Rigdon na ang lahat ng tao ay maaaring tumanggap ng kaligtasan. Sa palagay ninyo, bakit mahirap para sa ilang kasapi na tanggapin ang turong ito? Paano natin maiiwasan ngayon ang mga katulad na suliranin tungkol sa mga turo ng makabagong mga propeta at apostol?


---

### Sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang lahat ng tapat sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo ay maliligtas sa kahariang selestiyal.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig ipakahulugan ni Pangulong Young nang sabihin niyang ang “kaligtasan ay pansariling gawain”? Bakit kinakailangan ng kaligtasan ang “paggamit ng bawat lakas ng kaluluwa”? (Tingnan din sa 2 Nephi 25:23.)
- Ihambing ang pagtalakay ni Pangulong Young sa mga yaong “nag-aakalang maligtas sa pamamagitan ng pagkamatwid ng iba” sa talinghaga ng Tagapagligtas tungkol sa marunong at hangal na mga birhen. (Tingnan din sa Mateo 25:1–13; Doktrina at mga Tipan 33:17; 45:56–57.) Sinabi rin ni Pangulong Young na “gumagawa tayong kasama [ni Jesus] para sa pagdadalisay ng buong angkan ng tao.” Sa pagkilalang “ang kaligtasan ay pansariling gawain,” paano natin matutulungan ang iba sa kanilang pagsusumikap na lumapit kay Cristo at tumanggap ng buhay na walang hanggan?
- Bakit kailangan kahit na ng pinakamatapat na mga Banal ang habag ni Jesucristo upang makapasok sa kahariang selestiyal?
- Ayon kay Pangulong Young, ano ang ibig ipakahulugan ng pagtanggap ng kaligtasan na inaalok sa atin? Ano ang ibig ipakahulugan ng pagtanggi sa kaligtasan? Anu-anong karanasan ang nakatulong sa inyong matutuhan ang kahalagahan ng pagiging mapagpakumbaba sa kalooban ng Diyos?
- Bakit “kalokohan at nakatatawa” ang mag-akalang makakapanahan tayo sa kinaroroonan ng Diyos nang hindi pinaghandaan ito? (Tingnan din sa Mormon 9:4.) Paano ang matapat na paglilingkod sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw makapaghahanda sa atin na pumasok sa kahariang selestiyal? Bakit kinakailangan ng paghahandang ito na tayo ay “makibaka bawat araw”?

**Dadakilain ng Ama sa Langit ang magigiting niyang anak upang manirahan sa kanyang kinaroroonan nang may kapangyarihan at kaluwalhatian magpakailanman.**

- Ano ang ibig ipakahulugan ni Pangulong Young nang sabihin niyang ang ebanghelyo ay maaari tayong "pag-isahin sa Panginoong Jesus"? (Tingnan din sa Juan 17; 4 Nephi 1:15–17; Doktrina at mga Tipan 38:27.)
- Itinuro ni Pangulong Young na "gumagawa si Jesus nang may kapangyarihan . . . upang maibalik ang kanyang mga kapatid na lalaki at babae sa kinaroroonan ng Ama. Gumagawa tayong kasama niya." Sa anu-anong paraan tayo makagagawa kasama niya "para sa pagdadalisay ng buong angkan ng tao"?



Isa sa iilang kilalang retrato ng Templo ng Nauvoo. Naglingkod nang araw at gabi ang Pangulong Young at ibang kasapi ng Labindalawa upang makatanggap ng kanilang endowment ang mga karapat-dapat na Banal sa Templo ng Nauvoo bago sila lumisan patungo sa Lambak ng Salt Lake.

# Mga Ordenansa ng Templo

*Habang tumitindi ang pag-uusig at ipinipilit sa mga Banal ang pangangailangang lisanin ang Nauvoo, ang Pangulong Brigham Young ay gumawa sa templo upang basbasan ang mga Banal ng sagradong mga ordenansa bago ang kanilang paglisan. Isinulat niya na isang araw, "isang daan at apatnapu't tatlong katao ang tumanggap ng kanilang endowment sa Templo. . . . Gayon na lamang ang pananabik na ipinakita ng mga Banal na makatanggap ng mga ordenansa [ng templo], at gayon na lamang ang pananabik namin na mangasiwa sa kanila; kaya't inilaan ko na ang aking sarili sa gawain ng Panginoon sa Templo gabi at araw, karaniwan, hindi natutulog nang higit pa sa apat na oras, bawat araw, at umuuwi minsan isang linggo, (*HC, *7:567). Nang dumating siya sa kanluran, kaagad na pinili ng Pangulong Young ang lugar para sa bagong templo. Kanyang pinangasiwaan ang pagpapatayo ng apat na templo sa Utah—sa Lungsod ng Salt Lake, St. George, Manti, at Logan; subalit, ang Templo sa St. George lamang ang natapos habang siya ay nabubuhay pa. Noong ika-1 ng Enero 1877, dahil sa kahinaan ng mga binti ay kinailangan siyang buhatin nang nasa upuan patungo sa silid, siya ay nagtalumpati sa kongregasyon na nagpulong upang ialay ang ibabang bahagi ng Templo sa St. George, sinasabing: "Tayo ay nagtatamasa ng mga tanging karapatang walang ibang nakatatamasa sa ibabaw ng lupa. . . . Kapag pinag-iisipan ko ang paksang ito, ninanais kong magkaroon ng tinig na kasing lakas ng dagundong ng mga kulog upang magising ang mga tao (*DNSW, *ika-16 ng Ene. 1877, 1).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang mga templo ay mga bahay ng Panginoon kung saan pinapangasiwaan ang mga sagradong ordenansa upang ihanda ang mga Banal sa kadakilaan.

Maaaring itanong kung bakit tayo nagtatayo ng mga templo. Nagtatayo tayo ng mga templo sapagkat walang bahay sa ibabaw ng mundo na itinataguyod para sa pangalan ng Diyos na maihahambing sa kahit anong

paraan sa kanyang katangian, at patuloy na matatawag na kanyang tahanan. May mga lugar sa ibabaw ng lupa na maaaring puntahan at tirahan ng Panginoon, kung kanyang nanaisin. Maaaring matagpuan ang mga ito sa tuktok ng mga kabundukan, o sa alinmang yungib o mga lugar na hindi pa nadudungisan ng mga paa ng mga taong makasalanan (*DBY*, 393–94).

Hinihiling niya sa kanyang mga tagapaglingkod na ipagtayo siya ng bahay na maaari niyang puntahan at kung saan ay maipaaalam ang kanyang kalooban (*DBY*, 394).

Hinihiling ba ng Panginoon na magtayo tayo ng templo? "Masasabi ko na hinihiling niya ito katulad ng paghiling niya sa pagtatayo ng isa sa kahit saan. Kung itatanong mo, "Kapatid na Brigham, mayroon ka bang kaalaman tungkol dito; nagkaroon ka na ba ng paghahayag galing sa langit tungkol dito?" Tunay kong masasabi, palagi itong nasa aking isip (*DBY*, 411).

Tayo ay magtatayo ng templo. Ang batas na ito ay ibinigay sa mga anak ng tao (*DBY*, 393).

Hindi natin . . . mapapangasiwaan ang matataas na ordenansa ng Diyos, sa kaganapan nito, nang legal sa mga tao. . . . hanggang sa may maipatayo na tayong templo para sa layuning iyon (*DBY*, 394–95).

Ang sabi ng iba, "Ayaw kong gawin ito, sapagkat hindi pa tayo nakapagsimulang magtayo ng templo nang hindi nagsimulang tumunog ang mga kampana ng impiyerno." Ibig kong marinig na muling tumunog ang mga ito (*DBY*, 410).

Natapos namin ang templo sa Kirtland at sa Nauvoo; at hindi ba tumunog ang mga kampana ng impiyerno sa buong panahon ng pagtatayo natin sa mga ito? Ganoon nga linggu-linggo at araw-araw (*DBY*, 410).

Aking napagpasiyahan, sa tulong ng Panginoon at ng mga taong ito, na igawa siya ng tahanan. Maitatanong mo, "Maninirahan ba siya rito?" Magagawa niya ang gusto niya; wala akong karapatang diktahan ang Panginoon. Ngunit igagawa natin siya ng bahay, na, kung nanaisin niyang dumalaw sa atin, mayroon siyang titirahan, o kung may ipadadala siyang kahit na sino sa kanyang tagapaglingkod, mayroon tayong nababagay na matutuluyan nila. Gumawa na ako ng sarili kong bahay, at ang karamihan sa inyo ay gayundin, at ngayon, hindi ba natin igagawa ng bahay ang Panginoon? (*DBY*, 411).

Kailangan ba natin ng templo? Kailangan natin, upang ihanda tayo sa pagpasok sa pinto ng banal na lungsod kung saan namamahinga ang mga Banal. Ang mga ordenansang kailangan dito . . . ay hindi (mapapangasiwaan) sa kawalan ng angkop na lugar. Ninanais natin ang templo, hindi para sa pampublikong kongregasyon, kundi para sa Pagkasaserdote, kung saan aayusin at itatatag nang lubusan ang Pagkasaserdote sa kanyang orden at mga antas [Aaronic at Melquisedec], upang pangasiwaan ang ordenansa ng Pagkasaserdote sa mga Banal para sa kanilang kadakilaan (*DBY*, 394).



**Ang Templo sa St. George ang kauna-unahang natapos at naitalagang Templo sa Utah.**

Ang templo ay para sa mga endowment—para sa pagtatatag at instruksiyon ng Pagkasaserdote (*DBY*, 412).

Tinatamasa natin ang tanging karapatang makapasok sa templo na ginawa sa pangalan ng Diyos, at pagtanggap ng mga ordenansa ng kanyang bahay, kasama ang mga susi at biyaya sa paghahanda sa pagpasok sa mga "buhay" [tingnan ang Doktrina at mga Tipan 152:22]; atin ding tinatamasa ang tanging karapatang mangasiwa para sa ating mga ama at ina, ating mga lolo at lola, para sa mga naidlip nang wala ang Ebanghelyo (*DBY*, 394).

Ang mga nakibahagi lamang sa atin sa mga ordenansa ng templo ang nakakaalam sa kanilang mga sarili ng kasiyahang naroon sa kaalamang tayo nga ay mga kabalikat sa gawain ng ating Panginoon at Tagapagligtas; na tayo ay nagtataglay ng abang bahagi sa dakilang gawain ng kaligtasan; na tayo ay may pagkakataong tanggapin at sundin ang katotohanan, at tamuhin sa ating mga sarili ang kaligayahan na ang Ebanghelyo lamang ang makapagdudulot; at hindi lamang sa paggawa ng mga ordenansang ito para sa ating mga sarili, kundi ang paggawa ng kinakailangang gawain para sa ating mga magulang at ninuno na namatay nang wala ang Ebanghelyo, nang sila ay makabahagi rin sa tubig ng buhay, at mahatulan ayon sa mga tao sa laman [tingnan ang 1 Pedro 4:6]. Ito ay tanging karapatan, biyaya, na

walang makakaramdam maliban kung siya ay nagtataglay nito. Nagagalak tayong malaman sa ating pananampalataya at damdamin sa pamamagitan ng espiritu ng paghahayag sa kalooban natin na ang ating mga gawain ay tinanggap ng Panginoon. Lubos tayong nasiyahan sa piling ng bawat isa; ang matatanda, mga nasa katanghaliang-gulang at ang kabataan na nagdirawang at pinasasaya dahil sa dakilang gawaing ito (*DBY*, 419–20).

Tungkulin natin na gampanan ang mga bagay na hinihiling sa atin ng Panginoon, at ipaubaya ang resulta sa kanya. Tungkulin nating gumawa ng maluwag sa ating kalooban; at kung tayo ay magtatayo ng templo na nagkakahalaga ng isang milyong piso, at ito ay mangangailangan ng lahat ng ating panahon at kabuhayan, ito ay ibibigay natin nang maluwag sa ating mga puso, kung ang Panginoon sa kanyang pagkalinga ay hinihiling sa ating gawin ito. Kung pahihintulutan ng Panginoong itaboy tayo ng ating mga kaaway mula dito, dapat na lisanin natin ito nang may lubos na kaligayahan sa ating puso tulad ng kapag tumatanggap tayo ng biyaya. Hindi mahalaga kung ano ang ginagawa ng Panginoon, o paano niya inuutos ang gawain sa kanyang mga tagapaglingkod. Ngunit kapag siya ay nag-utos, kailangang sumunod ang kanyang tao. Kailangan tayong maging kasing saya sa pagtatayo ng templong ito kahit alam na natin na hindi tayo kailanman makapapasok dito kapag ito ay natapos na gaya ng tila ba alam nating titira tayo ng isanlibong taong upang ikalugod ito (*DBY*, 415–16).

Kailangang gawin ninyo ang trabaho, kung hindi ito ay hindi magagawa. Ayaw namin nang mareklamo sa paligid ng templo. Kung hindi kayo makapagsisimula nang masaya, at tapusin nang masaya ang paggawa ng buong gusali, magtungo sa California, at mas mabilis mas mainam. Gumawa kayo ng bisiro, at sambahin ito. Kung ang pag-aalala ninyo sa mga ordenansa ng kaligtasan, para sa inyong mga sarili, sa inyong mga buhay, at patay, ay hindi una at pangunahin sa inyong mga puso, sa inyong mga kilos, at sa lahat ng inyong ari-arian, lumakad kayo! Bayaran ang inyong mga utang, kung mayroon kayo, at humayo nang payapa, at patunayan sa Diyos at sa lahat ng kanyang mga Banal na kayo nga ang siya ninyong ipinangangaral, ayon sa inyong mga kilos (*DBY*, 417–18).

Tayo . . . ay nagtatamasa ng pagkakataong hindi naranasan ng ibang tao simula nang panahon ni Adan, iyon ay, ang makapagpatayo ng templo, na kung saan lahat ng ordenansa sa tahanan ng Diyos ay maaaring ipagkaloob sa kanyang tao. Mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babae, nauunawaan ba ninyo ito? (*DBY*, 393).

---

## Ang endowment ay nagpapahintulot sa ating makabalik na muli sa piling ng Panginoon.

Ang mga panimulang ordenansa. . . . na pinangasiwaan [sa templo sa Kirtland], kahit na sinamahan ng pagtulong ng mga anghel, at ng pagdalo

ng Panginoong Jesus, ay malabong kahalintulad lamang ng mga ordenansa ng bahay ng Panginoon sa kanilang kaganapan; ngunit marami, sa pamamagitan ng panunulsol ng Diyablo, ay nag-akalang natanggap nila ang lahat, at kasing dunong na ng Diyos; sila ay lubusang tumalikod [sa katotohanan], at nagtungo sa impiyerno. Ngunit maaasahan ninyo, mga kapatid, may ilan lamang, napakakaunti sa mga Elder, ngayon sa lupa, ang nakaaalam ng kahulugan ng salitang endowment. Upang malaman, kailangan nilang maranasan; at upang maranasan, kailangang makapagtayo ng templo (*DBY*, 415–16).

Hayaan ninyong bigyan ko kayo ng maikling pagpapaliwanag. Ang inyong endowment ay, tanggapin ang lahat ng ordenansa sa bahay ng Panginoon, na kinakailangan ninyo, matapos na lisanin ninyo ang buhay na ito, upang makabalik na muli kayo sa piling ng Ama, na daraanan ang mga anghel na tumatayo bilang mga bantay (*DBY*, 416).

Sino ang nakatanggap na at nakauunawa ng ganoong endowment, sa pagtitipon na ito? . . . Ang mga susi sa mga endowment na ito ay kasama ninyo, at libu-libo ang nakatanggap sa mga ito, kaya't ang Diyablo, kasama ang lahat ng kanyang tagasunod ay hindi kailangang ipagpalagay na muli niyang mawawasak ang banal na Pagkasaserdote sa lupa, sa pamamagitan ng pagpatay ng ilan, sapagkat hindi niya magagawa ito. Iniunat ng Diyos ang kanyang mga kamay sa huling pagkakataon, upang tubusin ang kanyang tao, ang may tapat na puso, at hindi siya mahahadlangan ni Lucifer (*DBY*, 416).

Lubusang kinakailangan na matanggap ng mga Banal ang iba pang mga ordenansa ng bahay ng Diyos bago matapos ang maikling buhay na ito, nang sila ay makapaghanda at lubusang malagpasan ang lahat ng bantay patungo sa kahariang selestiyal at sa piling ng Diyos (*DBY*, 395).

Ang mga ordenansa ng bahay ng Diyos ay para sa kaligtasan ng sanlibutan. Tayo lamang sa mundo sa kasalukuyan ang may kaalaman, ang may hawak sa mga susi ng kaligtasan na nakalaan sa mga anak ng tao mula sa langit galing sa Makapangyarihang Panginoon at dahil sa may mga hawak na ng mga susing ito, mahalagang gamitin ang mga ito para sa kaligtasan ng sanlibutan. Ang pagtatayo ng mga templo, mga lugar na pinangangasiwaan ang mga ordenansa ng kaligtasan, ay kailangan sa pagpapatupad ng plano ng pagtubos, at ito ay maluwalhating saklaw na paksa kung saan maaaring kausapin ang mga Banal (*DBY*, 396–97).

Nadarama ko kung minsan na gusto kong pagsabihan nang masinsinan ang mga lalaki at babae na pumapasok sa mga tipan ng hindi natatanto ang katangian ng mga tipan na kanilang ginagawa, at hindi gaano o walang sikap sa pagsasagawa ng mga ito (*DBY*, 396).

Ang ilang mga Elder ay nagtutungo sa mga bansa at pinangangaral ang Ebanghelyo ng buhay at kaligtasan, at bumabalik nang hindi lubusang nauunawaan ang katangian ng tipan. Nakasulat sa Biblia na ang bawat tao ay kailangang gampanan ang kanyang mga panata, bagaman

napakahirap sa kanya [tingnan sa Ecclesiastes 5:4–5]; sa ganitong paraan ay maipapakita ninyo sa buong nilalang at sa Diyos na kayo ay puno ng karangalan (*DBY*, 396).

---

## Ang mga ordenansa ng pagbubuklod ay makapag-uugnay sa matwid na inapo ni Adan nang walang hanggan sa pamamagitan ng awtoridad ng Pagkasaserdote.

Marami sa ordenansa ng bahay ng Diyos ang kailangang gawin sa templo na itinayo para sa tiyak na layunin. Mayroong ibang ordenansa na maaari nating pangasiwaan nang walang templo. Alam ninyong natanggap na ninyo ang ilan—pagbibinyag, pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo, . . . at maraming pagbabasbas na ipinagkaloob sa tao, na may pagkakataon tayong tanggapin nang walang templo. May mga ibang biyaya, na hindi matatanggap, at mga ordenansa na hindi magagampanan ayon sa batas na inihayag ng Panginoon, nang hindi ginagawa sa templo na inihanda sa layuning iyon. . . . Tungkol sa . . . mga ordenansa ng pagbubuklod [para sa mga patay], mga ordenansang may kinalaman sa banal sa Pagkasaserdote, upang iugnay ang tanikala ng Pagkasaserdote mula kay Amang Adan hanggang ngayon, sa pagbubuklod ng mga anak sa kanilang mga magulang, sa pagbubuklod para sa ating mga ninuno, at iba . . . hindi magagawa ang mga ito nang walang templo. Kapag ang mga ordenansa ay ginawa sa mga itatayong templo [ang mga anak] ay ibubuklod sa kanilang mga [magulang], at doon sa mga naidlip, pabalik kay Amang Adan. Ito ay kailangang isagawa, dahil sa pagkakaputol ng tanikala ng Pagkasaserdote sa lupa. Iniwan ng Pagkasaserdote ang tao, ngunit sa unang banda iniwan ng tao ang Pagkasaserdote. Kanilang nilabag ang mga batas, binago ang ordenansa, at sinira ang walang katapusang tipan [tingnan sa Isaias 24:5], at iniwan sila ng Pagkasaserdote; nang iwan nila ang Pagkasaserdote. Ang Pagkasaserdoteng ito ay muling ipinanumbalik, at sa awtoridad nito tayo ay maiuugnay sa ating mga ninuno sa pamamagitan ng ordenansa ng pagbubuklod, hanggang sa tayo ay makabuo ng ganap na tanikala mula kay Amang Adan hanggang sa katapusan ng daigdig [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 128:18]. Ang ordenansang ito ay hindi isasagawa kahit saan maliban sa templo; ni maibubuklod ang mga anak sa kanilang mga buhay na magulang sa anumang lugar maliban sa templo . . . Pagkaraang matanggap ng mga magulang ang kanilang mga endowment at maibuklod sa panahon at kawalang-hanggan, at magkaroon sila ng ibang mga anak; sila ay isinilang sa ilalim ng tipan; at sila ang tunay na tagapagmana sa kaharian, tinataglay nila ang mga susi ng kaharian. Ang mga bata na ipinanganak ng mga magulang, bago ang huli ay pumasok sa kaganapan ng mga tipan, ay kailangang maibuklod sa kanila sa templo upang maging legal na tagapagmana ng Pagkasaserdote. Totoong maaari silang makatanggap ng mga ordenansa, maaari nilang tanggapin ang kanilang mga endowment, at mabiyayaan katulad ng kanilang mga

magulang; ngunit hindi pa rin sila maaangkin nang naaayon sa batas sa kawalang-hanggan maliban kung sila ay maibuklod sa kanila. Ganoon pa man ang tanikala ay hindi magiging buo nang hindi isinasagawa ang ordenansa ng pagbubuklod (*DBY*, 399–401)

Kung hindi naihayag ang tungkol sa mga ordenansa ng pagbubuklod, ang mga bata na ipinanganak sa labas ng tipan ay hindi maibubuklod sa kanilang mga magulang (*DBY*, 397).

Ang ordenansa ng pagbubuklod ay kailangan gawin dito [anak] sa [ama], at babae sa lalaki, at mga anak sa mga magulang, at iba pa, hanggang sa ang tanikala ng henerasyon ay maging ganap sa mga ordenansa ng pagbubuklod simula kay Amang Adan; kaya nga, tayo'y inutusang ipunin ang ating mga sarili, na lumabas sa Babilonia [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 133:5,7,14], at dakilain ang ating mga sarili, at itaguyod ang Sion ng ating Diyos, sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga siyudad at mga templo, pagtubos ng mga bayan sa kalungkutan ng kalikasan, hanggang ang mundo ay maging dakila at handa sa paninirahan ng Diyos, na kinakailangan para sa kaganapan ng mga Banal sa paghahanda sa kanyang pagdating (*DBY*, 407)

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

### Ang mga templo ay mga bahay ng Panginooon kung saan pinapangasiwaan ang mga sagradong ordenansa upang ihanda ang mga Banal sa kadakilaan.

- Bakit tayo nagtatayo ng mga templo? Bakit ang pagtatayo ng mga templo ay nagiging sanhi "ng tumunog ang mga kampana ng impiyerno . . . "? Bakit sa palagay ninyo sinabi ng Pangulong Young na, "Ibig kong muling marinig na tumunog ang mga ito"?
- Sa anong mga paraan ginagawa tayong mga "kabalikat ng ating Panginoon at Tagapagligtas" ng paglilingkod sa templo? Paano natin malalaman na ang ating "mga gawain ay tinanggap ng Panginoon"?
- Sinabi ng Pangulong Young, "Ayaw natin ng mareklamo sa paligid [ng] templo." Bakit kinakailangan ang "maluwag sa kalooban" at kusang pagsunod sa pagtatayo ng mga templo at pagsamba sa templo? Ano ang ginawa ninyo na nakatulong sa inyo na hindi dumaing tungkol sa pagtatayo ng mga templo at pagsamba sa mga templo? Bakit kailangang maging "una at pangunahin" sa ating mga puso at gawa ang mga ordenansa ng kaligtasan?

---

### Ang endowment ay nagpapahintulot sa atin na makabalik muli sa piling ng Panginoon.

- Ano ang itinuro ng Pangulong Young tungkol sa layunin ng endowment sa templo?

- Ano ang mga panganib ng paggawa ng mga tipan nang hindi nalalaman ang kanilang sagradong katangian? Paano natin mauunawaan ang katangian ng ating mga tipan at mapagsisikapan ang pagsasagawa ng mga ito"? Paano natin matutulungan ang ating mga anak na maunawaan ang sagradong katangian ng mga tipan na ginawa sa templo?

---

**Ang mga ordenansa ng pagbubuklod ay makapag-uugnay sa matwid na inapo ni Adan nang walang hanggan sa pamamagitan ng awtoridad ng pagkasaserdote.**

- Ano ang ibig sabihin ng bumuo "ng ganap na tanikala mula kay Amang Adan hanggang sa katapusan ng daigdig"? Ano ang ating pananagutan sa pagbubuo ng tanikalang ito? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 128:18.) Paano tayo at ang ating mga mag-anak mabibiyayaan ngayon at sa darating na panahon ng paggawa ng ganitong mga ugnayan.
- Paano tayo tinutulungan ng ordenansa ng pagbubuklod na "lumabas sa Babilonia, at dakilain ang ating mga sarili, at itaguyod ang Sion ng ating Diyos"?
- Ano ang magagawa ninyo upang maging ganap na mabisa ang ordenansa ng pagbubuklod ng templo sa inyong buhay? Ano ang nadarama ninyo kapag inyong natanto na maaari ninyong mapagbuklod ang inyong mga ninuno, inapo, at mag-anak nang walang hanggan? Paano naiimpluwesiyahan ng kaalamang ito ang inyong damdamin tungkol sa pamumuhay ng ebanghelyo araw-araw?

# Paglilingkod sa Templo

*Nang maitalaga ang Templo sa St. George noong Abril 1877, nagsaya si Pangulong Young na sa wakas ay makapagsisimula nang magsagawa ang mga Banal ng endowment sa templo para sa mga patay. Kanyang iniulat na ang mga Banal na nagsimulang gumawa doon ay "nagkaroon ng pinagpalang pagkakataon, isang pagkakataon na walang ibang tao sa mundo ang nagtamasa sa loob ng maraming siglo, sa aming kaalaman" (*DBY*, 419). "Simula nang matapos ang templo sa St. George," sinulatan niya ang kanyang anak na si Lorenzo, "ang espiritu na titingin sa mga patay at mamumuno para sa kanila, at aasikaso rin sa kinakailangang mga ordenansa para sa buhay, ay tinaglay ng matapat na mga kasapi ng Simbahan sa lahat ng lambak na ito. Maaaring hindi pa nakararanas ng ganitong interes sa mga paksang ito ang mga Banal simula nang pagkakatatag ng Simbahan na kagaya ngayon. Ito ay sasamahan ng magagandang resulta, at habang patuloy ang pagtatayo ng mga templo, ang espiritung ito ay madarama nang may higit na kapangyarihan sa lahat ng sangay ng Simbahan" (*DBY*, 288–89).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Binibigyan ng Diyos ng pagkakataon ang mga pumanaw na matamasa ang mga biyaya ng templo

Pumanaw ang aking ama bago naibigay ang mga endowment. Wala siyang anak na naibuklod sa kanya. Kung maaalala ninyo, kayong mga nasa Nauvoo, napakabilis ng maikling panahong ginugol natin doon matapos maitayo ang templo. Ang mga mandurumog ay handa tayong lipulin; handa silang sunugin ang ating mga tahanan. Matagal na nilang ginagawa ito; ngunit natapos natin ang templo ng naaayon sa kautusang ibinigay kay Joseph, at pagkatapos ay lumisan na tayo. Samakatwid, ang ating panahon ay maikli, at wala na tayong panahon upang bigyang-pansin ito. Dahil dito, ang mga anak ng aking ama, ay hindi pa naibubuklod sa kanya. Marahil lahat ng kanyang anak na lalaki ay magtutungo sa kawalang-hanggan, tungo sa daigdig ng espiritu, bago ito mabigyan ng pansin; ngunit ito ay walang ipagkakaiba; ang mga tagapagmana ng mag-anak ay bibigyan ito ng pansin kahit na lumipas ang isandaang-taon (*DBY*, 401).



Ito ay kailan lang na retrato ng Templo sa St. George. Ang pagtatalaga ng templong ito noong Abril taong 1837 ay nagpahintulot sa mga Banal na simulan ang pagsasagawa ng mga endowment para sa mga yumao.

Daang milyong nilalang ang naisilang na, nabuhay ng maikling panahon, at pumanaw, mangmang tungkol sa kanilang mga sarili at sa plano ng kaligtasan na inilaan sa kanila. Datapwat, nakakapagpalubag-loob, na malaman na ang maluwalhating plano na ginawa ng Langit ay sinusundan sila sa kabilang buhay, nag-aalay sa kanilang pagtanggap ng buhay na walang hanggan at kadakilaan sa mga trono, pamunuan at kapangyarihan, sa piling ng kanilang Ama at Diyos, sa pamamagitan ni Jesucristo, ang Kanyang Anak (*DBY*, 404).

Itinuturo natin sa kanila ang Ebanghelyo ng Kaligtasan—sa mga patay—sa pamamagitan ng mga nabuhay sa dispensasyong ito [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:57] (*DBY*, 397).

May pagkakataon para sa mga tao na nasa espiritu na matanggap ang Ebanghelyo. Si Jesus, habang ang Kanyang katawan ay nakahimlay ng dalawang gabi at isang araw, ay nagtungo sa daigdig ng mga espiritu upang ipakita sa mga kapatid kung paano nila dapat itayo ang kaharian, at dalhin ang mga espiritu sa kaalaman ng katotohanan sa daigdig ng mga espiritu; siya ay nagtungo upang itakda ang huwaran doon, kagaya ng ginawa niya sa lupa. Kaya nadama ninyo na doon, ang mga espiritu ay may pagkakataong yakapin ang katotohanan. Maaari ninyong itanong kung sila ay binibinyagan doon? Hindi. Mapapatungan ba sila ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo? Hindi. Wala ni isa man sa panglabas na mga ordenansa na nauukol sa laman ang pinangangasiwaan doon, ngunit ang liwanag, kaluwalhatian, at kapangyarihan ng Espiritu Santo ay natatamasa rin ng kasing laya ng dito sa ibabaw ng lupa; at may batas na namamahala at nangangasiwa sa daigdig ng mga espiritu, at kung saan sila ay nasasaklaw (*DBY*, 397).

May magagawa ba tayo para sa kanila? Oo. Bakit pa tayo nagtatayo ng templo? At hindi lamang tayo magtatayo ng templo rito, kung tayo ay magtatagumpay, at bibiyayaan at pangangalagaan, kundi maaaring magpasimula ng dalawa o tatlo pa at tuluy-tuloy pa nang kasing bilis ng hinihingi ng gawain, para sa tanging layunin ng pagtubos ng ating mga patay. Kapag ako ay tumanggap ng paghahayag na ang ilan sa aking mga ninuno ay nangabuhay at nangamatay nang walang mga biyaya ng Ebanghelyo, o marinig man lamang na ito ay itinuro, ngunit mga marangal na katulad ko, matwid na katulad ko, o maaaring katulad ng kahit na sinong lalaki o babae sa ibabaw ng lupa; ng kasing matwid, sa abot ng kanilang nalalaman, katulad ng kahit sinong Apostol o Propeta na nabuhay, ako ay tutuloy at magpapabinyag, pagtitibayin, huhugasan at papahiran [ng langis], at gagawin ang lahat ng ordenansa at endowment para sa kanila, nang mabuksan ang kanilang daan tungo sa kahariang selestiyal (*DBY*, 403).

Ang doktrina ng pagbibinyag na ito para sa patay ay dakilang doktrina, isa sa pinakamaluwalhating doktrina na naihayag sa sanlibutan; at may mga liwanag, kapangyarihan, kaluwalhatian, karangalan at kawalang-kamatayan dito (*DBY*, 399).

Simula nang maitatag ang Simbahan, tayo ay nabinyagan para sa maraming kakilala kong tao na nangamatay na—mabubuti, matatapat, kagalang-galang na mga tao, mapagkawanggawa sa lahat, namumuhay ng mabuti at dalisay na mga buhay. Hindi natin sila hahayaang mapunta sa impiyerno; hindi ito gagawin ng Diyos. Higit pa sa sapat ang plano ng kaligtasan upang dalhin sila paitaas at ilagay sila kung saan maaari nilang matamasa ang lahat ng kanilang inaasam (*DBY*, 403).

Nalagpasan na nila ang mga mahigpit na pagsubok [ng mortalidad], at wala ng kakayahang personal na mangasiwa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan at para sa kanilang kadakilaan, dahil dito sila ay kinakailangang magtiwala sa kanilang mga kaibigan, mga anak at anak ng kanilang mga anak na mangasiwa para sa kanila, nang sila ay madala sa kahariang selestiyal ng Diyos (*DBY*, 406).

Ano sa palagay ninyo ang sasabihin ng mga ninuno kung sila ay makapagsasalita mula sa kamatayan? Hindi ba sasabihin nilang, "Nakahimlay kami rito ng mga libong taon, dito sa kulungang bahay, naghihintay sa pagdating ng dispensasyong ito?" . . . Ano ang ibubulong nila sa ating mga tainga? Bakit, kung mayroon lamang silang kapangyarihan dadagundong ang mga kulog ng langit sa ating mga tainga, upang ating matanto ang kahalagahan ng gawaing ating lalahukan. Lahat ng anghel sa langit ay nakatingin sa kakaunting nilalang na ito, at pinasisigla sila sa kaligtasan ng sanlibutan. Gayundin ang mga diyablo sa impiyerno ay nakatingin sa mga taong ito, at sinusubukang talunin tayo, at ang mga tao ay nakikipag-kamay pa rin sa mga tagapaglingkod ng diyablo, sa halip na pabanalin ang kanilang mga sarili at tumawag sa Panginoon at gawin ang kanyang mga ipinag-uutos at inilagay sa ating mga kamay na gawin (*DBY*, 403–4).

## Tayo ay bibiyayaan ng ating Ama sa Langit sa paggawa ng pagsasaliksik sa kasaysayan ng mag-anak para sa kaligtasan ng ating mga ninuno.

Sa palagay ko ay may mga gagawin [sa Milenyo] na tila ayaw ipagawa sa atin ng buong mundo. Ano ito? Ang pagtatayo ng mga templo. Hindi pa tayo nakapagsisimula ng paglalatag ng pundasyon ng templo ngunit ang buong impiyerno ay naghanda ng mga sandata laban sa atin . . . Ano ang gagawin natin sa mga templong ito? Mayroon bang mga gagawin doon? Oo, at hindi na tayo maghihintay sa Milenyo at sa kaganapan ng kaluwalhatian ng Diyos sa lupa; magsisimula kaagad tayo kapag mayroon na tayong templo, at gagawa para sa kaligtasan ng ating mga ninuno; kukunin natin ang kanilang mga talaangkanan hanggang sa ating maaabot. Hindi maglalaon, magagawa natin ang mga itong ganap. Sa mga templong ito mangangasiwa tayo sa mga ordenansa ng Ebanghelyo ni Jesucristo para sa ating mga kaibigan (*DBY*, 402).

Tayo ngayon ay nagbibinyag para sa mga patay . . . para sa ating mga ama, ina, lolo, lola, tiyuhin, tiyahin, kamag-anak, kaibigan at matagal nang kahalubilo. . . . Pinupukaw ng Panginoon ang puso ng marami upang gumawa . . . , at mayroong ganap na matinding interes sa mga ilan na hanapin ang kanilang talaangkanan at kunin ang mga nakalimbag na talaan ng kanilang mga ninuno. Hindi nila alam kung bakit nila ginagawa ito, pero ang Panginoon ay siyang nag-uudyok sa kanila; at ito ay magpapatuloy at magpapatuloy simula sa kanilang ama, sa ama ng kanilang ama, hanggang makuha nila ang talaangkanan ng kanilang ninuno hanggang sa makakayanan nilang maabot.

Kapag naitatag ang kanyang Kaharian sa lupa, at naitayo ang Sion, ipadadala ng Panginoon ang kanyang mga tagapaglingkod bilang mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion [tingnan sa Obadias 1:21]. Ang mga tagapaglingkod ng Diyos na nangabuhay sa lupa nang mga nakaraang panahon ay ihahayag kung saan nanirahan ang iba't ibang tao na namatay nang walang Ebanghelyo, ibibigay ang kanilang mga pangalan, at sasabihing, "Ngayon ay humayo, kayong mga tagapaglingkod ng Diyos, at gamitin ang inyong mga karapatan at pribilehiyo; lumakad at gawin ang mga ordenansa ng bahay ng Diyos para doon sa mga dumaan na sa kanilang pagsubok nang walang Ebanghelyo, at para sa lahat ng tatanggap ng kahit anong uri ng kaligtasan; iakyat sila upang manahin ang mga kahariang selestiyal, terestriyal, at telestiyal," . . . sapagkat ang bawat tao ay tatanggap ayon sa kanyang kakayahan at ayon sa mga kabutihang nagawa sa katawan, mabuti man o masama, labis o kaunti (*DBY* 407).

Ang sabi ng Panginoon, ipinadala ko ang mga susi ni Elijah ang Propeta—ipinabatid ko ang doktrinang iyon upang ibaling ang mga puso ng mga ama sa kanilang mga anak, at ang mga puso ng mga anak sa mga ama [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 2;110:13–15]. Ngayon, lahat kayong mga anak, inaasikaso ba ninyo ang kaligtasan ng inyong mga ama? Masipag ba kayong nagsasaliksik upang matubos ang mga nangamatay nang walang Ebanghelyo, yayamang hinanap nila ang Pinakamakapangyarihang Panginoon upang makamit ang mga pangako para sa inyo? Sapagkat nakamit ng ating mga ninuno ang mga pangakong hindi makakalimutan ang kanilang mga binhi. O kayong mga anak ng mga ninuno, tingnan ang mga bagay na ito. Kayo ay papasok sa mga templo ng Panginoon at mangangasiwa para sa inyong mga ninuno (*DBY*, 408).

---

## Tayo ay nagiging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga ordenansa ng templo para sa ating mga pumanaw na kamag-anak.

Tayo ay tinatawagan, kagaya ng sinabi sa inyo, upang tubusin ang mga bansa ng daigdig. Ang mga ninuno ay hindi magagawang ganap kung wala

tayo; hindi tayo magagawang ganap kung wala ang mga ninuno. Kailangang mayroon nitong tanikalang ito sa banal na Pagkasaserdote; kailangan itong magkasamang nakahinang simula sa kahuli-hulihang henerasyon na nabubuhay sa lupa pabalik kay Amang Adan, upang ibalik ang lahat ng maililigtas at ilagay kung saan sila makakatanggap ng kaligtasan at ng kaluwalhatian sa alinmang kaharian. Kailangang gawin ito ng Pagkasaserdote; ang Pagkasaserdoteng ito ay para sa layuning ito (*DBY*, 407).

Ang mga doktrina ng Tagapagligtas ay inihahayag at inilalagay ang mga naniniwala sa pagtataglay ng mga alituntunin kung saan ang mga tagapagligtas ay magtutungo sa Bundok ng Sion upang iligtas . . . lahat maliban doon sa mga nagkasala laban sa Espiritu Santo. Ang mga kalalakihan at kababaihan ay papasok sa mga templo ng Diyos, at magiging, sa paghahambing, mga haligi doon [tingnan sa Apocalipsis (Mga Paghahayag) 3:12] at mangangasiwa taun-taon para doon sa mga namatay na nang libu-libong taon (*DBY*, 407).

Upang magampanan ang gawaing ito ay kailangang magkaroon ng hindi lamang isa kundi libu-libong templo, at libu-libong kalalakihan at kababaihan ang pupunta sa mga templong iyon at mangangasiwa para sa mga taong nangabuhay noong mga nakaraang mahabang panahon hanggang sa ihahayag ng Panginoon (*DBY*, 394).

Ito ang gagawin natin para sa mga naninirahan sa lupa. Kapag tinitingnan ko ito, ayaw kong mamahinga nang matagal, kundi maging masipag ng buong araw; sapagkat kapag iisipin natin ito, wala tayong sasayanging oras, sapagkat ito ay lubhang mahirap na gawain (*DBY*, 410).

Ang Pagkasaserdote na muling iginawad ng Panginoon sa mga tatanggap nito, ay para sa tanging layunin ng paghahanda sa kanila na maging bihasa sa mga alituntuning tumutukoy sa batas ng kahariang selestiyal. Kung susundin natin ang batas na ito, tiyakin na hindi ito lalabagin, mamuhay ayon dito, tayo ay magiging handa na tamasahin ang mga biyaya ng kahariang selestiyal. Mayroon pa bang iba? Oo, libu-libo at milyun-milyong naninirahan sa daigdig na tatanggap at susunod sana sa batas na ating itinuturo, kung nagkaroon lamang sila ng pagkakataon. Sa panahong muling ibabalik ng Panginoon ang Sion, at ang mga bantay ay magkikita nang harapan, at ang Sion ay matatatag, paroroon ang mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion at sasagipin ang lahat ng anak na lalaki at mga anak na babae ni Adan na may kakayahang masagip, sa pamamagitan ng pangangasiwa para sa kanila (*DNW*, ika-16 ng Mayo 1860, 1).

Ang ating mga ninuno ay hindi magiging ganap nang wala tayo; hindi tayo magiging ganap nang wala sila. Nagawa na nila ang kanilang gawain at ngayon ay nakahimlay na. Tinatawagan tayo ngayon na gawin ang ating mga gawain; na siyang magiging pinakadakilang gawain na gagampanan ng tao sa daigdig kailanman. Milyun-milyon sa ating kapwa nilalang na nabuhay sa daigdig at namayapa nang walang kaalaman sa Ebanghelyo ay dapat mapangasiwaan na ng mga ordenansa upang kanilang makamit ang

buhay na walang hanggan (ito ay, ang lahat ng tatanggap ng Ebanghelyo). At tayo ay tinatawagan upang makilahok sa ganitong gawain (*DBY*, 406).

Sino ang magtataglay ng daigdig at ng lahat ng kaganapan nito? Hindi ba ito ang mga inilaan ng Panginoon sa karangalang ito? At sila ay darating sa Bundok ng Sion bilang tagapagligtas upang gumawa sa buong panahon ng Milenyo upang iligtas ang iba (*DBY*, 407–8).

---

## Ang gawain sa Milenyo ay kapapalooban ng pagtatayo ng templo at paglilingkod sa templo

Pinagsisikapan nating iligtas ang buhay at ang patay. Ang buhay ay may pagpipilian, ang patay ay wala. Milyun-milyon sa kanila ang nangamatay nang walang Ebanghelyo, walang Pagkasaserdote, at walang mga pagkakataong ating tinatamasa. Tayo ay lalakad sa ngalan ng Diyos ng Israel at aasikasuhin ang mga ordenansa para sa kanila. At sa buong panahon ng Milenyo, ang isang libong taon na mamahalin at paglilingkuran ang Diyos, tayo ay magtatayo ng mga templo at mangangasiwa doon para sa mga namatay na nang daan-daan at libu-libong taon—ang mga nakatanggap sana ng katotohanan kung sila ay nagkaroon ng pagkakataon; at atin silang dadalhin paitaas at bubuuin ang tanikala ng salinlahi pabalik kay Adan (*DBY*, 404).

Kagaya ng madalas kong sabihin sa inyo, iyon ang gawain ng Milenyo. Ito ang gawain na kailangang isagawa ng binhi ni Abraham, ang hinirang na binhi, ang maharlikang binhi, ang pinagpala ng Panginoon, silang nakipagtipan sa Panginoon. Sila ay susulong , at ililigtas ang bawat anak na lalaki at anak na babae ni Adan na tatanggap ng kaligtasan dito sa lupa; at lahat ng espiritu sa daigdig ng mga espiritu ay tuturuan, kakausapin, at ang mga alituntunin ng kaligtasan ay dadalhin sa kanila, nang magkaroon sila ng pagkakataong matanggap ang Ebanghelyo; at sila ay magkakaroon ng maraming anak dito sa lupa na mangangasiwa para sa kanila sa mga ordenansa ng Ebanghelyong iyon na tumutukoy sa laman (*DBY*, 403).

Nagtitiwala tayo sa Diyos. Umaasa ako na ipaglalaban niya ang ating mga pakikidigma at tayo ay bibinyagan para at alang-alang sa sangkatauhan sa loob ng isanlibong taon; at magkakaroon tayo ng daan-daang templo at libu-libong kalalakihan at kababaihang mangangasiwa doon para sa mga namayapa, nang hindi nagkaroon ng pagkakataon na marinig at masunod ang Ebanghelyo, nang sila ay maisilang at magkaroon ng maluwalhating pagkabuhay na mag-uli, at matamasa ang kahariang inihanda para sa kanila ng Diyos. Ang Diyablo ay lalaban ng matindi upang pigilan tayo, at hindi tayo uusad kahit kaunti maliban sa pagiging masunurin sa kapangyarihan ng, at pananampalataya sa, Ebanghelyo ng Anak ng Diyos. Ang buong daigdig ay salungat sa doktrinang ito. Ngunit may masama ba rito? Kung makikita lamang nila ito ng katulad ng sa Panginoon, magsasaya sila rito, at sa halip na labanan ito, kanilang papupurihan ang Diyos sa paghahayag ng napakaluwalhating doktrina (*DBY*, 401).

# Mga Mungkahi sa Pag-aaral

## Binibigyan ng Diyos ng pagkakataon ang mga pumanaw na matamasa ang mga biyaya ng templo

- Ang "maluwalhating plano" para sa pagtubos sa mga pumanaw nang hindi natanggap ang buong biyaya ng ebanghelyo ay "malaking pampalubag-loob" kay Pangulong Young. Bakit? Ano ang kahulugan ng planong iyon sa inyo at sa inyong mga minamahal?
- Paano at kailan itinatag ang pangangaral ng ebanghelyo sa daigdig ng espiritu? Sino ang nagpapatuloy ng gawaing iyon ngayon? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 138:57.)
- Ano ang kahulugan ng tubusin ang ating yumao at bigyang daan sa kanila ang kahariang selestiyal? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 138:58).
- Bakit napaka-aktibong tinututulan ni Satanas ang gawain sa templo? Anong pagpapatunay ang inyong nakita na hindi mapipigilan ni Satanas ang pagtatayo ng mga templo ni ang pag-unlad ng nakapagliligtas na gawain ng ordenansa.

## Tayo ay bibiyayaan ng ating Ama sa Langit sa paggawa ng pagsasaliksik sa kasaysayan ng mag-anak para sa kaligtasan ng ating mga ninuno.

- Nagsalita ang Pangulong Young tungkol sa panahon na magagawa nating ganap ang ating mga talaangkanan o kasaysayan ng mag-anak. Paano nating gagawin ito? Ano ang personal na magagawa ninyo upang makapagbahagi sa kasaysayan ng inyong mag-anak?
- Ayon sa Pangulong Young, sino ang "pumupukaw ng mga puso ng marami" upang matutunan ang tungkol sa kanilang mga ninuno? Anong pagpapatunay na ang nakita ninyo na ito ay totoo sa kasalukuyan?
- Ano ang mga "susi ni Elijah ang Propeta"? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 27:9; 110:13–15.)

## Tayo ay nagiging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga ordenansa ng templo para sa ating mga pumanaw na kamag-anak.

- Paano tayo magiging tagapagligtas sa Bundok ng Sion?
- Bakit imposibleng gawing ganap ang ating mga pumanaw na mga kamag-anak kung wala tayo? Bakit imposibleng gawin tayong ganap kung wala sila?

### Ang gawain sa Milenyo ay kapapalooban ng pagtatayo ng templo at paglilingkod sa templo

- Ano ang magiging “gawain ng Milenyo”? Sino ang magsasagawa nito?
- Paano natin mapagtatagumpayan ang mga pagsisikap ni Satanas na hadlangan ang gawain? Paano makatutulong sa atin sa paghahanda para sa Milenyo ang “pagiging masunurin sa kapangyarihan ng, at pananampalataya sa, Ebanghelyo ng Anak ng Diyos”?



Si Joseph Smith, isang maingat na mambabasa ng Biblia,
ay humiling ng gabay sa Diyos.

# Ang Ating Paghahanap sa Katotohanan at Personal na Patotoo

*Ang paghahanap ni Pangulong Brigham Young sa katotohanan tungkol sa Diyos ay nagkaroon rin ng kasagutan sa bandang huli sa pamamagitan ng tapat at simpleng patotoo ng isang lalaking hindi magaling sa pananalita . . . na nakapagsasabi lamang ng, 'Alam ko, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, na ang Aklat ni Mormon ay totoo, na si Joseph Smith ay Propeta ng Panginoon.'" Sinabi ni Pangulong Young, "Ang Espiritu Santo na nanggagaling sa taong iyon ay nagbigay-liwanag sa aking pang-unawa, at ang liwanag, kaluwalhatian, at kawalang-kamatayan ay nasa harapan ko." (*DNW, *ika-9 ng Peb. 1854, 4). Sa tanang buhay niya, pinilit niyang ipamuhay ang mga katotohanan ng ebanghelyo, na nagsasaad na, "Habang ako ay sumusulong sa panahon ako ay umaasang sumulong sa totoong kaalaman tungkol sa Diyos at pagkamaka-Diyos. Umaasa akong umunlad sa kapangyarihan ng Pinakamakapangyarihan at sa impluwensiya sa pagtatatag ng kapayapaan at pagkamatwid sa ibabaw ng lupa, at dalhin . . . lahat ng makikinig sa mga alituntunin ng pagkamatwid, sa tunay na diwa ng kaalaman tungkol sa Diyos at pagkamaka-Diyos, sa kanilang mga sarili at ang kanilang pinanatiling kaugnayan sa langit at mga makalangit na nilalang. . . . Idinadalangin ko na hindi lang ito sa aking sarili kundi para na rin sa lahat ng Banal, nang tayo ay umunlad sa kabutihan at sa kaalaman ng katotohanan at maging ganap sa Kanyang piling" (*DNW, *ika-10 ng Hunyo 1857, 3).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Marami ang nagnanasa na matagpuan ang katotohanan, ngunit hindi lahat ay yayakap nito.

Ang mas malaking bahagi ng naninirahan sa lupa ay nakakiling sa paggawa ng tama. Iyan ay totoo. Mayroong tagapangalaga ang bawat tao na naghahari doon ng lubusan, kung papayagang mangyari, at aakay sa katotohanan at kabutihan [tingnan sa Moroni 7:15–17] (*DBY*, 423).

Ang mga taong tapat ang puso, sa buong daigdig, ay nagnanasa na malaman ang tamang daan. Hinahanap nila ito, at patuloy pa ring hinahanap. Parating may mga tao sa ibabaw ng lupa na buong puso at sipag

na naghahangad na malaman ang mga paraan ng Panginoon. Ang mga taong iyon ay nakagawa ng mabuti, yayamang mayroon silang kakayahan (*DBY*, 421).

Hangga't hindi sila ganap na nagkakasala, mayroong bagay sa lahat ng tao na ikinasisiya ang pangibabawan at iwaksi ang kasamaan at tanggapin ang katotohanan. Walang makasalanang tao sa lupa ang napakasama, na kapag kanyang sinuri ang kanyang sariling puso, ay hindi niya ikararangal ang maka-Diyos na lalaki at maka-Diyos na babae–ang mabuti at banal—at kamumuhian ang kanyang mga kaibigan sa kasamaan na katulad niya. Walang tao sa lupa, na nasa kapangyarihan ng Diyos upang magligtas, maliban kung siya ay nagkasala ng lubusan upang ang Espiritu ng Panginoon ay hindi na manatili sa kanya at pagpaliwanagan ang kanyang isip, ang hindi nasisiyahan sa kabutihan, at sa katotohanan, (*DBY*, 421).

Nakasulat na may ilang may mga mata upang makakita, ngunit hindi nakakikita; mga tainga upang makarinig, ngunit hindi nakaririnig; mayroon silang puso, ngunit hindi sila nakauunawa Kayong may mga kaisipang espirituwal, na bukas ang kaisipan upang makakita, . . . ay mauunawaan na ang kapangyarihang nagdulot sa inyo ng pisikal na pakiramdam ay ang kapangyarihan ng kaparehong Diyos na nagbigay sa inyo ng pang-unawa sa katotohanan [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:11–13]. Ang huling kapangyarihan ay nakapaloob. . . . Alam ng libu-libo, sa pamamagitan ng nakapaloob at hindi nakikitang pakiramdam, ang mga bagay na nangyari na, ang mga bagay na nangyayari pa lamang, at ang mga bagay na darating, na katulad ng pagkakaalam nila sa kulay ng kapirasong tela sa pamamagitan ng kanilang panlabas o pisikal na pangitain. Kapag ang nasa kaloobang liwanag na ito ay kinuha mula sa kanila, sila ay nagiging lalong makasalanan kaysa dati, hindi sila makaunawa, at lumalayo sa mga bagay tungkol sa Diyos (*DBY*, 421–22).

Ang espiritu na naninirahan sa mga katawang ito ay likas na nagmamahal sa katotohanan, likas na mahal nito ang liwanag at katalinuhan, likas na mahal nito ang kabutihan, ang Diyos at pagiging maka-Diyos; ngunit sa pagiging napakalapit sa pakikiisa sa laman ang kanilang simpatiya ay nagkakahalo, at ang kanilang pagsasama ay kinakailangan para magkaroon sila ng ganap na kasiyahan [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:33–34], ang espiritu ay sadyang nakalaang maimpluwensiyahan ng kasalanan na nasa mortal na katawan, at mapangibabawan nito at ng kapangyarihan ng Diyablo, maliban kung ito ay patuloy na mabibigyang-liwanag ng espiritu na nagbibigay liwanag sa bawat tao na dumarating sa daigdig, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na ibinabahagi sa pamamagitan ng Ebanghelyo (*DBY*, 422–23).

Kahit saan ipinangangaral ang Ebanghelyo ni Jesucristo, kahit na ngayon o noong mga nakaraang panahon, ito ay nakakatagpo ng klase ng mga tao kung kaninong ang katotohanan ay maganda at maka-Diyos, at ang espiritung nasa loob ay mag-uudyok na tanggapin nila ito; ngunit

matatagpuan nila ang kanilang sarili na may nakabubuting kaugnayan sa mundo, at mayroong napakaraming kinawiwilihan na maaaring mawala kapag tinanggap ito, sila ay nagpapasiya na ito ay hindi maaari, at narito na naman ang labanan. Napagtatagumpayan ng ilan ang mga pangangatwiran ng laman, at sinusunod ang udyok ng espiritu; habang ang higit na nakararami sa klase ng mga taong ito ay nahihikayat ng maruruming mga pagsasaalang-alang at kumakapit sa kanilang mga idolo.

---

**Bawat isa sa atin ay may tungkuling humanap ng kaalaman at ng saksi ng katotohanan.**

Bakit tayo narito? Upang matutong maging lalong masaya, at lumawak sa kaalaman at karanasan (*DNW*, ika-27 ng Set. 1871, 5).

Hindi tayo titigil na matuto, maliban kung tayo ay tatalikod sa katotohanan [*apostatize*]. . . . Nauunawaan ba ninyo ito? (*DNW*, ika-27 ng Peb. 1856, 2).

Kung magkakaroon tayo ng pagkakataon pagyayamanin natin ang ating mga kaisipan sa kaalaman, pupunuin ang mga mortal na mga katawang ito ng mga saganang kayamanan ng karunungang panglangit (*MS*, Okt. 1862, 630).

Lahat ng ating paghahangad sa pag-aaral ay para sa paglilingkod sa Diyos, sapagkat lahat ng gawaing ito ay upang itatag ang katotohanan sa lupa, at nang tayo ay umunlad sa kaalaman, karunungan, pang-unawa sa kapangyarihan ng pananampalataya at sa karunungan ng Diyos, nang tayo ay maging karapat-dapat na mga nilalang na maninirahan sa mas mataas na antas ng pag-iral at katalinuhan kaysa ating tinatamasa ngayon (*DNSW*, ika-26 ng Okt. 1870, 2).

Maaaring madaig ng taong nagmamahal sa mundo ang pagmamahal na iyon, na makakuha ng kaalaman at pang-unawa hanggang sa makita niya ang mga bagay sa tunay nitong anyo, sa gayon ay hindi niya mamahalin ang mundo ngunit makikita niya ito ng naaayon (*DNW*, ika-28 ng Nob. 1855, 2).

Hanapin natin ang Panginoon ng buong puso, at tayo ay maiwawalay sa mundo; walang tao ang gugustuhin ito, iyon, o ang ibang bagay, maliban sa gumawa ng mabuti sa pamamagitan nito; itaguyod ang walang hanggang ikabubuti ng sanlibutan, at ihanda sila na maging dakila sa kawalang-kamatayan. . . . Nasa sa inyo at sa akin ang pagtanggap ng karunungan upang maging handa para sa kadakilaan at buhay na walang hanggan sa mga kahariang ngayon ay nasa kawalang hanggan (*DNW*, ika-14 ng Mayo 1853, 3).

Ang lalaki o babae na nagnanasang malaman ang katotohanan, kapag narinig ang Ebanghelyo ng Anak ng Diyos na ipinahayag sa katotohanan at kapayakan, ay kailangang tanungin ang Ama, sa ngalan ni Jesus, kung ito ay totoo. Kung hindi nila susundin ang daang ito, susubukan nila at ikakatwiran sa kanilang mga sarili na sila ay marangal katulad ng kahit na sinong lalaki o babae sa balat ng lupa; ngunit sila'y hindi, sila ay hindi maingat sa kanilang pansariling kapakanan (*DBY*, 430).

Maghintay hanggang sa inyo nang mahanap at masaliksik at natamo ang karunungan upang maunawaan ang ating itinuturo. . . . Kung ito ay ang gawain ng Diyos, ito ay magpapatuloy [tingnan sa Mga Gawa 5:38–39] (*DBY*, 435).

Tungkulin at karapatan ng mga Banal sa Huling Araw na malaman na ang kanilang relihiyon ay totoo (*DBY*, 429).

Hayaang makakuha ng kaalaman ang bawat isa para sa kanyang sarili na ang gawaing ito ay totoo. Ayaw naming sabihin ninyo na ito ay totoo hangga't hindi ninyo alam ito; at kung ito ay alam ninyo, ang kaalamang ito sa inyo ay kasing tulad na rin ng bumaba ang Diyos at nagsabi sa inyo (*DBY*, 429).

Isang tanging pagkakataon at biyaya ng banal na Ebanghelyo sa bawat tunay na may pananalig, na malaman ang katotohanan para sa kanyang sarili (*DBY*, 429).

Ayaw ko na magpunta sa akin o sa aking mga kapatid ang mga tao para sa patotoo sa katotohanan ng gawaing ito; ngunit hayaan silang kunin ang mga Banal na Kasulatan ng banal na katotohanan, at doon ang daan ay ituturo sa kanila ng napakalinaw katulad ng pagtuturo ng tamang daan sa mga pagod na manlalakbay ng karatulang-pamatnubay. Doon sila ay itinuturong magtungo, hindi sa . . . kahit sinong Apostol o Elder sa Israel, ngunit sa Ama sa ngalan ni Jesus, at hingin ang kabatirang kailangan nila. Sila ba na tatahak sa daang ito nang marangal at matapat ay makatatanggap ng kabatiran? Tatalikdan ba ng Diyos ang may marangal na puso na naghahanap ng katotohanan? Hindi, hindi niya gagawin ito; patutunayan niya ito sa kanila, sa paghahayag ng Kanyang Espiritu, ang mga katotohanan ng pangyayari. At kapag ang isipan ay bukas sa mga paghahayag ng Panginoon mauunawaan ito ng mas mabilis at matalas kaysa anong bagay na nakikita ng mata. Hindi ang nakikita ng ating mga mata—maaari silang dayain— ngunit ang inihahayag ng Panginoon mula sa langit ang sigurado at matatag, at nananatili magpakailan man (*DBY*, 429–30).

Kailangang nasa atin ang patotoo ng Panginoong Jesus upang magawa nating malaman ang katotohanan laban sa kamalian, liwanag laban sa kadiliman, siya na maka-Diyos, at siya na hindi maka-Diyos, at nang malaman kung paano mailalagay sa tamang kinalalagyan ang lahat ng bagay. . . . Walang ibang pamamaraan na sadyang tunay na magtuturo sa tao upang siya ay maging Santo ng Diyos, at ihanda siya para sa luwalhati ng selestial; kailangang nasa kanya ang patotoo ng espiritu ng Ebanghelyo (*DBY*, 429).

Ikaw at ako ay kailangang may patotoo ni Jesus sa ating kalooban, o, walang gaanong saysay para sa atin ang magkunwaring mga tagapaglingkod ng Diyos. Kailangan natin ang buhay na patotoong iyon sa ating kalooban (*DBY*, 430).

Ipinagkakatiwala ng katotohanan ang sarili nito sa bawat marangal na tao, hindi mahalaga kung gaano kasimple ito sinabi, at kapag ito ay tinanggap para bang kilala na natin ito sa buong buhay natin. Patotoo ng

nakararami sa mga Banal sa Huling Araw na nang una nilang marinig na ipangaral ang Ebanghelyo, . . . kahit na lubusang bago ito sa kanila, para bang nauunawaan na nila ito, at parang sila ay "Mormon" na sa simula't-simula pa [tingnan sa Juan 10:27] (*DBY*, 432).

---

### Ang Espiritu Santo ay nagbibigay sa atin ng kaalaman ng katotohanan.

Tumatayo ba ang tao rito at sinasabing alam nilang ito ang gawain ng Diyos, na si Joseph ay isang Propeta, na totoo ang Aklat ni Mormon, na ang mga paghahayag sa pamamagitan ni Joseph Smith ay totoo, at ito ang huling dispensasyon at ang kaganapan ng mga panahon kung saan iniuunat ng Diyos ang kanyang kamay upang kunin ang Israel sa huling pagkakataon, at iligtas at itatag ang Sion. . . . Paano nila nalaman ito? Alam ng mga tao at patuloy na malalaman at mauunawaan ang maraming bagay sa pamamagitan ng mga pagpaparamdam ng Espiritu, na sa pagkakaayos ng ating katawan ay magiging imposible sanang ipabatid. Karamihan sa mahahalagang kabatiran ay nakukuhang tangi sa pamamagitan ng kapangyarihan at patotoo ng Espiritu Santo. . . . Ito lamang ang tanging paraan na inyong maipababatid ang kaalaman sa hindi nakikitang mga bagay ng Diyos [tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 2:9–14; 12:3] (*DBY*, 430).

Walang iba kung hindi ang Banal na Espiritu . . . ang makapagpapatunay sa inyo na ito ay ang gawain ng Diyos. Ito ay hindi kayang pabulaanan, o daigin sa pamamagitan ng makamundong karunungan ng mga taong hindi inspirado ng Diyos; hindi rin nila mapapatunayan, na, ito ay totoo sa pamamagitan ng karunungan lamang. Ang hindi nila pagkakadaig dito ay hindi pagpapatunay na ito ang Kaharian ng Diyos, dahil maraming mga teoriya at sistema sa lupa, hindi kayang itanggi sa pamamagitan ng karunungan ng mundo, na mali pa rin naman. Walang iba kundi ang kapangyarihan ng Pinakamakapangyarihan, na nagbibigay-linaw sa pang-unawa ng mga tao, ang makapagpapamalas ng maluwalhating katotohanang ito sa kaisipan ng tao (*DBY*, 430–31).

Paano natin makikilala ang boses ng Mabuting Pastol(Alma 5:38) mula sa tinig ng estranghero? Masasagot ba ito ng kahit sino? Masasagot ko. Napakadali nito. Sa bawat pilosopo sa ibabaw ng lupa, sasabihin ko, ang inyong mata ay maaaring malinlang, gayundin ang sa akin; ang inyong tainga ay maaaring malinlang, gayundin ang sa akin; ang dampi ng inyong kamay ay maaaring malinlang, gayundin ang sa akin; ngunit ang Espiritu ng Diyos na pumupuno sa nilikha ng paghahayag at liwanag ng kawalang-hanggan sa mga nilikha, ay hindi maipagkakamali, ang paghahayag na nanggaling mula sa Diyos ay hindi maipagkakamali. Kapag ang indibiduwal, puno ng Espiritu ng Diyos, ay nagpahayag ng katotohanan ng langit, naririnig iyon ng tupa [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 29:7], ang Espiritu ng Panginoon ay tumitimo sa kalooban ng kanilang mga kaluluwa

at nanunuot sa kaibuturan ng kanilang mga puso; sa pamamagitan ng patotoo ng Espiritu Santo ang liwanag ay sumisibol sa kanilang kalooban, at sila ay nakakakita at nakakaunawa para sa kanilang mga sarili (*DBY*, 431).

Mayroon lamang isang saksi—isang patotoo, na tumutukoy sa katunayan ng Ebanghelyo ng Anak ng Diyos, at iyon ay ang Espiritu na ikinalat niya sa kanyang mga disipulo. Gawin ang kanyang kagustuhan, at malalaman natin kung siya ba ay nagsasalita ng may kapahintulutan ng Ama o ng kanyang sarili. Gawin ang ipinag-uutos niya sa atin, at malalaman natin ang doktrina, kung ito ay sa Diyos o hindi [tingnan sa Juan 7:16–17]. Sa pamamagitan lamang ng mga paghahayag ng Espiritu natin malalaman ang mga bagay ukol sa Diyos (*DBY*, 431–32).

Maging masipag at madasalin. Ito ay inyong pagkakataon na malaman sa inyong sarili na buhay ang Diyos at gumagawa siya ng gawain sa mga huling araw na ito at tayo ang Kanyang binigyang-karangalang mga ministro. Mabuhay para sa kaalamang ito at tatanggapin ninyo ito. Alalahanin ang inyong mga panalangin at maging mataimtim sa espiritu (*LBY*, 245).

Ang aking patotoo ay ayon sa karanasan, sa aking sariling karanasan, na may kaugnay doon sa nakamit ko sa pamamagitan ng pagmamasid sa iba . . . Ipinagkakatiwala ng makalangit na katotohanan ang kanyang sarili sa panimbang ng bawat tao, at sa kanilang pananampalataya; at lalung-lalo na sa pang-unawa ng mga nagnanais na maging marangal sa kanilang mga sarili, sa kanilang Diyos, at kanilang kapitbahay. . . . kung ang mga tao ay maaaring tumanggap ng kaunti, iyon ay nagpapatunay na maaari silang tumanggap ng higit pa. Kung matatanggap nila ang una at ikalawang mga alituntunin ng may matwid na pakiramdam, maaari pa silang tumanggap ng karagdagan (*DBY*, 433).

Positibo ang aking patotoo. . . . Alam ko na ang araw ay sumisikat, alam ko na ako ay nabubuhay at mayroong katauhan, at nagpapatotoo ako na may Diyos, at buhay si Jesucristo, at siya ang Tagapagligtas ng daigdig. Nanggaling ka na ba sa langit at napag-alaman ang kasalungat? Alam ko na si Joseph Smith ay isang Propeta ng Diyos, at siya ay nagkaroon ng maraming paghahayag. Sino ang makapagpapasinungaling ng patotoong ito? Kahit sino ay maaaring tutulan ito, ngunit ito ay hindi mapasisinungalingan ng sino man. Marami akong natanggap na paghahayag; nakita ko at narinig para sa aking sarili, at batid ko na ang mga bagay na ito ay totoo, at ang mga ito ay hindi mapasisinungalingan ng sino man sa mundo. Ang mata, ang tainga, ang kamay, lahat ng mga pakiramdam ay maaaring malinlang, ngunit ang Espiritu ng Diyos ay hindi malilinlang; at kapag inspirado ng Espiritung iyon, napupuno ng kaalaman ang tao, nakakakita siya sa pamamagitan ng espirituwal na mata, at nalalaman ang bagay na hindi kayang salungatin ng kapangyarihan ng tao. Kung ano ang alam ko tungkol sa Diyos, tungkol sa mundo, tungkol sa pamahalaan, ay natanggap ko mula sa kalangitan, hindi sa aking kakayahan lamang, at ibinibigay ko sa Diyos ang luwalhati at ang papuri (*DBY*, 433).

**Sa pagtanggap sa saksi ng katotohanan, kailangan nating hanapin ang pagkamatwid sa kaharian ng Diyos.**

Isa sa mga unang alituntunin ng doktrina ng kaligtasan ang pagkilala sa ating Ama at ating Diyos. Itinuturo ng mga Banal na Kasulatan na ito ay buhay na walang hanggan, na "makilala Ka, ang tanging tunay na Diyos, at si Jesucristo na iyong ipinadala [tingnan sa Juan 17:3];" ito ay para na ring nagsabing walang tao ang makatatamasa o makapaghahanda para sa buhay na walang hanggan ng wala ang kaalamang iyon (*DNW*, ika-18 ng Peb. 1857, 4).

Nasa atin ang pangako, kung ating hahanapin muna ang kaharian ng Diyos at ang pagkamatwid nito, na lahat ng kinakailangang bagay ay idaragdag sa atin [tingnan sa 3 Nephi 13:33]. Hindi tayo dapat na di mapagtiwala, ngunit alamin muna kung paano paliligayahin ang ating Ama at Diyos; alamin kung paano sasagipin ang ating mga sarili sa mga kamaliang nasa mundo, mula sa kadiliman at kawalan ng pananampalataya, mula sa palalo at mapaglinlang na mga espiritung nasa gitna ng mga anak ng tao upang manlinlang, at matutunan kung paano sasagipin at pangangalagaan ang ating mga sarili sa lupa upang mangaral ng ebanghelyo, itaguyod ang kaharian, at itatag ang Sion ng ating Diyos (*DNW*, ika-11 ng Enero, 1860, 1).

Gusto ko ang mag-isip at magsalita tungkol sa walang hanggang mga alituntunin. Ang kaligtasan natin ay kinapapalooban ng kaalaman tungkol sa mga iyon, at ang mga iyon ay naglalayon sa kanilang katangian na tayo ay paligayahin at aluin. Ito bang walang hanggang organismo na nasa atin, na nabubuhay sa walang hanggang katotohanan, ay itinatag upang wasakin? Magwawakas ba ang organismong iyon, habang ito ay nabubuhay sa walang hanggang katotohanan? Hindi. . . . Hangarin sa Panginoon ang kanyang Espiritu, nang walang humpay sa inyong mga pagsisikap, hanggang sa ang kanyang Espiritu ay mamalagi sa inyo katulad ng walang hanggang paglagablab. Hayaang patuloy na magliwanag ang kandila ng Panginoon sa inyo, at ang lahat ay tama (*DNW*, ika-11 ng Enero 1860, 2).

Nasa atin ang mga salita ng buhay na walang hanggan, nasa atin ang pagkakataong magkamit ng kaluwalhatian, kawalang-kamatayan, at mga buhay na walang hanggan, ngayon kakamtin mo ba ang mga biyayang ito? Gugugulin ba ninyo ang inyong mga buhay upang makakamit ng luklukan sa kaharian ng Diyos, o ikaw ay hihiga at matutulog, at bababa sa impiyerno? (*DNW*, ika-1 ng Okt. 1856, 3.)

Sikaping magpakamatwid, hindi dahil sa ano pa mang pakikipagsapalaran, kung hindi dahil sa ang pagkamatwid ay kaibig-ibig, dalisay, at banal, maganda, at nakadadakila; iyon ay naglalayon na gawing masaya at puno ng kaligayahan ang kaluluwa, sa abot saklaw ng buong kakayahan ng tao, pinupuno siya ng liwanag, luwalhati, at karunungan (*DBY*, 428).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

**Marami ang nagnanasa na matagpuan ang katotohanan, ngunit hindi lahat ay yayakapin ito.**

- Ayon kay Pangulong Young, ano ang umaakay "sa mas malaking bahagi ng naninirahan sa lupa" na gawin ang tama at hanapin ang katotohanan?
- Bakit maraming tao ang nabibigong mamuhay ng matwid kahit na pagkatapos na matanggap ang saksi ng katotohanan? Ano ang nakatulong sa inyo nang lubusan upang mamuhay nang ayon sa inyong napaunlad na patotoo?

**Bawat isa sa atin ay may tungkuling maghanap ng kaalaman at ng saksi ng katotohanan.**

- Ano ang dapat na maging mga layunin ng ating pagpupursigi sa pag-aaral? Ano ang ating magagawa upang mapagtagumpayan ang pagmamahal sa mga makamundong bagay?
- Paano natin malalaman sa ating mga sarili ang mga katotohanan ng Diyos? Paano makatutulong ang patotoo kay Jesucristo na malaman natin ang katotohanan sa kamalian?

**Ang Espiritu Santo ay nagbibigay sa atin ng kaalaman ng katotohanan**

- Ano ang tanging paraan upang malaman natin na ang ebanghelyo ay totoo, na si Jesus ang Cristo, at tayo ay kasama sa gawain ng Panginoon? Anong mga karanasan ang nagturo sa inyo na ang Espiritu Santo ay maaaring maimpluwensiyahan ang inyong buhay kung hahayaan ninyo siyang gawin ito?
- Bakit hindi mapapatunayan o mapasisinungalingan ng makamundong karunungan ang pagkakaroon ng Diyos at ang katotohanan ng ebanghelyo? Kahit na ang ating mga pandamdam ay maaaring malinlang sa paghahanap ng katotohanan, ano ang sinabi ng Pangulong Young na "hindi maipagkakamali"?
- Bakit nakapagbigay ng napakamakapangyarihang patotoo ang Pangulong Young? Paano natin mapalalakas ang ating mga patotoo? Ano ang magagawa ninyo upang maging mas makapangyarihang saksi ng katotohanan ng Diyos?

**Sa pagtanggap ng saksi ng katotohanan, kailangan nating hanapin ang pagkamatwid sa kaharian ng Diyos.**

- Anong pangako ang ginawa ng Panginoon doon sa "naghahangad muna nang kaharian ng Diyos at ang pagkamatwid nito"?
- Paano makatutulong ang pagkaalam ng mga bagay ng Diyos para makamtan ang kaligtasan. Paano tayo "makakakuha ng luklukan sa kaharian ng Diyos"?

# Ang Kaharian ng Diyos at ang Pagtitipon ng Israel

*Noong ika-26 ng Hulyo 1847, mga ilang araw pagkatapos pumasok ang unang mga tagabunsod sa lambak ng Salt Lake, ang Pangulong Brigham Young at ang maliit na pangkat ng mga namumunong saserdote ay umakyat ng burol hilaga ng lugar na sa dakong huli ay magiging lungsod ng Salt Lake. Pinangalanan nila ang burol na Ensign Peak bilang pag-alaala sa propesiya ni Isaias: "At siya'y magtataas ng watawat sa mga bansa mula sa malayo . . . at, narito sila'y darating na lubhang nagmamadali" (Isaias 5:26). Sa huli ay kinilala ni Pangulong Young ang burol na ito na kanyang nakita sa pangitain, ang lugar na kung saan uunlad ang mga Banal, kung saan maaaring maitayo ang kaharian ng Diyos at titipunin ang Israel sa huling araw. Nang mga sumunod na taon, inihatid ng mga misyonero ang ebanghelyo sa buong daigdig at nagpatuloy ang pagtitipon ng Israel sa daan-daang bansa. Sinabi ni Pangulong Young, "Ang pagtitipon ng Israel ay napakahalagang bahagi ng dakilang gawain na ating nilahukan kaya ito ay laging nasa ating mga kaisipan, at lagi nating masigasig na bigyan ito ng lahat ng karapat-dapat na pasilidad at impluwensiya" (*BYL*).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang tao ng Diyos ay naghahangad na itayo ang kaharian ng Diyos.

Ang mga taong nakaupo sa aking harapan ay ang mga tao ng Diyos, kaugnay ng mga libu-libong tao sa ibabaw ng mundo; . . . . Kung gaano kabilis ang ating kakayahan sa tamang pamamahagi ng mga alituntunin ng kapangyarihan, ng liwanag, ng kaalaman, ng karunungan, ng kayamanan, ng langit, at ng daigdig, ganoon din kabilis ang mga ito maibabahagi sa mga taong ito (*DBY*, 438).

Mula sa Simbahang ito uunlad ang kahariang nakita ni Daniel. Sadyang ito ang mga taong nakita ni Daniel na magpapatuloy na lumaki at

lumaganap at umunlad [tingnan sa Daniel 2:44]; at kung hindi tayo matapat, kukunin ng iba ang ating mga kinalalagyan, sapagkat ito ang Simbahan at tao na magtataglay ng kaharian magpakailanman (*DBY*, 438).

Ang ating gawain ay ang isakatuparan ang Sion, at gawin ang kaharian ng Diyos sa kaganapan at kagandahan nito sa lupa (*DBY*, 443).

Ang kahariang ating pinag-uusapan, ipinangangaral at tinatangkang itaguyod ay ang Kaharian ng Diyos sa lupa, hindi sa mabituin na kalangitan, o sa ilalim ng araw. Tinatangka nating itatag ang Kaharian ng Diyos sa lupa kung saan talaga at nararapat ang lahat tungkol sa sanlibutan—ang kanilang mga damdamin, ang kanilang pananampalataya, ang kanilang mga pagmamahal, ang kanilang mga pagnanasa, at bawat kilos sa kanilang mga buhay. . . . ang pagmamay-ari, nang sila ay mapamahalaan nito ng espirituwal at temporal (*DBY*, 339).

Kapag ang Kaharian ng Diyos ay lubos nang naisa-ayos at naitatag sa balat ng lupa, at makuha ang kadakilaan sa lahat ng iba pang mga bansa at mga kaharian, pangangalagaan nito ang mga tao sa mga tinatamasa nilang karapatan, kahit na ano ang kanilang pinaniniwalaan, ano ang kanilang ipinangangaral, o ano ang kanilang sinasamba (*DBY*, 440).

Napag-aralan ko ilang taon na ang nakaraan na ang Panginoon ang siyang nasa kapangyarihan na gumagabay sa barko ng Sion. . . . kung hindi natin gagawin ang kanyang ipinag-uutos nang naaayon sa kanyang itinagubilin, ang ating mga gawain ay mababale-wala. Ito ang aking karanasan noong una pa man. Sa bawat sangay at daan ng ating mga buhay kailangang matutunan nating gumawa ayon sa katotohanan. Dapat nating alamin kung ano ang nararapat na gagawin, at gawin ito. Kahit na walang kasiguruhang tagumpay sa lupa, maaari nating subukan; at kung susubukan natin nang buong kakayahan, ang kilos na iyon ay magpapatunay ng matatag at tiyak na pag-iisip, ginagayakan ng pagtitiis at pagtitiyaga. At kung, sa kabila ng ating matatag na mga pagsisikap, hindi pa rin natin matamo ang ating layunin, mas malamang na iaabot ng Diyos ang kanyang kamay at ibibigay ang tagumpay (*DBY*, 441).

Kung ang mga taong ito ay mamumuhay nang naaayon sa mga alituntuning kanilang tinanggap, magkakaroon sila ng kakayahang magbigay-payo sa mga bansa; sapagkat tayo ay nakatayo sa patas na pundasyon, at ang ating mga alituntunin ay katotohanan, pagiging-matwid, at kabanalan. Ating pangatawanan ang mga alituntuning iyon hanggang sa kanilang wasakin ang mga katotohanan, . . . at tayo ay maging mga guro ng karunungan sa mga bansa (*DBY*, 444).

Ano ang magiging ganap na resulta ng pagbabalik ng Ebanghelyo, at ang kapalaran ng mga Banal sa Huling mga Araw? Kung sila ay tapat sa Pagkasaserdote na ibinigay sa atin ng Diyos, babaguhin ng Ebanghelyo ang

buong daigidig ng sanlibutan; ang daigdig ay gawing banal at dadalisayin ito ng Diyos, at manirahan dito ang mga Banal sa piling ng Ama at ng Anak (*DBY*, 438).

---

### Kasama sa gawain ng kaharian ng Diyos ang pagtitipon ng sambahayan ni Israel.

Mayroon tayong layunin, at ito ay ang makakuha ng impluwensiya sa mga nanirahan sa lupa para sa layunin ng pagtatag ng Kaharian ng Diyos sa kanyang pagkamatwid, kapangyarihan at kaluwalhatian, at dakilain ang pangalan ng Diyos, at pahintulutan ang pangalang iyon na ating ikabubuhay na sambahin saan man, nang siya ay maparangalan, nang ang kanyang gawain ay maparangalan, siya ring ating karangalan, at kumilos tayo nang karapat-dapat sa pag-uugali ng kanyang mga anak (*DBY*, 438–39).

Ating itayo ang . . . Sion, tipunin ang Sambahayan ni Israel, at sagipin ang mga bansa ng daigdig [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 115:4–6]. Ang mga taong ito ay gagawin ang gawaing ito, mabuhay man tayong makikita ito o hindi. Ang lahat ng ito ay nasa ating mga kamay (*DBY*, 437).

Tungkulin nating tiyakin na ang Ebanghelyo ay naipangaral sa Sambahayan ni Israel (*DBY*, 437).


Atin ngayong [1863] tinitipon ang mga anak ni Abraham na nagmula sa lipi ni Joseph at kanyang mga anak na lalaki, lalung-lalo na kay Ephraim, na ang mga anak ay nakahalo sa gitna ng lahat ng mga bansa sa lupa (*DBY*, 437).

Sino ang mga taga-Israel? Sila ang mga mag-anak ni Abraham, ang mga tumanggap ng pangako sa pamagitan ng kanilang mga ninuno [tingnan sa Genesis 22:17–18]; at lahat ng iba pang mga anak ng tao, na nakatanggap ng katotohanan, ay Israelita rin. Ang aking puso ay nangangamba sa kanila, kailanman ako magtungo sa trono ng biyaya (*DBY*, 437).

Itinaboy ang mga taga-Israel sa gitna ng mga bayan ng mundo; ang dugo ni Ephraim ay inihalo sa dugo ng lahat ng mundo. Ang mag-anak ni Abraham ay isinama sa mga mapaghimagsik na mag-anak sa buong mundo ng sanlibutan (*DBY*, 437).

Ang mga taong-pulo [ng Pacipico] at ang mga katutubo ng [Amerika] ay mga kasama sa Sambahayan ni Israel—na mag-anak ni Abraham, at sa kanila nakatukoy ang pangako; at bawat kaluluwa nila, hindi maglalaon, ay masasagip sa Kaharian ng Diyos, o wawasakin ang lahi at inapo (*DBY*, 437).

“Upang maangkin at mapanatili ang espiritu ng Ebanghelyo, matipon ang Israel, matubos ang Sion, at maligtas ang daigdig na siyang pinagkukunang dapat bigyan ng pansin, at siyang umiiral na pagnanasa sa mga puso ng Unang Panguluhan, ng mga Elder ng Israel, at ng bawat pinuno sa Simbahan at Kaharian ng Diyos” (*DBY*, 137).



**Larawan ng Templo sa Salt Lake noong 1892. Ang templong ito ang tumatayo bilang sagisag sa pananampalataya at pangako ng naunang mga Banal.**

## Ang Kaharian ng Diyos ay hindi mawawasak

Sinimulan ng Diyos na ayusin ang kanyang kaharian sa lupa, at lahat ng impiyerno at ang mga diyablo nito ay gumagalaw laban dito. Ang impiyerno ay nagbubukas ng kanyang mga pinto at ipinadadala ang mga diyablo rito at ang kanilang mga pilyong kabataan. Para ano? Upang wasakin ang Kaharian ng Diyos dito sa lupa. Ngunit hindi nila magagawa ito (*DBY*, 442).

Kung mayroon mang mga puso o espiritu sa siyudad na ito, o kahit saan, na natatakot na mag-isip kung tayo ay mawawasak o hindi, o ang Simbahan bang ito ay magtitiis at magiging malakas na kapangyarihan sa lupa, ayon sa mga hula ng tagapaglingkod ng Diyos, sasabihin ko sa mga nangatatakot na kaluluwang ito, wala kayong dapat ikatakot. Isa lamang ang dapat ninyong ikatakot, at ito ay tungkol sa inyong sarili, kung inyong iiwan ang liwanag na ibinahagi sa inyo ng Panginoon at maglagalag sa kadiliman, bumabalik sa mga hamak na elemento ng daigdig, nagnanasa muli sa mga bagay ng daigdig sa kanilang makasalanang estado (*DBY*, 442).

Kapag may kapangyarihan ang masama na patigilin ang pagsikat ng araw, na ito ay hindi na liliwanag; kapag may kapangyarihan silang dalhin ang operasyon ng mga elemento sa katapusan, itigil ang buong sistema ng

kalikasan, at gawing tuntungan ang trono ng Pinakamakapangyarihan, maaari na nilang isipin na tingnan ang "Mormonismo" sa patutunguhan nito, at pigilin ang hindi mababagong layunin ng langit [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:33]. Maaaring usigin ng tao ang mga naniniwala sa mga doktrina nito, mag-ulat at magsulat ng kasinungalingan upang magdulot ng malaking kahirapan sa kanila, ang lupa at impiyerno ay maaaring magsama sa isang malaking pagsasama laban dito, at ibuhos nang sukdulan ang kanilang masamang kapangyarihan, ngunit ito ay mananatiling matatag at hindi natitinag sa gitna ng lahat katulad ng mga poste ng walang hanggan. Maaaring usigin ng tao ang Propeta, at ang mga naniniwala at nagpapahalaga sa Kanya, maaari nilang itaboy at patayin ang mga Banal, ngunit hindi ito makapipinsala sa mga katotohanan ng "Mormonismo" kahit na bahagya, sapagkat ito ay magpapatuloy kapag ang mga elemento ay matunaw sa matinding init, at ang kalangitan ay mabalot na katulad ng balumbon ng papel at ang buong lupa ay matunaw [tingnan sa Isaias 34:4; Doktrina at mga Tipan 88:95] (*DBY*, 442–43).

Sa kaawa-awang sanggol na nasa dibdib ng kanyang ina, nakikita natin ang isang Apostol, isang Banal—oo, mga henerasyon ng mga tao na may mga kaharian, at mga kapangyarihan. At pagkatapos ang buhay ng maliit at mahinang mortal ay pinuno ng mga dakila at makapangyarihang resulta, at ang halaga nito ay hindi mabibilang. Kung ito ay totoo sa sanggol, ano ang aasahan nating yumabong mula sa batang kahariang ito? Maaari nating asahan ang lahat ng bagay na kaakibat ng kadakilaan at kabutihan, sa lakas at kapangyarihan, sa dominyo at kaluwalhatian. Kung gayon ay dapat nating bantayang mabuti ang mga karapatan nitong batang kaharian? Dapat tayong maging masikap at matapa sa pangangalaga sa kapakanan nito at itaguyod ang mga batas at sagradong simula nito! (*DBY*, 439).

Ang aking puso ay napanatag. Nakita ko ang tao ng Diyos, na sila ay pinaghanap, pinalayas, itinaboy mula sa harapan ng mga tao. Ang kapangyarihan ng lupa at impiyerno ay nagsikap na wasakin ang kahariang ito mula sa lupa. Nagtagumpay ang masasama sa paggawa nito sa mga nakaraang mga panahon; ngunit ang kahariang ito ay hindi nila mawawasak (*DBY*, 442).

---

### "Ang Kaharian ng Diyos at wala nang iba"

Ang Kaharian ng Diyos ang tunay na mahalaga sa lahat [tingnan sa Mateo 6:33]. Ang lahat ng iba pa ay hindi mahalagang maangkin, dito man o sa kabilang buhay. Kung wala ito, ang lahat ay parang tuyong puno na nakahandang sunugin—ang lahat ay natupok at ang mga abo ay tinangay sa apat na hangin (*DBY*, 444).

Sa akin ay ang Kaharian ng Diyos at wala nang iba. Kung wala ito hindi ako magbibigay ng karampot para sa pinagsamang kayamanan,

kaluwalhatian, katanyagan at kapangyarihan ng buong daigdig; sapagkat katulad ng hamog sa damo, ito ay naglalaho at nakakalimutan, at katulad ng bulaklak ng damo ito ay nalalanta, ngunit hindi ang kaharian ng Diyos. Pinagpapantay ng kamatayan ang pinakamakapangyarihang hari at ang pinakamahirap at nagugutom na pulubi, kapwa ay kinakailangang tumayo sa upuang-luklukan ni Cristo upang managot para sa ginawa nila sa laman [tingnan sa Apocalipsis [Mga Paghahayag] 20:12] (*DBY*, 444–45).

Sa atin, ito ang Kaharian ng Diyos, o wala; at ating pananatilihin ito, o mamatay na nagsusubok—kahit na hindi tayo mamamatay sa pagsubok. Nakagiginhawa sa marami na masiguro na tayo ay hindi mamamatay sa pagsusubok. Ating pananatilihin ang Kaharian ng Diyos, ng nabubuhay; at kung hindi natin pananatilihin ito, matatagpuan tayong namamatay hindi lamang ng temporal, kung hindi walang hanggang kamatayan. Kung gayon ay kumilos upang mabuhay (*DBY*, 445).

Kung magbibigay ka ng kahit ano para sa pagtataguyod ng Kaharian ng Diyos, ibigay ang pinakamahusay ninyo. Ano ang pinakamahusay na bagay na inyong maiaalay sa Kaharian ng Diyos? Iyon ang mga talento na ibinigay sa inyo ng Diyos. Ilan? Bawat isa sa mga ito. Anong gandang talento! Anong gandang alay!. . . . Ating ialay ang bawat kakayahang ating taglay sa ikatataguyod ng kaharian ng Diyos, at magagawa mo ang lahat ng ito (*DBY*, 445).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

### Ang tao ng Diyos ay naghahangad na itayo ang kaharian ng Diyos

- Ano ang pakiramdam ninyo, bilang kasapi ng Simbahan na alam mo na ikaw ay bahagi ng pagsisikap na itayo ang kaharian ng Diyos sa lupa? Ano ang mga tungkulin na kinakailangan dito? Anong mga biyaya ang darating kapag ganap nang naitaguyod ang kaharian ng Diyos sa lupa?
- Paano mo masisiguro na ang ating mga kilos ay tamang-tama na itinakdang guhit ng Panginoon? Ano ang mangyayari kapag ginawa natin ito?
- Paano magiging mga guro ng karunungan sa mga bansa ang mga kasapi ng Simbahan ng nag-iisa o ng pangkalahatan?
- Ano ang "tadhana ng mga Banal sa Huling Araw" kung tayo ay mga tapat?

### Kasama sa gawain ng kaharian ng Diyos ang pagtitipon ng sambayanan ng Israel

- Paano tayo "kikilos nang karapat-dapat" sa ating kinalalagyan bilang mga anak ng Diyos? Paano makapagbibigay ng karangalan at pagpipitagan sa Diyos ang kanyang mga gawain sa ang ating mga kilos?

- Sino ang kasapi sa sambayanan ni Israel? Paano ka lalahok sa pagtitipon ng sambayanan ni Israel?

---

**Ang kaharian ng Diyos ay hindi mawawasak**

- Anong katunayan ang nakita mo na si Satanas at ang kanyang mga alagad ay tunay na nagsusubuk na wasakin ang kaharian ng Diyos ngayon? Paano natin palalakasin ang ating mga mag-anak sa pagpigil sa kanilang mga pagsisikap? Paano makatulong ang kaalamang hindi maaaring wasakin ang kaharian ng Diyos na mabigyan tayo ng lakas na paglabanan ang mga tukso at pagtiisan ang mga pagsubok?
- Ayon sa Pangulong Young, ano ang isang kinatatakutan na dapat nating ikabahala bilang kasapi ng Simbahan? Ano ang magagawa natin upang masiguro na ang kinatakutang ito ay hindi lilipas? Paano makatutulong ang inyong pananampalataya sa Diyos at ang inyong pag-aaral ng ebanghelyo upang alisin ang iba pang kinatatakutan?

---

**"Ang Kaharian ng Diyos at wala nang iba"**

- Bakit sa palagay mo sinabi ni Pangulong Young na tanging ang kaharian ng Diyos ang mahalagang makamtan? Ano ang ibig sabihin sa inyo ng "kaharian ng Diyos at wala nang iba"?
- Anong mga talento o mga alay ang nakahanda mong italaga sa pagtataguyod ng kaharian ng Diyos?



Si Jesucristo ay darating sa ulap ng kaluwalhatian upang
simulan ang panahon ng milenyo.

# Ang mga Huling Araw

*Nang inordenan si Brigham Young bilang Apostol, siya ay binigyan ng tungkulin na "sumulong at tipunin ang kanyang pinili, sa paghahanda sa dakilang araw ng pagdating ng Panginoon" (*HC, *2:188). Siya ay nagmisyon sa England, kung saan siya at ang kanyang mga kasamang Apostol ay naglunsad ng buong programa ng pagpapabalik-loob, paglilimbag, at paghahanda sa mga nagbalik-loob para sa pagdayo sa himpilan ng bagong Simbahan sa Amerika. Sa isang ulat kay Propetang Joseph Smith na iniisa-isa ang kanilang mga pagsisikap ay ipinahayag ni Elder Young: "Ang Ebanghelyo ay lumalaganap, ang mga diyablo ay sumisigaw, sa abot ng aking kaalaman,...iginagapos nila ang mga talahib, ang trigo ay nagtitipon, ang mga bansa ay nayayanig, at ang mga kaharian ay gumigiray-giray" (*HC, *4:114). Bilang namumuno sa Simbahan sa loob ng humigit kumulang na 40 taon, tinuruan ni Pangulong Young ang mga Banal na magpatuloy sa gawain ng Panginoon na pagtubos at huwag matakot sa naipropesiyang kaguluhan sa mga huling araw.*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang mga huling araw ay panahon ng matinding kaguluhan.

Ang lahat ng ating narinig at ating naranasan ay maikling panimula pa lamang sa sermon na ipangangaral. Kapag ang patotoo ng mga Elder ay hindi na ibibigay, at sasabihin sa kanila ng Panginoon, "Magsiuwi kayo; Ipangangaral ko ngayon ang aking sariling sermon sa mga bansa ng mundo," ang lahat ng inyong alam ngayon ay bahagyang matatawag na panimula sa sermon na ipangangaral ng may apoy at tabak, unos, mga lindol, pag-ulan ng yelo, ulan, mga kidlat at kulog, at nakatatakot na pagkawasak. Ano ang kahalagahan ng pagkawasak ng ilang sasakyang pang riles? Maririnig ninyo na ang mga pinakamagandang lungsod, na ngayon ay sinasamba ng mga tao, na lumulubog sa lupa, at inililibing ang mga naninirahan doon. Ang dagat ay tataas ng higit sa kanyang hangganan, at lalamunin ang mga makapangyarihang lungsod. Ang taggutom ay kakalat sa mga bansa at ang bansa ay mag-aalsa laban sa ibang bansa, kaharian laban sa kaharian at mga estado laban sa mga estado, sa ating sariling bansa at sa mga banyagang bayan; at kanilang wawasakin ang bawat isa, binabale-

wala ang dugo at mga buhay ng mga kapitbahay, ng mga mag anak, o ng sarili nilang mga buhay (*DBY,* 111–12).

Hindi kailanman nagkaroon ng araw sa mga nakaraang panahon, buhat nang mawasak ang totoong Simbahan pagkatapos ng kapanahunan ng mga Apostol, na kung saan kinailangan ang pananampalataya at ang lakas ng mga kalalakihan at kababaihan na maka-Diyos, at ang kakayahan, karunungan at kapangyarihan ng Pinakamakapangyarihan na mapasakanila, na tulad ng mga tao sa kasalukuyan na tunay na nangangailangan sa mga bagay na ito. Hindi kailanman nagkaroon ng gayong pangangailangan; walang ganoong naging panahon sa ibabaw ng lupa, simula nang mawasak ang Simbahan, at ang Pagkasaserdote ay kinuha mula sa lupa, kung kailan ang lakas ng kadiliman at ang lakas ng lupa at impiyerno ay labis na namuhi, at nagalit, at napoot laban sa Diyos at pagkamaka-Diyos sa lupa, kagaya ng sa kasalukuyan (*DBY,* 112).

Ang Diyablo ay hadlang pa rin kay Jesus ngayon tulad nang maganap ang labanan sa langit. At habang pinararami ng Diyablo ang kanyang kampon sa pamamagitan ng paghimok sa mga tao na maging masama, ay pinararami rin ni Jesucristo ang kanyang mga kabig at lakas sa pamamagitan ng paghimok sa mga tao na maging mapagkumbaba at matwid. Ang sangkatauhan ay boboto pagsapit ng panahon, at ibig nilang malaman kung aling pangkat ang magwawagi (*DBY,* 112).

---

**Ang kabutihan ay magtatagumpay sa katapusan ng mundo.**

Darating ang panahon na ang bawat tuhod ay luluhod at bawat dila ay magtatapat at kikilalanin siya, at ang panahon kung saan ang lahat ng nabuhay sa ibabaw ng lupa ay tatangging maniwala sa Lumikha at sa paghahayag na galing sa kanya, at babagsak nang may kahiyaan at magpapakumbaba sila sa harap niya, na sumisigaw na, "Mayroong Diyos! O Diyos, minsan ka na naming tinanggihan at hindi pinaniwalaan ang iyong salita at binale-wala ang iyong mga pangaral, ngunit ngayon kami ay yumuyuko sa kahiyaan at aming tinatanggap na mayroong Diyos, at si Jesus ay ang Cristo." Ang panahong ito ay tiyak na darating. Nasa atin ang pananampalataya ng Ebanghelyo ng Panginoong Jesus (*DBY,* 112--13).

Ano ang kanilang gagawin? Pakikinggan nila ang karunungan ng Sion at ang mga hari at mga pinuno ng mga bansa ay aakyat sa Sion upang magtanong sa mga gawain ng Panginoon at saliksikin ang dakilang kaalaman, karunungan at pang-unawa na ibinigay sa pamamagitan ng mga Banal ng Kataas-taasan (*DBY,* 113).

Kakailanganin nilang lumuhod at magtapat na siya ay Diyos at si Jesucristo, na nagdusa para sa mga kasalanan ng mundo, ay siyang tunay na Manunubos; na sa pamamagitan ng pagbuhos ng kanyang dugo ay

nailigtas niya ang mga lalaki, babae, bata, mababangis na hayop, ibon, isda, ang mundo mismo at lahat ng nakita ni Juan at narinig na nagpupuri sa langit [tingnan sa Apocalipsis 5:13] (*DBY,* 113).

Darating ang panahon na ang daigdig ay babaligtarin sang-ayon sa mga salita ng propeta, at makikita natin ang pagsisimula ng paghahari ng kabutihan at ang kasalanan at kasamaan ay kakailanganing lumisan. Ngunit ang kapangyarihan at alituntunin ng kasamaan, kung ang mga ito ay matatawag na alituntunin, ay hindi isusuko ang kahit ano pa man sa matwid na pagsulong ng Tagapagligtas, maliban kung sila ay unti-unting natatalo, at kakailanganin nating gumamit ng puwersa upang magwagi." Oo, sa pamamagitan ng lakas ng pananampalataya na nasa ating isipan at sa mabuting gawa, ang pagsulong ng Ebanghelyo ay madaragdagan, lalaganap, lalaki at uunlad hanggang sa madama ng mga bansa ng mundo na si Jesus ay may karapatang mamuno bilang Hari ng mga bansa tulad ng pagiging Hari niya sa mga Banal (*DBY,* 113).

Alam ba ninyo na ito na ang ikalabing isang oras ng paghahari ni Satanas sa mundo? Si Jesus ay darating upang maghari at lahat kayo na natatakot at nanginginig dahil sa inyong mga kaaway, ay huwag matakot at sa halip ay matakot na baka masaktan [ninyo] ang Diyos, matakot na lumabag sa kanyang mga batas, matakot na gumawa ng anumang kasamaan sa inyong kapatid, o sa kaninumang nilalang sa ibabaw ng lupa, at huwag matakot kay Satanas at sa kanyang kapangyarihan, kahit na sa mga may lakas na pumatay ng katawan, sapagkat pangangalagaan ng Diyos ang kanyang mga tao (*DBY,* 114).

Sa pagpapatuloy ng panahon kung kailan tayo nabubuhay, ating nauunawaan ang kaganapan ng propesiya, at ang paghahanda para sa ikalawang pagparito ng ating Panginoon at Tagapagligtas upang manirahan sa ibabaw ng lupa. Inaasahan natin na ang kanlungan ng kasinungalingan ay mawawala, at ang lungsod, bayan, pamahalaan, o kahariang hindi naglilingkod sa Diyos, at hindi sumusunod sa mga alituntunin ng katotohanan at relihiyon ay siguradong masasayang at mawawasak (*DBY,* 114).

---

## Ang Milenyo ay magiging panahon ng pagkakaisa, kapayapaan at paggawa sa templo.

Ang Milenyo ay binubuo nito---bawat puso sa Simbahan at Kaharian ng Diyos ay nagkakaisa; ang kaharian ay lumalago tungo sa pagtatagumpay laban sa lahat ng tumututol sa ekonomiya ng langit, at si Satanas na nakagapos at may palatandaan sa kanya. Ang lahat ng bagay ay magiging katulad ng sa ngayon, tayo ay kakain, iinom, at magsusuot ng damit (*DBY,* 115).

Hayaang maging banal ang mga tao at ang lupa na kanilang tinatapakan ay magiging banal. Hayaang maging banal ang mga tao at mapuno ng Espiritu ng Diyos at bawat hayop at gumagapang na bagay ay mapupuno ng kapayapaan; ang lupa ng mundo ay magbibigay ng lakas at ang mga bunga nito ay magiging pagkain ng tao. Kapag mas umiiral ang kadalisayan, mas kaunti ang pag-aaway; kapag mas mabuti tayo sa ating mga hayop, mas madaragdagan ang kapayapaan, at ang mabangis na hayop ay mawawala. Kung hindi na paglilingkuran ng mga tao ang Diyablo habang sila ay nabubuhay, kung tataglayin ng kongregasyong ito ang diwa at resolusyong iyon, naririto sa tahanang ito ang Milenyo. Hayaang taglayin ng mga naninirahan sa lungsod na ito ang diwang iyon, hayaang taglayin ng mga tao sa teritoryo ang diwang iyon at narito ang Milenyo. Hayaang taglayin ng lahat ng tao...ang diwang iyon at narito ang Milenyo at ito ay kakalat sa buong mundo (*DBY,* 115--16).

Sa Milenyo, kapag ang Kaharian ng Diyos ay naitatag na sa mundo na may kapangyarihan, kaluwalhatian at kaganapan, at nagapi ang matagal nang paghahari ng kasamaan, ang mga Banal sa mga Huling Araw ng Diyos ay magkakaroon ng pribilehiyong magtayo ng kanilang mga templo at makapasok sa mga ito, na nagiging tulad ng mga haligi sa mga templo ng Diyos [tingnan sa Apocalipsis 3:12] at sila ay mangangasiwa para sa kanilang yumao. At makikita natin ang ating mga kaibigan na umaakyat, at marahil ang iba ring nakasalamuha na natin dito.... At magkakaroon tayo ng paghahayag upang makilala natin ang ating mga ninuno magmula sa Amang Adan at Inang Eva, at papasok tayo sa mga templo ng Diyos at mangangasiwa para sa kanila. Pagkatapos ay maibubuklod ang [mga bata] sa [mga magulang] hanggang sa ganap na mabuo ang tanikala mula kay Adan, para magkaroon ng ganap na pagkabuo ang tanikala ng Pagkasaserdote mula kay Adan hanggang sa pagtatapos [ng mundong ito].

Ito ang magiging gawain ng mga Banal sa mga Huling Araw sa panahon ng Milenyo (*DBY,* 116).

---

### Dapat nating pabanalin ang ating sarili bilang paghahanda sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.

Huwag madaliin ang Panginoon sa kanyang gawain. Hayaang matuon ang ating pagkabahala sa isang bagay, ang pagpapabanal ng ating mga puso, ang pagpapadalisay ng ating mga damdamin, ang paghahanda ng ating sarili para sa darating na mga kaganapan na nagmamadaling magkaroon ng katuparan. Ito ang dapat nating bigyan ng pansin. Ito ang dapat nating pag-aralan, ito ang dapat nating dalangin araw-araw, at hindi ang pagmamadaling makita ang pagkatalo ng masasama (*DBY,* 117).

Kahit na ang daigdig ay susunugin sa loob ng isang taon, o sa loob ng isang libong taon, ito ay hindi mahalaga sa iyo at sa akin. Nasa atin ang

mga salita ng buhay na walang hanggan, nasa atin ang pagkakataong makamit ang kaluwalhatian, kawalang kamatayan, at mga buhay na walang hanggan, ngayon makakamtan mo ba ang mga biyayang ito? (*DBY,* 117).

Nasa atin ang Kaharian ng Diyos upang ating itaguyod, at Sion na sasagipin; kailangan nating gawing banal ang ating mga sarili upang tayo ay maging handa na makasama sa Simbahan ng Panganay, at kung tayo ay bubuti sa bawat araw at oras, at kung tayo ay papanaw, mabibigyan tayo ng katarungan. Ngunit kung magpapatuloy tayong mabubuhay, dapat tayong maging Banal sa bawat gawa, dahil kung hindi ay magkulang tayo sa kaganapan ng kaluwalhatian na ipapahayag ng Diyos (*DBY,* 444).

Ang pagdating ng Panginoon ay hindi ko na dapat pang malaman; ngunit siya ay mabait, mapagtiis, at matiyaga, at ang kanyang galit ay tahimik na nagtitiis at magpapatuloy hanggang sa ang awa ay maubos at dito magaganap ang paghuhukom. Hindi ko alam kung paano, hindi ko rin ibig na malaman sa ngayon. Tama na sa atin ang malaman kung paano paglilingkuran ang Diyos at ipapamuhay ang ating relihiyon, at sa gayon ay higit tayong kalulugdan ng Diyos (*DBY,* 117–18).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

**Ang mga Huling Araw ay panahon ng matinding kaguluhan.**

- Ayon kay Pangulong Young, anong mga pagsubok ang darating sa mga huling araw? Bakit igagawad sa lupa ang mga kahatulan na ito?
- Ano ang sinabi ni Pangulong Young na magiging tanging dahilan para tumigil ang pag uusig laban sa Simbahan?
- Paano ipinagpapatuloy ngayon dito sa daigdig ang digmaan sa langit? Ano ang kinakailangan sa "maka-Diyos na kalalakihan at kababaihan" sa mga huling araw?

---

**Ang kabutihan ay magtatagumpay sa katapusan ng mundo.**

- Paano ang magiging reaksiyon ng mga masamang tao sa daigdig kapag narinig nila ang karunungan ng Sion?
- Ano ang dapat nating katakutan sa "ikalabing isang oras ng paghahari ni Satanas dito sa mundo"? Paano tayo magiging matapang sa kaaway ng mga matwid?
- Si Pangulong Young ay nagsabi na ang kasamaan ay "magagapi," at "madaragdagan ang pagsulong ng Ebanghelyo" sa pamamagitan ng lakas ng pananampalataya na nasa ating isipan, at sa mabubuting gawa." Paano magiging "lakas na nasa ating isipan" ang pananampalataya? Paano magagapi ng mabubuting gawa ang kasamaan? Paano tayo

makatutulong sa "pagkalat, paglawak, paglaganap at pagsulong ng ebanghelyo"?

---

**Ang Milenyo ay magiging panahon ng pagkakaisa, kapayapaan at paggawa sa templo.**

- Ayon kay Pangulong Young, ano ang Milenyo? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 43:30--31; 88:110.)
- Paano magiging banal at tahimik ang mundo at ang mga naninirahan dito?
- Ano ang magiging gawain ng mga Banal sa mga Huling Araw sa panahon ng Milenyo?

---

**Dapat nating pabanalin ang ating sarili bilang paghahanda sa Ikalawang Pagparito ni Jesuscristo.**

- Si Pangulong Young ay nagsabi na kailangan nating pabanalin ang ating sarili bilang paghahanda sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo. Paano tayo nagiging banal? (Tingnan sa Helaman 3:35; Doktrina ang mga Tipan 20:31.)
- Bakit hindi tayo dapat mabahala sa pagsapit ng tamang oras ng Ikalawang Pagparito?

K A B A N A T A 4 6

# Responsibilidad ng Magulang

*Minahal ni Pangulong Brigham Young ang mga bata at naniniwala siya sa kanilang kadalisayan sa harap ng Diyos. Marami sa kanyang sermon ang naglalaman ng payo sa mga Banal kung paano nila dapat arugain ang kanilang mga anak. Halimbawa, ang isang maliit na anak niyang lalaki ay kinaugalian nang tabigin ang kutsara at mangkok ng tinapay at gatas sa sahig kapag ito ay inihahain sa harap niya. Naguguluhan ang ina ng bata. Pinagpayuhan siya ni Brigham na: "Sa susunod na tabigin niya ang mangkok mula sa iyong kamay, isandal mo siya sa kanyang upuan, at huwag magsambit ni isang salita sa kanya [at] puntahan mo ang iyong gawain." Ginawa ito ng ina. Noong una tumayo lamang ang bata sa tabi ng kanyang upuan at tiningnan ang kanyang ina, at pagkatapos, tiningnan niya ang tinabig niyang mga gamit na nasa sahig. Pagkatapos, gumapang siya sa may kutsara at mangkok at inilagay itong muli sa hapag-kainan. Hindi na muling tinabig ng bata ang mga ito mula sa hapag-kainan. Sa ginawa ng kanyang asawa, sinabi ni Pangulong Young, "Maaari sana niyang paluin ang anak at ang bata ay nasaktan, tulad ng maaaring gawin ng marami; ngunit kung alam nila ang dapat gawin, maaari nilang itama ang bata nang walang karahasan" (*LBY, *xxv). Napatunayan na ipinamuhay ni Pangulong Young ang mga alituntuning itinuturo niya sa paglalarawan sa kanya ng kanyang anak na babaeng si Susa bilang "isang ulirang ama. Labis na mabait, mapagmahal, maalalahanin, makatarungan at may matibay na pagpapasiya. . . . Wala ni isa sa aming takot sa kanya, lahat kami ay nagmahal sa kanya" (*LSBY, *356).*

## Mga Turo ni Brigham Young

**Ang mga magulang ang tagapag-alaga ng mga anak ng Diyos at ang magsasanay, magtuturo, at mag-aaruga sa kanila.**

Tayo ang tagapag-alaga ng ating mga anak; ang kanilang pagsasanay at edukasyon ay ipinagkatiwala sa atin, at kung hindi natin tatahakin ang landas na magliligtas sa kanila mula sa impluwensiya ng kasamaan, at kapag tayo tinimbang sa timbangan, ikaw ay matutuklasang nagkukulang (*LBY*, xxiv).



Ang Bahay Pukyutan, tahanan ni Brigham Young sa Lungsod ng Salt Lake, Utah, kung saan nagdaraos siya araw-araw ng pananalangin at regular na pagbabasa ng mga banal na kasulatan kasama ang mga kasapi ng kanyang mag-anak.

Ang mga magulang ay mananagot sa Panginoon kung paano nila tinuruan at sinanay ang kanilang mga anak, sapagkat “Narito, ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon; at ang bunga ng bahay-bata ay kanyang gantimpala. Maginhawa ang lalaki na pumuno ng kanyang lalagyan ng pana ng mga yaon; sila’y hindi mapapahiya [Mga Awit 127:3–5]” (*DNW*, ika-7 ng Dis. 1864, 2).

Mga magulang, hangarin na igalang ang inyong mga anak; turuan sila ayon sa saway at aral ng Panginoon. Turuan sila ng tama at hindi ng mali, turuan silang magmahal at maglingkod sa Diyos [tingnan sa Deuteronomio 6:5]; turuan silang maniwala kay Jesucristo na Anak ng Diyos at ang Tagapagligtas ng daigdig (*DNW*, ika-8 ng Ago. 1877, 1).

Ang mga ina ang mga gumagalaw na instrumento sa mga kamay ng Maykapal sa paggabay sa destinasyon ng mga bansa. Turuan ng mga ina sa anumang bansa ang kanilang mga anak na huwag makidigma, at ang mga bata ay lalaking hindi kailanman makikidigma. Turuan ng mga ina ang kanilang mga anak na, “Makidigma, makidigma sa inyong mga kalaban, oo, makidigma hanggang sa sukdulan!” at sila ay mapupuno ng diwang ito. Samakatwid, nakikita agad ninyo kung ano ang nais kong bigyang-diin sa inyong isipan, na ang mga ina ang behikulo na nagbibigay buhay sa katauhan ng isang nilalang, at ginagabayan nila ang mga tadhana at buhay ng tao sa ibabaw ng mundo (*DBY*, 199–200).

Maaari nating gabayan, supilin, at pungusin ang isang bagong usbong, at susunod ito sa ating kagustuhan, kung ginawa ito nang may katalinuhan at kahusayan. Dahil dito, kung palilibutan natin ang isang bata ng malusog at kapaki-pakinabang na mga impluwensiya, bigyan siya ng mga naaangkop na tagubilin at punuin ang kanyang isip ng mga tamang tradisyon, maaaring magabayan nito ang kanyang mga paa sa daan ng buhay (*DBY*, 209).

---

### Dapat palakihin ng mga magulang ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabaitan.

Makitungo ang mga magulang sa kanilang mga anak tulad ng nais nilang gawing pakikitungo sa kanila, magpakita sa kanila ng halimbawang karapat-dapat na gawin ng mga Banal ng Diyos (*DNW*, ika-7 ng Dis. 1864, 2).

Palakihin ang inyong mga anak sa pagmamahal at takot sa Panginoon; pag-aralan ang kanilang mga hilig at ang kanilang mga ugali, at makitungo sa kanila ayon dito, na hindi kailanman pinahihintulutan ang sariling itama sila kapag kayo ay galit, turuan silang mahalin kayo sa halip na katakutan (*DBY*, 207).

Sa mga araw-araw nating gawain sa buhay, anumang uri o klase ito, ang mga Banal sa mga Huling Araw, lalo na ang mga nagtataglay ng mahahalagang tungkulin sa Kaharian ng Diyos, ay dapat maging

mahinahon, kapwa kung nasa tahanan at nasa labas ng tahanan. Hindi nila dapat pabayaan ang mga kasawian at hindi kasiya-siyang kalagayan na magpainit ng kanilang ulo, labis na mag-alala at maging mahirap pakisamahan sa bahay, na nagsasalita na puno ng sama ng loob at matalas na pananalita sa kanilang mga asawa at anak, na lumilikha ng kapanglawan at kalungkutan sa kanilang tahanan, kinatatakutan sa halip na mahalin ng kanilang mga mag-anak. Hindi dapat hayaang magsiklab ang galit sa ating dibdib, ang mga salitang dulot ng galit ay hindi nararapat na pahintulutang lumabas sa ating mga labi. "Ang malubay na sagot ay nakapapawi ng poot, ngunit ang mabigat na salita ay humihila ng galit [Mga Kawikaan 15:1]." "Ang poot ay malupit, at ang galit ay mapanghamak;" ngunit "ang bait ng tao ay nagpapakupad sa galit; at ang kanyang kaluwalhatian na paraanin ang pagsalangsang [Mga Kawikaan 19:11]" (*DBY*, 203–4).

Sa paglalakbay ko sa daigdig ay nakikita kong ang karamihan sa mga magulang ay nananabik na pamahalaan at supilin ang kanilang mga anak. Sa aking pagmamasid ay mas marami akong nakitang magulang na hindi nagawang supilin ang kanilang mga anak kaysa roon sa mga nagawang supilin ang kanilang mga anak. Kung nais supilin ng isang ina ang kanyang anak, una niyang dapat supilin ang kanyang sarili, pagkatapos ay matagumpay na niyang maipasasailalim sa kanyang kalooban ang kalooban ng kanyang anak. Ngunit kung hindi niya sinusupil ang kanyang sarili paano niya maaasahang magagawa niya ito sa isang anak,—na sanggol pa sa pag-unawa—upang maging higit na marunong, maingat at mas magaling kaysa sa mas nakatatanda at may isip sa kanya? (*DNSW*, ika-1 ng Hul. 1870, 2).

Hindi kailanman dapat pilitin ng mga magulang ang kanilang mga anak, ngunit kailangan nilang akayin sila, na nagbibigay sa kanila ng kaalaman na kaya nilang tanggapin. Agad na pinarurusahan sila kung kailangan, ngunit dapat na pamahalaan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng pananampalataya kaysa sa pamamagitan ng pamalo, na inaakay sila sa pamamagitan ng mabubuting halimbawa sa lahat ng katotohanan at kabanalan (*DBY*, 208).

Hindi natin maaaring pagalitan ang isang bata sa paggawa ng bagay na taliwas sa ating kalooban, kung hindi niya alam na mali pala ito; ngunit kung ang bata ay tinuruan na at alam na ang hinihiling sa kanila, kung magrerebelde sila, siyempre pa, maaasahan nilang pagagalitan sila, at tama lamang na sila ay parusahan (*DNSW*, ika-8 ng Hul. 1873, 1).

Sasabihin ko rito sa mga magulang, na ang mababait na pananalita at mga mapagmahal na kilos sa mga anak, ay makapagpapawala ng kanilang magaspang na ugali nang higit pa kaysa pamalo, kaysa pisikal na pagpaparusa. Bagama't nakasulat na , "Ang pamalo at saway ay nagbibigay ng karunungan; ngunit ang batang binabayaan ay humihiya sa kanyang ina [Mga Kawikaan 29:15]," at, "Siyang nag-uurong ng kanyang pamalo ay

napopoot sa kanyang anak; ngunit siyang umiibig ay nagpaparusang paminsan minsan [Mga Kawikaan 13:24];" ang mga ito ay tumutukoy sa . . . matalino at maingat na pagtatama. Ang mga anak na mamulat sa kabaitan at pagmamahal ng magulang, kapag sila ay kinagalitan ng magulang, at nakatanggap ng panunumbat mula sa kanilang labi, ay ganap nang naparusahan, kaysa sa anumang pananakit na igagawad sa kanilang katawan (*DNW*, ika-7 ng Dis. 1864, 2).

Makapagtuturo ako ng ilang kalalakihan sa kongregasyong ito na nagpalayo sa damdamin ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng pamalo. Kung saan may paghihigpit, doon ay walang pagmamahal o pagmamahalan ng magulang sa anak at ng anak sa magulang; ang mga anak ay magnanais pang malayo sa kanilang ama kaysa makasama siya (*DBY*, 203).

Hindi ang panghataw o pamalo ang makapagpapasunod sa mga bata; kundi ang pananampalataya at panalangin, at pagpapakita ng magandang halimbawa sa kanilang harapan (*DNW*, ika-9 ng Ago. 1865, 3).

Hindi ako naniniwala sa pagpapakita ng aking kapangyarihan bilang asawa o ama sa pamamagitan ng pagmamalupit; kundi sa pamamagitan ng mataas na katalinuhan—sa pamamagitan ng pagpapakita sa kanila na maaari ko silang turuan. . . . Kung itatalaga ako ng Panginoon bilang haligi ng tahanan, gagawin ko ito nang buong kababaang-loob at pagtitiis, hindi bilang isang malupit na pinuno, kundi isang matapat na kasama, at mapagbigay at mapagmahal na ama, maalalahanin at hindi mapagmataas na pinuno, upang igalang ako sa aking katungkulan sa pamamagitan ng matapat na pagsisikap, at magkaroon ng ganap na kakayahan, sa pamamagitan ng tulong ng Espiritu ng Diyos, na magampanan ang aking tungkulin sa paraang mabibigyan ng kaligtasan ang lahat ng ipagkakatiwala sa aking pangangalaga (*DNW*, ika-23 ng Hul. 1862, 2).

May mga oras na hindi mabuti ang espiritung nananaig sa ating mga anak; ngunit kung ang magulang ay magpapatuloy na magkaroon ng mabuting Espiritu ay sandali lamang mananaig sa mga anak ang masamang espiritu. . . . Mamahala kayo sa pamamagitan ng katwiran, at sa takot at pagmamahal sa Diyos, at gagayahin kayo ng inyong mga anak (*DNSW*, ika-7 ng Abr. 1868, 3).

Ang mababait na tingin, mabubuting kilos, mabubuting salita, at ang maganda at banal na pakikitungo sa [mga anak] ang magbubuklod sa atin sa kanila sa bigkis na hindi madaling masira; samantalang ang pang-aabuso at kalupitan ay magtataboy sa kanila palayo sa atin, at sisira sa bawat banal na tali, na dapat magbuklod sa kanila sa atin at sa walang hanggang tipan na yumayakap sa atin. Kung ang aking mag-anak ay hindi magiging masunurin sa akin sa pamantayan ng kabaitan, at kapuri-puring buhay sa harap ng mga tao, at sa harap ng kalangitan, kung gayon paalam sa lahat ng impluwensiya (*DNW*, ika-7 ng Dis. 1864, 2).

Mamuhay tayo sa paraan na kung saan ang diwa ng ating relihiyon ay mananatiling buhay sa ating kalooban, kung magkagayon magkakaroon tayo ng kapayapaan, kagalakan, kaligayahan at kapanatagan, na lumilikha ng mga kalugud-lugod na ama, kaiga-igayang ina, kawili-wiling anak, kawili-wiling sambahayan, kapitbahay, pamayanan at lungsod. Kapaki-pakinabang na mabuhay tayo para rito, at sa palagay ko ang mga Banal sa mga Huling Araw ay nararapat magsumikap na makamtan ito (*DBY*, 204).

## Dapat akayin ng mga magulang ang kanilang mga anak sa makatwirang pamumuhay sa pamamagitan ng mabait at matibay na pagpapasiya.

Dapat ninyong akayin tuwina ang mga isipan at damdamin ng inyong mga anak. Sa halip na nasa likod kayo na hawak ang pamalo, palagi kayong gumawi sa harapan, upang inyong magsabing, "Halika kayo," at hindi ninyo na kailangan pa ng pamalo. Kagigiliwan nilang sundin kayo, magugustuhan nila ang inyong mga salita at pamamaraan, dahil lagi ninyo silang inaalo at binibigyan sila ng kasiyahan at kagalakan. Kung sila man ay bahagyang magiging malikot, patigilin sila kung sumusobra na sila. . . .  Kapag sila ay lumabag, at lumampas na sa hangganan ay nais nating tumigil sila. Kung ikaw ang nasa unahan sila ay hihinto, hindi nila kayo maaaring kalabanin; kung ikaw ay nasa likuran tatakbo lamang silang palayo sa inyo (*DNSW*, ika-8 ng Dis. 1868, 2–3).

Ninanais ng isang anak ang mga ngiti ng kanyang ina, ngunit hindi niya gusto ang kanyang mga simangot. Sinasabi ko sa mga ina na huwag pahintulutan ang kanilang mga anak na makibahagi sa masasama, bagkus ay maaamo silang pakitunguhan. Kung ang anak ay hihilingang humakbang sa isang direksiyon, at tila hindi nais nito, malumanay na ibaling siya sa nais ninyong direksiyon, at sabihing, Ganyan, mahal ko, humakbang ka kapag sinasabi ko sa iyo. Kailangan ng mga bata ng direksiyon at pagtuturo ng kung ano ang tama sa pamamagitan ng mabait, at mapagmahal na paraan (*DBY*, 209).

Hindi natin dapat pahintulutan ang ating sarili na gawin ang isang bagay na hindi natin handang makita na ito ay gagawin ng ating mga anak. Dapat tayong magpakita sa kanila ng halimbawa na nais nating gayahin nila. Nauunawaan ba natin ito? Gaano kadalas nating nakikita ang mga magulang na humihiling ng pagsunod, magandang asal, mabubuting pananalita, kalugud-lugod na anyo, magiliw na tinig, maaliwalas na mukha mula sa isang anak o mga anak samantalang sila ay puno ng sama ng look at pagpapagalit! Ito labis na salungat at walang katwiran! (*DBY*, 208).

**Maaaring mabuklod ang mga anak sa kanilang mga magulang sa pamamagitan ng walang katapusang tali.**

Hayaang tahakin ng ama at ina, na kasapi ng Simbahan at Kahariang ito, ang tamang daan ng kabutihan, at magsumikap nang buong lakas na hindi gumawa ng kamalian, kundi gumawa ng mabuti sa buong buhay nila; kung may isa silang anak o sandaang anak, kung magpapakabuti sila sa kanila gaya ng nararapat, na ibinubuklod sila sa Panginoon ng kanilang pananampalataya at panalangin, hindi ako nag-aalala sa mga batang iyon kung saan man sila tutungo, sila ay nakabigkis sa kanilang mga magulang sa pamamagitan ng walang hanggang pagkakabuklod, at walang kapangyarihan sa lupa at impiyerno ang makapaghihiwalay sa kanila sa kanilang mga magulang sa kawalang-hanggan; babalik silang muli sa sibol na kanilang pinagmulan (*DBY*, 208).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

**Ang mga magulang ang tagapag-alaga ng mga anak ng Diyos at ang magsasanay, magtuturo, at mag-aaruga sa kanila.**

- Ayon kay Pangulong Young, bakit tagapag-alaga lamang ng kanilang mga anak ang mga magulang? Paano maiimpluwensiyahan ng pananaw na ito ang inyong palagay tungkol sa pagpapalaki ng mga anak?
- Ano ang ibig sabihin ng pag-aakay sa mga anak sa "landas ng buhay"? Ano ang ilang tiyak na mga bagay na magagawa ng mga magulang upang maitaguyod ang tagubiling ito?
- Ano ang sinabi ni Pangulong Young na biyaya sa isang matapat na magulang? Paano ito matatamo?

**Dapat palakihin ng mga magulang ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabaitan.**

- Paano matuturuan ng magulang na mahalin sila ng kanilang mga anak sa halip na katakutan sila? Bakit ito mahalaga?
- Bakit ang ilang magulang ay "nananabik na pamahalaan at supilin ang kanilang mga anak"? Ano ang kailangang gawin ng mga magulang bago nila maaaring pamahalaan nang makatwiran ang kanilang mga anak? Paano ninyo matagumpay na nasupil ang inyong sarili sa oras na galit kayo?

- Ano ang kaibahan ng pagkastigo sa isang magulong bata at ng pisikal at berbal na pang-aabuso sa isang magulong bata? Kailan at paanong angkop na pagalitan ang isang bata?
- Bakit higit na mabisa ang kabaitan kaysa pisikal na pagpaparusang sa pagsusupil ng mga bata?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Pangulong Young nang kanyang sabihing, "Ang mga anak na mamulat sa kabaitan at pagmamahal ng magulang, kapag sila ay kinagalitan ng magulang, at nakatanggap ng panunumbat mula sa kanilang labi, ay ganap nang naparusahan, kaysa sa anumang pananakit na igagawad sa kanilang katawan"?
- Anong mga kilos ang magbubuklod sa mga anak sa kanilang mga magulang? Anong mga kilos ay maglalayo sa mga anak sa kanilang mga magulang?

---

**Dapat akayin ng mga magulang ang kanilang mga anak sa makatwirang pamumuhay sa pamamagitan ng mabait at matatag na pagpapasiya.**

- Kailan kailangan ng mga bata ng direksiyon? Bakit mahalaga na bigyan ng "hangganan" ang mga bata?
- Ayon kay Pangulong Young, ano ang pinakamabuting paraan sa pagbibigay ng tagubilin sa mga anak? Ano ang maaaring gawin ng mga magulang upang akayin ang kanilang mga anak sa halip na itaboy sila?

---

**Maaaring mabuklod ang mga anak sa kanilang mga magulang sa pamamagitan ng walang katapusang tali.**

- Paano ninyo maibubuklod sa inyo ang inyong mga anak sa pamamagitan ng walang katapusang tali?

# Ang Patotoo ni Pangulong Brigham Young Tungkol kay Propetang Joseph Smith

*Sa isa sa maraming sermon sa mga Banal tungkol sa gawain at misyon ni Joseph, nagpatotoo si Pangulong Brigham Young na: "Ibig kong sumigaw ng Aleluya, tuwi-tuwina, kapag naaalaala kong nakilala ko si Joseph Smith, ang Propetang hinirang at inordenan ng Panginoon, at kung kanino ibinigay ang mga susi at kapangyarihang itatag ang Kaharian ng Diyos sa lupa at itaguyod ito" (*DBY, *458). Sa buong buhay niya bilang isang pinuno ng Simbahan, nagpahayag siya ng pagmamahal at paghanga para sa Propetang Joseph Smith: "Tunay kong masasabi, na walang-salang nakita ko sa kanya ang lahat ng katangiang hinahanap ng sinumang tao sa isang tunay na propeta, at wala nang mas makahihigit pa sa kanya, bagama't mayroon siyang mga kahinaan; at sino namang tao ang nabuhay ng walang kasalanan?"(Sinabi ni Brigham Young kay David P. Smith, ika-1 ng Hun. 1853, BYP). Ang matibay na pananalig sa buong buhay ni Pangulong Young sa Tagakita at sa kanyang gawain ay napagtibay bago siya bawian ng buhay sa kanyang huling paghahayag ng pagkilala at pag-asa: "Joseph, Joseph, Joseph" (*LSBY, *362).*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Inilatag ni Pangulong Joseph Smith ang saligan ng Simbahan ni Jesucristo sa dispensasyong ito.

Napagpasiyahan sa mga konseho ng kawalang-hanggan, noon pa man bago pa inilatag ang saligan ng mundo, na siya, si Joseph Smith, ang nararapat na tao, sa huling dispensasyong ito ng daigdig, na maghatid ng salita ng Diyos sa sangkatauhan, at tumanggap ng kabuuan ng mga susi at kapangyarihan ng Pagkasaserdote ng Anak ng Diyos. Binantayan siya ng Panginoon, at ang kanyang ama, at ang ama ng kanyang ama, at ang kanyang mga ninuno hanggang kay Abraham, at mula kay Abraham hanggang sa baha, mula sa baha hanggang kay Enoc, at mula kay Enoc hanggang kay Adan. Binantayan niya ang mag-anak na iyon at ang dugong nanalaytay mula sa pinagmulan niyon hanggang sa pagsilang ng taong ito.

Siya ay inordenan noon pa sa kawalang-hanggan upang mamuno sa huling dispensasyong ito (*DBY*, 108).

Tinawag ng [Panginoon] ang kanyang tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jr., noong siya ay bata pa, upang maglatag ng saligan ng kanyang Kaharian sa huling pagkakataon. Bakit niya tinawag si Joseph Smith upang gawin ito? Dahil tiyak na gagawin niya ito. Si Joseph Smith lamang ba ang makagagawa ng gawaing ito? Walang alinlangang marami pang iba, sa ilalim ng tagubilin ng Panginoon, ang makagagawa ng gawing ito; ngunit pinili ng Panginoon ang taong nagbigay-lugod sa kanya, at iyon ay sapat na (*DBY*, 460).


Napakadalas hiyain ang mga Elder, habang sila ay nasa isang lugar at nangangaral, dahil si Joseph Smith, ang nagtatag ng Simbahan at relihiyon, ay isa lamang mahirap at walang pinag-aralang bata. Ito ang dating itinatanghal na pinakamalakas na argumento na inihaharap laban sa doktrina ng kaligtasan, ng mga marunong at may pinag-aralan sa daigdig na ito, bagama't hindi naman ito isang argumento. Dapat daw ay inihayag ng Panginoon ang kanyang sarili sa mga may pinag-aralang saserdote o mahusay na taong may sapat na gulang, sabi nila, na makagagawa ng ilang kabutihan at maipagtatagumpay ang Ebanghelyo sa pamamagitan ng kanilang impluwensiya at pinag-aralan, at hindi sa isang mahirap, walang alam, at walang pinag-aralang kabataan. Hindi tinawag ang maraming marurunong, malalakas, at maharlika, ayon sa pananaw ng tao; sa halip ay pinili ng Diyos ang mga mangmang na bagay sa daigdig upang hiyain ang marurunong, at pinili ng Diyos ang mga bagay na mahihina sa daigdig upang hiyain ang mga bagay na malalakas; at ang mga bagay na mababa ng daigdig—mga bagay na hinahamak, ang pinili ng Diyos sa kanyang karunungan; oo ang mga bagay na walang halaga upang mawalang halaga ang mga bagay na mahahalaga, upang walang laman [tao] na magmapuri sa harapan ng Diyos [tingnan sa I Mga Taga Corinto 1:26–29] (*DBY*, 321–22).

Naramdaman ko sa mga panahong iyon [bago sumapi sa Simbahan], na kung makakaharap ko ang isang propeta, tulad ng nabuhay noong unang panahon, isang taong nakatanggap ng mga paghahayag, na kung kanino ay bukas ang mga kalangitan, na kilala ang Diyos at ang kanyang katangian, ay maluwag kong babagtasin ang buong mundo sa pamamagitan ng aking kamay at tuhod; iisipin kong walang kahirapan ang hindi ko dadanasin, kung aking makikita ang isang taong nakaaalam kung ano ang Diyos at ang kinalalagyan niya, ano ang kanyang katangian, at ano ang kawalang-hanggan (*DNW*, ika-8 ng Okt. 1856, 3).

Ano ang uri at kagandahan ng misyon ni Joseph? . . . Nang una ko siyang narinig na mangaral, pinagsama niya ang langit at ang lupa (*DBY*, 458).

Inilatag ni Joseph Smith ang saligan ng Kaharian ng Diyos sa mga huling araw; ang iba ang magpapatuloy sa pagbuo sa nalalabing bahagi nito (*DBY*, 458).

Wala akong nakita kailanman, hanggang sa makilala ko si Joseph Smith, na taong makapagsasabi sa akin tungkol sa katangian, katauhan at



**Tulad ng nasa larawan, ang Propetang Joseph Smith, sa pagkamatay niya, ay nagpakita kay Pangulong Brigham Young sa isang pangitain.**

pinananahanan ng Diyos, o ng anumang kapani-paniwalang kaalaman tungkol sa mga anghel, o ng relasyon ng tao sa Maylikha sa kanya. Gayon pa man isa akong masigasig na tao na kailangang magtangka at makaalam ng mga bagay na ito (*DBY*, 458).

Kinuha niya ang langit, sa matalinghagang pananalita, at ibinaba ito sa lupa, at kinuha niya ang lupa, itinanghal ito, at isiniwalat, ang mga bagay ng Diyos, nang payak at simple; ito ang kagandahan ng kanyang misyon. Matagal na akong may patotoo, bago pa rito, na siya ay propeta ng Panginoon, at ito ay nakaaaliw. Hindi ba't gayon din ang ginawa ni Joseph sa inyong pang-unawa? Hindi ba niya kinukuha ang banal na kasulatan at ipinaliliwanag ito nang gayon na lamang upang ito ay mauunawaan ng lahat? Bawat tao ay nagsasabing, "Oo, ito ay kahanga-hanga; pinagpipisan nito ang langit at ang lupa," at tungkol sa buhay na ito, wala itong kabuluhan, maliban sa tuturuan tayo nito kung paano mamumuhay sa kawalang-hanggan (*DBY*, 458–59).

Iginagalang ko at pinagpipitaganan ang pangalan ni Joseph Smith. Ikinalulugod kong marinig ito; mahal ko ito. Mahal ko ang kanyang doktrina (*DBY*, 458).

Ano man ang tinanggap ko mula sa Panginoon ay tinanggap ko ito sa pamamagitan ni Joseph Smith; siya ang ginamit na instrumento. Kung tatalikuran ko siya, kailangan kong talikuran ang mga alituntuning ito; ang

mga ito ay hindi ipinahayag, sinabi, o ipinaliwanag ng sinumang tao mula sa panahon ng mga Apostol. Kung hindi ko paniniwalaan ang Aklat ni Mormon, kailangan kong itatwa na si Joseph ay isang Propeta; kung hindi ko paniniwalaan ang doktrina at titigil sa pangangaral ng pagtitipon ng Israel at ng pagtatatag ng Sion, kailangan ay hindi ako maniwala sa Biblia; at samakatwid, mabuti pang umuwi ako sa halip na pangahasang mangaral nang wala ang tatlong bagay na ito (*DBY*, 458).

Walang nilalang na nagkaroon ng pribilehiyong marinig ang daan ng buhay at kaligtasan na inilahad sa kanya tulad ng pagkakasulat nito sa Bagong Tipan, at sa Aklat ni Mormon, at sa aklat ng Doktrina at mga Tipan, sa pamamagitan ng isang Banal sa mga Huling Araw, na nakapagsasabing buhay si Jesus, na ang kanyang Ebanghelyo ay totoo, at pagkatapos ay sasabihing si Joseph Smith ay hindi Propeta ng Diyos. Ito ay isang mabigat na patotoo, subalit ito ay totoo. Walang sinuman ang makapagsasabing ang aklat na ito (nakapatong ang kanyang kamay sa Biblia) ay totoo, na ito ay salita ng Panginoon, na ito ang daan, na ito ay ang karatula sa daan, na sa pamamagitan nito malalaman natin ang kalooban ng Diyos; at kasabay nito ay sasabihing, ang Aklat ni Mormon ay hindi totoo; kung nagkaroon siya ng pribilehiyong mabasa ito, o marinig na binasa ito, at natutuhan ang mga doktrina nito. Walang sinuman sa ibabaw ng mundong ito ang nagkaroon ng pribilehiyong matutuhan ang Ebanghelyo ni Jesucristo mula sa dalawang aklat na ito, ang makapagsasabing ang isa ay tama, at ang isa ay mali. Walang Banal sa mga Huling Araw, lalaki o babae, ang makapagsasabi na ang Aklat ni Mormon ay totoo, ang magsasabing ang Biblia ay hindi totoo. Kung ang isa ay totoo, kapwa sila totoo; kung ang isa ay mali, kapwa silang mali. Kung si Jesus ay buhay, at ang Tagapagligtas ng daigdig, si Joseph Smith naman ay isang Propeta ng Diyos, at naninirahan sa sinapupunan ni Abraham. Bagama't pinatay nila ang kanyang katawan, gayon pa man siya ay buhay at nakikita palagi ang mukha ng kanyang Ama sa Langit; at ang kanyang kasuotan ay dalisay habang pinalilibutan ng mga anghel ang luklukan ng Diyos; at walang sinuman sa mundo ang makapagsasabi na si Jesus ay buhay, at kasabay nito ay itatatwa ang aking sinasabi tungkol kay Propetang Joseph. Ito ang aking patotoo, at ito ay matatag (*DBY*, 459).

---

### Tinuruan ng Panginoon ang kanyang tagapaglingkod na si Joseph Smith sa pamamagitan ng paghahayag, "katotohanan at pagkatapos ay karagdagan pang katotohanan."

Mula sa araw na natamo ni Joseph ang mga lamina, at bago pa ang araw na ito ay tinagubilinan na siya ng Panginoon. Siya ay kanyang tinagubilinan sa araw-araw at bawat oras (*DBY*, 461).

Patuloy na tumanggap si Joseph ng paghahayag at karagdagan pang paghahayag, ordenansa at karagdagan pang ordenansa, katotohanan at karagdagan pang katotohanan, hanggang sa matamo niya ang lahat ng kailangan para sa kaligtasan ng sangkatauhan (*DBY*, 461).

Lahat ng naninirahan sa mundo ay tinawag ng Diyos; tinawag sila upang magsisi at magpabinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan (*DBY*, 461).

Dumaan tayo mula sa isang bagay patungo sa isa pa, at maaari kong sabihin mula sa isang antas ng kaalaman patungo sa isa pa. Nang unang tanggapin ni Joseph ang mga lamina sa burol Cumorah, hindi niya roon tinanggap ang mga susi ng Pagkasaserdoteng Aaron, tinanggap lamang niya ang kaalamang ang mga lamina ay naroroon, at na ilalabas ito ng Panginoon. . . . Tinanggap niya ang kaalaman na ang [mga naunang naninirahan sa Amerika] noong una ay may Ebanghelyo, at mula sa panahong iyon, unti-unti, hanggang tanggapin niya ang mga lamina, at ang Urim at Tummim at nagkaroon ng kapangyarihang isalin ang mga ito. Hindi siya naging Apostol dahil dito, hindi ito nagbigay ng susi ng Kaharian sa kanya, ni ginawa siyang Elder ng Israel. Siya ay isang Propeta, at nagkaroon ng diwa ng propesiya, at tinanggap ang lahat ng ito bago siya inordenan ng Panginoon. At nang sabihin sa kanya ng Panginoon, sa pamamagitan ng paghahayag, na magtungo sa Pennsylvania, ginawa niya ito, at tinapos ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon; at nang sabihin sa kanya ng Panginoon, sa isa pang paghahayag, na bumalik sa Estado ng New York at pumunta kay Amang Whitmer, na naninirahan sa lugar na kaharap ng Waterloo, at tumigil doon, ginawa niya ito, at nagdaos ng mga pagpupulong, at tinipon ang ilang naniniwala sa kanyang patotoo [tingnan sa *HC*, 1:48–51]. Tinanggap niya ang Pagkasaserdoteng Aaron, at pagkatapos ay tinanggap niya ang mga susi ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, at itinatag ang Simbahan [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 13; 20; 128:20]. Una niyang tinanggap ang kapangyarihang magbinyag, at hindi niya alam na makatatanggap pa siya ng higit pa rito hanggang sabihin ito sa kanya ng Panginoon. Pagkatapos ay tinanggap niya ang mga susi ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, at nagkaroon ng kapangyarihan na pagtibayin ang isang tao pagkatapos niyang magbinyag, na hindi niya tinaglay noon. Siya sana ay kapantay ni Juan Bautista, kung hindi ipinadala ng Panginoon ang kanyang ibang sugo, na sina Pedro, Santiago at Juan, upang ordenan si Joseph sa Pagkasaserdoteng Melquisedec. . . . At pagkatapos ay tinanggap [natin] ang iba pang mga ordenansa (*DBY*, 461–62).

Sa panahong iyon [1840] dumating ang paghahayag na maaari tayong mabinyagan para sa ating mga kaibigang namayapa na, ngunit noong una ay hindi ipinahayag na dapat tayong mag-ingat ng talaan ng mga nabinyagan; subalit nang makatanggap siya ng karagdagang paghahayag tungkol dito, nag-ingat na tayo ng talaan (*DBY*, 462–63).

## Malinaw na itinuro ng Propetang Joseph Smith ang mga katotohanan ng ebanghelyo.

Ang ginawa lamang ni Joseph Smith ay ang ipangaral ang katotohanan—ang Ebanghelyo gaya ng pagkakahayag nito ng Panginoon sa kanya—at

sabihin sa mga tao kung paano sila maliligtas, at ang mga tapat ang puso ay dumulog sa kanya at nagtipon sa paligid niya at minahal siya tulad ng pagmamahal nila sa sarili nilang buhay. Ipinangaral lamang niya ang totoong alituntunin, at ang mga alituntuning ito ay sapat na upang matipon ang mga Banal sa mga huling araw, maging ang mga tapat sa puso. Lahat ng naniniwala at sumusunod sa Ebanghelyo ni Jesucristo ay kanyang mga saksi sa katotohanan ng mga pangungusap na ito (*DBY*, 463).

Ang kadakilaan ng kaluwalhatian ng pagkatao ng Kapatid na si Joseph Smith ay ang kanyang kakayahang maipaunawa ang mga makalangit na bagay sa mga taong limitado ang kaalaman. Kapag nangangaral siya sa mga tao—nagpapahayag ng mga bagay tungkol sa Diyos, sa kalooban ng Diyos, sa plano ng kaligtasan, sa layunin ni Jehova, ang ating katayuan sa kanya, at sa lahat ng nilalang sa langit, nakukuha niyang ituro ang mga ito sa abot-kaya ng pang-unawa ng bawat lalaki, babae, at bata, ginagawa niya itong malinaw na tulad ng isang tiyak na daan. Sapat na sana itong mapaniwala ang bawat taong nakarinig tungkol sa awtoridad at kapangyarihan niya mula sa langit, dahil walang sinuman ang makapagtuturo nang tulad niya, at walang sinumang makapaghahayag ng mga bagay ng Diyos, kundi sa pamamagitan ng mga paghahayag ni Jesucristo (*DBY*, 463).

Walang sinumang tao ang matatagpuang makapagtuturo ng pagsisisi at pagbibinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan, nang may awtoridad upang mangasiwa sa mga ordenansa, hanggang sa atasan ng Diyos si Joseph Smith, at isinugo siya sa mga tao na lakip ang kanyang kautusan. Bago sumapit ang panahong ito, sinaliksik ko ang lahat ng bagay tungkol sa mga simbahan; nagsaliksik ako sa lahat ng dako upang malaman kung totoo ngang mayroong isang "dalisay na relihiyon" sa ibabaw ng mundo; naghanap ako ng taong makapagsasabi sa akin tungkol sa Diyos, sa langit, sa mga anghel at sa buhay na walang hanggan. Naniniwala ako sa Diyos Ama, at kay Jesucristo, ngunit hindi ako makapaniwala na ang Simbahan ni Cristo ay nasa mundo (*DBY*, 463).

Maaari akong magpatuloy na mag-aral ng Biblia at lahat ng aklat na isinulat, at kung walang paghahayag mula sa Diyos ako ay magmimistulang tanso na tumutunog, o batingaw na umaalingawngaw, na walang kaalaman tungkol sa Diyos, sa totoong relihiyon, at pagtubos sa mga buhay at sa mga patay; maaari akong mabuhay at mamatay sa kamangmangan; at ito ang kalagayan ng lahat ng naninirahan sa mundo (*DBY*, 463).

Ang tanong na ito ay maraming ulit nang itinanong kay Joseph Smith, ng mga ginoong dumadalaw sa kanya at sa kanyang mga tao, "Bakit napakadali mong pamahalaan ang iyong mga tao? Para bang wala silang gagawin kundi ang sasabihin mo lamang; bakit napakadali mo silang pamahalaan? Sinabi niyang, "Hindi ko sila pinamamahalaan. Nagpahayag ang Panginoon ng tiyak na mga alituntunin mula sa langit na kung saan kami ay nararapat na mamuhay sa mga huling araw na ito. Nalalapit na ang oras kung kailan titipunin ng Panginoon ang kanyang mga tao mula sa masasama, at paiikliin

niya ang kanyang gawain ng kabutihan, at ang mga alituntuning kanyang ipinahayag ay itinuro ko sa mga tao at nagsisikap lamang silang mamuhay ayon dito, at sila ang namamahala sa kanilang sarili."

Mga ginoo, ito ang kahanga-hangang lihim sa pamamahala sa mga taong ito. Inaakala lamang na pinamamamahalaan ko sila, ngunit ito ay hindi totoo. Kaya ko lamang pamahalaan ang aking sarili at panatilihing matwid ang aking sarili at ituro sa mga tao ang mga alituntuning kanilang dapat ipamuhay (*DBY*, 470).

Naaalala ko ang maraming pagkakataong nag-iisip nang malalim si Kapatid na Joseph tungkol sa maraming dumudulog sa Kaharian ng Diyos at pagkatapos ay umaalis muli, na magsasabing, "Kapatid, hindi pa naman ako lubusang tumatalikod, at hindi ko naman iniisip na gawin ito." Marami sa inyo, ang walang alinlangang makaaalala sa kanyang mga salita. Kailangang manalangin sa tuwina ni Joseph, manampalataya, ipamuhay ang kanyang relihiyon, at tumupad sa kanyang tungkulin, upang magtamo ng mga pagpapahayag mula sa Panginoon, upang siya ay manatiling matatag sa kanyang pananampalataya (*DBY*, 469).

Ngayon, ganito man ako kasama at ang mga kapatid, at napakalayo man sa hangarin namin, at sa mga pribilehiyong amin sanang tinatamasa, kung makikita lamang ni Joseph Smith, Jr., ang Propeta, ang kanyang mga tao noong kanyang panahon na handang sumunod sa kanyang tinig, katulad ng mga tao ngayon sa pagsunod sa tinig ng kanilang Pangulo, sana ay naging maligayang tao siya. Siya ay nabuhay, gumawa, naghirap, at nagtrabaho; ang kanyang tapang ay tulad ng katapangan ng isang anghel, at ang kanyang kalooban ay tulad ng kalooban ng Pinakamakapangyarihan, at siya ay naghirap hanggang siya ay patayin nila (*DBY*, 464).

---

## Tinatakan ng Propetang Joseph Smith ng kanyang dugo ang kanyang patotoo.

Marami sa Propeta ang tinatakan ng kanilang dugo ang kanilang patotoo, upang ang kanilang patotoo ay sumulong nang may bisa. . . . Tulad sa mga sinaunang panahon, at gayon din sa mga makabagong panahon. Nang tinatakan ni Joseph Smith ng kanyang dugo ang kanyang patotoo, ang kanyang patotoo sa oras na iyon ay pinagtibay sa buong mundo; at aba sa mga kumakalaban dito (*DBY*, 467).

Noong nagtungo si [Joseph Smith] sa Carthage ay sinabi niyang, "ako ay patutungo sa kamatayan; ako ay patutungo gaya ng isang kordero sa katayan, ako ay patutungo sa aking kapalaran" (*DBY*, 467).

Sino ang nagligtas kay Joseph Smith sa kamay ng kanyang mga kaaway [hanggang] sa araw ng kanyang kamatayan? Ang Diyos; bagama't maraming ulit siyang nabingit sa kamatayan, at sa akala ng tao ay hindi na maliligtas, at wala nang pagkakataong maligtas pa. Noong siya ay nasa piitan ng Missouri, walang sinuman ang umasang makaliligtas pa siya sa mga kamay ng kanyang

kaaway, nasa ang pananampalatayang taglay ni Abraham noon at sinabi ko sa mga kapatid, "Yayamang buhay ang Panginoong Diyos, makaliligtas siya sa kanilang mga kamay." Bagama't nagpropesiya siyang hindi siya mabubuhay nang lalabis pa sa apatnapung taon, gayunpaman umasa kaming ito ay huwad na propesiya, at makakapiling namin siya sa tuwina; inakala naming makakayanang malampasan ito ng aming pananampalataya, ngunit kami ay nagkamali—sa huli siya ay naging martir sa kanyang relihiyon. Sinabi niya, "Ito ay mabuti na; ngayon ang patotoo ay may buo nang bisa, tinatakan na niya ito ng kanyang dugo" (*DBY*, 469–70).

Hindi inalis sa kanya ang kanyang tungkulin, nagtungo lamang siya sa ibang departamento ng pangasiwaan ng Pinakamakapangyarihan. Isa pa rin siyang Apostol, isa pa ring siyang Propeta, at gumagawa ng gawain ng isang Apostol at Propeta; nauna lamang siya ng isang hakbang kaysa sa atin at nagtamo ng tagumpay na hindi ko at hindi mo pa natatamo (*DBY*, 468).

Alam kong [si Joseph Smith] ay tinawag ng Diyos, at ito ay nalaman ko sa pamamagitan ng paghahayag ni Jesucristo sa akin, sa pamamagitan ng patotoo ng Espiritu Santo. Kung hindi ko nalaman ang katotohanang ito, hindi ako kailanman tatawaging isang "Mormon", ni wala ako rito ngayon (*DNW*, ika-22 ng Okt. 1862, 2).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

---

**Inilatag ni Pangulong Joseph Smith ang saligan ng Simbahan ni Jesucristo sa dispensasyong ito.**

- Ano ang papel na ginampanan ng mga ninuno ni Joseph Smith sa paghahanda sa kanya upang maging unang propeta sa dispensasyong ito? Sa paanong mga paraan naimpluwensiyahan ng pananampalataya ng inyong mga ninuno ang inyong buhay? Ano ang magagawa ninyo upang magkaroon kayo ng mabuting impluwensiya sa inyong mga inapo?
- Ano ang kapakinabangang naidulot ng pagtawag ng Panginoon sa isang batang lalaki upang maglatag ng saligan ng kanyang kaharian sa mga huling araw na ito? Paano ito nakatulong sa inyo upang makita ang mga kamay ng Panginoon sa inyong buhay?
- Sinabi ni Pangulong Young na inilatag ng Propetang Joseph Smith ang saligan ng Simbahan sa mga huling araw ni Jesucristo at na ipagpapatuloy ng iba ang pagbuo sa saligang kanyang itinayo. Ano ang saligang ito? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 5:9–10; 135:3.) Ano itong ipagpapatuloy na buuin ng iba? Ano ang katunayan na nakita mo na ang saligan ng Simbahan ay itinatayo? Paano kayo makatutulong sa gawaing ito?
- Ano ang iminungkahi ni Pangulong Young na "uri at kagandahan ng misyon ni Joseph"? Paano natin matutularan ang paraan ng pagtuturo ni

Propetang Joseph Smith sa pagtuturo natin sa ating mga anak at sa ibang tao?

- Paano tayo tinuruan ni Pangulong Joseph Smith kung paano "mamuhay sa kawalang-hanggan"? Paano magagamit ang mga turong ito sa mortalidad?

---

**Tinuruan ng Panginoon ang kanyang tagapaglingkod na si Joseph Smith sa pamamagitan ng paghahayag, "katotohanan at pagkatapos ay karagdagan pang katotohanan."**

- Bakit sa palagay ninyo ipinahahayag ng Panginoon ang kanyang mga katotohanan sa pamamagitan ng "paghahayag at pagkatapos ay karagdagang paghahayag" at hindi sa pamamagitan ng pagbibigay ng lahat ng paghahayag nang minsan lamang? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 93:11–14.) Paano ito totoo sa buhay ni Propetang Joseph Smith? Paano ito nagkatotoo sa inyong buhay?

---


**Malinaw na itinuro ng Propetang Joseph Smith ang mga katotohanan ng ebanghelyo.**

- Bakit gayon na lamang ang pagmamahal kay Propetang Joseph Smith at bakit siya maimpluwensiyang guro? Ano ang kanyang kahanga-hangang lihim sa pamamahala ng mga tao ng Panginoon? Paano natin magagamit ang alituntuning ito sa ating mga responsibilidad sa tahanan, sa gawain, at sa Simbahan?
- Paano si Propetang Joseph "nakatanggap ng mga pagpapahayag mula sa Panginoon, upang siya ay manatiling matatag sa kanyang pananampalataya"? Paano natin malalaman ang kalooban ng Panginoon tungkol sa ating sarili? Bakit kailangan tayong magpatuloy na maging matapat upang mapanatili natin ang ating mga patotoo sa ebanghelyo?

---

**Tinatakan ng Propetang Joseph Smith ng kanyang dugo ang kanyang patotoo.**

- Bakit kinailangan nina Joseph at Hyrum Smith na tatakan nila ng kanilang dugo ang kanilang patotoo? (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 135; 136:39.)
- Sinabi ni Pangulong Young na, "Alam kong [si Joseph Smith] ay tinawag ng Diyos, at ito ay nalaman ko sa pamamagitan ng paghahayag ni Jesucristo sa akin." Ano ang pakiramdam ninyo tungkol kay Propetang Joseph Smith? Paano ninyo angkop na maibabahagi ang inyong nararamdaman sa inyong mga mag-anak, kaibigan, at kakilala? Isaalang-alang na itala sa anumang paraan ang inyong mga nararamdaman tungkol sa Propeta para sa inyong mga inapo.



Ang Tabernakulo ng Salt Lake na ginayakan para sa libing ni Pangulong Young.

# Isang Panawagan para sa Pagkakaisa, Isang Patotoo, at Isang Pagpapala

*Sa kanyang kabataan naghanap si Brigham Young ng isang relihiyong makapagbibigay kasiyahan sa kanyang mga espirituwal na pananabik, ngunit hindi niya ito nakita. Matapos niyang unang masilayan ang Aklat ni Mormon noong taong 1830 at pagkatapos pag-aralan ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa loob ng halos dalawang taon, nalaman niyang natagpuan na niya ang katotohanan. Bininyagan siya sa Simbahan, at mula sa panahong iyon naging matatag siya sa kanyang patotoo sa ebanghelyo, na sinabi niyang, "sumasaklaw sa lahat ng katotohanan sa langit at sa lupa. . . . Saanman makikita ang mga alituntuning ito sa lahat ng nilalang ng Diyos, sinasaklaw ito ng ebanghelyo ni Jesucristo, at ng Kanyang orden at Pagkasaserdote" (*DNSW*, ika-5 ng Mayo 1866, 2). Binigyang inspirasyon ng kanyang malakas na patotoo at ganap na pagmamahal sa Simbahan ang mga naunang mga Banal upang harapin ang mga hamon sa ilang at magkaisa sa pagsunod sa mga utos ng Panginoon sa pagtatatag ng Kanyang Simbahan at mangaral ng Kanyang ebanghelyo sa buong daigdig. Ipinahayag niya na: "Katulong ko ang Diyos, mga anghel at mabubuting tao, hindi ako titigil sa pakikibaka, hanggang sa unti-unti nating makuha at maangkin ang Kaharian. Ito ang aking damdamin at pananampalataya, at ating magagawa ito, ako'y maghahayag, sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, na ating maaangkin ang Kaharian ng Diyos sa buong daigdig (*DBY*, 453). Ang patotoo ni Pangulong Brigham Young ay patuloy pa rin nagbibigay inspirasyon sa atin ngayon habang sama-sama tayong gumagawa sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos.*

## Mga Turo ni Brigham Young

### Ang mga tunay na disipulo ni Jesucristo ay nagsisikap na maging iisa—iisang puso at iisang isipan.

Naparito tayo upang itaguyod ang Sion. Paano natin gagawin ito? Maraming ulit ko nang sinabi sa inyo. May isang bagay akong sasabihin

tungkol dito. Kailangang magkaisa tayo sa ating mga pagsisikap. Kailangan tayong gumawa nang may nagkakaisang pananampalataya katulad ng puso ng isang tao; at lahat ng ating gagawin ay kailangang gawin sa pangalan ng Panginoon, at sa gayon tayo ay bibiyayaan at uunlad sa lahat ng ating ginagawa. Nahaharap tayo sa isang gawain sa ngayon na ang lawak ay napakahirap masabi (*DBY*, 284).

Ang pananampalataya sa Ebanghelyo ni Jesucristo ay sinadya upang pag-isahin ang mga tao, ibalik sila sa pagkakaisa at pananampalataya ng mga sumunod sa Ebanghelyo noong una, at sa wakas ay ibalik sila sa kaluwalhatian (*DBY*, 283).

Ipinanalangin ko, aking mga kapatid, ang mga Obispo, Elder, Pitumpu, Apostol, oo, bawat lalaki at babae at bata na naniniwala sa pangalan ni Cristo, na maging isa sa puso at isipan, sapagkat kung hindi magkakaisa at puso at isipan tiyak tayong mapapahamak sa daan [tingnan sa Moises 7:18] (*DBY*, 281).

Makapagliligtas sa tao ang ganap na pagkakaisa, dahil ang matatalinong nilalang ay ganap na magkakaisa lamang kung sila ay kumikilos sa ilalim ng mga alituntuning nauukol sa buhay na walang hanggan. Ang masasamang tao ay maaaring bahagyang magkaisa sa kasamaan; ngunit dahil sa ito ay likas na masama, ang pagkakaisang ito ay panandalian lamang. Ang puntong sila ay hindi gaanong nagkakaisa ang siya mismong pagmumulan pagtatalu-talo at pagkakawatak-watak (*DBY*, 282).

Pinagbubuklod ng relihiyon ng langit ang puso ng mga tao at pinag-iisa sila. Maaari ninyong tipunin ang mga tao, gaano man ang pagkakaiba ng kanilang pananaw sa pulitika, pag-iisahin sila ng Ebanghelyo ni Jesucristo, kahit na kahalubilo nila ang mga kasapi ng lahat ng partido sa pulitika sa bansa (*DBY*, 285).

Wala tayo sa isang aristokratikong lipunan. Ang kapatid natin na may suot ng gora na yari sa balat ng *racoon* o gora na yari sa balat ng *beaver* ay magkapareho lamang sa atin. Kung ang isang tao ay matapat na tagapaglingkod ng Diyos hindi natin tututulan ang kanyang pagdalo sa pulong kung mayroon lamang siyang suot na kapirasong balat ng *buffalo* sa kanyang ulo. Kumakain tayo ng sakramento na kasama niya, tinatawag siya sa daan bilang kapatid at kaibigan, nakikipag-usap sa kanya, nakikipagkita sa kanya sa mga kasiyahan at binabati at pantay ang pakikitungo sa kanya (*DBY*, 283–84).

Palaging hinahangad ng Tagapagligtas na tumimo sa isipan ng Kanyang mga disipulo na naghahari sa lahat ng selestiyal na nilalang ang lubos n pagkakaisa—na ang Ama at ang Anak, at kanilang Ministro, ang Espiritu Santo, ay isa sa kanilang pamamahala sa langit at sa mga tao sa mundong ito. . . . Kung ang mga hukbo sa langit ay hindi nagkakaisa, hindi

sila karapat-dapat na manahan . . . kasama ng Ama at Hari ng sansinukob (*DBY*, 282).

Si Jesus ay . . . nanalangin sa Ama na gawing iisa ang Kanyang mga disipulo, tulad Niya at ng Kanyang Ama na iisa. Batid niya na kung sila ay hindi magiging isa, hindi sila maliligtas sa Kahariang selestiyal ng Diyos. Kung ang mga tao ay hindi nakakakita ng tulad Niya habang nasa laman, nakaririnig ng tulad Niya, at maging tulad na Niya, ayon sa kanilang iba't ibang kakayahan at tungkulin, hindi sila makapananahanang kasama Niya at ng Kanyang Ama [tingnan sa Juan 17:20–21; 3 Nephi 19:23] (*DBY*, 281).

Paano nangyari na ang mga Banal sa mga Huling Araw ay pare-parehong nakadarama at nagkakaunawaan, iisa sa puso at iisa sa isipan saanman sila naroroon nang tanggapin nila ang Ebanghelyo, sa hilaga man, o sa timog, sa silangan o sa kanluran, maging sa kadulu-duluhang bahagi ng mundo? Tinanggap nila ang ipinangako ng Tagapagligtas bago niya iwan ang mundo, alalaong baga'y, ang Mang-aaliw, ang banal na katauhang mula sa itaas na nakakikilala ng isang Diyos, isang pananampalataya, at isang pagbibinyag [tingnan sa Taga Efeso 4:5], na ang isipan ay ang kalooban ng Diyos Ama, na kung kanino ay may pagkakaisa ng pananampalataya at pagkilos, na kung kanino ay hindi magkakaroon ng pagkakawatak-watak o kaguluhan; kapag natanggap nila ang karagdagang liwanag na ito, hindi mahalaga kung nakita na nila o hindi ang bawat isa, sila ay agad na nagiging magkapatid, inampon sila sa mag-anak ni Cristo sa pamamagitan ng bigkis ng walang hanggang tipan, kung kaya ang lahat ay makapagbubulalas, sa magandang salita ni Ruth, "Ang iyong bayan ay magiging aking bayan, at ang inyong Diyos ay aking Diyos"! [Ruth 1:16] (*DBY*, 282–83).

Kung tayo ay nagkakaisa, nararapat nating patunayan sa langit, sa Ama nating Diyos, kay Jesucristo, sa ating Nakatatandang Kapatid, sa mga anghel, sa mabubuting nasa lupa, at sa lahat ng sangkatauhan na tayo ay mga disipulo ng Panginoong Jesucristo. Kung hindi tayo iisa, hindi tayo tunay na disipulo ng Panginoong Jesus [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 38:27] (*DBY*, 281).

---

## Patuloy na nagbibigay ng patotoo si Pangulong Young sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Binalangkas ang ebanghelyo ng kaligtasan para gawing Banal ang mga makasalanan, madaig ng kabutihan ang kasamaan, upang gawing banal at mabuti ang masasamang tao, upang magawang higit na mabuti ang mabubuti. Sa alinmang bagay tayo masama, saanman tayo may masamang pagnanasa, tutulungan tayo ng Ebanghelyo upang mapagtagumpayan ang masama. Binibigyan tayo nito ng impluwensiya, kapangyarihan, kaalaman,

karunungan, at pag-unawa upang mapagwagian natin ang ating mga kahinaan at dalisayin ang ating sarili sa harap ng Panginoon nating Diyos (*DBY*, 448–49).

Tinuturuan tayo ang ating relihiyon ng katotohanan, kabutihan, kabanalan, pananampalataya sa Diyos at sa kanyang Anak na si Jesucristo. Nagpapahayag ito ng mga hiwaga, ipinababatid nito ang mga bagay na nakaraan at nasa kasalukuyan—inihahayag nang malinaw ang mga bagay na darating. Ito ang sandigan ng lahat ng pisikal na paggawa ng daigdig, ito ang Espiritu na nagbibigay ng katalinuhan sa lahat ng nabubuhay na nilalang sa ibabaw ng mundo. Lahat ng pilosopiya ay nagmumula sa bukal na ito kung saan tayo ay kumukuha ng karunungan, katotohanan, at kapangyarihan. Ano ang itinuturo nito sa atin? Ang mahalin ang Diyos at ating kapwa nilalang; ang maging mahabagin, puno ng awa, mahabang pagtitiis, pasensiya sa mga di-masunurin at sa mga mangmang. May kaluwalhatian sa ating relihiyon na kailanman ay hindi nagkaroon ang ibang relihiyon, dahil sa kawalan ng tunay na pagkasaserdote—Ito ang bukal ng lahat ng katalinuhan; ito ay upang dalhin ang langit sa lupa at dakilain ang lupa sa langit, upang ihanda ang lahat ng katalinuhan, na inilagay ng Diyos sa puso ng mga anak ng tao, upang makihalubilo sa katalinuhan na nananahanan sa kawalang-hanggang, at upang iangat ang isipan sa itaas ng walang-halaga at walang kabuluhang mga bagay na humihila sa atin patungo sa kapahamakan. Pinalalaya nito ang isipan ng tao mula sa kadiliman at kamangmangan, nagbibigay sa kanya ng katalinuhan na nanggagaling sa Langit, at ginagawa siyang marapat na makaunawa ng lahat ng bagay (*DBY*, ika-1 ng Hun. 1859, 1).

Ang ating paniniwala ay maghahatid ng kapayapaan at kabutihan sa lahat ng naninirahan sa mundo. Mahihikayat nito ang lahat ng matapat na sumusunod sa mga utos nito na linangin ang katwiran at kapayapaan; mamuhay nang payapa sa piling ng kanilang mag-anak; papurihan ang Diyos sa umaga at sa gabi; manalanging kasama ng kanilang mag-anak, at puspusin sila ng diwa ng kapayapaan upang kailanman ay hindi na sila manuligsa at magalit kanino man maliban na ito ay marapat. Babangon sila sa umaga na mahinahon at payapa tulad ng araw na sumisikat at nagbibigay ng buhay at init sa daigdig; payapa at kalugud-lugod tulad ng simoy ng hangin sa isang gabi ng tag-araw. Walang galit, walang poot, walang masamang hangarin, pagkakagalit at pagtatalu-talo (*DBY*, 449–50).

Kapag tinanggap ng mga tao ang Ebanghelyong ito, ano ang kanilang isinasakripisyo! Ano pa kundi, kamatayan bilang kapalit ng buhay. Ito ang kanilang ibinibigay: kadiliman para sa liwanag, kamalian para sa katotohanan, alinlangan at di-paniniwala para sa kaalaman at katiyakan sa mga bagay na nauukol sa Diyos (*DBY*, 450).

Sa lahat ng yugto ng panahon ang mga Banal ay pinangangalagaan , itinataguyod at ipinagtatanggol ng isang Pinakamakapangyarihan sa kanilang mga kahirapan, at patuloy rin silang itinataguyod ng kapangyarihan ng relihiyon ni Jesucristo (*DBY*, 450).

Ang ating relihiyon ay isang patuloy na piging para sa akin. Dahil dito'y nais kong sumigaw ng Kaluwalhatian! Aleluya! Purihin ang Diyos! sa halip na dumaing ng kalungkutan at pighati. Bigyan mo ako ng kaalaman, kapangyarihan, at pagpapala na kaya kong tanggapin, at wala akong pakialam kung saan nagmula ang Diyablo, ni anumang tungkol sa kanya; nais ko ng karunungan, kaalaman, at kapangyarihan ng Diyos. Bigyan mo ako ng relihiyong mag-aangat sa akin sa higit na katalinuhan—na nagbibigay sa akin ng kapangyarihang magtiis hanggang sa wakas—na kapag natamo ko na ang kapayapaan at kapahingahan na inihanda para sa mga matwid ay maaari kong matamasa sa buong kawalang-hanggan ang samahan ng mga ginawang banal (*DBY*, 451).

Masaya ako. Naging ganito ako dahil sa "Mormonismo", at ang awa, kapangyarihan, karunungan ng Diyos ang huhubog sa akin upang marating ko ang maaari kong marating, sa buhay na ito o sa kawalang-hanggan (*DBY*, 451).

Ako ay biniyayaan ng Panginoon; palagi niya akong binibiyayaan; mula noong simulan kong itaguyod ang Sion, ako ay labis na biniyayaan. Makapagsasalaysay ako ng di-pangkaraniwang pangyayari tungkol sa pagkalinga ng Diyos sa akin, kung kaya't masasabi ng aking mga kapatid sa kanilang mga puso na, "Mahirap kong mapaniwalaan ito" Ipinasiya ko nang gawin ang kalooban ng Diyos, itatag ang kanyang Kaharian sa mundo, itatag ang Sion at ang mga batas nito, at iligtas ang mga tao. . . . Hindi ko minamahal, pinaglilingkuran o kinatatakutan ang Panginoon para lamang hindi ako mapahamak, ni magkaroon ng ilang dakilang kaloob o pagpapala sa kawalang-hanggan, bagkus dahil sa ang mga alituntunin na ipinahayag ng Diyos para sa kaligtasan ng mga naninirahan sa mundo ay dalisay, banal at nakapagpapadakila. Sa mga ito ay may karangalan at walang hanggang pag-unlad, aakayin [tayo] ng mga ito mula sa liwanag patungo sa dagdag na liwanag, kalakasan sa dagdag pang kalakasan, kaluwalhatian sa dagdag pang kaluwalhatian, kaalaman sa dagdag pang kaalaman, at kapangyarihan sa dagdag pang kapangyarihan (*DBY*, 452).

Nagpapasalamat ako . . . na nagkaroon ako ng pribilehiyong makihalubilo sa mga Banal, at sa pagiging kasapi ng Kaharian ng Diyos, at may mga kaibigan ako sa Simbahan ng Diyos na Buhay (*DBY*, 452).

Lahat ng bagay na maidudulot sa akin ng mundong ito ay idinulot sa akin ng "Mormonismo"; pinaligaya ako nito; . . . pinuspos ako nito ng magagandang damdamin, ligaya at galak. Samantalang noong hindi ko pa

natatamo ang diwa ng Ebanghelyo ay nababalisa ako sa naririnig kong mga daing ng iba, na kung minsan, ay nakapagpapadama sa akin ng kapanglawan, lungkot at kawalang-pag-asa; na ang lahat sa akin minsan ay tila isang malungkot na kalagayan (*DBY*, 452).

Ngunit nang aking yakapin ang Ebanghelyo, ni sa kahit kalahating minuto, sa abot ng aking naaalala, para sa akin ay walang bagay na tila isang malungkot na kalagayan (*DBY*, 453).

Nang napapalibutan ng mga mandurumog, at nagbabanta ang kamatayan at kapahamakan sa magkabilang panig, hindi ko ito napapansin, bagkus ang aking kalooban ay maligaya tulad ng nararamdaman ko ngayon. Ang hinaharap ay maaaring waring madilim at malagim, ngunit wala pa akong nakikitang panahon sa Ebanghelyong ito na hindi ko alam na nagbunga ng hindi magiging kapaki-pakinabang sa layunin ng katotohanan at sa mga nagmamahal sa katwiran, at sa tuwina ay nais kong malugod na pasalamatan ang kamay ng Panginoon sa lahat ng bagay (*DBY*, 453).

Katulong ko ang Diyos, mga anghel at mabubuting tao, hindi ako titigil sa pakikibaka, hanggang unti-unti nating makuha at maangkin ang Kaharian. Ito ang aking damdamin at pananampalataya, at magagawa natin ito, ako'y maghahayag, sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, na ating maaangkin ang Kaharian ng Diyos sa buong daigdig (*DBY*, 453).

---

**Nangako si Pangulong Young ng mga pagpapala sa matatapat na Banal.**

Mga kapatid, yayamang mayroon akong karapatan at pribilehiyo, sa pamamagitan ng Pagkasaserdote, ay binabasbasan ko kayo sa pangalan ng Panginoon, na sinasabing, pagpalain kayo. Ito ang aking nadarama para sa mga Banal sa mga Huling Araw, at gayon din sa buong sangkatauhan, kung kanilang tatanggapin ang aking mga pagbabasbas (*DBY*, 456).

Pagpalain nawa ng Diyos ang lahat ng mabubuting tao. Pagpalain nawa ng Diyos ang mga gawa ng kalikasan, pagpalain nawa ng Diyos ang kanyang sariling gawa, lupigin ang masasama at makasalanan at silang magpapahamak sa kanilang kapwa, upang matigil ang digmaan at pagtatalo sa mundo. O Panginoon, alisin sana mga ito sa tungkulin at palitan sila ng mabubuting tao sa pamunuan ng mga bansa, upang hindi na sila muling matuto ng digmaan, bagkus ay maging makatwiran at sibilisadong mga nilalang, na nagtataguyod ng kapayapaan sa mundo at gumagawa ng mabuti sa bawat isa [tingnan sa Isaias 2:4] (*DBY*, 456).

Dama kong dapat kayong sa tuwina; narito ang aking buhay, ang aking malasakit, aking kaluwalhatian, aking dangal, aking kaginhawahan, ang

lahat ng akin ay naririto, at lahat ng inaasahan kong tanggapin, sa buong kawalang-hanggan ay nasa Simbahang ito (*DBY*, 456).

Kung may kapangyarihan ako, tiyak na ipagkakaloob ko sa mga tao ang lahat ng nanaisin ng kanilang puso kung hindi sila magkakasala. . . . At kung may kapangyarihan lamang ako ay pagpapalain ko ang lahat ng naninirahan sa mundo, ng lahat ng bagay kung saan maaari nilang luwalhatiin ang Diyos, at gawing dalisay ang kanilang puso (*DBY*, 457).

Kung ang Panginoon ay may mga tao sa mundo na lubos niyang pinagkakatiwalaan, walang pagpapala sa mga kawalang-hanggan ng ating Diyos, na hindi nila maaaring tanggapin habang nasa laman, na hindi niya ibubuhos sa kanila. Hindi kayang bigkasin ng dila ang mga pagpapala ng Panginoon sa mga taong nagpatunay sa kanilang sarili sa kanyang harapan [tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:9–14] (*DBY*, 455).

Sa halip na igapos nang mahigpit na mahigpit ang mga matwid, patuloy silang magkakaroon ng dagdag na kalayaan, habang tayo ay nagiging mas matapat, at tatanggap ng dagdag na kapangyarihan mula sa kalangitan at dagdag pa ng kapangyarihan ng Diyos sa atin. Masigasig nating hanapin ang Panginoon, hanggang sa matamo natin ang kaganapan ng pananampalataya ni Jesus, sapagkat ang mga nagtataglay nito ay totoong malaya (*DBY*, 455).

Sana ay matanto ng mga tao na sila ay lumalakad, nabubuhay, at namamalagi sa harapan ng Pinakamakapangyarihan. Ang matatapat ay magkakaroon ng mga mata upang makakita tulad ng kung paano sila nakikita, at inyong makikita na kayo ay nasa kawalang-hanggan at sa harapan ng mga banal na nilalang, at hindi magtatagal ay makakahalubilo at makakasama nila. Lubos kayong pinagpala (*DBY*, 454–55).

Gawin ang pinakamahusay na alam ninyo sa lahat ng bagay, huwag kailanman pahintulutan ang inyong sarili na kumilos maliban kung bibigyang-katwiran kayo ng Espiritu ng Diyos na nasa inyo na gawin ito [tingnan sa Moises 6:60]. At kung mamumuhay kayo sa araw-araw ayon sa pinakamaliwanag na tanglaw at sa pang-unawang taglay ninyo, na niluluwalhati ang Diyos, na ating Ama sa Langit, hangang sa abot ng inyong kaalaman, ipinangangako ko sa inyo ang buhay na walang hanggan sa Kaharian ng Diyos (*DBY*, 455).

Pagpalain nawa kayo ng Diyos! Kapayapaan ay sumainyo! Maging taimtim sa espiritu, mapagpakumbaba, madaling turuan, at madasalin, pinangangalagaan ang sarili, nagsisikap na iligtas ang inyong sarili, at lahat ng may impluwensiya kayo, ang aking patuloy na panalangin para sa inyo, sa pangalan ni Jesus. Amen (*DBY*, 456).

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral

### Ang mga tunay na disipulo ni Jesucristo ay nagsisikap na maging iisa—iisang puso at iisang isipan.

- Ano ang ibig sabihin ng dapat magkaroon ng "ganap na pagkakaisa"o "maging isa sa puso at isipan" ang mga tagasunod ni Cristo? (Tingnan sa Juan 17:20–21.)
- Bakit kailangang nagkakaisa ang mga Banal kung itatatag natin ang kaharian ng Diyos? Bakit hindi maliligtas ang kahit isa man sa atin sa kahariang selestiyal kung hindi tayo magkakaisang lahat?
- Paano pinagkakaisa ng ebanghelyo sa gawain ng Panginoon ang mga kasapi ng Simbahan na may iba't ibang kalagayan sa lipunan, ekonomiya, pulitika, at kultura?
- Paano tayo magiging tunay na "isa sa puso at isa sa isipan" sa ating kapwa Banal at sa ating Tagapagligtas, na si Jesucristo?

### Patuloy na nagbibigay ng patotoo si Pangulong Young sa ebanghelyo ni Jesucristo.

- Anong mga epekto ng ebanghelyo ang inilarawan ni Pangulong Young? Paano ninyo nakita ang kaganapan ng mga epektong ito sa inyong buhay o sa buhay ng ibang nasa paligid ninyo?
- Sa anong mga paraan nakatutulong sa atin ang ebanghelyo na "dalhin ang langit sa lupa at dakilain ang lupa sa langit"?
- Tinukoy ni Pangulong Young ang kanyang relihiyon bilang "isang patuloy na piging." Paano tayo makakapagpiging sa ebanghelyo? Ano sa mga turo ni Pangulong Young sa kursong ito ng pag-aaral ang nakatulong sa inyo upang higit na maunawaan at pahalagahan ang ebanghelyo?
- Paano kayo napuspos ng galak at kaligayahan ng ebanghelyo ni Jesucristo?

### Nangako si Pangulong Young ng mga pagpapala sa matatapat na Banal.

- Paano mapatutunayan ng mga kasapi ng Simbahan ang kanilang sarili sa harap ng Panginoon at maipapakita na sila ay karapat-dapat sa mga dakilang pagpapala na inilalaan niya para sa kanila?

- Paano humahantong sa "pagkakaroon ng higit na kalayaan" at kapangyarihan ang "pagiging higit na matapat"? Bakit tayo ginagawang malaya ng pagsunod at pananampalataya?
- Paano kayo "makapamumuhay sa araw-araw nang naaayon sa pinakamaliwanag na tanglaw at pang-unawa na inyong taglay"?
- Paano naimpluwensiyahan ng walang tinag na patotoo at sigla ni Pangulong Young sa ebanghelyo ang inyong buhay?

# Mga Binanggit na Sanggunian at mga Ginamit na Daglat

| | |
|---|---|
| BYL | Brigham Young Letterbook, 6:33–36. Historical Department Archives. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. |
| BYP | Brigham Young Papers: 1832–78. Historical Department Archives. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. |
| *CHC* | Roberts, B. H. *A Comprehensive History of the Church.* |
| *DBY* | Young, Brigham. *Discourses of Brigham Young.* Pinili ni John A. Widtsoe. 1941. |
| *DEN* | *Deseret Evening News.* |
| *DN* | *Deseret News.* |
| *DNSW* | *Deseret News: Semi-Weekly.* |
| *DNW* | *Deseret News (Weekly).* |
| *HC* | *History of the Church*. |
| HRF | "A History of Ralph Frost, Great Grandson of Elisha and Lucy Groves." Mga Natatanging Koleksiyon. Brigham Young University. |
| *JD* | *Journal of Discourses*. |
| JH | Journal History of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, ika-23 ng Peb. 1847. Historical Department Archives. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. |
| *JSB* | Brown, James S. *Life of a Pioneer, Being the Autobiography of James S. Brown.* 1900. 121–22. |
| JTB | Journal of Thomas Bullock, ika-29–30 ng Hun., ika-2 ng Hul. 1848. Historical Department Archives. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. |

| | |
|---|---|
| *LBY* | Young, Brigham. *Letters of Brigham Young to His Sons.* Inedit ni Dean C. Jessee. 1974. |
| LL | Creel, George. "The Lion of the Lord." *Collier's,* ika-4 ng Set. 1926. 11–12, 36. |
| *LSBY* | Gates, Susa Young, kasama si Leah D. Widtsoe. *The Life Story of Brigham Young.* 1930. |
| MAAY | Liham mula kay Brigham Young para kay Mary Ann Angell Young, ika-20 ng Abr. 1847. Historical Department Archives. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. |
| *MFP* | Clark, James R., tinipong *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.* 6 na tomo. 1965–75. |
| *MHBY-1* | Young, Brigham. *Manuscript History of Brigham Young, 1801–1844.* Tinipon ni Elden Jay Watson. 1968. |
| *MHBY-2* | Young, Brigham. *Manuscript History of Brigham Young, 1846–1847.* Tinipon ni Elden Jay Watson. 1971. |
| *MS* | *Millennial Star.* |
| *MSS* | *Millennial Star (Supplement).* |
| *WWJ* | *Wilford Woodruff's Journal.* Inedit ni Scott G. Kenney. 1983. Tomo 3, ika-25 ng Hul. 1847. |

# Indese


**A**

**Aklat ni Mormon**
- ang mga turo ay katugma ng mga turo sa Biblia, 133–140
- iningatan para sa dispensasyong ito, 108–111
- ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith, 108–111
- nagpapatotoo ng katotohanan sa Biblia, 133–140

**Ama, mga**. *Tingnan din sa* Magulang, mga
- magbigay ng halimbawa ng kabutihan, 185–187
- mamuno nang may kabaitan, 185–187

**Anak, mga**
- dapat arugain nang may pagmamahal, 377–381
- dapat gabayan nang walang galit, 191–196
- dapat magkaroon ng mabuting edukasyon, 218–219, 375–377

**Anak na lalaki ng kapahamakan, mga**, 44, 322–323, 325–327

**Angell, Mary Ann**, 4

**Apostol, mga**. *Tingnan sa* Korum ng Labindalawang Apostol

**Araw ng ayuno**, 170

**Araw ng Sabbath**
- araw ng ayuno, 170
- mga tagubilin para sa pagsamba sa, 163–171
- paggalang sa, naghahatid ng mga pagpapala, 163–166

**Asawa, mga; kabiyak na babae**. *Tingnan din sa* Kasal, walang hanggan
- payo sa, 187–188

**Asawang lalaki**, mga. *Tingnan din sa* Kasal, walang hanggan
- magtayo ng maayos na tahanan, 256–258
- paglingkuran ang kabiyak at mag-anak, 185–189

**Awa**, magpakita ng, para sa isa't isa, 241–245

**B**

**Bago at walang katapusang tipan**. *Tingnan sa* Kasal, walang hanggan

**Banal na Espiritu**. *Tingnan sa* Espiritu Santo

**Banal na kasulatan, mga**
- paniniwala sa lahat ng pamantayang banal na kasulatan, 133–139
- payak ang mga mensahe, 138–139

**Bata, mga**. *Tingnan sa* **Anak, mga**

**Batalyong Mormon**
- nagpakita ng katapatan ng mga Banal sa pamahalaan, 116–117
- pagbubuo at pagmamartsa ng, 116–117

**Biblia**
- mga turo ng, naghahatid kay Cristo, 133–139
- nagpapatotoo sa katotohanan ng Aklat ni Mormon, 133–139

**Binyag**, kailangan upang makapasok sa kaharian ng Diyos, 72–74

**Buhay na walang hanggan**
- buhay ng Diyos, 58–60
- maghanda para sa, sa buhay na ito, 97–99
- maghanda para sa, sa pamamagitan ng pagtatamo ng kaalaman, 215–222
- pag-unlad tungo sa, 99–101

pinahihintulutan tayong magkaroon ng walang hanggang pag-unlad, 101–102

pinakadakilang kaloob sa atin ng Diyos, 101–102

**C**

**Cowdery, Oliver**, hindi kailanman itinatwa ang patotoo ng Aklat ni Mormon, 110

**D**

**Daigdig**

bahagi ng katotohanan, 18–20

kabutihan magwawagi sa katapusan ng, 370–371

**Daigdig ng mga espiritu**

ebanghelyo ipinangangaral sa, 311–313

patuloy na pag-unlad sa, 313–316

pinananahanan ng mga espiritu ng mga pumanaw na, 305–306, 311–312

**Damdamin**, pagsupil ng mga, 227–231

**Disiplina**

matwid na paggamit sa mag-anak, 191–195, 337–381

Simbahan, ng, 158–160

**Dispensasyon**

ang huling, ang kaganapan ng panahon, 108–111

ni Abraham, 107

ni Adan, 105–106

ni Enoc, 106

ni Moises, 107

ni Noe, 106

**Diyos Ama**

mga katangian ng, 35–37

nilikha ang lahat ng espiritu, 58–60

**Doktrina at mga Tipan**, 135

**E**

**Ebanghelyo ni Jesucristo**

espirituwal at temporal na aspeto ay magkatulad, 26–27

gabay sa pang-araw-araw na buhay, 27–30

iisa lamang sa bawat dispensasyon, 105–107

ipahahayag sa lahat ng tao, 273–274

ipinahayag na mga katotohanan nang taludtod sa taludtod, 25–26

naghihikayat sa mga Banal na magdagdag ng kaalaman, 215–217

naglalaman ng lahat ng katotohanan, 17–19, 387–390

nagtuturo ng pagtitiwala sa sariling kakayahan, 30–31

nakapagpapabagong kapangyarihan ng, 25–26, 387–390

pamumuhay, nagpapaligaya sa atin, 205–208

paraan ng kaligtasan, 21–22

sistema ng batas at kaayusan, 17–19

**Edukasyon**, kahalagahan ng, para sa lahat, 152, 215–222

**Endowment**. *Tingnan din sa* Ordenansa sa Templo, mga

kahulugan at layunin ng, 338–340

**Espiritu**

nabubuhay pagkatapos mamatay at sasamang muli sa katawan, 305–310

nagtutungo sa daigdig ng mga espiritu, 311–312

**Espiritu Santo**

ang pagkawala ng, makapagbibigay-daan sa personal na lubusang pagtalikod, 93–95

dapat na magtiwala ang mga misyonero sa, 246–48

inaakay tayo sa kaganapan, 77

misyon ng, 39–40, 77–79

naghahayag ng mga hiwaga, 278–279

nagtuturo ng lahat ng katotohanan, 357–358

**Espiritu ni Cristo**, ibinibigay sa lahat ng tao, 47–48

**G**

**Galit**

matutuhang supilin ang, 225-230

nakapipinsalang dulot ng, sa mga mag-anak, 194–195

**Gawain, mga**

hahatulan ayon sa ating, 321–322

mabuti, nagpapakita at nagpapatibay ng ating pananampalataya, 65–66

**Gawain, mga, ni Miriam Angeline**, 2–3

**Gawaing temporal, mga**. *Tingnan din sa* Gawain

katulad ng mga gawaing espirituwal kapag nagtatayo ng kaharian, 26–31

H

**Himala, mga**

ni Jesus ay naglalarawan ng kalooban ng Ama, 38, 286–288

pinatitibay ang pananampalataya, ng mga nagmamahal sa Diyos, 286–288

**Hiwaga ng kaharian, mga**, 288–289

**Huling araw, mga**

magtatagumpay ang kabutihan, 370–371

matitinding kalamidad ang mangyayari sa, 369–370

I

**Ikalawang Pagparito ni Jesucristo**

ang oras ng, Diyos lamang nakababatid, 372–373

kaguluhan bago dumating ang, 369–370

pabanalin ang ating sarili upang maging handa para sa, 372–373

**Ikapu**

isang walang hanggang batas, 175–176

magbayad, dahil lahat ay pag-aari ng Panginoon, 175–177

tamang paggamit ng, 177–179

**Ina, mga**. *Tingnan din sa* Magulang, mga

tagubilinan ang kanilang mga anak sa kabutihan, 187–188, 191–193

**Integridad**, sa pakikitungo sa pangangalakal, 29

**Israel**. *Tingnan sa* Sambahayan ni Israel

J

**Jesucristo**. *Tingnan din sa* Pagbabayad-sala ni Jesucristo

Espiritu ni, ibinibigay sa lahat ng tao, 47–48

Ikalawang Pagparito ni, 38–40

kaligtasan ay makukuha lamang sa pangalan niya, 325–331

mga himala ni, 286–287

misyon ni, 38–39

pananampalataya kay, unang alituntunin, 63–67

papel na ginagampanan sa plano ng kaligtasan, 57–61

unang nabuhay na mag-uli sa lahat ng anak ng Diyos, 44–45, 307–308

K

**Kaalaman**. *Tingnan din sa* Katalinuhan

binibigyan tayo ng higit ng Diyos habang pinauunlad natin ang ating, 99–100

lahat ng, nagmumula sa Diyos, 215–217

maghanda para sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pagtitipon ng, 97–102, 215–222

pananagutan nating hanapin ang, 355–357

**Kababaang-loob**, 200–201

**Kababaihan, mga**. *Tingnan din sa* Samahang Damayan; Asawang babae, mga

malalaki ang kakayahang pag-ibayuhin ang gawain ng Diyos, 150–152

na hindi biniyayaan ng supling ay magkakaroon sa darating na panahon, 188

**Kabaitan**, magpakita ng katulad, ng sa ating Ama sa Langit, 243–245

**Kadakilaan**, 325–331

**Kagandahan**, kahalagahan ng, sa ating mga tahanan at pamayanan, 256–257

**Kaharian ng Diyos**
gamitin ang yaman sa pagtatatag, 268–269
hindi maaaring wasakin, 363–364
ibigay ang lahat para sa, 365–366
kasama ang pagtitipon sa sambahayan ni Isreal, 363
maghangad ng kabutihan sa, 359
masigasig na gumawa upang magtatag, 251–254

**Kaharian ng kaluwalhatian, mga**, 322–323, 325–331

**Kahirapan**. *Tingnan sa* Pagsubok, mga

**Kalayaang pumili**
makapipili ng tama sa halip na masama, 39–60
hindi makapipili ng mga ibubunga ng pagpili, 81–84
ibinigay sa lahat ng tao, 59–60

**Kalayaan sa pagpili**. *Tingnan sa* Kalayaang pumili

**Kaligayahan**
hindi lamang nagmumula sa yaman, 263–265
nagmumula sa pamumuhay ng ebanghelyo, 205–208
sa pamamagitan ng wastong libangan, 208–210

**Kaligtasan, plano ng**. *Tingnan sa* Plano ng kaligtasan

**Kaloob ng Espiritu, mga**
gayon din ngayon tulad noong unang panahon, 281–286
kaloob na Espiritu Santo, 77–79
pinatatatag ang pananampalataya ng mga naniniwala, 286–288

**Kamatayan**
kinakailangang hakbang para sa buhay na walang hanggan, 305–310
paghihiwalay ng katawan at espiritu, 305–310
pinagtagumpayan ni Jesucristo, 307–308

**Kampo ng mahihirap**, 117–119

**Kampo ng Sion**, 5

**Kapahamakan, mga anak na lalaki ng**. *Tingnan sa* Anak na lalaki ng kapahamakan, mga

**Karunungan**, hangarin ang, ng Diyos, 220–222

**Kasal, walang hanggang**. *Tingnan din sa* Asawang lalaki mga ; Asawang babae, mga
ipinapayo sa mga kabataang lalaki, 184
nagbubuklod sa mga magulang at mga anak, 183–185, 191
payo sa mga ama, 185–187
payo sa mga ina, 187–188

**Katalinuhan**. *Tingnan din sa* Kaalaman
pagkakaroon ng, sa pamamagitan ng pag-aaral at pananampalataya, 215–222

**Katamaran**, taliwas sa batas ng langit, 251–254

**Kasaysayan ng mag-anak**, 343–350

**Katapatan**
lahat ng Banal ay dapat na maging, 201–202
sa mga pakikipag-ugnayan sa kalakalan, 29
turuan ang mga anak, 202

**Katotohanan**
inaakay tayo sa kabutihan, 359
inihayag ng Espiritu Santo, 357–320
inihayag taludtod sa taludtod, 25–26
lahat, nasa kabuuan ng ebanghelyo, 18–20
marami ang maghahangad, ngunit kakaunti ang tatanggap, 353–356
may pananagutan tayong hanapin ang, 355–357

tungkuling tipunin at yakapin ang lahat ng, 18–20, 355–357

**Kayamanan**. Tingnan sa **Yaman**

**Korum ng Labindalawang Apostol**

itinatag ang unang Korum, 5

mga responsibilidad ng, 155–160

taglay ang lahat ng susi para sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos, 155–160

sinasang-ayunan ng lahat ng naunang Banal, 8

**Korum ng Pagkasaserdote, mga**, tinatagubilinan ang Simbahan, 155–156

**Korum ng Pitumpu**, awtoridad at layunin ng, 155–156

L

**Lambak ng Salt Lake**, paglalakbay ng mga tagabunsod sa, 9–11, 113–122

**Libangan**, 208–212

**Liwanag ni Cristo**, ibinigay sa lahat ng tao, 47–48

**Lubusang Pagtalikod, Dakilang**, nawalang pagkasaserdote at katotohanan ng ebanghelyo sa panahon ng, 107–108

**Lubusang Pagtalikod, personal na**

hangarin ang Espiritu at manatiling matapat upang maiwasan ang, 91–93

nagdudulot ng kadiliman at kaguluhan, 93–94

nagsisimula sa mga mumunting paggawa ng masama, 89–91

pagpintas sa mga pinuno ng Simbahan ay nagdudulot ng diwa ng, 91–93

M

**Mag-anak**

gumagabay ang mga ama sa pamamagitan ng katwiran, 185–187

minamahal at tinatagubilinan ng mga ina ang, 187–188

nagtuturo ang mga magulang sa pamamagitan ng halimbawa at kabaitan, 191–195, 375–381

**Magulang, mga**. *Tingnan din sa* Ama, mga; Ina, mga

bigyan ng edukasyon ang mga anak, 219–221

gabayan ang kanilang mga anak nang walang galit, 191–195, 377–380

magturo ng kabutihan sa pamamagitan ng salita at halimbawa, 191–195, 375–381

positibong impluwensiya, ni Brigham Young, 1

**Mahihirap**

kahalagahan ng pagkupkop sa, 26–31, 241–245, 267–268

kampo ng, 117–119

**Mamamayan**, maging mabuting, 302

**Masasamang espiritu**. *Tingnan sa* Anak na lalaki ng kapahamakan, mga

**Milenyo**

kabilang ang paglilingkod sa templo, 349

paglalarawan ng buhay sa panahon ng, 371–372

**Misyonerong paglilingkod**

diwa, hindi pakikipagtalo, nagpapabalik-loob sa mga tao, 276–278

payo sa mga misyonero, 275–276, 278–279

tayo ay tinatawag sa, 273–275

**Musika**, nagpapasiglang kapangyarihan ng, 208–210

N

**Nauvoo**, exodo mula sa, 113–116, 118–119

O

**Obispo**, mga responsibilidad ng, 158–160

**Oras**, gamitin nang matalino, 251–256

**Ordenansa**, mga. *Tingnan sa* Ordenansa sa Templo, mga

**Ordenansa ng Templo, mga.** *Tingnan din sa* Templo, mga

itinuro ni Joseph Smith sa mga Apostol, 7

kahulugan at layunin ng endowment, 338–340

kinakailangan upang maging tagapagmana ng kaharian ng Diyos, 191, 338–341

kinakailangan upang maitatag ang Sion, 126–128, 335–338

kapangyarihan ng, binubuklod ang mga salinlahi, 340–341, 343–349

para sa mga Banal sa Nauvoo, 11–14

para sa mga pumanaw na, 343–349

**P**

---

**Pag-ibig sa kapwa-tao**

hatulan ang iba nang matwid, 245-248

ibigin ang kapwa tulad ng pagmamahal sa sarili, 241–245

kapangyarihan ng, maghahatid ng kaligtasan, 243

magpatatag ng pananampalataya sa isa't isa, 248–249

umiwas sa pagtatalu-talo, 248-249

**Pag-iimbak ng pagkain**, 258–259

**Pag-iimbak sa tahanan**, 258–259

**Pag-oordena noon pa**, hinahayaan tayong malayang pumili, 61

**Pag-uusig**. *Tingnan din sa* Pagpaparusa; Pagsubok, mga

ng mga masasama nagpapatatag ng Simbahan, 295–297

ng mga naunang Banal, 113–115, 118–119

**Pagbabayad-sala ni Jesucristo**. *Tingnan din sa* Jesucristo

naging mabisa sa pamamagitan ng pagsisisi, 71–72

naglaan ng kaligtasan sa kahariang selestiyal para sa matatapat, 43–45, 327–329

pinanggagalingan ng lahat ng pag-asa, 63–65

pinapangyayari ang pagpapatawad, 45

sa pamamagitan ng, mamanahin natin ang mga kaharian ng kaluwalhatian, 44–45, 327–329

tinutubos ang lahat maliban sa mga anak na lalaki ng kapahamakan, 44–45, 322-323, 325–327

**Pagdisiplina sa Simbahan**, 158–160

**Pagdadalamhati**, nababawasan sa pamamagitan ng kaalaman ng kawalang-hanggan, 305–306

**Paghahayag**

batay sa ating kahandaang tumanggap, 25–26, 48–51

kaloob na, 283–284

nakikipag-usap ang Diyos sa kanyang mga anak sa pamamagitan ng, 48–51

ni Cristo ay nakatutulong sa ating malaman ang tama sa mali, 356

**Paggawa**. *Tingnan din sa* Temporal na gawain, mga

kahalagahan ng, sa mga naunang Banal, 9–11, 118–120

kinakailangan para sa pagtatatag ng Sion, 127–131

matalinong gumawa upang maitatag ang Sion, 251–259

nagbubunga ng totoong yaman, 266–267

pagkatuto sa pamamagitan ng 1–2

**Paghuhukom; paghatol; hatol**

batay sa mga ginawa natin sa laman, 319–322

hindi ibinibigay, maliban kung kayo ay may Espiritu ni Cristo, 245–248

itinatakda ang antas ng kaluwalhatian na matatanggap natin, 322–323

naaayon sa batas na ibinigay sa atin sa mundo, 321–322

**Pagkabuhay na mag-uli**

kahulugan ng, 308–310

kinakailangan para matanggap ang kaluwalhatiang selestiyal, 308–310
si Jesus ang unang nakaranas, 308–309

**Pagkakaisa**, ng mga Banal hinihingi ng Panginoon, 393–395

**Pagkamartir**, nina Joseph at Hyrum Smith, 7–8, 113–115, 389–390

**Pagkasaserdote**. *Tingnan din sa* Pagkasaserdote, mga susi ng
ipinanumbalik sa mga huling araw, 107–111
kahulugan ng, 21, 141–143
kapangyarihang magligtas ng, 21–22
nangangailangan ng personal na kabutihan, 144–145
pinagpapala ang mga mag-anak, 145

**Pagkasaserdote, mga susi ng**. *Tingnan din sa* Pagkasaserdote
ipinagkaloob ni Joseph Smith ang, sa Labindalawa, 7–8
lahat, taglay ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol, 156–159
mananatili sa Simbahan, 143–144

**Pagkatuto**, sa pamamagitan ng pag-aaral at pananampalataya, 215–222

**Pagkasaserdoteng Aaron**, 158–159

**Pagkukusa**. *Tingnan sa* Pagtitiwala sa sariling kakayahan

**Paglalaan**
kinakailangan upang lahat tayo ay maging isa sa Panginoon, 179–181
kinakailangan upang makapagtatag ng kaharian ng Diyos, 365–366
nagmumula sa pagkaunawa na lahat ay pagmamay-ari ng Panginoon, 179–181

**Paglilibang**, nakatutulong sa katawan at espiritu, 208–212

**Paglilingkod sa Templo**
magpapatuloy sa Milenyo, 349, 372–373
pinakikinabangan ng mga namatay nang hindi nalalaman ang ebanghelyo, 343–349

**Pagpapabanal**, kinakailangan upang maitatag ang Sion, 125–128

**Pagpapagaling ng mga maysakit**
dapat gumamit ng lahat ng paraang medikal, 283–284
mga karapat-dapat na kapatid na kalalakihang nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec may pribilehiyo ng, 283–284

**Pagpaparusa**. *Tingnan din sa* Pag-uusig; Pagsubok, mga
ibinababa ang suwail, 294–295
magpailalim sa, nang may kababaang-loob at panalangin, 86–87

**Pagpaparusa, ng Diyos**, 322–323

**Pagpapasalamat**, 197–200

**Pagpili**. *Tingnan sa* Kalayaang Pumili

**Pagsasayaw**, 210-212

**Pagsisisi**
mahalaga sa pagtanggap ng Pagbabayad-sala, 44–45, 71–74
sa huling sandali ng buhay, walang bisa, 72

**Pagsubok, mga**. *Tingnan din sa* Pagpaparusa; Pag-uusig
ginagabayan tayo ng Diyos sa panahon pag-uusig, 294–297
inihahanda tayo para sa kadakilaan, 291–295
pagpapala sa mga Banal, 293–295
parusahan ang mga suwail, 294–295
tanggapin nang may pasasalamat, 197–200

**Pagsunod**
hindi makapipili ng mga ibubunga ng pagpili, 81–84
matutong sumunod nang maluwag sa loob, 86–87
pinahihintulutan tayong makapanahanan sa kinaroroonan ng Diyos, 84–86

**Pagsupil sa sarili**
magpailalim sa kalooban ng Diyos, 225–227
supilin ang ating mga damdamin, 227–229

supilin ang ating pananalita, 229–231

**Pagtatalu-talo**, pag-iwas sa, 248–249

**Pagtitiwala sa sariling kakayahan**

bawat tao ay may pananagutang makamtan ang, 30–31, 255–259

ng mga naunang Banal, 9–11, 118–122

**Pagtuturo**

tinuturuan ng ama ang mag-anak, 185–187

tinuturuan ng ina ang mag-anak, 187–188

tinuturuan ng mga magulang ang kanilang mag-anak, 191–195

**Pakikipag-usap**

kahalagahan ng, upang makaiwas sa pagtatalu-talo, 248–249

sa pagitan ng Diyos at tao, 47–54

**Pamahalaan**

dapat maging marunong ang mga pinuno, 301

kailangang batay sa mga batas ng Diyos, 299–301

tungkulin ng mga kasapi ng Simbahan sa, 302

**Panalangin**

maaaring lumikha ng pagnanais na manalangin, 52

magtamo ng saksi sa katotohanan sa pamamagitan ng, 355–357

manalangin nang walang tigil, 51–54

ng mag-anak, 52–54

**Pananagutan**, 321–322

**Pananampalataya**

kaloob mula sa Diyos para sa mga naniniwala at masunurin, 65–66

magkaroon ng, sa isa't isa, 248–249

nakikita sa pamamagitan ng mabuting gawa, 66–67

sa Diyos ang nagtaguyod sa mga unang Banal, 113–122

unang alituntunin ng ebanghelyo, 63–65

**Panlinggong Paaralan, mga** 13

**Plano ng kaligtasan**

inihayag sa mga propeta, 105–107

naglalaan ng buhay na walang hanggan sa matatapat, 57–61

sa pamamagitan ni Jesucristo, 325–331

**Propesiya**, kaloob ng, 283–286

S

**Sakramento**

layunin ng, 170–171

turuan ang mga anak ng kahalagahan ng, 171

**Sakripisyo**, kinakailangan sa pagtatatag ng Sion, 128–131

**Salapi**. *Tingnan sa* Kayamanan

**Salita**, dapat magpasigla at magbibigay ng aliw sa iba, 227–231

**Salita ng Karunungan**

pinalalakas ang katawan at isipan, 236–239

utos mula sa Panginoon, 235–236

**Samahan ng Mga Kabataang Babae**, 13

**Samahan ng Mga Kabataang Lalaki**, 13

**Samahang Damayan**. *Tingnan din sa* Kababaihan, mga

malaking potensiyal na pag-ibayuhin ang gawain ng Diyos, 150–152

muling itinatag ni Brigham Young, 13, 148–150

nag-aaruga sa mahihirap, 13, 148–150

walang limitasyong potensiyal sa paggawa ng kabutihan, 151–152

**Sambahayan ni Israel**

kahulugan ng, 363

tungkulin nating tipunin, 363

**Sermon, mga**, payo tungkol sa, 167–169

**Simbahan**
ang kaharian ng Diyos sa mundo, 361–362
disiplina, 158–60
tinatagubilinan sa pamamagitan ng namumunong korum ng pagkasaserdote, 155–59

**Sion**
ang ating layunin dapat ay magtatag ng, 125–128, 363
paglalaan kinakailangan para sa, 158–60
pagpupunyagi ni Brigham Young na maitatag ang, 11–13
pagtatatag ng, nangangailangan ng paggawa at sakripisyo, 128–131, 251–254

**Smith, Joseph**
batid ang paglalakbay ng mga Banal patungong kanluran, 113
inordena bago isilang sa mundo upang pamunuan ang huling dispensasyon, 108–111, 383–385
kaganapan ng ebanghelyo ipinanumbalik sa pamamagitan ni, 108–111, 383–389
kaugnayan ni Brigham Young kay, 4–7
misyon ni, 383–390
pagkamartir ni, 7–8, 113–115, 389–390

**T**

**Tagapagligtas sa Bundok ng Sion, mga**, 347–349

**Tahanan, mga**, dapat na gumawa ng mahusay na, 255–256

**Teatro**, 210–212

**Templo, mga**. *Tingnan din sa* Ordenansa sa templo, mga
gawain ng ordenansa para sa mga patay, 343–349
layunin sa pagtatayo, 335–338
pagpupunyagi ni Brigham Young na magtayo ng, 11–13
pagtatayo ng, magpapatuloy sa Milenyo, 349
pagtatayo ng, nangangailangan ng paggawa at sakripisyo, 335–338
pangangailangan ng ordenansa ng, 338–344

**Templo sa Kirtland**, 4

**Templo sa Nauvoo**, 7, 11–13

**Tsismis**, pag-iwas sa pakikisali sa, 229–231

**Y**

**Yaman**
gamitin, upang magtayo ng kaharian ng Diyos, 268–269
ibahagi sa mahihirap, 267–268
kahulugan ng totoong, 266–267
kung nag-iisa ay hindi nagdudulot ng kasiyahan, 263–266
pagmamahal sa, nagdudulot ng kadiliman at pagkawala ng Espiritu, 265–266
tipirin ang kinikita, 225–226

**Young, Brigham**
buod ng kasaysayan ng buhay, vii
gobernador ng Deseret, 9–11
inordena sa Korum ng Labindalawang Apostol, 4
kasal, 2, 4
mga paglalakbay bilang misyonero, 3–6
nakahawig ni Joseph Smith, 7
pagbabalik-loob, binyag, at pagpapatibay ni, 2–3
pagsilang at kabataan, 1
pagtatayo ng templo, 11–13
pinamumunuan ang mga Banal pakanluran, 9–11, 113–122
sa Kampo ng Sion, 4
saksi ni Joseph Smith, 383–387
unang pakikipagkilala kay Joseph Smith, 3

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

4 02355 54893 8
35554 893